Ellen G. White Estate

# MASAYANG PAMUMUHAY

ELLEN G. WHITE

# Masayang Pamumuhay

Ellen G. White

1977

Copyright © 2014
Ellen G. White Estate, Inc.

# Information about this Book

## Overview

This eBook is provided by the Ellen G. White Estate. It is included in the larger free Online Books collection on the Ellen G. White Estate Web site.

## About the Author

Ellen G. White (1827-1915) is considered the most widely translated American author, her works having been published in more than 160 languages. She wrote more than 100,000 pages on a wide variety of spiritual and practical topics. Guided by the Holy Spirit, she exalted Jesus and pointed to the Scriptures as the basis of one's faith.

## Further Links

A Brief Biography of Ellen G. White
About the Ellen G. White Estate

## End User License Agreement

The viewing, printing or downloading of this book grants you only a limited, nonexclusive and nontransferable license for use solely by you for your own personal use. This license does not permit republication, distribution, assignment, sublicense, sale, preparation of derivative works, or other use. Any unauthorized use of this book terminates the license granted hereby.

## Further Information

For more information about the author, publishers, or how you can support this service, please contact the Ellen G. White Estate at mail@whiteestate.org. We are thankful for your interest and feedback and wish you God's blessing as you read.

# Contents

Information about this Book . . . i
Ang Aklat na Ito . . . iv
Kapitulo 1—Mga Salaysay ing May Layunin . . . 5
Kapitulo 2—Ang Pinanukala ng Magsasaka . . . 14
Ang Manghahasik at ang Binhi . . . 14
Ang Lupa—sa Tabi ng Daan . . . 24
Sa mga Batuhan . . . 26
Sa mga Dawagan . . . 29
Ang Lupa ng mga Batong Puso . . . 33
Paghahanda ng Lupa . . . 36
Sa Mabuting Lupa . . . 38
Kapitulo 3—Ano ang Nagpapatubo Nito? . . . 43
Kapitulo 4—Mga Pansirang-damo sa Inyong Halamanan . . . 49
Kapitulo 5—Mula sa Pinakamaliit na Binhi . . . 54
Ang Kaharian ni Kristo . . . 55
Kapitulo 6—Pakikipagsamahan na May Kapangyarihan . . . 59
Kapitulo 7—Lebadura ang Gumagawa ng Pagkakaiba . . . 69
Kapitulo 8—Natatagong Kayamanan . . . 76
Kung Paano Natatago . . . 77
Halaga ng Kayamanan . . . 79
Mga Bunga ng Pagpapabaya sa Kayamanan . . . 81
Paghanap sa Kayamanan . . . 82
Gantimpala sa Pagsasaliksik . . . 86
Kapitulo 9—Walang Ibang Higit na Mahalaga . . . 89
Kapitulo 10—Mga Makasalanan sa Iglesya . . . 95
Kapitulo 11—Kayamanang Ipamimigay . . . 97
Kapitulo 12—May Kabuluhan ang Humingi . . . 108
Kapitulo 13—Dalawang Tao sa Iglesya . . . 120
Kapitulo 14—Ang Balo at ang Hukom . . . 134
Kapitulo 15—Ang Tupang Waglit . . . 151
Ang Nawalang Tupa . . . 152
Ang Nawalang Putol ng Pilak . . . 158
Kapitulo 16—Nakilala ang Kanyang Sarili . . . 164
Kapitulo 17—Malaya sa Pagsubok . . . 176

Kapitulo 18—Sinong Inanyayahan? . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 182
Kapitulo 19—Ano Kung Gawin Niyang Midi? . . . . . . . . . . . . 200
Kapitulo 20—Nagawa Niya . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 208
Kapitulo 21—Totoong Huli na Upang Magbago . . . . . . . . . . . 215
Ikinakapit sa Bansang Hudyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 222
Sa mga Huling Araw . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 224
Kapitulo 22—Hindi ang Iyong Sinasabi . . . . . . . . . . . . . . . . . 227
Kapitulo 23—Ang mga Kasama y Nagkaroon ng Pagkakataon 239
Ang Bansang Hudyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 239
Ang Iglesya sa Ngayon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 251
Kapitulo 24—Angkop sa Kasalan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 262
Kapitulo 25—Hangarin ang Mataas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 274
Mga Kaloob ng Espiritu Santo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 275
Ibang mga Talento . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 277
Paggamit ng mga Talento . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 277
Mga Kakayahan ng Pag-iisip . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 281
Pagsasalita . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 283
Impluwensiya . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 288
Panahon . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 291
Kalusugan . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 295
Lakas . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 297
Salapi . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 300
Mga Damdamin ng Kagandahang-loob at Pag-ibig . . . . . . . 302
Dumarami ang mga Talento Kung Ginagamit . . . . . . . . . . . 303
Ang Isang Talento . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 305
Ibinalik ang mga Talento . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 310
Inalis ang Talento . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 314
Kapitulo 26—Hindi Talagang Iyo . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 316
Kapitulo 27—Sino ang Aking Kapwa? . . . . . . . . . . . . . . . . . . 325
Kapitulo 28—Hindi Kung Ano ang sa lyo’y Nararapat . . . . . 338
Kapitulo 29—Narito, Siya’y Dumarating . . . . . . . . . . . . . . . . . 352

# Ang Aklat na Ito

Ang mga salaysay tungkol sa Dakilang Guro na isinasalaysay sa tomong ito ay naglalarawan ng praktikal, tuwirang mga aral sa mga karaniwang tagpo, mga layunin, at mga pangyayari sa buhay—ang pastor ng mga tupa, ang tagapagtayo, ang magsasaka, ang silid-hukuman, ang kasalan, ang maybahay (asawang-babae), ang manlalakbay.

Ang mga salaysay na ito na sagana sa mga patnubay na makatutulong sa lantay na pag-iisip at masayang pamumuhay, ay buong dilag na nailarawan ng may-akda sa mga tagpo na may kaugnayan sa kasalukuyan.

Angaw-angaw na mga pamumuhay ang napayaman, sa di mabilang na pagkakalimbag sa napakaraming mga wika ng tomong ito, sa pamagat na *Christ's Object Lessons*. Sa kaakit-akit at tanyag na anyo nito, at sa malaki't malawakang pamumudmod, ito ay nakatakdang magakay sa mga bumabasa nito sa malalim, lalong makahulugang mga karanasan sa masayang pamumuhay-Kristiyano. Ang mga bilang ng pahinang sinaklungan sa ibaba ng limbag na ito ay tumutukoy sa orihinal na limbag sa wikang Ingles.

Ang Tagapaglimbag

[8]

[9]

## Kapitulo 1—Mga Salaysay ing May Layunin

SA PAGTUTURO ni Kristo ng talinhaga ay nakikita ang simulain ding iyon na gaya ng sa Kanyang sariling pakay o misyon sa sanlibutan. Upang makilala natin ang Kanyang banal na katangian at kabuhayan, ay ibinihis ni Kristo ang ating kalikasan, at tumahan sa gitna natin. Ang Diyos ay nahayag sa sangkatauhan; ang nakukubling kaluwalhatian ay namalas sa nakikitang anyo ng tao. Matututuhan ng mga tao ang tungkol sa di-nalalaman sa pamamagitan ng nalalaman; ang mga bagay ng langit ay inihayag sa pamamagitan ng mga bagay ng lupa; ang Diyos ay napakita sa wangis ng mga tao. Kaya gayundin sa mga turo o aral ni Kristo: ang di-nalalaman ay inilarawan sa pamamagitan ng nalalaman; ang mga banal na katotohanan ay inilarawan sa pamamagitan ng mga bagay ng lupa na kilalang-kilala ng mga tao.

Ang wika ng Kasulatan ay, "Lahat ng mga bagay na ito'y sinabi ni Jesus sa mga karamihan sa mga talinhaga; . . . upang matupad ang sinalita sa pamamagitan ng propeta, na nagsasabi, Bubukahin Ko ang Aking bibig sa mga talinhaga; sasaysayin Ko ang mga natatagong bagay buhat nang itatag ang sanlibutan."[1] Ang mga likas na bagay ay siyang mediyum para sa espirituwal; ang mga bagay ng katalagahan at ang karanasan-sa-buhay ng Kanyang mga tagapakinig ay iniugnay [10]
sa mga katotohanan ng sinulat na salita. Sa ganitong pag-akay sa isip mula sa likas hanggang sa espirituwal na kaharian, ang mga talinhaga ni Kristo ay mga kawing sa tanikala ng katotohanan na ipinakikipagkaisa ang tao sa Diyos, at ang lupa sa langit.

Sa Kanyang pagtuturong hango sa katalagahan, si Kristo'y nagsalita tungkol sa mga bagay na sarili Niyang mga kamay ang gumawa, at mga bagay na may mga katangian at mga kapangyarihan na Siya na rin ang nagbigay. Sa kanilang orihinal na kasakdalan, ang lahat ng mga nilalang na bagay ay isang kapahayagan ng isipan ng Diyos. Kina Adan at Eba sa kanilang tahanan sa Eden, ang katalagahan ay puno ng karunungan ng Diyos, at batbat ng banal na turo.

[1] Mat. 13:34, 35.

Nagsalita ang karunungan sa paningin, at ito'y tinanggap sa puso; sapagka't sila'y nakipag-usap sa Diyos sa Kanyang mga gawang nilikha. Kapagkarakang ang banal na mag-asawa'y nagsisalansang sa kautusan ng Kataas-taasan, ay napawi sa mukha ng katalagahan ang kaningningan o kaliwanagang nagmumula sa mukha ng Diyos. Ang lupa ay pinapangit at dinumhan ngayon ng kasalanan. Gayunman, maging sa pangit nitong kalagayan, ay marami pa ring maganda na nananatili. Ang mga nakapagtuturong aral ng Diyos ay hindi napapawi; kung mauunawaan nang tumpak, ang katalagahan ay nagsasalita tungkol sa Lumikha sa kanya.

Noong mga kaarawan ni Kristo ay hindi nakita ang mga aral na ito. Halos tumigil na ang mga tao na makita ang Diyos sa Kanyang mga gawa. Nagladlad ng lambong ng kapanglawan ang pagkamakasalanan ng sangkatauhan sa ibabaw ng magandang mukha ng nilalang; at sa halip na ipakita ang Diyos, ang Kanyang mga nilikha ay naging hadlang na nagtatago sa Kanya. Ang mga tao'y "nagsisamba at nangaglingkod sa nilalang kaysa Lumalang." Sa gayon ang mga hentil ay "nagwalang-kabuluhan sa kanilang mga
[11] pagmamatwid, at ang mangmang nilang puso ay pinapagdilim."[1]
Kaya sa Israel, ang aral ng tao ay ipinalit sa turo ng Diyos. Hindi lamang ang mga bagay ng katalagahan, kundi ang serbisyong ukol sa paghahain at ang mga Kasulatan na rin,—na ibinigay na lahat upang ihayag ang Diyos,—ay pinasama at isininsay nang gayon na lamang na anupa't ang mga ito ay naging paraan ng pagkukubli o pagtatago sa Kanya.

Sinikap ni Kristo na alisin yaong nagpapalabo sa katotohanan. Ang lambong na iniladlad ng kasalanan sa ibabaw ng mukha ng katalagahan, ay pinarituhan Niya upang hawiin, na ipinamamalas ang kaluwalhatiang ukol sa espiritu na ipinaaaninag sa lahat ng mga bagay na nilikha. Inilagay ng Kanyang mga salita ang mga itinuturo ng katalagahan at pati ng Biblia sa isang bagong anyo, at ginawa ang mga ito na isang bagong pahayag.

Pinigtal ni Jesus ang magandang liryo, at inilagay iyon sa mga kamay ng mga bata at mga kabataan; at habang sila'y nakatitig sa Kanyang sariling batang mukha, na namumurok sa liwanag ng mukha ng Kanyang Ama, ay ibinigay Niya ang liksiyon, "Wariin

[1] Rom. 1:25, 21.

ninyo ang mga liryo sa parang, kung paanong nagsisilaki [sa kapayakan ng likas na kagandahan]; hindi nangagpapagal, ni nangagsusulid man: gayunma'y sinasabi Ko sa inyo, na kahit si Salomon man sa buong kaluwalhatian niya ay hindi nakapaggayak na gaya ng isa sa mga ito." Pagkatapos ay sumunod ang matamis na kasiguruhan at ang mahalagang aral, "Nguni't kung pinararamtan ng Diyos nang ganito ang damo sa parang, na ngayon ay buhay, at sa kinabukasa'y iginagatong sa kalan, hindi baga lalung-lalo na kayong pararamtan Niya, Oh kayong kaka unti ang pananampalataya?"

Sa sermon sa bundok ang mga pangungusap na ito ay sinalita sa iba bukod sa mga bata at mga kabataan. Ang mga ito ay sinalita sa mga karamihan, na kabilang doon ang mga lalaki at mga babaing punung-puno ng mga kabalisahan at mga kagulumihanan, at lugami sa kabiguan at kalungkutan. Nagpatuloy si Jesus: "Kaya huwag [12] kayong mangabalisa, na mangagsabi, Ano ang aming kakanin? o, Ano ang aming daramtin? (sapagka't ang lahat ng mga bagay na ito ay siyang pinaghahanap ng mga Hentil;) yamang talastas ng inyong Ama sa kalangitan na kinakailangan ninyo ang lahat ng mga bagay na ito." Pagkatapos, inilalahad ang Kanyang mga kamay sa nakapaligid na karamihan, ay sinabi Niya, "Datapwa't hanapin muna ninyo ang Kanyang kaharian, at ang Kanyang katwiran; at ang lahat ng mga bagay na ito ay pawang idaragdag sa inyo."[1]

Sa ganito isinalin o binigyang-kahulugan ni Kristo ang pabalitang Siya na rin ang nagbigay sa mga liryo at mga damo sa parang. Ang nais Niya'y basahin natin iyon sa bawa't liryo at bawa't usbong ng damo. Ang Kanyang mga salita ay puno ng katiyakan, at nagpapatibay ng pagtitiwala sa Diyos.

Lubhang malawak ang kuru-kuro ni Kristo sa katotohanan, lubhang malaki ang nasasaklaw ng Kanyang turo, na anupa't bawa't anyo o panig ng katalagahan ay ginamit sa paglalarawan ng katotohanan. Ang mga tanawing sa araw-araw ay natatamaan ng mata ay iniugnay na lahat sa ilang espirituwal na katotohanan, kaya ang katalagahan ay nararamtan ng mga talinhaga ng Panginoon.

Sa unang bahagi ng Kanyang ministeryo, si Kristo'y nagsalita sa mga tao sa mga pangungusap na napakaliwanag upang ang lahat ng mga nakikinig sa Kanya ay makahagip sa mga katotohanang maka-

[1] Mat. 6:28-33.

pagpapadunong sa kanila sa ikaiiligtas. Subali't sa maraming puso ay hindi nakapag-ugat ang katotohanan, at iyon ay dagling naparam. "Kaya't sila'y pinagsasalitaan Ko sa mga talinhaga," sabi Niya; "sapagka't nagsisitingin ay hindi sila nangakakakita, at nangakikinig ay hindi sila nangakakarinig, ni hindi sila nangakakaunawa. . . .
[13] Sapagka't kumapal ang puso ng bayang ito, at mahirap na mangakarinig ang kanilang mga tainga, at kanilang ipinikit ang kanilang mga mata."[1]

Ninasa ni Jesus na gumising ng pagtatanong. Sinikap Niyang maantig ang bulagsak o pabaya, at maikintal ang katotohanan sa puso. Ang pagtuturo sa pamamagitan ng talinhaga ay palasak, at nag-uutos ng paggalang at pagpansin, hindi lamang ng mga Hudyo, kundi ng ibang mga tao rin naman ng ibang mga bansa. Wala nang higit na mabisang paraan ng pagtuturo na magagamit Niya. Kung nagsipagnasa ang mga nakikinig sa Kanya na makaalam ng mga bagay na banal, maaaring naunawaan nila ang Kanyang mga salita; sapagka't lagi nang naging handa Siya na ipaliwanag ang mga iyon sa tapat na nagtatanong.

Muli, si Kristo'y nagtaglay ng mga katotohanang ihaharap at ipakikilala na hindi handang tanggapin, o unawain, ng mga tao. Sa kadahilanan din namang ito kung kaya Siya'y nagturo sa kanila sa mga talinhaga. Sa pamamagitan ng pag-uugnay ng Kanyang itinuturo sa mga tanawin ng buhay, karanasan, o katalagahan, ay nakuha Niya ang kanilang pansin at nakintalan ang kanilang mga puso. Pagkatapos, sa kanilang pagtingin sa mga bagay na naglarawan ng Kanyang mga aral, ay kanilang nagunita ang mga salita ng banal na Guro. Sa mga isipang nakabukas sa Banal na Espiritu, ang kahulugan ng turo o aral ng Tagapagligtas ay lalo at lalong nahayag. Luminaw ang mga hiwaga, at yaong bagay na mahirap liripin ay naunawaan.

Pinagsikapan ni Jesus na makapaglagos sa bawa't puso. Sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang mga paglalarawan o mga halimbawa, ay hindi lamang ipinakilala Niya ang katotohanan sa iba't ibang anyo nito, kundi nakaantig din naman sa iba't ibang mga nakikinig. Ang kanilang interes ay nakilos ng mga larawang kinuha sa mga kapaligiran ng kanilang pang-araw-araw na kabuhayan.

[1] Mat. 13:13-15.

Sa mga nakinig sa Tagapagligtas ay walang naka- dama na sila'y kinaligtaan o kinalimutan. Narinig ng pinakamababa, ng pinakamakasalanan, sa Kanyang aral ang isang tinig na nagsalita sa kanila sa diwang may pakikiramay at pagmamahal. [14]

At Siya'y may isa pang dahilan sa pagtuturo sa pamamagitan ng mga talinhaga. Kabilang sa mga karamihang nangagkatipon sa palibot Niya, ay ang mga saserdote at mga rabi, mga eskriba at mga matanda, mga Herodiano at mga pinuno, mga taong maibigin-sa-sanlibutan, mahihigpit, at ambisyoso, na ang nais higit sa lahat ng mga bagay ay makasumpong ng ilang maibibintang laban sa Kanya. Sinundan ng kanilang mga tiktik ang Kanyang mga hakbang araw-araw, upang makahuli sa Kanyang mga labi ng isang bagay na magiging sanhi upang Siya'y mahatulan, at mapatahimik magpakailanman ang Isa na tila mandin humihikayat sa sanlibutan na sumunod sa Kanya. Batid ng Tagapagligtas ang karakter ng mga taong ito, at ipinakilala Niya ang katotohanan sa isang paraan na wala silang masusumpungang anumang bagay na sa pamamagitan niyon ay madadala ang Kanyang usapin sa harap ng Sanedrin. Sa mga talinhaga'y sinuwatan Niya ang pagpapaimbabaw at ang masasamang gawain niyaong mga nasa matataas na katungkulan, at sa masagisag na pangungusap ay binalutan ang katotohanang may lubhang umiiwang likas na anupa't kung bibigkasin sa tuwirang pagtuligsa, ay hindi sana nakinig ang mga iyon sa Kanyang mga salita, at kagyat sanang tumapos sa Kanyang ministeryo. Datapwa't bagama't iniwasan Niya ang mga tiktik, ay ginawa Niyang lubhang malinaw ang katotohanan na anupa't na lantad ang kamalian, at ang mga may tapat na puso ay nakinabang sa Kanyang mga aral. Ang karunungan ng Diyos, ang walang-hanggang biyaya, ay ginawang maliwa nag sa pamamagitan ng mga bagay na likha ng Diyos. Sa pamamagitan ng katalagahan at ng mga karanasan sa buhay, ang mga tao ay tinuruan ng tungkol sa Diyos. "Ang mga bagay Niyang [15]
di-nakikita buhat pa nang lalangin ang sanlibutan" ay pawang "napagtanto sa pamamagitan ng mga bagay na ginawa, maging ang walang-hanggan Niyang kapangyarihan at pagka-Diyos."[1]

Sa turong-talinhaga ng Tagapagligtas ay naroon ang isang pahiwatig tungkol sa kung ano ang bumubuo ng tunay na "mataas na

[1] Rom. 1:20.

karunungan.” Maaaring ihayag ni Kristo sa mga tao ang pinakamalalalim na katotohanan ng karunungan o siyensiya. Maaari Niyang ilantad ang mga hiwaga na nangailangan ng maraming mga dantaon ng paggawa at pag-aaral upang masaliksik. Maaari Siyang gumawa ng mga mungkahi sa mga hanay na ukol sa siyensiya na nakapagbigay sana ng pagkaing ukol sa isipan at ng pampasigla ukol sa pagtuklas hanggang sa katapusan ng panahon. Nguni’t hindi Niya ginawa ito. Hindi Siya nagsabi ng anuman upang pairugan ang paguusisa, o upang bigyang-kasiyahan ang hangarin ng tao sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga pintuan patungo sa makasanlibutang kadakilaan. Sa lahat ng Kanyang pagtuturo, dinala ni Kristo ang pag-iisip ng tao na paugnay sa Pag-iisip ng Walang-hanggan. Hindi Niya itinuro sa mga tao na pag-aralan ang mga haka-haka ng mga tao tungkol sa Diyos, sa Kanyang salita, o sa Kanyang mga gawa. Itinuro Niya sa kanila na masdan Siya ayon sa nakikita sa Kanyang mga gawa, sa Kanyang salita, at sa pamamagitan ng Kanyang mga pamamatnubay.

Si Kristo ay hindi nag-abala o nakitungo sa marurupok na teorya, kundi sa bagay na kailangan sa ikabubuti ng likas, sa bagay na magpapalaki sa kakayahan ng tao na makilala ang Diyos, at magdaragdag ng kanyang kasanayan sa paggawa ng mabuti. Sinalita Niya sa mga tao ang tungkol sa mga katotohanan na nauugnay sa ugali ng buhay, at nananatiling matibay hanggang sa walang-hanggan.

Si Kristo ang namahala sa pagtuturo sa Israel. Tungkol sa mga
[16] utos at mga palatuntunan ng Panginoon ay Kanyang sinabi, “Iyong ituturo nang buong sikap sa iyong mga anak, at iyong sasalitain tungkol sa kanila pagka ikaw ay nakaupo sa iyong bahay, at pagka ikaw ay lumalakad sa daan, at pagka ikaw ay nahihiga at pagka ikaw ay bumabangon. At iyong itatali na pinakatanda sa iyong kamay at mga magiging pinakatali sa iyong noo. At iyong isusulat sa itaas ng pintuan ng iyong bahay at sa iyong mga pintuang-daan.”[1] Sa Kanyang sariling aral, ay ipinakilala ni Jesus kung paano tutuparin ang utos na ito,—kung paano maihaharap nang gayon ang mga simulain ng kaharian ng Diyos na anupa’t ito’y maghahayag ng kanilang kagandahan at kahalagahan. Nang tinuturuan at sinasanay ng Panginoon ang Israel na maging mga tanging kinatawan ng Kanyang

[1] Deut. 6:7-9.

sarili, ay pinagkalooban Niya sila ng mga tahanan sa gitna ng mga burol at mga libis. Sa kanilang kabuhayang pantahanan at sa kanilang serbisyong panrelihiyon ay sila'y dinala sa walang-lagot na pakikiugnay sa katalagahan at sa salita ng Diyos. Kaya tinuruan ni Kristo ang Kanyang mga alagad sa tabi ng dagat-dagatan, sa tabi ng bundok, sa kaparangan at sa mga kakahuyan, na doo'y mapagmamasdan nila ang mga bagay ng katalagahan na sa pamamagitan niyon ay Kanyang inilarawan ang Kanyang mga aral. At sa kanilang pagkatuto ng tungkol kay Kristo, ay ginamit nila ang kanilang kaalaman sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Kanya sa Kanyang gawain.

Kaya nga sa pamamagitan ng nilalang ay dapat nating makilala ang Lumalang. Ang aklat ng katalagahan ay isang dakilang aklataralin, na ito kaugnay ng mga Kasulatan ay dapat nating gamitin sa pagtuturo sa mga iba ng tungkol sa Kanyang likas, at sa pagpatnubay sa mga nawawalang tupa pabalik sa kulungan ng Diyos. Habang ang mga gawa ng Diyos ay pinag-aaralan, ang Banal na Espiritu ay nagpapakislap ng paniniwala o ng kombiksiyon sa pag-iisip. Hindi ang paniniwala o kombiksiyon na ibinubunga ng lohikang pangangatwiran; kundi malibang ang pag-iisip ay nagiging totoong [17]
madilim upang makilala ang Diyos, ang mata ay totoong malabo upang makita Siya, ang tainga ay totoong mahina upang marinig ang Kanyang tinig, ang lalong malalim na kahulugan ay nahahagip, at ang mga dakila't espirituwal na katotohanan ng nakasulat na salita ay naikikintal sa puso.

Sa mga liksiyong ito na tuwirang nanggagaling sa katalagahan, ay may isang kapayakan at kadalisayan na gumagawa sa mga ito na maging may pinakamataas na kahalagahan. Lahat ay nangangailangan ng turo na hango sa pinagmumulang ito. Sa sarili nito ang kagandahan ng katalagahan ay umaakay sa kaluluwa na palayo sa kasalanan at sa mga pang-akit ng sanlibutan, at patungo sa kalinisan, kapayapaan, at sa Diyos. Lubhang madalas na ang mga isipan ng mga mag-aaral ay napupuno ng mga teorya at mga haka-haka ng mga tao, na buong kamaliang tinatawag na siyensiya at pilosopya. Kailangang sila'y madala sa malapit na pagkakaugnay sa katalagahan. Dapat nilang maalaman na ang nilalang at ang Kristiyanismo ay may iisang Diyos. Dapat silang maturuan na makita ang pagkakaisa ng natural at ng espirituwal. Bayaang ang bawa't bagay na nakikita

ng kanilang mga mata o nahahawakan ng kanilang mga kamay ay maging isang aralin sa pagtatayo ng likas. Sa gayo'y mapalalakas ang mga kapangyarihan ng pag-iisip, ang likas ay mapabubuti, at ang buong kabuhayan ay maitataas.

Ang layunin ni Kristo sa pagtuturo sa talinhaga ay tuwirang kahanay ng layunin ng Sabbath. Ibinigay ng Diyos sa mga tao ang alaala ng Kanyang lumalalang na kapangyarihan, upang kanilang makita Siya sa mga gawa ng Kanyang kamay. Iniaatas sa atin ng Sabbath na pagmasdan sa Kanyang mga gawang nilikha ang kaluwalhatian ng Lumalang. At dahil sa pagnanais Niyang gawin
[18] natin ito kung kaya inilakip Niya ang Kanyang ma- hahalagang aral sa kariktan ng mga bagay ng katalagahan. Sa banal na araw ng kapahingahan, higit sa lahat ng ibang mga araw, ay dapat nating pag-aralan ang mga pabalita na isinulat ng Diyos sa atin sa katalagahan. Dapat nating pag-aralan ang mga talinhaga ng Tagapagligtas sa pook na doon Niya sinalita ang mga ito, sa kaparangan at mga kakahuyan, sa silong ng nakabukas na langit, sa gitna ng mga damo at mga bulaklak. Habang tayo'y nagpapakalapit sa puso ng katalagahan, ay ginagawa naman ni Kristo na tunay sa atin ang Kanyang pakikiharap, at nagsasalita sa ating mga puso ng tungkol sa Kanyang kapayapaan at pag-ibig.

At ikinawing ni Kristo ang Kanyang turo o aral, hindi lamang sa araw ng kapahingahan, kundi sa sanlinggo din naman ng paggawa. Mayroon Siyang karunungan para sa nag-aararo at sa naghahasik ng binhi. Sa pagaararo at paghahasik, sa pagbubungkal at pag-aani, ay tinuturuan Niya tayo upang ating makita ang isang halimbawa ng Kanyang gawain ng biyaya sa puso. Kaya sa bawa't hanay ng kapaki-pakinabang na paggawa at sa bawa't pagsasamahan sa buhay, ay nais Niyang makakuha tayo ng isang liksiyon ng banal na katotohanan. Kung magkagayon ang ating araw-araw na paggawa ay hindi na uubos pa ng ating pansin at aakay sa atin na malimutan ang Diyos; ito'y patuloy na magpapagunita sa atin ng tungkol sa ating Manlalalang at Manunubos. Ang-pagbubulay-bulay tungkol sa Diyos ay dadaloy na gaya ng isang gintong sinulid sa lahat ng ating mga kabalisahan at mga gawain sa tahanan. Para sa atin ang kaluwalhatian ng Kanyang mukha ay muling mababababaw sa mukha ng katalagahan. Lagi tayong matututo ng mga bagong liksiyon tungkol sa makalangit na katotohanan, at lalaki sa larawan ng Kanyang kalinisan. Sa gayon

tayo'y "tuturuan ng Panginoon;" at sa kalagayang doo'y tinawagan tayo, ay tayo'y "mananatili sa Diyos."[1] [19]

[1] Is. 54:13; 1 Cor. 7:24.

# Kapitulo 2—Ang Pinanukala ng Magsasaka

## Ang Manghahasik at ang Binhi

SA PAMAMAGITAN ng talinhaga ng manghahasik, ay inilalarawan ni Kristo ang mga bagay ng kaharian ng langit, at ang gawain ng dakilang Magsasaka para sa Kanyang bayan. Katulad ng isang manghahasik sa bukid, Siya'y naparito upang ikalat o isabog ang makalangit na binhi ng katotohanan. At ang Kanya na ring pagtuturo ng talinhaga ay siyang binhi na sa pamamagitan nito'y naihahasik ang pinakamahahalagang katotohanan ng Kanyang biyaya. Dahil sa kapayakan nito ang talinhaga ng manghahasik ay hindi napahahalagahan gaya ng dapat sana'y mangyari. Mula sa likas na binhing isinasabog sa lupa, ay ninanais ni Kristong akayin ang ating mga pag-iisip sa binhi ng ebanghelyo, na ang paghahasik nito ay nagbubunga ng pagpapanumbalik sa tao sa kanyang pagtatapat at pagkatig sa Diyos. Siya na nagbigay ng talinhaga tungkol sa maliit na binhi ay siyang Maykapangyarihan sa langit, at iyun ding mga batas na nangangasiwa o nakasasaklaw sa paghahasik ng binhi sa lupa ay siyang nakapangyayari sa paghahasik ng mga binhi ng katotohanan.

Sa tabi ng Dagat ng Galilea ay isang pulutong ang nagkatipon upang makita at mapakinggan si Jesus,—isang sabik at nagsisiasang
[20] karamihang tao. Ang mga maysa- kit ay naroon, nangakahiga sa kanilang mga banig, at nagsisipaghintay na maiharap ang kanilang mga kaso sa Kanya. Karapatan ni Kristong kaloob ng Diyos na pagalingin ang mga karamdaman ng makasalanang lahi, at ngayo'y sinusuwatan Niya ang sakit, at nagsasabog sa palibot Niya ng buhay at kalusugan at kapayapaan.

Habang patuloy na nararagdagan ang lipumpon ng mga tao, ang mga ito ay nagsisiksikan sa palibot ni Kristo hanggang sa mawalan na ng puwang upang sila'y tanggapin. Nang magkagayon, samantalang nagsasalita sa mga lalaking nasa kani-kanilang mga bangkang pangisda, Siya'y sumakay sa bangkang naghihintay upang dalhin

Siya sa kabilang ibayo ng lawa, at nang maatasan ang Kanyang mga alagad na itulak ang bangka upang malayo nang kaunti sa lupa, Siya'y nagsalita sa karamihang nasa pampang.

Sa tabi ng dagat ay nakalatag ang magandang kapatagan ng Genesaret, sa dako roon ay nakatayo ang mga burol, at sa tabi naman ng burol at ng kapatagan ay abalang gumagawa kapwa ang mga manghahasik at ang mga mang-aani, ang isa'y nagsasabog ng binhi, at ang iba'y nagsisiani ng mga unang butil. Nakatingin sa tanawing yaon, si Kristo ay nagwika: —

"Narito, ang manghahasik ay yumaon upang maghasik; at sa paghahasik niya, ay nangahulog ang ilang binhi sa tabi ng daan, at dumating ang mga ibon at kinain nila; at ang mga iba'y nangahulog sa mga batuhan, na doo'y walang sapat na lupa; at pagdaka'y sumibol, sapagka't hindi malalim ang lupa; at pagsikat ng araw, ay nangainitan; at dahil sa walang ugat, ay nangatuyo. At ang mga iba'y nangahulog sa mga dawagan, at nagsilaki ang mga dawag, at ininis ang mga yaon; nguni't ang mga iba'y nangahulog sa mabuting lupa, at nangagbunga, ang ila'y tig-sandaan, at ang ila'y tig-aanimnapu, at ang ila'y tig-tatatlumpu."[1] [21]

Ang misyon o layunin ni Kristo ay hindi naunawaan ng mga tao [22] nang Kanyang kapanahunan. Ang paraan ng Kanyang pagdating ay hindi umayon sa kanilang mga inaasahan. Ang Panginoong Jesus ang naging saligan ng buong kapamuhayan ng mga Hudyo. Ang nakapagkikintal nitong mga paglilingkod ay pawang itinakda ng Diyos. Ang mga iyon ay ginawa upang magturo sa mga tao na sa panahong ukol ay darating ang Isa na kinatutuunan ng mga seremonyang yaon. Datapwa't itinaas ng mga Hudyo ang mga porma at mga seremonya, at kinalimutan na ang nilalayon ng mga iyon. Ang mga tradisyon, mga kasabihan, at mga kautusan ng mga tao ay nagkubli sa kanila ng mga liksiyong balak ng Diyos na ipaunawa. Ang mga kasabihan at mga tradisyong ito ay naging isang sagabal sa kanilang ikauunawa at ikapagsasakabuhayan ng tunay na relihiyon. At nang dumating ang Katotohanan, sa persona ni Kristo, ay hindi nila kinilala sa Kanya ang katuparan ng kanilang lahat na mga sagisag, ang tunay na kahulugan ng mga anino nila. Kanilang tinanggihan at itinakwil ang inaaninuhan, at nangunyapit sa kanilang

[1] Mat. 13:3-8.

mga sagisag at walang-kabuluhang mga seremonya. Ang Anak ng Diyos ay dumating, subali't nagpatuloy silang humingi ng isang tanda. Ang mensaheng, "Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit,"[1] ay tinugon nila sa pamamagitan ng mga paghingi ng isang kababalaghan. Ang ebanghelyo ni Kristo ay naging isang katitisuran sa kanila sapagka't sila'y humingi ng mga tanda sa halip ng isang Tagapagligtas. Kanilang inasahan na patutunayan ng Mesiyas ang Kanyang mga inaangkin sa pamamagitan ng makapangyarihang mga gawa ng paglupig, upang itatag ang Kanyang imperyo sa mga guho ng mga kaharian sa lupa. Ang ganitong inaasahan ay sinagot ni Kristo sa talinhaga ng manghahasik. Hindi sa pamamagitan ng lakas ng mga sandata, hindi sa pamamagitan ng mararahas na panghihimasok, dapat magtagumpay ang kaharian
[23] ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng pagtatanim ng isang bagong simulain sa mga puso ng mga tao.

"Ang naghahasik ng mabuting binhi ay ang Anak ng tao."[1] Si Kristo'y dumating, hindi bilang isang hari, kundi bilang isang manghahasik; hindi upang lumupig ng mga kaharian, kundi upang magsabog ng binhi; hindi upang ituro sa Kanyang mga tagasunod ang mga tagumpay sa lupa at ang pambansang kadakilaan, kundi ang isang aanihin na dapat matipon pagkatapos ng matiyagang paggawa, at sa pamamagitan ng mga pagkalugi at mga pagkabigo.

Napag-unawa ng mga Pariseo ang kahulugan ng talinhaga ni Kristo; datapwa't sa kanila ang liksiyon nito ay hindi katanggaptanggap. Hindi sila nakilos upang iyon ay unawain. Sa karamihan ay nananatili pa ring isang malaking hiwaga ang layunin ng bagong guro, na ang mga pangungusap ay lubhang nakapagtatakang kumilos ng kanilang mga puso, at buong kapaitang bumigo ng kanilang mga ambisyon. Ang mga alagad na rin ay hindi nakaunawa sa talinhaga, gayunma'y nagising ang kanilang interes. Sila'y lumapit kay Jesus nang sarilinan at palihim, at humingi ng isang paliwanag.

Ito ang pagnanasa na hangad ni Kristong gisingin, upang Kanyang mabigyan sila ng lalong tiyak na turo. Ipinaliwanag Niya sa kanila ang talinhaga, gaya ng gagawin Niyang pagpapaliwanap; ng Kanyang salita sa lahat ng humahanap sa Kanya nang may tapat

[1] Mat. 3:2.
[1] Mat. 13:37.

na puso. Yaong mga nagsisipag-aral ng salita ng Diyos nang may mga pusong nakabukas sa pagpapaliwanag ng Banal na Espiritu, ay hindi mananatiling nasa kadiliman kung nauukol din lamang sa kahulugan ng salita. "Kung ang sinumang tao ay nag-iibig gumawa ng Kanyang kalooban," wika ni Kristo "ay makikilala niya ang turo, kung ito'y sa Diyos, o kung Ako'y nagsasalita na mula sa Aking sarili."[2] Lahat ng mga lumalapit kay Kristo para sa lalong malinaw na ikauunawa ng katotohanan ay tatanggap ni- to. Kanyang ihahayag [24] sa kanila ang mga hiwaga ng kalangitan, at ang mga hiwagang ito ay mauunawaan ng pusong nananabik na makaalam ng katotohanan. Isang makalangit na liwanag ang magniningning sa kaluluwangtemplo, at mahahayag sa iba na gaya ng marikit na liwanag ng isang ilawan sa isang madilim na daan.

"Ang manghahasik ay yumaon upang maghasik."[1] Sa Silangan ang kalagayan ng mga bagay-bagay ay naging lubhang magusot, at nagkaroon ng lubhang malaking panganib na mamayani ang karahasan, na anupa't ang mga tao ay nanirahan sa mga bayang nakukutaan, at ang mga magsasaka ay yumaon araw-araw sa kanilang gawain sa labas ng mga kuta. Si Kristo nga, ang Manghahasik na taga-langit, ay yumaon upang maghasik. Iniwan Niya ang Kanyang tahanan ng katiwasayan at kapayapaan, iniwan Niya ang kaluwalhatiang taglay Niyang kasama ng Ama bago ang sanlibutan ay naging gayon, iniwan Niya ang Kanyang tungkulin sa luklukan ng sansinukob. Siya'y yumaon, na isang naghihirap at tinuksong tao; yumaong nag-iisa, upang maghasik nang may mga pagluha, upang diligin sa pamamagitan ng Kanyang dugo, ang binhi ng buhay para sa isang waglit na sanlibutan.

Ang Kanyang mga alipin sa ganito ring paraan ay dapat yumaon upang maghasik. Nang tawagin upang maging isang manghahasik ng binhi ng katotohanan, si Abraham ay inatasang, "Umalis ka sa iyong lupain, at sa iyong mga kamag-anak, at sa bahay ng iyong ama, na ikaw ay pasa lupaing ituturo Ko sa iyo." "At siya'y yumaon na di nalalaman kung saan siya paroroon."[2] Gayon dumating kay Apostol Pablo, na nananalangin sa templo sa Jerusalem, ang pabalitang buhat sa Diyos, "Yumaon ka; sapagka't susuguin Kita sa malayo sa

[2] Juan 7:17.
[1] Mat. 13:3.
[2] Gen. 12:1; Heb. 11:8.

mga Hentil."[3] Kaya yaong mga tinatawagang makiisa kay Kristo ay dapat mag-iwan ng lahat, upang makasunod sa Kanya. Ang mga dating pagsasamahan ay dapat sirain, ang mga panukala sa buhay
[25] ay dapat talikdan, at ang mga pag- asang makalupa ay dapat isuko. Sa pamamagitan ng paggawa at mga pagluha, nang nag-iisa, at sa pamamagitan ng pagpapakasakit, ay dapat mahasik ang binhi.

"Ang manghahasik ay naghahasik ng salita." Si Kristo'y naparito upang hasikan ang sanlibutan ng katotohanan. Buhat na noong magkasala ang tao, ay naghahasik na si Satanas ng mga binhi ng kamalian. Una niyang natamo ang pagsupil sa mga tao sa pamamagitan ng isang kasinungalingan, at sa ganitong paraan din siya gumagawa upang lupigin ang kaharian ng Diyos sa lupa, at upang madala niya sa ilalim ng kanyang kapangyarihan ang mga tao. Si Kristo'y naparito upang maghasik ng mga binhi ng katotohanan, isang manghahasik na buhat sa isang lalong mataas na sanlibutan. Siya na tumayo sa mga sanggunian ng Diyos, na tumahan sa kaloob-loobang santuwaryo ng Walang-hanggan, ay makapaghahatid sa mga tao ng malilinis na simulain ng katotohanan. Buhat noong magkasala ang tao, ay si Kristo na ang naging Tagapagpahayag ng katotohanan sa sanlibutan. Sa pamamagitan Niya ay naihatid sa mga tao ang binhing di-nasisira, "ang salita ng Diyos, na nabubuhay at namamalagi."[1] Sa unang pangakong yaon na binigkas sa ating nagkasalang unang mga magulang sa Eden, ay inihasik ni Kristo ang binhing ebanghelyo. Nguni't sa Kanyang personal na ministeryo o paglilingkod sa mga tao, at sa gawaing sa gayo'y Kanyang itinatag, tangi nang inilalapat ang talinhaga tungkol sa manghahasik.

Ang salita ng Diyos ay siyang binhi. Bawa't binhi ay may isang nagpapatubong simulain sa sarili nito. Dito nakapaloob ang buhay ng halaman o pananim. Kaya mayroong buhay sa salita ng Diyos. Sinasabi ni Kristo, "Ang mga salitang sinasalita Ko sa inyo, ay pawang Espiritu, at pawang buhay." "Ang dumirinig ng Aking salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may buhay na walang-hanggan."[2] Sa bawa't utos at sa bawa't pangako ng salita ng
[26] Diyos ay naroon ang ka- pangyarihan, ang buhay mismo ng Diyos,
[27] na sa pamamagitan niyon ang utos ay maaaring matupad at ang

[3]Gawa 22:21.
[1]1 Ped. 1:23.
[2]Juan 6:63; 5:24.

pangako ay maaaring maging katotohanan. Siya na sa pamamagitan ng pananampalataya ay tumatanggap ng salita ay tumatanggap ng buhay at likas mismo ng Diyos.

Ang bawa't binhi ay namumunga nang ayon sa kanyang uri. Inyong ihasik ang binhi sa ilalim ng mga wastong kalagayan, at ito'y magkakaroon ng sariling buhay nito sa pananim. Inyong tanggapin sa kaluluwa sa pamamagitan ng pananampalataya ang walang-kasiraang binhi ng salita, at ito'y magbibigay ng isang likas at isang buhay na kawangis ng likas at buhay ng Diyos.

Ang mga guro ng Israel ay hindi nagsipaghasik ng binhi ng salita ng Diyos. Ang gawain ni Kristo bilang isang guro ng katotohanan ay kasalungat na kasalungat ng sa mga rabi (mga guro) nang Kanyang kapanahunan. Namarati sila sa mga tradisyon o sa mga sali't saling sabi, sa mga haka-haka at pala-palagay ng mga tao. Kadalasan ang mga bagay na itinuro at sinulat ng tao tungkol sa salita, ay kanilang inilalagay o ipinapalit sa salita na rin. Ang kanilang turo ay hindi nagkaroon ng kapangyarihan na bumuhay ng kaluluwa. Ang paksa ng pagtuturo at pangangaral ni Kristo ay ang salita ng Diyos. Hinarap Niya ang mga nagsisipagtanong sa pamamagitan ng isang malinaw na, "Nasusulat." "Ano ang sinasabi ng mga Kasulatan?" "Ano ang nababasa mo?" Sa bawa't pagkakataon, kapag may interes na nagigising sa kaibigan o kaaway, ay naghasik Siya ng binhi ng salita. Siya na siyang Daan, siyang Katotohanan, at siyang Buhay, na sa Sarili na rin ay siyang nabubuhay na Salita, ay tumuturo sa mga Kasulatan, na nagsasabi, "Ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa Akin." At "magmula kay Moises at sa mga propeta," ay inihayag Niya sa Kanyang mga alagad "ang mga bagay tungkol sa Kanya sa lahat ng mga Kasulatan."[1]

Ang mga lingkod ni Kristo ay dapat gumawa ng ga- yunding gawain. Sa ating kapanahunan, gaya nang una ang mahahalagang katotohanan ng salita ng Diyos ay isi nasaisantabi upang bigyang-daan ang mga teorya at mga haka-haka ng tao. Maraming nagpapanggap na mga mi nistro ng ebanghelyo ay hindi tinatanggap ang buong Biblia bilang kinasihang salita. Tinatanggihan ng isang pantas na tao ang isang bahagi; pinag-aalinlanganan naman ng iba ang ibang bahagi. Ang kanilang kuru-kuro ay itinuturing nilang nakahihigit [28]

[1] Juan 5:39; Lu. 24:27.

sa salita; at ang Kasu latan na kanilang itinuturo ay nakasalalay sa kanilan sariling kapangyarihan. Ang katotohanan ng pagiging-bu: hat-sa-Diyos nito ay sinisira. Sa gayon ang mga binhi ng kawalang-paniniwala ay naihahasik sa lahat ng dako; sa pagka't ang mga tao ay nalilito, at hindi malaman kung ano ang paniniwalaan. Maraming paniniwala o pananampalataya na hindi dapat isip-isipin ng pag-iisip. Noong mga kaarawan ni Kristo ay naglagay ang mga rabi ng isang pilit at mahiwagang kapaliwanagan sa maraming bahagi ng Kasulatan. Sa dahilang ang malinaw na iti nuturo ng salita ng Diyos ay sumusumbat sa kanilang mga ginagawa, ay pinagsikapan nilang sirain ang puwer sa nito. Ang ganito ring bagay ay ginagawa ngayon. Ang salita ng Diyos ay pinalilitaw na mahiwaga at malabo upang mapagpaumanhinan ang pagsalansang sa Kanyang kautusan. Sinuwatan ni Kristo ang ganitong gawain noong Kanyang kaarawan. Kanyang itinuro na ang salita ng Diyos ay dapat maunaw'aan ng lahat. Kanyang itinuro ang mga Kasulatan bilang may di-mapag-aalinlanga nang kapangyarihan, at dapat tayong gumawa ng gayundin. Ang Biblia ay dapat ipakilala bilang salita ng wa lang-hanggang Diyos, bilang siyang katapusan ng lahat ng pagtatalo o pagtutunggalian at bilang saligan ng lahat ng pananampalataya.

Ang Biblia ay ninanakawan ng kapangyarihan nito at ang mga bunga ay nakikita sa pagbaba ng kalagavan ng kabuhayang espiri-
[29] tuwal. Sa mga sermong nagmumula sa maraming pulpito ngayon ay wala yaong pagpapakahayag ng Diyos na gumigising ng budhi at nagbibigay ng buhay sa kaluluwa. Ang mga nakikinig ay hindi makapagsabing, "Hindi baga nag-aalab ang ating puso sa loob natin, habang tayo'y kinakausap Niya sa daan, samantalang binubuksan Niya sa atin ang Mga Kasulatan?"[1] Marami ang mga nagsisihibik sa buhay na Diyos, na nananabik sa pakikiharap ng Diyos. Gaanuman kaningning ang mga teoryang ukol sa pilosopya o ang mga salaysay na pampanitikan, ay hindi makasisiya sa puso. Ang mga ipinahahayag at mga katha-katha ng mga tao ay walang halaga. Bayaang ang salita ng Diyos ang mangusap sa mga tao. Bayaang yaong mga nakarinig lamang ng mga sali't saling sabi at ng mga haka-haka at mga kasabihan ng tao ay makapakinig ng tinig Niya na ang salita

[1] Lu. 24:32.

ay makababagong-muli sa kaluluwa hanggang sa walang-hanggang buhay.

Ang kinagigiliwang paksa ni Kristo ay ang makaamang pag-ibig at ang saganang biyaya ng Diyos; naglahad Siya ng marami ukol sa kabanalan ng Kanyang likas at ng Kanyang kautusan; ipinakilala Niya ang Kanyang sarili sa mga tao bilang ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay. Bayaang ang mga ito ang maging mga paksa ng mga ministro ni Kristo. Ipakilala ang katotohanan gaya ng ito ay na kay Jesus. Linawin ang mga hinihingi ng kautusan at ng ebanghelyo. Saysayin sa mga tao ang kabuhayan ng pagtanggi-sa-sarili at pagpapakasakit ni Kristo; ang Kanyang pagpapakababa at pagkamatay; ang Kanyang pagkabuhay na mag-uli at pag-akyat sa langit; ang Kanyang pamamagitan para sa kanila sa mga hukuman ng Diyos; at ang Kanyang pangakong, "Muling paririto Ako, at tatanggapin Ko kayo sa Aking sarili."[2]

Sa halip na talakayin ang mga maling teorya, o pagsikapang labanan ang mga kaaway ng ebanghelyo, ay sundan ang halimbawa ni Kristo. Hayaang kumislap sa buhay ang mga bagong katotohanang [30]
buhat sa kabaneyaman ng Diyos. "Ipangaral ang salita." "Maghasik sa siping ng lahat na tubig." "Magsikap sa kapanahunan, at sa di kapanahunan." "Siyang nagtamo ng Aking salita, salitain niya ang Aking salita na may pagtatapat. Ano ang dayami sa trigo? sabi ng Panginoon." "Bawa't salita ng Diyos ay subok (dalisay). . . . Huwag kang mag dagdag sa Kanyang mga salita, baka Kanyang sawayin ka, at masunduan kang sinungaling."[1]

"Ang manghahasik ay naghahasik ng salita." Dito'y inihaharap ang dakilang simulain na dapat pagbatayang lahat ng gawaing pagtuturo. "Ang binhi ay ang sa lita ng Diyos." Nguni't totoong maraming paaralan sa ating kapanahunan ay nagsasaisantabi ng salita ng Diyos. Iba-ibang paksa ang pinagkakaabalahan ng isipan. Ang pag-aaral tungkol sa mga mangangathang di-Kristiyano (*infidel authors*) ay siyang binibigyan ng malaking lugar sa sistema ng pagtuturo. Ang mga damdamin ng di-paniniwala sa Diyos ay inihahabi sa bagay na inilalagay sa mga aklat ng paaralan. Ang pananaliksik na ukol sa si-yensiya ay nagiging nakapagsisinsay, sapagka't ang mga tuklas

[2] Juan 14:3.

[1] 2 im. 4:2; Is. 32:20; Jer. 23:28; Kaw. 30:5, 6.

nito ay binibigyan ng maling pakahulugan at pi nasasama. Ang salita ng Diyos ay inihahambing sa mga ipinalalagay na mga turo ng siyensiya, at pinalalabas na di-tiyak at di-mapagtitiwalaan. Sa gayo'y naitatanim sa mga isipan ng mga kabataan ang mga binhi ng pagaalinlangan, at sa panahon ng tukso ay sumusulpot ang mga ito. Kapagka nawala ang pananampalataya sa sali ta ng Diyos, ang kaluluwa ay nawawalan ng patnubay, nawawalan ng sanggalang. Ang kabataan ay nahihila sa mga landas na umaakay ng paglayo sa Diyos at sa buhay na walang-hanggan.

Ang sanhing ito ang sa malaking antas ay maaarin. siyang dahilan ng paglaganap ng katampalasanan sa atin. sanlibutan ngayon. Kapag ang salita ng Diyos ay isinasaisantabi, ang kapangyarihan
[31] nito na pigilin ang masasa- mang damdamin ng likas na puso ay tinatanggihan. Ang mga tao ay naghahasik sa laman, at sa laman sila nagaani ng kasamaan.

At narito rin naman ang malaking dahilan ng kahinaan at kawalang-kakayahan ng pag-iisip. Sa pagtalikod sa salita ng Diyos at pagtunghay at pagpapakabusog sa mga sinulat ng mga di-kinasihang tao, ang pag-iisip ay nauunano at nagiging karaniwan. Hindi ito nadadalang paugnay sa malalalim at malalawak na simulain ng walang-hanggang katotohanan. Iniaagpang ng pang-unawa ang sarili nito sa paglirip ng mga bagay na kilalang-kilala nito, at sa ganitong pagsasakit sa mga bagay na maykatapusan ay ito'y humihina, ang kapangyarihan nito ay umuurong, at pagkaraan ng isang panahon ito'y hindi na makapagpalaki.

Lahat ng ito ay maling pagtuturo. Ang gawain ng bawa't guro o tagapagturo ay ang ituon ang pag-iisip ng mga kabataan sa mga dakilang katotohanan ng salitang Kinasihan. Ito ang edukasyon o pagtuturong kailangan sa buhay na ito at sa buhay na darating.

At huwag sanang iisipin na ito'y hahadlang sa pagaaral ng mga siyensiya, o kaya'y magiging sanhi ng pagbaba ng pamantayan sa pagtuturo. Ang pagkakilala sa Diyos ay kasintaas ng langit at kasinlawak ng sansinukob. Wala nang lubhang nakapagtataas at nakapagpapasigla na gaya ng pag-aaral ng mga dakilang paksa na nauukol sa ating walang-hanggang buhay. Bayaang ang mga kabataan ay magsikap na maunawaan ang mga katotohanang ito na kaloob ng Diyos, at ang kanilang mga pagiisip ay lalawak at lalakas sa pagsisikap. Ihahatid nito ang bawa't mag-aaral na tagaganap ng

salita sa isang lalong malawak na bukiran ng pagbubulay-bulay, at magdudulut sa kanya ng isang mayamang kaalaman na dinasisira.

Ang karunungang dapat matamo sa pamamagitan ng pagsasaliksik ng mga Kasulatan ay ang batay-sa-karana- sang pagkaalam ng [32] panukala ng kaligtasan. Ang ganitong karunungan ay magsasauli sa kaluluwa ng larawan ng Diyos. Palalakasin nito at patitibayin ang isipan laban sa tukso, at pagigindapatin ang nag-aaral na maging isang kamanggagawa ni Kristo sa Kanyang misyon ng kaawaan sa sanlibutan. Gagawin siya nitong isang kaanib ng sambahayan sa langit, at ihahanda siya na makabahagi ng mamanahin ng mga banal sa liwanag.

Nguni't ang tagapagturo ng banal na katotohanan ay makapagbibigay lamang niyaong bagay na sa pamamagitan ng karanasan ay nalalaman ng kanyang sarili. "Inihasik ng manghahasik ang *kanyang* binhi." Itinuro ni Kristo ang katotohanan sapagka't Siya ang katotohanan. Ang Kanyang sariling pag-iisip, ang Kanyang likas o karakter, ang Kanyang karanasan sa buhay, ay pawang naging bahagi ng Kanyang itinuturo. Kaya gayundin sa Kanyang mga lingkod: yaong mga nagnanais magturo ng salita ay dapat itong gawing sariling kanila sa pamamagitan ng isang personal na karanasan. Dapat nilang maalaman kung paanong si Kristo sa kanila ay ginawang karunungan at katwiran at kabanalan at katubusan. Sa pagpapahayag o pagpapakilala ng salita ng Diyos sa iba, hindi nila ito dapat gawing isang pala-palagay o aka-akala. Kasama ni Apostol Pedro ay dapat nilang sabihing, "Kami ay hindi nagsisunod sa mga kathang ginawang mainam, noong aming ipinakilala sa inyo ang kapangyarihan at pagparito ng ating Panginoong Jesu-kristo, kundi kami ay naging mga saksing nakakita ng Kanyang karangalan."[1] Bawa't ministro ni Kristo at bawa't guro o tagapagturo ay dapat makapagsabi na kasama ng iniibig na si Juan, "Ang buhay ay nahayag, at aming nakita, at pinatotohanan, at sa inyo'y aming ibinabalita ang buhay, ang buhay na walang-hanggan, na kasama ng Ama at sa atin ay nahayag."[2] [33]

[1] 2 Ped. 1:16.

[2] 1 Juan 1:2.

## Ang Lupa—sa Tabi ng Daan

Yaong bagay na higit sa lahat ay tinatalakay ng talinhaga ng manghahasik ay ang epektong naidulot sa tubo ng binhi sa lupang kinahasikan nito. Sa pamamagitan ng talinhaga ito ay mariing sinasabi ni Kristo sa mga nakikinig sa Kanya, Hindi ligtas sa inyo na tumayo bilang mga kritiko ng Aking gawain, o magbigaydaan sa kabiguan sapagka't hindi ito tumutugon sa inyong mga kuru-kuro. Ang katanungang may pinakamalaking kahalagahan sa inyo ay, Paano ninyo pinakikitunguhan ang Aking pabalita? Ang inyong walang-hanggang kahihinatnan ay nakabatay sa inyong pagtanggap o pagtanggi rito.

Ipinaliliwanag ang binhi na nahulog sa tabi ng daan, ay Kanyang sinabi, "Kung ang sinuman ay nakikinig ng salita ng kaharian, at ito'y hindi niya napag-uunawa, ay pinaroroonan ng masama, at inaagaw ang nahasik sa kanyang puso. Ito yaong nahasik sa tabi ng daan."

Ang binhing nahasik sa tabi ng daan ay kumakatawan sa salita ng Diyos na nahuhulog sa puso ng isang di-nagliliming tagapakinig. Ang nakakatulad ng matigas na landas, na napagyapakan ng mga paa ng mga tao at mga hayop, ay ang puso na nagiging isang daan para sa pakikipag-ugnayan sa sanlibutan, sa mga kalayawan at mga kasalanan nito. Nalulong sa makasariling mga hangarin at makasalanang kinagugumunan, ang kaluluwa ay "pinapagmamatigas ng daya ng kasalanan."[1] Ang mga kaloob o mga kapangyarihang espirituwal ay napaparalisado. Napapakinggan ng mga tao ang salita, subali't hindi ito nauunawaan. Hindi nila nakikita na ito'y inilalapat sa kanilang mga sarili. Hindi nila nadarama ang kanilang pangangailangan o ang kanilang kapanganiban. Hindi nila napapag-unawa ang pag-ibig ni Kristo, at nilalampasan nila ang pabalita ng Kanyang
[34] biyaya na parang isang bagay na walang kinalaman sa kanila.

Kung paanong handang tukain ng mga ibon ang binhi sa tabing-daan, ay gayundin naman handa si Satanas na agawin ang mga binhi ng banal na katotohanan sa kaluluwa. Nangangamba siya na ang salita ng Diyos ay makagising sa pabaya, at magkaroon ng bisa sa tumigas na puso. Si Satanas at ang mga anghel nito ay nasa mga kapulungang doo'y ipinangangaral ang ebanghelyo. Samantalang

[1] Heb. 3:13.

pinagsusumakitan ng mga anghel sa langit na maantig ang mga puso sa pamamagitan ng salita ng Diyos, maagap naman ang kaaway na gawing walang-bisa ang salita. Taglay ang kasigasigang kapantay lamang ng kasamaan nito, pinagsisikapan nitong salungatin at biguin ang paggawa ng Espiritu ng Diyos. Samantalang hinihikayat ni Kristo ang kaluluwa sa pamamagitan ng Kanyang pag-ibig, sinisikap naman ni Satanas na ilayo ang pansin ng isa na nakikilos na hanapin ang Tagapagligtas. Kinukuha nito ang pansin ng isipan sa pamamagitan ng mga pakanang makasanlibutan. Nagpapabangon ito ng pamumuna, o nag-uudyok ng pag-aalinlangan at di-paniniwala. Maaaring ang napiling wika ng tagapagsalita o ang ugali at kilos nito ay hindi nakalulugod sa mga nagsisipakinig, at ang mga kapintasang ito ang kanilang pinag-uusapan. Sa ganitong paraan ang katotohanang kailangan nila, at siyang buong kabiyayaang ipinadala ng Diyos sa kanila, ay walang nagagawang tumatagal na kakintalan.

Si Satanas ay maraming katulong. Tinutulungan ng maraming nagpapanggap na Kristiyano ang manunukso sa pag-agaw ng mga binhi ng katotohanan sa ibang mga puso. Marami sa mga nakikinig sa pangangaral ng salita ng Diyos ay ginagawa itong paksa ng pamumuna sa tahanan. Kanilang hinahatulan ang sermon gaya ng ginagawa nilang paghatol sa mga sinasabi ng isang nagpapanayam o ng isang nagsasalitang pulitiko. Ang pabalita na dapat sana'y igalang bilang salita ng Panginoon sa kanila ay inuukulan ng panunudyo o ng nakauuyam na pananalita. Ang karakter, mga adhikain, at mga [35]
kilos ng ministro, at ang ugali ng mga kasamang kaanib ng iglesya, ay malayang pinag-uusapan. Mahihigpit na hatol ang binibigkas, ulit-ulit ang paghahatid-dumapit o paninirang-puri, at ito ay ginagawa sa pakinig ng mga di-hikayat. Kadalasa'y sinasalita ng mga magulang ang mga bagay na ito sa pakinig ng kanilang sariling mga anak. Kaya nga ang paggalang o pagpipitagan sa mga tagapagbalita ng Diyos ay nasisira, at ang pag-aalang-alang sa kanilang pabalita. At marami ang tinuturuang huwag gasinong papansinin ang salita ng Diyos mismo.

Kaya sa mga tahanan ng mga nagsisipagpanggap na Kristiyano ay maraming kabataan ang natuturuang maging mga walang-paniniwala sa Diyos. At itinatanong ng mga magulang kung bakit ang kanilang mga anak ay lubhang kakaunti ang pagkawili o pagkasabik sa ebanghelyo, at lubhang handang pag-alinlanganan ang katoto-

hanan ng Banal na Kasulatan. Kanilang ipinagtataka ang pagiging lubhang mahirap na maabot ang mga ito ng mga impluwensiyang pangmoral at panrelihiyon. Hindi nila nakikita na ang sarili nilang halimbawa ang nagpatigas sa mga puso ng kanilang mga anak. Ang mabuting binhi ay walang masumpungang lugar upang makapagugat, at ito'y inaagaw ni Satanas.

## Sa mga Batuhan

"At ang nahasik sa mga batuhan, ay yaong nakikinig ng salita, at pagdaka'y tinatanggap ito nang buong galak; gayunma'y wala siyang ugat sa kanyang sarili, kundi sandaling tumatagal; at pagdating ng kapighatian o paguusig dahil sa salita, ay pagdaka'y natitisod siya."

Ang binhing nahasik sa batuhan ay walang sapat na lupang nasumpungan. Ang halaman ay karaka-rakang sumibol, nguni't ang ugat nito ay hindi makapaglagusan sa bato sa paghanap ng pagkaing
[36] susustini sa paglaki nito, at kaya nga ito'y kagyat ding namamatay. Ang marami sa mga nagpapanggap ng relihiyon ay mga tagapakinig na nasa batuhan. Katulad ng batong nasa ilalim ng nakapatong na lupa, ang kasakiman o pagkamakasarili ng katutubong puso ay nasa sa ilalim ng lupa ng mabubuti nilang nasa at mga hangarin. Ang pag-ibig sa sarili ay hindi nasusupil. Hindi nila nakikita ang lubos na pagkamakasalanan ng kasalanan, at ang puso ay hindi napagpapakumbaba sa ilalim ng pagkadama ng pagkamaysala nito. Ang uring ito ay maaaring madaling mahikayat, at sa malas ay magiging mabubuting hikayat, subali't sila'y mayroon lamang mababaw na relihiyon.

Hindi sa dahilang pagdaka'y tinatanggap ng mga tao ang salita, ni sapagka't nagagalak sila rito, na kung kaya sila'y nagsisihiwalay. Kapagkarakang napakinggan ni Mateo ang panawagan ng Tagapagligtas, ay agad itong tumindig, iniwan ang lahat, at sumunod sa Kanya. Sa sandali ring ang salita ng Diyos ay dumating sa ating mga puso, ang nais ng Diyos sa atin ay tanggapin natin ito; at matwid na ito'y tanggapin nang may kagalakan. "Magkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi."[1] At may katuwaan sa kaluluwa na sumasampalataya kay Kristo. Datapwa't yaong sa talinhaga ay sinasabing tumatanggap kapagdaka ng salita, ay hindi tinutuus ang

[1] Lu. 15:7.

halaga. Hindi nila isinasaalang-alang kung ano ang hinihingi sa kanila ng salita ng Diyos. Hindi nila ito inihaharap nang mukhaan sa lahat nilang mga kaugalian sa buhay, at isinusukong lubos ang kanilang mga sarili sa pagsupil nito.

Ang mga ugat ng halaman ay nanunuot sa kailaliman ng lupa, at lingid sa pangmalas na pinakakain at kinakandili ang buhay ng halaman. Gayundin sa Kristiyano; sa pamamagitan ng di-nakikitang pakikipagkaisa ng kaluluwa kay Kristo, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay napakakain at nakakandili ang kabuhayang ukol sa espiritu. Subali't ang mga nakikinig sa batuhan ay sa sarili umaasa sa halip na kay Kristo. Sila'y nagtitiwala sa kanilang [37] mabubuting gawa at mabubuting udyok ng damdamin, at malalakas sa kanilang sariling katuwiran. Hindi sila malakas sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng Kanyang kalakasan. Ang isang ganito ay "walang ugat sa kanyang sarili;" sapagka't hindi siya nakaugnay kay Kristo.

Ang mainit na araw sa katag-arawan, na nagpapalaki at nagpapahinog sa matigas na butil, ay sumisira sa bagay na hindi nakapag-ugat nang malalim. Kaya gayundin siya na "walang ugat sa kanyang sarili," "sandaling tumatagal;" nguni't "pagdating ng kapighatian o pag-uusig dahil sa salita, ay pagdaka'y natitisod siya." Marami ang tumatanggap sa ebanghelyo bilang isang paraan ng pagtakas sa hirap, sa halip na bilang isang pagkaligtas sa kasalanan. Natutuwa sila sa loob ng isang panahon, sapagka't ang palagay nila'y palalayain sila ng relihiyon sa kahirapan at pagsubok. Habang maayos ang takbo ng buhay sa kanila, sila ay maaaring sa malas ay mga tapat na Kristiyano. Datapwa't sila'y nanghihina sa maapoy na pagsubok ng tukso. Hindi nila matiis ang pagsuwat alangalang kay Kristo. Kapag itinuturo ng salita ng Diyos ang ilang minamahal o inaalaalagaang kasalanan, o kaya'y hinihingi ng pagtanggi-sa-sarili o ang pagpapakasakit, ay sila'y natitisod. Magkakahalaga sa kanila ng totoong malaking pagsisikap upang makagawa ng isang pansimulaing pagbabago sa kanilang buhay. Ang kanilang tinitingnan ay ang kasalukuyang kahirapan at pagsubok, at nalilimutan ang walang-hanggang mga katotohanan. Katulad ng mga alagad na nagsiiwan

kay Jesus, handa silang magsipagsabing, “Matigas ang pananalitang ito; sino ang makaririnig noon?”[1]

Marami ang nagsisipag-angking naglilingkod sa Diyos, datapwa’t walang pansariling karanasan ng pagkakilala sa Kanya. Ang kanilang hangaring ganapin ang Kanyang kalooban ay nakabatay
[38] sa kanilang sariling hi- lig, hindi sa mataimtim na pagkasumbat ng Banal na Espiritu. Ang kanilang inuugali ay hindi natutugma sa kautusan ng Diyos. Nagpapanggap silang tinatanggap si Kristo bilang kanilang Tagapagligtas, subali’t hindi naman sila nananampalataya na bibigyan Niya sila ng kapangyarihan upang mapanagiimpayan ang kanilang mga kasalanan. Wala silang personal na pagkakaugnay sa isang nabubuhay na Tagapagligtas, at ang kanilang mga likas o karakter ay naghahayag ng mga kapintasang namana at nalinang.

Isang bagay ang sumang-ayon sa isang pangkalahatang paraan sa paggawa ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu, at ibang bagay naman ang tanggapin ang Kanyang gawain bilang isang manunumbat na tumatawag ng pagsisisi. Marami ang nakadarama ng pagkakahiwalay sa Diyos, ng pagiging alipin ng sarili at ng kasalanan; gumagawa sila ng mga pagsisikap na magbago; nguni’t hindi nila ipinapako sa krus ang sarili. Hindi nila ipinagkakaloob ang kanilang mga sarili nang buong-buo sa mga kamay ni Kristo, na hinahanap ang kapangyarihan ng Diyos upang magawa ang Kanyang kalooban. Hindi sila handang pahugis nang ayon sa wangis ng Diyos. Sa isang pangkalahatang paraan ay kinikilala nila ang kanilang mga kapintasan o mga kawalang-kasakdalan, subali’t hindi naman nila isinusuko ang kanilang mga bukod-tanging kasalanan. Sa pamamagitan ng bawa’t maling gawa ay nagtatamong kalakasan ang dating makasariling likas.

Ang tanging pag-asa para sa mga kaluluwang ito ay ang madama nila ang katotohan?n ng mga pangungusap ni Kristo kay Nikodemo, “Kinakailangan ngang kayo’y ipanganak na muli.” “Maliban na ang tao’y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Diyos.”[1]

Ang tunay na kabanalan ay pagiging-buo sa paglilingkod sa Diyos. Ito ang kondisyon ng tunay na pamumuhay Kristiyano.

[1] Juan 6:60.

[1] Juan 3:7, 3.

Humihingi si Kristo ng isang pagtatala- gang walang-inililingid, ng [39] paglilingkod na di-hati. Hinihingi Niya ang puso, ang pag-iisip, ang kaluluwa, ang lakas. Ang sarili ay hindi dapat pakaibigin. Siya na nabubuhay sa kanyang sarili ay hindi isang Kristiyano.

Pag-ibig ang dapat maging simulain ng paggawa o pagkilos. Pag-ibig ang sumasailalim na simulain ng pamamahala ng Diyos sa langit at lupa, at ito ang dapat maging saligan o patibayan ng karakter ng Kristiyano. Ito lamang ang sa kanya'y makapagpapatibay at magpapanatiling-matibay. Ito lamang ang makapagbibigay-kaya sa kanya upang mabata niya ang pagsubok at ang tukso.

At ang pag-ibig ay makikita sa sakripisyo o pagpapakasakit. Ang panukala ng pagtubos ay nailagay sa pagpapakasakit,—isang pagpapakasakit na lubhang malawak at malalim at mataas na anupa't di-masukat. Ibinigay ni Kristo ang lahat dahil sa atin, at yaong mga tumatanggap kay Kristo ay magiging handang ipagpakasakit ang lahat alang-alang sa kanilang Manunubos. Ang pag-aalaala sa Kanyang karangalan at kaluwalhatian ay mauuna sa anumang bagay.

Kung iniibig natin si Jesus, iibigin nating mabuhay para sa Kanya, na ialay ang ating mga handog ng pasasalamat sa Kanya, na gumawa para sa Kanya. Ang paggawa mismo ay magiging magaan. Alang-alang sa Kanya ay nanasain natin ang masaktan at gumawa at magpakasakit. Makikiramay tayo sa Kanyang pananabik na magligtas ng mga tao. Madarama natin ang magiliw na pananabik ding iyon sa mga kaluluwa na Kanyang nadama.

Ito ang relihiyon ni Kristo. Anumang kulang dito ay isang kadayaan. Walang basta teorya ng katotohanan o pagpapanggap ng pagiging-alagad na magliligtas sa sinumang kaluluwa. Hindi tayo kay Kristo malibang Kanya tayo nang buung-buo. Dahil sa pagiging-hati-ang-puso sa kabuhayang Kristiyano kung kaya ang mga tao ay nagiging mahina sa layunin at pabagu-bago sa naisin. Ang pagsisikap na kapwa paglingkuran ang sarili at si Kristo ay [40] ginagawa ang isa na isang batuhang tagapakinig, at siya'y hindi makapagbabata kapag dumating na sa kanya ang pagsubok.

## Sa mga Dawagan

"Ang nahasik sa mga dawagan, ay yaong dumirinig ng salita; nguni't ang pagsusumakit na ukol sa sanlibu-tan, at ang daya ng mga

kayamanan, ay siyang umiinis sa salita, at yao'y nagiging walang bunga."

Ang binhing ebanghelyo ay madalas mahulog sa mga dawagan at sa mga mapaminsalang damuhan; at kung hindi nagkakaroon ng pagbabagong moral sa puso ng tao, kung hindi tinatalikuran ang mga dating kaugalian at mga gawain at ang dating buhay na makasalanan, kung ang mga likas ni Satanas ay hindi inaalis sa kaluluwa, ang pananim na trigo ay maiinis. Ang mga dawag ay siyang magiging pananim, at papatayin ang trigo.

Ang biyaya ay makayayabong lamang sa pusong patuloy na inihahanda para sa mahahalagang binhi ng ka-totohanan. Ang mga dawag o mga tinik ng kasalanan ay tutubo sa anumang uri ng lupa; hindi nangangailangan ang mga ito ng alaga o paglinang; subali't ang biyaya ay kailangang maingat na linangin. Ang mga tinik at mga dawag ay laging handang sumibol, at ang gawain ng paglilinis o pagdalisay ay dapat sumulong nang patuloy. Kung ang puso'y hindi naiingatang nasa ilalim ng pagkuntrol ng Diyos, kung ang Banal na Espiritu'y hindi gumagawa nang walang-patid upang pakinisin at padakilain ang karakter, ang mga dating ugali ay mahahayag sa kabuhayan. Ang mga tao'y maaaring magpanggap na sumasampalataya sa ebanghelyo; subali't malibang sila'y pinababanal ng ebanghelyo ay walang kabuluhan ang kanilang pagpapanggap. Kung sila ay hindi nagtatagumpay laban sa kasalanan, kung gayo'y ang kasalanan ang siyang nagtatagumpay laban sa kanila. Ang mga
[41] tinikan o mga dawagan na pinagtatabas nguni't hindi pinagbubunot ang mga ugat ay mabilis na tumutubo, hanggang ang kaluluwa ay malaganapan ng mga ito.

Tinukoy ni Kristo ang mga bagay na mapanganib sa kaluluwa. Gaya ng itinala ni Markos ay Kanyang binabanggit ang mga pagsusumakit na ukol sa sanlibutang ito, ang daya ng mga kayamanan, at ang mga pita sa ibang mga bagay. Tinukoy ni Lukas ang mga pagsusumakit, ang mga kayamanan, at ang mga kalayawan sa buhay na ito. Ang mga ito ay siyang umiinis sa salita, sa tumutubong espirituwal na binhi. Tumitigil ang kaluluwa sa pagtanggap ng pagkaing mula kay Kristo, at ang espirituwalidad ay namamatay sa puso.

"Ang pagsusumakit na ukol sa sanlibutan." Walang taong malaya sa pagkatukso sa pagsusumakit na ukol sa sanlibutan. Sa dukha, ang paggawa at pagsasalat at ang takot sa pagkukulang sa pangan-

gailangan ay nagdudulot ng mga kagulumihanan at mga pasanin. Sa mayaman ay dumarating ang takot na malugi o mawalan at marami pang mga nakababalisang alalahanin. Marami sa mga tagasunod ni Kristo ang nakalilimot sa aral na ninais Niyang matutuhan natin sa mga bulaklak sa parang. Hindi sila nagtitiwala sa Kanyang patuloy na pag-iingat. Hindi madadala ni Kristo ang kanilang pasanin, sapagka't hindi nila iyon inilalagak sa Kanya. Kaya nga ang mga pagsusumakit sa buhay, na dapat magtaboy sa kanila sa paglapit sa Tagapagligtas upang humingi ng tulong at kaginhawahan, ay siyang naghihiwalay sa kanila sa Kanya.

Marami na dapat ay maging mabunga sa paglilingkod sa Diyos ay nagiging mahilig sa pagtatamo ng kayamanan. Ang kanilang buong kalakasan ay nauubos sa mga pangangalakal, at sila'y napipilitang kaligtaan ang mga bagay na may uring espirituwal. Kaya nga sila'y nahihiwalay sa Diyos. Sa mga Kasulatan ay tayo'y inaatasang "huwag mangatamad sa pagsusumikap."[1] Tayo'y dapat magsigawa [42] upang tayo'y may maibigay sa kanya na nangangailangan. Ang mga Kristiyano ay dapat magtrabaho, dapat silang maghanapbuhay o mangalakal, at kanilang magagawa ito nang hindi gagawa ng kasalanan. Dalapwa't marami ang nagiging lubhang subsob sa paghahanapbuhay na anupa't wala na silang panahon sa pananalangin, wala nang panahon sa pag-aaral ng Biblia, wala nang panahon upang hanapin at paglingkuran ang Diyos. May mga panahong nananabik ang kaluluwa sa kabanalan at sa kalangitan; subali't walang panahon upang lihisan ang ingay ng sanlibutan upang pakinggan ang maririlag at mapagkakatiwalaang salita ng Espiritu ng Diyos. Ang mga bagay na ukol sa walang-hanggan ay winawalang-kabuluhan, at ang mga bagay ng sanlibutan ang higit na pinahahalagahan. Hindi maaaring magbigay ng bunga ang binhi ng salita; sapagka't ang buhay ng kaluluwa ay ibinibigay sa pagkakandili sa mga dawag ng pagka-maka sanlibutan.

At ang maraming nagsisigawa nang may napakakakaibang layunin, ay nahuhulog sa ganito ring kamalian. Sila'y nagsisigawa sa ikabubuti ng iba; ang kanilang mga tungkulin ay di-magpatantan, ang kanilang mga kapanagutan ay marami, at pinahihintulutan nilang matakpan ng kanilang gawain ang pagbabanal. Ang pakikipag-

[1] Rom. 12:11.

niig sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin at ang pag-aaral ng Kanyang salita ay pinababayaan. Kanilang nililimutan na si Kristo ay nagsabing, "Kung kayo'y hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa."[1] Sila'y lumalakad nang hiwalay kay Kristo, ang kanilang buhay ay hindi napupuspos ng Kanyang biyaya, at ang mga likas ng sarili ay nahahayag. Ang kanilang paglilingkod ay sinisira ng pagnanasa ng pangingibabaw, at ng mabagsik, at dikaibig-ibig na mga katangian ng di-nasupil na puso. Naririto ang isa sa mga punong lihim ng pagkabigo sa gawaing Kristiyano. Ito ang dahilan kung
[43] bakit ang mga bunga nito ay madalas na lubhang kakaunti.

"Ang daya ng mga kayamanan." Ang pag-ibig sa mga kayamanan ay may nakahahaling at nakapanlilinlang na kapangyarihan. Napakadalas malimutan niyaong mga may kayamanan sa sanlibutan na Diyos ang nagbibigay sa kanila ng kapangyarihan upang makapagtamo ng kayamanan. Kanilang sinasabing, "Ang aking kapangyarihan at ang lakas ng aking kamay ang siyang nagbigay sa akin ng kayamanang ito."[1] Ang kanilang mga kayamanan, sa halip na gumising ng pagkilala ng utang-na-loob sa Diyos, ay umaakay sa pagtataas ng sarili. Nawawala na sa kanila ang pagkadama ng kanilang pagsandig sa Diyos at ng kanilang tungkulin sa kanilang mga kapwatao. Sa halip na ang kayamanan ay ituring na isang talentong dapat gamitin sa ikaluluwalhati ng Diyos at sa ikaaangat ng sangkatauhan, ay kanilang tinitingnan ito bilang isang paraan ng paglilingkod sa kanilang mga sarili. Sa halip na payabungin sa tao ang mga likas ng Diyos, ang mga kayamanang sa ganitong paraan ginagamit ay nagpapatubo sa kanya ng mga likas ni Satanas. Ang binhi ng salita ay naiinis sa mga dawag.

"At ang mga kalayawan sa buhay na ito." May panganib sa aliwang hinanap lamang upang bigyang-kasiyahan ang sarili. Ang lahat ng kaugalian ng pagpapairog na nagpapahina sa mga kapangyarihang pisikal, na pinapag-uulap ang pag-iisip, o kaya'y pinapamamanhid ang mga pang-unawang ukol sa espiritu, ay "mga masamang pita ng laman, na nakikipaglaban sa kaluluwa."[2]

"At ang mga pita sa ibang mga bagay." Hindi ito mga bagay na makasalanan, kundi bagay na ginagawang una sa halip na ang

[1] Juan 15:5.

[1] Deut. 8:17.

[2] 1 Ped. 2:11.

kaharian ng Diyos. Anumang umaakit ng isipan nang paalis sa Diyos, anumang humihila sa pag-ibig nang pahiwalay kay Kristo, ay isang kaaway ng kaluluwa. [44]

## Ang Lupa ng mga Batong Puso

Kapag ang isip ay bata at malakas, at madaling talaban ng mabilis na pagsulong, may malaking tukso na maging ambisyoso para sa sarili, na paglingkuran ang sarili. Kung nagtatagumpay ang mga panukalang makasanlibutan, ay nagkakaroon ng hilig na magpatuloy sa isang hanay na nagpapamanhid sa budhi, at hinahadlangan ang wastong pagtaya tungkol sa kung ano ang bumubuo ng tunay na kagalingan ng karakter. Kapag inaayunan ng mga pangyayari ang ganitong nagaganap, ang pagsulong o paglago ay makikita sa isang dakong ipinagbabawal ng salita ng Diyos.

Sa panahong ito ng paglaki at pagsulong sa buhay ng kanilang mga anak, ay lubhang malaki ang kapanagutan ng mga magulang. Dapat nilang pag-aralan na paligiran ang mga kabataan ng mga matuwid na impluwensiya, mga impluwensiyang magbibigay sa mga ito ng mga wastong pagtanaw sa buhay at sa tunay na tagumpay nito. Sa halip nito, ang una munang ginagawa ng maraming magulang ay ang magkaroon ng kasaganaang pansanlibutan para sa kanilang mga anak. Lahat ng mga kasama nito ay pinipili nang may pagsangguni sa bagay na ito. Maraming magulang ang nagsisipagtayo ng kanilang tahanan sa ilang malalaking siyudad, at ipinakikilala ang kanilang mga anak sa maka-modang lipunan. Pinaliligiran nila ang mga ito ng mga impluwensiya na nakapagpapasigla sa pagka-makasanlibutan at kapalaluan. Sa ganitong impluwensiya ay nauunano ang pag-iisip at ang kaluluwa. Ang mataas at marangal na mga layunin sa buhay ay nawawala. Ang tanging karapatan sa pagiging mga anak ng Diyos, at sa pagiging mga tagapagmana ng walang-hanggan, ay ipinagpapalit sa kapakinabangang pansanlibutan.

Maraming magulang ang nagsisikap na itaguyod ang kaligaya-
han ng kanilang mga anak sa pamamagitan ng pagpapairog sa pag- [45]
ibig ng mga ito sa aliwan. Pinahihintulutan nila ang mga ito na sumuong sa mga palakasan o *sports*, at dumalo sa mga piging ng kalayawan, at pinagkakalooban ang mga ito ng salapi upang malayang gugulin sa pagtatanghal at pagbibigay-kasiyahan sa sar-

ili. Lalong pairugan ang paghahangad ng kalayawan, lalo namang nagiging masidhi ito. Ang kawilihan ng mga kabataang ito ay lalo at lalong nalululong sa aliwan o libangan, hanggang sa tingnan nila ito bilang siyang dakilang pakay ng buhay. Naghuhugis sila ng mga ugali ng katamaran at pagpapairog-sa-sarili na anupa't halos mahirap na sa kanila na maging matitibay na Kristiyano.

Maging ang iglesya, na dapat sana'y maging haligi at patibayan ng katotohanan, ay nasusumpungang nagpapasigla ng makasariling pag-ibig sa kalayawan. Kapag kailangang makalikom ng salapi para sa mga panukalang panrelihiyon, sa anong mga paraan o mga bagay humahangga ang maraming iglesya?—Sa mga basar, mga hapunan, mga perya, maging sa mga loterya, at mga katulad nitong panukala. Madalas na nalalapastangan ang dakong inilaan o itinalaga para sa pagsamba sa Diyos sa pamamagitan ng pagpipistahan at pag-iinuman, pamimili, pagbibili, at pagkakasayahan. Ang paggalang sa bahay ng Diyos at ang pagpipitagan sa pagsamba sa Kanya ay nababawasan sa pag-iisip ng mga kabataan. Ang mga hadlang sa sariling-pagpipigil ay humihina. Ang pagkamakasarili, panlasa, ang pag-ibig sa pagkatanghal, ay pinamamanhikan, at ang mga ito ay sumisidhi habang ang mga ito ay pinaiirugan.

Ang gawain ng kalayawan at aliwan ay nakasentro sa mga siyudad o lungsod. Maraming magulang na pinipili ang isang tahanan sa lungsod para sa kanilang mga anak, sa pag-aakalang mabibigyan ang mga ito ng higit na malaking kabutihan, ay nakakasagupa ng kabiguan, at totoong huli na upang pagsisihan ang kanilang na-
[46] pakalaking pagkakamali. Ang mga lungsod ngayon ay mabilis na nagiging gaya ng Sodoma at Gomorra. Ang maraming mga araw na pista opisyal ay nagpapasigla sa katamaran. Ang nakagigiyagis-ng-damdaming mga laro o mga *sports* —pagpasok sa sine, karera ng kabayo, pagsusugal, paginom ng alak, at pagkakatuwaan—ay nagpapasigla ng bawa't damdamin sa masidhing paggawa. Ang mga kabataan ay natatangay ng karaniwang kinahihiligan ng lahat. Yaong mga natututong ibigin ang aliwan alangalang sa sarili nito, ay nagbubukas ng pinto sa baha ng mga tukso. Ibinibigay nila ang kanilang mga sarili sa pagsasayang sosyal at sa walang-patumanggang pagkakatuwaan, at ang kanilang pakikihalubilo sa mga maibigin sa kalayawan ay nagkakaroon ng nakalalasing na bisa sa pag-iisip. Sila'y naaakay na magpatuloy mula sa isa hanggang sa iba pang

anyo ng paglilibang at pagwawall das, hanggang sila'y mawalan ng pagnanasa at ng kakayahan sa isang buhay na kapaki-pakinabang. Ang kanilang mga hangaring panrelihiyon ay lumalamig; ang kanilang kabuhayang ukol sa espiritu ay dumidilim. Lahat ng mararangal na kapangyarihan ng kaluluwa, laj hat ng nag-uugnay sa tao sa sanlibutang ukol sa espi ritu, ay nagiging hamak.

Tunay na maaaring makita ng ilan ang kanilang kabaliwan at magsisi. Maaaring sila'y patawarin ng Diyos. Nguni't sinugatan na nila ang kanilang sariling mga kaluluwa, at naghatid sa kanilang mga sarili ng habang buhay na kapanganiban. Ang kapangyarihan ng pangunawa, na kailanma'y dapat pamalagiing matalas at maypakiramdam upang makakilala ng matwid at ng mali, ay sa isang malaking sukat ay nasisira. Hindi na sila mabilis kumilala sa pumapatnubay na tinig ng Banal na Espiritu, o kaya'y umunawa sa mga pakana ni Satanas. Napakadalas na sa panahon ng kapanganiban ay nahuhulog sila sa tukso, at naaakay na palayo sa Diyos. Ang wakas ng kanilang kabuhayang maibigin sa kalayawan ay pagkawasak sa sanlibutang ito at sa sanlibutang darating. [47]

Ang mga kabalisahan, mga kayamanan, at mga kalayawan, ay ginagamit na lahat ni Satanas sa paglalaro ng laro ng buhay para sa kaluluwa ng tao. Ang babala ay ibinibigay, "Huwag ninyong ibigin ang sanlibutan, ni ang mga bagay na nasa sanlibutan. Kung ang sinuman ay umiibig sa sanlibutan, ay wala sa kanya ang pag-ibig ng Ama. Sapagka't ang lahat na nangasa sanlibutan, ang masamang pita ng laman, at ang masamang pita ng mga mata, at ang kapalaluan sa buhay, ay hindi mula sa Ama, kundi sa sanlibutan."[1] Siya na nakababasa ng mga puso ng mga tao na gaya ng isang bukas na aklat ay nagsasabi, "Mangag-ingat kayo sa inyong sarili, baka mangalugmok ang inyong mga puso sa katakawan, at sa kalasingan, at sa mga pagsusumakit ukol sa buhay na ito."[2] At sa pamamagitan ng Banal na Espiritu si Apostol Pablo ay sumusulat, "Ang mga nagsisipagnasang yumaman, ay nangahuhulog sa tukso at sa silo, at sa maraming mga pitang hangal at nakasasama, na siyang naglulubog sa mga tao sa kapahamakan at kamatayan. Sapagka't ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan; na sa pagnanasa ng

[1] 1 Juan 2:15, 16.
[2] Lu. 21:34.

iba ay nangasinsay sa pananampalataya, at tinuhog ang kanilang sarili ng maraming mga kalumbayan."[3]

## Paghahanda ng Lupa

Sa buong talinhaga ng manghahasik, ay inilalarawan ni Kristo na ang iba't ibang mga bunga ng paghahasik ay nakabatay sa lupa. Sa bawa't kaso ang manghahasik at ang binhi ay iyundin. Kaya nga iniaaral Niya na kung nabibigo man ang salita ng Diyos sa pagganap ng gawain nito sa ating mga puso at mga kabuhayan, ang dahilan ay matatagpuan sa ating mga sarili. Nguni't ang bunga o resulta ay hindi wala sa saklaw ng ating kuntrol. Totoo, hindi natin kayang baguhin ang ating mga sarili; gayunma'y nasa sa atin ang kapangyarihan
[48] ng pagpili, at nakasalalay sa ating kapasiyahan kung magiging ano tayo. Ang tabing-daan, ang batuhan, ang dawagang tagapakinig ay hindi kailangang manatiling gayon. Lagi nang nagsisikap ang Espiritu ng Diyos na sirain ang engkanto ng pagkahaling na nag-uutos sa mga tao na malulong sa mga bagay na makasanlibutan, at gisingin ang isang pagnanasa sa di-lumilipas na kayamanan. Ang paglaban sa Espiritu ang nagiging dahilan kung bakit ang mga tao ay di-nakikinig o kaya'y nagpapabaya sa salita ng Diyos. Sila na rin ang maykapanagutan sa pagtigas ng puso na siyang humahadlang sa mabuting binhi na makapag-ugat, at sa pagtubo ng masama na pumipigil sa paglago nito.

Ang hardin ng puso ay dapat linangin. Ang lupa ay dapat bungkalin sa pamamagitan ng taimtim na pagsisisi sa kasalanan. Ang nakalalasong halaman ni Satanas ay dapat bunutin. Ang lupang tinubuan at nilaganapan ng mga dawag ay makukuhang muli sa pamamagitan ng masipag at masigasig na paggawa. Kaya nga ang masasamang hilig ng likas na puso ay mapananagumpayan lamang sa pamamagitan ng masigasig na pagsisikap sa pangalan at kalakasan ni Jesus. Inaatasan tayo ng Panginoon sa pamamagitan ng Kanyang propeta, "Inyong bungkalin ang inyong pinabayaang bukiran, at huwag kayong maghasik sa gitna ng mga tinik." "Mangaghasik kayo sa inyong sarili sa katwiran, magsigapas kayo ayon

[3] 1 Tim 6:9, 10.

sa kaawaan."[1] Ang gawaing ito ay nais Niyang magawa sa atin, at hinihiling Niya sa atin na makipagtulungan sa Kanya.

Ang mga manghahasik ng binhi ay may gawaing dapat gawin sa paghahanda ng mga puso upang tanggapin ang ebanghelyo. Sa ministeryo ng salita ay lubhang marami ang pagsesermon, at totoong kakaunti ang tunay na puso-sa-pusong paggawa. Kinakailangan ang personal o sarilinang paggawa para sa mga kaluluwa ng nangawawala. Dapat tayong lumapit sa mga tao nang isa-isa na taglay ang pakikiramay na katulad ng kay Kristo, at sikaping gisingin ang kanilang interes sa mga dakilang bagay ng walang-hanggang buhay. [49]
Ang kanilang mga puso ay maaaring kasintigas ng dinaraanang lansangan, at sa malas ay maaaring maging sayang o walang-saysay ang pagsisikap na ipakilala sa kanila ang Tagapagligtas; subali't bagama't ang lohika o ang pormal na mga simulain ng pangangatwiran ay mabigong makaantig, at ang argumento ay maging walang-kapangyarihan upang makahikayat, ang pag-ibig naman ni Kristo, na nahahayag sa personal o sarilinang paglilingkod, ay maaaring makapagpalambot sa batong puso, na anupa't ang binhi ng katotohanan ay maaaring magkaugat.

Kaya nga ang mga manghahasik ay may bagay na dapat gawin upang ang binhi ay huwag mainis ng mga tinik o huwag mamatay dahil sa kababawan o kakauntian ng lupa. Sa kapasi-pasimulaan ng kabuhayang Kristiyano ay dapat turuan ang bawa't sumasampalataya ng mga pabatayang simulain nito. Dapat iaral sa kanya na hindi siya basta maliligtas sa pamamagitan ng sakripisyo ni Kristo, kundi dapat niyang gawin ang buhay ni Kristo na kanyang buhay at ang karakter ni Kristo na kanyang karakter. Lahat ay dapat aralan na sila'y dapat magdala ng mga pasanin at dapat tumanggi sa likas na hilig. Bayaang matutuhan nila ang pagiging-mapalad sa paggawa para kay Kristo, na sinusundan Siya sa pagtanggi-sa-sarili, at binabata ang kahirapan na gaya ng mabubuting kawal. Bayaang matutuhan nila na magtiwala sa Kanyang pag-ibig at ilagak sa Kanya ang kanilang mga kabalisahan. Bayaang matikman nila ang kagalakan ng paghikayat ng mga kaluluwa para sa Kanya. Sa kanilang pag-ibig at pagmamalasakit sa mga nawawala, ay mawawala na ang kanilang pagtingin sa sarili. Ang mga kalayawan ng sanlibutan ay mawawalan

[1] Jer. 4:3; Os. 10:12.

ng kapangyarihan na makaakit at ang mga pabigat nito ay di na makawawala-ng-pag-asa. Gagawin ng sudsod ng katotohanan ang gawain nito. Bubungkalin nito ang napabayaang lupa. Hindi lamang nito tatabasin ang mga talbos ng mga dawag, kundi bubunuting
[50] kasama ang mga ugat.

## Sa Mabuting Lupa

Ang manghahasik ay hindi lagi nang makakasagupa ng kabiguan. Tungkol sa binhi na nahulog sa mabuting lupa ay sinabi ng Tagapagligtas, Ito "ay siyang dumirinig, at nakauunawa ng salita; na siyang katotohanang nagbubunga, ang ila'y tig-sandaan, ang ila'y tig-aanimnapu, at ang ila'y tig-tatatlumpu." "Ang sa mabuting lupa ay ang mga pusong timtiman at mabuti, na iniingatan ang salita pagkarinig, at nangagbubungang may pagtitiis."

Ang "pusong timtiman at mabuti" na binabanggit ng talinhaga, ay hindi isang pusong walang kasalanan; sapagka't ang ebanghelyo ay dapat ipangaral sa mga nawawaglit o nawawala. Sinabi ni Kristo, "Hindi Ako naparito upang tumawag ng mga matwid, kundi ng mga makasalanan upang magsipagsisi."[1] Ang napasasakop sa pagsumbat ng Banal na Espiritu ay siyang may timtiman o tapat na puso. Kanyang ipinahahayag (ikinukumpisal) ang kanyang kasalanan, at nadarama niya ang kanyang pangangailangan ng habag at pag-ibig ng Diyos. Siya'y may matapat na hangaring maalaman ang katotohanan, upang iyon ay kanyang masunod. Ang mabuting puso ay isang nananampalatayang puso, isa na may pananampalataya sa salita ng Diyos. Kung walang pananampalataya ay hindi maaaring mangyari na tanggapin ang salita. "Ang lumalapit sa Diyos ay dapat sumampalatayang Siya ang Diyos, at Siya ang tagapagbigay-ganti sa mga sa Kanya'y nagsisihanap."[2]

Ito "ay siyang dumirinig, at nakauunawa ng salita." Ipinikit ng mga Pariseo noong kaarawan ni Kristo ang kanilang mga mata baka sila'y makakita, at tinakpan ang kanilang mga tainga baka sila'y makarinig; kaya nga ang katotohanan ay hindi nakapaglagusan sa kanilang mga puso. Sila'y tumanggap ng kagantihan sa kanilang sinadyang pagmamaangmaangan at pagbubulag-bulagan. Nguni't

[1] Mar. 2:17.
[2] Heb. 11:6.

tinuruan ni Kristo ang Kanyang mga alagad na dapat nilang buksan ang kanilang isipan sa turo o aral, at maging handa sa pagsampalataya. [51] Ginawaran Niya sila ng pagpapala sapagka't kanilang nakita at napakinggan sa pamamagitan ng kanilang mga mata at mga pakinig yaong nagsisampalataya.

Tinatanggap ng mabuting-lupang tagapakinig ang salita, "hindi gaya ng salita ng mga tao, kundi ayon sa ka-totohanan, na salita ng Diyos."[1] Siya lamang na tumatanggap sa Mga Kasulatan bilang tinig ng Diyos na nagsasalita sa kanya ay siyang tunay na natututo. Siya'y nanginginig sa salita; sapagka't sa kanya ito'y isang buhay na katotohanan. Binubuksan niya ang kanyang pang-unawa at ang kanyang puso upang ito'y tanggapin. Ang ganitong mga tagapakinig ay si Cornelio at ang kanyang mga kaibigan, na nagwika kay Apostol Pedro, "Ngayon nga kaming lahat ay nangaririto sa paningin ng Diyos, upang dinggin ang lahat ng mga bagay na sa iyo'y ipinagutos ng Panginoon."[2]

Ang pagkaalam o pagkakilala ng katotohanan ay hindi gasinong nakabatay sa lakas ng katalusan na di gaya ng kadalisayan ng layunin, ng kapayakan ng isang maalab at umaasang pananampalataya. Sa mga nagpapakumbabang puso na humihingi ng patnubay ng Diyos, ay nagpapakalapit-lapit ang mga anghel ng Diyos. Ang Banal na Espiritu ay ipinagkakaloob upang buksan sa kanila ang masaganang mga kayamanan ng katotohanan.

Ang mabuting-lupang mga tagapakinig, pagkadinig ng salita, ay iniingatan iyon. Hindi magagawa ni Satanas at ng lahat ng masasamang kampon nito na agawin iyon.

Ang pakikinig o pagbabasa lamang ng salita ay hindi sapat. Siya na nagnanasang makinabang sa Mga Kasulatan ay dapat magbulaybulay sa katotohanang ipinakikilala sa kanya. Sa pamamagitan ng masigasig na pag-uukol ng pansin at ng may pananalanging paglilimi ay dapat niyang matutuhan ang kahulugan ng mga salita ng katotohanan, at taimtim na inumin ang espiritu ng mga banal na orakulo. [52]

Inaatasan tayo ng Diyos na punuin ang pag-iisip ng mga dakilang isipan, ng malilinis na isipan. Nais Niyang tayo'y magnilay-nilay

[1] 1 Tes. 2:13.

[2] Gawa 10:33.

sa Kanyang pag-ibig at kahabagan, na pag-aralan ang Kanyang kahanga-hangang gawain sa dakilang panukala ng pagtubos. Kung magkagayo'y lalo at lalo pang magiging malinaw ang ating pagkaunawa sa katotohanan, lalo pang magiging matayog, lalo pang magiging banal, ang ating paghahangad ng kalinisan ng puso at ng linaw ng pag-iisip. Ang kaluluwang tumatahan sa malinis na impluwensiya ng banal na isipan ay babaguhin ng pakikipagniig o pakikipag-usap sa Diyos sa pamamagitan ng pag-aaral ng Mga Kasulatan.

"At nangagbubunga." Yaong mga, pagkarinig ng salita, ay nag-iingat nito, ay mangagbubunga ng pagtalima. Ang salita ng Diyos, na tinatanggap sa kaluluwa, ay mahahayag sa mabubuting gawa. Ang mga bunga nito ay makikita sa karakter at sa kabuhayang katulad ng kay Kristo. Tungkol sa Kanyang sarili ay sinabi ni Kristo, "Aking kinalulugurang sundin ang Iyong kalooban, Oh Diyos Ko; Oo, ang Iyong kautusan ay nasa loob ng Aking puso." "Hindi Ko pinaghahanap ang Aking sariling kalooban, kundi ang kalooban ng Aking Ama na nagsugo sa Akin."[1] At sinasabi ng Kasulatan, "Ang nagsasabing siya'y nananahan sa Kanya ay nararapat din namang lumakad na gaya ng inilakad Niya."[2]

Madalas na nakakasagupaan ng salita ng Diyos ang namamana at nalilinang na mga katangian ng karakter ng tao at ang kanyang mga kaugalian sa buhay. Datapwa't sa pagtanggap ng salita, ay tinatanggap ng mabutinglupang tagapakinig ang lahat ng mga kondisyon at mga hinihingi nito. Ang kanyang mga kinaugalian, mga kinamihasnan, at mga gawain ay ipinasasakop sa salita ng Diyos. Sa kanyang pananaw ang mga utos ng natatakdaan at nagkakasalang tao ay lumulubog sa pagkawalangkabuluhan sa piling ng salita ng walang-hanggang Diyos. May buong puso, at may di-hating panukala, na
[53] hinaha- nap niya ang buhay na walang-hanggan, at sa halaga ng kawalan, pag-uusig, o ng kamatayan na rin, ay kanyang susundin ang katotohanan.

At siya'y nagbubungang "may pagtitiis." Walang tumatanggap ng salita ng Diyos na nalilibre sa hirap at pagsubok; subali't kapag dumarating ang kadalamhatian, ang tunay na Kristiyano ay hindi nagiging di-mapalagay, di-nagtitiwala, o lupaypay. Bagama't hindi

[1] Awit 40:8; Juan 5:30.
[2] 1 Juan 2:6.

natin maaaring makita ang tiyak na kahahantungan ng mga bagay-bagay, o maunawaan ang layunin ng mga pamamatnubay ng Diyos, ay hindi natin dapat itakwil ang ating pagtitiwala. Inaalaala ang magigiliw na kahabagan ng Panginoon, dapat nating ilagak ang ating kabalisahan sa Kanya, at may pagtitiis na hintayin ang Kanyang pagliligtas.

Sa pamamagitan ng pakikipagtunggali ay napatitibay ang kabuhayang ukol sa espiritu. Ang mga pagsubok na napagtitiisang mabuti ay nagpapatubo ng matibay na karakter, at ng mahahalagang kagandahang espirituwal. Ang sakdal na bunga ng pananampalataya, kaamuan, at pag-ibig ay kadalasa'y nahihinog na mabuti sa gitna ng maulap na bagyo at kadiliman.

"Inaasahan ng magsasaka ang mahalagang bunga ng lupa, na may pagtitiis, hanggang sa tanggapin ang ulang maaga at huli."[1] Kaya ang Kristiyano ay dapat maghintay na may pagtitiis sa bunga ng salita ng Diyos sa kanyang buhay. Kadalasan kapag nananalangin tayo para sa mga biyaya ng Espiritu, ang Diyos ay gumagawa upang tugunin ang ating mga dalangin sa pamamagitan ng paglalagay sa atin sa mga pangyayaring magpapatubo ng mga bungang ito; subali't hindi natin nauunawaan ang Kanyang hangarin, at tayo'y nagtataka, at nanlulupaypay. Gayunma'y walang makapagpapatubo ng mga biyayang ito malibang sa pamamagitan ng paraan o gawain ng paglaki at pagbubunga. Ang ating bahagi ay ang tanggapin ang salita ng Diyos at hawakan itong matibay, na lubusang ipinasasakop [54]
ang ating mga sarili sa pagkuntrol nito, at matutupad ang layunin nito sa atin.

"Kung ang sinuman ay umiibig sa Akin," wika ni Kristo, "ay kanyang tutuparin ang Aking salita; at siya'y iibigin ng Aking Ama, at Kami'y pasasa kanya, at siya'y gagawin Naming tahanan."[1] Ang impluwensiya ng isang lalong malakas at sakdal na pag-iisip ay mapapababaw sa atin; sapagka't tayo'y may buhay na pagkakaugnay sa pinagmumulan ng lahat-ng-tumatagal na kalakasan. Sa ating banal na kabuhayan ay pabibihag tayo kay Kristo Jesus. Hindi na natin ipamumuhay pa ang karaniwang buhay na makasarili, kundi si Kristo ang tatahan sa atin. Ang Kanyang karakter ay makikita sa

[1] Sant. 5:7.
[1] Juan 14:23.

ating likas. Sa gayo'y magkakaroon tayo ng mga bunga ng Banal na Es-piritu—"ang ila'y tig-tatatlumpu, at ang ila'y tig-aanimnapu, at
[55] ang ila'y tig-sandaan."

## Kapitulo 3—Ano ang Nagpapatubo Nito?

ANG talinhaga ng manghahasik ay nakakilos ng maraming pagtatanong. Mula rito ay hinulaan ng ilang nakarinig na si Kristo'y hindi magtatatag ng isang kaharian sa lupa, at marami ang naging mausisa at nagulumihanan. Pagkamalas ng kanilang kagulumihanan, si Kristo'y gumamit ng ibang mga halimbawa o paglalarawan, na patuloy pa ring pinagsisikapang ang kanilang mga isipan ay maiwalay sa pag-asa sa isang pansanlibutang kaharian at maibaling sa gawain ng biyaya ng Diyos sa kaluluwa.

"At sinabi Niya, Ganyan ang kaharian ng Diyos, na gaya ng isang taong naghahasik ng binhi sa lupa; at natutulog at nagbabangon sa gabi at araw, at sumisibol at lumalaki ang binhi na di niya nalalaman kung paano. Sa kanyang sarili ay nagbubunga ang lupa; una-una'y usbong, saka uhay, pagkatapos ay butil na humihitik sa uhay. Datapwa't pagka hinog na ang bunga, ay ginagamit agad ang panggapas, sapagka't dumating na ang pagaani."

Ang magsasaka na "ginagamit agad ang panggapas, sapagka't dumating na ang pag-aani," ay wala nang iba kundi si Kristo. Siya ang sa huling dakilang araw ay gagapas ng aanihin sa lupa. Datapwa't ang manghahasik ng binhi ay kumakatawan sa mga nagsi- [56]
pagpagal sa lugar ni Kristo. Ang binhi ay sinasabing "sumisibol at lumalaki na di niya nalalaman kung paano," at ito'y hindi tunay sa Anak ng Diyos. Hindi natutulog si Kristo sa Kanyang tungkulin o sa ipinagkatiwala sa Kanya, manapa'y pinagpupuyatan ito araw at gabi. Siya'y hindi walang-malay tungkol sa kung paano tumutubo ang binhi.

Ang talinhaga tungkol sa binhi ay naghahayag na ang Diyos ay gumagawa sa katalagahan o kalikasan. Ang binhi sa sarili nito ay nagtataglay ng simulaing ukol sa pagsibol o pagtubo, isang simulaing Diyos na rin ang nagkaloob; gayunman kung pababayaan sa sarili nito ay walang kapangyarihan ang binhi upang makasibol. Ang tao ay may bahaging dapat gampanan sa pagtataguyod ng pagtubo ng butil. Dapat niyang ihanda at patabaan ang lupa at ihasik ang

binhi. Dapat niyang linangin ang bukid. Gayunma'y may bahaging sa kabila niyon ay wala na siyang magagawa. Walang kapangyarihan o karunungan ang tao na pasibulin sa binhi ang buhay na halaman. Ibuhos man ng tao ang kanyang buong kaya at pagsisikap, ay patuloy pa rin siyang dapat umasa sa Isa na nag-ugnay sa paghahasik at pag-aani sa pamamagitan ng kahanga-hangang mga kawing ng Kanyang sariling dinatatakdaang kapangyarihan.

May buhay sa binhi, may kapangyarihan sa lupa; gayunma'y malibang may isang walang-hanggang kapangyarihang gumagawa araw at gabi, ang binhi ay walang ibubungang anuman. Ang mga patak ng ulan ay kailangang isugo upang magbigay ng halumigmig sa uhaw na kabukiran, ang araw ay dapat magkaloob ng init, ang dagitab ay dapat dumaloy sa natatabunang binhi. Ang buhay na ipinagkaloob ng Lumikha, ay Siya lamang ang makakukuhang muli. Ang bawa't binhi ay sumisibol, ang bawa't halaman ay tumutubo, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos.

[57] "Kung paanong ang lupa'y nagsisibol ng pananim, at kung paanong ang halamanan ay nagsisibol ng mga bagay na natanim sa kanya, gayon pasisibulin ng Panginoong Diyos ang katwiran at kapurihan."[1] Kung paano sa natural na paghahasik, gayundin sa espirituwal; ang tagapagturo ng katotohanan ay dapat magsikap na ihanda ang lupa ng puso; dapat niyang ihasik ang binhi; subali't ang kapangyarihan na siya lamang makapagdudulot ng buhay ay mula sa Diyos. May isang bahaging sa kabila niyon ang pagsisikap ng tao ay nawawalang-saysay. Bagama't dapat nating ipangaral ang salita, ay hindi naman tayo makapaggagawad ng kapangyarihang makapagbibigay-buhay sa kaluluwa, at makapagpapasibol sa katwiran at kapurihan. Sa pangangaral ng salita ay dapat magkaroon ng paggawa ng isang kapangyarihang wala sa kapangyarihan ng sinumang tao. Sa pamamagitan lamang ng Espiritu ng Diyos magiging buhay at makapangyarihan ang salita upang makabagong muli ng kaluluwa sa walang-hanggang buhay. Ito ang pinagsikapan ni Kristong maikintal sa Kanyang mga alagad. Kanyang itinuro na hindi ang bagay na angkin nila ang makapagbibigay ng tagumpay sa kanilang mga paggawa, kundi ang gumagawa-ng-kababalaghang kapangyarihan ng Diyos ang nagbibigay ng bisa sa Kanyang sariling salita.

[1] Is. 61:11.

Ang gawain ng manghahasik ay isang gawain ng pagsampalataya. Ang hiwaga ng pagsibol at pagtubo ng binhi ay hindi niya maaaring maunawaan. Gayunma'y mayroon siyang pananalig sa mga kinakasangkapan o ginagamit ng Diyos na siyang nagpapalago at nagpapayabong ng mga pananim. Sa kanyang pagsasabog ng binhi sa lupa, sa malas ay itinatapon niya ang mahalagang butil na makapagbibigay ng tinapay sa kanyang pamilya. Gayunma'y isinusuko lamang niya ang isang pangkasalukuyang kabutihan para sa higit na malaking ibabalik nito. Inihahagis niya ang binhi, na umaasang makatitipon siya rito nang marami sa isang masaganang pag-aani. Ganyan dapat gumawa o magpagal ang mga lingkod ni Kris- to, na umaasa ng aanihin sa binhing kanilang inihasik. [58]

Ang mabuting binhi ay maaaring sa loob ng isang panahon ay manatiling di-napapansin sa isang malamig at makasarili at makasanlibutang puso, na walang ibinibigay na katunayan na ito'y nagkakaugat; datapwa't pagkatapos, kapag huminga na sa kaluluwa ang Espiritu ng Diyos, ang natatabunang binhi ay sumisibol, at sa wakas ay nagbubunga sa ikaluluwalhati ng Diyos. Sa ating habang-buhay na paggawa ay hindi natin nalalaman kung alin ang magtatagumpay, kung ito o yaon. Ito'y isang suliraning hindi tayo ang makalulutas. Dapat nating gawin ang ating gawain, at ipaubaya na sa Diyos ang mga ibubunga. "Ihasik mo sa umaga ang iyong binhi, at huwag mong iurong ang iyong kamay sa hapon."[1] Ang dakilang tipan ng Diyos ay nagpapahayag na "samantalang ang lupa ay lumalagi, ay hindi maglilikat ang paghahasik at pag-aani."[2] Sa pananalig sa pangakong ito naglilinang at naghahasik ang magsasaka. Hindi tayo kulang sa pananalig sa gawain ng espirituwal na paghahasik, na nagtitiwala sa Kanyang ibinigay na katiyakang, "Magiging gayon ang Aking salita na lumalabas sa bibig Ko; hindi babalik sa Akin na walang bunga, kundi gaganap ng kinalulugdan Ko, at giginhawa sa bagay na Aking pinagsuguan." "Siyang lumalabas at umiiyak, na nagdadala ng binhing itatanim, siya'y di sasalang babalik na may kagalakan, na dala ang kanyang mga tangkas."[3]

Ang pagsibol ng binhi ay kumakatawan sa pagsisimula ng kabuhayang espirituwal, at ang paglaki ng halaman ay isang magan-

[1] Ec. 11:6.

[2] Gen. 8:22.

[3] Is. 55:11; Awit 126:6.

dang larawan ng paglagong Kristiyano. Kung paano sa kalikasan, ay gayundin sa biyaya; hindi magkakaroon ng buhay nang walang pagtubo o paglaki. Ang halaman ay dapat lumaki o mamatay. Kung paanong ang paglaki nito ay tahimik at di-malurok, gayunma'y patuloy, ay gayundin ang paglago ng kabuhayang Kristiyano. Sa bawa't yugto ng paglago ay maaaring maging sakdal ang ating
[59] buhay; gayunman kung natutupad ang panukala ng Diyos sa atin, ay magkakaroon ng patuloy na pagsulong. Ang pagpapakabanal ay gawaing panghabang-buhay. Habang dumarami ang ating mga pagkakataon, ay lalawak ang ating karanasan, at mararagdagan ang ating kaalaman. Tayo'y magiging malakas sa pagdadala ng kapanagutan, at ang ating paggulang ay magiging kasukat ng ating mga pribilehiyo o mga tanging karapatan.

Ang halaman o pananim ay lumalaki sa pamamagitan ng pagtanggap niyaong inilaan ng Diyos na pansustini sa buhay nito. Pinapaglalagos nito sa ilalim ng lupa ang mga ugat nito. Iiinom nito ang sikat ng araw, ang hamog, at ang ulan. Tumatanggap ito ng mga nagbibigay-buhay na bisa mula sa hangin. Kaya ang Kristiyano ay dapat lumaki o lumago sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga kinakasangkapan ng Diyos. Nadarama ang ating kawalang-kakayahan, dapat nating pagbutihin ang lahat ng mga pagkakataong ipinagkakaloob sa atin upang makapagtamo ng lalong lubos na karanasan. Kung paanong ang halaman ay nagkakaugat sa lupa, gayon tayo dapat magkaugat kay Kristo. Kung paanong ang halaman ay tumatanggap ng sikat ng araw, ng hamog, at ng ulan, gayon dapat nating buksan ang ating mga puso sa Banal na Espiritu. Ang gawain ay dapat gampanan, "hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo."[1] Kung pananatilihin nating nakapako kay Kristo ang ating mga isipan, Siya'y lalapit sa atin "na parang ulan, na parang huling ulan na dumidilig ng lupa." Bilang Araw ng Katwiran, Siya'y sisikat sa atin "na may kagalingan sa Kanyang mga pakpak." Tayo'y "bubukang parang lila." Ta-yo'y "mangabubuhay uling gaya ng trigo, at mangamumulaklak (tutubo) na gaya ng puno ng ubas."[2] Sa pamamagitan ng patuloy na pagsandig kay Kristo

[1]Zac. 4:6.

[2]Os. 6:3; Mal. 4:2; Os. 14:5, 7.

bilang ating personal na Tagapagligtas, tayo'y lalago sa Kanya sa lahat ng mga bagay na siyang ating puno. [60]

Ang trigo'y tumutubo, "una-una'y usbong, saka uhay, pagkatapus ay butil na humihitik sa uhay." Ang layon ng magsasaka sa paghahasik ng binhi at sa paglilinang ng tumutubong halaman ay ang magpabunga ng butil. Nais niyang magkaroon ng tinapay para sa nagugutom, at ng binhi para sa panghinaharap na mga pag-aani. Kaya ang banal na Magsasaka ay naghihintay ng isang aanihin bilang gantimpala sa Kanyang pagpapagal at pagpapakasakit. Pinagsisikapan ni Kristong ang Kanyang sarili ay maisalin o mailarawan sa mga puso ng mga tao; at isinasagawa Niya ito sa pamamagitan niyaong mga nagsisisampalataya sa Kanya. Ang pakay ng kabuhayang Kristiyano ay ang pagbubunga,—ang pagsasalin ng karakter ni Kristo sa sumasampalataya, upang ito nama'y maisaling-muli sa iba.

Ang halaman o pananim ay hindi sumisibol, tumutubo, o namumunga sa sarili nito, kundi "nagbibigay ng binhi sa manghahasik, at pagkain sa mangangain."[1] Kaya walang taong dapat mabuhay sa kanyang sarili. Ang Kristiyano ay nasa sanlibutan bilang kinatawan ni Kristo, para sa ikaliligtas ng ibang mga kaluluwa.

Hindi magkakaroon ng paglaki o pamumunga sa buhay na nakasentro sa sarili. Kung tinanggap na ninyo si Kristo bilang personal na Tagapagligtas, dapat ninyong kalimutan ang inyong sarili, at pagsikapang tulungan ang iba. Magsalita kayo ng tungkol sa pag-ibig ni Kristo, sabihin ang tungkol sa Kanyang kabutihan. Gampanan ang bawa't tungkuling kusang humaharap. Dalhin ang pasanin ng mga kaluluwa sa inyong puso, at sa pamamagitan ng bawa't paraang nasa inyong kapangyarihan ay inyong sikaping iligtas ang nawawala. Sa inyong pagtanggap ng Espiritu ni Kristo,—ang espiritu ng di-makasariling pag-ibig at pagpapagal para sa iba,—ay kayo'y lalaki
at mamumunga. Ang mga biyaya ng Espiritu ay mahihinog sa iny- [61]
ong karakter. Mararagdagan ang inyong pananampalataya, lalalim ang inyong mga paniniwala o kombiksiyon, at magiging sakdal ang inyong pag-ibig. Lalo at lalong masasalamin sa inyo ang wangis ni Kristo sa lahat na malinis, marangal, at kaibig-ibig.

"Ang bunga ng Espiritu ay pag-ibig, katuwaan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kagandahang-loob, kabutihan, pagtatapat, kaa-

[1] Is. 55:10.

muan, pagpipigil."[1] Ang bungang ito ay hindi kailanman mapapawi, kundi magbubunga ayon sa kanya-kanyang uri ng isang pag-aani sa walang-hanggang buhay.

"Pagka hinog na ang bunga, ay (kanyang) ginagamit agad ang panggapas, sapagka't dumating na ang pag-aani." Hinihintay ni Kristo nang may nananabik na pagnanasa ang pagpapakahayag ng Kanyang sarili sa Kanyang iglesya. Kapag ang karakter ni Kristo ay buong kasakdalang naisalin na sa Kanyang bayan, kung magkagayo'y darating Siya upang angkinin sila bilang Kanyang sarili.

Karapatan ng bawa't Kristiyano, na hindi lamang hintayin, kundi padaliin din naman ang pagdating ng ating Panginoong Jesukristo.[2] Kung lahat lamang ng nagpapanggap ng Kanyang pangalan ay nagsisipagbunga sa Kanyang ikaluluwalhati, gaano nga kadali mahahasikan ng binhi ng ebanghelyo ang buong sanlibutan. Mabilis na mahihinog ang huling dakilang aanihin, at si Kristo'y darating upang
[62] tipunin ang mahalagang butil.

[1] Gal. 5:22, 23.

[2] 2 Ped. 3:12.

# Kapitulo 4—Mga Pansirang-damo sa Inyong Halamanan

SINAYSAY Niya sa kanila ang ibang talinhaga, na sinasabi, Ang kaharian ng langit ay tulad sa isang taong naghasik ng mabuting binhi sa kanyang bukid; datapwa't samantalang nangatutulog ang mga tao, ay dumating ang kanyang kaaway at naghasik naman ng mga pansirang-damo sa pagitan ng trigo, at umalis. Datapwa't nang sumibol ang usbong at mamunga, ay lumitaw nga rin ang mga pansirang-damo."

"Ang bukid," wika ni Kristo, "ay ang sanlibutan." Nguni't dapat natin itong maunawaan na nangangahulugang ang iglesya ni Kristo sa sanlibutan. Ang talinhaga ay isang paglalarawan niyaong nauukol sa kaharian ng Diyos, ng Kanyang gawain sa ikaliligtas ng mga tao, at ang gawaing ito ay nagaganap sa pamamagitan ng iglesya. Tunay nga na ang Banal na Espiritu ay humahayo sa buong sanlibutan; sa lahat ng dako'y kumikilos ito sa mga puso ng mga tao; subali't sa iglesya tayo dapat lumaki at mahinog para sa bangan ng Diyos.

"Ang naghahasik ng mabuting binhi ay ang Anak ng tao. . . . Ang mabuting binhi ay ito ang mga anak ng kaharian; nguni't ang mga pansirang-damo ay ang mga anak ng masama." Ang mabuting binhi ay kumakatawan sa mga ipinanganak ng salita ng Diyos, ang katotoha- nan. Ang mga pansirang-damo ay kumakatawan sa isang [63]
uri na siyang bunga o katawan ng kamalian, ng mga ditunay na simulain. "Ang kaaway na naghasik ng mga ito ay ang diyablo." Ang Diyos ni ang Kanyang mga anghel man ay hindi kailanman naghasik ng isang binhi na magbubunga ng isang pansirang-damo. Ang mga pansirang-damo ay lagi nang inihahasik ni Satanas, na siyang kaaway ng Diyos at ng tao.

Sa Silangan, kung magkaminsan ay naghihiganti ang mga tao sa isang kaaway sa pamamagitan ng pagsasabog ng mga binhi ng ilang mapanirang damo sa bagong-nahasikang mga bukid nito, na ang mga binhing ito habang tumutubo, ay nakakatulad na mabuti ng trigo. Sa pagsibol nitong kasabay ng trigo, ay pinipinsala nito

ang tanim, at nagdudulot ng bagabag at kawalan sa may-ari ng bukid. Kaya sa ganito ring pakikipag-alit kay Kristo isinasabog ni Satanas ang masama niyang binhi sa gitna ng mabuting binhi ng kaharian. Ang bunga ng kanyang paghahasik ay ipinaaangkin niya sa Anak ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagdadala sa loob ng iglesya ng mga nagtataglay ng pangalan ni Kristo bagama't tinatanggihan ng mga ito ang likas Nito, ay nagagawan ng paraan ng masama na malapastangan ang Diyos, mapagkamalian ang gawain ng pagliligtas, at maisapanganib ang mga kaluluwa.

Ikinahahapis ng mga lingkod ni Kristo na makitang nagkakasama-sama sa iglesya ang mga tunay at ang mga di-tunay na mananampalataya. Nasasabik silang gumawa ng anuman upang malinis ang iglesya. Katulad ng mga alipin ng puno ng sambahayan, handa nilang bunutin ang mga pansirang-damo. Subali't sinabi sa kanila ni Kristo, "Huwag; baka sa pagtitipon ninyo ng mga pansirangdamo, ay inyong mabunot pati ang trigo. Pabayaan ninyong magsitubo kapwa hanggang sa panahon ng pagaani."

[64] Maliwanag na iniaral ni Kristo na ang mga nagpa- patuloy sa hayagang pagkakasala ay dapat ihiwalay sa iglesya; gayunma'y hindi Niya ipinagkatiwala sa atin ang gawain ng paghatol sa karakter at dahilan. Kilalangkilala Niya ang ating kalikasan upang ipagkatiwala ang gawaing ito sa atin. Sakaling susubukin nating alisin sa iglesya ang mga ipinalalagay nating mga huwad na Kristiyano, ay tiyak na makagagawa tayo ng mga pagkakamali. Madalas na itinuturing nating mga wala-nang-pagasa iyong mismong pinalalapit ni Kristo sa Kanyang sarili. Kung pakikitunguhan natin ang mga kaluluwang ito nang ayon sa ating di-sakdal na kuru-kuro o pagkaunawa, kaipala'y ito ang papatay sa kanilang kahuli-hulihang pag-asa. Ang maraming nag-aakala na sila'y mga Kristiyano ay masusumpungan sa wakas na kulang. Maraming mapapasalangit na ipinalagay ng kanilang mga kapwa na hindi kailanman makapapasok doon. Ang tao ay humahatol sa puso. Ang mga pansirang-damo at ang trigo ay dapat tumubong magkasama hanggang sa pagaani; at ang pag-aani ay ang katapusan ng palugit na panahon.

May isa pang liksiyon sa mga salita ng Tagapagligtas, isang liksiyon ng kahanga-hangang pagtitiis at magiliw na pag-ibig. Kung paanong nagkakasalabirang mabuti ang mga ugat ng mga pansirang-damo at ng sa mabuting butil, ay gayundin naman maaaring malapit

na magkaugnayan ang mga di-tunay na kapatid sa iglesya at ang mga tunay na alagad. Ang tunay na karakter ng mga nagkukunwaring mananampalatayang ito ay hindi lubusang nahahayag. Kung sila'y ihihiwalay sa iglesya, ang iba'y maaaring matisod, na ang mga ito kundi dahil dito ay nakapanatili sanang matibay.

Ang itinuturo ng talinhagang ito ay inilalarawan sa sariling pakikitungo ng Diyos sa mga tao at mga anghel. Si Satanas ay isang mandaraya. Nang ito'y magkasala sa langit, ay hindi lubusang nakilala maging ng mga tapat na anghel ang karakter nito. Ito ang dahilan kung bakit hindi karaka-rakang pinuksa ng Diyos si [65]
Satanas. Kung ginawa Niya ang gayon, hindi sana naunawaan ng mga banal na anghel ang katarungan at pag-ibig ng Diyos. Ang pag-aalinlangan sa kabutihan ng Diyos ay naging masamang binhi sana, na nagbunga ng mapait na bunga ng kasalanan at kapighatian. Kaya nga ang awtor ng kasamaan ay hindi kaagad pinatay, upang lubusang tumubo o yumabong ang karakter nito. Sa loob ng mahabang panahon ay binata ng Diyos ang dusa ng pagtingin sa gawa ng masama, ipinagkaloob Niya ang walanghanggang Handog ng Kalbaryo, sa halip na pabayaan ang sinuman na madaya ng maling-pamamarali ng isang masama; sapagka't ang mga pansirang-damo ay hindi maaaring bunutin nang hindi manganganib na mabunot ang mahalagang butil. At hindi ba tayo magiging mapagbata sa ating mga kapwa-tao na gaya ng Panginoon ng langit at lupa kay Satanas?

Walang karapatan ang sanlibutan na pag-alinlanganan ang katotohanan ng Kristiyanismo nang dahil sa may mga di-karapat-dapat na kaanib sa iglesya, ni dapat mang panghinaan-ng-loob ang mga Kristiyano dahil sa mga di-tunay na kapatid na ito. Paano ba noon sa unang iglesya? Sina Ananias at Safira ay nakisama sa mga alagad. Si Simon Magus ay bininyagan. Si Demas, na umalis at pinabayaan si Pablo, ay ibinilang na isang sumasainpalataya. Si Judas Iscariote ay napabilang sa mga apostol. Hindi nais ng Manunubos na mawaglit ang isang kaluluwa; ang Kanyang karanasan kay Judas ay itinala upang ipakilala ang Kanyang pagtitiis sa balakyot na likas ng tao; at inaatasan Niya tayong magbata nito gaya ng pagkakapagbata Niya. Sinabi Niya na ang mga di-tunay na kapatid ay masusumpungan sa iglesya hanggang sa katapusan ng panahon.

Sa kabila ng babala ni Kristo, pinagsikapan ng mga tao na bunutin ang mga pansirang-damo. Upang parusahan ang mga ip-

[66] inalalagay na mapaggawa-ng-masama, ang iglesya ay dumudulog sa kapangyarihang sibil. Ang mga sumasalungat sa mga nakatatag na doktrina ay ipinabibilanggo, inilalagay sa pahirapan at ipinapapatay, sa upat ng mga taong nagsisipag-angking tumutupad sa ilalim ng pagsang-ayon ni Kristo. Subali't espiritu ni Satanas hindi Espiritu ni Kristo, ang kumakasi sa mga ganitong gawain. Ito ang sariling pamamaraan ni Satanas ng paghahatid sa sanlibutan sa ilalim ng kanyang kapangyarihan o pagpupuno. Maling-naipakikilala ng iglesya ang Diyos sa ganitong paraan ng pakikitungo sa mga ipinalalagay na erehe.

Hindi paghatol at pagpaparusa sa iba, kundi pagpapakumbaba at di-pagtitiwala sa sarili, ang iniaaral ng talinhaga ni Kristo. Hindi lahat ng nahahasik sa bukid ay mabuting butil. Ang katotohanan na ang mga tao'y nasa loob ng iglesya ay hindi nagpapatunay na sila'y mga Kristiyano.

Nakakatulad na mabuti ng mga pansirang-damo ang trigo habang lunti pa ang mga usbong; nguni't kapag ang bukid ay hinog na upang anihin, ang walang-saysay na mga damo ay hindi na nagtataglay ng anumang pagkakawangis sa trigong nakayuko sa bigat ng mapipintog at hinog nitong mga uhay. Ang mga makasalanang nagkukunwang banal ay nakikihalubilo sa loob ng isang pa-nahon sa mga tunay at tapat na tagasunod ni Kristo, at ang wangis ng pagka-Kristiyano ay ginagawa o itinatanghal upang dayain ang marami; datapwa't sa pagaani sa sanlibutan ay hindi na magkakaroon ng pagkakawangis ang mabuti at ang masama. Ang mga sumama sa iglesya, nguni't hindi sumama kay Kristo, ay mahahayag nga.

Ang mga pansirang-damo ay pinahihintulutang tu mubo sa gitna ng trigo, upang magkaroon ng lahat ng mapapakinabang sa araw at ambon; subali't sa panahon ng pag-aani ay "manunumbalik kayo, at makikilala ninyo ang matwid at ang masama, yaong naglilingkod sa
[67] Diyos at yaong hindi naglilingkod sa Kanya."[1] Si Kristo na rin ang magpapasiya kung sinu-sino ang karapat-dapat manahanang kasama ng sambahayan ng langit. Kanyang hahatulan ang bawa't tao ayon sa mga salita at mga gawa nito. Ang pagpapanggap ay walang-kabuluhan sa timbangan. Karakter ang nagpapasiya ng kapalaran o kahahantungan.

[1] Mal. 3:18.

Walang ipinahahayag ang Tagapagligtas na isang panahon sa hinaharap na ang lahat ng mga pansirang-damo ay magiging trigo. Ang trigo at ang mga pansirang-damo ay tumutubong magkasama hanggang sa panahon ng pagaani, na siyang katapusan ng sanlibutan. Saka naman bibigkisin ang mga pansirang-damo upang sunugin, at ang trigo ay titipunin sa bangan ng Diyos. "Kung magkagayo'y mangagliliwanag ang mga matwid na katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama." Kung magkagayo'y "susuguin ng Anak ng tao ang Kanyang mga anghel, at kanilang titipunin sa labas ng Kanyang kaharian ang lahat ng mga bagay na nangakapagpapatisod, at ang nagsisigawa ng katampalasanan; at sila'y igagatong sa kalan ng apoy; diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." [68]

## Kapitulo 5—Mula sa Pinakamaliit na Binhi

SA MALAKING pulutong ng mga tao na nakinig sa pangangaral ni Kristo ay marami roong mga Pariseo. May paghamak na pinansin ng mga ito kung gaano kakaunti sa Kanyang mga tagapakinig ang kumikilala sa Kanya bilang Mesiyas. At sila-sila'y nangagtanung-tanungan kung paano maitataas ng di-nagkukunwaring gurong ito ang Israel sa pansansinukob na pamumuno. Kung walang mga kayamanan, kapangyarihan, o karangalan, paano Niya itatatag ang bagong kaharian? Napagtanto ni Kristo ang kanilang mga iniisip at kaya nga sila'y Kanyang sinagot: —

"Sa ano natin itutulad ang kaharian ng Diyos? o sa anong talinhaga isasaysay natin ito?" Sa mga pamahalaan sa lupa ay walang magsisilbing kawangis nito. Walang lipunang sibil na nakapagbigay sa Kanya ng isang simbolo. "Ito'y tulad sa isang butil ng binhi ng mustasa," wika Niya, "na, pagkahasik sa lupa, bagama't siyang lalong pinakamaliit sa lahat ng mga binhi na nangasalupa, gayunma'y pagkatanim, ay tumataas, at lumalaki nang higit kaysa lahat ng mga gulay, at nagsasanga nang malalabay; anupa't ang mga ibon sa langit
[69] ay mangakasisilong sa kanyang lilim."[1]

Ang binhi sa buto ay tumutubo sa pamamagitan ng pamumukadkad ng pinagmumulan ng buhay na kaloob ng Diyos. Ang pagtubo nito ay hindi nakabatay sa kapangyarihan ng tao. Ganyan din sa kaharian ni Kristo. Iyon ay isang bagong nilalang. Ang mga simulain ng pagtubo niyon ay kasalungat ng sa mga nagpupuno sa mga kaharian ng sanlibutang ito. Ang mga pamahalaan sa lupa ay nagtatagumpay sa pamamagitan ng paggamit ng lakas; napananatili nila ang kanilang pagpupuno sa pamamagitan ng digmaan; nguni't ang tagapagtatag ng bagong kaharian ay ang Prinsipe ng Kapayapaan. Ang Banal na Espiritu ay kumakatawan sa mga kaharian ng sanlibutan na nasa ilalim ng sagisag na mababangis na hayup na manghuhuli; datapwa't si Kristo ay "ang Kordero ng Diyos, na

[1] Mar. 4:28.

nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan."[1] Sa Kanyang panukala ng pamamahala ay wala ang paggamit ng lakas na pipilit sa budhi. Hintay ng mga Hudyo ang kaharian ng Diyos na matatag sa paraan ding katulad ng pagkakatatag ng mga kaharian ng sanlibutan. Upang maitaguyod ang katwiran ay humangga sila sa paggawa ng mga panlabas na hakbang. Nagbalak sila ng mga paraan at mga panukala. Subali't nagkintal si Kristo ng isang simulain. Sa pamamagitan ng pagkikintal ng katotohanan at katwiran, ay nasalansang Niya ang kamalian at kasalanan.

## Ang Kaharian ni Kristo

Habang sinasalita ni Jesus ang talinhagang ito, ang halamang mustasa ay nakikita sa malayo at sa malapit, na pumapaitaas sa ibabaw ng damo at butil, at ang mga sanga nito'y marahang gumagalaw sa hangin. Ang mga ibon ay palipat-lipat sa maliliit na sanga, at nagsisipagawitan sa gitna ng makakapal na dahon. Gayunpaman ang binhing pinagmulan ng higanting halamang ito ay kabilang sa pinakamaliit sa lahat ng mga binhi. Sa pa simula'y nag-usbong ito [70]
ng isang murang supang; nguni't ito'y matibay, at lumaki at yumabong hanggang sa sapitin nito ang kanyang kasalukuyang laki at taas. Kaya ang kaharian ni Kristo ay waring aba at walang-saysay sa pasimula nito. Kung ihahambing sa mga kaharian sa lupa ito'y lumilitaw na siyang pinakamaliit sa lahat. Ang pag-aangkin ni Kristo na pagiging isang hari ay nilibak ng mga naghahari sa sanlibutang ito. Gayunma'y sa makapangyarihang mga katotohanang ipinagkatiwala sa Kanyang mga tagasunod ay nag-aangkin ang kaharian ng ebanghelyo ng isang buhay na banal. At gaano nga kabilis na ito'y lumaki, gaano kalawak ang paglaganap ng impluwensiya nito! Nang salitain ni Kristo ang talinhagang ito, ay iilan lamang magbubukid na taga-Galilea ang naroroon upang kumatawan sa bagong kaharian. Ang kanilang karukhaan, ang kakauntian nila sa bilang, ay paulit-ulit na ginawang dahilan kung bakit ang mga tao'y hindi dapat makipag-ugnay sa mga abang mangingisdang ito na nagsisunod kay Jesus. Nguni't ang binhi ng mustasa ay dapat lumaki at ilaganap ang kanyang mga sa nga sa buong sanlibutan. Kapag nangawala na ang mga kaharian sa lupa na ang kaluwalhatia'y siyang pumuno

[1] Juan 1:29.

noon sa mga puso ng mga tao, ang kaharian ni Kristo ay mananatili, isang malakas at malawak-ang-saklaw na kapangyarihan.

Kaya ang gawain ng biyaya sa puso ay maliit sa pasimula nito. Isang kataga ang sinasalita, isang silahis ng liwanag ang idinadampulay sa kaluluwa, isang impluwensiya ang ginagamit na siyang pinagsisimulan ng bagong kabuhayan; at sino ang makasusukat sa mga bunga nito?

Hindi lamang ang paglaki ng kaharian ni Kristo ang inilalarawan ng talinhaga ng binhi ng mustasa, kundi sa bawa't yugto din naman ng paglaki nito ay inuulit-ulit ang karanasang inilalarawan sa talinhaga. Para sa Kanyang iglesya sa bawa't salin-ng-lahi ang Diyos
[71] ay may isang tanging katotohanan at isang tanging gawain. Ang katotohanan na ikinukubli sa mga pantas ng sanlibutan at sa maybait ay inihahayag sa mga gaya-ng-bata at sa mga mapagpakumbaba. Ito ay nangangailangan ng sariling-pagpapakasakit. May mga pakikipagbaka ito na dapat pakipagpunyagian at mga tagumpay na dapat matamo. Sa pasimula ay iilan ang mga tagapagtaguyod nito. Sila ay nilabanan at hinamak ng mga dakilang tao ng sanlibutan at ng isang iglesyang kaayon ng sanlibutan. Tingnan ninyo si Juan Bautista, ang naging tagapanguna ni Kristo, na nakatayong nag-iisa upang suwatan ang pagmamataas at pormalismo ng bansang Hudyo. Tingnan ninyo ang unang mga tagapagdala ng ebanghelyo sa Europa. Waring napakalabo, napakawalang-pag-asa ang misyon nina Pablo at Silas, ang dalawang manggagawa ng tolda, nang sila kasama ang kanilng mga kasama ay lumulan ng bapor sa Troas patungo sa Filipos. Tingnan ninyo "ang matandang si Pablo," na natatanikalaan, na ipinangangaral si Kristo sa kuta ng mga Cesar. Tingnan ninyo ang bayan-bayanan ng mga alipin at mga magbubukid na nakikipagtunggali sa paganismo ng imperyo ng Roma. Tingnan ninyo si Martin Luther na naninindigan laban sa makapangyarihang iglesyang yaon na siyang obra-maestra ng karunungan ng sanlibutan. Masdan ninyo siya sa kanyang panghahawak nang buong tibay sa salita ng Diyos laban sa emperador at papa, na sinasabi, "Narito ginagawa ko ang aking paninindigan; wala na akong iba pang magagawa. Ang Diyos nawa ang aking maging katulong." Masdan ninyo si John Wesley na ipinangangaral si Kristo at ang Kanyang katwiran sa gitna ng pormalismo, kawalang-moral, at kawalang-katapatan. Masdan ninyo ang isa na nabibigatan sa taglay na mga kapighatian ng di-sumasam-

palatayang sanlibutan, na namamanhik para sa karapatan na madala sa kanila ang pabalita ng pag-ibig ni Kristo. Dinggin ninyo ang tugon ng eklesiyastisismo: "Umupo ka, binata. Kapag ibig ng [72]
Diyos na hikayatin ang mga di-sumasampalataya o ang mga pagano, ay Kanyang gagawin ito nang wala ang tulong mo o ang tulong ko."

Ang mga dakilang lider ng relihiyon sa salin-ng-lahing ito ay nagtatanyag ng mga papuri at nagsisipagtayo ng mga bantayog niyaong mga naghasik ng binhi ng katotohanan mga dantaon na ang nakararaan. Hindi ba marami ang tumalikod sa gawaing ito upang yurakan ang usbong na sumisibol sa binhi ring iyon ngayon? Ang dating sigaw ay inuulit, "*Nalalaman* naming nagsalita ang Diyos kay Moises; datapwa't tungkol sa taong ito [si Kristo sa tagapagbalitang Kanyang isinusugo], ay hindi namin nalalaman kung taga-saan siya."[1] Katulad noong mga panahong una, ang mga tanging katotohanan sa panahong ito ay nasusumpungan, hindi sa mga maykapangyarihang eklesiyastiko, kundi sa mga lalaki at mga babaing hindi totoong marurunong o hindi totoong mga pantas upang sampalatayanan ang salita ng Diyos.

"Sapagka't masdan ninyo ang sa inyo'y pagkatawag, mga kapatid, na hindi ang maraming marurunong ayon sa laman, hindi ang maraming maykapangyarihan, hindi ang maraming mahal na tao ang mga tinawag; kundi pinili ng Diyos ang mga bagay na kamangmangan ng sanlibutan, upang hiyain Niya ang mga marurunong; at pinili ng Diyos ang mga bagay na mahihina ng sanlibutan, upang hiyain Niya ang mga bagay na malalakas. At ang mga bagay na mababa ng sanlibutan, at ang mga bagay na hinamak, ang pinili ng Diyos, oo, at ang mga bagay na walang-halaga upang mawalang-halaga ang mga bagay na mahahalaga;" "upang ang inyong pananampalataya ay huwag masalig sa karunungan ng mga tao, kundi sa kapangyarihan ng Diyos."[2]

At sa huling salin-ng-lahing ito ang talinhaga ng binhi ng mustasa ay dapat makasapit sa isang mabunyi at matagumpay na katapusan. Ang maliit na binhi ay ma- giging isang punungkahoy. Ang [73]
huling pabalita ng pagbababala at kahabagan ay dapat makahayo sa "bawa't bansa at angkan at wika,"[1] "upang kumuha sa kanila ng

[1] Juan 9:29.

[2] 1 Cor. 1:26-28; 2:5.

[1] Apoc. 14:6-14.

isang bayan sa Kanyang pangalan."[2] At ang lupa ay maliliwanagan
[74] ng Kanyang kaluwalhatian.

[2] Gawa 15:14; Apoc. 18:1.

# Kapitulo 6—Pakikipagsamahan na May Kapangyarihan

MULA sa gawang paghahasik ng binhi at sa pagtubo ng halamang buhat sa binhi, ay makapagtuturo sa sambahayan at sa paaralan ng mahahalagang liksiyon. Bayaang matutuhang makilala ng mga bata at mga kabataan sa mga bagay ng katalagahan o kalikasan ang paggawa ng mga kinakasangkapan ng Diyos, at magagawa nilang hagipin sa pamamagitan ng pananampalataya ang mga di-nakikitang kapakinabangan. Kapag nauunawa na nila ang kahanga-hangang gawain ng Diyos sa pagtustos sa mga pangangailangan ng Kanyang malaking sambahayan, at kung paano tayo dapat makipagtulungan sa Kanya, ay magkakaroon sila ng higit na pananampalataya sa Diyos, at kanilang madarama nang higit ang Kanyang kapangyarihan sa kanilang sariling pang-arawaraw na kabuhayan.

Nilikha ng Diyos ang binhi, gaya ng pagkalikha Niya sa lupa, sa pamamagitan ng Kanyang salita. Sa pamamagitan ng Kanyang salita ay binigyan Niya iyon ng kapangyarihang tumubo at dumami. Sinabi Niya, "Sibulan ang lupa ng damo, pananim na nagkakabinhi, at punungkahoy na namumunga ayon sa kanyang pagkakahoy, na taglay ang kanyang binhi sa ibabaw ng lupa, at nagkagayon. . . . At nakita ng Diyos na mabuti."[1] Ang salita ang nagpapatubo pa rin [75]
sa binhi. Bawa't binhing nagpapalitaw ng luntian nitong usbong sa sikat ng araw ay nagpapahayag ng gumagawa-ng-kababalaghang kapangyarihan ng salitang yaon na binigkas Niyaong "nagsalita, at nangyari;" na "nag-utos, at tumayong matatag."[1]

Tinuruan ni Kristo ang Kanyang mga alagad na manalangin, "Ibigay Mo sa amin ngayon ang aming kakanin sa araw-araw." At itinuturo ang mga bulaklak na binigyan Niya sila ng kapanatagan, "Kung pinararamtan ng Diyos nang ganito ang damo sa parang, . . . hindi baga lalung-lalo na kayong pararamtan Niya?"[2] Patuloy na

[1] Gen. 1:11, 12.

[1] Awit 33:9.

[2] Mat. 6:11, 30.

gumagawa si Kristo upang tugunin ang panalanging ito, at upang tuparin ang kapanatagang ito. May isang di-nakikitang kapangyarihan na patuloy na gumagawa bilang alipin ng tao upang siya'y pakanin at paramtan. Maraming kinakasangkapan ang Panginoon upang ang binhi, na sa malas ay itinatapon, ay gawing isang buhay na pananim o halaman. At Kanyang tinutustusan ayon sa kaukulang sukat ang lahat na kinakailangan upang mapaging-sakdal ang pag-aani. Ayon sa maririkit na pangungusap ng mang-aawit: —

> "Iyong dinadalaw ang lupa, at dinidilig Mo;
> Iyong pinayayamang mainam;
> Ang ilog ng Diyos ay puno ng tubig;
> Iyong pinagtataanan sila ng trigo pagka't inihanda Mo ang lupa.
> Iyong dinidilig ang kanyang bungkal nang sagana;
> Iyong pinapantay ang kanyang mga bungkal;
> Iyong mga pinalalambot ng ambon;
> Iyong pinagpapala ang pagsibol niyaon.
> Iyong dinudulutan (pinuputungan) ang taon ng Iyong kabutihan;
> At ang Iyong mga landas ay pumapatak ng katabaan."[3]

[76]

Ang materyal na sanlibutan ay nasa ilalim ng pagpupuno ng Diyos. Ang mga batas ng kalikasan ay tinatalima ng kalikasan. Lahat ng bagay ay nagsasalita at gumaganap ng kalooban ng Lumikha. Ang alapaap at sikat ng araw, ang hamog at ulan, ang hangin at bagyo, lahat ay nasa ilalim ng pangangasiwa ng Diyos, at ganap na tumatalima sa Kanyang utos. Bilang pagtalima sa batas o kautusan ng Diyos kung kaya ang usbong ng pananim ay sumusulpot sa lupa, "una-una'y usbong, saka uhay, pagkatapos ay butil na humihitik sa uhay."[1] Ito'y pinatutubo ng Panginoon sa kani-kanilang naaangkop na panahon sapagka't hindi nila nilalabanan ang Kanyang paggawa. At maaari kaya na ang taong ginawa ayon sa larawan ng Diyos, na pinagkalooban ng katalinuhan at kapangyarihan ng pagsasalita, ay siya lamang di-magpapahalaga sa Kanyang mga kaloob at susuway

[3] Awit 65:9-11.
[1] Mar. 4:28.

sa Kanyang kalooban? Ang mga may-talino ba lamang na mga kinapal ang magiging sanhi ng kaguluhan sa ating sanlibutan?

Sa lahat ng bagay na nakahilig sa ikatataguyod ng tao ay namamalas ang pagtutulungan sa paggawa ng Diyos at ng tao. Hindi magkakaroon ng pag-aani malibang gampanan ng kamay ng tao ang bahagi nito sa paghahasik ng binhi. Subali't kung wala ang mga kapangyarihang ipinagkakaloob ng Diyos na nagbibigay ng sikat ng araw at ambon, ng hamog at mga alapaap, ay hindi magkakaroon ng bunga. Ganito rin sa bawa't hanapbuhay o pangangalakal, sa bawa't kagawaran ng pagaaral at siyensiya. Ganito rin sa mga bagay na ukol sa espiritu, sa paghubog ng likas o karakter, at sa bawa't hanay ng gawaing Kristiyano. Mayroon tayong bahaging dapat gampanan, subali't dapat ding mapasaatin ang pakikipagtulungan ng kapangyarihan ng Diyos, sapagka't kung hindi ay mawawalang-saysay ang ating mga pagsisikap o mga paggawa.

Kailanma't may anumang nagagampanan ang tao, ito man ay [77]
sa mga hanay na ukol sa espiritu o ukol sa lupang ito, ay dapat niyang isaisip na nagagawa niya ito sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng Lumikha sa kanya. Malaki ang pangangailangan natin na madama ang ating pagsandig o pagdepende sa Diyos. Totoong malaki ang pananalig na iniuukol sa tao, totoong malaki ang pagtitiwala sa mga imbensiyon ng tao. Totoo namang kakaunti ang pananalig sa kapangyarihang handang ibigay ng Diyos. "Tayo ay mga kamanggagawa ng Diyos."[1] Di-masukat ang kahinaan ng nagagawa ng tao; subali't kung siya'y nakakawing sa pagka-Diyos ni Kristo, ay magagawa niya ang lahat ng mga bagay sa pamamagitan ng kalakasang ipinagkakaloob ni Kristo.

Ang unti-unting pagtubo at paglaki ng halamang buhat sa binhi ay isang pakay-na-aral sa pagtuturo sa bata. Naroon ang "una-una'y usbong, saka uhay, pagkatapos ay butil na humihitik sa uhay." Siya na nagbigay ng talinhagang ito ay siyang lumikha sa maliit na binhi, pinagkalooban iyon ng mga kaangkinang pambuhay, at itinakda ang mga batas o mga kautusang nangangasiwa sa pagtubo niyon. At ang mga katotohanang itinuturo ng talinhaga ay ginawang isang buhay na katotohanan sa Kanyang sariling buhay. Sa Kanyang pampisikal at pangespirituwal na likas ay sinunod Niya ang utos ng Diyos na

[1] 1 Cor. 3:9.

paglaki na inilalarawan ng halaman, gaya ng nais Niyang gawin ng lahat na mga kabataan. Bagama't Siya ang Kamahal-mahalan ng sangkalangitan, ang Hari ng kaluwalhatian, ay Siya'y naging isang sanggol sa Bethlehem, at sa loob ng isang panahon ay kumatawan sa walang-kayang sanggol na nasa pangangalaga ng ina nito. Sa panahon ng Kanyang pagiging-bata ay ginawa Niya ang mga gawain ng isang masunuring anak. Siya'y nagsalita at gumawa na may karunungan ng isang bata, at hindi ng isang lalaki, na pinararangalan ang Kanyang mga magulang, at tinutupad ang mga ninanais ng
[78] mga ito sa mga paraang nakatutulong, na ayon sa kakayahan ng isang bata. Datapwa't sa bawa't yugto ng Kanyang paglaki ay sakdal Siya, na taglay ang payak at katutubong kagandahan ng isang buhay na walang-kasalanan Tungkol sa Kanyang pagkabata ay ganito ang sinasabi ng banal na tala, "Lumalaki ang bata, at lumalakas, at napupuspos ng karunungan; at sumasa Kanya ang biyaya ng Diyos." At tungkol sa Kanyang pagiging-kabataan ay ito ang nakatala, "Lumaki si Jesus sa karunungan at sa pangangatawan, at sa pagbibigay-lugod sa Diyos at sa mga tao."[1]

Ang gawain ng mga magulang at mga guro ay imi numungkahi rito. Dapat nilang maging layunin na lina ngin ang mga hilig ng mga kabataan upang sa bawa't yugto ng kanilang buhay ay mailarawan nila ang likas na kagandahang naaangkop sa panahong yaon, na katutubong namumukadkad, gaya ng mga halaman sa hardin.

Ang lalong kaakit-akit ay ang mga batang likas at di-naiim-pluwensiyahan. Hindi mainam na sila'y pag-ukulan ng tanging pansin, at ulit-ulitin sa harap nila ang kanilang mga sinasabing may-katalinuhan. Ang kapalaluan ay hindi dapat na ipamulat sa pamamagitan ng pagpuri sa kanilang mga anyo, sa kanilang mga salita, o sa kanilang mga kilos. Ni hindi sila dapat papagdamitin ng mga mamahalin o kaya'y sa paraang mapagparangya. Ito'y nag-uudyok sa kanila na magpalalo, at gumigising ng kainggitan sa mga puso ng kanilang mga kasama.

Ang maliliit na bata ay dapat turuan sa payak na paraang gaya ng bata. Dapat silang sanayin na masiyahan sa maliliit at nakatutulong na mga gawain at sa mga kinaluluguran at mga karanasang katutubo sa ka nilang mga gulang. Ang kamusmusan o panahon ng pag

[1] Lu. 2:40, 52.

kabata ay katumbas ng usbong sa talinhaga, at ang us bong ay may kariktang tanging-tanging sarili nito. Ang mga bata ay hindi dapat piliting patandain agad sa kanilang murang gulang, kundi bagkus dapat panatilihin hangga't maaari ang kasariwaan at kariktan ng [79]
kanilang kamuraan.

Ang maliliit na bata ay maaaring maging mga Kristiyano, na nagkakaroon ng isang karanasang kaayon ng kanilang mga gulang. Ito lamang ang inaasahan ng Diyos sa kanila. Dapat silang turuan sa mga bagay na ukol sa espiritu; at dapat silang bigyan ng mga magulang ng bawa't pakikinabangan, upang sila'y magkaroon ng mga likas na kawangis ng likas ni Kristo.

Sa mga batas ng Diyos sa katalagahan, ang epekto ay sumusunod sa sanhi nang may di-nagkakamaling katiyakan. Ang pag-aani ay nagpapatotoo tungkol sa kung naging ano ang paghahasik. Ang tamad na manggagawa ay pinarurusahan ng kanyang gawa. Ang ani ay nagpapatotoo laban sa kanya. Ganyan din sa mga bagay na espirituwal: ang katapatan ng bawa't manggagawa ay nasusukat sa mga ibinubunga ng kanyang gawain. Ang likas ng kanyang paggawa, kung masipag o tamad, ay inihahayag ng inaani. Sa ganitong paraan pinapasiyahan ang kanyang kapalaran o kahahantungan sa walang-hanggan.

Bawa't binhing inihahasik ay nagbubunga ng aning kauri nito. Ganyan din sa buhay ng tao. Kailangan nating lahat na maghasik ng mga binhi ng kahabagan, pakikiramay, at pag-ibig; sapagka't mag-aani tayo ng ating inihahasik. Bawa't likas ng pagkamakasarili, pag-ibig-sasarili, pagpapahalaga-sa-sarili, at bawa't gawa ng pag-papalayaw-sa-sarili, ay mag-aani ng ganito rin. Siya na nabubuhay sa sarili ay naghahasik sa laman, at sa laman siya'y mag-aani ng kasiraan.

Ang Diyos ay walang ipinahahamak na tao. Ang bawa't isang napapahamak ay sarili niya ang nagpahamak. Ang bawa't isa na umiinis o sumisikil sa mga payo ng budhi ay naghahasik ng mga binhi ng di-paniniwala, at ang mga ito ay magbubunga isang tiyak na ani. Sa pamamagitan ng pagtanggi sa unang babalang mula sa [80]
Diyos, si Paraon ay naghasik ng mga binhi ng katigasanng-ulo, at siya'y nag-ani ng katigasan-ng-ulo. Hindi siya pinilit ng Diyos na huwag maniwala. Ang binhi ng dipaniniwala na kanyang inihasik, ay nagbunga ng aning kauri nito. Kaya nga ang kanyang paglaban

ay nagpatuloy, hanggang sa mamasdan niya ang kanyang wasak na lupain, ang malamig na bangkay ng kanyang panganay, at ang mga panganay ng lahat na nasa kanyang bahay at ng lahat na pamilyang nasa kanyang kaharian, hanggang sa magtalikop ang mga tubig ng dagat sa kan-yang mga kabayo, sa kanyang mga karo at sa kanyang mga lalaking mandirigma. Ang kanyang kasaysayan ay isang nakatatakot na larawan ng katotohanan ng mga pangungusap na "ang lahat na ihasik ng tao, ay siya namang aanihin niya."[1] Kung nadarama lamang ito ng mga tao, disin sana'y mag-iingat sila sa kung anong binhi ang kanilang inihahasik.

Yayamang ang binhing inihahasik ay nagbubunga ng isang inaani, at ito ay inihahasik din, ang inaani ay dumarami. Sa ating pagkakaugnay sa iba, ang batas o kautusang ito ay tunay. Ang bawa't gawa, bawa't salita, ay isang binhing magbibigay ng bunga. Ang bawa't gawa ng maalalahaning kagandahang-loob, ng pagtalima, o ng pagtanggi-sa-sarili, ay uulitin o tutularan ng iba, at ng iba pa rin sa pamamagitan nila. Kaya nga ang bawa't gawang pagkainggit, masamang hangarin, o pakikipagtalo, ay isang binhing sisibol sa "ugat ng kapaitan,"[2] na sa pamamagitan nito ay marami ang mahahawahan. At gaano nga higit na lalaki ang bilang ng "maraming" lason. Sa ganito nagpapatuloy sa kasalukuyan at sa walanghanggan ang paghahasik ng mabuti at masama.

Ang kagandahang-loob o pagka-mapagbigay sa mga bagay na ukol sa espiritu at ukol sa buhay na ito ay itinuturo sa liksiyon ng paghahasik ng binhi. Ang wika ng Panginoon ay, "Mapapalad kayo na nangaghahasik sa siping ng lahat na tubig." "Sinasabi Ko, Ang
[81] naghaha- sik nang bahagya na ay mag-aani namang bahagya na; at ang naghahasik nang sagana ay mag-aani namang sagana."[1] Ang paghahasik sa siping ng lahat na tubig ay nangangahulugang isang patuloy na pagbibigay ng mga kaloob ng Diyos. Ito'y nangangahulugang pagbibigay saanman hinihingi ng gawain ng Diyos o ng mga pangangailangan ng sangkatauhan ang ating tulong. Hindi ito hahantong sa karukhaan o pagdaralita. "Ang naghahasik nang sagana ay mag-aani namang sagana." Pinararami ng manghahasik ang kanyang binhi sa pamamagitan ng paghahagis niyon. Ganyan

[1] Gal. 6:7.
[2] Heb. 12:15.
[1] Is. 32:20; 2 Cor. 9:6.

din ito sa mga tapat sa pamamahagi ng mga kaloob ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagbibigay ay pinararami nila ang kanilang mga pagpapala. Pinangakuan sila ng Diyos ng isang kasaganaan o kasapatan upang sila'y magpatuloy sa pagbibigay. "Mangagbigay kayo, at kayo'y bibigyan; takal na mabuti, pikpik, liglig, at umaapaw, ay ibibigay nila sa inyong kandungan."[2]

At higit pa kaysa rito ang nakakubli sa paghahasik at sa pag-aani. Sa ating pamamahagi ng mga pagpapala ng Diyos na ukol sa lupang ito, ang katunayan ng ating pag-ibig at pakikiramay ay gumigising sa tumatanggap ng pagkilala-ng-utang-na-loob at ng pagpapasalamat sa Diyos. Ang lupa ng puso ay naihahanda sa pagtanggap ng mga binhi ng espirituwal na katotohanan. At Siya na nagkakaloob ng binhi sa manghahasik ay magpapatubo sa binhi at magpapabunga hanggang sa buhay na walanghanggan.

Sa pamamagitan ng pagsasabog ng butil sa lupa, ay inilalarawan ni Kristo ang paghahain ng Kanyang sarili para sa ating katubusan. "Malibang ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay," wika Niya, "ay natitira siyang nag-iisa; nguni't kung mamatay, ay nagbubunga nang marami."[3] Kaya ang kamatayan ni Kristo ay hahantong sa pagbubunga para sa kaharian ng Diyos. Ayon sa batas ng [82]
kahariang ukol sa mga pananim, ay buhay ang ibubunga ng Kanyang pagkamatay.

At ang lahat ng nagnanais magbunga bilang mga manggagawang kasama ni Kristo, ay dapat munang mahulog sa lupa at mamatay. Ang buhay ay dapat ihagis sa bukid ng pangangailangan ng sanlibutan. Dapat mamatay ang pag-ibig-sa-sarili, ang pagmamalasakit-sa-sarili. Nguni't ang batas ng pagpapakasakit-sa-sarili ay siyang batas ng pagyayaman-sa-sarili. Ang binhing nalibing sa lupa ay nagbibigay ng bunga, at ang bungang ito ay itinatanim. Kaya nga ang ani ay dumarami. Iniingatan o pinagyayaman ng magsasaka ang kanyang butil sa pamamagitan ng pagsasabog nito. Kaya sa buhay ng tao, ang magbigay ay upang mabuhay. Ang buhay na maiingatan o mapagyayaman ay ang buhay na malayang ibinibigay sa paglilingkod sa Diyos at sa tao. Yaong mga naghahain ng kanilang

[2] Lu. 6:38.

[3] Juan 12:24.

buhay sa sanlibutang ito alang-alang kay Kristo, ay maiingatan ito hanggang sa buhay na walang-hanggan.

Ang binhi ay namamatay upang sumibol sa panibagong buhay, at dito'y tinuturuan tayo ng liksiyon ng pagkabuhay na mag-uli. Lahat ng nagsisiibig sa Diyos ay mabubuhay na muli sa Edeng nasa itaas. Tungkol sa bangkay ng tao na inililibing upang mabulok sa libingan ay ganito ang sinasabi ng Diyos, "Itinatanim na maykasiraan; binubuhay na mag-uli na walang-kasiraan; itinatanim na may-pagkasiphayo; binubuhay na mag-uli na may-kaluwalhatian: itinatanim na may-kahinaan; binubuhay na mag-uli na may-kapangyarihan."[1]

Ang mga ito ay ilan sa maraming mga liksiyong itinuturo ng buhay na talinhaga ng katalagahan tungkol sa manghahasik at sa binhi. Bilang mga magulang at mga guro ay sikapin ninyong ituro ang mga liksiyong ito, ang gawain ay dapat gawing praktikal. Bayaang ang mga bata na rin ang maghanda ng lupa at maghasik
[83] ng binhi. Sa kanilang paggawa, ay maipaliliwanag ng magulang o ng guro ang hardin ng puso na doo'y may napapahasik na mabuti o masamang binhi, at kung paanong ang hardin ay dapat ihanda para sa likas na binhi, gayundin dapat ihanda ang puso para sa binhi ng katotohanan. Habang ang binhi ay inihahasik sa lupa, ay makapagtuturo ito ng liksiyon tungkol sa kamatayan ni Kristo; at habang ang usbong ay sumisibol, maituturo nito ang liksiyon tungkol sa katotohanan ng pagkabuhay na maguli. Habang tumutubo at lumalaki ang mga pananim, ang pagtutugunan o pagkakatulad ng likas at ng espirituwal na paghahasik ay maaaring magpatuloy.

Ang mga kabataan ay dapat turuan sa ganito ring paraan. Dapat silang turuang magbungkal ng lupa. Makabubuti kung may mga lupaing malilinang, na kaugnay ng bawa't paaralan. Ang mga ganitong lupain ay dapat ituring na sariling silid-paaralan ng Diyos. Ang mga bagay ng katalagahan o kalikasan ay dapat tingnan bilang isang aklat-aralin na dapat pag-aralan ng Kanyang mga anak, at mula roo'y maaari silang makapagtamo ng kaalaman tungkol sa ikalilinang ng kaluluwa.

Sa pagbubungkal ng lupa, sa paglalawag at paglilinang ng lupain, ay may mga liksiyong maaaring patuloy na matutuhan. Walang

[1] 1 Cor. 15:42, 43.

mag-iisip na manirahan sa isang piraso ng lupa, na iyon ay aasahan kaagad na magbibigay ng isang aanihin. Kasigasigan, kasipagan, at matiyagang paggawa ang dapat na iukol sa pagbubungkal ng lupang inihahanda sa paghahasik ng binhi. Ganyan din sa espirituwal na paggawa sa puso ng tao. Yaong mga nagnanais na makinabang sa pagbubungkal ng lupa ay dapat humayong taglay ang salita ng Diyos sa kanilang mga puso. Kanila kung gayong masusumpungan ang napabayaang lupa ng puso na nabungkal sa pamamagitan ng nagpapalambot at nagpapasukong impluwensiya ng Banal na Espiritu. Malibang bigyan ang lupa ng puspusang paggawa, ito'y hindi magbibigay ng ani. Ganyan din sa lupa ng puso: dapat gumawa rito ang Espiritu ng Diyos, upang ito'y pakinisin at disiplinahin, bago [84]
ito makapagbigay ng bunga sa kaluwalhatian ng Diyos.

Ang lupa ay hindi magbibigay ng mga kasaganaan nito kapag binungkal sa pamamagitan ng biglang udyok ng damdamin. Ito'y nangangailangan ng masusing pagaasikaso araw-araw. Dapat itong araruhing madalas at malalim, taglay ang pagnanasang maalis ang mga damong kumukuha ng pagkain sa mabubuting binhing itinanim. Sa ganitong paraan naghahanda sa pag-aani ang mga nag-aararo at naghahasik. Hindi kailangan ng sinuman na tumayo sa bukid sa gitna ng malungkot na pagkawasak ng kanilang mga pag-asa.

Ang pagpapala ng Panginoon ay mababababaw sa mga gumagawa nang ganito sa lupain, na natututo ng mga espirituwal na liksiyon mula sa katalagahan. Sa paglilinang ng lupa ay kakaunti ang nalalaman ng nagpapagal kung anong mga kayamanan ang mabubuksan sa harapan niya. Bagama't hindi niya dapat hamakin ang turo o tagubiling maaaring matipon niya buhat sa mga isipan ng mga nagkaroon na ng karanasan, at buhat sa impormasyong maaaring ipagkaloob ng matatalinong tao, siya na rin ay dapat magtipon ng mga liksiyon para sa kanyang sarili. Ito ay isang bahagi ng kanyang pagsasany o pag-aaral. Ang paglilinang ng lupa ay magpapatunay na isang pagpapanuto sa kaluluwa.

Siya na nagpapasibol sa binhi, na nangangalaga rito araw at gabi, na nagbibigay rito ng kapangyarihan upang tumubo at lumaki, ay siyang Awtor o Gumawa ng ating pagkatao, ang Hari ng kalangitan, at Siya'y nagsasagawa pa rin ng higit na malaking pag-iingat at pagmamalasakit sa kapakanan ng Kanyang mga anak. Samantalang itinatanim ng taong manghahasik ang binhi upang sustinihan ang

ating buhay sa lupa, itatanim naman ng Diyos na Manghahasik sa
kaluluwa ang binhing magbubunga hanggang sa buhay na walang-
[85] katapusan.

# Kapitulo 7—Lebadura ang Gumagawa ng Pagkakaiba

MARAMING nagsipag-aral at maimpluwensiyang mga tao ang nagsilapit upang pakinggan ang Propeta ng Galilea. Minasdan ng ilan sa mga ito nang may mapagusisang pananabik ang karamihang libumbon ng mga tao na nagkatipon sa pali'oot ni Kristo habang Siya'y nagtuturo sa tabindagat. Sa malaking hukbong ito ng mga tao ay nakatawanan ang lahat ng mga uri ng lipunan. Naroon ang mga dukha, ang mga di-marunong magsibasa, ang gusgusing pulubi, ang magnanakaw na may tanda ng pagkakasala sa mukha, ang pilay, ang bulagsak, ang mangangalakal at ang tao ng kaginhawahan, mataas at mababa, mayaman at maralita, lahat ay nagsisiksikan sa isa't isa upang makakuha ng lugar na matatayuan at mapapakinggan ang mga salita ni Kristo. Habang pinagmamasdan ng mga may-kalinangang taong ito ang kataka-takang kapulungan, ay tinanong nila ang kanilang mga sarili, Ang kaharian ba ng Diyos ay binubuo ng sangkap na gaya nito? Muling tumugon ang Tagapagligtas sa pamamagitan ng isang talinhaga: —

"Ang kaharian ng langit ay tulad sa lebadura, na kinuha ng isang babae, at itinago sa tatlong takal na harina, hanggang sa ito'y nalebadurahang lahat."

Sa mga Hudyo, ang lebadura ay ginagamit kung mag- kaminsan [86]
bilang isang sagisag ng kasalanan. Noong panahon ng Paskuwa ay inatasan ang mga tao na kanilang alisin ang lahat ng lebadura sa kanilang mga bahay, na gaya ng pag-aalis nila ng kasalanan sa kanilang mga puso. Binabalaan ni Kristo ang Kanyang mga alagad, "Mangagingat kayo sa lebadura ng mga Pariseo, na ito'y pagpapaimbabaw nga." At si Apostol Pablo ay may sinasabi tungkol sa "lebadura ng masamang akala at ng kasamaan."[1] Datapwa't sa talinhaga ng Tagapagligtas, ang lebadura ay ginagamit upang maglarawan ng kaharian

[1] Lu. 12:1; 1 Cor. 5:8.

ng langit. Inilalarawan nito ang bumubuhay at lumalagom na kapangyarihan ng biyaya ng Diyos.

Walang napakaimbi, walang napakahamak, na di maaabot ng paggawa ng kapangyarihang ito. Sa lahat na magpapasakop ng kanilang mga sarili sa Banal na Espiritu ay isang, bagong simulain ng buhay ang dapat na maitanim o maikintal; ang nawalang larawan ng Diyos ay dapat maibalik sa sangkatauhan.

Subali't hindi magagawang baguhin ng tao ang kanyang sarili sa pamamagitan ng paggamit o pagsasanay ng kanyang kalooban. Wala siyang tinataglay na kapangyarihan na sa pamamagitan nito'y maisasagawa ang ganitong pagbabago. Ang lebadura—isang bagay na buungbuo sa labas—ay dapat isama sa harina bago magawa rito ang ninanais na pagbabago. Kaya nga dapat tanggapin ng makasalanan ang biyaya ng Diyos bago siya maging nararapat o naaangkop sa kaharian ng kaluwalhatian. Lahat ng kalinangan at kapanutuhang maibibigay ng sanlibutan, ay mabibigo na gawing isang anak ng langit ang isang nakahihiyang anak ng kasalanan. Ang bumabagong kalakasan ay dapat manggaling sa Diyos. Ang pagbabago ay magagawa lamang sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Lahat ng may nais na maligtas, mataas o mababa, mayaman o dukha, ay dapat pasakop sa paggawa ng kapangyarihang ito.

[87] Kung paanong ang lebadura, kapag naihalo sa ha- rina, ay gumagawa mula sa loob palabas, ay gayundin naman sa pagbabago ng puso na ang biyaya ng Diyos ay gumagawa upang baguhin ang kabuhayan. Hindi sapat ang panlabas na pagbabago upang tayo'y makatugma ng Diyos. Marami ang nagsisikap na magbago sa pamamagitan ng pagwawasto ng ganito at gayong masamang kaugalian, at sila'y umaasang sa ganitong paraan ay sila'y magiging mga Kristiyano, subali't sila'y nagpapasimula sa maling pook. Ang ating unang paggawa ay sa puso.

Ang pagpapanggap ng pananampalataya at ang pagtataglay ng katotohanan sa kaluluwa ay dalawang magkaibang bagay. Hindi sapat na maalaman lamang ang katotohanan. Maaaring angkin natin ito, subali't ang daloy o hilig ng ating isipan ay maaaring hindi nababago. Ang puso ay kailangang mahikayat at mapabanal.

Ang taong nagpipilit na tuparin ang mga utos ng Diyos sa pagkadamang iyon ay tungkulin lamang—sapagka't iyon ay hinihinging kanyang gawin—ay hindi kailanman makapapasok sa ka-

galakan ng pagtalima. Hindi siya sumusunod. Kapag ang mga hinihingi ng Diyos ay ibinibilang na isang pasanin sa dahilang iyon ay sumasalansang sa hilig ng tao, ay maaari nating matalastas na ang buhay ay hindi isang kabuhayang Kristiyano. Ang tunay na pagsunod o pagtalima ay ang ganap na paggawa ng isang simulain sa loob. Ito'y sumisibol dahil sa pag-ibig sa katwiran, sa pag-ibig sa kautusan ng Diyos. Ang kakanggata ng lahat na katwiran ay pagtatapat sa ating Manunubos. Aakayin tayo nito sa paggawa ng matwid sapagka't iyon ang matwid,—sapagka't ang paggawa ng katwiran ay nakalulugod sa Diyos.

Ang dakilang katotohanan ng pagkahikayat ng puso sa pamamagitan ng Banal na Espiritu ay ipinakikilala sa pangungusap ni Kristo kay Nicodemo: "Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaha- rian ng Diyos. . . . Ang ipinanganak ng laman [88]
ay laman nga, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu nga. Huwag kang magtaka sa Aking sinabi sa iyo, kinakailangan ngang kayo'y ipanganak na muli. Humihihip ang hangin kung saan niya ibig, at naririnig mo ang kanyang ugong, nguni't hindi mo nalalaman kung saan nanggagaling at kung saan naparoroon. Gayon ang bawa't ipinanganganak ng Espiritu."[1]

Si Apostol Pablo, na sumusulat sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ay nagsasabi, "Ang Diyos, palibhasa'y mayaman sa awa, dahil sa Kanyang malaking pagibig na Kanyang iniibig sa atin, bagama't tayo'y mga patay dahil sa ating mga kasalanan, ay tayo'y binuhay na kalakip ni Kristo, (sa pamamagitan ng biyaya kayo'y nangaligtas;) at tayo'y ibinangong kalakip Niya, at pinaupong kasama Niya sa sangkalangitan kay Kristo Jesus: upang sa mga panahong darating ay maihayag Niya ang dakilang kayamanan ng Kanyang biyaya sa kagandahangloob sa atin kay Kristo Jesus. Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili; ito'y kaloob ng Diyos."[2]

Ang lebadurang nakatago sa harina ay gumagawa nang dinakikita upang malebadurahang lahat ang buong limpak; ganyan din palihim, tahimik, at panatag na gumagawa ang lebadura ng

[1] 1 Juan 3:3-8.
[2] Ef. 2:4-8.

katotohanan, upang baguhin ang kaluluwa. Ang mga katutubong hilig ay pinalalambot at sinusupil. Mga bagong isipan, mga bagong pakiramdam o damdamin, at mga bagong adhikain ang itinatanim. Isang bagong pamantayan ng karakter ang inilalagay,— ang buhay ni Kristo. Ang isip ay binabago; ang mga kakayahan ay kinikilos na gumawa sa mga bagong hanay. Ang tao ay hindi pinagkakalooban ng mga bagong kakayahan, kundi ang mga kakayahang angkin niya o nasa kanya ay pinababanal. Ang budhi ay ginigising. Tayo'y binibigyan ng mga katangian ng karakter na nagbibigaykaya sa atin
[89] na makagawa ng paglilingkod sa Diyos.

Madalas na bumabangon ang katanungang, Bakit nga lubhang marami, na nag-aangking sumasampalataya sa salita ng Diyos, ay hindi naman kinakikitaan ng pagbabago sa mga salita, sa diwa, at sa karakter? Bakit lubhang marami ang hindi makatiis kapag sinasalungat ang kanilang mga hangarin at mga panukala, na nagpapamalas ng di-banal na kainitan ng ulo, at ang mga salita ay mababagsik, palalo, mapusok? Nakikita sa kanilang mga kabuhayan iyunding pag-ibig sa sarili, iyunding makasariling pagpapakalayaw, iyunding kainitan ng ulo at pabigla-biglang pagsasalita, na namamalas sa buhay ng makasanlibutan. Nandoon iyunding mapagdamdam na pagmamataas, iyunding pagsuko sa katutubong hilig, iyunding kabalakyutan ng likas o karakter, na para bagang ganap nilang dinalalaman ang katotohanan. Ang dahilan ay sapagka't hindi sila hikayat. Hindi nila itinago sa puso ang lebadura ng katotohanan. Hindi iyon nagkaroon ng pagkakataong makagawa ng gawain niyon. Ang kanilang katutubo at nalinang na mga hilig sa kasamaan ay hindi naipasakop sa bumabago niyong kapang-yarihan. Inihahayag ng kanilang mga kabuhayan ang kawalan ng biyaya ni Kristo, ang di-paniniwala sa Kanyang kapangyarihan na makababago ng karakter.

"Ang paniniwala'y nanggagaling sa pakikinig, at ang pakikinig ay sa pamamagitan ng salita ng Diyos." Ang Mga Kasulatan ay siyang dakilang kasangkapan sa ikapagbabago ng karakter. Si Kristo'y dumalanging, "Pakabanalin Mo sila sa katotohanan; ang salita Mo'y katotohanan."[1] Kung pinag-aaralan at tinatalima, ang salita ng Diyos ay gumagawa sa puso, na sinusupil ang bawa't

[1] Rom. 10:17; Juan 17:17.

masamang likas. Ang Banal na Espiritu ay dumarating upang sumumbat sa kasalanan, at ang pananampalatayang sumisibol sa puso ay gumagawa sa pamamagitan ng pag-ibig kay Kristo, na sa katawan, kaluluwa, at espiritu ay iniaayon tayo sa Kanyang sariling larawan. Pagkatapos ay gagamitin tayo ng Diyos sa pagganap ng Kan- yang [90] kalooban. Ang kapangyarihang ipinagkakaloob sa atin ay gumagawa mula sa loob palabas, na inaakay tayong ipakilala sa iba ang katotohanang ipinakilala sa atin.

Nakakaharap ng mga katotohanan ng salita ng Diyos ang malaking praktikal na pangangailangan ng tao,—ang pagkahikayat ng kaluluwa sa pamamagitan ng pananampalataya. Ang mga dakilang simulaing ito ay hindi dapat isiping totoong dalisay at banal upang maisakabuhayan araw-araw. Ang mga ito ay mga katotohanang umaabot sa langit at nakasasapit sa walang-hanggan, gayunma'y dapat maihabi sa karanasan ng tao ang pambuhay na impluwensiya ng mga ito. Dapat tigmakin ng mga ito ang lahat ng malalaking bagay at ang lahat ng maliliit na bagay ng buhay.

Kapag tinatanggap sa puso, ang lebadura ng katotohanan ay magsasaayos ng mga ninanasa, dadalisay ng mga iniisip, at magpapatamis ng disposisyon. Binubuhay nito ang mga kakayahan ng pag-iisip at ang mga kalakasan ng kaluluwa. Pinalalaki nito ang kapasidad para sa pakiramdam at para sa pag-ibig.

Itinuturing ng sanlibutan na isang hiwaga ang taong lipos ng ganitong simulain. Ang taong masakim at maibigin-sa-salapi ay nabubuhay lamang upang magtamo para sa kanyang sarili ng mga kayamanan, mga karangalan, at mga kalayawan ng sanlibutang ito. Ang walanghanggang sanlibutan ay wala sa kanyang pagsasaalangalang. Nguni't sa tagasunod ni Kristo ang mga bagay na ito ay hindi siyang pag-uubusan ng buong pag-iisip. Alang-alang kay Kristo ay gagawa siya at pagkakaitan ang sarili, upang siya'y makatulong sa dakilang gawain ng pagliligtas ng mga kaluluwa na mga walang Kristo at mga walang pag-asa sa sanlibutan. Ang ganitong tao ay hindi mauunawaan ng sanlibutan; sapagka't ang lagi nitong tinatanaw ay ang mga walang-hanggang katotohanan. Ang pag-ibig ni Kristo na taglay ang tumutu- bos nitong kapangyarihan ay nakapa- [91] sok sa puso. Dinadaig ng pag-ibig na ito ang bawa't ibang adhikain, at itinataas ang nagtataglay nito sa ibabaw ng nagpapasamang impluwensiya ng sanlibutan.

Ang salita ng Diyos ay dapat magkaroon ng bumabanal na bisa sa ating pakikisama sa bawa't kaanib ng sambahayan ng mga tao. Ang lebadura ng katotohanan ay hindi magbubunga ng diwa ng pagpapangagawan, ng pag-ibig sa ambisyon, ng paghahangad na maging una. T'unay, pag-ibig na buhat sa langit ay hindi makasarili at hindi pabagu-bago. Hindi ito umaasa sa papuri ng tao. Ang puso ng tumatanggap ng biyaya ng Diyos ay nag-uumapaw sa pag-ibig sa Diyos at sa mga pinagkamatayan ni Kristo. Ang sarili ay hindi nakikipagpunyagi para makilala. Hindi niya iniibig ang iba nang dahil sa siya'y iniibig at kinaluluguran ng mga ito, nang dahil sa pinahahalagahan ng mga ito ang kanyang mga kagalingan, kundi dahil sa ang mga ito ay mga biniling pagaari ni Kristo. Kung ang kanyang mga adhikain, mga salita, o mga kilos o mga gawa ay di-nauunawaan o napagkakamalian, ay hindi siya nagagalit, kundi bagkus nagpapatuloy siya sa panatag na tunguhin ng kanyang lakad. Siya'y mabait at maalalahanin, mapaspakumbaba sa kanyang kuru-kuro tungkol sa kanyang sarili, gayunma'y lipos ng pag-asa, na laging nagtitiwala sa kahabagan at pag-ibig ng Diyos.

Pinapayuhan tayo ng apostol, "Yamang banal ang sa inyo'y tumawag, ay mangagpakabanal naman kayo sa lahat ng paraan ng pamumuhay; sapagka't nasusulat, Kayo'y mangagpakabanal; sapagka't Ako'y banal."[1] Dapat makuntrol ng biyaya ni Kristo ang lagay ng loob at ang tinig. Ang paggawa nito ay makikita sa pagka-magalang at sa magiliw na pagtinging ipinamamalas ng kapatid sa kapatid, at sa mabait at nagpapalakas-ng-loob na mga salita. Sumasatahanan ang pakikiharap ng isang anghel. Nalalanghap ng
[92] buhay ang isang kaiga-igayang pabango na pumapailanlang sa Diyos na gaya ng banal na kamangyan. Ang pag-ibig ay nakikita sa kabaitan, kahinahunan, pagtitiis, at pagpapahinuhod.

Ang mukha ay nag-iiba. Ang paninirahan ni Kristo sa puso ay lumiliwanag sa mga mukha niyaong mga umiibig sa Kanya at tumutupad ng Kanyang mga utos. Ang katotohanan ay nakasulat doon. Ang matamis na kapayapaan ng langit ay namamalas. Doo'y nahahayag ang pinagkaugaliang kahinahunan, isang higit pa kaysa pagibig ng tao.

[1] 1 Ped. 1:15, 16.

Ang lebadura ng katotohanan ay gumagawa ng pagbabago sa kabuuan ng tao, na ginagawang makinis ang magaspang, mahinahon ang mapusok, at mapagbigay ang masakim. Sa pamamagitan nito ang marumi ay nililinis, na hinuhugasan sa dugo ng Kordero. Sa pamamagitan ng nagbibigay-buhay sa kapangyarihan nito ang buong pag-iisip at kaluluwa at kalakasan ay naiipakipagkaisa sa banal na kabuhayan. Ang tao sa kanyang likas na pagkatao ay nagiging kabahagi ng Diyos. Si Kristo ay pinararangalan sa kagalingan at kasakdalan ng karakter. Habang nagkakabisa ang ganitong mga pagbabago, ang mga anghel ay maligayang nangag-aawitan, at ang Diyos at si Kristo ay nagagalak sa mga kaluluwang nangahuhugis ayon sa wangis ng Diyos. [93]

## Kapitulo 8—Natatagong Kayamanan

MULI, ang kaharian ng langit ay tulad sa kayamanang natatago sa bukid; na nang masumpungan ng isang tao, ay kanyang itinago, at sa kanyang kagalakan ay yumaon at ipinagbili ang lahat niyang tinatangkilik, at binili ang bukid na yaon.”

Noong panahong sinauna ay kinaugalian na ng mga tao na itago o ibaon sa lupa ang kanilang mga kayamanan. Madalas noon ang pandarambong at pagnanakaw. At kailanma’t nagkakaroon ng pagbabago sa nagpupunong kapangyarihan, ay pinapatawan ng mabigat na buwis ang mga may malalaking tinatangkilik. Bukod dito, ang bansa ay lagi noong nasa panganib ng pananalakay ng mga hukbong mandarambong. Dahil sa pangyayaring ito, pinagsikapan ng mayayaman na ingatan ang kanilang kayamanan sa pamamagitan ng pagtatago niyon, at ang lupa ang nakita nilang ligtas na taguan. Subali’t madalas na nalilimutan ang pook na pinagtataguan; ang may-ari maaaring namatay, maaari namang nahiwalay siya sa kanyang kayamanan dahil sa pagkakabilanggo o pagkakatapon, at ang kayamanang pinaghirapan niyang ingat-ingatan ay naiwan sa mapalad na nakakuha. Noong mga kaarawan ni Kristo ay hindi di-karaniwan na makatuklas sa napabayaang lupain ng matatandang
[94] salapi at mga palamuting ginto at pilak.

Isang lalaki ang umupa ng lupa upang iyon ay linangin, at nang inaararo na ng mga baka ang lupa, ang nakabaong kayamanan ay nahukay. Sa pagkakatuklas ng lalaki sa kayamanang ito, ay nakita niyang isang kapalaran ang nasa kanyang mga kamay. Pagkasauli ng ginto sa taguan nito, siya’y nagbalik sa kanyang bahay at ipinagbili ang lahat ng tinatangkilik niya, upang bilhin ang bukid na kinaroroonan ng kayamanan. Ipinalagay ng kanyang pamilya at ng kanyang mga kapitbahay na siya’y kumikilos na gaya ng isang baliw. Sa kanilang pagtingin sa bukid, ay wala silang nakikitang anumang mahalaga sa napabayaang lupa. Gayunma’y nalalaman ng lalaki ang kanyang ginagawa; at nang mapasakanya na ang titulo ng

bukid, ay sinaliksik niya ang lahat ng dako niyon upang hanapin ang kayamanang kanyang natagpuan.

Inilalarawan, ng talinhagang ito ang kahalagahan ng kayamanang ukol sa langit, at ang pagsisikap na dapat gawin upang iyon ay makamtan. Ang nakakuha ng kayamanan ay naging handa na mahiwalay sa lahat ng kanyang tinatangkilik, naging handa na magukol ng walangpagod na paggawa, upang matamo ang natatagong mga kayamanan. Kaya hindi ibibilang ng nakakuha ng kayamanang ukol sa langit na totoong malaki ang pagpapagal at totoong mahal ang pagpapakasakit, upang makamtan ang mga kayamanan ng katotohanan.

Sa talinhaga ang bukid na kinaroroonan ng kayamanan ay kumakatawan sa Mga Banal na Kasulatan. At ang ebanghelyo ay siyang kayamanan. Ang lupa na rin ay hindi lubhang nakakalatan ng mga ginintuang ugat at puno ng mahahalagang bagay na gaya ng salita ng Diyos.

## Kung Paano Natatago

Ang mga kayamanan ng ebanghelyo ay sinasabing natatago. Ang
kagandahan at kapangyarihan at hiwaga ng panukala ng pagtubos [95]
ay hindi nauunawaan ng mga pantas sa kanilang sariling palagay, [96]
na mga palalo dahil sa pagtuturo ng walang-kabuluhang pilosopya. Marami ang may mga mata, nguni't hindi sila nakakakita; sila'y may mga tainga, nguni't hindi sila nakakarinig; sila'y may katalinuhan, nguni't hindi nila nahihiwatigan ang nakatagong kayamanan.

Maaaring ang isang tao ay maparaan sa pook na doon itinago ang kayamanan. Sa laki ng pangangailangan ay maaaring siya'y umupo upang mamahinga sa paanan ng isang punungkahoy, nang hindi nalalamang may natatagong mga kayamanan sa mga ugat nito. Ganyan ang nangyari sa mga Hudyo. Bilang isang gintong kayamanan, ang katotohanan ay ipinagkatiwala sa bansang Hudyo. Ang pangangasiwa ng mga Hudyo sa mga bagaybagay, na may lagda ng langit, ay itinatag mismo ni Kristo. Ang mga dakilang katotohanan ng pagtubos ay nilambungan sa mga anino at mga sagisag. Gayunman, nang si Kristo'y pumarito, ay hindi Siya nakilala ng mga Hudyo na siyang itinuturo ng mga sagisag na ito. Napasakamay nila ang salita ng Diyos; datapwat' itinago sa kanila ng mga sali't saling

sabi o ng mga tradisyong nagpasalin-salin sa lahat ng saling-lahi, at ng pagpapaliwanag ng tao sa mga Kasulatan, ang katotohanang gaya ng na kay Jesus. Ang kahulugang espirituwal ng mga banal na sulat ay nawala. Ang kabang-yaman ng lahat ng kaalaman ay binuksan sa kanila, nguni't hindi nila iyon naalaman.

Hindi itinatago ng Diyos sa mga tao ang Kanyang katotohanan. Dahil sa kanilang sariling takbo ng gawain ay pinalabo nila iyon sa kanilang mga sarili. Binigyan ni Kristo ang mga Hudyo ng maraming katunayan na Siya ang Mesiyas; subali't ang Kanyang aral ay humihingi ng isang tiyak na pagbabago sa kanilang mga kabuhayan. Kanilang nakita na kung tatanggapin nila si Kristo, ay
[97] dapat nilang iwan ang kanilang mga pinaha- halagahang salawikain at mga tradisyon, ang kanilang makasarili at walang-kabanalang mga gawain. Kinakailangan ang isang pagpapakasakit upang matanggap ang walang-pagbabago at walang-hanggang katotohanan. Kaya nga ayaw nilang tanggapin ang pinakatiyak na katunayan na maibibigay ng Diyos upang matatag ang pananampalataya kay Kristo. Sila'y nagpanggap na naniniwala sa Mga Kasulatan ng Matandang Tipan, gayunma'y tinanggihan nilang tanggapin ang patotoong nakalaman doon tungkol sa buhay at karakter ni Kristo. Ikinatakot nila ang sila'y mapapaniwala, sapagka't baka sila'y mahikayat, at mapilitang itakwil ang kanilang nayari nang mga palagay o mga kuru-kuro. Ang kayamanan ng ebanghelyo, ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay, ay napasagitna nila, subali't itinakwil nila ang pinakadakilang kaloob na maibibigay ng langit.

"Sa mga pinuno ay maraming nagsisampalataya sa Kanya," ating mababasa; "datapwa't dahil sa mga Pariseo ay hindi nila ipinahayag, baka sila'y mapalayas sa sinagoga."[1] Sila'y kumbinsido; sila'y naniwalang si Jesus ay siyang Anak ng Diyos; subali't hindi kaayon ng kanilang ambisyosong mga hangarin na ipahayag Siya. Hindi sila nagkaroon ng pananampalatayang ikinapagtamo sana nila ng kayamanang ukol sa langit. Ang hinanap nila'y kayamanan ng sanlibutan.

At sa kasalukuyan ang mga tao ay sabik na naghahanap ng kayamanang ukol sa lupa. Ang kanilang mga pag-iisip ay puno ng makasarili't ambisyosong mga panukala. Alang-alang sa ika-

[1] Juan 12:42.

pagtatamo ng mga kayamanan, karangalan, o kapangyarihan ng sanlibutan, ay pinapangingibabaw nila ang mga salawikain, mga tradisyon, at ang mga hinihingi ng mga tao sa mga hinihingi ng Diyos. Napapatago sa kanila ang mga kayamanan ng Kanyang salita.

"Ang taong ayon sa laman ay hindi tumatanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos; sapagka't ang mga ito ay kamangmangan [98]
sa kanya; at hindi niya nauunawa, sapagka't ang mga yaon ay sinisiyasat ayon sa espiritu."[1]

"Kung ang aming ebanghelyo ay natatalukbungan pa, ay may talukbong sa mga napapahamak; na binulag ng diyos ng sanlibutang ito ang mga pag-iisip ng mga hindi nagsisisampalataya, upang sa kanila'y huwag sumilang ang kaliwanagan ng ebanghelyo ng kaluwalhatian ni Kristo, na siyang larawan ng Diyos."[2]

## Halaga ng Kayamanan

Nakita ng Tagapagligtas na ang mga tao ay buhos na buhos ang isipan sa pagtatamo ng pakinabang, at nawawala na sa alaala ang tungkol sa walang-hanggang mga katotohanan. Pinagsikapan Niyang iwasto ang kasamaang ito. Sinakit Niyang sirain ang pagkahaling na nagpapamanhid sa kaluluwa. Itinataas ang Kanyang tinig na Siya'y nagwika, "Ano ang pakikinabangin ng tao, kung makamtan niya ang buong sanlibutan at mawawalan siya ng kanyang buhay? o ano ang ibibigay ng tao na katumbas ng kanyang buhay?"[3] Iniharap Niya sa nagkasalang sangkatauhan ang lalong dakilang sanlibutan na kanila nang nalimutan, upang kanilang makita ang walang-hanggang mga katotohanan. Kanyang dinala sila sa pinto ng Walang-hanggan, na sagana sa di-mailarawang kaluwalhatian ng Diyos, at ipinakita sa kanila ang kayamanan doon.

Ang halaga ng kayamanang ito ay higit sa ginto at pilak. Ang mga kayamanan ng mga mina sa lupa ay hindi maihahambing dito.

"Sinasabi ng kalaliman, Wala sa akin;
At sinasabi ng dagat, Hindi sumasaakin.

[1] 1 Cor. 2:14.
[2] 2 Cor. 4:3, 4.
[3] Mat. 16:26.

Hindi mabibili ng ginto,
Ni matitimbangan man ng pilak ang halaga niyaon.
Hindi mahahalagahan ng ginto sa Ophir,
[99] Ng mahahalagang onix, o ng sapiro.
Ginto at salamin ay hindi maihahalintulad doon;
Ni maipagpapalit man sa mga hiyas na dalisay na ginto.
Hindi mabibilang ang koral o ang kristal,
Sapagka't ang halaga ng karunungan ay higit sa mga rubi."[1]

Ito ang kayamanang nasusumpungan sa Mga Kasulatan. Ang Biblia ay dakilang aklat-aralin ng Diyos, Kanyang dakilang tagapagpanuto o edukador. Ang saligan o patibayan ng lahat ng tunay na siyensiya ay nakalaman sa Biblia. Ang bawa't sanga ng kaalaman ay maaaring matagpuan sa pamamagitan ng pagsasaliksik ng salita ng Diyos. At higit sa lahat ng bagay pa ito'y naglalaman ng siyensiya ng lahat ng mga siyensiya, ang siyensiya ng kaligtasan. Ang Biblia ay mina ng di-malirip na mga kayamanan ni Kristo.

Ang tunay at lalong mataas na karunungan ay natatamo sa pamamagitan ng pag-aaral at pagganap ng salita ng Diyos. Subali't kapag ang salita ng Diyos ay isinasaisantabi upang palitan ng mga aklat na hindi nakapag-aakay patungo sa Diyos at sa kaharian ng langit, ang karunungang natatamo ay isang maling-pagpapakahulugan sa pangalan.

May mga kahanga-hangang katotohanan sa katalagahan. Ang lupa, ang dagat, at ang himpapawid ay puno ng katotohanan. Ang mga ito ang siya nating mga guro. Pinamumutawi ng katalagahan ang kanyang tinig sa mga aralin ng makalangit na karunungan at walang-hanggang katotohanan. Nguni't hindi makauunawa ang nagkasalang tao. Pinalabo ng kasalanan ang kanyang paningin, at siya sa kanyang sarili ay hindi makapagpaliwanag ng tungkol sa katalagahan nang hindi ito ilalagay na higit sa Diyos. Ang mga tumpak na aralin ay hindi makagagawa ng pagkikintal sa mga pag-
[100] iisip ng mga nagsisitang- gi sa salita ng Diyos. Ang pagtuturo ng katalagahan ay lubhang isininsay o pinasama nila na anupa't pinatatalikod nito ang pag-iisip na palayo sa Lumalang.

[1] Job 28:14-18.

Sa marami, ang karunungan ng tao ay ipinalalagay na higit pang mataas kaysa karunungan ng Diyos na Guro, at ang aklat-aralin ng Diyos ay itinuturing na makaluma, nakaiinip, at di-nakawiwili. Datapwa't sa mga pinasigla ng Banal na Espiritu ay hindi ganito ang kanilang pagtuturing o pagkakilala dito. Kanilang nakikita ang napakahalagang kayamanan, at nanaisin nilang ipagbili ang lahat upang mabili naman ang bukid na kinaroroonan nito. Sa halip na mga aklat na naglalaman ng mga pala-palagay ng mga inaakalang dakilang mangangatha, ay kanilang pinipili ang salita Niyaong pinakadakilang awtor at pinakadakilang guro na kailanma'y nakilala na ng sanlibutan, na nagbigay ng Kanyang buhay dahil sa atin, upang sa pamamagitan Niya ay magkaroon tayo ng walang-hanggang buhay.

### Mga Bunga ng Pagpapabaya sa Kayamanan

Gumagawa si Satanas sa mga pag-iisip ng mga tao, na inaakay silang mag-akala na may kahanga-hangang karunungang makakamtan nang hiwalay sa Diyos. Sa pamamagitan ng madayang pangangatwiran ay inakay nito sina Adan at Eba na mag-alinlangan sa salita ng Diyos, at lagyan ang lugar nito ng isang teorya na humantong sa pagsuway. At ang madayang pangangatwiran nito ay gumagawa ngayon ng ginawa niyon sa Eden. Ang mga guro na hinahaluan ang kanilang itinuturo ng mga damdamin ng mga awtor na walang-relihiyon, ay nagpupunla sa mga pag-iisip ng mga kabataan ng mga isipang hahantong sa di-pagtitiwala sa Diyos at sa pagsalansang sa Kanyang kautusan. Bahagya na nilang nalalaman kung ano ang kanilang ginagawa. Bahagya na nilang madama kung ano ang ibubunga ng kanilang gawain. [101]

Ang isang estudyante ay maaaring dumaan sa lahat ng mga baitang ng mga paaralan at mga kolehiyo ngayon. Maaaring iukol niya ang kanyang buong kapangyarihan sa ikapagtatamo ng karunungan. Subali't malibang siya'y may pagkakilala sa Diyos, malibang tinatalima ang mga kautusang namamahala ng kanyang pagkatao, ay sisirain niya ang kanyang sarili. Sa pamamagitan ng mga maling kaugalian ay nawawala sa kanya ang kanyang kapangyarihan ng pagpapahalaga-sa-sarili. Nawawalan siya ng pagpipigil-sa-sarili. Hindi siya makapangatwiran ng tumpak tungkol sa mga bagay na

labis niyang ipinagaalaala. Siya'y walang-taros at kulang sa pagkaunawa sa kanyang paggamit ng isip at katawan. Sinisira niya ang kanyang sarili sa pamamagitan ng mga maling inuugali. Hindi siya magkaroon ng kaligayahan; sapagka't ang pagpapabaya niya na maglinang ng malilinis at nakapagpapalusog na mga simulain ay naglalagay sa kanya sa ilalim ng pagsupil ng mga bisyo o mga pag-uugaling nagwawasak ng kanyang kapayapaan. Ang kanyang mga taon ng mahirap na pag-aaral ay nawawala; sapagka't sinira niya ang kanyang sarili. Pinagmalabisan niya ang kanyang mga kapangyarihang pampisikal at pangkaisipan, at ang templo ng katawan ay giba. Giba siya sa buhay na ito at sa buhay na darating. Sa pamamagitan ng pagtatamo ng karunungang ukol sa lupa ay inakala niyang magtatamo siya ng isang kayamanan; subali't sa pagsasaisantabi ng kanyang Biblia ay isinakripisyo niya ang isang kayamanang kasinghalaga ng lahat ng bagay.

## Paghanap sa Kayamanan

Ang salita ng Diyos ay dapat nating pag-aralan. Dapat nating turuan ang ating mga anak sa mga katotohanang nasusumpungan doon. Ito'y isang kayamanang di-nauubos; subali't hindi matagpuan ng mga tao ang kayamanang ito, sapagka't hindi sila naerhahanan o
[102] napsa- saliksik hanggang sa iyon ay mapasakanila. Napakarami ang nasisiyahan na sa isang pala-palagay tungkol sa katotohanan. Sila'y nasisiyahan na sa mababaw na paggawa, na inaakalang nasa kanila na ang lahat na kailangan. Tinatanggap nilang katotohanan ang mga sinasabi ng iba, palibhasa'y totoong napakatamad ang kanilang mga sarili sa masikap at masigasig na paggawa, na inilalarawan sa salita bilang naghuhukay ng nakatagong kayamanan. Nguni't ang mga imbensiyon ng mga tao ay hindi lamang di-maaasahan, ang mga ito ay mapanganib; sapagka't inilalagay ng mga ito ang tao sa dapat kalagyan ng Diyos. Inilalagay nila ang mga sinasabi ng mga tao sa lugar na doon ang dapat sanang mapalagay ay "Ganito ang sabi ng Panginoon."

Si Kristo ang katotohanan. Ang Kanyang mga salita ay katotohanan, at ang mga ito ay may lalong malalim na kahulugan kaysa nakikita sa ibabaw. Lahat ng mga pananalita ni Kristo ay may halagang nasa kabila pa ng di-nagkukunwaring anyo ng mga ito. Ang

mga isipang pinasigla o binuhay ng Banal na Espiritu ay makakakita sa kahalagahan ng mga pananalitang ito. Kanilang makikita ang mahahalagang hiyas ng katotohanan, kahima't ang mga ito ay mga nakabaong kayamanan.

Ang mga haka-haka at mga pala-palagay ng mga tao ay hindi kailanman hahantong sa pagkaunawa ng salita ng Diyos. Yaong mga nagpapalagay na sila'y nakakaunawa ng pilosopiya ay nagsisipag-akalang ang kanilang mga paliwanag ay kinakailangan upang mabuksan ang mga kayamanan ng karunungan at upang mahadlangan ang pagpasok sa iglesya ng mga erehiya. Nguni't ang mga paliwanag na ito ang nagpasok ng mga maling teorya at mga erehiya. Gumawa ang mga tao ng lampas na mga pagsisikap na ipaliwanag ang ipinalalagay nilang masisikot na mga kasulatan; subali't napakadalas na ang kanilang mga pagsisikap ay nakapagpadilim lamang sa bagay na sinisikap nilang paliwanagin. [103]

Ang akala ng mga saserdote at mga Pariseo ay gumagawa sila ng mga dakilang bagay bilang mga guro, sa pamamagitan ng paglalagay ng kanilang sariling paliwanag o pakahulugan sa salita ng Diyos; nguni't tungkol sa kanila ay ganito ang winika ni Kristo, "Hindi ninyo nalalaman ang Mga Kasulatan, ni ang kapangyarihan ng Diyos."[1] Tinuligsa Niya sila sa pagkakasala ng "pagtuturo ng kanilang pinakaaral ng mga utos ng mga tao."[2] Bagama't sila'y mga tagapagturo ng mga orakulo ng Diyos, bagama't sila'y mga ipinalalagay na nakakaunawa ng Kanyang salita, ay hindi naman sila mga gumaganap ng salita. Binulag ni Satanas ang kanilang mga paningin, upang hindi nila makita ang tunay na kahulugan nito.

Ito ang ginagawa ng marami sa ating kapanahunan. Maraming iglesya ang nagkakasala ng kasalanang ito. May panganib, malaking panganib, na uulitin ng mga ipinalalagay na mga pantas na mga tao ngayon ang karanasan ng mga Hudyong tagapagturo. Buong kamalian nilang ipinaliliwanag ang mga orakulo ng Diyos, at ang mga kaluluwa ay nadadala sa kagulumihanan at nalalambungan ng kadiliman dahil sa kanilang maling-pagkaunawa ng banal na katotohanan.

[1] Mar. 12:24.

[2] Mar. 7:7.

Ang Mga Kasulatan ay hindi kailangang basahin sa pamamagitan ng malabong ilawan ng sali't saling sabi o pala-palagay ng tao. Makabubuting subukin nating magbigay ng liwanag sa araw sa pamamagitan ng isang sulo na tulad ng pagpapal;wanag ng mga Kasulatan sa pamamagitan ng sali't saling sabi o haka ng tao. Hindi kailangan ng banal na salita ng Diyos ang aandap-andap na liwanag ng sulo ng lupa upang makitang namumukod ang mga kaluwalhatian nito. Ito'y liwanag sa sarili nito— ang nahayag na kaluwalhatian ng Diyos; at sa tabi nito ang bawa't ibang liwanag ay malabo.

Datapwa't dapat magkaroon ng masigasig na pag-aaral at ng masusing pagsiyasat. Ang matalas at malinaw na mga pagkau-
[104] nawa ng katotohanan ay hindi kailanman magiging gantimpala ng tamad. Walang pagpapalang ukol sa lupa na matatamo nang walang masikhay, mapagtiis at matiyagang pagsusumikap. Kung nais ng mga taong magtagumpay sa hanapbuhay o pangangalakal, dapat silang magkaroon ng isang kalooban na gagawa, at ng isang pananampalatayang tumitingin o naghihintay sa mga ibubunga. At hindi tayo makaaasang magtatamo ng karunungang espirituwal nang walang masikhay na paggawa. Ang mga nagnanais na makatagpo ng mga kayamanan ng katotohanan ay dapat humukay nito na gaya ng minerong humuhukay ng kayamanang nakabaon sa lupa. Ang di-masigla at ang mapagwalang-bahalang paggawa ay walang mangyayari. Kailangan sa matanda at kabataan, hindi lamang ang pagbabasa ng salita ng Diyos, kundi ang pagaaral din naman nito nang may buong-pusong kasigasigan, na nananalangin at nagsasaliksik ng katotohanang tulad ng nakatagong kayamanan. Ang mga gumagawa nito ay gagantimpalaan; sapagka't bubuhayin ni Kristo ang pangunawa.

Ang ating kaligtasan ay nakabatay sa pagkaalam ng katotohanang nakalaman sa Mga Kasulatan. Kalooban ng Diyos na dapat tayong magkaroon nito. Saliksikin ninyo, o saliksikin ninyo ang mahalagang Biblia nang may gutom na mga puso. Galugarin ninyo ang salita ng Diyos na gaya ng panggagalugad ng minero sa lupa sa paghahanap ng ginto. Huwag ninyo kailanmang ititigil ang pagsasaliksik hanggang sa matiyak ninyo ang inyong kaugnayan sa Diyos at ang Kanyang kalooban tungkol sa inyo. Sinabi ni Kristo, "Ang anumang inyong hingin sa Aking pangalan, ay yaon ang Aking gagawin,

upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak. Kung kayo y magsisihingi ng anuman sa pangalan Ko, ay yaon ang Aking gagawin."[1]

Nahahagip ng pananaw ng mga taong may kabanalan at mav talento ang mga walang-hanggang katotohanan, subali't madalas na nabibigo sila na umunawa, sapagka't pinadidilim ng mga bagay na nakikita ang kaluwalhatian ng di-nakikita. Siya na nagnanais mag- [105]
tagumpay sa paghahanap ng natatagong kayamanan ay dapat maging lalong masigasig na makapaibabaw sa mga bagay ng sanlibutang ito. Ang kanyang pag-ibig at ang buo niyang mga kakayahan ay dapat italaga sa pagsasaliksik.

Ipinipinid ng pagsuway ang pinto sa napakalawak na halaga ng karunungan na dapat sana'y natatamo mula sa Mga Kasulatan. Ang pagkaunawa ay nangangahulugang pagtalima o pagsunod sa mga utos ng Diyos. Ang Mga Kasulatan ay hindi dapat iagpang upang matugunan ang maling-pagkakilala at ang paninibugho ng mga tao. Ang mga ito ay mauunawaan lamang ng mga buong kapakumbabaang nagsisikap na makaalam ng katotohanan upang ang mga ito ay kanilang matalima.

Itinatanong ba ninyo, Ano ang dapat kong gawin upang maligtas? Dapat ninyong ilagay sa pinto ng pagsisiyasat ang inyong nauna nang mga palagay, ang inyong namana at nalinang na mga kuru-kuro. Kung sinasaliksik ninyo ang Mga Kasulatan upang ipagsanggalang ang inyong sariling mga palagay, hindi kailanman ninyo maaabot ang katotohanan. Magsaliksik kayo upang mabatid kung ano ang sinasabi ng Panginoon. Kung sa inyong pagsasaliksik ay dumating sa inyo ang kombiksiyon o paniniwala, kung inyong makita na ang pinahahalagahan ninyong mga palagay o mga kuru-kuro ay hindi natutugma sa katotohanan, ay huwag ninyong bibigyan ng maling pakahulugan ang katotohanan upang maibagay lamang sa inyong sariling paniniwala, bagkus ay tanggapin ninyo ang liwanag na nabigay. Buksan ninyo ang puso't isipan, upang inyong makita ang mga kagilagilalas na bagay mula sa salita ng Diyos.

Ang pagsampalataya kay Kristo bilang Manunubos ng sanlibutan ay humihingi ng pagkilala sa naliwanagang diwa, na sinusupil ng pusong nakakaunawa at nagpapaihalaga sa kayamanang ukol sa langit. Ang pananampa- latayang ito ay di-maihihiwalay sa pagsisisi [106]

[1] Juan 14:13, 14.

at pagbabago ng karakter. Ang magkaroon ng pananampalataya ay nangangahulugang natagpuan at tinanggap ang kayamanan ng ebanghelyo, na kasama ang lahat ng mga tungkuling ipinapataw nito.

"Maliban na ang tao'y ipanganak na muli, ay hindi siya makakakita ng kaharian ng Diyos."[1] Maaari siyang magpalagay at maghinuha, subali't kung wala ang mata ng pananampalataya ay hindi niya makikita ang kayamanan. Ibinigay ni Kristo ang Kanyang buhay upang matamo para sa atin ang di-matatayang kayamanang ito; subali't kung walang pagbabago sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanyang dugo, ay walang kapatawaran ng mga kasalanan, at walang kayamanan para sa sinumang napapahamak na kaluluwa.

Kailangan natin ang pagbibigay-liwanag ng Banal na Espiritu upang makita at maunawaan ang mga katotohanan sa salita ng Diyos. Ang maririkit na bagay ng daigdig ng katalagahan ay hindi namamalas hanggang sa ang mga ito ay laganapan ng liwanag ng araw, na siyang nagtataboy sa kadiliman. Ganyan hindi napahahalagahan ang mga kayamanang nasa salita ng Diyos hang-gang sa ang mga ito ay ihayag ng maningning na sinag ng Araw ng Katwiran.

Ang mga bagay ng Diyos ay hinahawakan ng Banal na Espiritung isinusugo mula sa langit sa kagandahang-loob ng walang-hanggang pag-ibig, at ang mga ito ay inihahayag sa bawa't kaluluwang may lubos na pananampalataya kay Kristo. Sa pamamagitan ng Kanyang kapangyarihan ay naikikintal sa pag-iisip ang mahahalagang katotohanan doon nakasalalay ang kaligtasan ng kaluluwa, at ang daan ng buhay ay ginagawang lubhang maliwanag upang walang sinumang magkamali sa bagay na ito. Sa ating pag-aaral ng mga Kasulatan, ay
[107] da- pat nating idalangin na nawa'y suminag sa salita ang liwanag ng Banal na Espiritu ng Diyos, upang ating makita at pahalagahan ang mga kayamanan nito.

## Gantimpala sa Pagsasaliksik

Huwag isipin ng sinuman na wala nang kaalaman o karunungang matatamo sila. Ang lalim ng katalinuhan ng tao ay maaaring masukat; ang mga obra o mga sinulat ng mga taong mangangatha

[1] Juan 3:3.

ay maaaring mapagaralang mabuti; subali't ang pinakamatayog, pinakamalalim, at pinakamalawak na paglalakbay ng guniguni ay hindi makalulurok sa Diyos. May kawalang-hanggan sa kabila ng lahat na maaari nating maunawaan. Nakita lamang natin ang babahagyang kislap ng kaluwalhatian ng Diyos at ang kawalang-hanggan ng kaalaman at karunungan; tayo'y gumagawa lamang, gaya ng nangyayari, sa ibabaw ng mina, gayong ang mayamang gintong inambato ay nasa ilalim ng balat ng lupa, upang gantimpalaan ang isa na huhukay niyon. Ang lagusan ay dapat laliman pa nang laliman sa minahan, at ang ibubunga ay maluwalhating kayamanan. Sa pamamagitan ng isang tumpak na pananampalataya, ang karunungan ng Diyos ay magiging karunungan ng tao.

Walang sinumang makapagsasaliksik ng mga Kasulatan sa diwa o espiritu ni Kristo nang hindi ginagantimpalaan. Kapag ang tao ay handang paturo na gaya ng isang maliit na bata, kapag siya'y lubusang napasa sakop sa Diyos, kanya ngang masusumpungan ang katotohanan sa salita Nito. Kung ang tao lamang ay magiging masunurin, kanilang mauunawaan ang panukala ng pamahalaan ng Diyos. Bubuksan ng sanlibutan sa langit ang mga silid nito ng biyaya at kaluwalhatian upang magalugad. Ang mga taong kinapal ay magiging ganap na kaiba sa kanilang katayuan ngayon; sapagka't sa pamamagitan ng paggagalugad o pagsasaliksik sa mga mi- na [108]
ng katotohanan ay magiging dakila ang mga tao. Ang hiwaga ng pagtubos, ang pagkakatawang-tao ni Kristo, ang Kanyang tumutubos na hain o pagpapakasakit, ay hindi magiging gaya ng mga ito ngayon, na malabo sa ating mga pag-iisip. Ang mga ito ay hindi lamang magiging higit na mauunawaan, kundi lubos at higit na pahahalagahan.

Sa Kanyang panalangin sa Ama, si Kristo'y nagbigay sa sanlibutan ng isang aral na dapat mapaukit sa isip at kaluluwa. "Ito ang buhay na walang-hanggan," wika Niya, "na Ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at Siyang Iyong sinugo, samakatwid baga'y si Jesukristo."[1] Ito ang tunay na karunungan. Ito'y nagkakaloob ng kapangyarihan. Ang pangkaranasang pagkakilala sa Diyos at kay Jesukristo na Kanyang sinugo, ay binabago ang tao sa pagiging kalarawan ng Diyos. Ipinagkakaloob nito sa tao ang pagsupil sa

[1] Juan 17:3.

sarili, na naipaiilalim sa pagsupil ng lalong matataas na kapangyarihan ng pag-iisip ang bawa't udyok at silakbo ng mababang likas. Ginagawa nito ang nagtataglay nito na isang anak ng Diyos at isang tagapagmana ng kalangitan. Inihahatid siya nito sa pakikipagniig sa isipan ng Walanghanggan, at binubuksan sa kanya ang masaganang kayamanan ng sansinukob.

Ito ang kaalaman o karunungang nakakamtan sa pagsasaliksik ng salita ng Diyos. At ang kayamanang ito ay maaaring matagpuan ng bawa't kaluluwang magbibigay ng lahat upang ito'y makamtan.

"Kung ikaw ay dadaing ng pagbubulay, at itataas mo ang iyong tinig sa pag-unawa; kung iyong hahanapin siya na parang pilak, at sasaliksikin mo siyang parang kayamanang natatago; kung magkagayo'y iyong mauunawa ang pagkatakot sa Panginoon, at
[109] masusumpungan mo ang kaalaman ng Diyos."[2]

[2] Kaw. 2:3-5.

## Kapitulo 9—Walang Ibang Higit na Mahalaga

ANG mga pagpapala ng tumutubos na pag-ibig ay inihahalintulad ng ating Tagapagligtas sa isang mahalagang perlas. Kanyang inilalarawan ang Kanyang liksiyon sa pamamagitan ng talinhaga ng taong mangangalakal na humahanap ng magagandang perlas, "na pagkasumpong ng isang mahalagang perlas, ay yumaon siya at ipinagbili ang lahat niyang tinatangkilik, at binili ya-on." Si Kristo na rin ang mahalagang perlas. Sa Kanya'y natitipong lahat ang kaluwalhatian ng Ama, ang kapuspusan ng Diyos. Siya ang ningning ng kaluwalhatian ng Ama at ang hayag na larawan ng persona Nito. Ang kaluwalhatian ng mga katangian ng Diyos ay ipinahahayag sa Kanyang likas o karakter. Ang bawa't dahon ng Mga Banal na Kasulatan ay nagniningning sa Kanyang liwanag. Ang katwiran ni Kristo, bilang isang dalisay at maputing perlas, ay walang kasiraan, walang dungis o mantsa. Walang gawa ng tao na makapagpapabuti sa dakila at mahalagang kaloob ng Diyos. Iyon ay walang kapintasan. Kay Kristo natatago ang "lahat ng mga kayamanan ng karunungan at ng kaalaman." Siya "sa atin ay ginawang karunungang mula sa Diyos, at katwiran, at kabanalan, at katubusan."[1] Lahat ng makapagbibigay-kasiyahan sa mga pangangailangan at mga nilulunggati ng kaluluwa ng tao, sa sanlibutang ito at sa sanlibutang darating, ay nasusumpungan kay Kristo. [110] Ang ating Manunubos ay siyang perlas na lubhang napakahalaga na anupa't kung ihahambing ang lahat ng mga bagay pa ay maibibilang na kalugihan.

Si Kristo'y "naparito sa sariling Kanya, at Siya'y hindi tinanggap ng mga sariling Kanya." Ang liwanag ng Diyos ay sumisinag sa kadiliman ng sanlibutan, at "ito'y hindi napag-unawa ng kadiliman."[1] Subali't hindi lahat ay nasumpungang nagwalang-bahala sa kaloob ng langit. Ang taong mangangalakal sa talinhaga ay kumakatawan sa isang uri ng tao na buong katapatang naghahangad ng katotohanan. Sa iba't ibang mga bansa ay nagkaroon ng masisikap

[1] Col. 2:3; 1 Cor. 1:30.

[1] Juan 1:11, 5.

at mapag-isip na mga tao na nagsipagha; nap sa mga babasahin at sa siyensiya at sa mga relihiyon ng sanlibutang hentil ng bagay na yaong matatanggap nila bilang kayamanan ng kaluluwa. Sa mga Hudyo ay nagkaroon ng mga nagsipaghanap ng bagay na wala sa kanila. Sa kawalan-ng-kasiyahan sa pormal na relihiyon, nilunggati nila yaong bagay na espirituwal at nakapag-aangat. Ang mga hinirang na alagad ni Kristo ay kabilang sa huling uri ng mga tao, si Cornelio at ang bating na taga-Etiyopia ay kabilang naman sa una. Nilunggati nila at idinalangin ang liwanag na buhat sa langit; at nang si Kristo'y ihayag sa kanila, ay kanilang tinanggap Siya nang buong kagalakan.

Sa talinhaga, ang perlas ay hindi inilalarawan bilang isang kaloob o handog. Binili ito ng taong mangangalakal sa halaga ng buo niyang tinatangkilik. Marami ang nag-aalinlangan sa kahulugan nito, sapagka't si Kristo ay inilalarawan sa Mga Kasulatan bilang isang kaloob, nguni't doon lamang sa mga nagbibigay ng kanilang mga sarili, kaluluwa, katawan, at espiritu, sa Kanya nang walang pagpapataan. Dapat nating ibigay ang ating mga sarili kay Kristo, dapat tayong mamuhay ng isang kabuhayang may maibiging pagsunod sa lahat Niyang mga hinihingi. Ang kabuuan natin, ang lahat
[111] ng mga talen- to at mga kakayahang angkin natin, ay sa Panginoon,
[112] at dapat italaga sa paglilingkod sa Kanya. Kapag lubusang ibinibigay natin nang ganito ang ating mga sarili sa Kanya, ibinibigay naman ni Kristo sa atin ang Kanyang sarili, kasama ang lahat ng mga kayamanan ng langit. Natatamo natin ang mahalagang perlas.

Ang kaligtasan ay isang kaloob na walang-bayad, at gayunpaman ito'y dapat bilhin at ipagbili. Sa pamilihang doo'y ang habag ng Diyos ang nangangasiwa, ang mahalagang perlas ay inilalarawan bilang binibili nang walang salapi at walang halaga. Sa pamilihang ito ay maaaring matamo ng lahat ang mga pag-aari ng langit. Ang kabang-yaman ng mga hiyas ng katotohanan ay bukas sa lahat. "Narito, inilagay Ko sa harapan mo ang isang pintuang bukas," sinasabi ng Panginoon, "na di mailalapat ng sinuman." Walang tabak na nagbabantay sa daang patungo sa pintuang ito. Ang mga tinig na nagmumula sa loob at sa pintuan ay nagsisipagsabing, Halika. Ang tinig ng Tagapagligtas ay buong sikap at buong pag-ibig na

nag-aanyaya sa atin: "Ipinapayo Ko sa iyo na ikaw ay bumili sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman."[1]

Ang ebanghelyo ni Kristo ay isang pagpapala na maaaring maangkin ng lahat. Ang pinakadukha ay makabibili ng kaligtasan na gaya ng pinakamayaman; sapagka't walang halaga ng kayamanan sa sanlibutan na makakukuha niyon. Ito'y natatamo sa pamamagitan ng maibiging pagsunod, sa pamamagitan ng pagbibigay ng ating mga sarili kay Kristo bilang Kanyang sariling biniling pag-aari. Ang karunungan, maging ng pinakamataas na uri ng tao, ay hindi makapaghahatid sa tao nang lalong malapit sa Diyos. Ang mga Pariseo ay biniyayaan ng bawa't kapakinabangang panlupa at pang-espirituwal, at kanilang sinabi nang may buong kapalaluan at pagyayabang, Kami ay "mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi nangangailangan ng anuman;" gayunman sila'y "aba, at [113]
maralita, at dukha, at bulag, at hubad."[1] Inialok ni Kristo sa kanila ang mahalagang perlas; nguni't may paghamak na tinanggihan nila ito, at Kanyang sinabi sa kanila, "Ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna sa inyo sa pagpasok sa kaharian ng Diyos."[2]

Hindi natin matatamo ang kaligtasan sa pamamagitan ng gawa, gayunma'y kailangan nating hanapin ito nang may malaking pagmamalasakit at pagtitiyaga na para bagang itatakwil natin ang lahat ng bagay sa sanlibutan dahil dito.

Dapat nating hanapin ang perlas na mahalaga, nguni't hindi sa mga pamilihan ng sanlibutan o sa mga paraang makasanlibutan. Ang halagang hinihingi sa ating ibayad natin ay hindi ginto o pilak, sapagka't ito'y sa Diyos. Iwan ninyo ang kuru-kuro na ikapagtatamo ninyo ng kaligtasan ang mga kapakinabangang panlupa o pang-espirituwal. Hinihingi ng Diyos ang inyong kusang pagsunod. Hinihiling Niya sa invo na iwan ang inyong mga pagkakasala. "Ang magtagumpay," wika ni Kristo, "ay Aking pagkakaloobang umupong kasama Ko sa Aking luklukan, gaya Ko naman na nagtagumpav, at umupong kasama ng Aking Ama sa Kanyang luklukan."[3]

[1] Apoc. 3:8, 18.
[1] Apoc. 3:17.
[2] Mat. 21:31.
[3] Apoc. 3:21.

May ilang mandi'y lagi nang naghahanap ng perlas ng langit. Datapwa't di sila gumagawa ng ganap na pagsusuko ng mali nilang mga ugali. Hindi sila namamatay sa sarili upang si Kristo ang mabuhay sa kanila. Dahil dito'y hindi nila masumpungan ang mahalagang perlas. Hindi nila napapananagumpayan ang walang-kabanalan nilang ambisyon at ang kanilang pag-ibig sa mga pang-akit ng sanlibutan. Hindi nila pinapasan ang krus at hindi sumusunod kay Kristo sa landas ng pagtanggisa-sarili at pagpapakasakit. Halos Kristiyano na, gayunma'y hindi lubos na mga Kristiyano, sila'y waring malapit na sa kaharian ng langit, nguni't hindi sila maka-
[114] papasok doon. Ang halos ligtas nguni't hindi lubos na ligtas, ay nangangahulugang halos hindi waglit nguni't lubos na waglit.

Ang talinhaga ng taong mangangalakal na naghahanap ng magagandang perlas ay may dalawang kahulugan: ito'y ikinakapit hindi lamang sa mga taong naghahanap ng kaharian ng langit, kundi kay Kristo rin naman na naghahanap ng Kanyang nawalang mana. Nakita ni Kristo, na siyang mangangalakal ng langit na naghahanap ng magagandang perlas, sa nawaglit na sangkatauhan ang perlas na mahalaga. Nakita Niya sa tao, na pinarumi at giniba ng kasalanan, ang mga posibilidad na matubos. Ang mga pusong naging larangan ng digmaan sa pakikibaka kay Satanas, at siyang sinagip at iniligtas ng kapangyarihan ng pag-ibig, ay higit na mahalaga sa Manunubos kaysa mga hindi kailanman nagkasala. Tiningnan ng Diyos ang sangkatauhan, hindi bilang imbi at walang-halaga; tiningnan Niya ito kay Kristo, nakita ito gaya ng maaaring mangyari rito sa pamamagitan ng tumutubos na pag-ibig. Kanyang tinipon ang lahat ng mga kayamanan ng sansinukob, at iniwan ang mga ito upang bilhin ang perlas. At nang masumpungan ito ni Jesus, muli itong inilagay sa Kanyang sariling diyadema. "Sapagka't magiging gaya ng mga bato ng isang putong, na nataas sa mataas sa Kanyang lupain." "Sila'y magiging Akin, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, sa araw na Aking gawin, sa makatwid baga'y isang tanging kayamanan."[1]

Datapwa't si Kristo bilang ang mahalagang perlas, at ang ating karapatan na maangkin ang kayamanang ito, ay siyang paksang kailangang-kailangan nating pagtuunan ng pansin. Ang Banal na Espiritu ang naghahayag sa mga tao ng kahalagahan ng magan-

[1] Zac. 9:16; Mal. 3:17.

dang perlas. Ang panahon ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay siyang panahon na sa isang tanging kahulugan ang kaloob ng langit ay hinahanap at nasusumpungan. Noong mga kaarawan ni Kristo ay marami ang nakarinig ng ebanghelyo, at hindi nila naki- [115]
lala sa mapagpakumbabang Guro ng Galilea ang Isinugo ng Diyos. Nguni't pagkaakyat ni Kristo sa langit ang Kanyang pagkaluklok sa trono sa Kanyang kahariang ukol sa pamamagitan ay sinagisagan ng pagbubuhos ng Banal na Espiritu. Nang araw ng Pentekostes ay ipinagkaloob ang Espiritu. Itinanyag ng mga saksi ni Kristo ang kapangyarihan ng nagbangong Tagapagligtas. Naglagusan ang liwanag ng langit sa nagdidilim na pag-iisip ng mga nadaya ng mga kaaway ni Kristo. Kanila ngayong nakita Siya na itinataas upang maging "Prinsipe at Tagapagligtas, upang magbigay ng pagsisisi sa Israel, at kapatawaran ng mga kasalanan."[1] Kanilang nakita Siya na napaliligiran ng kaluwalhatian ng langit, na may mga walang-hanggang kayamanan sa Kanyang mga kamay upang ibigay sa lahat ng mga tatalikod sa kanilang paghihimagsik. Nang itanyag ng mga apostol ang kaluwalhatian ng Tanging Bugtong ng Ama, tatlong libong kaluluwa ang nangasumbatan. Naipakita sa kanila kung ano sila, na makasalanan at marumi, at si Kristo bilang kanilang kaibigan at Manunubos. Si Kristo'y naitaas, si Kristo'y naluwalhati, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritung tumatahan sa mga tao. Sa pamamagitan ng pananampalataya'y nakita Siya ng mga nagsisisampalatayang ito bilang isa na nagdala ng kapakumbabaan, kahirapan, at kamatayan upang sila'y huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan. Ang pagkahayag ni Kristo sa pamamagitan ng Espiritu ay naghatid sa kanila ng isang tunay na pagkadama ng Kanyang kapangyarihan at kamaharlikaan, at kanilang iniunat ang kanilang mga kamay sa Kanya sa pananampalataya, na nagsasabi, "Ako'y sumasampalataya."

Pagkatapos ang masayang balita ng isang nagbangon na Tagapagligtas ay nadala hanggang sa kadulu-duluhang mga hangganan ng tinitirhang sanlibutan. Nakita ng iglesya ang mga nahihikayat na langkay-langkay sa pag- tungo sa kanya buhat sa lahat ng dako. [116]
Ang mga nagsisisampalataya ay muling nahikayat. Ang mga makasalanan ay nakipagkaisa sa mga Kristiyano sa paghahanap

[1] Gawa 5:31.

ng napakahalagang perlas. Ang hula ay natupad, Ang mahina ay magiging "gaya ni David," at ang sambahayan ni David ay "parang anghel ng Panginoon."[1] Nakita ng bawa't Kristiyano sa kanyang kapatid ang banal na wangis ng kagandahang-loob at pag-ibig. Iisang interes ang naghari. Nilagom ng iisang pakay ang lahat ng iba. Lahat ng mga puso ay tumibok sa pagkakaisa. Ang naging tanging hangarin ng mga nagsisisampalataya ay ang maihayag ang wangis ng karakter ni Kristo, at ang gumawa para sa ikalalawak ng kaharian Niya. "Ang karamihan ng mga nagsisampalataya ay nangagkaisa ang puso at kaluluwa. . . . Pinatotohanan ng mga apostol na may dakilang kapangyarihan ang pagkabuhay na maguli ng Panginoong Jesus; at dakilang biyaya ang sumakanilang lahat." "At idinaragdag sa kanila ng Panginoon araw-araw yaong nangaliligtas."[2] Pinasigla ng Espiritu ni Kristo ang buong kapulungan; sapagka't kanilang natagpuan ang perlas na napakahalaga.

Ang mga tagpong ito ay dapat maulit, at nang may dakilang kapangyarihan. Ang pagbubuhos ng Banal na Espiritu nang araw ng Pentecostes ay siyang unang ulan, subali't ang huling ulan ay magiging higit na sagana. Hinihintay ng Espiritu ang ating paghingi at pagtanggap. Si Kristo ay muling mahahayag sa Kanyang kapuspusan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Makikita ng mga tao ang halaga ng mahalagang perlas, at kasama ni Apostol Pablo ay kanilang sasabihin, "Ang mga bagay na sa akin ay pakinabang, ay inari kong kalugihan alang-alang kay Kristo. Oo nga, at lahat ng mga bagay ay inaari kong kalugihan dahil sa dakilang
[117] kagalingan ng pagkakilala kay Kristo Jesus na Panginoon ko."[3]

[1] Zac. 12:8.
[2] Gawa 4:32, 33; 2:47.
[3] Fil. 3:7, 8.

# Kapitulo 10—Mga Makasalanan sa Iglesya

TULAD din naman ang kaharian ng langit sa isang lambat, na inihulog sa dagat, at nakahuli ng sari-saring isda; na, nang mapuno, ay hinila nila sa pampang; at sila'y nagsiupo, at tinipon sa mga sisidlan ang mabubuti, datapwa't itinapon ang masasama. Gayundin ang mangyayari sa katapusan ng sanlibutan: lalabas ang mga anghel, at ihihiwalay ang masasama sa matutuwid, at sila'y igagatong sa kalan ng apoy: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin."

Ang paghuhulog ng lambat ay ang pangangaral ng ebanghelyo. Nakahuhuli ito sa loob ng iglesya ng mabubuti at masasama kapwa. Kapag natapos na ang gawain ng ebanghelyo, ang Paghuhukom naman ang gaganap ng gawain ng paghihiwalay. Nakita ni Kristo kung paanong ang pagkakaroon ng mga di-tunay na kapatid sa iglesya ay magiging sanhi upang ang daan ng katotohanan ay pagsalitaan ng masama. Lalaitin ng sanlibutan ang ebanghelyo dahil sa di-tapat na mga kabuhayan ng mga bulaang nagpapanggap. Maging mga Kristiyano ay matitisod pagkakita nila na ang maraming nagtataglay ng pangalan ni Kristo ay hindi supil ng Kanyang Espiritu. Sapagka't ang mga makasalanang ito ay nasa iglesya, ang mga tao'y mapapasapanganib na mag-akala na pinagpaumanhinan ng Diyos ang mga kasalanan ng mag ito. Dahil dito kung kaya itinataas ni Kristo [118] ang tabing sa hinaharap, at inaatasan ang lahat na tingnan na hindi katayuan o tungkulin, kundi karakter o likas, ang nagpapasiya sa kapalaran o kahihinatnan ng tao.

Ang talinhaga ng mga pansirang-damo at ng lambat ay kapwa maliwanag na nagtuturo na ang lahat ng masasama ay wala nang panahon sa panunumbalik sa Diyos. Ang trigo at ang mga pansirang-damo ay nagsitubong magkasama hanggang sa panahon ng pag-aani. Ang mabubuti at masasamang isda ay sama-samang hinila sa pampang para paghiwa-hiwalayin sa wakas.

Muli, ang mga talinhagang ito ay nagtuturo na hindi na magkakaroon ng palugit na panahon pagkatapos ng Paghuhukom. Kapag

natapos na ang gawain ng ebanghelyo, karaka-rakang sumusunod ang paghihiwalay ng mabubuti at ng masasama, at ang kapalaran ng bawa't isang uri ay napagpasiyahan na magpakailanman.

Hindi nais ng Diyos ang pagkapuksa ng sinuman. "Buhay Ako, sabi ng Panginoong Diyos, wala Akong kasayahan sa kamatayan ng masama; kundi ang masama ay humiwalay sa kanyang lakad at mabuhay. Manumbalik kayo, manumbalik kayo na mula sa inyong masasamang lakad; sapagka't bakit kayo mangamamatay?"[1] Sa buong palugit na panahon ng pagsubok ay nakikiusap ang Kanyang Espiritu sa mga tao na kanilang tanggapin ang kaloob na buhay. Yaon lamang mga nagsisitanggi sa Kanyang pakikiusap ang pababayaang mapahamak. Sinabi ng Diyos na dapat lipulin ang kasalanan sapagka't isang masamang mangwawasak sa sansinukob. Ang mga
[119] nangungunyapit sa kasalanan ay mapapahamak sa pagpuksa rito.

[1] Ez. 33:11.

# Kapitulo 11—Kayamanang Ipamimigay

SAMANTALANG inaaralan ni Kristo ang mga tao, Kanya rin namang tinuturuan ang Kanyang mga alagad ng kanilang panghinaharap na gawain. Sa lahat ng Kanyang turo ay naroon ang mga liksiyong ukol sa kanila. Pagkatapos Niyang maibigay ang talinhaga ng lambat, ay Kanyang tinanong sila, "Napag-unawa baga ninyo ang lahat ng mga bagay na ito?" Sinabi nila sa Kanya, "Oo, Panginoon." Pagkatapos sa isa pang talinhaga ay Kanyang iniharap sa kanila ang kanilang kapanagutan tungkol sa mga katotohanang kanilang tinanggap. "Kaya nga," wika Niya, "ang bawa't eskriba na ginagawang alagad sa kaharian ng langit ay tulad sa isang taong puno ng sambahayan, na naglalabas sa kanyang kayamanan ng mga bagay na bago at luma."

Ang kayamanang nakamit ng puno ng sambahayan ay hindi niya itinatago. Iyon ay kanyang inilalabas upang maibahagi sa iba. At sa pamamagitan ng paggamit ay lumalago ang kayamanan. Ang puno ng sambahayan ay may mahalagang bagay na bago at luma kapwa. Ganyan itinuturo ni Kristo na ang katotohanang ipinagkatiwala sa Kanyang mga alagad ay dapat ibahagi sa saplibutan. At habang ang pagkakilala sa katotohanan ay ibinabahagi o ibinibigay, ito ay lalago.

Ang lahat na sa puso tinatanggap ang pabalita ng ebanghelyo ay [120] maghahangad na ito'y itanyag. Ang isinilang-sa-langit na pag-ibig ni Kristo ay dapat makasumpong ng pagpapahayagan. Ang mga taong ibinihis si Kristo ay maglalahad ng kanilang karanasan, na binabakas nang hakbang-hakbang ng mga pag-akay ng Banal na Espiritu,—ang kanilang pagkagutom at pagkauhaw sa pagkakilala sa Diyos at kay Jesukristong Kanyang isinugo, ang bunga ng kanilang pagsasaliksik ng mga Kasulatan, ang kanilang mga pananalangin, ang paghihirap ng kanilang kaluluwa, at ang mga salita ni Kristo sa kanila, "Ipinatatawad na ang inyong mga kasalanan." Di-katutubo sa kaninuman na ilihim ang mga bagay na ito, at yaong mga nalilipos ng pag-ibig ni Kristo ay hindi gagawa nang gayon. Ayon sa sukat

ng pagkakagawa sa kanila ng Panginoon na mga lagakan ng banal na katotohanan maging gayon ang pagnanasa nila na ang iba'y tumanggap ng gayunding pagpapala. At habang ipinakikilala nila ang masaganang kayamanan ng biyaya ng Diyos, lalo at lalo namang sila'y bibigyan ng biyaya ni Kristo. Sila'y magkakaroon ng puso ng isang maliit na bata sa payak at walang-pagpapataang pagsunod nito. Ang kanilang mga kaluluwa ay hihingal sa pagnanasa ng kabanalan, at higit at higit pang mga kayamanan ng katotohanan at biyaya ang mahahayag sa kanila upang maibigay sa sanlibutan.

Ang malaking kamalig ng katotohanan ay ang salita ng Diyos,—ang sinulat na salita, ang aklat ng katalagahan, at ang aklat ng karanasan sa pakikitungo ng Diyos sa buhay ng tao. Narito ang mga kayamanang doon makakukuha ang mga manggagawa ni Kristo. Sa kanilang pagsasaliksik ng katotohanan ay dapat silang umasa sa Diyos, hindi sa mga katalinuhan ng tao, sa mga dakilang taong ang karunungan ay kamangmangan sa Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang sariling hinirang na mga daluyan ay ipagkakaloob ng
[121] Panginoon na ipakilala ang Kanyang sarili sa bawa't nagsasaliksik.

Kung ang tagasunod ni Kristo ay sasampalataya sa Kanyang salita at isasakabuhayan iyon, walang karunungang nasa daigdig ng katalagahan na hindi niya mahahagip at pahahalagahan. Wala kundi yaong magbibigay sa kanya ng paraan upang maibahagi sa iba ang katotohanan. Ang karunungang ukol sa katalagahan ay isang kabang-yaman ng kaalaman na doon makakukuha ang bawa't mag-aaral sa paaralan ni Kristo. Sa ating pagbubulay-bulay ng kagandahan ng katalagahan, sa ating pag-aaral ng mga liksiyon nito sa paglilinang ng lupa, sa pagtubo at paglaki ng mga punungkahoy, sa lahat ng mga kababalaghan ng lupa at ng dagat at ng himpapawid, ay may darating sa ating isang bagong pagkaunawa ng katotohanan. At ang mga hiwagang kaugnay ng mga pakikitungo ng Diyos sa mga tao, ang mga kalaliman ng Kanyang karunungan at kahatulan na gaya ng nakikita sa buhay ng mga tao,—ang mga ito ay nasusumpungang isang kamalig na sagana sa kayamanan.

Datapwa't sa nakasulat na salita napakalinaw na inihahayag sa nagkasalang tao ang pagkakilala sa Diyos. Ito ang kamalig o kabang-yaman ng di-masaliksik o dimatingkalang mga kayamanan ni Kristo.

Kasama sa salita ng Diyos ang mga Kasulatan ng Matanda at Bagong Tipan. Ang isa ay hindi buo kung wala ang isa. Sinabi ni Kristo na ang mga katotohanan ng Matandang Tipan ay kasinghalaga ng sa Bagong Tipan. Si Kristo ay Manunubos ng tao noong pasimula ng sanlibutan at Manunubos pa rin Siya ngayon. Bago Niya dinamtan ng pagka-tao ang Kanyang pagka-Diyos at naparito sa ating sanlibutan, ang pabalita ng ebanghelyo ay ibinigay nina Adan, Seth, Enoc, Matusalem, at Noe. Tinaglay ni Abraham sa Canaan at ni Lot sa Sodoma ang pabalita, at sa mga sumunod na saling-lahi ay itinanyag ng mga tapat na tagapagbalita ang Isang Dumarating. Ang mga rito sa sistema ng mga Hudyo ay itinatag ni Kristo na rin. Siya ang naging saligan ng ka- nilang sistema sa mga [122]
handog na hain, ang dakilang umaanino sa lahat ng kanilang mga serbisyong ukol sa relihiyon. Ang dugong tumigis nang ihandog ang mga hain ay tumuturo sa pagkakahain ng Kordero ng Diyos. Lahat ng mga sumasagisag na handog ay natupad sa Kanya.

Si Kristo gaya ng ipinakita sa mga patriarka, gaya ng sumagisag sa serbisyo ng paghahain, gaya ng inilalarawan sa kautusan, at gaya ng inihahayag ng mga propeta, ay siyang mga kayamanan ng Matandang Tipan. Si Kristo sa Kanyang buhay, sa Kanyang pagkamatay, at sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli, si Kristo gaya ng Siya'y ipakita ng Banal na Espiritu, ay siyang kayamanan ng Bagong Tipan. Ang ating Tagapagligtas, na liwanag ng kaluwalhatian ng Ama, ay siyang Matanda at Bago kapwa.

Tungkol sa buhay at kamatayan at pamamagitan ni Kristo, na pauna nang sinabi ng mga propeta, ay dapat magsihayo ang mga apostol bilang mga saksi. Si Kristo sa Kanyang kapakumbabaan, sa Kanyang kalinisan at kabanalan, sa Kanyang walang-kapantay na pag-ibig, ay siyang dapat nilang maging paksa. At upang maipangaral ang ebanghelyo sa kapuspusan nito, dapat nilang ipakilala ang Tagapagligtas hindi lamang gaya ng nahayag sa Kanyang buhay at mga aral, kundi gaya rin naman ng paunang-pagkakasabi ng mga propeta ng Matandang Tipan at gaya ng sinasagisagan ng serbisyong ukol sa paghahain.

Si Kristo sa Kanyang pangangaral ay nagpakilala ng matatandang katotohanan na tungkol dito ay Siya na rin ang pinagmulan, mga katotohanang Kanyang sinalita sa pamamagitan ng mga patriarka at mga propeta; nguni't Kanya ngayong isinasabog sa kanila

ang isang bagong liwanag. Kaibang-kaiba lumilitaw ang kahulugan ng mga ito! Isang baha ng liwanag at espirituwalidad ang naihatid
[123] ng Kanyang paliwanag. At Kan- yang ipinangako na ang Banal na Espiritu ang magbibigay-liwanag sa mga alagad, na ang salita ng Diyos ay lagi nang ihahayag sa kanila. Magagawa nilang ipakilala ang mga katotohanan nito sa bagong kagandahan.

Magbuhat pa noong salitain sa Eden ang kauna-unahang pangako ng pagtubos, ang buhay, ang likas, at ang gawaing pamamagitan ni Kristo ay pinag-aralan na ng mga pag-iisip ng mga tao. Gayunman ang bawa't pagiisip na sa pamamagitan nito gumagawa ang Banal na Espiritu ay naihaharap ang mga paksang ito sa liwanag na bagung-bago at nakapagpapasigla. Ang mga katotohanan ng pagtubos ay may-kakayahang patuloy na lumaki at lumawak. Bagama't luma na, ang mga ito ay namamalaging bago, na patuloy na inihahayag sa nagsasaliksik ng katotohanan ang isang lalong dakilang kaluwalhatian at ang isang lalong malakas na kapangyarihan.

Sa bawa't panahon ay may bagong pagtubo o paglaki ng katotohanan, isang pabalita ng Diyos sa mga tao ng saling-lahing yaon. Ang luma o matatandang katotohanan ay mahahalagang lahat; ang bagong katotohanan ay hindi di-bahagi ng luma, kundi isang paghahayag niyaon. Kapag nauunawaan lamang natin ang mga lumang katotohanan magagawa nating maunawaan ang bago. Nang nasain ni Kristong buksan sa Kanyang mga alagad ang katotohanan tungkol sa Kanyang pagkabuhay na mag-uli, ay pinasimulan Niya "kay Moises at sa mga propeta," at "ipinaaninaw Niya sa kanila ang mga bagay tungkol sa Kanya sa lahat ng mga Kasulatan."[1] Datapwa't ang liwanag na nagniningning sa bagong paghahayag ng katotohanan ang lumuluwalhati sa luma o sa matanda. Siya na nagtatakwil o nagpapabaya sa bago, ay hindi tunay na nag-aangkin ng luma. Sa Kanya ito'y nawawalan ng pambuhay na kapangyarihan, at nagiging isa lamang na walang-buhay na anyo.

[124] May mga nagpapanggap na sumasampalataya at nag- tuturo ng mga katotohanan ng Matandang Tipan, samantalang tinatanggihan ang Bagong Tipan. Subali't sa pagtanggi nilang tanggapin ang mga aral ni Kristo, ay kanilang ipinakikilala na hindi nila sinasampalatayanan ang mga sinalita ng mga patriarka at mga propeta.

[1] Lu. 24:27.

"Kung kayo'y nagsisisampalataya kay Moises," winika ni Kristo, "ay magsisisampalataya kayo sa Akin; sapagka't tungkol sa Akin siya'y sumulat."[1] Dahil dito kung kaya walang tunay na kapangyarihan sa kanilang pagtuturo o pangangaral ng kahit na Matandang Tipan.

Ang maraming nag-aangkin na sumasampalataya at nagtuturo ng ebanghelyo ay nasa ganito ring pagkakamali. Kanilang isinasaisantabi ang mga Kasulatan ng Matandang Tipan, na tungkol dito'y sinabi ni Kristo, "Ang mga ito'y siyang nangagpapatotoo tungkol sa Akin."[2] Sa pagtanggi nila sa Matanda, kanila na ring tinatanggihan ang Bago; sapagka't ang dalawa ay mga bahagi kapwa ng di-mapaghihiwalay na kabuuan. Walang taong buong katumpakang makapagpapakilala ng kautusan ng Diyos nang walang ebanghelyo, o ng ebanghelyo nang walang kautusan. Ang kautusan ay siyang ebanghelyo binuo, at ang ebanghelyo ay siyang kautusang inihayag at pinalawak. Ang kautusan ay siyang ugat, ang ebanghelyo ay ang mabangong bulaklak at bunga na isinusupling ito.

Ang Matandang Tipan ay nagsasabog ng liwanag sa Bago, at ang Bago ay nagsasabog ng liwanag sa Matanda. Ang bawa't isa ay isang kapahayagan ng kaluwalhatian ng Diyos kay Kristo. Ang dalawa ay kapwa nagpapakilala ng mga katotohanang patuloy na maghahayag ng mga bagong malalalim na kahulugan sa masikap na masikap na mananaliksik.

Ang katotohanang na kay Kristo at sa pamamagitan ni Kristo ay di-masukat. Ang mag-aaral ng Kasulatan ay tumitingin, gaya ng nangyayari, sa isang bukal na lumalalim at lumalawak habang kanyang tinititigan ang kalaliman nito. Hindi sa buhay na ito mauunawaan natin ang hiwaga ng pag-ibig ng Diyos sa pagkakapagbigay [125]
ng Kanyang Anak upang maging pampalubag-loob sa ating mga kasalanan. Ang gawain ng ating Manunubos sa lupang ito ay isang paksa at kailanma'y laging magiging isang paksa na babanat sa ating pinakamatayog na guniguni o imahinasyon. Maaaring gamiting puspusan ng tao ang bawa't kapangyarihan ng pag-iisip sa pagsusumakit na maliwanagan ang hiwagang ito, subali't manghihina at mapapagod ang kanyang diwa. Makikita ng pinakamasikhay

[1] Juan 5:46.

[2] Juan 5:39.

na mananaliksik sa kanyang unahan ang isang walang-hanggan at walang-pampang na karagatan.

Ang katotohanang gaya ng na kay Jesus ay maaaring maranasan, nguni't kailanma'y di maipaliliwanag. Ang taas at luwang at lalim nito ay di-masayod ng ating kaalaman. Maaari nating gamitin hanggang sa sukdulan ang ating guniguni, at pagkatapos ay makikita lamang natin nang malabo ang mga balangkas ng isang pagibig na di-malurok o di-maipaliwanag, na kasintaas ng langit, gayunma'y nakayungyong sa lupa upang itatak ang larawan ng Diyos sa buong sangkatauhan.

Gayunma'y maaaring mangyari na ating makita ang lahat na maiisip natin tungkol sa kahabagan ng Diyos. Ito'y inihahayag sa mapagpakumbaba't nagsisising kaluluwa. Ating mauunawaan ang kahabagan ng Diyos na kasukat lamang ng ating pagpapahalaga sa Kanyang pagpapakasakit para sa atin. Sa ating pagsasaliksik ng salita ng Diyos nang may pagpapakumbabang puso, ang dakilang paksa ng pagtubos ay mahahayag sa ating pagsasaliksik. Mararagdagan ang kaningningan nito habang ito'y ating minamasdan, at habang ating hinahangad na ito'y maunawaan, ang taas at lalim nito ay patuloy na mag-iibayo.

Ang ating buhay ay dapat mapatali sa buhay ni Kristo; dapat tayong patuloy na uminom sa Kanya, kumain sa Kanya, na siyang buhay na tlnapay na bumaba mula sa langit, na umiinom mula sa isang
[126] bukal ng tubig na laging sariwa, laging nagbibigay ng masagana nitong mga kayamanan. Kung ating pinananatili ang Panginoon na laging nasa harapan natin, na pinahihintulutan ang ating mga puso na magpasalamat at pumuri sa Kanya, ay magkakaroon tayo ng patuloy na kasariwaan sa ating kabuhayang ukol sa relihiyon. Ang ating mga pananalangin ay magiging pakikipag-usap sa Diyos, gaya ng nanaisin nating pakikipag-usap sa isang kaibigan. Kanyang sasalitain sa atin nang personal ang Kanyang mga hiwaga. Madalas na mapapasaatin ang matamis at masayang pagkadama ng pagiging-kaharap si Jesus. Madalas na mag-aalab ang ating mga puso sa loob natin kapag Siya'y lumalapit upang makipagniig sa atin na gaya ng Kanyang ginawa kay Enoc. Kapag sa katotohanan ay ito ang karanasan ng Kristiyano, sa kanyang buhay ay namamalas ang kapayakan, ang kapakumbabaan, ang kaamuan, at ang kababaan ng

puso, na siyang nagpapakilala sa lahat niyang nakakasalamuha na siya'y nakasama ni Jesus at siya'y nag-aral sa Kanya.

Sa mga nagtataglay nito, ang relihiyon ni Kristo ay mahahayag bilang isang nagpapalakas at naghaharing simulain, isang nabubuhay at gumagawang kalakasang ukol sa espiritu. May mahahayag na kasariwaan at kapangyarihan at kasayahan ng walang-hanggang kabataan. Ang pusong tumatanggap ng salita ng Diyos ay hindi gaya ng isang sanaw na naiiga, hindi tulad ng isang sirang balon na natutuyuan ng yaman nito. Ito'y katulad ng ilog sa bundok na tinutustusan ng di-naglilikat na mga bukal, na ang malamig at makislap na tubig ay tumatalon sa mga batuhan, at pinagiginhawa ang napapagod, ang nauuhaw, at ang nabibigatang lubha.

Ang karanasang ito ay nagbibigay sa bawa't tagapagturo ng katotohanan ng mga katangian mismo na gagawa sa kanya na maging isang kinatawan ni Kristo. Ang espiritu ng pagtuturo ni Kristo ay magbibigay ng puwersa at pagiging-tuwiran sa kanyang mga [127] pakikipagusap at sa kanyang mga pananalangin. Ang kanyang pagsaksi kay Kristo ay hindi magiging isang makitid at walang-buhay na patotoo. Ang ministro ay hindi mangangaral nang paulit-ulit sa iyon at iyunding mga diskurso. Ang kanyang isipan ay magiging bukas sa patuloy na pagbibigay-liwanag ng Banal na Espiritu.

Sinabi ni Kristo, "Ang kumakain ng Aking laman at umiinom ng Aking dugo, ay may buhay na walanghanggan. . . . Kung paanong sinugo Ako ng Amang buhay, at Ako'y nabubuhay dahil sa Ama; gayundin naman ang kumakain sa Akin, siya nama'y mabubuhay dahil sa Akin. . . . Ang Espiritu nga ang bumubuhay; . . . ang mga salitang sinalita Ko sa inyo ay pawang Espiritu, at pawang buhay."[1]

Kapag ating kinakain ang laman ni Kristo at iniinom ang Kanyang dugo, ang elemento ng walang-hanggang buhay ay masusumpungan sa ministeryo. Hindi magkakaroon ng isang bilang ng mga luma at madalas-ulit-uliting mga kuru-kuro. Ang nakaiinip at, nakababagot na pagsesermon ay matitigil. Ang mga luma o mga dating katotohanan ay ipakikilala, nguni't makikita ang mga ito sa isang bagong liwanag. Magkakaroon ng isang bagong pagkaunawa sa katotohanan, ng isang kalinawan at isang kapangyarihan na anupa't lahat ay makakaunawa. Yaong mga nagkakaroon ng kara-

[1] Juan 6:54-63.

patan na maupo sa ilalim ng ganitong ministeryo, kung madaling talaban ng impluwensiya ng Banal na Espiritu, ay makakaramdam ng nagpapalakas na kapangyarihan ng isang bagong buhay. Ang apoy ng pag-ibig ng Diyos ay mag-aalab sa loob nila. Ang kanilang mga kapangyarihan sa pag-unawa ay mapasisigla upang makita ang kagandahan at ang kamaharlikaan ng katotohanan.

Ang tapat na puno ng sambahayan ay kumakatawan sa kung dapat maging ano ang bawa't tagapagturo ng mga bata at mga ka-
[128] bataan. Kung ginagawa niyang kan- yang kayamanan ang salita ng Diyos, patuloy nga siyang makapaghaharap ng bagong kagandahan at bagong katotohanan. Kapag sa Diyos aasa ang tagapagturo sa pamamagitan ng panalangin, ang Espiritu ni Kristo ay sasakanya, at ang Diyos ay gagawa sa pamamagitan niya sa mga isipan ng iba sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Pinupuno ng Espiritu ang puso't pag-iisip ng matamis na pag-asa at ng katapangan at ng kaharayaan o larawan ng Bibliya, at ang lahat ng ito ay ipatatalastas sa mga kabataang nasa ilalim ng kanyang pagtuturo.

Ang bukal ng makalangit na kapayapaan at kagalakan, na nabuksan sa kaluluwa ng tagapagturo sa pamamagitan ng mga salita ng Kinasihan, ay magiging isang makapangyarihang ilog ng impluwensiya na magpapala sa lahat na napapaugnay sa kanya. Ang Biblia ay hindi magiging isang nakapapagod na aklat sa mag-aaral. Sa ilalim ng isang matalinong tagapagturo ang salita ay magiging lalo at lalong kanais-nais. Ito'y magiging parang tinapay ng buhay, at hindi kailanman maluluma. Ang kasariwaan at kagandahan nito ay makaaakit at makahahalina sa mga bata at mga kabataan. Ito'y katulad ng araw na sumisinag sa ibabaw ng lupa, na walang-hanggang nagdudulot ng ningning at init, gayunma'y di-kailanman nauubos.

Ang banal at nagtuturong Espiritu ng Diyos ay nasa Kanyang salita. Isang liwanag, isang bago at mahalagang liwanag, ang sumisinag mula sa bawa't dahon. Katotohanan ang inihahayag doon, at ang mga salita at mga pangungusap ay ginagawang maliwanag at naaangkop sa pagkakataon, na bilang tinig ng Diyos na nagsasalita sa kaluluwa.

Ibig ng Banal na Espiritung magsalita sa mga kabataan, at upang ipatuklas sa kanila ang mga kayamanan at mga kagandahan ng salita ng Diyos. Ang mga pangakong sinalita ng dakilang Guro ay bibihag
[129] sa mga pandama at magbibigay-buhay sa kaluluwa sa pamamag- itan

ng isang kapangyarihan ukol sa espiritu na banal. Sa mabungang pag-iisip ay may yayabong na pagkakilala sa mga banal na bagay na magiging gaya ng isang hadlang laban sa tukso.

Ang mga salita ng katotohanan ay lalago sa kahalagahan, at magkakaroon ng isang kalawakan at kapuspusan ng kahulugan na hindi natin kailanman pinangarap. Ang kagandahan at mga kayamanan ng salita ay may bumabagong impluwensiya sa isipan at karakter. Ang liwanag ng pag-ibig ng langit ay mapapasapuso bilang isang inspirasyon.

Ang pagpapahalaga sa Biblia ay lumalaki sa pamamagitan ng pag-aaral nito. Saanmang daan lumiko ang mag-aaral, ay kanyang makikitang nakatanghal ang walang-hanggang karunungan at pag-ibig ng Diyos.

Ang kahulugan ng sistema ng pamumuhay ng mga Hudyo ay hindi pa lubusang nauunawaan. Ang mga katotohanang malalawak at malalalim ay malabong naaaninaw sa mga rito at mga sagisag nito. Ang ebanghelyo ay siyang susing nagbubukas sa mga hiwaga nito. Sa pamamagitan ng pagkatalastas sa panukala ng pagtubos, ang mga katotohanan nito ay nabubuksan sa pang-unawa. Higit pa kaysa ginagawa natin, karapatan nating unawain ang mga kahanga-hangang paksang ito. Dapat nating mawatasan ang malalalim na bagay ng Diyos. Nais ng mga anghel na masaliksik ang mga katotohanang inihahayag sa mga tao na taglay ang nagsisising mga puso ay nagsisipagsaliksik ng salita ng Diyos, at nagsisidalangin para sa higit na haba at luwang at lalim at taas ng pagkakilala na Siya lamang ang nakapagbibigay.

Habang tayo'y nalalapit sa katapusan ng kasaysayan ng sanlibutang ito, ang mga hulang may kaugnayan sa mga huling araw ay tangi nang kailangan nating pagaralan. Ang huling aklat ng mga Kasulatan ng Bagong Tipan ay lipos ng katotohanang dapat nating maunawaan. Binubulag ni Satanas ang pag-iisip ng marami, na anu- [130]
pa't ikinatutuwa nila ang paggawa ng anumang pagdadahilan sa hindi nila pag-aaral ng Apokalipsis. Subali't sa pamamagitan ng Kanyang lingkod na si Juan ay ipinahahayag dito ni Kristo kung ano ang mangyayari sa mga huling araw, at sinasabi Niyang, "Ma-

palad ang bumabasa, at ang nangakikinig ng mga salita ng hula, at tumutupad ng mga bagay na nangasusulat doon."[1]

"Ito ang buhay na walang-hanggan," wika ni Kristo, "na Ikaw ay makilala nila na iisang Diyos na tunay, at siyang Iyong sinugo, sa makatwid baga'y si Jesukristo."Bakit kaya hindi natin nadarama ang kahalagahan ng pagkakilalang ito? Bakit kaya ang maluluwalhating katotohanang ito ay hindi nag-aalab sa ating mga puso, hindi nanginginig sa ating mga labi, at hindi naghahari sa buo nating pagkatao?

Sa pagbibigay Niya sa atin ng Kanyang salita, ay ipinaaari ng Diyos sa atin ang bawa't katotohanang kailangan para sa ating kaligtasan. Libu-libo ang nangagsisiinom ng tubig mula sa mga balong ito ng buhay, gayunma'y hindi ito nauubusan ng panustos. Sa kanilang harapan ay inilalagay ng libu-libo ang Panginoon, at sa pamamagitan ng pagtingin ay nangababago sa gayunding larawan. Ang kanilang espiritu ay nag-aalab sa loob nila habang kanilang sinasalita ang tungkol sa Kanyang karakter, na sinasabi kung ano si Kristo sa kanila, at kung ano naman sila kay Kristo. Gayunma'y hindi nauubos ng mga mananaliksik na ito ang mga dakila at mga banal na paksang ito. Libu-libo pa ang maaaring sumuong sa gawain ng pagsasaliksik sa mga hiwaga ng kaligtasan. Habang ang buhay ni Kristo at ang likas ng Kanyang misyon ay binubulay-bulay, ang mga silahis ng liwanag ay sisinag nang lalong maliwanag sa bawa't pagsisikap na tuklasin ang katotohanan. Ang bawa't bagong pagsasaliksik ay maghahayag ng isang bagay na higit pang kasabik-sabik kaysa nahayag na hanggang ngayon. Ang paksa ay di-nauubos.
[131] Ang pag-aaral ng tungkol sa pagka- katawang-tao ni Kristo, ang Kanyang tumutubos na paghahain at gawain ng pamamagitan, ay magpapakilos sa isipan ng masipag na mag-aaral habang tumatagal ang panahon; at sa pagtingin sa langit taglay ang di-mabilang na mga taon nito, siya ay bubulalas, "Dakila ang hiwaga ng kabanalan."

Doon sa walang-hanggan ay malalaman natin yaong bagay na nakapagbukas sana ng ating pang-unawa, kung tinanggap lamang natin ang kaliwanagang maaaring tamuhin dito. Ang mga paksa ng katubusan ay magpapakilos sa mga puso at mga isipan at mga dila ng mga tinubos sa buong mga panahong walang-hanggan.

[1] Apoc. 1:3.

Kanilang mauunawaan ang mga katotohanang ninasa o pinanabikan ni Kristong ihayag sa Kanyang mga alagad, subali't bagay na hindi sila nagkaroon ng pananampalatayang mahagip. Magpakailan-kailanma'y lilitaw ang mga bagong tanawin ng kasakdalan at kaluwalhatian ni Kristo. Sa buong panahong walang-katapusan ay maglalabas ang tapat na Puno ng sambahayan ng mga bagay na bago at luma mula sa Kanyang kayamanan. [132]

## Kapitulo 12—May Kabuluhan ang Humingi

PATULOY na tumatanggap si Kristo sa Ama upang Siya'y makapagbigay sa atin. "Ang salitang inyong narinig," wika Niya, "ay hindi Akin, kundi sa Amang nagsugo sa Akin." "Ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod."[1] Siya'y nabuhay at nag-isip at nanalangin, hindi para sa Kanyang sarili, kundi para sa iba. Sa mga oras na ginugol Niyang kasama ng Diyos ay lumabas Siya tuwing umaga, upang dalhin ang liwanag ng langit sa mga tao. Araw-araw ay tumanggap siya ng bagong bautismo ng Banal na Espiritu. Sa maaagang oras ng panibagong araw ay ginising Siya ng Panginoon sa Kanyang pagkakatulog, at ang Kanyang mga labi ay pinahiran ng biyaya, upang Siya'y makapagbigay sa iba. Ang mga salita Niya'y ibinigay sa Kanya na sariwa mula sa mga korte sa langit, mga salitang mabibigkas Niya sa mga napapagal at naaapi sa kaukulang panahon. "Binigyan Ako ng Panginoong Diyos," wika Niya, "ng dila ng nangaturuan, upang Aking maalaman kung paanong aaliwin ng mga salita siyang nanlulupaypay: Siya'y nagigising tuwing umaga, ginigising Niya ang Aking pakinig upang makinig na gaya ng mga natuturuan."[2]

Labis na nakilos ang mga alagad ni Kristo ng Kanyang mga
[133] panalangin at ng Kanyang kinaugaliang pa- kikipagniig o pakikipagusap sa Diyos. Isang araw pagkatapos ng isang maikling panahon ng pagkawalay sa kanilang Panginoon, ay kanilang natagpuan Siya na buhos na buhos ang diwa at kalooban sa pananalangin. Wari manding di-namamalayan na sila'y naroroon, Siya'y nagpatuloy sa malakas na pananalangin. Ang mga puso ng mga alagad ay labis na naantig. Nang Siya'y matapos sa pananalangin, ay sila'y nagsipagsabi, "Panginoon, turuan Mo kaming manalangin."

Bilang kasagutan, inulit ni Kristo ang panalangin ng Panginoon, gaya ng pagkakabigay Niya sa sermon sa bundok. Pagkatapos sa

[1] Juan 14:24; Mat. 2028.

[2] Is. 50:4.

isang talinhaga ay inilarawan Niya ang liksiyong ninasa Niyang ituro sa kanila.

"Sino sa inyo," sinabi Niya, "ang magkakaroon ng isang kaibigan, at paroroon sa kanya sa hatinggabi, at sa kanya'y sasabihin, Kaibigan, pahiramin mo ako ng tatlong tinapay; sapagka't dumarating sa akin na galing sa paglalakbay ang isa kong kaibigan, at wala akong maihain sa kanya? At siya na mula sa loob ay sasagot at sasabihin, Huwag mo akong bagabagin; nalalapat na ang pinto, at kasama ko sa hihigan ang aking mga anak: hindi ako makabangon at makapagbigay sa iyo. Sinasabi Ko sa inyo, Kahit siya'y hindi bumangon at magbigay sa kanya dahil sa siya'y kaibigan niya, gayunma'y dahil sa kanyang pagbagabag ay siya'y magbabangon at ibibigay gaanuman ang kinakailangan niya."

Inilalarawan dito ni Kristo ang humihiling bilang humihingi upang ito'y muling makapagbigay. Dapat itong magkaroon ng tinapay, at kung hindi'y hindi nito mabibigyan ng mga pangangailangan ang isang napapagod at ginabing manlalakbay. Bagama't ang kapitbahay nito ay ayaw pabagabag, ay hindi ito tumitigil sa pakikiusap; ang kaibigan nito ay dapat tulungan; at sa wakas ang pambabagabag nito ay ginantimpalaan; ang mga pangangailangan nito ay natustusan.

Sa ganito ring paraan dapat humingi ng mga pag- papala sa [134]
Diyos ang mga alagad. Sa pagpapakain sa karamihan at sa sermon ukol sa tinapay na galing sa langit, ay inihayag ni Kristo sa kanila ang kanilang gawain bilang Kanyang mga kinatawan. Dapat nilang ibigay sa mga tao ang tinapay ng buhay. Siya na nagtakda ng kanilang gawain, ay nakakita kung gaano kadalas susubukin ang kanilang pananampalataya. Madalas na sila'y mapapasadlak sa mga di-inaasahang kalagayan, at kanilang madarama ang kanilang kawalang-kaya bilang mga tao. Ang mga kaluluwang nangagugutom sa tinapay ng buhay ay mangagsisilapit sa kanila, at sila na rin ay makadarama ng kanilang karukhaan at kawalangmagagawa. Dapat silang tumanggap ng pagkaing ukol sa espiritu, sapagka't kung hindi ay wala silang maibibigay. Nguni't isa mang kaluluwa ay hindi nila dapat paalisin nang di-napakakain. Sila'y itinuturo ni Kristo sa pinagmumulan ng pagkain. Ang lalaking nilapitan ng kaibigan upang maistima, kahit na sa oras ng hating-gabi, ay hindi nito siya itinaboy. Wala itong maihain sa kanya, gayunma'y pumunta ito sa isa na may pagkain, at ipinaggiitan ang kahilingan nito, hanggang

sa bigyan ng kapitbahay ang pangangailangan nito. At hindi ba tutustusan ng Diyos, na nagsugo ng Kanyang mga lingkod upang pakanin ang mga nagugutom, ang kanilang pangangailangan para sa Kanyang sariling gawain?

Datapwa't ang sakim na kapitbahay sa talinhaga ay hindi kumakatawan sa karakter ng Diyos. Ang aral o liksiyon ay inilalarawan, hindi sa pamamagitan ng paghahambing, kundi sa pamamagitan ng pagkakaiba. Ipagkakaloob ng isang sakim na tao ang isang mahalagang kahilingan, upang mawala na ang isang umaabala sa kanyang pamamahinga. Subali't ang Diyos ay nalulugod na magbigay. Siya'y puspos ng kahabagan, at kinasasabikan Niyang ipagkaloob ang mga kahilingan niyaong mga nagsisilapit sa Kanya sa pananampalataya.
[135] Siya'y nagbi- bigay sa atin, upang tayo'y makapaglingkod sa iba, at sa gayo'y maging katulad tayo ng Kanyang sarili.

Sinasabi ni Kristo, "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakakasumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan. Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpong; at ang tumutuktok ay binubuksan."

Patuloy na sinasabi ng Tagapagligtas: "Aling ama sa inyo na kung humingi ang kanyang anak ng isang tinapay, ay bibigyan niya ng isang bato? o ng isang isda kaya, at hindi isda ang ibibigay kundi isang ahas? o kung siya'y humingi ng isang itlog, kanyang bibigyan kaya siya ng alakdan? Kung kayo nga, bagaman masasama, ay marurunong mangagbigay ng mabubuting kaloob sa inyong mga anak, gaano pa kaya ang inyong Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa nagsisihingi sa Kanya?"

Upang mapatibay ang ating pagtitiwala sa Diyos, tinuturuan tayo ni Kristo na tawagin Siya sa pamamagitan ng isang bagong pangalan, isang pangalang nakahabi sa pinakamamahal na mga pagsasamahan ng puso ng tao. Binibigyan Niya tayo ng karapatan na tawagin ang walang-hanggang Diyos na ating Ama. Ang pangalang ito, na sinasalita sa Kanya at tungkol sa Kanya, ay isang tanda ng ating pag-ibig at pagtitiwala sa Kanya, at isang pangako ng Kanyang pagtingin at pagkakaugnay sa atin. Ang pagbigkas nito sa sandaling hinihingi natin ang Kanyang paglingap o pagpapala, ay nagiging parang tugtugin sa Kanyang mga pakinig. Upang huwag nating isipin na kapangahasan ang pagtawag sa Kanya sa ganitong

pangalan, ito'y muli Niyang inulitulit. Nais Niyang mabihasa tayo sa pagtawag sa pangalang ito.

Tayo'y itinuturing ng Diyos na Kanyang mga anak. Kanyang tinubos tayo mula sa bulagsak na sanlibutan, at pinili tayong maging mga kaanib ng makaharing sam- bahayan, mga anak na lalaki at [136]
mga anak na babae ng Hari sa langit. Inaanyayahan Niya tayong magtiwala sa Kanya taglay ang isang pagtitiwalang higit na malalim at matibay kaysa pagtitiwala ng isang anak sa kanyang ama sa lupa. Iniibig ng mga magulang ang kanilang mga anak, subali't ang pag-ibig ng Diyos ay higit na malawak, at higit na mataimtim kaysa maaaring pag-ibig ng tao. Iyon ay di-matingkala. Kung ang mga magulang nga sa lupa ay marurunong magbigay ng mabubuting kaloob sa kanilang mga anak, gaano pa kaya ang ating Ama sa kalangitan na magbibigay ng Espiritu Santo sa kanila na nagsisihingi sa Kanya?

Ang mga aral ni Kristo tungkol sa panalangin ay dapat buong ingat na isaalang-alang. May banal na karunungan sa panalangin, at sa Kanyang paglalarawan ay nalalantad ang mga simulaing kailangang maunawaan ng lahat. Ipinakikilala Niya kung ano ang tunay na diwa ng panalangin. Kanyang itinuturo ang pangangailangan ng pagtitiyaga sa paghaharap ng ating mga kahilingan sa Diyos, at tinitiyak sa atin ang tungkol sa Kanyang pagiging-handa na pakinggan at sagutin ang panalangin.

Ang ating mga dalangin ay hindi dapat maging makasariling paghingi, na para lamang sa ating sariling kapakinabangan. Dapat tayong humingi upang makapagbigay. Ang simulain ng buhay ni Kristo ay dapat maging simulain ng ating mga buhay. "Dahil sa kanila," wika Niya, na nagsasalita tungkol sa Kanyang mga alagad, "ay pinabanal Ko ang Aking sarili, upang sila naman ay mangagpakabanal."[1] Ang gayunding pagsasakit o pagbabanal, ang gayunding pagsasakripisyo ng sarili, ang gayunding pagpapasakop sa mga inaangkin ng salita ng Diyos, na nahayag kay Kristo, ay dapat makita sa Kanyang mga lingkod. Ang ating misyon sa sanlibutan ay hindi upang paglingkuran o bigyang-kaluguran ang ating mga sarili; dapat nating luwalhatiin ang Diyos sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa Kanya sa paglilig- tas ng mga makasalanan. Dapat tayong [137]

[1] Juan 17:19.

humingi ng mga pagpapala sa Diyos upang tayo'y makapagbigay sa iba. Ang kakayahang ukol sa pagtanggap ay naiingatan lamang sa pamamagitan ng pagbibigay. Hindi tayo makapagpapatuloy na tumanggap ng kayamanan ng langit nang hindi nagbibigay sa mga nasa palibot natin.

Sa talinhaga ang humihingi ay paulit-ulit na itinaboy, gayunma'y hindi niya tinalikdan ang kanyang hangarin. Ganyan din ang ating mga panalangin na tila mandin hindi palagi nang tumatanggap ng kagyat na kasagutan; nguni't tinuturuan tayo ni Kristo na hindi tayo dapat tumigil sa pananalangin. Ang panalangin ay hindi gagawa ng anumang pagbabago sa Diyos; ito ay upang tayo'y ipakipagkaisa sa Diyos. Kapag tayo'y gumagawa ng kahilingan sa Kanya, maaaring nakikita Niyang kailangan nating magsaliksik ng ating mga puso at magsisi ng kasalanan. Dahil dito Kanya tayong sinusulit at sinusubok, Kanya tayong pinararanas ng pagpapakumbaba, upang ating makita kung ano ang nakahahadlang sa paggawa ng Kanyang Banal na Espiritu sa atin.

May mga kondisyon sa ikatutupad ng mga pangako ng Diyos, at ang panalangin ay hindi kailanman makakukuha sa lugar ng tungkulin. "Kung Ako'y inyong iniibig," wika ni Kristo, "ay tutuparin ninyo ang Aking mga utos." "Ang mayroon ng Aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa Akin; at ang umiibig sa Akin ay iibigin ng Aking Ama, at siya'y iibigin Ko, at Ako'y magpapakahayag sa kanya."[1] Ang mga nagdadala ng kanilang mga kahilingan sa Diyos, na nagsisiangkin ng Kanyang pangako samantalang hindi naman sila umaalinsunod sa mga kondisyon, ay umaalipusta kay Jehoba. Dinadala-dala nila ang pangalan ni Kristo bilang kanilang kapangyarihan sa ikatutupad ng pangako, subali't di
[138] naman nila ginagawa ang mga ba- gay na magpapakilala ng kanilang pananampalataya kay Kristo at pag-ibig sa Kanya.

Marami ang kumakaligta sa kondisyon ng pagtanggap sa Ama. Kailangan nating masusing siyasatin ang gawang pagtitiwala na sa pamamagitan nito tayo'y lumalapit sa Diyos. Kung tayo'y mga masuwayin, ating dinadala sa Panginoon ang isang papel de bankong ipapapalit gayong hindi naman natin natutupad ang mga kondisyong magiging daan upang iyon ay palitan at bayaran sa atin. Ating

[1] Juan 14:15, 21.

inihaharap sa Diyos ang Kanyang mga pangako, at hinihiling natin sa Kanya na tuparin ang mga ito, gayong sa paggawa nito ay malalapastangan ang Kanyang sariling pangalan.

Ang pangako ay, "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin, at ang mga salita Ko'y magsipanatili sa inyo, ay hingin ninyo ang anumang inyong ibigin, at gagawin sa inyo."[1] At ipinahahayag ni Juan: "Sa ganito'y nalalaman natin na Siya'y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang Kanyang mga utos. Ang nagsasabing, Nakikilala ko Siya, at hindi tumutupad ng Kanyang mga utos, ay sinungaling, at ang katotohanan ay wala sa kanya. Datapwa't ang sinumang tumutupad ng Kanyang salita, tunay na sa kanya ay naging sakdal ang pag-ibig ng Diyos."[2]

Ang isa sa mga katapusang utos ni Kristo sa Kanyang mga alagad ay, "Kayo'y mangag-ibigan sa isa't isa na kung paanong inibig Ko kayo."[3] Sinusunod ba natin ang utos na ito, o tayo'y napahihinuhod sa matatalim na katangian ng likas na di-gaya-ng-kay-Kristo? Kung sa anumang paraan ay nakapighati o nakasugat tayo sa iba, ay tungkulin nating ipahayag o ikumpisal ang ating pagkakamali, at sikaping makipagkasundo. Ito ay isang kailangang paghahanda upang tayo'y makalapit sa harapan ng Diyos nang may pananampalataya, upang hingin ang Kanyang pagpapala.

May isa pang bagay na napakadalas makaligtaan o mapabayaan ng mga nagsisihanap sa Panginoon sa pa- mamagitan ng panalangin. [139]
Naging matapat ba kayo sa Diyos? Sa pamamagitan ng propeta Malakias ay sinasabi ng Panginoon, "Mula nang mga kaarawan ng inyong mga magulang kayo'y nangagpakaligaw sa Aking mga tuntunin, at hindi ninyo tinalima. Manumbalik kayo sa Akin, at Ako'y manunumbalik sa inyo, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano kami manunumbalik? Nanakawan baga ng tao ang Diyos? Ga-yunma'y ninanakawan ninyo Ako. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano Ka namin ninanakawan? Sa mga ikasampung-bahagi at sa mga handog."[1]

Bilang Tagapagbigay ng bawa't pagpapala, ay inaangkin ng Diyos ang isang tiyak na bahagi ng lahat nating tinatangkilik. Ito ang

[1] Juan 15:7.
[2] 1 Juan 2:3-5.
[3] Juan 13:34.
[1] Mal. 3:7, 8.

Kanyang panlaan upang maitaguyod ang pangangaral ng ebanghelyo. At sa paggawa ng ganitong panunumbalik sa Diyos, ay dapat nating ipakilala ang ating pagpapahalaga sa Kanyang mga kaloob. Datapwa't kung inililingid natin sa Kanya ang sariling Kanya, paano natin maaangkin ang Kanyang pagpapala? Kung tayo'y mga di-tapat na katiwala ng mga bagay sa lupa, paano natin Siya maaasahang magtiwala sa atin ng mga bagay sa langit? Maaaring narito ang lihim ng di-sinasagot na panalangin.

Gayunman ang Panginoon sa Kanyang malaking kahabagan ay handang magpatawad, at Kanyang sinasabi, "Dalhin ninyo ang buong ikasampung-bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa Aking bahay, at subukin ninyo Ako ngayon sa bagay na ito, . . . kung hindi Ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog Ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan. At Aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang. . .
[140] . At tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad; sapagka't kayo'y magigiing maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga hukbo."[1]

Ganyan din sa bawa't iba pa sa mga kahilingan ng Diyos. Ang lahat ng Kanyang mga kaloob ay ipinangangako batay sa kondisyon ng pagtalima. Ang Diyos ay may kalangitang puno ng mga pagpapala para sa mga makikipagtulungan sa Kanya. Lahat ng mga nagsisitalima sa Kanya ay maaaring buong pagtitiwalang umangkin sa katuparan ng Kanyang mga pangako.

Subali't dapat tayong magpakita ng isang matibay at di-lumilihis na pagtitiwala sa Diyos. Madalas na binabalam Niya ang pagtugon sa atin, upang subukin ang ating pananampalataya o kaya'y subukin ang pagiging-tunay ng ating ninanasa. Yamang humihingi nang ayon sa Kanyang salita, dapat nating sampalatayanan ang Kanyang pangako, at igiit ang ating mga kahilingang taglay ang kapasiyahang hindi matatanggihan.

Hindi sinasabi ng Diyos, Humingi kang minsan, at ikaw ay tatanggap. Inaatasan Niya tayong magsihingi. Walang-pagod na magpilit sa pananalangin. Ang mapilit na paghingi ay naghahatid sa humihingi sa lalong masigasig na pananayuan, at nagbibigay

[1] Mal. 3:10-12.

sa kanya ng karagdagang pagnanais na matamo ang mga bagay na kanyang hinihingi. Sa libingan ni Lazaro ay sinabi ni Kristo kay Marta, "Kung ikaw ay sasampalataya, ay makikita mo ang kaluwalhatian ng Diyos."[2]

Datapwa't marami ang walang buhay na pananampalataya. Ito ang dahilan kung bakit hindi nila nakikita ang higit na kapangyarihan ng Diyos. Ang kanilang kahinaan ay bunga ng kanilang di-paniniwala. Mayroon silang higit na pananampalataya sa kanilang sariling paggawa kaysa paggawa ng Diyos sa kanila. Ipinagkakatiwala nila ang kanilang mga sarili sa kanilang sariling pag-iingat. Sila'y nagpapanukala at nagbabalak, subali't nananalangin nang kaunti, at may maliit na tunay na pagtitiwala sa Diyos. Akala nila'y mayroon silang pana- nampalataya, nguni't iyon ay pansumandaling bugso [141]
lamang ng damdamin. Sa di-pagkadama ng kanilang sariling pangangailangan, o ng pagiging-handa ng Diyos na magbigay, ay hindi sila nagsisipagtiyaga na mapanatili ang kanilang mga kahilingan sa harapan ng Panginoon.

Ang ating mga panalangin ay dapat maging kasingalab at kasinsigasig ng kahilingan ng nangangailangang kaibigan na humihingi ng tinapay sa hatinggabi. Lalong maningas at matibay ang ating paghingi, lalo namang magiging malapit ang ating espirituwal na pakikipagkaisa kay Kristo. Tatanggap tayo ng naragdagang mga pagpapala sapagka't dinagdagan natin ang ating pananampalataya.

Ang ating bahagi ay ang manalangin at sumampalataya. Magpuyat sa pananalangin. Magpuyat, at makipagtulungan sa Diyos na dumirinig ng panalangin. Laging isaisip na "tayo ay mga kamanggagawa ng Diyos."[1] Kayo'y magsalita at gumawa na katugma ng inyong mga panalangin. Gagawa ng walang-hanggang kaibahan sa inyo kung ang pagsubok ay magpapatotoong ang inyong pananampalataya ay tunay, o magpapakilalang ang inyong mga panalangin ay isa lamang porma o anyo.

Kapag bumabangon ang mga kagulumihanan, at nahaharap sa inyo ang mga kahirapan, ay huwag kayong humingi ng tulong sa mga tao. Ipagkatiwala ninyo ang lahat sa Diyos. Ang ginagawang pagsasabi sa iba ng ating mga kahirapan, ay nagpapahina lamang

[2] Juan 11:40.
[1] 1 Cor. 3:9.

sa atin, at hindi nagdudulot ng kalakasan sa kanila. Napapaatang sa kanila ang pasan ng ating mga sakit na ukol sa espiritu, na hindi nila malulunasan. Hinahanap natin ang kalakasan ng nagkakamali't namaniatay na tao, gayong maaari namang mapasaatin ang kalakasan ng di-nagkakamali at walang-hanggang Diyos.

[142] Hindi ninyo kailangang magtungo sa mga wakas ng lupa para sa
[143] karunungan, sapagka't ang Diyos ay malapit. Hindi ang mga kakayahang angkin o taglay ninyo ngayon, o ang kailanma'y mapapasainyo, ang magbibigay sa inyo ng tagumpay. Ito ay yaong bagay na magagawa ng Panginoon para sa inyo. Kailangan nating higit na bawasan ang pagtitiwala sa magagawa ng tao, at higit na dagdagan ang pagtitiwala sa magagawa ng Diyos para sa bawa't sumasampalatayang kaluluwa. Pinakahahangad Niyang kayo'y makaabot sa Kanya sa pananampalataya. Pinakahahangad Niyang kayo'y umasam o maghintay ng mga dakilang bagay mula sa Kanya. Pinakahahangad Niyang pagkalooban kayo ng pagkaunawa sa mga bagay na ukol sa buhay na ito at ng ukol sa espiritu. Mapatatalas Niya ang diwa. Makapagbibigay Siya ng katalinuhan at kadalubhasaan. Gamitin ninyo ang inyong mga talento sa gawain, humingi kayo ng karunungan sa Diyos, at ito'y ibibigay sa inyo.

Tanggapin ninyo ang salita ni Kristo bilang inyong kapanatagan. Hindi ba Niya kayo inaanyayahang lumapit sa Kanya? Kailanma'y huwag ninyong pahihintulutan ang inyong sarili na magsalita sa isang walang-pag-asa't nanlulupaypay na paraan. Kung ganito ang inyong ginagawa, malaki ang mawawala sa inyo. Sa pamamagitan ng pagtingin sa mga kaanyuan, at pagdaing kapag dumarating ang mga kahirapan at kapighatian, ay nagbibigay lamang kayo ng katunayan na kayo'y may masasaktin at mahinang pananampalataya. Kayo'y magsalita at kumilos na parang ang inyong pananampalataya ay di-mapasusuko. Ang Panginoon ay sagana sa mga kaya-manan; Kanya ang sanlibutan. Sa pananampalataya'y tumingin kayo sa langit. Tumingin kayo sa Kanya, Siya na may liwanag at kapangyarihan at kahusayan.

Nasa tunay na pananampalataya ang kasiglahan, ang katatagan ng simulain, at ang di-pagbabago ng hangarin, na hindi mapanghihina ng panahon ni ng paggawa man. "Pati ng mga kabi-
[144] nataan ay manlalata at mapapagod, at ang mga binata ay lubos na mangabubuwal: nguni't silang nangaghihintay sa Panginoon ay man-

gagbabagong lakas; sila'y paiilanlang na may mga pakpak na parang mga agila; sila'y magsisitakbo, at hindi mangapapagod; sila'y magsisilakad, at hindi manganghihina."[1]

Marami ang may nais na tumulong sa iba, nguni't nadarama nilang sila'y walang espirituwal na kalakasan o liwanag na maibibigay. Bayaang iharap nila ang kanilang mga kahilingan sa luklukan ng biyaya. Ipakiusap ang Banal na Espiritu. Nakatayo ang Diyos sa likod ng bawa't pangakong Kanyang ginagawa. Taglay ang inyong Biblia sa inyong mga kamay na inyong sabihin, "Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakakasumpong; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan."

Tayo'y hindi lamang dapat manalangin sa pangalan ni Kristo, kundi sa pamamagitan din naman ng pagkasi ng Banal na Espiritu. Ito ang nagpapaliwanag kung ano ang kahulugan nang sabihing ang Espiritu ay "namamagitan dahil sa atin, (sa pamamagitan) ng mga hibik na hindi maisasaysay sa pananalita."[2] Ang ganitong panalangin ay kinalulugurang sagutin ng Diyos. Kapag may kasigasigan at kasidhiang tayo'y bumulong ng isang dalangin sa pangalan ni Kristo, doon mismo sa kasidhiang yaon ay naroon ang pangako ng Diyos na halos ay Kanya nang tutugunin ang ating dalangin "nang lubhang sagana nang higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip,"[3]

Sinabi ni Kristo, "Ang lahat ng mga bagay na inyong idinadalangin at hinihingi, ay magsisampalataya kayo na inyong tinanggap na, at inyong kakamtin." "Ang anumang inyong hingin sa Aking pangalan, ay yaon ang Aking gagawin, upang ang Ama ay lumuwalhati sa Anak." At ang iniibig na si Juan, sa ilalim ng pagkasi ng Banal na Espiritu, ay nagsasalita nang may lubhang kaliwanagan at katiyakan: "Kung tayo'y humingi ng anumang bagay na ayon sa Kanyang kalooban, ay dinidinig Niya tayo: at kung ating nalalaman [145]
na tayo'y dinidinig Niya, sa anumang ating hingin, ay nalalaman natin na nasa atin ang mga kahilingang sa Kanya'y ating hiningi."[1] Ipaggiitan nga ang inyong kahilingan sa Ama sa pangalan ni Jesus. Pararangalan ng Diyos ang pangalang yaon.

[1] Is. 40:30, 31.

[2] Rom. 8:26.

[3] Ef. 3:20.

[1] Mar. 11:24; Juan 14:13; 1 Juan 5:14, 15.

Ang bahaghari sa palibot ng luklukan ay isang katiyakan na ang Diyos ay tunay, na sa Kanya ay walang pagbabago, ni kahit anino man ng pag-iiba. Tayo'y nagkasala laban sa Kanya, at mga di-karapat-dapat sa Kanyang paglingap; gayunma'y Siya na rin ang naglagay sa ating mga labi ng pinakakahanga-hanga sa mga pamanhik, "Huwag Mo kaming kayamutan, alang-alang sa Iyong pangalan; huwag Mong hamakin ang luklukan ng Iyong kaluwalhatian; Iyong alalahanin, huwag Mong sirain ang Iyong tipan sa amin."[2] Kapag tayo'y lumalapit sa Kanya na ipinahahayag ang ating pagkakasala at di-pagigingkarapat-dapat, Siya mismo ay nangangakong Kanyang didinggin ang ating daing. Ang karangalan ng Kanyang trono o luklukan ay nakataya sa ikatutupad ng Kanyang salita sa atin.

Katulad ni Aaron, na sumasagisag kay Kristo, taglay ng ating Tagapagligtas sa Kanyang puso sa dakong banal ang mga pangalan ng lahat ng Kanyang bayan. Naaalaala ng ating lubhang Dakilang Saserdote ang lahat ng mga salitang sa pamamagitan niyon ay Kanyang pinalakas ang ating loob upang magtiwala. Laging nasa isip Niya ang Kanyang tipan.

Lahat ng naghahanap sa Kanya ay makakasumpong. Lahat ng tumutuktok ay bubuksan ang pinto sa kanila. Hindi gagawin ang pagdadahilang, Huwag mo Akong bagabagin; pinid na ang pinto; ayaw Ko nang ito'y buksan. Ang isa ay hindi kailanman pagsasabihang, Hindi kita matutulungan. Ang mga nagsisihingi ng mga tinapay sa hatinggabi upang pakanin ang mga nagugutom na kaluluwa ay magsisipagtagumpay.

[146] Sa talinhaga, ang humihingi ng tinapay para sa pa- nauhin, ay tumatanggap "gaanuman ang kinakailangan niya." At sa anong sukat magbibigay ang Diyos sa atin upang tayo nama'y makapagbigay sa iba?—"Ayon sa sukat na kaloob ni Kristo."[1] Ang mga anghel ay nagmamasid nang may masidhing pananabik upang tingnan kung paano pinakikitunguhan ng tao ang kanyang mga kapwa-tao. Kapag sila'y nakakakita ng isang nagpapamalas ng tulad-ng-kay-Kristong pakikiramay sa nagkakamali, agad silang sumasapiling niya, at ipinaaalaala sa kanya ang mga salitang dapat sabihin na magiging parang tinapay ng buhay sa kaluluwa. Ganyan "pupunan ng Diyos

[2] Jer. 14:21.
[1] Ef. 4:7.

ang bawa't kailangan ninyo ayon sa Kanyang mga kayamanan sa kaluwalhatian kay Kristo Jesus."[2] Ang inyong patotoo sa pagiging-tunay at katotohanan nito ay Kanyang gagawing makapangyarihan sa kapangyarihan ng buhay na darating. Ang salita ng Panginoon ay mapapasainyong bibig bilang katotohanan at katwiran.

Ang personal na paggawa sa iba ay dapat pangunahan ng maraming lihim na pananalangin; sapagka't kinakailangan ang malaking karunungan upang maunawaan ang siyensiya ng pagliligtas ng mga kaluluwa. Bago makipag-usap sa mga tao, makipag-usap muna kay Kristo. Sa luklukan ng biyaya sa langit ay kumuha kayo ng paghahanda para sa paglilingkod sa mga tao.

Bayaang mawasak ang inyong puso sa taglay nitong paglulunggati sa Diyos, sa buhay na Diyos. Ipinakita ng buhay ni Kristo kung ano ang magagawa ng mga tao sa pamamagitan ng pagiging kabahagi ng likas ng Diyos. Lahat ng tinanggap ni Kristo sa Diyos ay maaari rin namang mapasaatin. Magsihingi nga kayo at magsitanggap. Taglay ang matiyagang pananampalataya ni Jacob, taglay ang matibay na pamimilit ni Elias, angkinin ninyo sa inyong sarili ang lahat na ipinangako ng Diyos.

Bayaang ang maluwalhating kaisipan ng Diyos ay umangkin sa inyong pag-iisip. Bayaang ang inyong buhay ay mapakatnig sa buhay ni Jesus sa pamamagitan ng nakatagong mga kawing. Siya [147]
na nag-utos sa liwanag na magliwanag sa kadiliman ay handang sumilang sa inyong puso, upang ibigay ang liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Jesukristo. Kukunin ng Banal na Espiritu ang mga bagay ng Diyos at ipakikita sa inyo ang mga ito, na inihahatid ang mga ito sa masunuring puso bilang isang buhay na kapangyarihan. Aakayin kayo ni Kristo sa pinto ng Walanghanggan. Maaari ninyong mamasdan ang kaluwalhatian sa kabila ng tabing, at ipahayag sa mga tao ang kasaganaan Niya na laging nabubuhay upang gumawa ng pamamagitan para sa atin. [148]

[2]Fil. 4:19.

# Kapitulo 13—Dalawang Tao sa Iglesya

SA NAGSISIASA sa kanilang sarili, na nangagpapanggap na sila’y matutuwid, at pinawawalang-halaga ang lahat ng mga’ iba,” ay sinalita ni Kristo ang talinhaga ng Pariseo at ng maniningil ng buwis. Ang Pariseo ay nagtutungo sa templo upang sumamba, hindi sapagka’t nadarama niyang siya’y isang makasalanan na nangangailangan ng kapatawaran, kundi sapagka’t iniisip niyang ang kanyang sarili ay matwid, at umaasang magkakamit ng papuri. Ang kanyang pagsamba ay itinuturing niyang isang gawang magaling na magtatagubilin sa kanya sa Diyos. Kaalinsabay nito’y magbibigay iyon sa mga tao ng isang mataas na pagpapalagay sa kanyang kabanalan. Siya’y umaasang tatamuhin ang pagtatangi ng Diyos at ng tao kapwa. Ang kanyang pagsamba ay iniuudyok ng pansariling-kapakinabangan.

At lipos siya ng pagpuri sa sarili. Itinitingin niya ito, inilalakad niya ito, idinadalangin niya ito. Humihiwalay sa iba na para bagang sinasabing, “Huwag kang lumapit sa akin; sapagka’t ako’y lalong banal kaysa iyo,“[1] siya’y tumatayo at nananalangin “sa kanyang sarili.” Ganap na nasisiyahan ang sarili, ang akala niya’y tinitingnan siya ng Diyos at ng tao nang may gayunding kasiyahan.

“Diyos, pinasasalamatan kita,” wika niya, “na hindi ako gaya ng
[149] ibang mga tao, na mga manlulupig, mga liko mga mapangalunya, o
[150] hindi man lamang gaya ng maniningil ng buwis na ito.” Hinahatulan niya ang kanyang karakter, hindi sa pamamagitan ng banal na karakter ng Diyos, kundi sa pamamagitan ng karakter ng ibang mga tao. Ang kanyang isip ay naalis sa Diyos at napabaling sa mga tao. Ito ang lihim ng kanyang kasiyahan-sasarili.

Nagpatuloy siya sa paglalahad ng kanyang mabubuting gawa: “Makalawa akong nag-aayuno sa isang linggo, nagbibigay ako ng ikapu ng lahat kong kinakamtan.” Ang relihiyon ng Pariseo ay hindi humihipo sa kaluluwa. Hindi siya naghahanap ng karakter na katulad-ng-sa-Diyos, na isang pusong lipos ng pag-ibig at kahabagan.

[1] Is. 65:5.

Siya'y nasisiyahan na sa isang relihiyong may kinalaman lamang sa buhay na panlabas. Ang kanyang katwiran ay kanyang sarili,—ang bunga ng kanyang sariling mga gawa, at hinahatulan sa pamamagitan ng pamantayan ng tao.

Sinumang nananalig sa kanyang sarili na siya'y matwid, ay manghahamak sa iba. Kung paanong hinahatulan ng Pariseo ang kanyang sarili sa pamamagitan ng ibang mga tao, gayundin hinahatulan niya ang ibang mga tao sa pamamagitan ng kanyang sarili. Ang kanyang katwiran ay tinataya sa pamamagitan ng kanila, at kung lalo silang masama, lalo namang lumalabas na siya'y matwid kung pinaghahambing. Ang kanyang pag-aaring-matwidsa-sarili ay humahantong sa pagbibintang. Ang "ibang mga tao" ay kanyang hinahatulang mga mananalansang ng kautusan ng Diyos. Sa gayon niya ipinakikita ang diwa mismo ni Satanas, na siyang tagapagsumbong o mambibintang sa mga kapatid. Sa pagkakaroon ng ganitong diwa o espiritu ay mahirap mangyaring siya'y makapaloob sa pakikipag-usap sa Diyos. Siya'y bumababa patungo sa kanyang bahay na lubhang kulang sa pagpapala ng Diyos.

Ang maniningil ng buwis ay nagpunta sa templo na kasama ng [151]
iba pang mga magsisisamba, nguni't karaka siyang humiwalay sa kanila, yamang siya'y di-karapatdapat sumama sa kanilang mga pagbabanal. Sa pagkakatayo niya sa malayo, siya'y "ayaw na itingin man lamang ang kanyang mga mata sa langit, kundi dinadagukan ang kanyang dibdib," sa tindi ng paghihirap ng loob at pagkasuklam sa sarili. Nadama niyang siya'y nakasalansang laban sa Diyos, na siya'y makasalanan at marumi. Ni hindi nga siya makaasa ng habag sa mga nasa palibot niya; sapagka't tinitingnan siya ng mga ito nang may paghamak. Talastas niyang siya'y walang anumang kabutihan o kagalingan upang siya'y maitagubilin sa Diyos, at sa ganap na kawalang-pag-asa ay siya'y dumaing, "Diyos, Ikaw ay mahabag sa akin, na isang makasalanan." Hindi niya inihambing ang kanyang sarili sa iba. Nalulukubang lubos ng nadaramang pagka-maysala, siya'y tumayo na para bagang nag-iisa sa harap ng Diyos. Ang tangi niyang ninanais ay ang kapatawaran at kapayapaan, ang tangi niyang hinihiling ay ang habag ng Diyos. At siya'y pinagpala. "Sinasabi Ko sa inyo," wika ni Kristo, "nanaog at umuwi sa kanyang bahay ang taong ito na inaaring-ganap kaysa isa."

Ang Pariseo at ang maniningil ng buwis ay kumakatawan sa dalawang malalaking uri ng tao na dito nahahati ang mga lumalapit upang sumamba sa Diyos. Ang kanilang unang dalawang kinatawan ay natatagpuan sa unang dalawang bata na isinilang sa sanlibutan. Inisip ni Cain na siya'y matwid, at siya'y lumapit sa Diyos na taglay lamang ang isang handog na pasasalamat. Hindi siya gumagawa ng anumang pagpapahayag ng kasalanan, at walang kinilalang pangangailangan ng habag. Datapwa't si Abel ay lumapit na taglay ang dugong nagtuturo sa Kordero ng Diyos. Siya'y lumapit na bilang isang makasalanan, na ipinahahayag ang kanyang sarili na waglit; ang kanyang tanging pag-asa ay ang nagpapagindapat na pag-ibig
[152] ng Diyos. Nilingap ng Panginoon ang kanyang handog, nguni't si Cain at ang handog nito ay hindi Niya nilingap. Ang pagkadama ng pangangailangan, ang pagkilala sa ating karukhaan at kasalanan, ay siyang unangunang kondisyon ng pagtanggap ng Diyos. "Mapalad ang mga mapagpakumbabang-loob; sapagka't kanila ang kaharian ng langit."[1]

Sa bawa't isa ng mga uring kinakatawanan ng Pariseo at ng maniningil ng buwis ay may isang aral o liksiyon sa kasaysayan ni Apostol Pedro. Sa unang bahagi ng pagka-alagad ni Pedro ay inakala niyang siya'y malakas. Gaya ng Pariseo, sa kanyang sariling pagtaya ay siya'y "hindi gaya ng ibang mga tao." Nang paunangbabalaan ni Kristo ang Kanyang mga alagad noong gabi ng pagkakanulo sa Kanya, na "Kayong lahat ay mangatitisod dahil sa Akin sa gabing ito," ay matiwalang nagpahayag si Pedro, "Bagama't mangatitisod ang lahat, nguni't ako'y hindi."[2] Hindi nakilala ni Pedro ang sarili niyang panganib. Isininsay siya ng pagtitiwala sa sarili. Ang akala niya'y mapaglalabanan niya ang tukso; datapwa't sa sumunod na ilang oras ay dumating ang pagsubok, at may panunungayaw at pagsumpang ikinaila niya ang kanyang Panginoon.

Nang ang pagtilaok ng manok ay magpaalaala sa kanya ng mga salita ni Kristo, gulat at gimbal sa kanyang katatapos na nagawa, siya'y napalingon at napatingin sa kanyang Panginoon. Nang sandaling yaon ay tumingin si Kristo kay Pedro, at sa malungkot na titig na iyon, na doo'y nakalangkap ang habag at pag-ibig sa kanya, ay

[1] Mat. 5:3.
[2] Mar. 14:27, 29.

naunawaan ni Pedro ang kanyang sarili. Siya'y lumabas at tumangis nang kapait-paitan. Ang titig na yaon ni Kristo ay nagwasak ng kanyang puso. Sumapit si Pedro sa mahalagang yugto ng pagbabago, at buong kapaitang pinagsisihan niya ang kanyang pagkakasala. Naging gaya siya ng maniningil ng buwis sa kanyang pagtitika at pagsisisi, at tulad ng maniningil ng buwis ay nakasumpong siya ng [153]
habag. Ang titig ni Kristo ay nagpatiyak sa kanya ng kapatawaran.

Ngayo'y nawala na ang kanyang pagtitiwala sa sarili. Hindi na kailanman muling naulit ang dating mga mayayabang na pagsasalita.

Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli ay makaitlong sinubok ni Kristo si Pedro, "Simon, anak ni Juan," sinabi Niya, "iniibig mo ba ako nang higit kaysa mga ito?" Ngayo'y hindi na itinaas ni Pedro ang kanyang sarili nang higit sa kanyang mga kapatid. Siya'y namanhik sa Isa na nakababasa ng kanyang puso. "Panginoon," wika niya, "nalalaman Mo ang lahat ng mga bagay; nalalaman Mo na Kita'y iniibig."[1]

Nang magkagayo'y tinanggap niya ang atas sa kanya. Isang gawaing higit na malawak at higit na maselan kaysa napasakanya hanggang noon ang itinakda sa kanya. Inatasan siya ni Kristo na pakanin ang mga tupa at ang mga kordero. Sa gayong pagkakatiwala sa kanya ng mga kaluluwang pinag-alayan ng Tagapagligtas ng sariling buhay Nito, ay ibinigay ni Kristo kay Pedro ang pinakamatibay na katunayan ng pagtitiwala sa kanyang pagkapanumbalik. Ang dating minsa'y di-makali, mayabang, at mapagtiwala-sa-sariling alagad ay naging maamo at mababang-loob. Mula noon ay sinundan na niya ang kanyang Panginoon sa gawain ng pagtanggi-sa-sarili at pagpapakasakit-ng-sarili. Naging kabahagi siya ng mga pagdurusa ni Kristo; at kapag si Kristo'y uupo na sa luklukan ng kaluwalhatian Nito, si Pedro ay magiging kabahagi sa kaluwalhatian Nito.

Ang kasamaang umakay kay Pedro sa pagkakasala, at siyang di-nagpahintulot sa Pariseo na makausap ang Diyos, ay siyang kinabubuliran ng mga libu-libo ngayon. Wala nang lubhang nakasusuklam sa Diyos, o lubhang mapanganib sa kaluluwa ng tao, na gaya ng pagmamataas at pagpapalalo-ng-sarili. Sa lahat ng mga kasalanan ay ito ang pinakawalang-pag-asa, ang pinakawalang-lu- [154]
nas.

[1] Juan 21:15, 17.

Ang pagkabuwal ni Pedro ay hindi bigla, kundi dahan-dahan. Ang pagtitiwala sa sarili ang umakay sa kanya sa paniniwala na siya'y ligtas, at bai-baitang na siya'y nadala sa landas na pababa, hanggang sa ikaila na niya ang kanyang Panginoon. Hindi kailanman tayo ligtas na makapagtitiwala sa sarili, o makadarama, sa panig na ito ng langit, na tayo'y ligtas laban sa tukso. Ang mga nagsisitanggap sa Tagapagligtas, gaanuman katapat ang kanilang pagkahikayat, ay di-kailanman dapat turuang magsalita o makadama na sila'y ligtas. Ito'y nagsisinsay. Bawa't isa'y dapat turuang magkimkim ng pagasa at pananampalataya; subali't kahit na ipinagkakaloob natin ang ating mga sarili kay Kristo at kahit na alam nating tayo'y Kanyang tinatanggap, ay hindi pa rin tayo di-abot ng tukso. Ang salita ng Diyos ay nagsasabing, "Marami ang magpapakalinis, at magpapakaputi, at magpapakadalisay."[1] Siya lamang na nakapagtitiis o nakatatagal sa pagsubok ang tatanggap ng putong ng buhay.[2]

Yaong mga nagsisitanggap kay Kristo, at sa kanilang unang pananalig ay nagsisipagsabing, Ako'y ligtas, ay nasa panganib ng pagtitiwala sa kanilang mga sarili. Nawawala sa kanilang paningin ang kanilang sariling kahinaan at ang kanilang patuloy na pangangailangan ng kalakasang buhat sa Diyos. Sila'y mga di-handa sa mga pakana ni Satanas, at sa panahon ng tukso ay marami, gaya ni Pedro, ang nahuhulog sa mga kalaliman ng kasalanan. Tayo ay pinapayuhang, "Ang may akalang siya'y nakatayo, mag-ingat na baka mabuwal."[3] Ang tangi nating kaligtasan ay nasa patuloy na di-pagtitiwala sa sarili, at pagdepende kay Kristo.

Kinailangan in Pedro na maalaman ang mga kapintasan ng kanyang sariling karakter, at ang kanyang pangangailangan ng ka-
[155] pangyarihan at biyaya ni Kristo. Hin- di siya maililigtas ng Panginoon sa pagsubok, nguni't magagawa Nitong iligtas siya sa pagkatalo. Kung naging handa lamang si Pedro na tanggapin ang babala ni Kristo siya sana'y naging mapagpuyat sa pananalangin. Siya sana'y lumakad na may takot at panginginig baka ang kanyang mga paa ay matisod. At siya sana'y nakatanggap ng tulong ng Diyos, sa gayo'y hindi sana nakapanagumpay si Satanas.

[1] Dan. 12:10.

[2] Sant. 1:12.

[3] 1 Cor. 10:12.

Sa pamamagitan ng pagpapalalo-ng-sarili nabuwal o nahulog si Pedro; at sa pamamagitan naman ng pagsisisi at pagpapakababa muling napatatag ang kanyang mga paa. Sa tala ng kanyang karanasan ay maaaring makasumpong ng pampalakas-ng-loob ang bawa't nagsisising makasalanan. Bagama't si Pedro'y nagkasala nang mabigat, hindi naman siya pinabayaan. Ang mga salita ni Kristo ay isinulat sa kanyang kaluluwa, "Ikaw ay ipinamanhik Ko, na huwag magkulang ang iyong pananampalataya."[1] Sa kanyang matinding hirap ng pagdadalangsisi, ang panalanging ito, at ang alaala ng titig ng pagibig at pagkahabag ni Kristo, ay nagdulot sa kanya ng pag-asa. Pagkatapos ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli ay naalaala ni Kristo si Pedro, at binigyan ang anghel ng mensahe para sa mga babae, "Magsiyaon kayo, sabihin ninyo sa Kanyang mga alagad at kay Pedro (na) Siya'y nangunguna sa inyo sa Galilea; doon (ninyo) Siya makikita."[2] Ang pagsisisi ni Pedro ay tinanggap ng nagpapatawad-ng-kasalanang Tagapagligtas.

At ang kahabagan ding iyon na inilawit upang iligtas si Pedro ay iniaabot sa bawa't kaluluwang nahuhulog sa tukso. Tanging pakana ni Satanas na akayin ang tao sa pagkakasala, at pagkatapos ay iwan ito, na walang-magawa at nanginginig, at natatakot na humingi ng kapatawaran. Subali't bakit tayo matatakot, gayong sinabi ng Diyos na, "Manghawak sana siya sa Aking lakas, upang siya'y makipagpayapaan sa Akin; oo, makipagpayapaan siya sa Akin"?[3] Bawa't pagtataan ay ginawa na para sa ating mga kahinaan, [156]
bawa't pampalakas-ng-loob ay inihahandog sa atin upang lumapit kay Kristo.

Inihandog ni Kristo ang Kanyang nabugbog na katawan upang bilhing muli ang mana ng Diyos, upang bigyan ang tao ng isa pang pagsubok. "Dahil dito naman Siya'y nakapagliligtas na lubos sa mga nagsisilapit sa Diyos sa pamamagitan Niya, palibhasa'y laging nabubuhay Siya upang mamagitan sa kanila."[1] Sa pamamagitan ng Kanyang walang-dungis na kabuhayan, ng Kanyang pagtalima, ng Kanyang pagkamatay sa krus ng Kalbaryo ay namagitan si Kristo alang-alang sa nawaglit na lahi ng tao. At ngayon, hindi bilang

[1] Lu. 22:32.
[2] Mar. 16:7.
[3] Is. 27:5.
[1] Heb. 7:25.

isa lamang humihiling kung kaya namamagitan para sa atin ang Kapitan ng ating kaligtasan, kundi bilang isang Mananagumpay na umaangkin sa Kanyang tagumpay. Ang Kanyang paghahandog ay buo o kumpleto, at bilang ating Tagapamagitan ay tinutupad Niya ang Kanyang itinakda-sa-sariling gawain, na hawak sa harapan ng Diyos ang insensaryong kinalalamnan ng Kanyang sariling walang-dungis na mga kagalingan at ng mga panalangin, mga pahayag, at pagpapasalamat ng Kanyang bayan. Pinabanguhan ng halimuyak ng Kanyang katwiran, ang mga ito ay napaiilanlang sa Diyos bilang isang mabangong samyo. Ang handog ay lubos na karapat-aapat, at tinakpan ng kapatawaran ang lahat na pagsalansang.

Ipinangako ni Kristo ang Kanyang sarili na maging ating kahalili at tagapanagot, at wala Siyang kinaliligtaang isa man. Siya na hindi makatingin sa mga taong kinapal na nahahantad sa walang-hanggang pagkapahamak nang hindi ibubuhos ang Kanyang kaluluwa hanggang sa kamatayan alang-alang sa kanila, ay titinging may pagkahabag at pakikiramay sa bawa't kaluluwang nakadarama na hindi ito maililigtas ang sarili nito. Hindi Siya titingin sa nanginginig na manghihingi nang hindi ito ititindig. Siya na sa pamamagitan ng Kanyang sariling pagtubos ay naglaan sa tao ng walang-hang-
[157] gang panus- tos na kapangyarihang moral, ay hindi magkukulang na gamitin ang kapangyarihang iio alang-alang sa kanilang kapakanan. Maaari nating dalhin ang ating mga kasalanan at mga kalungkutan sa Kanyang paanan; sapagka't iniibig Niya tayo. Ang bawa't tingin at salita Niya ay nag-aanyaya sa ating pagtitiwala. Kanyang huhugisin at huhubugin ang ating mga karakter ayon sa Kanyang sariling kalooban.

Sa buong puwersa ni Satanas ay walang kapangyarihang makadadaig sa isang kaluluwa na sa payak na pagtitiwala'y naglalagak ng kanyang sarili kay Kristo. "Siya'y nagbibigay ng lakas sa mahina; at ang walang kapangyarihan ay pinananagana Niya sa kalakasan."[1]

"Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal Siya na tayo'y patatawarin sa ating mga kasalanan, at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan." Sinasabi ng Panginoon, "Kilalanin mo lamang ang iyong kasamaan, na ikaw ay sumalansang sa Panginoon

[1] Is. 40:29.

mong Diyos." "Ako'y magwiwisik ng malinis na tubig sa inyo, at kayo'y magiging malinis; sa buo ninyong karumihan at sa lahat ninyong mga diyus-diyusan (ay) lilinisin Ko kayo."[2]

Subali't dapat tayong magkaroon ng pagkakilala sa ating mga sarili, isang pagkakilalang magbubunga ng pagsisisi, bago tayo makasumpong ng kapatawaran at kapayapaan. Ang Pariseo ay walang nadamang sumbat ng kasalanan. Ang Banal na Espiritu ay hindi makagawa sa kanya. Ang kanyang kaluluwa ay nabalutian ng pag-aaring-matwid sa sarili na hindi rnapaglagusan ng mga palaso ng Diyos, na pinatulis at tunay-na-itinudla ng mga kamay ng anghel. Siya lamang na nakakakilala sa kanyang sarili na siya'y isang makasalanan ang maililigtas ni Kristo. Siya'y naparito "upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang itanyag sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nangaaapi."[3] Datapwa't "ang mga wa- lang sakit ay [158]
hindi nangangailangan ng manggagamot."[1] Dapat nating maalaman ang ating tunay na kalagayan, sapagka't kung hindi ay hindi natin madarama ang ating pangangailangan ng tulong ni Kristo. Dapat nating matalastas ang panganib natin, sapagka't kung hindi ay hindi tayo tatakas patungo sa kanlungan. Dapat nating maramdaman ang kirot ng ating mga sugat, sapagka't kung hindi ay hindi natin nanasain ang paggaling.

Ang wika ng Panginoon ay, "Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anuman; at hindi mo nalalamang ikaw ang aba, at maralita, at dukha, at bulag, at hubad; ipinapayo Ko sa iyo na ikaw ay bumili sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman; at ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiya-hiyang kahubaran; at ng pampahid sa mata na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita."[2] Ang gintong dinalisay sa apoy ay ang pananampalataya na gumagawa dahil sa pag-ibig. Ito lamang ang makapaghahatid sa atin sa pakikiisa sa Diyos. Maaaring tayo'y kumikilos, maaaring tayo'y gumagawa ng maraming gawain; subali't kung walang pagibig, gaya ng pag-ibig na

[2] 1 Juan 1:9; Jer. 3:13; Ez. 36:25.

[3] Lu. 4:18.

[1] Lu. 5:31.

[2] Apoc. 3:17, 18.

tumatahan sa puso ni Kristo, ay hindi kailanman tayo makakabilang sa sambahayan ng langit.

Walang taong makakaunawa sa kanyang sarili ng kanyang mga pagkakamali. "Ang puso ay magdaraya nang higit kaysa lahat na bagay, at totoong masama; sinong makaaalam?"[3] Ang mga labi ay maaaring magpahayag ng pagdaralita ng kaluluwa na hindi kinikilala ng puso. Samantalang nagsasalita sa Diyos ng tungkol sa karalitaan o karukhaan ng espiritu, ang puso naman ay maaaring sumasagana sa daya ng sarili nitong matayog na kapakumbabaan at mataas na katwiran. Tanging sa isa lamang paraan makapagtatamo ng tunay
[159] na pagkakilala sa sarili. Dapat nating masdan o tingnan si Kristo. Ang kawalan ng nalalaman tungkol sa Kanya ang gumagawa upang ang mga tao ay maging lubhang mataas sa kanilang sariling katwiran. Kapag binubulay-bulay natin ang Kanyang kadalisayan at kagalingan, ay makikita natin ang ating mga sarili na waglit at walang-pagasa, na nararamtan ng sariling-katwiran, na katulad ng bawa't ibang makasalanan. Ating makikita na kung tayo man ay maliligtas, ay hindi ito sa pamamagitan ng ating sariling kabutihan, kundi sa pamamagitan ng walanghanggang biyaya ng Diyos.

Ang panalangin ng maniningil ng buwis ay pinakinggan sapagka't iyon ay nagpakilala ng pagsandig o pagtitiwala na nanghahawak sa Makapangyarihang-Walanghanggan. Sa ganang maniningil ng buwis ang sarili niya ay wala kundi kal hiyan. Ganito rin ang dapat makita ng lahat na nagsisihanap sa Diyos. Sa pamamagitan ng pananampalataya—pananampalatayang nagwawaksi ng lahat na pagtitiwala-sa-sarili—ang nangangailangang mamamanhik ay makapanghahawak sa walang-hanggang kapangyarihan.

Ang mga panlabas na namamasdan ay hindi mailalagay sa lugar ng simpleng pananampalataya at ganap na pagtatakwil ng sarili. Gayunma'y walang taong makahuhungkag ng sarili sa sarili. Makasasang-ayon lamang tayo kay Kristo na ganapin ang gawain. Kung magkagayon ang magiging pangungusap ng kaluluwa ay, Panginoon, kunin Mo ang aking puso; sapagka't hindi ko ito maibigay. Ito'y pag-aari Mo. Ingatan Mo itong malinis, sapagka't hindi ko ito maingatan para sa Iyo. Iligtas Mo ako sa kabila ng aking abang sarili, ng aking mahina at di-katulad-ni-Kristong sarili. Hugisin

[3] Jer. 17:9.

Mo ako, hubugin Mo ako, itaas Mo ako sa isang malinis at banal na kapaligirang doo'y makadadaloy sa buo kong kaluluwa ang masaganang daloy ng Iyong pag-ibig.

Hindi lamang sa pasimula ng kabuhayang Kristiyano dapat gawin ang ganitong pagtatakwil ng sarili. Sa bawa't pasulong na [160] paghakbang patungo sa langit ay dapat itong muli't muling gawin. Ang lahat ng ating mabubuting gawa ay nakabatay sa isang kapangyarihang wala sa ating mga sarili. Kaya nga kailangang magkaroon ng patuloy na pakikiugnay ang puso sa Diyos, ng isang patuloy, maalab, at nakababagbag-ng-pusong pagpapahayag ng kasalanan at pagpapakumbaba ng kaluluwa sa harap Niya. Sa pamamagitan lamang ng patuloy na pagtatakwil ng sarili at pagsandig kay Kristo makalalakad tayo nang ligtas o tiwasay.

Kapag lalo tayong nagpapakalapit-lapit kay Jesus, at kapag lalo nating malinaw na nakikita ang kadalisayan ng Kanyang karakter, ay lalo namang maliwanag nating makikita ang lubos na kasamaan ng kasalanan, at lalo namang mababawasan ang madarama nating pagkaibig na itaas ang ating mga sarili. Yaong mga kinikilala ng langit na mga banal ay siyang kahuli-hulihang magtatanghal ng kanilang sariling kabutihan. Si Apostol Pedro ay naging isang tapat na ministro ni Kristo, at siya'y lubhang pinarangalan sa pamamagitan ng liwanag at kapangyarihan ng Diyos; siya'y nagkaroon ng masiglang pakikibahagi sa pagtatayo ng iglesya ni Kristo; gayunma'y hindi kailanman nalimutan ni Pedro ang nakatatakot na karanasan ng kanyang pagkakababa o pagkakapahiya; ang kanyang kasalanan ay pinatawad; gayunma'y natatalastas niya na sa kahinaan ng karakter na naging sanhi ng kanyang pagkabuwal o pagkabagsak ay tanging biyaya lamang ni Kristo ang makapagpapalakas at makatutulong. Wala siyang nasumpungan sa kanyang sarili na sukat maipagmapuri.

Wala kailanmang mga apostol o mga propeta na nag-angking sila'y mga walang kasalanan. Ang mga taong nabuhay nang pinakamalapit sa Diyos, mga taong ninais pang isakripisyo ang buhay mismo kaysa sadyang gawin ang gawang kamalian, mga taong pinarangalan ng Diyos sa pamamagitan ng banal na liwanag at ka- [161] pangyarihan, ay nagsipagpahayag ng pagka-makasalanan ng kanilang sariling likas. Hindi sila naglagak ng pagtitiwala sa laman, wala silang inangking katwiran o pagiging-matwid ng sarili nila,

manapa'y lubusan silang nagsitiwala sa katwiran ni Kristo. Maging ganyan din sa lahat na tumitingin kay Kristo.

Sa bawa't pasulong na paghakbang sa karanasang Kristiyano ay lalalim ang ating pagsisisi. Sa mga pinatawad ng Panginoon, sa mga kinikilala Niya bilang Kanyang bayan, ay Kanyang sinasabi, "Kung magkagayo'y inyong maaalaala ang inyong mga masamang lakad, at ang inyong mga gawa na hindi mabuti, at kayo'y mayayamot sa inyong sarili sa inyong paninging sarili."[1] Muling Kanyang sinasabi, "Aking itatatag ang Aking tipan sa iyo, at iyong malalaman na Ako ang Panginoon; upang iyong maalaala, at malito ka, at kailan pa man ay hindi mo na bukahin ang iyong bibig dahil sa iyong kahihiyan, pagka Aking pinatawad ka ng lahat na iyong nagawa, sabi ng Panginoong Diyos."[2] Kung magkagayon ang ating mga labi'y hindi mabubuksan sa pagluwalhati sa sarili. Ating matatalastas na ang ating kasapatan ay na kay Kristo lamang. Ang pahayag ng apostol ay gagawin nating ating sarili, "Nalalaman ko na sa akin (samakatwid baga, ay sa aking laman) ay hindi tumitira ang anumang bagay na mabuti." "Malayo nawa sa akin ang pagmamapuri, maliban na sa krus ng ating Panginoong Jesukristo, na sa pamamagitan niyao'y ang sanlibutan ay napako sa krus sa ganang akin, at ako'y sa sanlibutan."[3]

Katugma ng karanasang ito ay ang utos na, "Lubusin ninyo ang gawain ng inyong sariling pagkaligtas na may takot at panginginig. Sapagka't Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa Kanyang mabuting kalooban."[4] Hindi nais ng Diyos na kayo'y matakot na magkukulang Siya sa pagtupad ng
[162] Kanyang mga pangako, na manghihinawa ang Kan- yang pagtitiis, o masusumpungang kulang ang Kanyang kahabagan. Matakot kayo na baka ang inyong kalooban ay hindi pailalim o pasakop sa kalooban ni Kristo, na baka ang inyong namana at nalinang na mga katangian ng karakter ay siyang makasupil ng inyong buhay. "Diyos ang gumagawa sa inyo maging sa pagnanasa at sa paggawa, ayon sa Kanyang mabuting kalooban." Matakot kayo na baka ang sarili ay siyang malagay sa pagitan ng inyong kaluluwa at ng dakilang

[1] Ez. 36:31.
[2] Ez. 16:62, 63.
[3] Rom. 7:18; Gal. 6:14.
[4] Fil. 2:12, 13.

Punong-manggagawa. Matakot kayo na baka ang sariling-kalooban ay siyang dumungis sa matayog na layuning nais ng Diyos na magampanan sa pamamagitan ninyo. Matakot kayo na magtiwala sa inyong sariling lakas, matakot kayo na mag-urong o mag-alis ng inyong kamay mula sa kamay ni Kristo, at magtangka na lumakad sa landas ng buhay na wala ang Kanyang namamalaging pakikisama.

Kailangan nating ilagan ang lahat ng bagay na magpapasigla ng pagmamataas at pagpapalalo-ng-sarili; dahil dito'y dapat tayong mag-ingat sa pagbibigay o pagtanggap ng panghihibok (*flattery*) o papuri. Gawain ni Satanas na manghibok. Siya'y gumagawa ng panghihibok at gayundin ng pagbibintang at paghatol. Sa ganitong paraan niya sinisikap na gumawa sa ikasisira ng kaluluwa. Yaong mga nag-uukol ng papuri sa mga tao ay ginagamit ni Satanas bilang kanyang mga kinatawan. Bayaang ang bawa't salita ng papuri ay huwag ituon ng mga manggagawa ni Kristo sa kanilang mga sarili. Bayaang ang sarili ay mawala sa paningin. Si Kristo lamang ang dapat itanyag at itaas. "Doon sa umiibig sa atin, at sa nagkalag sa atin sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng Kanyang dugo,"[1] ay bayaang mapatuon ang bawa't mata, at ang papuri'y pumailanlang mula sa bawa't puso.

Ang buhay na ang inaaru-aruga o pinagyayaman ay ang pagkatakot sa Panginoon ay hindi magiging isang buhay na malungkot at mapanglaw. Ang pagkawala ni Kristo ang nagpa- [163]
palungkot sa mukha, at ang buhay ay nagiging isang paglalakbay na puno ng mga buntunghininga. Ang mga lipos ng pagpapahalaga-sa-sarili at pagibig-sa-sarili ay hindi nakadarama ng pangangailangan ng isang buhay at personal na pakikiisa kay Kristo. Ang pusong hindi nahuhulog sa Bato ay mapagmataas sa kanyang kabuuan. Nais ng mga tao ang isang marangal na relihiyon. Hinahangad nilang lumakad sa isang landas na sapat ang luwang upang matanggap ang kanilang sariling mga katangian. Ang kanilang pag-ibig sa sarili, ang kanilang pag-ibig sa pagkatanyag at pag-ibig sa papuri, ay inaalis ang Tagapagligtas sa kanilang mga puso, at kung wala Siya ay nagkakaroon ng kapanglawan at kalungkutan. Datapwa't ang paninirahan ni Kristo sa kaluluwa ay isang bukal ng kagalakan.

[1] Apoc. 1:5.

Sa lahat na tumatanggap sa Kanya, ang pinakapunong-simulain ng salita ng Diyos ay katuwaan.

"Sapagka't ganito ang sabi ng Mataas at Matayog na tumatahan sa walang-hanggan, na ang pangalan ay Banal: Ako'y tumatahan sa mataas at banal na dako, na kasama rin niya na may pagsisisi at pagpapakumbabang-loob, upang bumuhay ng loob ng nagpapakumbaba, at upang bumuhay ng puso ng nagsisisi."[1]

Nang si Moises ay nakakubli sa guwang ng bato ay noon niya namasdan ang kaluwalhatian ng Diyos. Sa sandaling tayo'y nagkukubli sa nabiyak o nasugatang Bato doon tayo tatakpan ni Kristo ng Kanyang nabutas na kamay, at ating mapapakinggan ang sinabi ng Panginoon sa Kanyang lingkod. Sa atin, gaya kay Moises, ay ipakikita ng Diyos ang Kanyang sarili na "puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kaawaan at katotohanan, na gumagamit ng kaawaan sa libu-libo, na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalansang at ng kasalanan."[2]

Ang gawain ng pagtubos ay sumasaklaw sa mga pangyayaring
[164] mahirap maunawaan ng tao. "Ang mga bagay na hindi nakita ng mata, at ni narinig ng tainga, ni hindi pumasok sa puso ng tao, anumang mga bagay na inihanda ng Diyos sa kanila na nangagsisiibig sa Kanya."[1] Kapag ang makasalanan, na nahihila ng kapangyarihan ni Kristo, ay lumalapit sa itinaas na krus, at nagpapatirapa ang sarili sa harapan nito, ay nagkakaroon ng bagong pagkalalang. Isang bagong puso ang ipinagkakaloob sa kanya. Siya'y nagiging isang bagong nilalang kay Kristo Jesus. Nasusumpungan ng kabanalan na ito'y wala nang kinakailangan pa. Ang Diyos na rin ay siyang "tagaaring-ganap sa may pananampalataya kay Kristo." At "ang mga inaring-ganap ay niluwalhati rin naman Niya."[2] Malaki man ang pagkapahiya at ang pagkababa dahil sa kasalanan, magiging lalo namang malaki ang karangalan at ang pagkataas dahil sa tumutubos na pag-ibig. Sa mga taong kinapal na nagsisipagpunyaging makiayon sa larawan ng Diyos ay may ipinagkakaloob na kayamanan ng langit, na isang kagalingan ng kapangyarihan, na maglalagay

[1] Is. 57:15.
[2] Ex. 34:6, 7.
[1] 1 Cor. 2:9.
[2] Rom. 3:26; 8:30.

sa kanila nang higit na mataas kaysa mga angel na di-kailanman nangagkasala.

"Ganito ang sabi ng Panginoon, ng Manunubos ng Israel, na Kanyang Banal, doon sa hinahamak ng tao, doon sa kinayayamutan ng bansa, . . . Ang mga hari at ang mga pangulo, ay mangakakakita at magsisibangon, at sila'y magsisisamba, dahil sa Panginoon na tapat, sa Banal ng Israel, at Siyang pumili sa iyo."[3]

"Sapagka't ang bawa't nagmamataas ay mabababa; at ang nagpapakababa ay matataas." [165]

[3] Is. 49:7.

# Kapitulo 14—Ang Balo at ang Hukom

SINASALITA noon ni Kristo ang tungkol sa panahong bago sumapit ang Kanyang ikalawang pagdating, at ang tungkol sa mga panganib na kasusuungan ng Kanyang mga tagasunod. May tanging pagbanggit o pagtukoy sa panahong yaon na isinalaysay Niya ang talinhaga "na sila'y dapat magsipanalanging lagi, at huwag manganlupaypay."

"May isang hukom sa isang bayan," sinabi Niya, "na hindi natatakot sa Diyos, at walang taong pinagpipitaganan; at sa bayang yaon ay may isang babaing bao; at siya'y naparoroong madalas sa kanya, na sinasabi, Iganti mo ako sa aking kaalit. At may ilang panahon na siya'y tumatanggi; datapwa't pagkatapos ay sinabi sa kanyang sarili, Bagaman di ako natatakot sa Diyos, at di nagpipitagan sa tao; gayunman sapagka't nililigalig ako ng baong ito, ay igaganti ko siya, baka niya ako bagabagin nang kapaparito. At sinabi ng Panginoon, Pakinggan ninyo ang sinabi ng likong hukom. At hindi baga igaganti ng Diyos ang Kanyang mga hirang, na sumisigaw sa Kanya sa araw at gabi, at Siya'y may pagpapahinuhod sa kanila? Sinasabi Ko sa inyo, na sila'y madaling igaganti Niya."

Ang hukom na inilalarawan dito ay walang paggalang sa matwid,
[166] ni pagkahabag man sa nagdurusa. Ang babaing balo na ipinagpilitan ng kanyang usapin sa harap niya ay patuloy na itinaboy. Paulit-ulit na ito'v lumapit sa kanya, upang pakitunguhan lamang niya nang may paghamak, at upang itaboy mula sa luklukan ng hukuman. Talastas ng hukom na ang usapin nito ay nasa katwiran, at magagawa niya na karaka-rakang mabigyan ng lunas o kaginhawahan ang babaing balo, nguj ni't hindi niya ginawa. Ibig niyang ipakilala ang kanyang makaharing kapangyarihan, at ikinasiya niyang pabayaan ito na humiling at makiusap at mamanhik nang walang nangyayari. Nguni't hindi ito nanghinawa ni nanlupaypay man. Sa kabila ng kanyang pagwalang-bahala at katigasan-ng-puso, iginiit nito ang kahilingan nito hanggang sa sumang-ayon ang hukom na pag-ukulan ng pansin ang usapin nito. "Bagaman di ako natatakot sa Diyos, at

di nagpipitagan sa tao," wika niya, "gayunman sapagka't nililigalig ako ng baong ito, ay igaganti ko siya, baka niya ako bagabagin nang kapaparito." Upang iligtas ang kanyang reputasyon o kapurihan, upang maiwasang mabigyan ng publisidad ang kanyang di-pareho at may-kinikilingang paghatol, ay iginanti niya ang nagtitiis na babae.

"At sinabi ng Panginoon, Pakinggan ninyo ang sinabi ng likong hukom. At hindi baga igaganti ng Diyos ang Kanyang mga hirang, na sumisigaw sa Kanya sa araw at gabi, at Siya'y may pagpapahinuhod sa kanila? Sinasabi Ko sa inyo, na sila'y madaling igaganti Niya." Dito'y ipinakikita ni Kristo ang malaking pagkakaiba ng likong hukom at ng Diyos. Ang hukom ay napahinuhod sa kahilingan ng babaing balo dahil lamang sa pagkamakasarili, upang siya'y maligtas na sa pambabagabag nito. Wala siyang nadamang pagkaawa o pagkahabag dito; ang paghihirap nito ay walang anuman sa kanya. Kaylaki ngang pagkakaiba ng ipinakikitungo ng Diyos sa mga nagsisihanap sa Kanya. Ang mga pamanhik ng mga nangangailangan at mga nangagdurusa ay isinasa- alang-alang Niya nang [167]
may walang-hanggang kaawaan.

Ang babaing nakiusap sa hukom alang-alang sa katarungan ay nawalan ng asawa dahil sa pagkamatay. Dukha at walang kaibigan, wala siyang paraan upang mabawi ang kanyang nawasak na kapalaran. Ganyan din naman, dahil sa kasalanan, ay nawala sa tao ang kanyang pagkakaugnay sa Diyos. Sa kanyang sarili ay wala siyang paraan ng pagkaligtas. Datapwa't kay Kristo ay dinadala tayong palapit sa Ama. Ang mga hirang ng Diyos ay mahal sa Kanyang puso. Sila yaong mga tinawag Niya mula sa kadiliman hanggang sa Kanyang kagila-gilalas na kaliwanagan, upang ipakita ang Kanyang kapurihan, upang magliwanag na gaya ng mga ilaw sa gitna ng kadiliman ng sanlibutan. Ang likong hukom ay walang natatanging pagmamalasakit sa babaing balo na bumagabag sa kanya upang iligtas; gayunman upang maiiwas ang kanyang sarili sa nakaaawa nitong mga pakikiusap, ay pinakinggan niya ang pamanhik nito, at ito'y iniligtas sa kaalit nito. Datapwa't iniibig ng Diyos ang Kanyang mga anak nang walang-hanggang pag-ibig. Ang pinakamamahal na bagay sa Kanya sa ibabaw ng lupa ay ang Kanyang iglesya.

"Sapagka't ang bahagi ng Panginoon ay ang Kanyang bayan; si Jacob ang bahaging mana Niya. Kanyang nasumpungan sa isang ilang na lupain, at sa kapanglawan ng isang umuungal na

ilang; Kanyang kinanlungan sa palibot, Kanyang nilingap, Kanyang iningatang parang salamin ng Kanyang mata." "Sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon ng mga hukbo: Dahil sa kaluwalhatian ay sinugo Niya ako sa mga bansa na nanamsam sa iyo; sapagka't ang humihipo sa inyo ay humihipo sa itim ng Kanyang mata."[1]

Ang panalangin ng babaing balo na. "Iganti mo ako" —"gawan mo ako ng katarungan"[2] —"sa aking kaalit," ay kumakatawan sa panalangin ng mga anak ng Diyos. Si Satanas ang kanilang malaking
[168] kaaway. Siya ang "ta- gapagsumbong sa ating mga kapatid," na nagsusumbong sa kanila sa harap ng Diyos araw at gabi.[1] Siya'y patuloy na gumagawa upang magsinsay at magsumbong, upang dumaya at lumipol ng bayan ng Diyos. At para sa pagkaligtas na ito sa kapangyarihan ni Satanas at ng mga kampon nito tinuturuan ni Kristo sa talinhagang ito ang Kanyang mga alagad na magsipanalangin.

Sa hula ni Zacarias ay inihahayag ang gawaing pagsusumbong ni Satanas, at ang gawain ni Kristo sa paglaban sa kaaway ng Kanyang bayan. Sinasabi ng propeta, "Ipinakita Niya sa akin si Josue na pangulong saserdote na nakatayo sa harap ng anghel ng Panginoon, at si Satanas na nakatayo sa kanyang kanan upang maging kanyang kaaway. At sinabi ng Panginoon kay Satanas, Sawayin ka nawa ng Panginoon, Oh Satanas; oo, ang Panginoon na pumili ng Jerusalem ay sumuway nawa sa iyo: di baga ito'y isang dupong na naagaw sa apoy? Si Josue nga ay nabibihisan ng maruming kasuutan, at nakatayo sa harap ng anghel."[2]

Ang bayan ng Diyos ay inilalarawan dito bilang isang kriminal na nililitis. Si Josue, bilang mataas na saserdote, ay humihingi ng isang pagpapala para sa kanyang bayan, na nasa malaking kadalamhatian. Samantalang siya'y namamanhik sa harap ng Diyos, si Satanas naman ay nakatayo sa kanyang kanan bilang kanyang kaaway. Isinusumbong nito ang mga anak ng Diyos, at pinalilitaw hangga't maaari ang kanilang usapin bilang walang-pag-asa. Inilalahad nito sa harap ng Panginoon ang kanilang masasamang gawa at ang kanilang mga kapintasan. Ipinakikilala nito ang kanilang masasamang gawa at ang kanilang mga kapintasan. Ipinakik-

[1] Deut. 32:9, 10; Zac. 2:8.
[2] Lu. 18:3.
[1] Apoc. 12:10.
[2] Zac. 3:1-3.

ilala nito ang kanilang mga pagkakamali at mga pagkukulang, na umaasang sila'y lalabas na may gayong karakter sa paningin ni Kristo na anupa't Siya'y hindi magbibigay ng anumang tulong sa kanilang malaking pangangailangan. Si Josue, bilang kinatawan ng bayan ng Diyos, ay nakatayong sumasailalim ng kahatulan, na [169]
nararamtan ng maruruming damit. Natatalos ang tungkol sa mga pagkakasala ng kanyang bayan, siya'y pinipiyapis ng panlulupaypay. Isinisikil ni Satanas sa kanyang kaluluwa ang pagkadama ng pagkamaysala na anupa't nakakaramdam siya ng halos kawalang-pag-asa. Gayunma'y naroon siya na nakatayo bilang isang namamanhik, kasama si Satanas na nahahanda laban sa kanya.

Ang gawain ni Satanas bilang isang tagapagsumbong o mambibintang ay nagpasimula sa langit. Ito na ang naging gawain nito sa ibabaw ng lupa sapul noong magkasala ang tao, at ito ang magiging gawain nito sa isang tanging kahulugan habang tayo'y nalalapit sa katapusan ng kasaysayan ng sanlibutang ito. Sa pagkakita nito na kakaunti na ang kanyang panahon, ay gagawa ito nang may lalong malaking kasigasigan na mandaya at pumuksa. Nagagalit ito kapag nakakakita ito ng isang bayan sa ibabaw ng lupa, na, kahit na sa kanilang kahinaan at pagiging-makasalanan, ay may paggalang sa kautusan ni Jehoba. Ipinasiya na nitong huwag silang patalimahin sa Diyos. Nalulugod ito sa kanilang di-pagiging-karapatdapat, at ito'y may mga pakanang nakahanda para sa bawa't kaluluwa, upang ang lahat ay masilo at maihiwalav sa Diyos. Sinisikap nitong bintangan at hatulan ang Diyos at ang lahat na nagpupunyaging magsakatuparan ng Kanyang mga panukala o mga layunin sa sanlibutang ito, sa pamamagitan ng habag at pag-ibig, pakikiramay at pagpapatawad.

Ang bawa't pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos sa Kanyang bayan ay gumigising ng pagkagalit ni Satanas. Sa tuwing gumagawa ang Diyos sa kanilang kapakanan, si Satanas at ang mga anghel nito ay gumagawang taglay ang panibagong lakas upang lubusin ang kanilang pagkapahamak. Ito'y naninibugho sa lahat na ang ginagawang kalakasan ay si Kristo. Ang pakay nito ay ang makapagudyok ng kasamaan, at kapag ito'y nag- tatagumpay, ay ibinubunton [170]
ang lahat ng paninisi sa mga natutukso. Itinuturo nito ang kanilang maruruming kasuutan, ang kanilang mga kapintasan ng karakter. Itinuturo nito ang kanilang kahinaan at kabaliwan, ang kanilang mga pagkakasala ng kawalang-utang-na-loob, ang kanilang di-pagiging-

katulad ni Kristo, na di-nakapagparangal sa kanilang Manunubos. Ang lahat ng ito ay ipinaggigiitan nito na isang katwiran na nagpapatunay ng katwiran nito na gawin ang kanyang kalooban sa kanilang ikapapahamak. Pinagsisikapan nitong takutin ang kanilang mga kaluluwa sa isipan na ang kanilang kaso ay walang-pag-asa, na ang mantsa o dungis ng kanilang karumihan ay di-kailanman mahuhugasan. Umaasa ito nang gayon na lamang na masisira ang kanilang pananampalataya na anupa't susuko sila nang lubusan sa kanyang mga tukso, at tatalikod sa kanilang pagtatapat sa Diyos.

Sa kanilang mga sarili ay hindi masasagot ng bayan ng Panginoon ang mga ibinibintang o mga sakdal ni Satanas. Sa pagtingin nila sa kanilang mga sarili, ay handa na silang mawalan ng pag-asa. Datapwa't sila'y namamanhik sa banal na Tagapamagitan. Kanilang ipinakikiusap ang mga kagalingan ng Manunubos. Ang Diyos ay maaaring maging "ganap at tagaaring-ganap sa may pananampalataya kay Jesus."[1] Taglay ang pagtitiwalang dumaraing ang mga anak ng Panginoon sa Kanya upang mapatahimik ang mga pagbibintang o pagsusumbong ni Satanas, at mapawalang-kabuluhan ang mga pakana nito. "Gawan Mo ako ng katarungan sa aking kaalit," idinalangin nila; at sa pamamagitan ng makapangyarihang katwiran o argumento ng krus, ay pinatatahimik ni Kristo ang matapang na tagapagsumbong.

"Sinabi ng Panginoon kay Satanas, Sawayin ka nawa ng Panginoon, Oh Satanas, oo, ang Panginoon na pumili ng Jerusalem ay sumaway nawa sa iyo: di baga ito'y isang dupong na naagaw sa apoy?" Kapag sinisikap ni Satanas na takpan ng kadiliman ang bayan
[171] ng Diyos, at wasakin sila, ay namamagitan si Kristo. Bagama't sila'y nagkasala, ay ipinataw ni Kristo sa Kanyang sariling kaluluwa ang kanilang mga kasalanan. Inagaw Niya ang lahi ng tao na gaya ng isang dupong mula sa apoy. Sa pamamagitan ng Kanyang taong likas ay nakaugnay Siya sa tao, samantalang sa pamamagitan ng Kanyang Diyos na kalikasan ay isa Siya sa walang-hanggang Diyos. Ang tulong ay inihahatid sa kayang abutin ng nangapapahamak na kaluluwa. Ang kaaway ay nasasaway.

"Si Josue nga ay nabibihisan ng maruming kasuutan, at nakatayo sa harap ng anghel: at siya'y sumagot at nagsalita sa mga yaon

[1] Rom. 3:26.

na nangakatayo sa harap niya, na nagsabi, Hubarin ninyo ang mga maruming suot sa kanya. At sa kanya'y kanyang sinabi, Narito, aking pinaram ang iyong kasamaan, at aking susuutan ka ng mainam na kasuutan. At aking sinabi, Suutan siya nila ng isang magandang mitra sa kanyang ulo. Sa gayq'y sinuutan siya ng magandang mitra sa kanyang ulo, at sinuutan siya ng mga kasuutan." Pagkatapos taglay ang kapangyarihan ng Panginoon ng mga hukbo na gumawa ang anghel ng isang solemneng pangako kay Josue, ang kinatawan ng bayan ng Diyos: "Kung ikaw ay lalakad sa Aking mga daan, at kung iyong iingatan ang Aking bilin, iyo nga ring hahatulan ang Aking bayan, at iyo ring iingatan ang Aking mga looban, at bibigyan Kita ng kalalagyan sa gitna ng mga ito na nangakaharap,"[1] —kahit sa gitna ng mga anghel na nakapalibot sa luklukan ng Diyos.

Sa kabila ng mga kapintasan ng bayan ng Diyos, ay hindi tinatalikuran ni Kristo ang mga pinag-uukulan ng Kanyang pag-iingat at pangangalaga. May kapangyarihan Siya na baguhin ang kanilang kasuutan. Hinuhubad Niya ang maruruming kasuutan, inilalagay Niya sa mga nagsisisi at nagsisisampalataya ang Kanyang sariling balabal ng katwiran, at isinusulat ang kapatawaran sa ta- pat ng kani- [172]
kanilang mga pangalan sa mga talaan sa langit. Ipinahahayag Niya sila na Kanya sa harap ng sangkalangitan. Si Satanas na kanilang kaalit ay ipinakikilalang isang mambibintang at mandaraya. Ang Diyos ay gagawa ng katarungan sa Kanyang sariling mga hirang.

Ang panalanging, "Gawan Mo ako ng katarungan sa aking kaalit," ay hindi lamang kay Satanas ikinakapit, kundi sa mga kinakasangkapan din naman na inuudyukan nito na isinsay, tuksuhin, at lipulin ang bayan ng Diyos. Yaong mga nagsipagpasiyang talimahin ang mga utos ng Diyos ay makakaunawa sa pamamagitan ng karanasan na sila'y may mga kaaway o kaalit na kinukuntrol ng isang kapangyarihang buhat sa ilalim. Ang mga ganitong kaaway ay sinasalakay si Kristo sa bawa't hakbang, kung gaano kadalas at kasidhi ay hindi kailanman malalaman ng tao. Ang mga alagad ni Kristo, gaya ng kanilang Panginoon, ay sinusundan ng walang-lagot na tukso.

Inilalarawan ng mga Kasulatan ang kalagayan ng sanlibutan bago sumapit ang ikalawang pagdating ni Kristo. Ipinipinta ng apostol

[1] Zac. 3:3-7.

na si Santiago ang katakawan at paniniil na mamamayani. Sinasabi niya, "Magsiparito ngayon, kayong mayayaman, . . . kayo'y nagtipon ng inyong mga kayamanan sa mga huling araw. Narito, ang kaupahan ng mga manggagawa na nagsiani sa inyong mga bukid, na iniring ninyo sa pamamagitan ng daya, ay humihibik: at ang mga hibik ng nagsiani ay nagsipasok sa mga pakinig ng Panginoon ng mga hukbo. Kayo'y nangabuhay nang tamasa sa ibabaw ng lupa, at nangangalak. Inyong pinataba ang inyong mga puso sa araw ng patayan. Inyong hinatulan at pinatay ang matwid; at hindi niya kayo nilabanan."[1] Ito ang larawan ng nakikitang kalagayan ngayon. Sa pamamagitan ng bawa't uri ng paniniil at panghuhuthot, ang mga
[173] tao ay nagsisipagtipon ng napakalalaking kayamanan, samanta- lang ang mga daing ng nagugutom na sangkatauhan ay pumapailanlang sa harap ng Diyos.

"Ang kahatulan ay tumatalikod, at ang katwiran ay tumatayo sa malayo; sapagka't ang katotohanan ay nahulog sa lansangan, at ang karampatan ay hindi makapasok. Oo, ang katotohanan ay nagkukulang; at siyang humihiwalay sa kasamaan ay nagiging sa kanyang sarili na huli."[1] Ito'y natupad sa buhay ni Kristo sa ibabaw ng lupa. Nagtapat Siya sa mga utos ng Diyos, na isinasaisantabi ang mga sali't saling sabi o mga tradisyon at ang mga hinihingi ng mga tao na siyang itinaas sa lugar ng mga ito. Dahil sa bagay na ito ay Siya'y kinapootan at pinag-usig. Ang kasaysayang ito ay inuulit. Ang mga kautusan at mga sali't saling sabi ng mga tao ay itinataas nang higit sa kautusan ng Diyos, at ang mga tapat sa mga utos ng Diyos ay dumaranas ng tuligsa at paguusig. Si Kristo, dahil sa Kanyang katapatan sa Diyos, ay pinagbintangang isang manlalabag ng Sabado at mamumusong. Siya'y sinabing inaalihan ng diyablo, at ipinahayag na si Beelzebub. Sa ganito ring paraan binibintangan at maling-inilalarawan ang Kanyang mga tagasunod. Sa ganito umaasa si Satanas na maaakay sila sa pagkakasala, at makapagsasaboy ng kawalang-puri sa Diyos.

Ang karakter ng hukom sa talinhaga, na hindi natatakot sa Diyos ni nagpitagan man sa tao, ay iniharap ni Kristo upang ipakilala ang uri ng paghatol na isinasagawa noon, at siyang malapit nang masak-

[1] Sant. 5:1-6.
[1] Is. 59:14, 15.

sihan sa paglilitis sa Kanya. Nais Niyang madama ng Kanyang bayan sa lahat ng panahon kung gaano kaliit ang maaasahan sa mga pinuno o mga hukom sa lupa sa araw ng kahirapan. Madalas na ang mga hirang na bayan ng Diyos ay kinakailangang tumayo sa harap ng mga taong nasa mga tungkulin, mga taong ang salita ng Diyos ay hindi ginagawang kanilang patnubay at tagapayo, kundi si- nusunod [174] ang kanilang sariling di-nakatalaga't di-nasupil na mga silakbo ng damdamin.

Sa talinhaga ng likong hukom, ay ipinakilala ni Kristo kung ano ang dapat nating gawin. "Hindi baga igaganti ng Diyos ang Kanyang mga hirang, na sumisigaw sa Kanya sa araw at gabi?" Si Kristo, na ating halimbawa, ay hindi gumawa ng anumang bagay upang ipagsanggalang o iligtas ang Kanyang sarili. Ipinagkatiwala Niya ang Kanyang kalagayan sa Diyos. Kaya ang Kanyang mga tagasunod ay hindi dapat magbintang o humatol, o kaya'y humangga sa paggamit ng lakas upang mailigtas ang kanilang mga sarili.

Kapag bumabangon ang mga pagsubok na tila mandin di-maipaliwanag, hindi natin dapat pahintulutang masira ang ating kapayapaan. Gaanuman kaliko tayo pakitunguhan, ay huwag nating pabayaang sumilakbo ang galit. Sa pagpapairog natin sa diwa ng pagganti ay pinipinsala natin ang ating mga sarili. Sinisira natin ang ating sariling pananalig o pagtitiwala sa Diyos, at pinipighati ang Banal na Espiritu. May isang sugong tagalangit na nasa ating piling, na siyang magtataas para sa atin ng watawat laban sa kaaway. Tayo'y Kanyang kukulungin ng maniningning na sinag ng Araw ng Katwiran. Si Satanas ay hindi makapaglalagusan sa kabila nito. Hindi siya makalalampas sa kalasag na ito ng banal na liwanag.

Samantalang ang sanlibutan ay umuunlad sa kasamaan, ay hindi natin dapat dayain ang ating mga sarili na tayo'y hindi magkakaroon ng mga kahirapan. Gayunma'y ang mga kahirapang ito na rin ang nagdadala sa atin sa silid-panaingan ng Kataas-taasan. Makahihingi tayo ng payo sa Isa na walang-hanggan sa karunungan.

Ang wika ng Panginoon ay, "Tumawag ka sa Akin sa kaarawan ng kabagabagan."[1] Inaanyayahan Niya tayo na iharap sa Kanya ang ating mga kagulumihanan at mga kinakailangan, at ang ating pan-gangailangan ng tu- long ng Diyos. Inaatasan Niya tayong maging [175]

[1] Awit 50:15.

masikap sa pananalangin. Kapagkarakang bumangon ang mga kahirapan, ay dapat tayong magpailanlang sa Kanya ng ating tapat at maningas na mga kahilingan. Sa pamamagitan ng ating masusugid na panalangin ay nagbibigay tayo ng katunayan ng ating matibay na pagtitiwala sa Diyos. Ang pagkadama ng ating pangangailangan ay umaakay sa atin na manalangin nang buong ningas, at ang ating Amang nasa Langit naman ay naaantig ng ating mga pamanhik.

Madalas na yaong mga dumaranas ng paglibak at pag-uusig dahil sa kanilang pananampalataya ay natutuksong mag-akala na ang kanilang mga sarili ay pinababayaan na ng Diyos. Sa paningin ng mga tao ay sila ang kakaunti sa bilang o sila ang nasa minorya. Sa malas ay nananagumpay laban sa kanila ang kanilang mga kaaway. Gayunma'y sikapin nilang huwag labagin ang kanilang budhi. Siya na naghirap dahil sa kanila, at nagpasan ng kanilang mga kalumbayan at mga kadalamhatian, ay hindi nagpapabaya sa kanila.

Ang mga anak ng Diyos ay hindi pinababayaang nagiisa at walang-sanggalang. Kinikilos ng panalangin ang bisig ng Makapangyarihan-sa-Lahat. Ang panalangin ay "nagsilupig ng mga kaharian, nagsigawa ng katwiran, nangagtamo ng mga pangako, nangagtikom ng mga bibig ng mga liyon, nagsipatay ng bisa ng apoy"— malalaman natin kung ano ang ibig sabihin nito kapag napakinggan natin ang mga balita tungkol sa mga martir na nangamatay dahil sa kanilang pananampalataya,— "nangagpaurong ng mga hukbong tagaibang-lupa."[1]

Kung isinusuko natin ang ating mga kabuhayan sa paglilingkod sa Kanya, ay hindi tayo kailanman mapa palagay sa isang katayuan o kalagayang doo'y hindi nakagawa ng paglalaan ang Diyos. Anuman ang maging ating kalagayan, ay mayroon tayong Patnubay na
[176] magtuturo ng ating daan; anuman ang ating mga kagulu- mihanan, ay mayroon tayong isang tiyak na Tagapayo; anuman ang ating kalungkutan, pangungulila, o kalumbayan, ay mayroon tayong isang nakikiramay na Kaibigan. Kung sa ating kawalang-malay ay makagawa tayo ng mga maling-paghakbang, ay hindi tayo iniiwan ni Kristo. Ang Kanyang tinig, na malinaw at namumukod, ay naririnig

[1] Heb. 11:33, 34.

na nagsasabi, "Ako ang Daan, ang Katotohanan, at ang Buhay."[1] "Kanyang ililigtas ang mapagkailangan pagka dumadaing; at ang dukha na walang katulong."[2]

Sinasabi ng Panginoon na Siya'y pararangalan niyaong mga nagsisilapit sa Kanya, na buong katapatang naglilingkod sa Kanya. "Iyong iingatan siya sa lubos na kapayapaan na ang pag-iisip ay sumasa Iyo, sapagka't siya'y tumitiwala sa Iyo."[3] Ang kamay ng Makapangyarihan-sa-Lahat ay nakaunat upang tayo'y akaying pasulong at pasulong pa rin. Sumulong kayo, wika ng Panginoon; padadalhan Ko kayo ng tulong. Sa ikaluluwalhati ng Aking pangalan ang inyong paghingi, at kayo'y tatanggap. Ako'y mapararangalan sa harapan niyaong mga nagmamasid sa inyong kabiguan. Kanilang makikitang buong luwalhating nagtatagumpay ang Aking salita. "Lahat ng mga bagay na inyong hingin sa panalangin, na may pananampalataya, ay inyong tatanggapin."[4]

Bayaang ang lahat na pinipighati o buong kalikuang pinakikitunguhan, ay dumaing sa Diyos. Magsilayo kayo sa mga ang puso'y gaya ng asero, at ipaalam ninyo ang inyong mga kahilingan sa Lumikha sa inyo. Kailanma'y walang itinataboy na isa mang lumalapit sa Kanya na may nagsisising puso. Wala isa mang tapat na panalangin na nasasayang. Sa gitna ng masasayang awitan ng koro sa langit, ay naririnig ng Diyos ang mga daing ng pinakamahinang taong kinapal. Ipinahahayag natin ang nasa ng ating puso sa loob ng ating mga silid, ibinubulong natin ang isang dalangin habang tayo'y naglalakad sa daan, at ang ating mga salita ay nakarara- ting [177]
sa luklukan ng Hari ng sansinukob. Maaaring ang mga ito ay dimarinig ng alinmang pakinig, subali't ang mga ito ay hindi maaaring maparam sa katahimikan, ni mawawala man ang mga ito sa lahat ng mga gawaing nagpapatuloy. Walang makalulunod sa ninanasa ng kaluluwa. Namamaibabaw ito sa kaingayan ng lansangan, namamaibabaw sa kaguluhan ng karamihan, patungo sa mga korte sa langit. Sa Diyos tayo nakikipag-usap, at ang ating panalangin ay pinakikinggan.

[1] Juan 14:6.
[2] Awit 72:12.
[3] Is. 26:3.
[4] Mat. 21:22.

Kayo na nakadarama ng lalong di-pagiging-karapatdapat, huwag kayong matakot na ipagkatiwala ang inyong kalagayan sa Diyos. Nang ibigay Niya ang Kanyang sarili kay Kristo para sa kasalanan ng sanlibutan, ay tinanggap Niyang sagutin ang kalagayan ng bawa't kaluluwa. "Siya na hindi ipinagkait ang Kanyang sariling Anak, kundi ibinigay dahil sa ating lahat, bakit hindi naman ibibigay sa atin nang walang-bayad ang lahat ng mga bagay?"[1] Hindi ba Niya tutuparin ang mabiyayang pangungusap na ibinigay para sa ating ikasisigla at ikalalakas?

Wala nang pinakananais si Kristo nang gayon na lamang kundi ang matubos ang Kanyang mana mula sa kapangyarihan ni Satanas. Subali't bago tayo mailigtas mula sa kapangyarihan ni Satanas sa labas, ay dapat muna tayong mailigtas mula sa kapangyarihan nito sa loob. Ipinahihintulot ng Panginoon ang mga pagsubok upang tayo'y malinis sa pagiging-makalupa, sa pagigingmakasarili, sa magagaspang na katangian ng karakter na di-gaya-ng-kay-Kristo. Pinagtitiisan Niya ang malalalim na tubig ng kadalamhatian sa pagsisiyasat ng ating mga kaluluwa, upang Siya'y makilala natin, at si Jesukristo na Kanyang isinugo, upang tayo'y magkaroon ng mataos na pagnanasa-ng-puso na malinis sa karumihan, at lumabas mula sa pagsubok na higit na malinis, higit na banal, at higit na maligaya. Madalas na tayo'y pumapal loob sa hurno ng pagsubok na taglay ang
[178] ating mga ka- luluwang pinadilim ng pagiging-makasarili; datapwa't kung magtitiis sa ilalim ng mahigpit na pagsubok, ay tayo'y lalabas na iniaaninag ang karakter ng Diyos. Kapag ang Kanyang layunin sa pagdalamhati ay naganap na, "Kanyang palalabasing gaya ng liwanag ang iyong katwiran, at ang iyong kahatulan ay gaya ng katanghaliang-tapat."[1]

Walang panganib na kaliligtaan ng Panginoon ang mga panalangin ng Kanyang bayan. Ang panganib ay nasa pangyayaring baka sila'y manlupaypay sa tukso at pagsubok, at hindi magmatiyagain sa pananalangin.

Nagpamalas ang Tagapagligtas ng banal na kahabagan sa babaing Sirofenisa. Nakilos ang Kanyang puso nang Kanyang makita ang pagkahapis nito. Ninais Niyang tiyakin dito karaka-raka

[1] Rom. 8:32.
[1] Awit 37:6.

na ang panalangin nito ay pinakinggan; nguni't hinangad Niyang turuan ng liksiyon ang Kanyang mga alagad, at sa loob ng isang panahon ay tila mandin nakaligtaan Niya ang daing ng naghihirap na puso nito. Nang mahayag na ang pananampalataya nito, pinagukulan Niya ito ng mga salita ng papuri, at pinayaon Niya itong taglay ang mahalagang pagpapalang hiniling nito. Hindi kailanman nalimutan ng mga alagad ang aral na ito, at ito'y napatala upang ipakilala ang bunga ng matiyagang pananalangin.

Si Kristo na rin ang naglagay sa puso ng inang yaon ng pagpupumilit na hindi maiwawaksi. Si Kristo ang nagbigay sa nakikiusap na babaing balo ng lakas-ng-loob at ng determinasyon o pagpapasiya sa harap ng hukom. Si Kristo ang siyang, noong naunang mga dantaon, ay nagpasigla kay Jacob sa pamamagitan ng matiyagang pananampalataya ring yaon sa mahiwagang pakikipagbuno sa tabi ng batis Jabc.c. At ang pagtitiwalang Siya na rin ang nagpunla, ay hindi Niya pinagkulangang gantimpalaan.

Siya na tumatahan sa santuwaryo sa langit ay hu- mahatol nang [179] matwid. Higit Siyang nalulugod sa Kanyang bayan, na nakikipagpunyagi sa tuksong nasa sanlibutan, kaysa sa hukbo ng mga anghel na nakapalibot sa Kanyang luklukan.

Ang buong sangkalangitan ay nagpapamalas ng napakalaking pagmamalasakit sa napakaliit na sanlibutang ito; sapagka't nagbayad si Kristo ng walang-hanggang halaga para sa mga kaluluwa ng nagsisitahan dito. Itinali ng Manunubos ng sanlibutan ang lupa sa langit sa pamamagitan ng mga panali ng katalinuhan; sapagka't ang mga tinubos ng Panginoon ay naririto. Patuloy pa ring dinadalaw ng mga taga-langit ang lupa, gaya noong mga kaarawan na sila'y lumakad at nakipag-usap kay Abraham at kay Moises. Sa gitna ng pagkaabala sa gawain ng ating malalaking siyudad, sa gitna ng mga karamihang nangagsisiksikan sa mga lansangan at pumupuno sa mga pamilihan ng pangangalakal, na doon mula sa umaga hanggang sa gabi ay kumikilos ang mga tao na para bagang ang hanapbuhay at ang laro o libangan at ang kalayawan ay siya nang lahat sa buhay, na doon ay lubhang iilan ang nagbubulay-bulay sa mga di-nakikitang katotohanan,—ang langit ay nananatili pa ring may kanyang mga tagapagmasid at may kanyang mga banal. May mga di-nakikitang anghel na nagbabantay sa bawa't salita at gawa ng mga taong kinapal. Sa bawa't kapulungang ukol sa hanapbuhay o kasayahan, sa

bawa't pagtitipong ukol sa pagsamba, ay may higit na maraming nagsisipakinig kaysa nakikita ng mata ng tao. Kung magkaminsa'y hinahawi ng mga anghel sa langit ang tabing na tumatakip sa di-namamalas na sanlibutan, upang ang ating mga pag-iisip ay maialis sa kaabalahan at kaguluhan ng buhay, at upang magsaalang-alang na may mga di-nakikitang saksi sa lahat ng ating ginagawa at sinasalita.

Kailangan nating higit na maunawaan kaysa ginagawa natin [180] ang misyon o layunin ng mga dumadalaw na anghel. Makabubuti na isaalang-alang na sa lahat nating gawain ay nasa sa atin ang pakikipagtulungan at pagiingat ng mga anghel sa langit. Mga di-nakikitang hukbo ng iiwanag at kapangyarihan ang nangangalaga sa mga abang sumasampalataya at umaangkin sa mga pangako ng Diyos. Ang kerubin at ang serafin at ang mga anghel na humihigit sa kalakasan,—sampung libong tigsasampung libo at libu-libo,—ay nangakatayo sa Kanyang kanan, "lahat ay mga espiritung taga-paglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan."[1]

Sa pamamagitan ng mga sugong anghel na ito ay isang tapat na tala ang naiingatan tungkol sa mga salita at mga gawa ng mga anak ng mga tao. Bawa't gawang kalupitan o kawalang-katarungan sa bayan ng Diyos, lahat ng kanilang tiniis dahil sa kapangyarihan ng mga mapaggawa ng masama, ay itinatala sa langit.

"Hindi baga igaganti ng Diyos ang Kanyang mga hirang, na sumisigaw sa Kanya sa araw at gabi, at Siya'y may pagpapahinuhod sa kanila? Sinasabi Ko sa inyo na sila'y madaling igaganti Niya."

"Huwag nga ninyong itakwil ang inyong pagkakatiwala, na may dakilang gantimpala. Sapagka't kayo'y nangangailangan ng pagtitiis, upang kung inyong magawa ang kalooban ng Diyos, ay magsitanggap kayo ng pangako. Sapagka't sa madaling panahon, Siyang pumaparito ay darating, at hindi magluluwat."[2] "Narito, inaasahan ng magsasaka ang mahalagang bunga ng lupa, na may pagtitiis, hanggang sa tanggapin ang ulang maaga at huli. Mangagtiis din naman kayo; pagtibayin ninyo ang inyong mga puso; sapagka't ang pagparito ng Panginoon ay malapit na."[3]

[1]Heb. 1:14.

[2]Heb. 10:35-37.

[3]Sant. 5:7, 8.

Ang pagpapahinuhod ng Diyos ay kahanga-hanga. Maluwat nang naghihintay ang katarungan samantalang ang kaawaan ay namamanhik sa makasalanan. Nguni't "katwiran at kahatulan ay patibayan ng Kanyang luklu- kan."[1] "Ang Panginoon ay banayad sa [181] pagkagalit;" subali't Siya ay "dakila sa kapangyarihan, at sa anumang paraan ay hindi aariing walang sala ang salarin: ang daan ng Panginoon ay sa ipuipo at sa bagyo, at ang mga ulap ay siyang alabok ng Kanyang mga paa."[2]

Ang sanlibutan ay naging matapang na sa pagsalansang sa kautusan ng Diyos. Dahil sa Kanyang mahabang pagpapahinuhod o pagtitiis, ay niyuyurakan ng mga tao ang Kanyang kapangyarihan. Nagpapalakas sila sa isa't isa sa pagsikil at pagmamalupit sa Kanyang mana, na sinasabi, "Paanong nalalaman ng Diyos? At may kaalaman ba sa Kataas-taasan?"[3] Datapwa't may isang guhit na sa kabila niyon ay hindi sila makalalampas. Malapit na ang panahong sasapitin nila ang itinakdang hangganan. Ngayon pa man ay halos nalampasan na nila ang mga hangganan ng pagpapahinuhod ng Diyos, ang mga hangganan ng Kanyang biyaya, ang mga hangganan ng Kanyang kaawaan. Ang Panginoon ay mamamagitan upang ipagsanggalang ang Kanyang sariling karangalan, upang iligtas ang Kanyang bayan, at upang sawatain o supilin ang mga paglago ng kalikuan.

Noong kaarawan ni Noe, ay niwalang-kabuluhan ng mga tao ang kautusan ng Diyos, hanggang sa halos ay naparam na sa lupa ang buong alaala tungkol sa Lumalang. Ang kanilang kasamaan ay umabot na sa karurukan na anupa't ang Panginoon ay nagpadagsa ng isang baha ng mga tubig sa ibabaw ng lupa, at tinangay ang masasamang tumatahan dito.

Sa lahat ng panahon ay ipinatatalastas ng Panginoon ang paraan ng Kanyang paggawa. Kapag dumarating ang isang krisis o kagipitan, ay inihahayag Niya ang Kanyang sarili, at namamagitan upang hadlangan ang pagsasakatuparan ng mga panukala ni Satanas. Sa mga bansa, sa mga sambahayan, at sa mga tao, ay madalas na pinahihintulutan Niya ang mga bagay ay sumapit sa isang krisis, upang ang Kanyang pamamagitan o pakiki- alam ay matandaan. Pagkatapos ay [182]

[1] Awit 97:2.
[2] Nah. 1:3.
[3] Awit 73:11.

ipinakikita Niya na may isang Diyos sa Israel na magpapanatili sa Kanyang kautusan at magsasanggalang sa Kanyang bayan.

Sa panahong ito ng paghahari ng kasamaan ay maaari nating maalaman na ang huling malaking krisis ay malapit na. Kapag ang paglaban sa kautusan ng Diyos ay halos pandaigdig na, kapag ang Kanyang bayan ay sinisikil at dinadalamhati ng kanilang mga kapwa-tao, ang Panginoon ay mamamagitan.

Malapit na ang panahon na Kanyang sasabihin, "Ikaw ay parito, bayan Ko, pumasok ka sa iyong mga silid, at isara mo ang iyong mga pintuan sa palibot mo: magkubli kang sandali, hanggang sa ang galit ay makalampas. Sapagka't, narito, ang Panginoon ay lumalabas mula sa Kanyang dako upang parusahan ang mga nananahan sa lupa dahil sa kanilang kasamaan; ililitaw (din) naman ng lupa ang kanyang dugo, at hindi na tatakpan ang kanyang nangapatay."[1] Ang mga taong nagsisipagangking sila'y mga Kristiyano ay maaari na ngayong mandaya at manikil sa dukha; maaari nilang nakawan ang babaing balo at ang mga ulila; maaari nilang pairugan ang kanilang galit na maka-Satanas sapagka't hindi makuntrol ang mga budhi ng bayan ng Diyos; subali't dahil sa lahat ng ito ay sila'y dadalhin ng Diyos sa kahatulan. "Ang paghuhukom ay walang awa" sa kanila na "hindi nagpakita ng awa."[2] Hindi magtatagal mula ngayon at sila'y tatayo sa harap ng Hukom ng buong lupa, upang magsulit sa kirot o sakit na nilikha nila sa mga katawan at mga kaluluwa ng Kanyang mana. Sila'y maaari ngayong maminsala sa pamamagitan ng mga maling pagbibintang, maaari nilang libakin yaong mga hinirang ng Diyos na gumawa ng Kanyang gawain, maaari nilang ipadala sa bilangguan ang Kanyang mga sumasampalataya, sa tanikala, sa pagkatapon, sa kamatayan; gayunman sa bawa't kirot ng paghihirap o dalamhati, bawa't luhang tumulo, ay kanilang sasagutin. Ibay-
[183] ong kagantihan ang ibibigay ng Diyos sa kanila dahil sa kanilang mga kasalanan. Tungkol sa Babilonya, na sagisag ng tumalikod na iglesya, ay sinasabi Niya sa Kanyang mga ministro sa paghuhukom, "Ang kanyang mga kasalanan ay umabot hanggang sa langit, at naalaala ng Diyos ang kanyang mga katampalasanan. Ibigay din ninyo ang ayon sa kanyang ibinigay sa inyo, at ibayuhin ninyo nang

[1] Is. 26:20, 21.
[2] Sant. 2:13.

ibayo sa kanyang mga gawa: sa sarong kanyang pinaghaluan ay ipaghalo ninyo nang ibayo."[1]

Mula sa India, mula sa Aprika, mula sa Tsina, mula sa mga pulo ng karagatan, mula sa mga niyuyurakang angaw-angaw ng tinatawag na mga Iupaing Kristiyano, ang daing ng pagdadalamhati ng tao ay pumapailanlang sa Diyos. Ang daing na yaon ay hindi na magluluwat at tutugunin. Lilinisin ng Diyos ang lupa sa kabulukan ng moral nito, hindi sa pamamagitan ng isang dagat ng tubig na gaya nang kapanahunan ni Noe, kundi sa pamamagitan ng isang dagat ng apoy na hindi mapapatay ng anumang gawa ng tao.

"Magkakaroon ng panahon ng kabagabagan, na hindi nangyari kailanman mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon; at sa panahong yaon ay maliligtas ang Iyong bayan, bawa't isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat."[2]

Mula sa mga kisame ng bahay, mula sa mga kubo, mula sa mga bartulina, mula sa mga bibitayan, mula sa mga kabundukan at mga disyerto, mula sa mga yungib ng lupa at sa mga lungga ng karagatan, ay titipunin ni Kristo ang Kanyang mga anak sa Kanyang sarili. Sa lupa'y nagdanas sila ng matinding pagsasalat, dinalamhati, at pinahirapan. Milyun-milyon ang nangalibing sa libingan na natabunan ng kadustaan sapagka't tumutol silang padaig sa mararayang inaangkin ni Satanas. Ang mga anak ng Diyos ay hinatulan ng mga hukuman ng tao bilang pinakaimbi sa mga kriminal. Datapwa't ang araw ay dumarating na sa araw na yaon ang "Diyos ay siyang Hukom."[1] [184]
Kung magkagayon ang mga kapasiyahan ng lupa ay mababaligtad. "Ang kakutyaan ng Kanyang bayan ay Kanyang aalisin." Mapuputing balabal ang ibibigay sa bawa't isa sa kanila, at "tatawagin nila silang ang banal na bayan, ang tinubos ng Panginoon."[2]

Anumang mga krus ang itinawag sa kanila na kanilang pasanin, anumang mga kalugihan ang kanilang tinamo, anumang paguusig ang kanilang dinanas, hanggang sa mawalan pa ng kanilang pansamantalang buhay, ang mga anak ng Diyos ay gagantimpalaan

[1]Apoc. 18:5, 6.
[2]Dan. 12:1.
[1]Awit 50:6.
[2]Is. 25:8; Apoc. 6:11; Is. 62:12

nang malaki. “Makikita nila ang Kanyang mukha; at ang Kanyang
[185] pangalan ay nasa kanilang mga noo.”[3]

[3] Apoc. 22:4.

## Kapitulo 15—Ang Tupang Waglit

NANG magkatipon ang "mga maniningil ng buwis at ang mga makasalanan" sa palibot ni Kristo, ay nagpahayag ng di-pagkalugod ang mga rabi o mga tagapagturo. "Tinatanggap ng taong ito ang mga makasalanan," wika nila, "at sumasalo sa kanila."

Sa pamamagitan ng bintang na ito ay kanilang ipinamarali na ibig ni Kristong makisalamuha sa makasalanan at imbi, at Siya'y walang nalalaman sa kasamaan ng mga ito. Nabigo ang mga rabi kay Jesus. Bakit kaya ang isang ito na nag-aangking may napakatayog na karakter ay hindi nakisama sa kanila at hindi sinunod ang kanilang mga pamamaraan ng pagtuturo? Bakit kaya Siya'y naglilibot nang lubhang walang pagpapakunwari, na gumagawa sa gitna ng lahat ng uri ng mga tao? Kung Siya'y isang tunay na propeta, sabi nila, Siya'y makikiisa sa kanila, at pakikitunguhan ang mga maniningil ng buwis at ang mga makasalanan nang may pagwawalangbahala na siyang dapat sa mga ito. Ikinagalit ng mga bantay ng lipunang ito na Siya na patuloy nilang nakakatunggali, gayunma'y ang angking kalinisan ng buhay ay nagpangimi at sumumbat sa kanila, ay nakikipagtagpo, nang sa malas ay may pakikiramay, sa mga itinatakwil ng lipunan. Hindi nila sinang-ayunan ang Kanyang mga pamamaraan. Kanilang itinuring ang kanilang mga sa- rili na edukado o nag-aral, nalinang, [186]
at sukdulan ng relihiyoso; subali't inilantad ng halimbawa ni Kristo ang kanilang pagiging-makasarili.

Ikinagalit din nila na yaong mga nagpakita ng paghamak sa mga rabi, at mga di-kailanman nakita sa mga sinagoga, ay siyang nagkakalipumpon sa palibot ni Jesus, at buhos na buhos ang pansing nagsisipakinig sa Kanyang mga salita. Nakadama lamang ng sumbat ang mga eskriba at mga Pariseo sa lantay na pulutong na yaon; paano nga ang nangyari, na ang mga maniningil ng buwis at ang mga makasalanan ay naaakit kay Jesus?

Hindi nila batid na ang paliwanag ay nasa pangungusap mismong kanilang binigkas bilang isang panlilibak, "Tinatanggap ng taong ito ang mga makasalanan." Nadama ng mga kaluluwang nagsilapit

kay Jesus na sa Kanyang harapan, sila man, ay makatatakas mula sa balon ng kasalanan. Paglibak at paghatol lamang sa mga ito ang nasa mga Pariseo; nguni't binati ni Kristo ang mga ito bilang mga anak ng Diyos, na tunay na nahiwalay sa bahay ng Ama, gayunma'y hindi naman nalilimutan ng puso ng Ama. At ang paghihirap at pagkakasala na rin ng mga ito ang siyang gumawa upang lalo lamang silang mapag-ukulan ng Kanyang habag. Lalo silang napalayo sa Kanya sa paglalagalag, lalo namang umalab ang pananabik o pagnanasa at lalong lumaki ang pagpapakasakit sa ikaliligtas nila.

Ang lahat na ito ay dapat sanang natutuhan o naalaman ng mga tagapagturo ng Israel mula sa mga banal na balumbon na tungkol dito sila'y nakapagmamalaki sa pagiging mga tagapag-ingat at mga tagapagpaliwanag. Hindi ba isinulat ni David,—ni David, na nahulog sa nakamamatay na pagkakasala,—"Ako'y naligaw na parang tupang nawala; hanapin Mo ang Iyong lingkod"?[1] Hindi ba ipinahayag ni Mikas ang pag-ibig ng Diyos sa makasalanan, na sinasabi, "Sino ang Diyos na gaya Mo, na nagpapatawad ng kasamaan, at
[187] pinalalag- pas ang pagsalansang ng nalabi sa Kanyang mana? Hindi Niya pinipigil ang Kanyang galit nang magpakailanman, sapagka't Siya'y nalulugod sa kagandahang-loob"?[1]

## Ang Nawalang Tupa

Sa pagkakataong ito ay hindi ipinagunita ni Kristo sa mga nagsisipakinig sa Kanya ang mga salita ng Kasulatan. Siya'y nanawagan na ginawang saksi ang kanilang sariling karanasan. Ang malalawak na talampas sa silangan ng Jordan ay nagbibigay ng masaganang pastulan sa mga kawan, at sa makikitid na landas at sa ibabaw ng makahoy na kaburulan ay nagsigala ang maraming nangawawalang tupa, na dapat hanapin at maibalik sa pag-aalaga ng pastor. Sa pulutong na nakapalibot kay Jesus ay mayroon doong mga pastor, at mga tao rin namang nagsipamuhunan ng salapi sa mga kawan ng tupa at mga bakahan, at pahahalagahan ng lahat ang Kanyang ilalarawan o ihahalimbawa: "Aling tao sa inyo, na kung mayroong isang daang tupa, at mawala ang isa sa mga yaon, ay hindi iiwan ang siyamnapu't

[1] Awit 119:176.
[1] Mi. 7:18.

siyam sa ilang, at hahanapin ang nawala, hanggang sa ito'y kanyang masumpungan?"

Ang mga kaluluwang ito na inyong hinahamak, wika ni Jesus, ay pag-aari ng Diyos. Sa pamamagitan ng paglikha at pagtubos ay Kanya ang mga ito, at ang mga ito ay mahalaga sa Kanyang paningin. Kung paanong inibig ng pastor ang kanyang mga tupa, at hindi makatigil kung may kahit isang nawawala, ay gayundin naman, sa isang lalong lubos na mataas na antas, ay iniibig ng Diyos ang bawa't itinatakwil na kaluluwa. Maaaring tanggihan ng mga tao ang pag-aangkin ng Kanyang pag-ibig, maaari silang lumayo sa Kanya, maaari silang pumili ng ibang panginoon; gayunpaman sila ay sa Diyos, at labis ang pagnanais Niya na mabawi ang sariling Kanya. Sinasabi Niyang, "Kung paanong hinahanap ng pastor ang [188]
kanyang kawan sa kaarawan na siya'y nasa gitna ng kanyang mga [189]
tupa na nangangalat; gayon Ko hahanapin ang Aking mga tupa, at ililigtas Ko sila sa lahat ng dako na kanilang pinangalatan sa maulap at madilim na araw."[1]

Sa talinhaga ang pastor ay humayo upang hanapin ang isang tupa,—ang pinakamaliit na maibibigay na bilang. Kaya nga kung nagkaroon lamang ng isang waglit na kaluluwa, nanaisin ni Kristong mamatay para sa isang yaon.

Ang tupang nawala sa kulungan ay siyang pinakawalang-kaya sa lahat ng mga nilalang. Dapat iyong hanapin ng pastor, sapagka't hindi niyon masusumpungan ang daang pauwi. Ganyan din sa kaluluwang napalayo sa Diyos; siya'y walang-kayang gaya ng nawalang tupa, at malibang dumating sa kanya ang banal na pag-ibig upang siya'y iligtas, hindi niya kailanman matatagpuan ang kanyang daang pabalik sa Diyos.

Ang pastor na nakatuklas na ang isa sa kanyang mga tupa ay nawawala, ay hindi titingin nang walang-bahala sa kawang ligtas na natitipon sa kulungan, at magsasabing, "Mayroon pa akong siyamnapu't siyam, at ako'y totoong mahihirapan sa paghahanap ng isang napaligaw. Babayaan ko siyang kusang umuwi, at aking bubuksan ang pintuan ng kulungan, at siya'y papapasukin." Hindi; karakarakang ang tupa ay mawala ay nalilipos na ng pagkalumbay at pagkabalisa ang pastor. Binibilang niya nang paulit-ulit ang kawan.

[1]Ez. 34:12.

Sa sandaling matiyak niya na ang isang tupa ay nawawaglit, ay hindi siya nakakatulog. Iniiwan niya ang siyamnapu't siyam sa loob ng kulungan, at siya'y humahayo na hinahanap ang naligaw na tupa. Kapag lalong madilim at lalong masungit ang gabi, at kapag lalong mapanganib ang daan, ay lalo namang lumalaki ang pagkabalisa ng pastor, at lalong sumisigasig ang kanyang paghahanap. Gumagawa siya ng lahat na agsisikap upang makita ang isang nawawalang tupa.

[190] Gaano nga ang kaginhawahan ng kanyang loob ka- pag narinig niya sa malayo ang unang mahinang iyak nito. Sinusundan ang iyak, kanyang inaakyat ang pinakamatarik na kataasan, kanyang pinupuntahan ang mismong gilid ng bangin, na isinasapanganib ang kanyang sariling buhay. Sa ganitong paraan siya naghahanap, habang ang pahina nang pahinang iyak ay nagpapahiwatig sa kanya na ang kanyang tupa ay handa nang mamatay. Sa wakas ay ginagantimpalaan ang kanyang pagsisikap; ang nawawala ay natatagpuan. Hindi nga niya ito pinagagalitan dahil sa ito'y nakapagdulot ng lubhang malaking kabagabagan sa kanya. Hindi niya ito itinataboy pauwi sa pamamagitan ng isang latiko o pamalo. Ni hindi niya ito sinusubukang akaying pauwi. Sa kanyang kagalakan ay pinapasan niya ang nanginginig na nilikha sa kanyang mga balikat; kung ito'y nagalusan o nasugatan, kanya itong kinakalong sa kanyang mga bisig, na hinahapit sa kanyang dibdib, upang ang init ng kanyang sariling puso ay makapagbigay rito ng buhay. Taglay ang pasasalamat na ang kanyang paghahanap ay hindi nabigo, kanya itong pinapasang pabalik sa kulungan.

Salamat sa Diyos, hindi Siya nagbigay sa ating diwa ng larawan ng isang nalulungkot na pastor na umuuwing walang-dalang tupa. Ang talinhaga ay hindi nagbabadya ng kabiguan, kundi ng tagumpay, at ng kagalakan sa nakuhang-muli. Narito ang garantiya o pangako ng Diyos na wala isa man sa nawawalang tupa sa kulungan ng Diyos na kinaliligtaan, wala isa mang pinababayaang di-nasaklolohan. Ang bawa't isang nagpapasakop upang patubos, ay ililigtas ni Kristo sa balon ng kasamaan, at sa dawagan ng kasalanan.

Nawawalan-ng-pag-asang kaluluwa, laksan mo ang iyong loob, kahit na ikaw ay nakagawa nang masama. Huwag mong isipin na *marahil* ay patatawarin ng Diyos ang iyong mga pagsalansang, at pahihintulutan kang makalapit sa Kanyang harapan. Gumawa na
[191] ang Diyos ng unang paglapit. Nang ikaw ay naghihimagsik laban sa

Kanya, Siya'y humayo upang hanapin ka. Taglay ang mapagmahal na puso ng pastor na iniwan Niya ang siyamnapu't siyam, at lumabas sa ilang upang hanapin ang nawala. Ang kaluluwang nagalusan at nasugatan at handa nang mamatay, ay Kanyang kinulong sa Kanyang mga bisig ng pag-ibig, at buong kagalakang dinala ito sa kulungan ng kaligtasan.

Iniaral ng mga Hudyo na bago ilawit sa makasalanan ang pag-ibig ng Diyos, ay dapat muna siyang magsisi. Sa kanilang kuru-kuro, ang pagsisisi ay isang gawaing sa pamamagitan nito ay natatamo ng mga tao ang paglingap ng langit. At ang isipang ito ang umakay sa mga Pariseo upang sa laki ng pagkakamangha at galit ay bumulalas ng, "Tinatanggap ng taong ito ang mga makasalanan." Ayon sa kanilang mga kuru-kuro ay wala Siyang dapat na pahintulutang lumapit sa Kanya kundi yaong mga nakapagsisi na. Nguni't sa talinhaga ng nawalang tupa, itinuturo ni Kristo na ang kaligtasan ay hindi dumarating sa pamamagitan ng ating paghahanap sa Diyos, kundi sa pamamagitan ng paghahanap ng Diyos sa atin. "Walang nakatatalastas, walang humahanap sa Divos. Silang lahat ay nagsilihis."[1] Hindi tayo nagsisisi upang tayo'y ibigin ng Diyos, kundi ipinakikita Niya sa atin ang Kanyang pag-ibig upang tayo ay magsipagsisi.

Kapag ang naligaw na tupa ay maiuwi na sa wakas, ang pasasalamat ng pastor ay naipahahayag sa matataginting na awit ng katuwaan. Kanyang tinatawag ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay, at sa kanila'y sinasabi, "Makipagkatuwa kayo sa akin; sapagka't nasumpungan ko ang aking tupang nawala." Kaya nga kapag ang isang lagalag ay natatagpuan ng dakilang Pastor ng tupa, ang langit at lupa ay nagkakaisa o nagsasanib sa nagpapasalamat at pagsasaya.

"Magkakatuwa sa langit dahil sa isang makasalanang nagsisisi, kaysa siyamnapu't siyam na taong matutuwid, na di nangailangang magsipagsisi." Kayong mag Pariseo, wika ni Kristo, itinuturing [192]
ninyo ang inyong mga sarili na mga itinatangi ng langit. Ang akala ninyo sa inyong mga sarili ay ligtas na kayo sa inyong sariling katwiran. Alamin nga ninyo, na kung hindi ninyo kailangan ang pagsisisi, ang Aking misyon ay hindi sa inyo. Ang mga kahabag-habag na kaluluwang ito na nakadarama ng kanilang karukhaan at pagiging-makasalanan, ay sila mismo ang pinaparituhan Ko upang

[1] Rom. 3:11, 12.

iligtas. Ang mga anghel ng langit ay nagmamalasakit sa mga waglit na ito na inyong hinahamak. Kayo'y nagrereklamo at nanunuva kapag ang isa sa mga kaluluwang ito ay nakikisama sa Akin; datapwa't alamin ninyo na ang mga anghel ay nangagkakatuwa, at ang awit ng tagumpay ay tumataginting sa buong korte ng kalangitan.

May isang kasabihan ang mga rabi na mayroon daw pagkakatuwaan sa langit kapag ang isang nagkasala laban sa Diyos ay pinupuksa; subali't itinuro ni Jesus na sa Diyos ang gawang pagpuksa ay isang kakaibang gawain. Na ang kinaluluguran ng buong kalangitan ay ang pagsasauli ng sariling larawan ng Diyos sa mga kaluluwang Kanyang nilikha.

Kapag ang isa na napalayo nang lubha sa pagkakasala, ay nagsisikap na manumbalik sa Diyos, siya'y makakasagupa ng pagpuna at di-pananalig. May mga magsisipag-alinlangan kung ang pagsisisi niya ay tunay, o kava'y bubulong ng, "Wala siyang katatagan; hindi ako naniniwalang siya'y makatatagal o makapagpapatuloy." Ang mga taong ito ay gumagawa, hindi ng gawain ng Diyos, kundi ng gawain ni Satanas, na tagapagsumbong o tagapagsakdal ng mga kapatid. Sa pamamagitan ng kanilang mga pagpuna ay umaasa ang diyablo na masisiraan-ng-loob ang kaluluwang yaon, at iyon ay patuloy na maitataboy na palayo sa pag-asa at sa Diyos. Bayaang bulav-bulayin ng nagsisising makasalanan ang pagkakatuwaan sa langit dahil sa pagbabalik ng isa na nawala. Bayaan siyang mag-
[193] pahingalay sa pag-ibig ng Diyos, at sa anumang paraan ay huwag masiraan-ng-loob sa paglibak at paghihinala ng mga Pariseo.

Naunawaan ng mga rabi ang talinhaga ni Kristo na inilalapat sa mga maniningil ng buwis at mga makasalanan; subali't ito ay mayroon din namang lalong malawak na kahulugan. Sa nawalang tupa ay inilalarawan ni Kristo hindi lamang ang taong makasalanan, kundi ang isang sanlibutan din naman na tumalikod, at ginigiba ng kasalanan. Ang sanlibutang ito ay isa lamang pinakamaliit na butil sa napakalawak at napakalaking dominyo na pinangangasiwaan ng Diyos; gayunpaman ang munting nagkasalang sanlibutang ito—ang isang nawalang tupa—ay higit na mahalaga sa Kanyang paningin kaysa sivamnapu't siyam na hindi nangaligaw o nangawalay sa kulungan. Si Kristo, ang pinakaiibig na Komandante sa mga korte sa langit, ay nagpakababa sa Kanyang mataas na kalagayan, na isinaisantabi ang kaluwalhatiang nasa Kanya na kasama ng Ama,

upang iligtas ang isang nawawalang sanlibutan. Dahil dito'y iniwan Niya ang mga walang-salang sanlibutan sa itaas, ang siyamnapu't siyam na umiibig sa Kanya, at naparito sa lupang ito, upang "masugatan dahil sa ating mga pagsalansang" at "nabugbog dahil sa ating mga kasamaan."[1] Ibinigav ng Diyos ang Kanyang sarili sa Kanyang Anak upang magkaroon Siya ng kagalakan na tanggaping pabalik ang tupang nawala.

"Masdan ninyo, kung gaanong pag-ibig ang ipinagkaloob sa atin ng Ama, upang tavo'y mangatawag na mga anak ng Diyos." At sinasabi ni Kristo, "Kung paanong Ako'y Iyong sinugo sa sanlibutan, sila'y gayunding sinusugo Ko sa sanlibutan,"—upang punan "ang kakulangan ng mga hirap ni Kristo, . . . dahil sa Kanyang katawan, na siyang iglesya."[2] Ang bawa't kaluluwang iniligtas ni Kristo ay tinatawagan upang gumawa sa Kanyang pangalan sa ikaliligtas ng nawawala. Ang gawaing ito ay nakaligtaan o napabayaan sa Israel. Hindi ba kinalilig- taan ito ngayon ng mga nagpapanggap na mga [194] tagasunod ni Kristo?

Kayo na bumabasa, ilan sa mga naglalagalag ang inyo nang hinanap at naibalik sa kulungan o sa iglesya? Sa sandaling tinatalikuran ninyo yaong mga tila mandin walang-ipinangangako at di-kaakit-akit, inyo bang nadarama na kinaliligtaan ninyo ang mga kaluluwang hinahanap ni Kristo? Sa panahong yaon nang inyong talikuran sila, ay maaaring sila'y nasa pinakamalaking pangangailangan ng inyong habag o pagdamay. Sa bawa't kapulungang para sa pagsamba, ay may mga kaluluwang naglulunggati ng kapahingahan at kapayapaan. Maaaring sa malas ay sila'y namumuhay ng walang-habas na mga pamumuhay, gayunma'y hindi sila walang-pakiramdam sa impluwensiya ng Banal na Espiritu. Marami sa kanila ang maaaring mahikayat para kay Kristo.

Kung ang nawawalang tupa ay hindi naibabalik sa kulungan, ito'y nagpapagala-gala hanggang sa ito ay mamatay. At maraming kaluluwa ang nalilibing sa pagkapahamak dahil sa kakulangan o kawalan ng kamay na nakaunat upang magligtas. Maaaring sa malas ang mga nagkakamaling ito ay matitigas at walang-taros; gayunman kung tumanggap lamang sila ng mga kapakinabangan o mga kabuti-

[1] Is. 53:5.

[2] 1 Juan 3:1; Juan 17:18; Col. 1:24.

han ding iyon na napasa iba, maaaring sila'y nakapagpakita ng higit pang kadakilaan ng kaluluwa, at ng higit pang malaking talento na pakikinabangan. Kinahahahabagan ng mga anghel ang mga pagala-galang ito. Ang mga anghel ay nagsisitangis, samantalang ang mga mata ng tao ay tuyo at ang mga puso ay pinid sa pagkahabag.

O, ang kakulangan ng taimtim at ng nakaaantig-ngkaluluwang pakikiramay sa natutukso at nagkakamali! O maragdagan sanang higit ang espiritti ni Kristo, at mabawasan, higit na mabawasan, ang sa sarili!

Naunawaan ng mga Pariseo ang talinhaga ni Kristo bilang isang
[195] sumbat sa kanila. Sa halip na tanggapin ang kanilang pagpuna sa Kanyang gawain, ay Kanyang sinuwatan ang kanilang pagkaligta sa mga maniningil ng buwis at mga makasalanan. Hindi Niya ito hayagang ginawa, baka ito ang magpinid ng kanilang mga puso sa Kanya; datapwa't ang Kanyang paglalarawan ay naglagay sa harapan nila ng gawain mismong hinihingi ng Diyos sa kanila, at siyang hindi naman nila nagawa. Kung sila lamang ay naging mga tunay na pastor, ang mga lider na ito sa Israel ay nakagawa sana ng gawain ng isang pastor. Naipakita sana nila ang habag at pag-ibig ni Kristo, at sana'y nangakipagkaisa sa Kanya sa Kanyang misyon. Ang kanilang pagtangging gumawa nito ay nagpatunay na ang kanilang mga pag-aangkin ng kabanalan ay hindi tunay. Ngayo'y marami ang tumanggi sa sumbat ni Kristo; gavunman sa ilan ay naghatid ng paniniwala o kombiksiyon ang Kanyang mga salita. Sa mga ito dumating ang Banal na Espiritu, pagkatapos na makaakyat si Kristo sa langit, at sila'y nakipagkaisa sa Kanyang mga alagad sa gawain mismong inilahad sa talinhaga ng nawalang tupa.

## Ang Nawalang Putol ng Pilak

Pagkatapos maibigay ang talinhaga ng nawalang tupa, nagsalita pa ng iba si Kristo, na sinasabi, "Aling babae na may sampung putol na pilak, na kung mawalan siya ng isang putol, ay hindi baga magpapaningas ng isang ilawan, at wawalisan ang bahay, at hahanaping masikap hanggang sa ito'y masumpungan niya?"

Sa Silangan ang mga bahay ng mga dukha ay karaniwan nang binubuo ng isang silid, kadalasa'y walang bintana at madilim. Ang

silid ay bihirang mawalisan, at ang isang piraso ng salaping mahulog sa sahig ay madaling matatakpan ng alikabok at yamutmot. Upang ito ay makita, kahit na araw, ay dapat magsindi ng isang ilawan, at ang bahay ay dapat walisin nang buong sikap. [196]

Ang bahaging ukol sa pag-aasawa ng babae ay karaniwan nang binubuo ng mga putol na salapi, na maingat niyang iniingatan bilang pinakamamahal niyang pag-aari, upang ilipat o ibigay sa kanyang sariling mga anak na babae. Ang pagkawala ng isa sa mga putol na ito ay ituturing na isang malubhang kasakunaan, at ang pagkakuhang-muli rito ay magiging sanhi ng malaking pagsasaya o pagkakatuwaan, na doo'y kaagad na nakikibahagi ang mga kapitbahay na mga babae.

"Pagka nasumpungan niya," wika ni Kristo, "ay tinitipon niya ang kanyang mga kaibigan at mga kapitbahay, na sinasabi, Makipagkatuwa kayo sa akin; sapagka't nasumpungan ko ang isang putol na nawala sa akin. Gayundin, sinasabi Ko sa inyo, na may tuwa sa harapan ng mga anghel ng Diyos dahil sa isang makasalanang nagsisisi."

Ang talinhagang ito, katulad ng nauuna, ay naglalahad ng pagkawala ng isang bagay na sa pamamagitan ng wastong paghahanap ay maaaring muling matagpuan, at yaon ay may kasamang malaking pagkagalak. Subali't ang dalawang talinhaga ay naglalarawan ng magkaibang uri. Nalalaman ng nawawalang tupa na ito ay nawawala. Iniwan nito ang pastor at ang kawan, at hindi ito makabalik sa sarili nito. Kinakatawanan nito yaong mga nakadarama na sila'y napahiwalay sa Diyos, at mga nasa ulap ng kagulumihanan, nasa pangangayupapa, at mahigpit na tinutukso. Ang nawalang pilak ay kumakatawan sa mga nawawaglit sa mga pagsalansang at mga pagkakasala, nguni't hindi nakadarama ng kanilang kalagayan. Sila'y hiwalay sa Diyos, subali't hindi nila ito nalalaman. Ang kanilang mga kaluluwa ay nasa kapanganiban, nguni't sila'y mga walang-malay at di-nababalisa. Sa talinhagang ito ay itinuturo ni Kristo na maging yaong mga nagwawalang-bahala sa mga inaangkin ng Diyos, ay mga pinagtutuunan ng Kanyang mahabaging pag-ibig. Sila ay dapat hanapin, upang sila ay madalang [197]
pabalik sa Diyos.

Ang tupa ay napalayo sa kulungan; ito ay nawala sa ilang o sa kabundukan. Ang putol na pilak ay nawala sa bahay. Ito ay

malapit na sa kamay, gayunma'y makukuha lamang itong muli sa pamamagitan ng masikap na paghahanap.

Ang talinhagang ito ay may ibinibigay na liksiyon sa mga pamilya. Sa sambahayan ay madalas na nagkakaroon ng malaking kapabayaan tungkol sa mga kaluluwa ng mga kaanib nito. Maaaring sa bilang nila ay may isa na nalalayo sa Diyos; nguni't gaano kaliit na pagkabalisa o pag-aalaala ang nadarama na baka, sa pagkakaugnay na pansambahayan, ay may mawalang isa sa mga ipinagkatiwalang kaloob ng Diyos.

Ang salapi, bagama't nasa gitna ng alikabok at yamutmot, ay nananatili pa ring isang putol na pilak. Hinahanap ito ng may-ari nito sapagka't ito'y may halaga. Kaya ang bawa't kaluluwa, gaanuman pinasama ng kasalanan, ay mahalaga sa paningin ng Diyos. Kung paanong ang salapi ay nagtataglay ng larawan at ng superskripsiyon ng naghaharing kapangyarihan, ang tao ay gayundin namang nagtataglay ng larawan at superskripsiyon ng Diyos nang ito ay lalangin; at bagama't ngayo'y sinira at pinadilim ng impluwensiya ng kasalanan, ang mga bakas naman ng inskripsiyong ito ay nananatili sa bawa't kaluluwa. Nais ng Diyos na mabawi ang kaluluwang yaon, at muling mailagay dito ang Kanyang sariling larawan sa katwiran at kabanalan.

Ang babae sa talinhaga ay masikap na naghanap sa kanyang nawalang salapi. Pinaningasan niya ang ilawan at winalisan ang bahay. Inalis niyang lahat ang maaaring makahadlang sa kanyang paghahanap. Bagama't iisang putol lamang ang nawawala, siya'y hindi titigil ng kanyang pagsisikap hanggang sa matagpuan ang
[198] putol na yaon. Ganyan din sa pamilya o sambahayan, kung ang isang kaanib ay nawawala sa Diyos, bawa't paraan ay dapat gamitin sa ikapanunumbalik niya. Ukol sa bahagi ng lahat ng iba, ay dapat magkaroon ng masikap at maingat na pagsisiyasat-ng-sarili. Dapat siyasatin ang ginawa ng buhay. Tingnan kung hindi nagkakaroon ng ilang mali, ng ilang pagkakamali sa pangangasiwa, na sa pamamagitan nito ang kaluluwang yaon ay nagtutumibay sa dipagsisisi.

Kung sa pamilya ay may isang anak na di-nakadarama ng makasalanang kalagayan nito, ang mga magulang ay hindi dapat na tumigil. Dapat sindihan ang ilawan. Saliksikin ang salita ng Diyos, at sa pamamagitan ng liwanag nito ay masikap na siyasatin ang lahat ng bagay sa tahanan, upang malaman kung bakit ang anak na ito ay

nawawala. Dapat saliksikin ng mga magulang ang kanilang sariling mga puso, siyasatin ang kanilang mga ugali at mga ginagawa. Ang mga anak ay pamana ng Panginoon, at tayo ay mananagot sa Kanya sa ating pangangasiwa ng Kanyang pag-aari.

May mga ama at mga inang naghahangad na gumawa sa bukiran ng misyon sa ibang lupain; marami ang masisigla sa paggawa ng gawaing Kristiyano sa labas ng tahanan, samantalang ang kanilang sariling mga anak ay banyaga sa Tagapagligtas at sa Kanyang pag-ibig. Ang gawain ng paghikayat sa kanilang mga anak para kay Kristo ay ipinagkakatiwala ng maraming magulang sa ministro o kaya'y sa tagapagturo ng Paaralang Pansabado; datapwa't sa paggawa nito ay kanilang kinaliligtaan ang kanilang sariling kapanagutang kaloob ng Diyos. Ang pagtuturo at pagsasanay sa kaniiang mga anak na maging mga Kristiyano ay siyang pinakamataas na paglilingkod na maibibigay ng mga magulang sa Diyos. Ito ay isang gawaing humihingi ng tnatiyagang pagpapagal, isang panghabang-buhay na masigasig at matiyagang pagsusumikap. Sa pamamagitan ng pagkaligta o pagpapabaya sa ipinagkatiwalang ito
ay ating pinatutunayan na ang ating mga sarili ay mga di-tapat na [199]
katiwala. Ang anumang dahilan sa ganitong pagkaligta o pagpapabaya ay hindi tatanggapin ng Diyos.

Gayunman ang mga nagkakasala ng pagpapabaya ay hindi dapat mawalan ng pag-asa. Ang babaing nawalan ng salapi ay naghanap hanggang kanyang masumpungan ito. Kaya sa pag-ibig, pananampalataya, at pananalangin ay dapat gumawa ang mga magulang sa kanilang mga sambahayan, hanggang sa taglay ang kagalakang sila'y makalalapit sa Diyos na nagsasabi, "Narito, ako at ang mga anak na ibinigay ng Panginoon sa akin."[1]

Ito ay tunay na gawaing misyonero sa tahanan, at ito'y nakatutulong sa gumagawa nito at sa ginagawan din naman nito. Sa pamamagitan ng ating matapat na pagmamalasakit sa sirkulo ng tahanan ay iniaangkop natin ang ating mga sarili na makagawa sa mga kaanib ng Panginoon, na kasama ng mga ito, kung tayo'y tapat kay Kristo, ay mabubuhay tayo sa buong mga panahong walang-hanggan. Sa ating mga kapatid na lalaki at mga kapatid na babae kay Kristo

[1] Is. 8:18.

ay dapat nating ipakita ang gayunding pagmamalasakit na dapat mapasaatin sa isa't isa bilang mga kaanib ng iisang sambahayan.

At panukala ng Diyos na ang lahat na ito ay magaangkop sa atin sa paggawa para sa iba pa. Sa paglawak ng ating mga pakikiramay at paglago ng ating pagibig, ay makakasumpong tayo sa lahat ng dako ng gawaing magagawa. Ang malaking sambahayan ng sangkatauhan ng Diyos ay sumasaklaw sa sanlibutan, at walang dapat kaligtaan o pabayaan sa mga kaanib nito.

Saan man tayo mapapunta, doo'y naghihintay ng ating paghahanap ang nawawalang putol na pilak. Hinahanap ba natin ito? Araw-araw ay nakakatagpo natin yaong mga walang interes sa mga bagay na ukol sa relihiyon; nakikipag-usap tayo sa kanila, dumadalaw tayo sa kanila; tayo ba'y nagpapakita ng interes o
[200] ng pagmamalasakit sa kanilang espirituwal na ikabubuti? Atin bang ipinakikilala si Kristo sa kanila bilang ang nagpapatawad-ng-kasalanang Tagapagligtas? Taglay ang sarili nating mga pusong nag-aalab sa pag-ibig ni Kristo, sinasabi ba natin sa kanila ang tungkol sa pag-ibig na yaon? Kung hindi, paano natin masasalubong o tatagpuin ang mga kaluluwang ito—na waglit, waglit magpakailanman, —kapag tumayo na tayo sa harap ng luklukan ng Diyos na kasama nila?

Ang halaga ng isang kaluluwa, sino ang makatataya? Kung nais ninyong malaman ang halaga nito, magtungo kayo sa Gethsemane, at doo'y magmasid kayo na kasama ni Kristo sa buong mga oras na yaon ng paghihirap at pagkahapis ng loob, nang Siya'y pagpawisang gaya ng malalaking patak ng dugo. Masdan ninyo ang Tagapagligtas na nakabayubay sa krus. Pakinggan ninyo ang nawawalan-ng-pag-asang sigaw, "Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan?"[1] Masdan ninyo ang sugatang ulo, ang inulos na tagiliran, ang naluray na mga paa. Inyong alalahanin na isinapanganib ni Kristo ang lahat. Alang-alang sa ikatutubos natin, ang langit na rin ay napasapanganib. Sa paanan ng krus, na inaalaalang dahil sa isang makasalanan ay iaalay ni Kristo ang Kanyang buhay, ay matataya ninyo ang halaga ng isang kaluluwa.

Kung kayo ay nakikipag-usap kay Kristo, ay ilalagay ninyo ang Kanyang pagtaya sa bawa't taong kinapal. Inyong madarama para sa

[1] Mar. 15:34.

iba ang taimtim na pag-ibig ding iyon na nadama ni Kristo para sa
inyo. Kung magkagayo'y magagawa na ninyong makahikayat, hindi
makapagtaboy, makaakit, hindi makapagpalayas, ng mga pinagka-
matayan Niya. Wala kailanmang madadalang pabalik sa Diyos kung
hindi gumawa si Kristo ng personal na pagsisikap para sa kanila; at
sa pamamagitan ng personal na gawaing ito makapagliligtas tayo
ng mga kaluluwa. Kapag nakikita ninyo ang mga sumasakabilang- [201]
buhay, ay hindi kayo mananatili sa matahimik na pagwawalang-ba-
hala at kaalwanan. Lalong malaki ang kanilang kasalanan at lalong
malalim ang kanilang paghi hirap, ay lalo namang magiging masi-
gasig at magiliw ang inyong mga pagsisikap upang sila'y mapanum-
balik. Inyong makikita ang pangangailangan ng mga nagdurusa,
ng mga nagkakasala laban sa Diyos, at ng mga nasisiil sa taglay na
bigat ng pagkakasala. Ang inyong puso ay titibok ng pakikiramay sa
kanila, at inyong ilalawit sa kanila ang isang tumutulong na kamay.
Sa mga bisig ng inyong pananampalataya at pag-ibig ay dadalhin
ninyo sila kay Kristo. Inyong babantayan at palalakasin-ang-loob
nila, at ang inyong pakikiramay at pagtitiwala ay magpapahirap sa
kanila na mahulog sa kanilang pagtatapat at paglutumibay.

Sa gawaing ito ang lahat ng mga anghel sa langit ay handang
makipagtulungan. Ang buong kayamanan ng langit ay nasa pag-
uutos ng mga nagsisipagsikap na iligtas ang nawawala. Tutulungan
kayo ng mga anghel na maabot ang napakawalang-ingat at ang
napakatigas. At kapag ang isa ay nadadalang pabalik sa Diyos, ang
buong kalangitan ay nagagalak; hinahawakan ng mga serapin at
mga kerubin ang kanilang mga ginintuang alpa. at nagsisiawit ng
mga papuri sa Diyos at sa Kordero dahil sa kanilang kaawaan at
kagandahang-loob sa mga anak ng mga tao. [202]

## Kapitulo 16—Nakilala ang Kanyang Sarili

ANG mga talinhaga ng nawalang tupa, ng nawalang salapi, at ng alibughang anak ay naglalahad sa magkakaibang hanay ng mahabaging pag-ibig ng Diyos sa mga nangapapalayo sa Kanya. Bagama't sila'y nagsitalikod sa Diyos, ay hindi Niya sila pinababayaan sa kanilang kakulangang-palad. Siya'y lipos ng kagandahang-loob at magiliw na pagkahahabag sa lahat ng mga nalalantad sa mga tukso ng matalinong kaaway.

Sa talinhaga ng alibughang anak ay ipinakikilala ang pakikitungo ng Panginoon sa mga nakakilala minsan ng pag-ibig ng Ama, gayunma'y pinahintulutan ang manunukso na sila'y madalang bihag ng kalooban nito.

"May isang tao na may dalawang anak na lalaki; at sinabi sa kanyang ama ng bunso, Ama, ibigay mo sa akin ang bahagi ng iyong kayamanang nauukol sa akin. At binahagi niya sa kanila ang kanyang pagkabuhay. At hindi nakaraan ang maraming araw ay tinipong lahat ng anak na bunso ang ganang kanya, at naglakbay sa isang malayong lupain."

Ang anak na bunsong ito ay napagod na sa pagbabawal sa bahay ng kanyang ama. Ipinalagay niyang ang kanyang kalayaan ay hinihigpitan. Pinagkamalian niya ang pag-ibig at pag-iingat ng kanyang ama, at ipinasiya niyang sundin ang iniuudyok ng kanyang sariling
[203] hilig.

Walang kinikilalang tungkulin sa kanyang ama ang kabataan, at walang ipinahahayag na pagkilala-ng-utangna-loob; gayunma'y inaangkin niya ang karapatan ng isang anak sa pakikibahagi sa mga tinatangkilik ng kanyang ama. Ang manang mapapaukol sa kanya sa pagkamatay ng kanyang ama ay nais niyang tanggapin na ngayon. Siya'y mahilig sa kasalukuyang mapagtatamasahan, at hindi nag-aalala ng ukol sa kinabukasan.

Pagkatanggap ng kanyang mana, siya'y nagtungo sa "isang malayong lupain," na malayo sa bahay ng kanyang ama. Sa pagkakaroon ng maraming salapi, at ng kalayaang gawin ang kanyang maibi-

gan, nasabi niya sa kanyang sarili na nakamtan na niya ang nasa ng kanyang puso. Walang sinumang magsasabing, Huwag mong gagawin ito, sapagka't makasasama sa iyo; o kaya'y, Gawin mo ito, sapagka't ito ang tama. Tinulungan siya ng masasamang kasama na magpakabaon sa pagkakasala, at inaksaya niya ang kanyang "kabuhayan sa palunging pamumuhay."

Ang Banal na Kasulatan ay nagsasalaysay ng tungkol sa mga tao, na, "mga nangagmamarunong ay naging mga mangmang;"[1] at ito ang kasaysayan ng binata sa talinhaga. Ang kayamanang buong kasakiman niyang hiningi sa kanyang ama ay winaldas niya sa mga patutot. Ang kayamanan ng kanyang pagkalalaki ay inaksaya. Ang mahalagang taon ng buhay, ang lakas ng pag-iisip, ang maniningning na pangitain ng kabataan, ang mga hangaring espirituwal,—lahat ay nasupok sa mga apoy ng pita.

Isang malaking kagutom ang bumangon, siya'y nagpasimulang mangailangan, at siya'y sumama sa isang mamamayan ng lupain, na nagsugo sa kanya sa parang upang magpakain ng mga baboy. Sa isang Hudyo ay ito ang pinakahamak at pinakaaba sa lahat ng mga trabaho. Ang kabataang nagyabang ng kanyang kalayaan, ngayo'y nasumpungan ang kanyang sarili na isang ali- pin. Siya'y naSa [204]
pinakamasamang uri ng pagkaalipin,— "natatalian ng mga panali ng kanyang kasalanan."[1] Ang kinang at kislap na umakit sa kanya ay naparam, at nadama niya ang bigat ng kanyang tanikala. Sa kanyang pagkakaupo sa lupa, sa ilang at sinasalakay-ng-kagutom na lupaing yaon, na walang mga kasama kundi ang mga baboy, ay napipilitan siyang busugin ang kanyang sarili sa pamamagitan ng mga ipang ipinakakain sa mga hayop. Sa mga masasayang kasama na nangakapalibot sa kanya noong kaarawan ng kanyang kasaganaan, at nangagsikain at nangagsiinom sa gugol niya, ay wala isa mang natira upang maging kaibigan niya. Nasaan ngayon ang kanyang magulong pagsasaya? Pinapayapa ang kanyang budhi, at pinamamanhid ang kanyang mga pandama, ipinalagay niyang siya'y maligaya; subali't ngayon, sa pagkakawaldas sa salapi, sa pagkakaroon ng kagutumang di-mabigyang-kasiyahan, sa pagkakabagsak ng kapalaluan, sa pagkakaunano ng kanyang kalikasang moral, sa pagkakaroon

[1] Rom. 1:22.
[1] Kaw. 5:22.

niya ng kaloobang mahina at di-mapagtitiwalaan, sa tila pagkamatay ng kanyang mabutibuting pakiramdam, ay siya ang pinakaaba o pinakakaawa-awang tao sa mga nilalang.

Napakaaba ng pagkakalarawan dito ng kalagayan ng makasalanan! Bagama't napaliligiran ng mga pagpapala ng Kanyang pag-ibig, wala nang lubhang ninanais ang makasalanang mahilig sa pagpapairog-sa-sarili at sa makasalanang kalayawan, kundi ang mahiwalay sa Diyos. Katulad ng walang-turing na anak, inaangkin nito ang mabubuting bagay ng Diyos bilang kanya sa pamamagitan ng karapatan. Kinuha nito ang mga ito bilang isang bagay na dapat mangyari, at walang ibinalik na pagkilala-ng-utang-na-locb, walang ibinigay na paglilingkod ng pag-ibig. Kung paanong lumabas si Cain mula sa harapan ng Panginoon upang hanapin ang kanyang tahanan;
[205] kung paanong naglagalag ang alibugha sa "malayong lupain," ay gayundin naghahanap ng kaligayahan ang mga makasalanan sa paglimot o sa di-pagkilala sa Diyos.[1]

Anuman ang maging anyo sa pangmalas, ang bawa't buhay na nakasentro sa sarili ay nasasayang. Sinumang nagtatangkang mabuhay nang hiwalay sa Diyos, ay nagaaksaya ng kanyang kabuhayan. Kanyang sinasayang ang mahahalagang taon, sinasayang ang mga kapangyarihan upag-iisip at ng puso at ng kaluluwa, at gumagawa pang gawing walang-wala o dukhang-dukha ang kanyang sarili sa walang-hanggan. Ang taong humihiwalay sa Divos upang mapaglingkuran niya ang kanyang sarili, alipin ng kayamanan. Ang pag-iisip na nilikha ng Diyos para sa pagiging-kasama ng mga anghel, ay nagiging mababa o hamak sa paglilingkod sa bagay na makalupa at makahayop. Ito ang kinahihiligang hantungan ng nagli' ngkod-sa-sarili.

Kung napili ninyo ang ganitong buhay, alam ninyo na gumugugol kayo ng salapi sa bagay na hindi tinapay, at nagpapagal sa bagay na hindi nakapagbibigay ng kasiyahan. Dumarating sa inyo ang mga oras na nadarama ninyo ang inyong pagiging-hamak. Nag-iisa sa malayong lupain, nararamdaman ninyo ang inyong paghihirap, at sa kawalang-pag-asa ay kayo'y napapasigaw, Abang tao ako! sino ang magliligtas sa akin sa katawan nitong kamatayan?"[2] Ang

[1]Rom. 1:28.
[2]Rom. 7:24.

pangungusap na may katotohanang pansansinukob ang nakalaman sa mga salita ng propeta, "Sumpain ang tao na tumitiwala sa tao, at ginagawang laman ang kanyang bisig, at ang puso ay humihiwalay sa Panginoon. Sapagka't siya'y magiging gaya ng kugon sa ilang, at hindi makakakita kapag ang mabuti ay dumarating; kundi tatahan sa mga tuyong dako sa ilang, lupaing maalat at hindi tinatahanan."[3] "Pinasisikat" ng Diyos "ang Kanyang araw sa masasama at sa mabubuti, at nagpapaulan sa mga ganap at sa mga hindi ganap;"[4] subali't ang mga tao'y may kapangyari- hang ialis ang kanilang mga [206]
sarili sa sikat ng araw at sa ulan. Kaya habang ang Araw ng Katwiran ay sumisikat, at ang mga ambon ng biyaya ay malayang pumapatak sa lahat, ay maaari pa rin tayong "tumahan sa mga tuyong dako sa ilang," sa pamamagitan ng paghiwalay natin sa Diyos.

Ang pag-ibig ng Diyos ay nananatili pa ring nananabik sa isa na pinili ang paghiwalay sa Kanya, at Siya'y gumagawa ng mga impluwensiya upang ito ay madalang pabalik sa bahay ng Ama. Ang alibughang anak sa abang kalagayan nito ay "nakapag-isip." Ang mapanlinlang na kapangyarihang ginamit ni Satanas sa kanya ay nasira. Nakita niyang ang kanyang paghihirap ay bunga ng kanyang sariling kabaliwan, at kanyang sinabi, "Ilang mga alilang upahan ng aking ama ang may sapat at lumalabis na pagkain, at ako rito'y namamatay ng gutom! Magtitindig ako at paroroon sa aking ama." Sa kanyang kaabaan at paghihirap, ang alibugha ay nakasumpong ng pag-asa sa paniniwala sa pag-ibig ng kanyang ama. Ang pag-ibig na yaon ang humihila sa kanya patungong tahanan. Kaya ang katiyakan sa pag-ibig ng Diyos ang pumipilit sa makasalanan na manumbalik sa Diyos. "Ang kabutihan ng Diyos ay siyang umaakay sa iyo sa pagsisisi."[1] Isang ginintuang tanikala, ang habag at pakikiramay ng banal na pag-ibig, ay inililibot sa bawa't napapasapanganib na kaluluwa. Sinasabi ng Panginoon, "Inibig kita ng walang-hanggang pag-ibig; kaya't Ako'y lumapit sa iyo na may kagandahang-loob."[2]

Ipinasiya ng anak na ipahayag ang kanyang pagkakasala. Siya'y magtutungo sa kanyang ama, na nagsasabi, "Nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin, at hindi na ako karapat-dapat na

[3] Jer. 17:5, 6.
[4] Mat. 5:45.
[1] Rom. 2:4.
[2] Jer. 31:3.

tawaging anak mo." Nguni't idinugtong niya, na ipinakikilala kung gaano kaliit ang kanyang pagkakilala sa pag-ibig ng kanyang ama,
[207] "Gawin mo akong tulad sa isa sa iyong mga alilang upahan."

Tinalikuran ng binata ang mga kawan ng mga baboy at ang mga ipa, at iniharap ang kanyang mukha patungong tahanan. Nanginginig sa panghihina, at nanlalata sa gutom, nagsikap siyang makapagpatuloy na may kasabikan sa kanyang paglakad. Wala siyang anumang maipantakip upang itago ang kanyang gulanit na kasuutan; gayunma'y dinaig na ng kanyang paghihirap ang kapalaluan, at siya'y nagmamadali upang maipamanhik na siya'y gawing alipin sa lugar na doon siya naging bata minsan.

Nang siya'y lumabas sa tarangkahan ng kanyang ama, bahagya ma'y di napangarap ng masaya't walangbahalang kabataan ang kirot at pananabik na naiwan sa puso ng ama. Nang siya'y makipagsayawan at makipagpigingan sa kanyang magugulong kasama, bahagya ma'y di sumagi sa kanyang isipan ang lambong ng kalungkutang lumukob sa kanilang tahanan. At ngayon habang siya'y nananalunton sa daang pauwi sa kanilang tahanan na taglay ang namamagal at nangingirot na mga paghakbang, wala siyang malay na may isang nagbabantay sa kanyang pagbabalik. Datapwa't samantalang siya'y "nasa malayo pa," nakilala na ng ama ang kanyang anyo. Ang pag-ibig ay madaling makakita. Maging ang mga taon ng pagkakabaon sa pagkakasala ay hindi makapagtatago sa anak sa mga mata ng ama. Ito'y "nagdalang-habag, at tumakbo, at niyakap siya sa leeg" sa matagal, mahigpit, at mapagmahal na yakap.

Hindi ipahihintulot ng ama na dustain ng nanghahamak na paningin ang paghihirap at ang kagulanitan ng kanyang anak. Kinuha niya mula sa kanyang sariling balikat ang malapad at mamahaling balabal, at iyon ay ibinalot sa lupaypay na katawan ng anak, at umiiyak na ibinulalas ng binata ang pagsisisi nito, na sinasabi, "Ama, nagkasala ako laban sa langit, at sa iyong paningin, at hindi na
[208] ako karapat-dapat na tawaging anak mo." Mahigpit itong inakbayan ng ama, at iniuwi ng tahanan. Walang pagkakataong ibinigay dito upang mahiling nito ang lugar ng isang alipin. Siya ay isang anak, na pararangalan ng pinakamabuting maipagkakaloob ng tahanan, at igagalang at paglilingkuran ng mga naghihintay na mga lalaki at mga babae.

Ang ama ay nagwika sa kanyang mga alipin, “Dalhin ninyo ritong madali ang pinakamabuting balabal, at isuot ninyo sa kanya; at lagyan ninyo ng sinsing ang kanyang kamay, at mga panyapak ang kanyang mga paa; at kunin ninyo ang pinatabang guya, at inyong patayin; at tayo’y magsikain at mangagkatuwa; sapagka’t patay na ang anak kong ito, at muling nabuhay; siya’y nawala, at nasumpungan. At sila’y nangagpasimulang ma-ngagkatuwa.”

Noong panahon ng kanyang di-makaling kabataan ay itinuring ng alibugha na ang kanyang ama ay mahigpit at mabagsik. Kakaibang-kakaiba ang kanyang pagkakilala dito ngayon! Kaya ang tingin sa Diyos ng mga nadaraya ni Satanas ay mahigpit din at mabagsik. Itinuturing nila Siya na nagmamasid o nagbabantay upang mamuna at humatol, na di-handang tanggapin ang makasalanan habang may legal na kadahilanan sa di pagtulong dito. Ang Kanyang kautusan ay itinuturing nilang isang paghihigpit sa kaligayahan ng mga tao, isang mabigat na pamatok na kinagagalakan nilang takasan. Nguni’t siya na ang mga mata’y pinadilat ng pag-ibig ni Kristo ay mamasdan ang Diyos bilang puspos ng kahabagan. Ang Kanyang anyo ay hindi gaya ng isang malupit, walang-hunusdiling kinapal, kundi gaya ng isang ama na nananabik na yakapin ang kanyang nagsisising anak. Ang makasalanan ay bubulalas na kasama ng mang-aawit, “Kung paanong ang ama ay naaawa sa kanyang mga anak, gayon naaawa ang Panginoon sa kanilang nangatatakot sa Kanya.”[1] [209]

Sa talinhaga ay walang pang-uuyam, walang paghahagis o pagsasaboy sa alibugha ng masama niyang tunguhin. Nadama ng anak na ang nakaraan ay pinatawad at kinalimutan, pinawi na magpakailanman. At kaya nga sinasabi ng Diyos sa makasalanan, “Aking pinawi na parang masinsing ulap, ang iyong mga pagsalansang, at, parang alapaap, ang iyong mga kasalanan.”[1] “Aking ipatatawad ang kanilang kasamaan, at ang kanilang kasalanan ay hindi Ko na aalalahanin.”[2] “Lisanin ng masama ang kanyang lakad, at ng liko ang kanyang mga pagiisip; at manumbalik siya sa Panginoon, at kaaawaan Niya siya; at sa aming Diyos, sapagka’t Siya’y magpapatawad nang sagana.” “Sa mga araw na yaon, at sa panahong yaon,

[1] Awit 103:13.
[1] Is. 44:22.
[2] Jer. 31:34.

sabi ng Panginoon, ang kasamaan ng Israel ay mauusig, at hindi magkakaroon ng anuman; at ang mga kasalanan ng Juda, at hindi sila masusumpungan."[3]

Tiyak na tiyak dito, ang pagiging-handa ng Diyos na tanggapin ang nagsisising makasalanan! Nakapili na ba kayo, kavong bumabasa, ng sarili ninyong daan? Nakalayo na ba kayo sa Diyos? Nakapagsikap na ba kayong magpiging sa mga bunga ng pagsalansang, upang masumpungan lamang ang mga ito na nagiging abo sa inyong mga labi? At ngayon, na naubos ang inyong kabuhayan, nabigo ang inyong mga panukala sa buhay, at namatay ang inyong mga pag-asa, kayo ba'y nauupong nagiisa at nalulumbay? Ngayon ang tinig na yaong matagal nang nagsasalita sa inyong puso, nguni't ayaw ninyong pakinggan, ay dumarating sa inyo nang tiyak at malinaw. "Kayo'y magsibangon. at magsiyaon; sapagka't hindi ito ang inyong kapahingahan; dahil sa karumihan na lumilipol, samakatwid baga'y sa mahigpit na paggiba."[4] Kayo'y magbalik sa bahay ng inyong Ama. Kanyang inaanyayahan kayo, na nagsasabi, "Manumbalik ka
[210] sa Akin; sapagka't tinubos kita."[5]

Huwag kayong makikinig sa mungkahi ng kaaway na manatiling malayo kay Kristo hanggang sa mapabuti ninyo ang inyong sarili; hanggang sa kayo'y maging sapat nang mabuti na lumapit sa Diyos. Kung kayo'y maghihintay hanggang sa panahong iyon, kayo'y hindi na kailanman makalalapit. Kapag itinuturo ni Satanas ang inyong maruruming kasuutan, ay inyong ulitin ang pangako ni Jesus na, "Ang lumalapit sa Akin sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy."[1] Sabihin ninyo sa kaaway na lumilinis sa lahat ng kasalanan ang dugo ni Jesukristo. Gawin ninyong sarili ninyong panalangin ang panalangin ni David, "Linisin Mo ako ng hisopo, at ako'y magiging malinis; Hugasan Mo ako, at ako'y magiging lalong maputi kaysa niyebe."[2]

Kayo'y magtindig at pumunta sa inyong Ama. Malayo pa kayo'y sasalubungin na Niya kayo. Kung kayo'y gagawa ng kahit isang hakbang na patungo sa Kanya na may pagsisisi, Siya'y magmamadali

[3] Is. 55:7; Jer. 50:20.

[4] Mi. 2:10.

[5] Is. 44:22.

[1] Juan 6:37.

[2] Awit 51:7.

upang iyakap sa inyo ang Kanyang mga bisig ng walang-hanggang pag-ibig. Bukas ang Kanyang pakinig sa daing ng nagsisising kaluluwa. Ang pinakaunang-unang hibik ng puso sa Diyos ay batid Niya. Kailanma'y di naipaiilanlang ang isang dalangin, sa pautal-utal man, kailanma'y di dumadaloy ang isang luha, sa lihim man, kailanma'y di naisasapuso ang isang tapat na pagnanasa sa Diyos, bahagyang-bahagya man, gayunma'y humahayo na ang Espiritu ng Diyos upang ito ay katagpuin. Bago pa man mabigkas ang panalangin, o maipabatid ang nais ng puso, ay humahayo na ang biyayang mula kay Kristo upang katagpuin ang biyayang gumagawa sa kaluluwa ng tao.

Aalisin sa inyo ng inyong Amang nasa Langit ang mga damit na dinumhan ng kasalanan. Sa magandang matalinhagang hula ni Zakarias, ang dakilang saserdoteng si Josue, nakatayong nararamtan ng maruruming damit sa harapan ng anghel ng Panginoon, ay kumakatawan sa makasalanan. [211] At ang salita ay binigkas ng Panginoon, "Hubarin ninyo ang mga maruming suot sa kanya. At sa kanya'y Kanyang sinabi, Narito, Aking pinaram ang iyong kasamaan, at Aking susuutan ka ng mainam na kasuutan. . . . Sa gayo'y sinuutan siya ng magandang mitra sa kanyang ulo, at sinuutan siya ng mga kasuutan."[1] Gayundin kayo bibihisan ng Diyos ng "mga damit ng kaligtasan," at tatakpan kayo ng "balabal ng katwiran." "Bagaman kayo'y nahiga sa gitna ng mga palayok, gayunman kayo'y magiging parang mga pakpak ng kalapati na natatakpan ng pilak, at ang kanyang balahibo ng gintong madilaw."[2]

Kanyang dadalhin kayo sa Kanyang bahay na may pigingan, at ang Kanyang watawat sa inyo ay magiging pag-ibig.[3] "Kung ikaw ay lalakad sa Aking mga daan," wika Niya, "bibigyan kita ng kalalagyan sa gitna ng mga ito na nangakaharap,"[4] —maging sa gitna ng mga banal na anghel na nakapalibot sa Kanyang trono.

"Kung paanong ang kasintahang-lalaki ay nagagalak sa kasintahang-babae, gayon magagalak ang Diyos sa iyo." "(Siya'y) magliligtas, Siya'y magagalak dahil sa iyo na may kagalakan; Siya'y magpapahinga sa Kanyang pag-ibig; Siya'y magagalak sa iyo na may

[1] Zac. 3:4, 5.
[2] Is. 61:10; Awit 68:13.
[3] A. ng A. 2:4.
[4] Zac. 3:7.

pag-awit."[5] At ang langit at lupa ay makikiisa sa awit ng kagalakan ng Ama: "Sapagka't patay na ang Anak Kong ito, at muling nabuhay; Siya'y nawala, at nasumpungan."

Hanggang sa bahaging yaon sa talinhaga ng Tagapagligtas ay walang sirang nota na makasisira sa pagkakatugma ng tanawin ng katuwaan; nguni't ngayo'y may ipinakikilala o inihaharap si Kristo na isa pang elemento. Nang umuwi sa tahanan ang alibugha, ang panganay na anak ay "nasa bukid; at nang siya'y dumating at malapit sa bahay, ay narinig niya ang tugtugan at ang sayawan. At pinalapit niya sa kanya ang isa sa mga alipin, at itinanong kung ano kaya ang
[212] mga bagay na yaon. At sinabi niya sa kanya, Dumating ang kapatid mo; at pinatay ng iyong ama ang pinatabang guya, dahil siya'y tinanggap niya na ligtas at magaling. Datapwa't nagalit siya, at ayaw pumasok." Ang panganay na kapatid na ito ay hindi nakibahagi sa pag-aalaala at pagbabantay ng kanyang ama sa isang yaon na nawala. Kaya nga hinidi siya nakikibahagi sa kagalakan ng ama sa pagbabalik ng naglagalag. Ang ingay ng pagkakatuwaan ay hindi nagdulot ng kagalakan sa kanyang puso. Tinanong niya ang isang alipin sa kadahilanan ng pagpipiging, at ang sagot ay kumilos ng kanyang paninibugho. Ayaw niyang pumasok upang batiin at tanggapin ang kanyang nawalang kapatid. Ang pagtinging ipinakita sa alibugha ay itinuring niyang isang pag-alipusta o pagduhagi sa kanyang sarili.

Nang lumabas ang ama upang mamanhik sa kanya, ang kataasan at ang kasamaan ng kanyang likas ay nahayag. Ginugol niya ang kanyang sariling buhay sa bahay ng kanyang ama sa walang-lagot na paglilingkod na walang-kabayaran, at pagkatapos ay naglagay siya ng imbing paghahambing sa pagtinging ipinakita sa anak na kababalik lamang. Niliwanag niya na ang sarili niyang paglilingkod ay naging sa isang alipin sa halip na sa isang anak. Nang dapat sana'y makatagpo siya ng namamalaging kagalakan sa harapan ng kanyang ama, ang kanyang isip ay napatuon sa pakinabang na dapat maangkin ng kanyang maingat na buhay. Ipinakikilala ng kanyang mga salita na dahil sa bagay na ito tinalikuran niya't itinakwil ang mga kaligayahan sa pagkakasala. Ngayon kung ang kapatid na ito ay makikibahagi sa mga biyaya ng ama, itinuturing ng panganay na

[5] Is. 62:5; Zef. 3:17.

anak na ang sarili niya ay nagagawan ng kamalian. Isinasama niya ng loob sa kanyang kapatid ang pagtinging ipinakita rito. Maliwanag niyang ipinakikilala na kung siya ang nasa kalagayan o katayuan ng ama, ay hindi niya tatanggapin ang alibugha. Ni hindi nga niya ito ki- nikilala na isang kapatid, kundi buong kalamigan niyang [213] tinatawag ito na "anak mo."

Gayunma'y magiliw siyang pinakitunguhan ng ama. "Anak," wika nito, "ikaw ay palaging nasa akin, at iyo ang lahat ng akin." Sa buong mga taong ito ng buhay na itinapon ng iyong kapatid, hindi ba napasaiyo ang karapatan ng pagiging-kasama ko?

Lahat ng bagay na makatutulong sa ikaliligaya ng kanyang mga anak ay kanilang-kanila. Hindi kailangan ng anak na tanungin ang tungkol sa biyaya o gantimpala. "Iyo ang lahat ng akin." Kailangan mo lamang sampalatayanan ang aking pag-ibig, at kunin ang biyaya o kaloob na walang-bayad na ibinibigay.

Isang anak ang sa loob ng isang panahon ay humiwalay sa sambahayan, na hindi nauunawaan ang pagibig ng ama. Datapwa't ngayon ay siya'y nagbalik, at ang bugso ng kagalakan ay pumawi ng bawa't nakaliligalig na isipan. "Patay ang kapatid mong ito, at muling nabuhay; at nawala, at nasumpungan."

Naipakita ba sa panganay na kapatid ang kanyang sariling hamak, walang-turing na diwa? Nakilala ba niya na bagaman gumawa ng masama ang kanyang kapatid, ay siya'y kapatid pa rin nito? Nagsisi ba ang panganay na kapatid sa kanyang paninibugho o pagkainggit at katigasan-ng-puso? Tungkol dito, ay walang sinasabi si Kristo. Sapagka't ang talinhaga ay nananatili pa ring ginagampanan o itinatanghal, at ipinauubaya na sa Kanyang mga tagapakinig ang pagpapasiya sa dapat na maging bunga.

Kinatawanan ng panganay na anak ang di-nagsisising mga Hudyo noong kaarawan ni Kristo, at gayundin ang mga Pariseo sa bawa't panahon, na tumitinging may paghamak sa mga itinuturing nilang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan. Sa dahilang sila'y hindi nagpakalabis sa bisyo, ay napuno sila ng pagaaring-matwidsa-sarili. Hinarap ni Kristo ang mga mapagtutol na ito sa kanilang sariling batayan. Gaya ng panganay na anak sa [214] talinhaga, nagtamasa sila ng mga tanging karapatang mula sa Diyos. Inangkin nilang sila ay mga anak sa bahay ng Diyos, nguni't may diwa sila ng nagpapaupa. Sila'y nagsisigawa, hindi dahil sa pag-

ibig, kundi dahil sa pag-asa sa gantimpala. Sa kanilang paningin, ang Diyos ay isang mahigpit na tagapagpatrabaho. Nakita nila si Kristo na inaanyayahan ang mga maniningil ng buwis at ang mga makasalanan upang tanggapin nang walang-bayad ang kaloob ng Kanyang biyaya,—ang kaloob na inasahan ng mga rabi na matatamo lamang sa pamamagitan ng paggawa at pagpapakasakit,—at sila'y nangatisod. Ang pagbabalik ng alibugha, na lumipos sa puso ng Ama ng kagalakan, ay pumukaw lamang sa kanila ng paninibugho o pagkainggit.

Sa talinhaga ang pamanhik ng ama sa panganay na anak ay siyang magiliw na pakiusap ng Langit sa mga Pariseo. "Iyo ang lahat ng akin,"—hindi bilang kaupahan, kundi bilang isang kaloob. Gaya ng alibugha, matatanggap lamang ninyo ito bilang di-karapat-dapat na pagkakaloob ng pag-ibig ng Ama.

Ang pag-aaring-matwid-sa-sarili ay hindi lamang inaakay ang mga tao na maling-ipakilala ang Diyos, kundi ginagawa rin silang walang-pag-ibig at mapagpuna sa kanilang mga kapatid. Ang panganay na anak, sa kanyang pagkamakasarili at paninibugho, ay naging handa na matyagan ang kanyang kapatid, na punahin ang bawa't kilos o gawa, at isumbong ito sa pinakamaliit na pagkukulang. Nakikita niya ang bawa't pagkakamali, at pinalalaki ang bawa't maling kilos o gawa. Sa ganitong paraan niya sinikap na ariing-matwid ang kanyang sariling diwang di-mapagpatawad. Marami sa ngayon ang nagsisigawa ng gayunding bagay. Samantalang gumagawa ang kaluluwa ng kauna-unahang mga pakikipagpunyagi nito laban sa baha ng mga tukso, sila'y nangakatayong nanonood, matitigas-ang-
[215] ulo, matitigas-ang-kalo- oban, nagrereklamo, nagbibintang. Maaari nilang angkinin na sila'y mga anak ng Diyos, subali't sila'y nagsisikilos o nagsisigawa nang ayon sa espiritu ni Satanas. Sa gayon nilang ginagawi sa kanilang mga kapatid, inilalagay ng mga tagapagsumbong o mga mambibintang na ito ang kanilang mga sarili sa kalagayang doo'y hindi maibibigay ng Diyos sa kanila ang liwanag ng Kanyang mukha.

Marami ang patuloy na nagtatanong, "Ano ang aking ilalapit sa harap ng Panginoon, at iyuyukod sa harap ng mataas na Diyos? Paroroon baga ako sa harap Niya na may mga handog na susunugin, na may mga guyang isang taon ang gulang? Kalulugdan baga ng Panginoon ang mga libu-libong tupa, o ang mga sampu-sampung

libong ilog na langis?" Datapwa't "Kanyang ipinakilala sa iyo, Oh tao, kung ano ang mabuti; at ano ang hinihingi ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Diyos."[1]

Ito ang paglilingkod na pinili ng Diyos,—"na kalagin ang mga tali ng kasamaan, na pagaanin ang mga pasan, at papaging-layain ang napipighati, at iyong alisin ang lahat na atang, . . . at huwag kang magkubli sa iyong kapwa-tao."[2] Kapag nakikita ninyo ang inyong mga sarili na mga makasalanang iniligtas lamang ng pag-ibig ng inyong Amang nasa Langit, ay magkakaroon kayo ng magiliw na pagkaawa sa mga ibang nangagdurusa sa kasalanan. Ang kahirapan at pagsisisi ay hindi na ninyo sasalubungin ng paninibugho at pamumuna. Kapag ang yelo ng pagkamakasarili ay natutunaw sa inyong mga puso, kayo'y magiging karamay ng Diyos, at makikibahagi sa Kanyang kagalakan sa pagliligtas ng nawawala.

Tunay na inaangkin ninyong kayo'y isang anak ng Diyos; subali't kung tunay ang pag-aangking ito, "patay ang kapatid mong ito, at muling nabuhay; at nawala, at nasumpungan." Siya'y nakatali sa [216]
inyo sa pamamagitan ng pinakamahihigpit na mga tali; sapagka't kinikilala siya ng Diyos bilang isang anak. Itakwil ninyo ang inyong pagkakaugnay sa kanya, at ipinakikilala ninyo na kayo'y isa lamang upahan sa sambahayan, hindi isang anak sa pamilya ng Diyos.

Kahit na hindi kayo makisama sa pagbati sa nawala, ang pagkakatuwaan ay magpapatuloy, ang isang naibalik ay magkakaroon ng kanyang lugar sa piling ng Ama at sa gawain ng Ama. Ang pinatawad nang malaki, ay siya ring umiibig nang malaki. Nguni't kayo'y mapapasakadiliman sa labas. Sapagka't "ang hindi umiibig ay hindi nakakakilala sa Diyos; sapagka't ang Diyos ay pag-ibig."[1] [217]

[1] Mi. 6:6-8.
[2] Is. 58:6, 7.
[1] 1 Juan 4:8.

## Kapitulo 17—Malaya sa Pagsubok

SA KANYANG pangangaral ay ikinawing ni Kristo sa babala ng paghatol ang paanyaya ng kaawaan. "Ang Anak ng tao ay hindi naparito," wika Niya, "upang lipulin ang mga buhay ng mga tao, kundi upang iligtas sila." "Hindi sinugo ng Diyos ang Anak sa sanlibutan upang hatulan ang sanlibutan; kundi upang ang sanlibutan ay maligtas sa pamamagitan Niya."[1] Ang Kanyang misyon ng kaawaan, sa pagkakaugnay nito sa katarungan at paghatol ng Diyos, ay inilalarawan sa talinhaga ng walang-bungang puno ng igos.

Binabalaan ni Kristo ang mga tao tungkol sa pagdating ng kaharian ng Diyos, at matalim Niyang sinuwatan ang kanilang kawalang-nalalaman at pagwawalang-bahala. Ang mga tanda sa langit, na paunang-nagbabadya ng magiging lagay ng panahon, ay mabilis nilang nababasa; subali't ang mga tanda ng panahon, na lubhang malinaw na nakaturo sa Kanyang misyon, ay hindi nila napag-unawa.

Datapwa't ang mga tao noon ay kasinghanda ng mga tao ngayon sa pagsasabi na sila ang mga itinatangi ng langit, at ang pabalita ng pagsuwat ay sa iba iniuukol. Isinaysay kay Jesus ng mga nakikinig ang tungkol sa isang pangyayaring lumikha ng malaking kaguluhan.
[218] Ang ilan sa mga hakbangin o utos ni Poncio Pi- lato, na gobernador ng Judea, ay ikinagalit ng mga tao. Nagkaroon ng pangmadlang kaguluhan sa Jerusalem, at tinangka ni Pilatong sugpuin ito sa pamamagitan ng karahasan. Sa isang pagkakataon ay sinalakay pa nga ng kanyang mga kawal ang mga presinto ng templo, at pinatay ang ilang Galileong manlalakbay na gumaganap noon ng pagpatay sa kanilang mga hain. Ang sakuna ay itinuturing ng mga Hudyo na isang kahatulan dahil sa kasalanan ng nasakuna, at ang mga nagsaysay ng gawang karahasang ito ay ginawa ito nang may lihim na kasiyahan. Sa kuru-kuro nila ang kanilang mabuting kapalaran ay nagpapatunay na sila'y higit na mabuti, at dahil dito'y higit na itinatangi ng Diyos, kaysa mga Galileong ito. Inasahan nilang makakarinig kay

[1] Lu. 9:56; Juan 3:17.

Jesus ng mga salita ng paghatol sa mga taong ito, na, hindi nila pinag-aalinlanganang, karapat-dapat sa parusa sa kanila.

Hindi nangahas ang mga alagad ni Kristo na magpahayag ng kanilang mga kuru-kuro hanggang kanilang mapakinggan ang palagay o opinyon ng kanilang Panginoon. Binigyan Niya sila ng matutulis na aral na tumutukoy sa paghatol sa likas o sa karakter ng ibang mga tao, at sa pagsukat ng kagantihan ayon sa kanilang pahat na kahatulan. Gayunma'y hinintay nilang tuligsain ni Kristo ang mga taong ito bilang mga makasalanang higit sa iba. Gayon na lamang ang kanilang pagkakamangha sa Kanyang sagot.

Pagbaling Niya sa karamihan, ay sinabi ng Tagapagligtas, "Inaakala baga ninyo na ang mga Galileong ito ay higit ang pagkamakasalanan kaysa lahat ng mga Galileo, dahil sa sila'y nangagbata ng mga bagay na ito? Sinasabi Ko sa inyo. Hindi; datapwa't, malibang kayo'y mangagsisi, ay mangamamatay kayong lahat sa gayunding paraan." Ang mga nakagigimbal na sakunang ito ay pinanukalang akayin sila sa pagpapakumbaba ng kanilang mga puso, at sa pagsisisi ng kanilang mga kasalanan. Ang unos ng paghihiganti ay nagtitipon, bagay na malapit nang sumambulat sa lahat na hindi [219]
nakasumpong ng kanlungan kay Kristo.

Nang makipag-usap si Jesus sa mga alagad at sa karamihan, Siya'y tumingin sa hinaharap na may sulyap ng panghuhula, at namalas ang Jerusalem na nakukubkob ng mga hukbo. Kanyang napakinggan ang yabag ng mga dayuhan na nagmamartsa laban sa piling lungsod, at nakita ang mga libu-libo at mga libu-libong nangapupuksa sa pagkubkob. Ang marami sa mga Hudyo ay naging katulad ng mga Galileong yaon, na mga pinatay sa mga looban ng templo, na nangasa anyong gumaganap ng paghahandog ng hain. Ang mga sakunang sumapit sa mga tao ay mga babala ng Diyos sa isang bansang makasalanan din. "Malibang kayo'y mangagsisi," wika ni Jesus, "ay mangamamatay kayong lahat sa gayunding paraan." Sa loob ng kaunting panahon ay nagtagal sa kanila ang araw na palugit. Nagkaroon pa rin sila ng panahon o pagkakataon na maalaman ang mga bagay na ukol sa kanilang kapayapaan.

"Isang tao" pagpapatuloy Niya "ay may isang puno ng igos na natatanim sa kanyang ubasan; at siya'y nagparoong humahanap ng bunga niyaon, at walang nasumpungan. At sinabi niya sa nag-aalaga ng ubasan, Narito, tatlong taon nang pumaparito akong humahanap

ng bunga sa puno ng igos na ito, at wala akong nasumpungan: putulin mo; bakit pa makasisikip sa lupa?"

Naunawaan ng mga nakikinig kay Kristo ang pinaglalapatan ng Kanyang mga salita. Ang Israel ay inawit ni David bilang puno ng ubas na inilabas mula sa Ehipto. Sumulat si Isaias, "Ang ubasan ng Panginoon ng mga hukbo ay ang sambahayan ng Israel, at ang mga tao sa Juda ay ang Kanyang maligayang pananim."[1] Ang salin-ng-lahing pinagmulan ng Tagapagligtas ay kinatawanan ng puno ng igos sa ubasan ng Panginoon,—nasa loob ng Kanyang tanging pag-iingat at pagpapala.

[220] Ang panukala ng Diyos sa Kanyang bayan, at ang maluluwalhating posibilidad sa harapan nila, ay inilahad sa magandang pananalita, "Upang sila'y matawag na mga punungkahoy ng katwiran, na pananim ng Panginoon, upang Siya'y luwalhatiin."[1] Ang mamamatay nang si Jacob, sa ilalim ng pagkasi ng Espiritu, ay nagsabi tungkol sa kanyang pinakamamahal na anak, "Si Jose ay sangang mabunga, sangang mabunga na nasa tabi ng bukal; ang kanyang mga sanga'y gumagapang sa pader." At sinabi niya, "Tutulong sa iyo," "ang Diyos ng iyong ama," ang Makapangyarihan sa lahat ay "magpapala sa iyo ng pagpapala ng langit sa itaas, pagpapala ng mga kalaliman na nalalagay sa ibaba."[2] Ganyan itinanim ng Diyos ang Israel na parang isang mabuting puno ng ubas sa tabi ng mga bukal ng buhay. Kanyang ginawa ang Kanyang ubasan "sa napakamabungang burol." Kanyang "binambangan (binakuran) ang palibot, at inalis ang mga bato, at tinamnan ng piling puno ng ubas."[3]

"At Kanyang hinintay na magbunga ng ubas, at nagbunga ng ubas gubat."[4] Ang mga tao noong kaarawan ni Kristo ay gumawa ng higit na malaking pagpapakita ng kabanalan kaysa ginawa ng mga Hudyo nang unang mga kapanahunan, subali't higit silang kulang sa matatamis na biyaya ng Espiritu ng Diyos. Ang mahahalagang bunga ng karakter na lubhang nagpahalimuyak at nagpaganda sa buhay ni Jose, ay hindi namalas sa bansang Hudyo.

---

[1] Is. 5:7.

[1] Is. 61:3.

[2] Gen. 49:22, 25.

[3] Is. 5:1, 2.

[4] Is. 5:2.

Ang Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Anak ay naghanap ng bunga, at walang nasumpungan. Ang Israel ay naging isang tagapagpasikip sa lupa. Ang mismong pananatili nito ay naging isang sumpa; sapagka't kinuha nito ang lugar sa ubasan na dapat sana'y kalagyan ng isang mabungang punungkahoy. Ninakawan nito ang sanlibutan ng mga pagpapalang pinanukala ng Diyos na ipagkaloob. Maling-ipinakilala ng mga Israelita ang Diyos sa gitna ng mga bansa. Hindi lamang sila naging walangsaysay, kundi naging tiyak na sagabal. Sa isang mala- king antas ay nakapagsinsay [221] ang kanilang relihiyon, at gumawa ng kapahamakan sa halip ng kaligtasan.

Sa talinhaga ay hindi tinutulan o sinalansang ng nag-aalaga ng ubasan ang hatol na ang punungkahoy, kung mananatiling walang bunga, ay dapat na putulin; kundi talastas niya at nakikibahagi siya sa interes ng may-ari sa punungkahoy na walang-bunga. Wala nang makapagdudulot sa kanya ng higit na malaking katuwaan kundi ang makita ang paglaki at ang pagiging-mabunga nito. Siya'y tumugon sa nais ng may-ari, na sinasabi, "Pubayaan mo muna sa taong ito, hanggang sa aking mahukayan sa palibot, at malagyan ng pataba; at kung pagkatapos ay magbunga, ay mabuti."

Ang hardinero ay hindi tumanggi na pagyamanin ang lubhang walang-ipinangangakong halaman. Siya'y tumayong handang magukol ng lalo pang malaking pagaalaga Pagagandahin niyang mabuti ang mga kapaligiran nito, at iuukol dito ang bawa't pag-aasikaso.

Ang may-ari at ang nag-aalaga ng ubasan ay iisa sa kanilang interes o pagmamalasakit sa puno ng igos. Kaya ang Ama at ang Anak ay iisa sa kanilang pag-ibig sa bayang hinirang. Sinabi ni Kristo sa Kanyang mga tagapakinig na ipagkakaloob sa kanila ang mga karagdagangpagkakataon. Ang bawa't paraang mapapanukala ng pag-ibig ng Diyos ay isasagawa upang sila'y maging mga punungkahoy ng katwiran, na nagbibigay ng bunga sa ikapagpapala ng sanlibutan.

Hindi sinabi ni Jesus sa talinhaga ang kinalabsan ng paggawa ng hardinero. Sa bahaging yaon ay pinutol ang Kanyang salaysayin. Ang wakas nito ay ipinaubaya sa salin-ng-lahing nakarinig ng Kanyang mga salita. Sa kanila'y ibinigay ang solemneng babala, "Kung hindi, ay putulin mo." Sa kanila nakabatay kung ang dimapawawalang-bisang mga salita ay dapat na salitain. Ang araw ng

kagalitan ay malapit na. Sa mga sakunang sumapit sa Israel, ay
[222] buong kahabagang binabalaan sila ng may-ari ng ubasan tungkol sa pagpuksa sa di-nagbubungang punungkahoy.

Ang babala ay umaalunignig hanggang sa atin sa salin-ng-lahing ito. Ikaw ba 0 pusong pabaya, ay isang walang-bungang punungkahoy sa ubasan ng Panginoon? Ang mga salita ba ng kawakasan ay malapit nang bigkasin sa iyo? Gaano na katagal na tinanggap mo ang Kanyang mga kaloob? Gaano kaluwat na Siyang nagbabantay at naghihintay sa isang tugon o ganti ng pagibig? Itinanim sa Kanyang ubasan, sa ilalim ng maingat na pag-aalaga ng hardinero, ano ngang mga karapatan ang nasa iyo! Gaano kadalas na inantig ng magiliw na pabalita ng ebanghelyo ang iyong puso! Tinanggap mo ang pangalan ni Kristo, ikaw sa kalagayang panlabas ay isang kaanib ng iglesya na ito'y siya Niyang katawan, at gayunpama'y wala kang nararamdamang buhay na pagkakaugnay sa dakilang puso ng pag-ibig. Ang agos ng Kanyang buhay ay hindi dumadaloy sa pamamagitan mo. Ang matatamis na biyaya ng Kanyang karakter, "ang mga bunga ng Espiritu," ay hindi nakikita sa iyong kabuhayan.

Ang walang-bungang punungkahoy ay tumatanggap ng ulan at ng sikat ng araw at ng pag-aalaga ng hardinero. Kumukuha ito ng pagkain mula sa lupa. Nguni't nagpapadilim lamang sa lupa ang mga di-nagbubungang sanga nito, na anupa't hindi makayabong sa ilalim nito ang mga namumungang pananim. Ganyan ang mga kaloob ng Diyos, na nasasayang sa inyo, ay walang inihahatid na pagpapala sa sanlibutan. Ninanakawan ninyo ang iba ng mga karapatan, na kung hindi dahil sa inyo, ay napasakanila sana.

Inyong nadarama, bagama't ito'y maaaring malabo lamang, na kayo'y isang nagpapasikip sa lupa. Gayunman sa Kanyang dakilang kaawaan ay hindi kayo pinutol ng Diyos. Hindi walang-giliw ang Kanyang pagtingin sa inyo. Hindi Siya tumalikod nang may
[223] pagwawalang-ba- hala, o kaya'y iniiwan kayo sa kapahamakan. Nakatingin sa inyong Siya'y sumisigaw, gaya nang Siya'y sumigaw tungkol sa Israel napakaraming dantaon na ang nakaraan, "Paanong pababayaan kita, Ephraim? Paanong itatakwil kita, Israel? . . . Hindi Ko isasagawa ang kabangisan ng Aking galit. Hindi Ako babalik upang ipahamak ang Ephraim; sapagka't Ako'y Diyos, at hindi

tao."[1] Tungkol sa inyo ay sinasabi ng nahahabag na Tagapagligtas, Pabayaan mo muna sa taong ito, hanggang sa aking mahukayan sa palibot, at malagyan ng pataba.

Sa pamamagitan ng di-kumukupas na pag-ibig ay pinaglingkuran ni Kristo ang Israel sa nalolooban ng idinagdag na panahong palugit. Doon sa krus ay Siya'y dumalangin, "Ama, patawarin Mo sila; sapagka't hindi nila nalalaman ang kanilang ginagawa."[2] Pagkaakyat Niya sa langit ay una munang ipinangaral ang ebanghelyo sa Jerusalem. Doon ibinuhos ang Banal na Espiritu. Doon inihayag ng unang iglesya ng ebanghelyo ang kapangyarihan ng nabuhay na mag-uling Tagapagligtas. Doon si Esteban—na "ang kanyang mukha na katulad ng mukha ng isang anghel"[3] —ay nagpatotoo at nag-alay ng kanyang buhay. Lahat ng maibibigay ng langit na rin ay ipinagkaloob. "Ano pa ang magagawa Ko sa Aking ubasan," sinabi ni Kristo, "na hindi Ko nagawa?"[4] Kaya ang Kanyang pangangalaga at pagpapagal para sa inyo ay hindi nababawasan, kundi nararagdagan. Hanggang ngayon ay sinasabi Niya, "Akong Panginoon ang nag-iingat; Aking didiligin tuwi-tuwina; baka saktan ng sinuman, Aking iingatan gabi't araw."[5]

Ang pusong hindi tumutugon sa mga paggawa ng kapangyarihan ng Diyos ay tumitigas hanggang sa hindi na ito talaban ng impluwensiya ng Espiritu Santo. Sa panahong iyon nga binibigkas ang salitang, "Putulin mo; bakit pa makasisikip sa lupa?"

Ngayo'y inaanyayahan Niya kayo: "Oh Israel, manumbalik ka
sa Panginoon mong Diyos. . . . Aking ga- gamutin ang kanilang [224]
pagtalikod, Akin silang iibiging may kalayaan. . . . Ako'y magiging parang hamog sa Israel; siya'y bubukang parang lila, at kakalat ang kanyang ugat na parang Libano. . . . Silang nagsisitahan sa kanyang lilim ay manunumbalik; sila'y mangabubuhay uling gaya ng trigo, at mangamumulaklak na gaya ng puno ng ubas. . . . Mula sa Akin
ay nasusumpungan ang iyong bunga."[1] [225]

[1] Os. 11:8, 9.
[2] Lu. 23:34.
[3] Gawa 6:15.
[4] Is. 5:4.
[5] Is. 27:3.
[1] Os. 14:1-8.

# Kapitulo 18—Sinong Inanyayahan?

ANG Tagapagligtas ay panauhin sa piging o pista ng isang Pariseo. Tinanggap Niya ang mga anyaya ng mayayaman gayundin ng mga dukha, at, ayon sa Kanyang kaugalian, Kanyang iniugnay ang tanawing nasa harapan Niya sa Kanyang mga aral ng katotohanan. Sa gitna ng mga Hudyo ang banal na kapistahan ay kaugnay ng lahat nilang mga panahon ng pambansa at panrelihiyong pagsasaya o pagdiriwang. Sa kanila iyon ay isang uri ng mga pagpapala ng buhay na walang-hanggan. Ang dakilang piging o kapistahang doo'y uupo silang kasama nina Abraham, Isaac, at Jacob, habang ang mga Hentil ay nakatayo sa labas, at nakatinging may kislap ng pagnanasa sa kanilang mga mata, ay isang paksang kinaluguran nilang pag-ukulan ng pansin. Ang liksiyong nagbababala at nagtuturo na ninais ni Kristong ibigay, ay Kanya ngayong inilalarawan sa pamamagitan ng talinhaga ng isang malaking hapunan. Ang mga pagpapala ng Diyos, sa pangkasalukuyan at panghinaharap na buhay, ay inisip ng mga Hudyo na kanilang sarilinin. Ipinagkait nila sa mga Hentil ang habag ng Diyos. Sa pamamagitan ng talinhaga ay ipinakilala ni Kristo na sila na rin, sa sandaling yaon, ay tumatanggi sa anyaya ng kaawaan, sa panawagan patungo sa ka-
[226] harian ng Diyos. Kanyang ipinakilala na ang paanyayang kanilang
[227] pinawalang-halaga ay ipadadala sa mga taong kanilang hinahamak,
doon sa mga pinaglayuan nila ng kanilang mga kasuutan, na para bagang ang mga iyon ay mga ketonging dapat na iwasan.

Sa pagpili ng mga panauhin sa kanyang piging, ay sinangguni ng Pariseo ang kanyang sariling sakim na kapakinabangan. Sinabi ni Kristo sa kanya, "Pagka naghahanda ka ng isang tanghalian o ng isang hapunan, ay huwag mong tawagin ang iyong mga kaibigan, ni ang iyong mga kapatid, ni ang iyong mga kamag-anak, ni ang mayayaman mong kapitbahay, baka ikaw naman ang kanilang muling anyayahan, at gantihan ka. Datapwa't kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag; at magiging mapalad ka; sapagka't wala silang

sukat ikaganti sa iyo: sapagka't gagantihin sa iyo sa pagkabuhay na mag-uli ng mga ganap."

Dito'y inuulit ni Kristo ang tagubiling Kanyang ibinigay sa Israel sa pamamagitan ni Moises. Sa kanilang mga banal na kapistahan o pagpipiging ay itinagubilin ng Panginoon na "ang tagaibang-bayan, at ang ulila, at ang babaing balo, na nangasaloob ng iyong mga pintuang-daan, ay magsisiparoon, at magsisikain, at mangabubusog."[1] Ang mga pagtitipong ito ay dapat maging mga pakay-na-aral sa Israel. Yamang naiaral ang kagalakan ng tunay na pagiging-mapagpatuloy, ang bayan sa buong taon ay nangalaga o nag-asikaso sa ulila at sa dukha. At ang mga piging o pistang ito ay may lalong malawak na liksiyon. Ang mga espirituwal na pagpapalang ipinagkaloob sa Israel ay hindi para sa kanilang mga sarili lamang. Ibinigay ng Diyos sa kanila ang tinapay ng buhay, upang kanilang mapagputul-putol ito sa sanlibutan.

Hindi nila natupad ang gawaing ito. Ang mga salita ni Kristo ay naging sumbat sa kanilang kasakiman o pagkamakasarili. Hindi naging mainam sa mga Pari- seo ang Kanyang mga salita. Umaasang [228]
maibabaling ang pag-uusap sa ibang isipan, ang isa sa kanila, na may himig nag-aaring-banal, ay bumulalas, "Mapalad ang kakain ng tinapay sa kaharian ng Diyos." Nagsalita ang lalaking ito nang may malaking katiyakan, na para bagang ang sarili niya ay nakatitiyak ng isang dako sa kaharian. Ang kanyang ginagawi ay katulad ng ginagawi ng mga nagsasaya o natutuwa na sila'y iniligtas ni Kristo, bagama't hindi sila umaalinsunod sa mga kondisyong doon nakabatay ang ipinangangakong kaligtasan. Ang kanyang diwa ay katulad ng kay Balaam nang ito ay manalanging, "Mamatay nawa ako ng kamatayan ng matwid, at ang aking wakas ay maging gaya nawa ng kanya."[1] Hindi iniisip ng Pariseo ang kanyang sariling pagkakaangkop o pagiging-karapat-dapat sa langit, kundi kung ano ang inaasahan niyang tatamasahin sa langit. Ang layon ng kanyang sinabi ay upang alisin sa pag-iisip ng mga panauhing nasa piging ang paksa tungkol sa kanilang isinasagawang tungkulin. Inisip niyang ilampas sila sa kasalukuyang buhay at dalhin hanggang sa malayong panahon ng pagkabuhay na mag-uli ng mga ganap.

[1] Deut. 14:29.

[1] Blg. 23:10.

Nabasa ni Kristo ang puso ng mapagpakunwari, at, itinutuon ang Kanyang mga paningin dito, na inihayag Niya sa harap ng pulutong ang likas at halaga ng kanilang kasalukuyang mga tanging karapatan. Ipinakilala Niya sa kanila na sila'y may papel na dapat gampanan sa panahon ding iyon, upang makabahagi sa pagiging-mapalad sa hinaharap.

"May isang naghanda," wika Niya, "ng isang malaking hapunan, at marami siyang inanyayahan." Nang dumating ang oras ng handaan o piging, ay isinugo ng maybahay o ng nag-aanyaya ang kanyang alipin sa mga inaasahang panauhin taglay ang pangalawang mensahe, "Magsiparito kayo; sapagka't ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na." Subali't isang kataka-takang pagwawalang-bahala
[229] ang namalas. "Silang lahat na parang iisa ay nangagpasimulang nangagdahilan. Sa kanya'y sinabi ng una, Bumili ako ng isang bukid, at kailangan akong umalis at tingnan; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. At sinabi ng iba, Bumili ako ng limang magkatuwang na bakang lalaki, at paroroon ako upang sila'y subukin; ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako. At sinabi ng iba, Bago akong kasal, at kaya nga hindi ako makaparoroon."

Walang tunay na pinagbabatayan ang mga dahilan. Ang lalaking "kailangang umalis at tingnan" ang kanyang bukid, ay nabili na iyon. Ang kanyang pagmamadali sa pag-alis at upang tingnan iyon ay dahil sa katotohanang ang kanyang interes ay buhos na buhos sa kanyang binili. Nabili na rin ang mga bakang lalaki. Ang pagsubok sa mga iyon ay upang bigyang-kasiyahan lamang ang interes o pagkawili ng bumili. Ang ikatlong dahilan ay walang anumang wangis ng katwiran. Ang katotohanan na ang dapat sanang maging panauhin ay nagpakasal o nag-asawa ay hindi dapat makahadlang sa kanyang pagdalo sa piging. Ang kanyang asawa ay tatanggapin din kaipala. Nguni't mayroon siyang mga sariling panukala sa pagtatamasahang kasiyahan, at sa kanya'y tila mandin higit na kanais-nais ang mga ito kaysa sa piging o handaan na kanyang pinangakuang dadaluhan. Natutuhan na niyang humanap ng kasayahan sa ibang lipunan na bukod sa maybahay na nag-anyaya. Hindi niya hiniling na siya'y pagpaumanhinan, ni hindi siya gumawa ng pakunwaring paggalang sa kanyang pagtanggi. Ang "hindi ako makaparoroon" ay isa lamang panakip sa katotohanang,—"Sadyang ayaw kong pumaroon."

Lahat ng mga dahilan ay naghahayag ng okupado nang isipan. Sa mga magiging panauhin sanang ito ang ibang mga interes ay naging pang-abala nang lahat. Ang paanyayang sila na rin ang nangakong kanilang tatanggapin ay isinaisantabi, at ang magandang-loob na kai- bigan ay inalipusta sa pamamagitan ng kanilang pagwawalang- [230] bahala.

Sa pamamagitan ng malaking hapunan, ay inilalarawan ni Kristo ang mga pagpapalang inihahandog sa pamamagitan ng ebanghelyo. Ang probisyon o biyaya ay wala nang iba kundi si Kristo na rin. Siya ang tinapay na bumabang buhat sa langit; at mula sa Kanya'y umaagos ang ilog ng kaligtasan. Itinanyag na sa mga Hudyo ng mga tagapagbalita ng Panginoon ang pagparito ng Tagapagligtas; kanilang itinuro si Kristo bilang "ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan."[1] Sa piging na Kanyang inihanda, ay inihandog ng Diyos sa kanila ang pinakadakilang kaloob na maibibigay ng Langit,—isang kaloob na hindi matataya. Ipinagkaloob ng pag-ibig ng Diyos ang mahal na piging, at ipinaglaan ng di-nauubos na kayamanan. "Kung ang sinuman ay kumain ng tinapay na ito," wika ni Kristo, "siya'y mabubuhay magpakailanman."[2]

Subali't upang matanggap ang paanyaya sa piging na pang-ebanghelyo, dapat nilang ipailalim ang kanilang mga kapakinabangang pansanlibutan sa iisang layunin na tanggapin si Kristo at ang Kanyang katwiran. Ibinigay ng Diyos ang lahat sa tao, at Kanyang hinihingi rito na ilagay ang paglilingkod sa Kanya sa ibabaw ng ba-wa't bagay na panlupa at makasarili. Hindi Niya matatanggap ang isang pusong hati. Ang pusong lulong na lulong sa pag-ibig na ukol sa lupa ay hindi maipasasakop sa Diyos.

Ang liksiyon ay para sa lahat ng panahon. Dapat nating sundan ang Kordero ng Diyos saanman Siya pumunta. Dapat piliin ang Kanyang pamamatnubay, dapat pahalagahan ang Kanyang pakikisama, nang higit sa pakikisama ng mga kaibigan sa lupa. Sinasabi ni Kristo, "Ang umiibig sa ama o sa ina nang higit kaysa Akin ay hindi karapat-dapat sa Akin, at ang umiibig sa anak na lalaki o anak [231] na babae nang higit kaysa Akin ay hindi karapat-dapat sa Akin."[1]

[1]Juan 1:29.
[2]Juan 6:51.
[1]Mat. 10:37.

Sa paligid ng hapag ng pagkain ng sambahayan, kapag pinagpuputul-putol nila ang kanilang pang-arawaraw na tinapay, marami noong kaarawan ni Kristo ang umuulit sa mga salitang, "Mapalad ang kakain ng tinapay sa kaharian ng Diyos." Nguni't ipinakilala ni Kristo kung gaano kahirap humanap ng mga panauhin para sa hapag na inihanda sa di-matingkalang halaga. Naalaman niyaong mga nakinig sa Kanyang mga salita na niwalang halaga nila ang anyaya ng kaawaan. Sa kanila ang mga tinatangkilik, ang mga kayamanan, at ang mga kalayawan ng sanlibutan ay siyang lahat-lahat na. Sa iisang pagpayag ay gumawa sila ng pagdadahilan.

Gayundin naman ngayon. Ang mga dahilang ginagawa sa pagtanggi sa anyaya sa piging ay tumatakip sa buong batayan ng mga dahilan sa pagtanggi sa anyayang ukol sa ebanghelyo. Sinasabi ng mga tao na hindi nila maisasapanganib ang kanilang pansanlibutang mga inaasahan sa pamamagitan ng pag-uukol ng pansin sa mga inaangkin ng ebanghelyo. Ibinibilang nilang higit na mahalaga kaysa mga bagay ng walang-hanggan ang kanilang mga pinakikinabang sa buhay sa lupang ito. Ang mga pagpapala mismong tinatanggap nila sa Diyos ay nagiging sagwil na naghihiwalay ng kanilang mga kaluluwa sa kanilang Manlalalang at Manunubos. Ayaw nilang maabala sa kanilang mga layuning pansanlibutan, at kanilang sinasabi sa tagapagbalita ng kaawaan, "Ngayo'y humayo ka; at pagkakaroon ko ng kaukulang panahon, ay ipatatawag kita."[2] Idinadahilan ng iba ang mga kahirapang babangon sa kanilang mga kaugnayang panlipunan kapag sinunod nila ang panawagan ng Diyos. Sinasabi nilang hindi nila magagawang di makiisa sa kanilang mga kamag-anak at mga kakilala. Sa gayong paraan nila pinatutunayan na sila mismo ang
[232] mga aktor na inilalarawan sa talinhaga. Ang kanilang mga walang-saysay na dahilan ay itinuturing ng Panginoon ng piging na nagpapaki'ala ng paghamak sa Kanyang anyaya.

Ang lalaking nagsabing, "Bago akong kasal, at kaya nga hindi ako makaparoroon," ay kumakatawan sa isang malaking uri. Marami ang nagpapahintulot sa kanilang mga asawang-babae o sa kanilang mga asawang-lalaki na hadlangan sila sa pagtugon sa panawagan ng Diyos. Sinasabi ng lalaki, "Hindi ko masusunod ang mga paniniwala ko sa tungkulin habang ang aking asawa ay salungat o laban

[2]Gawa 24:25.

doon. Ang kanyang impluwensiya ay lubhang magpapahirap sa akin upang magawa ko ang gayon." Naririnig ng babae ang mabiyayang panawagang, "Magsiparito kayo; sapagka't ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na," at kanyang sinasabi," 'Ipinamamanhik ko sa iyo na pagpaumanhinan mo ako.' Tinatanggihan ng aking asawa ang anyaya ng kaawaan. Sinasabi niyang ang kanyang hanapbuhay ay nakaharang sa daan. Dapat akong sumama sa aking asawa, at kaya nga hindi ako makaparoroon." Naantig ang mga puso ng mga anak. Nais nilang pumunta. Nguni't iniibig nila ang kanilang ama at ina, at sapagka't hindi pinapansin ng mga ito ang panawagan ng ebanghelyo, ipinalalagay ng mga anak na sila'y hindi maaasahang makapupunta. Sila man ay nagsasabing, "Pagpaumanhinan mo ako."

Lahat ng mga ito ay tumatanggi sa panawagan ng Tagapagligtas sapagka't nangangamba silang mahati ang kanilang sambahayan. Ipinalalagay nila na sa kanilang pagtangging sundin ang Diyos ay nabibigyan nilang katiyakan ang kapayapaan at kasaganaan ng tahanan; subali't ito ay maling haka. Ang mga naghahasik ng kasakiman ay mag-aani ng kasakiman. Sa kanilang pagtanggi sa pag-ibig ni Kristo ay tinatanggihan nila yaong bagay na siya lamang makapagbibigay ng kalinisan at kawalang-pagbabago sa pag-ibig ng tao. Hindi lamang mawawala ang langit sa kanila, kundi mabibigo rin naman sa tunay na pagtatamasa niyaong bagay na dahil doon isi- [233]
nakripisyo ang langit.

Sa talinhaga, naalaman ng nagpiging kung paano pinakitunguhan ang kanyang paanyaya, at sa kanyang "galit, ay sinabi sa kanyang alipin, Pumaroon kang madal: sa mga lansangan at sa mga daang makikipot ng bayan, at dalhin mo rito ang mga dukha, at ang mga pingkaw, at ang mga bulag, at ang mga pilay."

Tinalikuran ng nagpiging ang mga nagsihamak sa kanyang kagandahang-loob, at inanyayahan ang isang uri ng mga tao na hindi busog, na walang mga tinatangkilik na mga bahay at mga lupa. Inanyayahan niya ang mga dukha at mga nagugutom, at ang mga magpapahalaga sa mga inihandang masaganang biyaya. "Ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot," wika ni Kristo, "ay nangauuna sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Diyos."[1] Gaanuman kahamak ang mga uri ng mga taong pinapalibhasa at niwawalang-ha-

[1] Mat. 21:31.

laga ng mga kapwatao, sila'y hindi napakaaba, hindi napakahamak, upang hinhi pansinin at ibigin ng Diyos. Hangad ni Kristong magsilapit sa Kanya ang mga nababalisa, napapagal, at sinisiil na mga taong kinapal. Hangad Niyang bigyan sila ng liwanag at katuwaan at kapayapaan na hindi masusumpungan saanman. Ang lalong pinakamakasalanan ay siyang mga pakay ng Kanyang mataimtim at maalab na habag at pag-ibig. Sinusugo Niya ang Kanyang Espiritu Santo upang sila'y kasabikan nang may paggiliw, na sinisikap na sila'y mailapit sa Kanyang sarili.

Nag-ulat sa kanyang panginoon ang aliping kumuha sa mga dukha at mga bulag, "Nagawa na ang ipinagutos mo, at gayunma'y maluwag pa. At sinabi ng panginoon sa alipin, Pumaroon ka sa mga daan at sa mga bakuran, at pilitin mo silang magsipasok, upang mapuno ang aking bahay." Dito'y itinuro ni Kristo ang gawain ng
[234] ebanghelyo sa labas ng nasasakupan o hangga- nan ng Judaismo, sa mga daan at mga tabing-daan ng sanlibutan.

Bilang pagtalima sa utos na ito, ay sinabi nina Pablo at Bernabe sa mga Hudyo, "Kinakailangang salitain muna ang salita ng Diyos sa inyo; nguni't yamang inyong itinatakwil, at hinahatulan ninyong hindi kayo karapat-dapat sa walang-hanggang buhay, narito, kami ay pasasa mga Hentil. Sapagka't ganito ang ipinag-utos sa amin ng Panginoon, na sinasabi, Inilagay Kitang isang ilaw ng mga Hentil, upang Ikaw ay maging sa ikaliligtas hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa. At nang marinig ito ng mga Hentil, ay nangagalak sila, at niluwalhati nila ang salita ng Diyos; at nagsisampalataya ang lahat ng mga itinalaga sa buhay na walang-hanggan."[1]

Ang pabalita ng ebanghelyong itinanyag ng mga alagad ni Kristo ay ang pagpapahayag ng Kanyang unang pagparito sa sanlibutan. Dinala nito sa mga tao ang mabubuting balita ng kaligtasan sa pamamagitan ng pagsampalataya sa Kanya. Itinuro nito ang Kanyang ikalawang pagparito na nasa kaluwalhatian upang tubusin ang Kanyang bayan, at inilagay sa harap ng mga tao ang pag-asa ng pakikibahagi sa mana ng mga banal sa liwanag, sa pamamagitan ng pananampalataya at pagtalima. Ang pabalitang ito ay ibinibigay sa mga tao ngayon, at sa panahong ito ay kalakip nitong itinatanyag ang malapit nang pagdating ni Kristo. Ang mga tanda ng Kanyang

[1]Gawa 13:46-48.

pagdating na ibinigay Niya ay nangatupad na, at sa pamamagitan ng itinuturo ng salita ng Diyos ay malalaman nating ang Panginoon ay nasa pintuan na.

Paunang-sinasabi ni Juan sa Apocalipsis ang pagtatanyag ng pabalita ng ebanghelyo bago dumating ang ikalawang pagparito ni Kristo. Nakita niya ang isang anghel na lumilipad "sa gitna ng langit, na may mabuting balita na walang-hanggan upang ibalita sa mga nananahan sa lupa, at sa bawa't bansa, at angkan, at wi- ka, at [235]
bayan, na sinasabi niya ng malakas na tinig, Matakot kayo sa Diyos, at magbigay kaluwalhatian sa Kanya; sapagka't dumating na ang panahon ng Kanyang paghatol."[1]

Sa hula ang babalang ito ng Paghatol, na kasama ang kakawing nitong mga pabalita, ay sinusundan ng pagdating ng Anak ng tao sa mga alapaap ng langit. Ang pagtatanyag ng Paghatol ay pagpapahayag ng ikalawang pagdating ni Kristo bilang malapit na. At ang pagpapahayag na ito ay tinatawag na walang-hanggang ebanghelyo o balitang walang-hanggan. Kaya nga ang pangangaral ng ikalawang pagdating ni Kristo, at ang pagpapahayag ng kalapitan nito, ay ipinakikilalang isang mahalagang bahagi ng pabalita ng ebanghelyo.

Sinasabi ng Biblia na sa mga huling araw ay mabubuhos ang buong pag-iisip ng mga tao sa mga gawaing makasanlibutan, sa kalayawan at sa pagkakamal ng salapi. Magiging bulag sila sa mga walang-hanggang katotohanan. Sinasabi ni Kristo, "Kung paano ang mga araw ni Noe, gayundin naman ang pagparito ng Anak ng tao. Sapagka't gaya ng mga araw bago magkagunaw sila'y nagsisikain at nagsisiinom, nangag-aasawa at pinapag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa daong, at hindi nila nalalaman hanggang sa dumating ang paggunaw, at sila'y tinangay na lahat; ay gayundin naman ang pagparito ng Anak ng tao."[2]

Ganyan din naman ngayon. Nagkukumahog ang mga tao sa paghanap ng pakinabang at ng sariling kalayawan na para bagang walang Diyos, walang langit, at walang kabilang-buhay. Noong kaarawan ni Noe ay ipinadala ang babala tungkol sa baha upang gimbalin ang mga tao sa kanilang kasamaan at matawagan sila sa pagsisisi. Kaya ang pabalita ng malapit nang pagparito ni Kristo

[1] Apoc. 14:6, 7.

[2] Mat. 24:37-39.

ay sinadyang panukalain upang gisingin ang mga tao sa kanilang pagkakalulong sa mga bagay na makasanlibutan. Ito'y may layong
[236] gisingin sila sa pag- kadama ng mga walang-hanggang katotohanan, upang pakinggan nila ang anyaya sa hapag ng Panginoon.

Ang paanyaya ng ebanghelyo ay dapat ibigay sa buong sanlibutan,—"sa bawa't bansa, at angkan, at wika, at bayan."[1] Dapat maliwanagan ng huling pabalita ng pagbababala at kahabagan ang buong lupa sa pamamagitan ng kaluwalhatian nito. Dapat nitong maabot ang lahat ng uri ng mga tao, mayaman at dukha, mataas at mababa. "Pumaroon ka sa mga daan at sa mga bakuran," sabi ni Kristo, "at pilitin mo silang magsipasok, upang mapuno ang Aking bahay."

Ang sanlibutan ay napapahamak dahil sa pangangailangan ng ebanghelyo. May kagutom sa salita ng Diyos. Iilan ang nagsisipangaral ng salita na walang-halong sali't saling sabi ng mga tao. Bagama't ang mga tao'y may mga Biblia sa kanilang mga kamay, ay hindi naman nila natatanggap ang pagpapalang inilagay roon ng Diyos para sa kanila. Nananawagan ang Panginoon sa Kanyang mga lingkod na dalhin ang pabalita Niya sa mga tao. Kailangang maibigay ang salita ng walang-hanggang buhay sa mga nangapapahamak sa kanilang mga kasalanan.

Sa utos na pumaroon sa mga daan at sa mga bakuran, ay sinasabi ni Kristo ang gagawin ng lahat ng tinatawagan Niyang magsipaglingkod sa Kanyang pangalan. Ang buong sanlibutan ay siyang bukiran para sa mga ministro ni Kristo. Ang buong sambahayan ng sangkatauhan ay nabubuo sa kanilang kapulungan. Nais ng Panginoong maitimo sa kaluluwa ng bawa't tao ang salita ng Kanyang biyaya.

Sa isang malaking antas ay dapat itong tuparin sa pamamagitan ng personal na paggawa. Ito ang paraan ni Kristo. Ang lalaking bahagi ng Kanyang paggawa ay binuo ng mga pakikipag-usap na sarilinan o personal May tapat Siyang pagpapahalaga sa isang-kaluluwang tagapakinig. Sa pamamagitan ng isang kaluluwang iyon ay
[237] malimit na naihahatid sa libu-libo ang pabalita.

Hindi natin dapat hintaying lumapit sa atin ang mga kaluluwa; dapat natin silang hanapin sa kinaroroonan nila. Kapag ang salita'y

[1] Apoc. 14:6.

ipinangaral na sa pulpito ang gawain ay nagpapasimula pa lamang. Marami ang hindi kailanman mararating ng ebanghelyo malibang ito'y ihatid sa kanila.

Ang paanyaya sa piging ay unang ibinigay sa bansang Hudyo, sa bansang tinawag upang tumayo bilang mga guro at mga lider sa gitna ng mga tao, bansang may hawak ng balumbon ng hula na paunang-nagsasabi ng pagparito ng Kristo, at siyang pinagkatiwalaan ng masagisag na serbisyong umaanino sa Kanyang misyon. Kung pinahalagahan lamang ng mga saserdote at ng bayan ang panawagan, nakipagkaisa sana sila sa mga sugo o mga tagapagbalita ni Kristo sa pagbibigay ng paanyaya ng ebanghelyo sa sanlibutan. Ipinadala sa kanila ang katotohanan upang kanila sanang ibigay naman ito. Nang tanggihan nila ang panawagan, ito'y ipindala sa mga dukha, sa mga pingkaw, sa mga pilay, at sa mga bulag. Tumanggap ng paanyaya ang mga maniningil ng buwis at ang mga makasalanan. Kapag ipinadadala sa mga Hentil ang panawagang pang-ebanghelyo, iisa rin ang panukala ng paggawa. Ang pabalita ay dapat munang ibigay "sa mga daan,"—sa mga taong may aktibong bahagi sa gawain ng sanlibutan, sa mga guro at mga lider ng mga tao.

Ito'y dapat isaisip ng mga tagapagbalita ng Panginoon. Sa mga pastor ng kawan, sa mga guro o mga tagapagturong hinirang ng Diyos, ito'y dapat dumating na parang isang salitang kailangang pakinggan. Ang mga nasa matataas na kalagayan sa lipunan ay dapat hanapin nang may magiliw na pag-ibig at pagtinging kapatid. Ang mga taong nakikipagkalakalan, ang mga nasa matataas na katungkulan, mga taong may malalaking mapanuklas na mga kakayahan at may mga pang-unawang siyentipiko, mga taong henyo, mga guro ng ebanghelyo na ang mga pag-iisip ay hindi pa nakakapansin sa [238]
mga tanging katotohanan sa panahong ito,—sila ang unang dapat makarinig ng panawagan. Sa kanila dapat ibigay ang paanyaya.

May gawaing dapat gawin para sa mayayaman. Kailangang sila'y gisingin sa kapanagutan nila bilang mga pinagkatiwalaan ng mga kaloob ng langit. Kailangang sila'y mapaalalahanan na magsusulit sila sa Kanya na huhukom o hahatol sa mga buhay at mga patay. Kailangan ng mayamang tao ang inyong paggawang may pag-ibig at pagkatakot sa Diyos. Malimit na nagtitiwala siya sa kanyang mga kayamanan, at hindi nadarama ang kanyang panganib. Kailangang akitin ang paningin ng kanyang isip sa mga bagay na

tumatagal. Kailangang makilala niya ang kapangyarihan ng tunay na kabutihan, na nagsasabing, "Magsiparito sa Akin, kayong lahat na nangapapagal at nangabibigatang lubha, at kayo'y Aking papagpapahingahin. Pasanin ninyo ang Aking pamatok, at magaral kayo sa Akin; sapagka't Ako'y maamo at mapagpakumbabang puso, at masusumpungan ninyo ang kapahingahan ng inyong mga kaluluwa; sapagka't malambot ang Aking pamatok, at magaan ang Aking pasan."[1]

Yaong mga nasa mataas na katayuan sa sanlibutan dahil sa kanilang pinag-aralan, kayamanan, o tungkulin, ay bihirang makausap nang personal tungkol sa kapakanan ng kaluluwa. Maraming manggagawang Kristiyano ang nag-aatubiling lumapit sa mga uring ito ng mga tao. Nguni't hindi ito dapat mangyari. Kung nalulunod ang isang tao, ay hindi tayo tatayo lamang at panonoorin ang kanyang pagkamatay dahil sa siya'y isang abugado, isang mangangalakal, o isang hukom. Kung may nakita tayong mga taong nagmamadali sa pagtungo sa isang bangin, ay hindi tayo magbabantulot na sila'y pabalikin, anuman ang kanilang tungkulin o gawain. Ni hindi rin tayo dapat mag-atubili na babalaan ang mga tao tungkol sa kapanganiban
[239] ng kaluluwa.

Walang sinurnang dapat kaligtaan nang dahil sa kanilang parang pagmamahal sa mga bagay ng sanlibutan. Marami sa mga nasa matataas na tungkuling panlipunan ang sugatan ang puso, at maysakit na kapalaluan. Naghahangad sila ng kapayapaang wala sa kanila. Sa mga nasa pinakamatataas na kalagayan sa lipunan ay may mga nangagugutom at nangauuhaw sa kaligtasan. Marami ang magsisitanggap ng tulong kung lalapitan lamang sila nang personal ng mga manggagawa ng Panginoon, na taglay ang mabait na pag-uugali, at ang pusong pinalambot ng pag-ibig ni Kristo.

Ang tagumpay ng pabalita ng ebanghelyo ay hindi nakabatay sa pinag-aralang mga talumpati, sa magagaling na patotoo, o sa malalalim na pangangatwiran o argumento. Nakabatay ito sa kapayakan ng pabalita at sa pag-aangkop nito sa mga kaluluwang nangagugutom sa tinapay ng buhay. "Ano ang kinakailangan kong gawin upang maligtas?"—ito ang kailangan ng kaluluwa.

[1] Mat. 11:28-30.

Libu-libo ang maaabot sa pinakapayak at pinakaabang paraan. Ang pinakamatatalino, yaong mga ipinalalagay na pinaka-may-dakilang-kakayahang mga lalaki at mga babae ng sanlibutan, ay malimit na nagiginhawahan sa pamamagitan ng mga payak na pananalita ng isang umiibig sa Diyos, at isa na nakapagsasalita ng pag-ibig na yaon na kasing-natural ng pagsasalita ng taga-sanlibutan tungkol sa mga bagay na kinawiwilihan niyang lubos.

Kadalasa'y kakaunti lamang ang nagiging impluwensiya ng mga salitang inihandang mabuti at pinag-aralan. Subali't ang tunay at tapat na pagpapahayag o pagsasalita ng isang anak na lalaki o anak na babae ng Diyos, na binigkas nang natural at payak, ay may kapangyarihang makapagbukas ng pintuan ng mga pusong malaon nang ipininid kay Kristo at sa pag-ibig.

Dapat tandaan ng manggagawa ni Kristo na hindi siya dapat gumawa sa kanyang sariling lakas. Dapat siyang humawak sa luklukan ng Diyos na taglay ang pa- nanampalataya sa kapangyarihan [240]
Niyang makapagligtas. Dapat siyang makipagbuno sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin, at pagkatapos ay gumawang taglay ang lahat ng mga kakayahang ibinigay sa kanya ng Diyos. Ang Banal na Espiritu ay ibinibigay bilang siyang magpapabuti at magpapahusay sa kanyang paggawa. Sasa piling niya ang mga anghel na tagapaglingkod. upang kintalan at antigin ang mga puso ng mga tao.

Kung tinanggap lamang ng mga lider at mga guro sa Jerusalem ang katotohanang dinala ni Kristo, naging isa sanang sentrong misyonero ang kanilang siyudad! Nahikayat sana ang mga nagsilabag o nagsitalikod na Israel. Nakatipon sana para sa Panginoon ng isang napakalaking hukbo. At kaybilis sana nilang nadala ang ebanghelyo sa lahat ng dako ng sanlibutan. Ganyan din naman ngayon, kung ang maiimpluwensiyang mga tao at ang may malalaking kakayahang mapapakinabangan ay mahihikayat kay Kristo, sa pamamagitan nga nila'y magaganap ang gawaing pagbabangon sa mga nangabuwal, ang pagtitipon sa mga itinakwil, at ang malawak na pagpapalaganap ng mga balita ng kaligtasan. Mabilis na maibibigay ang paanyaya, at ang mga panauhin ay matitipon sa hapag ng Panginoon.

Datapwa't hindi natin dapat isipin lamang ang mga dakila at may-kakayahang mga tao, na anupa't kaliligtaan na ang mga aba at mga dukha. Tinatagubilinan ni Kristo ang mga tagapagbalita Niya na magsiparoon din naman sa mga tabing-daan at mga bakuran, sa

mga dukha at mga aba sa lupa. Sa mga korte at sa makikipot na daan ng malalaking lungsod, sa mapapanglaw na tabing-daan ng lalawigan, ay naroroon ang mga pamilya at mga tao—marahil ay mga dayuhan sa ibang bansa —na mga walang kinaaanibang iglesya, na sa kanilang kalungkutan, ay ipinalalagay nilang sila'y nalimutan na ng Diyos. Hindi nila nalalaman kung ano ang dapat nilang gawin
[241] upang maligtas. Marami ang nangalulubog sa kasalanan. Marami ang nangasa kabagabagan. Sinisikil sila ng kahirapan, pagsasalat, di-paniniwala, at panlulupaypay. Pinahihirapan sila ng lahat ng uri ng sakit, sa katawan at sa kaluluwa. Hangad nilang makasumpong ng ginhawa sa mga kabagabagan nila, at tinutukso sila ni Satanas na hanapin iyon sa mga pita ng laman at mga kalayawang humahantong sa kapahamakan at kamatayan. Iniaalok nito sa kanila ang mga mansanas ng Sodoma, na magiging mga abo sa kanilang mga labi. Ginugugol nila ang kanilang salapi sa hindi pagkain, at ang kanilang paggawa sa bagay na hindi nakapagdudulot ng kabusugan o kasiyahan.

Sa mga nangagdurusang ito ay dapat nating makita yaong mga pinarituhan ni Kristo upang iligtas. Ang anyaya Niya sa kanila ay, "Oh lahat na nangauuhaw, magsiparito kayo sa tubig, at siyang walang salapi; magsiparito kayo, kayo'y magsibili at magsikain; oo, kayo'y magsiparito, kayo'y magsibili ng alak at gatas nang walang salapi at walang-bayad. . . . Inyong pakinggan Ako, at magsikain kayo ng mabuti, at mangalugod kayo sa katabaan. Inyong ikiling ang inyong tainga, at magsiparito kayo sa Akin: kayo'y magsipakinig, at ang inyong kaluluwa ay mabubuhay."[1]

Nagbigay ang Diyos ng isang tanging utos na dapat nating lingapin ang tagaibang-lupa, ang itinakwil ng lipunan, at ang mga kahabag-habag na kaluluwang mahihina sa kapangyarihang moral. Ang maraming sa malas ay ganap na nagwawalang-bahala sa mga bagay na relihiyoso ay naghahangad sa kanilang puso ng kapahingahan at kapayapaan. Bagama't sila'y maaaring nangalulubog na sa lusak ng pagkakasala, maaari pa rin naman silang mailigtas.

Dapat tularan ng mga lingkod ni Kristo ang Kanyang halimbawa. Nang pumunta Siya sa lahat ng pook, pinaginhawa Niya ang mga nahihirapan at pinagaling ang mga maysakit. Pagkatapos ay

[1] Is. 55:1-3.

iniharap Niya sa ka- nila ang mga dakilang katotohanan tungkol [242] sa Kanyang kaharian. Ito ang dapat gawin ng mga sumusunod sa Kanya. Sa pagbibigay-lunas ninyo sa mga karamdaman ng katawan, ay makakasumpong kayo ng mga paraan upang mapaglingkuran ang mga pangangailangan ng kaluluwa. Maituturo ninyo ang itinaas na Tagapagligtas, at maisasaysay ang pag-ibig ng dakilang Manggagamot, na siya lamang may kapangyarihang magpagaling.

Sabihin ninyo sa mga kaawa-awang nanlulupaypay at nangasinsay na hindi sila dapat mawalan ng pag-asa. Bagama't sila'y nangagkamali, at hindi nangakapagtayo ng isang matwid na likas, ang Diyos ay may kagalakang isasauli o ibabalik sa kanila, samakatwid baga'y ang kagalakan ng Kanyang pagliligtas. Ikinalulugod Niyang tanggapin yaong sa malas ay mga walang-pag-asa, yaong mga tinukso't napagtagumpayan ni Satanas, at ginawa silang mga sakop ng Kanyang biyaya. Ikinagagalak Niyang iligtas sila sa galit na babagsak sa mga masuwayin. Sabihin ninyo sa kanilang may makapagpapagaling at makapaglilinis sa bawa't kaluluwa. May lugar sila sa hapag ng Panginoon. Naghihintay Siya upang sila'y tanggapin.

Makakatagpo yaong mga nagsisiparoon sa mga tabing-daan at mga bakuran ng mga ibang may lubhang kakaibang likas, na nangangailangan ng kanilang paglilingkod. Mayroon doong nangamumuhay nang ayon sa lahat ng liwanag na nasa kanila, at nangaglilingkod sa Diyos ayon sa buong nalalaman nila. Nguni't nadarama nilang may malaking gawaing dapat gawin sa kanilang mga sarili at sa mga nasa palibot nila. Hangad nilang magkaroon ng ibayo pang pagkakilala sa Diyos, nguni't nagsisimula pa lamang nilang makita ang pag-andapandap ng lalong malaking liwanag. May pagluhang idinadalangin nila na sila'y padalhan ng Diyos ng pagpapalang sa pamamagitan ng pananampalataya'y nakita nila sa malayo. Sa gitna ng kasamaan ng malalaking lung- sod ay matatagpuan ang marami [243] sa mga kaluluwang ito. Ang marami sa kanila ay nasa kaaba-abang mga kalagayan, at dahil dito sila'y di-napapansin ng sanlibutan. Walang nalalamang anuman ang mga ministro at mga iglesya sa mga ito. Datapwa't sa aba't hamak na mga pook ay sila ang mga saksi ng Panginoon. Maaaring kakaunti lamang ang liwanag na nasa kanila, at iilan ang mga pagkakataon nila sa pagtuturo o pagsasanay Kristiyano; subali't sa gitna ng pagkukulang sa pananamit, gutom, at lamig ay nagsisikap silang makapaglingkod sa mga iba. Dapat

hanapin ng mga pinagkatiwalaan ng maraming biyaya ng Diyos ang mga kaluluwang ito, dalawin ang kanilang mga tahanan, at sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo ay maglingkod sa mga pangangailangan nila. Mag-aral ng Bibliang kasama nila, at manalanging kasama nila na taglay ang kasimplihang yaon na iniuudyok ng Espiritu Santo. Bibigyan ni Kristo ang Kanyang mga lingkod ng isartg pabalita na magiging parang tinapay ng langit sa kaluluwa. Ang mahalagang pagpapala ay ihahatid sa puso at puso, sa pamilya at pamilya.

Ang utos na ibinigay sa talinhaga, na "pilitin mo silang magsipasok," ay malimit bigyan ng maling-pakahulugan. Ito'y ipinalalagay na isang turo o aral na dapat nating puwersahin ang mga tao na tanggapin ang ebanghelyo. Nguni't ito sa halip ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng paanyaya, at ng pagkamabisa ng mga panghikayat na iniharap. Hindi kailanman gumagamit ng lakas o pamimilit ang ebanghelyo sa paglalapit ng mga tao kay Kristo. Ang pabalita nito ay, "Oh lahat na nangauuhaw, magsiparito kayo sa tubig." "Ang Espiritu at ang kasintahang-babae ay nagsasabi, Halika. . . . Ang may ibig ay kumuhang walang-bayad ng tubig ng buhay."[1]

Sinasabi ng Tagapagligtas, "Narito, Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok; kung ang sinuman ay duminig ng Aking tinig, at
[244] magbukas ng pinto, Ako'y papa- sok sa kanya, at hahapong kasalo niya, at siya'y kasalo Ko."[1] Hindi Siya naitataboy ng paglibak o napatatalikod man ng pagbabanta, kundi patuloy na naghahanap ng mga nawawala, na sinasabi, "Paanong pababayaan kita?"[2] Bagama't ang pag-ibig Niya'y tinataboy ng matigas na puso, Siya'y nagbabalik pa rin upang makiusap nang may lalong masidhing pakikiusap, "Narito, Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok," Ang humihikayat na kapangyarihan ng Kanyang pag-ibig ay pumipilit sa mga kaluluwa na magsipasok. At kay Kristo ay sinasabi nila, "Pinadakila ako ng Iyong kahinahunan."[3]

Magbibigay si Kristo sa Kanyang mga tagapagbalita ng nananabik na pag-ibig ding yaon na taglay Niya sa paghahanap ng mga nawawala. Hindi lamang dapat nating sabihing, "Halika." May mga

[1] Is. 55:1; Apoc. 22:17.
[1] Apoc. 3:20.
[2] Os. 11:8.
[3] Awit 18:35.

nakakarinig ng panawagan, subali't napakapurol naman ng kanilang mga tainga sa pagtanggap ng kahulugan niyon. Totoong natatakpan ang kanilang mga mata upang makita ang anumang mabuting bagay na nakahanda para sa kanila. Nadarama ng marami ang kanilang pagiging-hamak. Sinasabi nila, Hindi ako karapat-dapat tulungan, iwan ninyo ako. Nguni't hindi dapat tumigil ang mga manggagawa. Buong kahabagan at pagmamahal na hawakan ninyo ang mga nanlulupaypay at mga walang-kaya. Bahaginan ninyo sila ng inyong tapang, ng inyong pag-asa, at ng inyong lakas. Sa pamamagitan ng kagandahang-loob ay pilitin ninyo silang magsilapit. "Ang ibang nag-aalinlangan, ay inyong kahabagan; at ang iba'y inyong iligtas nang may takot, na agawin ninyo sa apoy."[4]

Kung lalakad na kasama Niya sa pananampalataya ang mga lingkod ng Diyos, bibigyan Niya ng kapangyarihan ang pabalita nila. Magagawa nilang iharap nang gayon na lamang ang Kanyang pag-ibig at ang panganib ng pagtanggi sa biyaya ng Diyos, na anupa't mapipilitan ang mga taong tanggapin ang ebanghelyo. Gagawa si Kristo ng kahanga-hangang mga kababalaghan kung gagawin [245] lamang ng mga tao ang bahaging ibinigay sa kanila ng Diyos. Malaking pagbabago ang maaaring magawa sa puso ng mga tao ngayon na gaya ng nagawa sa nakaraang mga panahon. Si John Bunyan ay natubos mula sa pagka-lapastangan at sa malinggal na pagsasaya, at si John Newton naman ay sa pagbibili ng mga alipin, upang itanyag ang isang itinaas na Tagapagligtas. Isang Bunyan at isang Newton ang maaaring matubos sa gitna ng mga tao ngayon. Sa pamamagitan ng mga taong kinakasangkapan na nakikipagtulungan sa Diyos, maraming kahabag-habag na itinakwil ng lipunan ang maibabalik, at Siya naman ang magsisikap na ibalik sa tao ang larawan ng Diyos. May mga taong nagkaroon lamang ng kakaunting pagkakataon, na nagsilakad sa mga daan ng kamalian dahil sa wala silang nalalamang higit na mabuting daan, na daratnan ng mga sinag ng liwanag. Kung paano dumating kay Zaqueo ang salita ni Kristong, "Ngayo'y kinakailangang Ako'y tumuloy sa bahay mo,"[1] gayon darating sa kanila ang salita; at ang mga ipinalalagay na mga pusakal na makasalanan ay masusumpungang may mga pusong

[4]Jud. 22; 23.
[1]Lu. 19:5.

sinlambot ng puso ng bata dahil sa nagpakababa si Kristong sila'y pansinin. Marami ang manggagaling sa pinakamalaking kamalian at kasalanan, at papalit sa lugar ng mga iba na nagkaroon ng mga pagkakataon at mga karapatan nguni't hindi naman pinahalagahan ang mga iyon. Sila'y ibibilang na mga pinili ng Diyos, hinirang, mahalaga; at kapag pumasok na si Kristo sa Kanyang kaharian, magsisitayo silang kasunod ng Kanyang luklukan.

Nguni't "pag-ingatan ninyong kayo'y huwag tumanggi sa nagsasalita."[2] Sinabi ni Jesus, "Alinman sa mga taong inanyayahan ay hindi makatitikim ng Aking hapunan." Tinanggihan nila ang anyaya, at sinuman sa kanila ay hindi na muling aanyayahan. Nang tanggihan ng mga Hudyo si Kristo, ay pinatigas nila ang kanilang [246] mga puso, at kanilang ibinigay ang mga sarili nila sa kapangyarihan ni Satanas, kaya nga hindi na nila matanggap ang Kanyang biyaya. Ganyan din ngayon. Kung hindi natin pinahahalagahan ang pag-ibig ng Diyos, at sa atin ay hindi ito nagiging isang tumatahang simulain, na magpapalambot at susupil sa kaluluwa, tayo'y ganap nang waglit. Hindi makapagbibigay ang Panginoon ng lalong malaking pagpapakita ng Kanyang pag-ibig kaysa naibigay na Niya. Kung hindi nakasusupil ng puso ang pag-ibig ni Jesus, wala nang paraan upang tayo'y maabot.

Sa tuwing tinatanggihan ninyong makinig sa pabalita ng kaawaan, ay pinatitibay ninyo ang inyong sarili sa di-paniniwala. Sa tuwing ayaw ninyong buksan kay Kristo ang pinto ng inyong puso, lalo kayong nagiging di-ibig makinig sa tinig Niya na nagsasalita. Pinapawi ninyo ang inyong pagkakataong tumugon sa huling pamanhik ng kaawaan. Huwag sanang masulat tungkol sa inyo, gaya ng unang Israel, "Ang Ephraim ay nalalakip sa mga diyos-diyusan; pabayaan ninyo siya."[1] Huwag sana kayong tangisan ni Kristo gaya nang tangisan Niya ang Jerusalem, na sinasabi, "Makailang inibig Kong tipunin ang iyong mga anak, na gaya ng pagtipon ng inahing manok sa kanyang sariling mga sisiw sa ilalim ng kanyang mga pakpak, at ayaw kayo! Narito, sa inyo'y iniwang walang anuman ang inyong bahay."[2]

---

[2]Heb. 12:25.

[1]Os. 4:17.

[2]Lu. 13:34, 35.

Tayo'y nabubuhay sa isang panahong ang huling pabalita ng kahabagan, ang huling paanyaya, ay isinisigaw sa mga anak ng mga tao. Ang utos na, "Pumaroon ka sa mga daan at sa mga bakuran," ay nalalapit na sa pagkatupad. Maibibigay na sa bawa't kaluluwa ang paanvava. Ang mga tagapagbalita ay nagsisipagsabing, "Magsiparito kayo; sapagka't ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na." Gumagawa pa rin at nakikipagtulungan sa mga taong kinakasangkapan ang mga anghel sa langit. Lahat na ng panghikayat ay inihaharap ng Espiritu Santo upang kayo'y mapilitang lumapit. Minamatyagan ni Kristo ang isang palatandaan na magpapakilalang inaalis na ninyo [247]
ang sagka at inyo nang binubuksan ang pinto ng inyong puso upang Siya'y makapasok. Naghihintay ang mga anghel upang dalhin ang masayang balita sa langit na isa pang nawaglit na makasalanan ang natagpuan. Naghihintay ang buong hukbo ng kalangitan, handang kalabitin ang kanilang mga alpa, at upang umawit ng isang awit ng pagsasaya dahil sa isa pang kaluluwa ang tumanggap sa paanyaya sa piging na ukol sa ebanghelyo. [248]

## Kapitulo 19—Ano Kung Gawin Niyang Midi?

LUMAPIT si Pedro kay Kristo at nagtanong, "Makailang magkakasala ang aking kapatid laban sa akin, na siya'y aking patatawarin? hanggang sa makapito?" Hanggang sa tatlong pagkakasala lamang nagpapatawad ang mga rabi. Sa pagsasakatuparan ni Pedro ng aral ni Kristo, gaya ng palagay niya'y ginagawa niya, ay naisip niyang paabutin iyon hanggang sa pito, ang bilang na nagpapahiwatig ng kasakdalan. Subali't itinuro ni Kristo na hindi tayo kailanman dapat mapagod sa pagpapatawad. Hindi, "Hanggang sa makapito," sabi Niya, "kundi, Hanggang sa makapitumpung pito."

Pagkatapos ay ipinakilala Niya ang tunay na batayan ng pagkakaloob ng kapatawaran, at ang panganib ng pagkikimkim ng diwang di-mapagpatawad. Sa isang talinhaga ay isinalaysay Niya ang tungkol sa pakikipagusap ng isang hari sa mga nangangasiwa ng kanyang pamahalaan. Ang ilan sa mga nangangasiwang ito ay nangagsitanggap ng napakalalaking halaga ng salaping ukol sa estado o pamahalaan. Nang magsiyasat ang hari sa pangangasiwa nila ng tungkuling ito, ay may iniharap sa kanyang isang lalaki na nagpapakilalang may utang sa kanyang panginoon na malaking halagang sampung libong talento. Wala itong sukat ikabayad, at
[249] ayon sa kaugalian, iniutos ng haring ito'y ipagbili, at lahat ng tinatangkilik nito, upang ito'y makabayad. Nguni't ang takot na takot na lalaki ay nagpatirapa sa kanyang paanan at nakiusap na mabuti sa kanya, na nagsasabi, "Pagtiisan mo ako, at pagbabayaran ko sa iyong lahat. Nang magkagayo'y nahabag ang panginoon sa aliping yaon, at pinawalan siya, at ipinatawad sa kanya ang utang.

"Datapwa't lumabas ang aliping yaon, at nasumpungan ang isa sa mga kapwa niya alipin, na sa kanya'y may utang na sandaang denaryo; at kanyang hinawakan siya, at sinakal niya, na sinasabi, Bayaran mo ang utang mo. Kaya't nagpatirapa ang kanyang kapwa alipin, at namanhik sa kanya, na nagsasabi, Pagtiisan mo ako, at ikaw ay pagbabayaran ko. At siya'y ayaw; at yumaon at siya'y ipinabilanggo, hanggang sa magbayad siya ng utang. Nang makita

nga ng kanyang mga kapwa alipin ang nangyari, ay nangamanglaw silang lubha, at nagsiparoon at isinaysay sa kanyang panginoon ang lahat ng nangyari. Nang magkagayo'y pinalapit siya ng kanyang panginoon, at sa kanya'y sinabi, Ikaw na aliping masama, ipinatawad ko sa iyo ang lahat ng utang na yaon, sapagka't ipinamanhik mo sa akin: hindi baga dapat na ikaw naman ay mahabag sa iyong kapwa alipin, na gaya ko namang nahabag sa iyo? At nagalit ang kanyang panginoon, at ibinigay siya sa mga tagapagpahirap, hanggang sa siya'y magbayad ng lahat ng utang."

Ang talinhagang ito ay nagbibigay ng mga bagay na pawang kinakailangan upang magkalaman ang larawan, nguni't ito'y walang katulad sa kahalagahang ukol sa espiritu. Ang pansin ay hindi dapat mapabaling sa mga ito. Mga tiyak na katotohanan ang inilalarawan, at ito ang dapat pag-ukulan ng ating pag-iisip.

Ang pagpapatawad na ibinigay ng haring ito ay kumakatawan sa pagpapatawad ng Diyos sa lahat ng kasalanan. Kumakatawan si Kristo sa hari, na, palibhasa'y nakilos ng pagkaawa, ay pinatawad ang utang ng kanyang alipin. Ang tao'y nasa ilalim ng paghatol ng nila- bag na kautusan. Hindi niya maililigtas ang sarili niya, [250]
at dahil dito ay naparito si Kristo sa sanlibutan, na dinamtan ang Kanyang pagka-Diyos ng pagka-tao, at ibinigay ang Kanyang buhay, ang ganap para sa di-ganap. Ibinigay Niya ang Kanyang sarili para sa ating mga kasalanan, at naghahandog Siya nang walang-bayad na kapatawarang binili ng dugo sa bawa't kaluluwa. "Sa Panginoon ay may kaawaan, at sa Kanya ay may saganang katubusan."[1]

Narito ang mapagbabatayan ng ating pagkaawa sa ating mga kapwa-makasalanan. "Kung tayo'y inibig ng Diyos nang gayon, ay nararapat na mangag-ibigan din naman tayo." "Tinanggap ninyong walang-bayad," sabi ni Kristo, "ay ibigay ninyong walang-bayad."[2]

Sa talinhaga, nang makiusap ang may-utang na bigyan pa siya ng ilang araw na may kalakip na pangakong, "Pagtiisan mo ako, at pagbabayaran ko sa iyong lahat," ay iniurong ng hari ang ipinasiyang hatol. Ang buong pagkakautang ay pinatawad. At siya naman ay karakang binigyan ng pagkakataong matularan ang halimbawa ng panginoong nagpatawad sa kanya. Sa kanyang paglabas,

[1] Awit 130:7.
[2] 1 Juan 4:11.

nasalubong niya ang kanyang kapwa-aliping may utang na maliit na halaga sa kanya. Ang ipinatawad sa kanya ng hari ay sampung libong talento, ang may-utang naman sa kanya ay nagkakautang ng sandaang denaryo. Nguni't siya na buong kaawaang pinakitunguhan ng kanyang panginoong hari, ay nakitungo naman sa kanyang kapwa-manggagawa sa isang paraang lubhang kaiba. Ang may-utang sa kanya ay nakiusap din na gaya ng pakikiusap niya sa hari, nguni't hindi nagkaroon ng gayunding bunga. Siya na hindi pa lubhang naluluwatang pinatawad ay hindi naging malambot ang puso at hindi naging maawain, Ang kahabagang ipinakita sa kanya ay hindi naman niya ipinakita sa kanyang kapwa-alipin. Winalang-halaga niya ang pakiusap sa kanya na siya sana'y maging matiisin. Ang
[251] maliit na hala- gang inutang sa kanya ay siyang laging isinaisip ng walang-utang-na-loob na alipin. Hiningi niyang lahat ang sa palagay niya'y kaukulang dapat niyang tanggapin, at ipinatupad ang hatol na gaya ng inihatol sa kanya na buong kabiyayaang iniurong ng kanyang panginoong hari alang-alang sa kanya.

Gaano nga karami ang nagpapamalas ng ganito ring diwa ngayon. Nang magmakaawa ang may-utang sa kanyang panginoon, ay wala siyang tunay na pagkadama sa kalakihan ng kanyang utang. Hindi niya nadama ang kanyang kawalang-kaya. Umasa na lamang siyang maililigtas niya ang kanyang sarili. "Pagtiisan mo ako," wika niya, "at pagbabayaran ko sa iyong lahat." Kaya marami rin namang umaasa na matatamo nila ang lingap ng Diyos sa pamamagitan ng sarili nilang mga gawa. Hindi nila nadarama ang kawalan nilang magagawa. Hindi nila tinatanggap na isang walang-bayad na kaloob ang biyaya ng Diyos, kundi pinagsisikapan nilang mapagingbanai ang sarili nila. Ang sarili nilang mga puso ay hin-di nagpapakumbaba sa kanilang pagkakasala, at sila'y mahihigpit at walang-patawad sa mga iba. Ang mga pagkakasala nila laban sa Diyos, kung ihahambing sa mga pagkakasala sa kanila ng kanilang mga kapatid, ay gaya ng sampung libong talento sa sandaang denaryo,— halos isang angaw sa isa; at gayunpama'y nangangahas pa rin silang maging mga walang-patawad.

Sa talinhaga ay ipinatawag ng panginoon ang walang-awang may-utang, at "sa kanya'y sinabi, Ikaw na aliping masama, ipinatawad ko sa iyo ang lahat ng utang na yaon, sapagka't ipinamanhik mo sa akin; hindi baga dapat na ikaw naman ay mahabag sa

iyong kapwa alipin, na gaya ko namang nahahabag sa iyo? At nagalit ang kanyang panginoon, at ibinigay siya sa mga tagapagpahirap, hanggang sa siya'y nagbayad ng lahat ng utang." "Kaya gayundin naman," wika ni Jesus, "ang gagawin sa inyo ng Aking Ama na nasa Kalangitan, kung" hindi ninyo patatawarin sa inyong mga puso, ng bawa't isa ang kanyang kapatid." Siya na ayaw magpatawad, ay [252]
hindi rin naman makaaasa na patatawarin.

Subali't ang itinuturo ng talinhagang ito ay hindi dapat gamitin nang may kamalian. Ang pagpapatawad sa atin ng Diyos ay hindi nagbabawas sa anumang paraan sa tungkulin nating Siya'y talimahin. Kaya ang espiritu o diwa ng pagpapatawad sa ating mga kapwa-tao ay hindi nakababawas sa inaangkin ng makatwirang tungkulin. Sa panalanging itinuro ni Kristo sa Kanyang mga alagad ay sinabi Niya, "Ipatawad Mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpatawad sa mga may utang sa amin."[1] Hindi ang ibig Niyang sabihin nito ay hindi na natin hihingin ang kaukulang bayad sa atin ng mga may-utang sa atin upang tayo ay patawarin sa ating mga kasalanan. Kung hindi sila makapagbayad, kahit na ito'y magburiga ng di-matalinong pangangasiwa, ay hindi sila dapat na ibilanggo, sikilin o apihin, ni hindi sila dapat pakitunguhan nang marahas; subali't hindi naman itinuturo sa atin ng talinhaga ang pagtatamad-tamaran. Sinasabi ng salita ng Diyos na kung ang isang tao ay ayaw gumawa, hindi rin naman siya dapat kumain.[2] Hindi hinihingi ng Panginoon sa taong nagtatrabaho na itaguyod niya ang pagtatamad-tamaran ng iba. Marami ang nag-aaksaya ng panahon, kulang sa pagsisikap, kaya ang ibinubunga ay ang pagdaralita at pagsasalat. Kung hindi maitutuwid ang mga kamaliang ito ng mga gumagawa nito, ang lahat ng maaaring gawin para sa kapakanan nila ay magiging tulad sa paglagay ng kayamanan sa isang supot na may mga butas. Nguni't mayroon namang pagsasalat o karukhaan na dimaiiwasan, at sa mga ganito na kinukulang-palad ay dapat tayong magpakita ng pagmamahal at pagkahahabag. Dapat nating pakitunguhan ang iba na gaya ng nanaisin nating ipakitungo sa atin, kung tayo'y nasa mga gayunding kalagayan.

Sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay inaatasan ta- yo ni Apostol [253]

[1] Mat. 6:12.
[2] 2 Tes. 3:10.

Pablo: "Kaya nga kung mayroong anumang kasiglahan kay Kristo, kung mayroong anumang kaaliwan ng pag-ibig, kung mayroong anumang pakikisama ng Espiritu, kung mayroong anumang mahinahong awa at habag, ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pag-iisip, mangagtaglay ng isa ring pag-ibig, na mangagkaisa ng akala, at isa lamang pag-iisip. Huwag ninyong gawin ang anuman sa pamamagitan ng pagkakampi-kampi o sa pamamagitan ng pagpapalalo; kundi sa kababaan ng pag-iisip, na ipalagay ng bawa't isa ang iba na lalong mabuti kaysa kanyang sarili. Huwag tingnan ng bawa't isa sa inyo ang sa kanyang sarili, kundi ang bawa't isa naman ay sa iba't iba. Mangagkaroon kayo sa inyo ng pag-iisip, na ito'y kay Kristo Jesus din naman."[1]

Nguni't ang kasalanan ay hindi dapat ipagwalangbahala. Iniuutos sa atin ng Panginoon na huwag nating pabayaang magkasala ang ating kapatid. Sinasabi Niya, "Kung magkasala ang iyong kapatid, sawayin mo siya."[2] Ang kasalanan ay dapat tawagin sa tunay nitong pangalan at ito'y dapat ipakilala nang buong liwanag sa harap ng nagkakasala.

Sa kanyang payo kay Timoteo, si Pablo, na sumulat sa pamamagitan ng pagkasi ng Espiritu Santo, ay nagsasabi, "Magsikap ka sa kapanahunan, at sa di-kapanahunan; sumawata ka, sumaway ka, mangaral ka na may buong pagpapahinuhod at pagtuturo." At kay Tito ay sumulat siya, "Maraming mga suwail na mapagsalita ng walang-kabuluhan at mga magdaraya. . . . Dahil dito'y sawayin mong may kabagsikan sila, upang sila'y mangagpagaling sa pananampalataya."[3]

"Kung magkasala laban sa iyo ang kapatid mo," sabi ni Kristo, "pumaroon ka at ipakilala mo sa kanya ang kanyang kasalanan na ikaw at siyang mag-isa: kung ikaw ay pakinggan niya, ay nagwagi
[254] ka sa iyong kapatid. Datapwa't kung hindi ka niya pakinggan, ay magsama ka pa ng isa o dalawa, upang sa bibig ng dalawang saksi o tatlo ay mapagtibay ang bawa't salita. At kung ayaw niyang pakinggan sila, ay sabihin mo sa iglesya: at kung ayaw rin niyang

[1] Fil. 2:1-5.

[2] Lu. 17:3.

[3] 2 Tim. 4:2; Tit. 1:10-13.

pakinggan ang iglesya, ay ipalagay mo siyang tulad sa Hentil at maniningil ng buwis."[1]

Itinuturo ng ating Panginoon na ang mga bagay na di-pagkakaunawaan ng mga Kristiyano ay dapat lutasin at ayusin sa loob ng iglesya. Hindi dapat ihayag ito sa harap ng mga hindi natatakot sa Diyos. Kung ang isang Kristiyano ay pinagkasalahan ng kanyang kapatid, ay hindi siya dapat magsakdal sa mga di-sumasampalatayang nasa hukuman ng katarungan. Dapat niyang sundin ang tagubiling ibinigay ni Kristo. Sa halip na pagsikapang ipaghiganti ang sarili, sikapin niyang iligtas ang kanyang kapatid. Iingatan ng Diyos ang mga kapakanan ng mga nagsisiibig at natatakot sa Kanya, at may pagtitiwalang maipagkakatiwala natin ang ating usapin sa Kanya na humahatol nang matwid.

Napakalimit mangyari na kapag paulit-ulit ang paggawa ng mga kasalanan, at umaamin naman ang nagkasala sa kanyang pagkakamali, ay nasusuya na ang pinagkasalahan, at iniisip niyang nakapagpatawad na siya nang sapat. Subali't maliwanag ang sabi sa atin ng Tagapagligtas kung paano pakikitunguhan ang nagkakasala: "Kung magkasala ang iyong kapatid, sawayin mo siya; at kung siya'y magsisi, patawarin mo siya."[2] Huwag mo siyang ituturing' na di-karapat-dapat sa iyong pagtitiwala. Magwari ka sa "iyong sarili, baka ikaw naman ay matukso."[3]

Kung nagkakamali o nagkakasala ang iyong mga kapatid, dapat mo silang patawarin. Kapag sila'y lumalapit sa iyo na umaamin sa kanilang pagkakasala, ay hindi mo dapat sabihing, Palagay ko'y hindi sapat ang pagpapakumbaba nila. Palagay ko'y hindi taos sa kanilang damdamin ang kanilang pag-amin. Anong karapa- tan [255]
mayroon ka upang hatulan sila, na para bagang nakakabasa ka ng puso? Sinasabi ng salita ng Diyos, "Kung siya'y magsisi, patawarin mo. At kung siya'y makapitong magkasala sa isang araw laban sa iyo, at makapitong magbalik sa iyo na sasabihin, Pinagsisisihan ko; patawarin mo siya."[1] At hindi lamang pitong ulit, kundi makapitumpung pito,—kasinlimit ng pagpapatawad sa iyo ng Diyos.

[1]Mat. 18:15-17.

[2]Lu. 17:3.

[3]Gal. 6:1.

[1]Lu. 17:3, 4.

Utang natin ang lahat ng bagay sa walang-bayad na biyaya ng Diyos. Itinalaga ng biyayang nasa tipan ang pagkukupkop sa atin. Binigyang-bisa ng biyayang nasa Tagapagligtas ang ating katubusan, ang ating pagbabago, at ang pagkataas natin sa pagiging-tagapagmanang kasama ni Kristo. Ihayag nga natin sa mga iba ang biyayang ito.

Huwag ninyong bibigyan ng kahit isang pagkakataon ang nagkakasala na masiraan-ng-loob o manlupaypay. Huwag ninyong pabayaang pumasok sa inyong puso ang katigasan ng Pariseo at saktan ang damdamin ng inyong kapatid. Huwag ninyong pahintulutang magbangon sa inyong puso at isip ang mapait na panunuya. Huwag ninyong pabayaang may bumahid na paglibak sa inyong tinig. Kung magsasalita kayo ng sarili ninyong salita, kung kikilos kayo ng pagwawalang-bahala, o magpapakita ng paghihinala o di-pagtitiwala, maaaring iyon ang ikapahamak ng isang kaluluwa. Kailangan niya ang isang kapatid na may pusong nakikiramay na tulad ng sa Kapatid na Panganay upang humipo sa kanyang pusong-tao. Ipadama ninyo sa kanya ang mahigpit na pakikikamay ng isang kamay na nakikiramay, at bayaang marinig niya ang bulong na, Tayo'y manalangin. Magbibigay ang Diyos sa inyong dalawa ng mayamang karanasan. Pinapagkakaisa tayo ng panalangin sa isa't isa at sa Diyos. Si Jesus ay inihahatid ng panalangin sa ating piling, at nagbibigay ito sa nanghihina't nagugulumihanang kaluluwa ng
[256] panibagong lakas upang mapa- nagumpayan o madaig ang sanlibutan, ang laman, at ang diyablo. Ibinabaling ng panalangin sa tabi ang mga salakay ni Satanas.

Kapag tinatalikuran ng isang tao ang mga karumihan ng tao upang masdan si Jesus, isang banal na pagbabago ang nagaganap sa likas. Ang Espiritu ni Kristo, na gumagawa sa puso, ay iniaayon ito sa Kanyang larawan. Kaya nga dapat ninyong pagsikapang itaas si Jesus. Ituon ninyo ang mata ng pag-iisip sa "Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan."[1] At sa paggawa ninyo ng gawaing ito, tandaan ninyo na "ang nagpapabalik-loob ng isang makasalanan mula sa kamalian ng lakad niya, ay magliligtas ng isang kaluluwa sa kamatayan, at magtatakip ng karamihang kasalanan."[2]

[1] Juan 1:29.
[2] Sant. 5:20.

"Datapwa't kung hindi ninyo ipatawad sa mga tao ang kanilang mga kasalanan, ay hindi rin naman kayo patatawarin ng inyong Ama ng inyong mga kasalanan."[3] Walang maaaring magbigay-matwid sa isang diwang dinagpapatawad. Ipinakikilala ng taong di-mahahabagin sa iba na siya na rin ay hindi nakakabahagi ng nagpapatawad na biyaya ng Diyos. Sa pagpapatawad ng Diyos ang puso ng isang nagkakasala ay nailalapit sa dakilang puso ng Walang-hanggang Pag-ibig. Ang alon ng kahabagan ng Diyos ay dumadaloy sa kaluluwa ng makasalanan, at buhat sa kanya, ito'y dumadaloy naman sa mga kaluluwa ng iba. Ang pag-ibig at kaawaang ipinakita ni Kristo sa mahalaga Niyang buhay ay makikita rin naman sa mga nagiging kabahagi ng Kanyang biyaya. Subali't "kung ang sinuma'y walang Espiritu ni Kristo, siya'y hindi sa Kanya."[4] Siya ay hiwalay sa Diyos, nababagay lamang para sa walang-hanggang pagkakahiwalay sa Kanya.

Totoo ngang siya'y maaaring tumanggap minsan ng kapatawaran; subali't ipinakikilala ng kanyang diwang di-mapagpatawad na ngayo'y tinatanggihan niya ang nagpapatawad na pag-ibig ng Diyos. Inihiwalay na niya ang kanyang sarili sa Diyos, at [257]
siya'y nasa kalagayan na ring gaya noong bago siya pinatawad. Itinatwa niya ang kanyang pagsisisi, at nakababaw sa kanya ang mga kasalanan niya na para bagang hindi siya nagsisi.

Nguni't ang dakilang aral ng talinhaga ay nasa pagkakaiba ng kahabagan ng Diyos at ng katigasan-ng-puso ng tao; nasa katotohanan na ang mapagpatawad na kaawaan ng Diyos ay siyang dapat na maging sukatan natin. "Hindi baga dapat na ikaw naman ay mahabag sa iyong kapwa alipin, na gaya ko namang nahabag sa iyo?"

Hindi tayo pinatatawad *dahil* sa tayo'y nagpapatawad, kundi *gaya ng* pagpapatawad natin. Ang batayan ng lahat ng pagpapatawad ay nasusumpungan sa lubos na pag-ibig ng Diyos; datapwa't sa pamamagitan ng ating pakikitungo sa iba ay ipinakikilala natin kung nasa atin ang pag-ibig na yaon. Dahil dito'y sinasabi ni Kristo, "Sa hatol na inyong ihahatol, ay hahatulan kayo; at sa panukat na inyong isusukat, ay susukatin kayo."[1] [258]

[3]Mat. 6:15. [259]
[4]Rom. 8:9.
[1]Mat. 7:2.

# Kapitulo 20—Nagawa Niya

NANGANGARAL si Kristo, at gaya ng karaniwan, nagkatipon sa palibot Niya ang mga iba bukod pa sa Kanyang mga alagad. Sinasabi Niya sa mga alagad ang mga tagpong doo'y malapit na silang gumanap ng isang bahagi. Palalaganapin nila ang mga katotohanang ipinagkatiwala Niya sa kanila, at makakatunggali nila ang mga pinuno ng sanlibutang ito. Dahil sa Kanya ay ipatatawag sila sa mga hukuman, at pahaharapin sa mga mahistrado at mga hari. Pinangakuan Niya sila ng karunungang hindi maitatatwa o matatalikuran ng sinuman. Ang sarili Niyang mga salita, na kumilos sa mga puso ng karamihan, at ikinalito ng tuso Niyang mga kaaway, ay nagpatotoo sa kapangyarihan ng tumatahang Espiritung yaon na siya Niyang ipinangako sa mga sumusunod sa Kanya.

Datapwa't maraming naroon ang naghangad ng biyaya ng langit upang masunod lamang ang makasarili nilang mga layunin. Kinilala nila ang kagila-gilalas na kapangyarihan ni Kristo sa maliwanag na paglalahad ng katotohanan. Napakinggan nilang ipinangako Niya sa Kanyang mga tagasunod ang karunungang makapagsalita sa harap ng mga pinuno at mga mahistrado o mga hukom. Hindi kaya Niya ipahihiram ang Kanyang kapangyarihan para sa kanilang
[260] kapakinabangang pansanlibutan?

"At sinabi sa Kanya ng isa sa karamihan, Guro, iutos Mo sa aking kapatid, na bahaginan ako ng mana." Sa pamamagitan ni Moises ay nagtagubilin ang Diyos tungkol sa pagpapamana ng ariarian o tinatangkilik. Ang panganay na anak ay tumanggap ng dalawang bahagi sa buong tinatangkilik ng ama,[1] samantalang ang mga nakababatang kapatid ay nagsitanggap ng magkakatulad o parepareho. Ang akala ng lalaking ito ay dinadaya siya ng kanyang kapatid sa manang dapat niyang tanggapin. Walang nangyari sa mga pagsisikap niyang matamo ang sa palagay niya'y dapat niyang tanggapin; nguni't kung mamamagitan si Kristo, natitiyak niyang matatamo niya ang kanyang nilalayon. Narinig na niya ang naka-

[1] Deut. 21:17.

pupukaw na mga pamanhik o mga panawagan ni Kristo, at ang mga solemneng pagtuligsa Nito sa mga eskriba at mga Pariseo. Kung ang gayong makapangyarihang mga pangungusap ay masasalita sa kapatid niyang ito, ay hindi makakatanggi ang kanyang kapatid na ibigay ang bahagi niya.

Sa gitna ng solemneng pagbibigay ni Kristo ng tagubilin, ay ipinakita ng lalaking ito ang sakim o makasarili niyang pag-uugali. Pinahalagahan niya ang kakayahang yaon ng Panginoon na maaaring makagawa para sa ikauunlad ng sarili niyang mga pangangailangan sa buhay na ito; subali't hindi napatanim sa kanyang puso at isip ang mga espirituwal na katotohanan. Ang kinabuhusang lubos ng kanyang pag-iisip ay ang makapagtamo ng mamanahin. Binubuksan at inihahayag noon sa kanya ni Jesus, na Hari ng kaluwalhatian, mayaman, at alang-alang sa atin ay nagpakadukha, ang mga kayamanan ng pag-ibig ng Diyos. Nakikiusap noon sa kanya ang Espiritu Santo upang siya'y maging isang tagapagmana ng "manang di-nasisira, at walang-dungis, at hindi kumukupas."[2] Nakita na niya ang katunayan ng kapangyarihan ni Kristo. Ngayo'y dumating na ang kanyang pagkakataon upang makapagsalita sa dakilang Guro, at [261]
sabihin ang pinakalulunggati ng kanyang puso. Datapwa't katulad ng lalaking naghahanap at nagbubunyag ng masamang gawa ng mga tanyag na tao sa alegorya ni Bunyan, ang mga mata niya'y nakatuon sa lupa. Hindi niya nakita ang koronang nakapatong sa kanyang ulo. Tulad ni Simon Magus, pinahalagahan niya ang kaloob ng Diyos bilang isang paraan upang makapagtamo ng kapakinabangang pansanlibutan.

Ang misyon ng Tagapagligtas sa ibabaw ng lupa ay malapit nang matapos. Iilang buwan na lamang ang nalalabi sa Kanya upang tapusin ang gawaing pinarituhan Niya upang gawin, ang pagtatatag ng kaharian ng Kanyang biyaya. Nguni't ang kayamuan ng tao ay ibig Siyang abalahin sa Kanyang gawain, upang pamagitanan Niya ang pagtatalo tungkol sa isang piraso ng lupa. Gayunma'y hindi natigatig si Jesus sa pagtupad ng Kanyang misyon. Ang naging tugon Niya ay, "Lalaki, sino ang gumawa sa Aking hukom o tagapamahagi sa inyo?"

[2] 1 Ped. 1:4.

Masasabi sana ni Jesus sa lalaking ito kung ano ang sadyang tama o matwid. Alam Niya kung ano ang matwid sa usaping yaon; subali't nag-aaway ang magkapatid dahil sa sila'y kapwa mapag-imbot. Halos sinabi ni Kristong, Hindi Ko gawaing mag-ayos ng mga pagtatalong tulad nito. Siya'y naparito para sa ibang layunin, ang ipangaral ang ebanghelyo, at nang sa gayo'y mapukaw Niya ang mga tao na makadama ng mga walang-hanggang katotohanan.

Sa ginawang pakikitungo ni Kristo sa kasong ito ay may aral na makukuha ang lahat ng naglilingkod sa Kanyang pangalan. Nang suguin Niya ang labindalawa, ay sinabi Niya, "Samantalang kayo'y nangaglalakad, ay magsipangaral kayo, na mangagsabi, Ang kaharian ng langit ay malapit na. Mangagpagaling kayo ng mga maysakit, mangaglinis kayo ng mga may ketong, mangagpabangon kayo ng mga patay, mangagpalabas kayo ng mga demonyo: tinanggap niny-
[262] ong walang-bayad, ay ibigay ninyong walang-bayad."[1] Hindi sila mag-aayos ng mga suliranin ng mga tao sa buhay na ito. Ang gawain nila ay hikayatin ang mga tao na makipagkasundo sa Diyos. Nakalagay sa gawaing ito ang kapangyarihan nila upang pagpalain ang sangkatauhan. Ang tanging lunas sa mga kasalanan at mga kalungkutan ng mga tao ay si Kristo. Ang ebanghelyo lamang ng Kanyang biyaya ay siyang makalulunas sa mga kasamaang nagiging sumpa sa lipunan. Ang kawalang-katarungan ng mga mayayaman sa mga dukha, at ang pagkapoot naman ng mga dukha sa mga mayayaman, ay kapwa nag-ugat sa kasakiman, at ito'y mapapawi lamang sa pamamagitan ng pagpapasakop kay Kristo. Siya lamang ang nagbibigay ng bagong pusong umiibig, na kapalit ng sakim na pusong makasalanan. Dapat ipangaral ng mga lingkod ni Kristo ang ebanghelyo na taglay ang Espiritung buhat sa langit, at dapat silang gumawa na gaya ng Kanyang ginawa para sa kabutihan ng mga tao. Kung magkagayon ang mga bungang pagpapala at pagtataas sa mga tao ay makikita, na ito'y lubos na di-mangyayaring ganapin sa pamamagitan ng kapangyarihan ng tao.

Tinukoy ng ating Panginoon ang ugat ng suliraning yaon na bumabagabag sa lalaking ito, at ugat ng lahat ng mga gayunding pagtatalo, na sinasabi, "Mangagmasid kayo, at kayo'y mangag-ingat

[1] Mat. 10:7, 8

sa lahat ng kasakiman; sapagka't ang buhay ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya.

"At nagsaysay Siya sa kanila ng isang talinhaga, na sinasabi, Ang lupa ng isang taong mayaman ay namumunga nang sagana; at inisip niya sa sarili na sinasabi, Ano ang gagawin ko, sapagka't wala akong mapaglalagyan ng aking mga inaning bunga? At sinabi niya, Ito ang gagawin ko: igigiba ko ang aking mga bangan, at gagawa ako ng lalong malalaki; at doon ko ilalagay ang lahat ng aking butil at aking mga pag-aari. At sasabihin ko sa aking kaluluwa, Kaluluwa, marami ka nang pag-aaring nakakamalig para sa maraming taon; [263] magpahingalay ka, kumain ka, uminom ka, at matuwa ka. Datapwa't sinabi sa kanya ng Diyos, Ikaw na haling, hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa: at ang mga bagay na inihanda mo, ay mapapasa kanino kaya? Gayon nga ang nagpapakayaman sa ganang kanyang sarili, at hindi mayaman sa Diyos."

Sa pamamagitan ng talinhaga tungkol sa haling na taong mayaman, ay ipinakilala ni Kristo ang kamangmangan ng mga taong ang sanlibutan ay siyang ginagawa nilang siya nang lahat sa kanilang buhay. Tumanggap ang taong ito ng lahat ng bagay mula sa Diyos. Ang araw ay pinahintulutang sumikat sa kanyang lupain; sapagka't ang sinag nito ay sumisikat sa mga ganap at sa mga diganap. Ang mga ambon ng langit ay pumapatak sa mga masasama at sa mga mabubuti. Pinayabong ng Panginoon ang mga pananim at mga halaman, at pinapagbunga nang sagana ang mga bukiran. Hindi malaman ng taong mayaman kung ano ang kanyang gagawin sa mga bunga ng kanyang lupain. Ang kanyang mga bangan ay punung-puno na't umaapaw, at wala siyang mapaglagyan ng mga labis sa mga inani niya. Hindi niya naalaala ang Diyos, na siyang pinagmumulan ng lahat ng mga kahabagang dulot sa kanya. Hindi niya napag-unawang siya'y ginawa ng Diyos na isang katiwala ng mga pag-aari o mga tinatangkilik Nito, upang makatulong siya sa mga nangangailangan. Nagkaroon siya ng pinagpalang pagkakataon na maging opisyal na tagapaglimos ng Diyos, subali't ang naisip lamang niya ay ang ikagiginhawa ng kanyang sarili.

Ang kalagayan ng mga dukha, ng mga ulila, ng mga babaeng balo, ng mga naghihirap, at ng mga nagdadalamhati, ay ipinatalastas sa mayamang taong ito; maraming pook na mapagbibigyan ng kanyang mga pagaari. Madali sana niyang maipamamahagi ang

[264] bahagi ng kanyang kasaganaan, at marami sanang tahanan ang nakalaya sa pagsasalat, marami sanang nangagugutom ang napakain, marami sanang mga hubad ang nadamtan, marami sanang puso ang nabigyang-katuwaan, marami sanang panalangin na humihingi ng tinapay at damit ang nabigyang-kasagutan, at sana'y isang himig ng papuri ang nakapailanlang sa langit. Narinig ng Panginoon ang mga dalangin ng mga nangangailangan, at ipinaghanda Niya ng Kanyang kabutihan ang mga dukha.[1] Gumawa ng masaganang paghahanda para sa mga pangangailangan ng marami sa pamamagitan ng mga pagpapalang ipinagkaloob sa taong mayaman. Datapwa't ipininid niya ang kanyang puso sa daing ng nangangailangan, at sinabi niya sa kanyang mga alipin, "Ito ang gagawin ko: igigiba ko ang aking mga bangan, at gagawa ako ng lalong malalaki; at doon ko ilalagay ang lahat ng aking butil at aking mga pag-aari. At sasabihin ko sa aking kaluluwa, Kaluluwa, marami ka nang pag-aaring nakakamalig para sa maraming taon; magpahingalay ka, kumain ka, uminom ka, at matuwa ka."

Ang mga hinahangad ng taong ito ay hindi na tataas pa sa mga hinahangad ng mga hayop na nangamamatay. Nabuhay siya na para bagang walang Diyos, walang langit, walang buhay na panghinaharap; na para bagang ang lahat ng bagay na tinatangkilik niya ay kanyang sarili, at wala siyang pagkakautang na anuman sa Diyos o sa tao. Inilarawan ng mang-aawit ang taong mayamang ito nang sumulat siya nang ganito: "Ang mangmang ay nagsabi sa kanyang puso, Walang Diyos."[2]

Ang taong ito ay nabuhay at nagpanukala para sa kanyang sarili. Nakikita niyang napaghandaan na niyang sagana ang para sa hinaharap; wala na siyang kailangang gawin ngayon kundi pagyamanin at pagtamasahan ang mga bunga ng kanyang mga pagpapagal. Itinuturing niya ang kanyang sarili na higit na nilingap kaysa ibang mga tao, at pinupuri niya ang kanyang sarili sa matalino niyang
[265] pangangasiwa. Pinararangalan siya ng kanyang mga kababayan bilang isang taong may mabuting kuru-kuro o kahatulan at isang maunlad na mamamayan. Sapagka't "pinupuri ka ng mga tao, pagka gumagawa ka ng mabuti sa iyong sarili."[1]

[1] Awit 68:10.
[2] Awit 14:1.
[1] Awit 49:18.

Datapwa't "ang karunungan ng sanlibutang ito ay kamangmangan sa Diyos."[2] Samantalang ang taong mayaman ay umaasam na magtatamasa ng kasayahan sa darating na mga taon, ang Panginoon naman ay gumagawa ng lubhang kakaibang mga panukala. Dumating ang pasabi sa di-tapat na katiwalang ito, "Ikaw na haling, hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa." Narito ang isang hinihingi na hindi maibibigay ng salapi. Hindi makabibili ng anumang palugit ang kayamanang kanyang iningat-ingatan at minahal nang labis. Sa isang sandali yaong bagay na pinagpagalan niya sa buo niyang buhay ay naging walang-halaga sa kanya. "Ang mga bagay na inihanda mo ay mapapasa kanino kaya?" Ang malawak niyang bukiran at punung-punong mga bangan ay nawawala na sa kanyang pangangasiwa. "Kanyang ibinubunton ang mga kayamanan, at hindi nalalaman kung sinong magsisipulot."[3]

Ang tanging bagay na magiging mahalaga sa kanya ngayon, ay hindi niya pinagsikapang makamtan. Sa pamumuhay niya nang makasarili ay tinanggihan niya ang pag-ibig ng Diyos na sana'y inagusan ng kahabagan patungo sa kanyang mga kapwa-tao. Sa gayong paraan niya tinanggihan ang buhay. Sapagka't ang Diyos ay pagibig, at ang pag-ibig ay buhay. Pinili ng taong ito ang mga bagay na ukol sa lupa at hindi ang mga bagay na ukol sa espiritu, at kasama ng mga bagay na ukol sa lupa ay dapat siyang mamatay. "Taong nasa karangalan, at hindi nakakaunawa, ay gaya ng mga hayop na namamatay."[4]

"Gayon nga ang nagpapakayaman sa ganang kanyang sarili, at hindi mayaman sa Diyos." Totoo sa lahat ng panahon ang larawang ito. Maaari kayong magpanukala para sa ikabubuti lamang ng sarili, [266] maaaring magtipon kayo ng kayamanan, maaari kayong magtayo ng mga mansiyong malalaki at matataas, gaya nang ginawa ng mga tagapagtayo ng matandang Babilonia; subali't hindi kayo makapagtatayo ng kuta o moog na napakataas o ng pintuang-bayan na napakatibay na anupa't masasarhan ninyo sa labas ang mga tagapagbalita ng kapahamakan. Si Belsasar na hari ay "nagpiging sa kanyang palasyo," at "pinuri ang mga diyos ng ginto, at ng pilak, ng tanso, ng bakal, ng kahoy, at ng bato." Subali't ang kamay ng Isang

[2] 1 Cor. 3:19.
[3] Awit 39:6.
[4] Awit 49:20.

di-nakikita ay sumulat sa mga pader ng mga salita ng kapahamakan, at ang yabag ng mga kalabang hukbo ay narinig sa mga pintuan ng kanyang palasyo. "Nang gabing yaon ay napatay si Belsasar na hari ng mga taga-Caldea"[1] at isang dayuhang monarka ang lumuklok sa trono.

Ang nabubuhay para sa sarili ay mamamatay. Ang pag-iimbot, na ito'y pagnanasa ng kapakinabangang pansarili, ay inihihiwalay ang kaluluwa sa buhay. Diwa ni Satanas ang kumuha, ang kumuha para sa sarili. Ang diwa naman ni Kristo ay ang magbigay, ang magsakripisyo ng sarili para sa ikabubuti ng mga iba. "At ito ang patotoo, na tayo'y binigyan ng Diyos ng buhay na walapg-hanggan, at ang buhay na ito ay nasa Kanyang Anak. Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; at ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Diyos ay hindi kinaroroonan ng buhay."[2]

Dahil dito'y sinasabi Niya, "Mangagmasid kayo, at kayo'y mangag-ingat sa lahat ng kasakiman (pag-iimbot); sapagka't ang buhay
[267] ng tao ay hindi sa kasaganaan ng mga bagay na tinatangkilik niya."

[1] Dan. 5:30.

[2] 1 Juan 5:11, 12.

## Kapitulo 21—Totoong Huli na Upang Magbago

IPINAKIKILALA ni Kristo sa talinhaga tungkol sa taong mayaman at kay Lazaro, na sa buhay na ito ay mga tao ang nagpapasiya ng walang-hanggan niyang kapalaran o kahihinatnan. Sa panahon ng pagsubok ang biyaya ng Diyos ay iniaalok sa bawa't kaluluwa. Nguni't kung inaaksaya ng mga tao ang panahon o mga pagkakataon nila sa pagbibigay-lugod sa sarili, ay inihihiwalay nila ang kanilang mga sarili sa buhay na walanghanggan. Wala nang pagsubok pagkatapos nito na ibibigay pa sa kanila. Sa pamamagitan ng sarili nilang pagpili ay naglagay na sila ng di-madadaanang bangin sa pagitan nila at ng kanilang Diyos.

Pinaghahambing ng talinhagang ito ang mayaman na hindi umasa sa Diyos, at ang dukha na umasa naman sa Diyos. Ipinakikilala ni Kristo na dumarating ang panahon na ang kalagayan ng dalawang uring ito ng mga tao ay mababaligtad. Yaong mga dukha sa mga bagay ng sanlibutang ito, nguni't nagsisitiwala sa Diyos at mga matiisin sa kahirapan, ay itataas balang araw kaysa sa mga may hawak ngayon ng mga tungkuling ibinibigay ng sanlibutan, nguni't hindi naman ipinasakop sa Diyos ang kanilang buhay.

"Mayroon ngang isang taong mayaman," sabi ni Kristo, "at
siya'y nagdaramit ng kulay ube at maselang lino, at sa araw-araw [268]
ay kumakain nang sagana. At may isang pulubi na ang pangala'y Lazaro, na lipos ng mga sugat, ay inilalagay sa kanyang pintuan, at naghahangad na mapakain ng mga mumo na nangahuhulog mula sa dulang ng mayaman."

Ang taong mayaman ay hindi kabilang sa uring inilarawan ng masamang hukom, na hayagang nagpahayag ng hindi niya pagpapahalaga sa Diyos at sa tao. Sinabi niyang siya'y anak ni Abraham. Hindi niya pinakitunguhang may karahasan ang pulubi, ni pinaalis man ito dahil sa hindi niya gusto ang itsura o anyo nito. Kung ang kahabag-habag at nakaririmarim na uring ito ng tao ay maaaliw sa pamamagitan ng pagtingin sa kanya sa pagpasok niya sa kanyang mga pintuan, ay payag ang taong mayaman na ito'y manatili roon.

Subali't siya'y buong kasakimang nagwalang-bahala sa mga pangangailangan ng kanyang naghihirap na kapatid.

Wala noong mga ospital na doo'y maaalagaan ang mga maysakit. Ang mga nagdurusa at mga nangangailangan ay ipinagbibigay-alam noon sa mga pinagkatiwalaan ng Panginoon ng kayamanan, upang sila'y tulungan at damayan. Gayon ang kalagayan ng pulubi at ng taong mayaman. Kailangang-kailangan ni Lazaro ang tulong; sapagka't siya'y walang mga kaibigan, tahanan, salapi, o pagkain. Gayunma'y pinabayaan siyang manatili sa kalagayang ito araw-araw, samantalang ang mayamang mahal na tao ay mayroon ng lahat niyang kailangan. Siya na buong kasaganaang makalulunas sa mga paghihirap ng kanyang kapwa-nilalang, ay nabuhay para sa kanyang sarili, gaya rin naman ng maraming nabubuhay nang gayon ngayon.

Sa kasalukuyan ay may mga kalapit tayong maraming nagugutom, walang madamit, at walang tahanan. Ang pagpapabaya nating magbigay ng ating salapi sa mga naghihirap at nangangailangang ito ay magpapataw sa atin ng isang mabigat na pagkakasala
[269] na katatakutan nating makaharap balang araw. Lahat ng kasakiman ay hinahatulang parang pagsamba sa diyus-diyusan. Lahat ng pagpapalayaw sa sarili ay isang kasalanan sa paningin ng Diyos.

Ginawa ng Diyos na katiwala ng Kanyang salapi ang mayamang tao, at tungkulin ng taong ito na asikasuhin ang mga gayong kaso na gaya ng sa pulubi. Ang utos na ibinigay ay, "Iyong iibigin ang Panginoon mong Diyos nang iyong buong puso, at nang iyong buong kaluluwa, at nang iyong buong lakas;" at "iibigin ninyo ang inyong kapwa na gaya ng sa inyong sarili."[1] Ang taong mayaman ay isang Hudyo, at alam na alam niya ang utos ng Diyos. Nguni't nalimutan niyang siya'y mananagot sa paggamit ng salapi at mga kakayahang ipinagkatiwala sa kanya. Sumagana siya sa mga pagpapala ng Panginoon, nguni't ginamit niya ito nang buong kasakiman, upang parangalan ang sarili, at hindi ang Lumikha sa kanya. Kasukat ng kanyang kasaganaan ay ang tungkulin niyang gamitin ang mga ipinagkaloob sa kanya sa ikaaangat ng sangkatauhan. Ito ang utos ng Diyos, nguni't hindi inisip ng taong mayaman ang tungkulin niya sa Diyos. Nagpahiram siya ng salapi, at kumuha ng tubo o interes sa salaping kanyang ipinahiram; nguni't hindi naman siya nagbi-

[1] Deut. 6:5; Lev. 19:18.

gay ng tubo sa salaping ipinahiram sa kanya ng Diyos. Mayroon siyang kaalaman at mga talento nguni't hindi niya pinaunlad ang mga ito. Sapagka't nalimutan na niya ang sagutin niya sa Diyos, ibinuhos niya ang buo niyang kapangyarihan o lakas sa kalavawan. Lahat ng bagay na nakapaligid sa kanya, ang paulit-ulit niyang mga paglilibang, ang papuri at panghihibok ng kanyang mga kaibigan, ay tumulong sa makasarili niyang pagpapakalayaw. Lulong na lulong siya sa lipunan ng kanyang mga kaibigan na anupa't nawala na ang pagkadama niya ng kanyang kapanagutan na makipagtulungan sa Diyos sa Kanyang ministeryo ng kaawaan. Nagkaroon siya ng pagkakataon na maunawa- an ang salita ng Diyos, at isagawa ang [270]
mga itinuturo nito; nguni't ang pinili niyang lipunan na maibigin sa kalayawan ay kumuha ng buo niyang panahon na anupa't nalimutan niya ang Diyos na walang-hanggan.

Dumating ang panahon na nagkaroon ng pagbabago sa kalagayan ng dalawang lalaki. Ang pulubi ay nagdusa araw-araw, nguni't buong pagtitiis at buong tahimik siyang nagbata. Dumating ang sandali na siya'y namatay at inilibing. Wala mang tumangis o namighati sa pagyao niya; nguni't dahil sa pagtitiis niya sa kahirapan ay naging saksi siya para kay Kristo, napagtiisan niya ang pagsubok sa kanyang pananampalataya, at sa pagkamatay niya ay inilalarawan siya na siya'y dinala ng mga anghel sa sinapupunan ni Abraham.

Kinakatawanan ni Lazaro ang mga naghihirap na dukha na nagsisisampalataya kay Kristo. Kapag tumunog na ang pakakak, at kapag narinig na ng lahat ng mga nangahihimlay sa mga libingan ang tinig ni Kristo at sila'y magsilabas, ay tatanggapin nila ang kanilang gantimpala; sapagka't ang pananampalataya nila sa Diyos ay hindi isa lamang teorya, kundi isang katotohanan.

"Namatay din naman ang mayaman, at inilibing; at sa impiyerno ay itiningin niya ang kanyang mga mata, palibhasa'y nasa pagdurusa, at natanaw niya sa malayo si Abraham, at si Lazaro ay nasa kanyang sinapupunan. At siya'y sumigaw at sinabi, Amang Abraham, maawa ka sa akin, at suguin mo si Lazaro, upang itubog niya sa tubig ang dulo ng kanyang daliri, at palamigin ang aking dila; sapagka't naghihirap ako sa alab na ito."

Sa talinhagang ito ay sinasagupa ni Kristo ang mga tao sa sarili nilang batayan ng paniniwala. Ang doktrina o aral tungkol sa pagiging-buhay sa pagitan ng pagkamatay at ng pagkabuhay na

mag-uli ay pinaniniwalaan ng marami sa mga nakikinig noon sa
[271] pangangaral ni Kristo. Talos ng Tagapagligtas ang kanilang mga kuru-kuro, at binalangkas Niya ang Kanyang talinhaga upang maikintal at maitanim ang mahalagang katotohanan sa pamamagitan ng mga paunang-hakang ito. Iniharap Niya sa mga nakikinig sa Kanya ang isang salaming doo'y makikita nila ang kanilang mga sarili sa tunay nilang pagkakaugnay sa Diyos. Ginamit Niya ang namamayaning paniniwala upang maihatid ang kuru-kurong nais Niyang mapalitaw sa lahat,—na walang taong pinahahalagahan nang dahil sa kanyang mga tinatangkilik; sapagka't lahat ng nasa kanya ay ipinahihiram lamang sa kanya ng Panginoon. Ang maling paggamit ng mga kaloob na ito ay maglalagay sa kanya sa kalagayang mababa pa kaysa pinakadukha at pinakanapipighating tao na umiibig sa Diyos at nagtitiwala sa Kanya.

Ibig ni Kristong maunawaan ng mga nakikinig sa Kanya na hindi matatamo ng mga tao ang kaligtasan ng kaluluwa pagkatapos na sila'y mamatay. "Anak," inilalarawan si Abraham na parang sumasagot, "alalahanin mo na ikaw ay tumanggap ng iyong mabubuting bagay sa iyong pamumuhay, at si Lazaro sa gayunding paraan ay masasamang bagay; datapwa't ngayon ay inaaliw siya rito, at ikaw ay nasa kahirapan. At bukod sa lahat ng ito, ay may isang malaking banging nakalagay sa pagitan namin at ninyo; upang ang mga mag-ibig tumawid buhat dini hanggang sa inyo ay hindi maaari; at gayundin walang makatawid mula riyan hanggang sa amin." Sa ganitong paraan inilarawan ni Kristo ang kawalang-pag-asa ng pagasam o maghintay ng ikalawang panahon ng pagsubok. Ang buhay na ito ay siya lamang panahong ibinigay sa tao upang ipaghanda niya para sa walang-hanggan.

Nanatili sa isip ng taong mayaman ang palagay o paniniwala na
[272] siya ay isang anak ni Abraham, at kaya nga sa kanyang paghihirap ay inilalarawan siya na tumatawag kay Abraham upang humingi ng tulong. "Amang Abraham," dalangin niya, "maawa ka sa akin." Hindi siya nanalangin sa Diyos, kundi kay Abraham. Sa gayo'y ipinakilala niyang nakatataas si Abraham sa Diyos, at iniasa niya ang kanyang kaligtasan sa pagkakaugnay niya kay Abraham. Ang magnanakaw na nakabayubay sa krus ay kay Kristo nagpailanlang ng kanyang panalangin. "Alalahanin Mo ako pagdating Mo sa Iyong

kaharian,"[1] wika nito. At kapagdaka'y dumating ang tugon, Katotohanang sinasabi Ko sa iyo ngayon (habang Ako'y nakabayubay sa krus na nagpapakumbaba at naghihirap), ikaw ay makakasama Ko sa Paraiso. Datapwa't ang taong mayaman ay nanalangin kay Abraham, at hindi pinagbigyan ang kanyang kahilingan. Si Kristo lamang ang ibinubunying "Prinsipe at Tagapagligtas, upang magbigay ng pagsisisi sa Israel, at kapatawaran ng mga kasalanan." "Sa kaninumang iba ay walang kaligtasan."[2]

Ginugol ng taong mayaman ang buo niyang buhay sa pagbibigay-lugod sa sarili, at napakahuli na nang makita niyang wala siyang nagawang anumang paghahanda para sa walang-hanggan. Napaglimi niya ang kanyang kamangmangan, at naiisip niya ang kanyang mga kapatid, na magpapatuloy sa paraan ng pamumuhay na gaya ng kanyang ginawa, na nagbibigay-lugod sa kanilang mga sarili. Kaya nga gumawa siya ng kahilingan, 'Ipinamamanhik ko nga sa iyo, ama, na suguin mo siya [si Lazaro] sa bahay ng aking ama; sapagka't ako'y may limang kapatid na lalaki; upang sa kanila'y patotohanan niya, baka pati sila'y mangaparito sa dakong ito ng pagdurusa." Subali't "sinabi ni Abraham sa kanya, Nasa kanila si Moises at ang mga propeta; bayaan mong sila'y pakinggan nila. At sinabi niya, Hindi, amang Abraham; datapwa't kung ang isang mula sa mga patay ay makaparoon sa kanila, sila'y mangagsisisi. At sinabi niya sa kanya,
Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin [273]
mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay."

Nang humingi ang taong mayaman ng dagdag na katunayan para sa kanyang mga kapatid, maliwanag na sinabi sa kanya na kahit na makita ng kanyang mga kapatid ang katunayang ito, ay hindi rin sila mahihikayat. Ang kanyang kahilingan ay may bahid ng paninisi sa Diyos. Para bagang ang mayaman ay nagsasabing, Kung lubusan mo pa akong binabalaan o pinaalalahanan, ay hindi ako mapapapunta rito ngayon. Sa sagot ni Abraham sa kahilingang ito ay inilalarawan siya na parang nagsasabing, Nababalaan nang sapat ang iyong mga kapatid. Ibinigay sa kanila ang liwanag, nguni't ayaw nila iyong tingnan; ipinakilala sa kanila ang katotohanan, nguni't ayaw nilang pakinggan.

[1] Gawa 5:31; 4:12

[2] Gawa 5:31; 4:12.

"Kung di nila pinakikinggan si Moises at ang mga propeta, ay di rin mangahihikayat sila, kahit ang isa'y magbangon sa mga patay." Ang mga pangungusap na ito ay napatunayang totoo sa kasaysayan ng bansang Hudyo. Ang huli at pinakapamutong na kababalaghang ginawa ni Kristo ay ang pagbuhay kay Lazaro na tagaBetania, pagkaraan ng apat na araw na siya'y mamatay. Ibinigay sa mga Hudyo ang kahanga-hangang katunayang ito ng pagka-Diyos ng Tagapagligtas, nguni't tinanggihan nila ito. Nagbangon si Lazaro mula sa mga patay, at nagpatotoo sa harap nila, subali't pinapagmatigas nila ang kanilang mga puso sa lahat ng katunayan, at pinag-isipan pa nga nilang siya'y patayin.[1]

Ang kautusan at ang mga propeta ay mga hinirang ng Diyos na mga kasangkapan para sa pagliligtas ng mga tao. Sinabi ni Kristo, Bayaan ninyong pansinin nila ang mga katunayang ito. Kung hindi sila nakikinig sa tinig ng Diyos na nasa Kanyang salita, ang patotoo ng isang saksing nagbangon mula sa mga patay ay hindi rin nila papansinin.

[274] Yaong mga nakikinig kay Moises at sa mga propeta ay hindi hihingan ng higit na malaking liwanag kaysa ibinigay ng Diyos; subali't kung tinatanggihan ng mga tao ang liwanag, at hindi pinahahalagahan ang mga pagkakataong ibinibigay sa kanila, ay hindi rin sila makikinig kahit na ang isang buhat sa mga patay ay dumating sa kanila na may taglay na pabalita. Hindi rin sila mahihikayat ng katunayang ito; sapagka't lahat ng mga tumatanggi sa kautusan at sa mga propeta ay pinapagmamatigas nang gayon na lamang ang kanilang mga puso na anupa't tatanggihan nila ang lahat ng liwanag.

Ang pag-uusap ni Abraham at ng taong mayaman ay masagisag. Ang aral na makukuha roon ay yaong ang bawa't tao ay binibigyan ng sapat na liwanag sa ikatutupad ng mga tungkuling hinihingi sa kanya. Ang mga kapanagutan ng tao ay kasukat ng kanyang mga pagkakataon at mga karapatan. Nagbibigay ang Diyos sa bawa't isa ng sapat na liwanag at biyaya upang magampanan ang gawaing ipinagkaloob Niya rito. Kung hindi magawa ng tao yaong ayon sa ipinakikilala ng maliit na liwanag ay siya niyang tungkulin, ang lalong malaking liwanag ay maghahayag lamang ng di-pagtatapat, at ng pagpapabayang paunlarin ang mga pagpapalang ipinagkaloob.

[1] Juan 12:9-11.

"Ang mapagtapat sa kakaunti ay mapagtapat din naman sa marami; at ang di-matwid sa kakaunti ay di rin naman matwid sa marami."[1] Ang mga nagsisitanggi sa ibinibigay na liwanag ni Moises at ng mga propeta, at humihiling pang sila'y pagpakitaan ng ilang kagila-gilalas na kababalaghan, ay hindi rin mahihikayat pagbigyan man ang kanilang nais o hinihiling.

Ipinakikilala ng talinhaga tungkol sa taong mayaman at kay Lazaro kung paano pinagtitimbang-timbang sa di-nakikitang sanlibutan ang dalawang uri ng mga tao na kinakatawanan ng mga taong ito. Hindi kasalanan ang maging mayaman, kung ang kayamanan ay natamo sa matwid na paraan. Hindi hinahatulan ang mayaman sa [275] pagkakaroon niya ng mga kayamanan; subali't nakababaw sa kanya ang hatol kung ang salaping ipinagkatiwala sa kanya ay ginugugol sa kasakiman o sariling kalayawan. Higit pang mabuting ilagay niya ang kanyang salapi sa tabi ng luklukan ng Diyos, sa pamamagitan ng paggamit nito sa paggawa ng mabuti. Hindi mapagdaralita ng kamatayan ang sinumang taong sa ganitong paraan ay itinatalaga ang kanyang sarili sa paghahanap ng mga walang-hanggang kayamanan. Subali't ang taong nagtatago ng kanyang salapi o kayamanan para sa kanyang sarili ay hindi makapagdadala ng anumang bahagi nito sa langit. Ipinakilala niyang ang kanyang sarili ay isang di-tapat na katiwala. Sa buong buhay niya'y nagtamasa siya ng mabubuting bagay, nguni't kinalimutan niya ang kanyang tungkulin sa Diyos. Hindi siya nakapag-impok ng kayamanan sa langit.

Ang taong mayaman na may gayon na lamang karaming mga karapatan ay inilalarawan sa atin bilang isa na dapat sana'y nagpayabong ng kanyang mga kaloob, upang ang kanyang mga gawa ay nakaabot sana hanggang sa kabilang buhay, na taglay-taglay ang mga pinagbuting mga espirituwal na kapakinabangan. Ang layunin ng pagtubos, ay hindi lamang upang pawiin ang kasalanan, kundi isauli din naman sa tao ang mga espirituwal na kaloob na nawala dahil sa nagpapaliit na kapangyarihan ng kasalanan. Ang salapi ay hindi madadala hanggang sa kabilang buhay; hindi ito kailangan doon; nguni't ang mabubuting gawang ginawa sa paghikayat ng mga kaluluwa kay Kristo ay nadadala hanggang sa mga korte sa langit. Datapwa't ang mga kasakimang gumugugol ng mga kaloob

[1] Lu. 16:19.

ng Panginoon para sa kanilang mga sarili, na hindi tinutulungan ang nangangailangan nilang mga kapwa-kinapal, at walang ginawang anuman upang mapasulong ang gawain ng Diyos sa sanlibutan, ay
[276] di-nagpaparangal sa Maygawa sa ka- nila. Ang isinusulat sa tapat ng kanilang mga pangalan sa mga aklat sa langit ay ninanakawan ang Diyos.

Nagkaroon ang taong mayaman ng lahat nang makukuha ng salapi, gayunma'y hindi siya nagkaroon ng mga kayamanang ikinapanatili sanang matwid sa Diyos ng kanyang tala. Namuhay siya nang para bagang ang lahat ng tinatangkilik niya ay kanyang sarili. Pinabayaan niya ang tawag ng Diyos at ang mga hinihingi ng nagdurusang mahihirap. Subali't sa hinaba-haba ng panahon ay may dumarating na tawag na hindi niya maipagpapabaya. Sa pamamagitan ng isang kapangyarihang hindi niya mapag-aalinlanganan o malalabanan ay siya'y inuutusang lisanin ang mga pag-aaring hindi na ipinagkakatiwala sa kanya. Ang dating mayamang tao ay naging dukhang-dukha. Ang damit ng katwiran ni Kristo, na hinabi sa habihan ng langit, ay hinding-hindi maisusuot sa kanya. Siya na minsa'y nagsuot ng pinakamamahaling damit na kulay-ube, ng pinakamainam na lino, ay nahubaran. Natapos na ang panahon ng pagsubok sa kanya. Wala siyang nadalang anuman sa sanlibutan, at wala rin siyang makukuhang anuman mula roon.

Hinawi ni Kristo ang tabing, at iniharap ang larawang ito sa mga saserdote at mga pinuno, sa mga eskriba at mga Pariseo. Pagmasdan ninyo ito, kayong mga mayayaman sa mga bagay ng sanlibutang ito, at hindi naman mayaman sa Diyos. Hindi ba ninyo bubulay-bulayin ang larawang ito? Yaong bagay na lubhang mahalaga sa mga tao ay kasuklam-suklam naman sa paningin ng Diyos. Nagtatanong si Kristo, "Ano ang mapapakinabang ng tao, kung makamtan man niya ang buong sanlibutan, at mapapahamak naman ang kanyang buhay?
[277] o anong ibibigay ng tao na katumbas sa kanyang buhay?"[1]

## Ikinakapit sa Bansang Hudyo

Nang sabihin ni Kristo ang talinhaga tungkol sa taong mayaman at kay Lazaro, ay marami sa mga Hudyo ang nasa kahabag-habag na kalagayan ng taong mayaman, na ginagamit ang mga pag-aari

[1] Mar. 8:36, 37.

ng Panginoon para sa pagbibigay-kasiyahan sa sarili, at inihahanda ang kanilang mga sarili sa pagdinig sa hatol na, "Ikaw ay tinimbang sa timbangan, at ikaw ay nasumpungang kulang."[1] Ang taong mayaman ay biniyayaan ng lahat ng pagpapalang temporal at espirituwal, subali't hindi siya nakipagtulungan sa Diyos sa paggamit ng mga pagpapalang ito. Ganyan din ang bansang Hudyo. Ginawa ng Panginoon ang mga Hudyo na mga lagakan ng banal na katotohanan. Hinirang Niya sila na mga katiwala ng Kanyang biyaya. Ibinigay Niya sa kanila ang lahat ng kalamangang espirituwal at temporal, at tinawagan Niya sila upang ipamahagi ang mga pagpapalang ito. Binigyan Niya sila ng tanging tagubilin tungkol sa gagawin nilang pakikitungo sa mga kapatid nilang nahulog sa kabulukan, sa mga tagaibang-lupang nasa loob ng kanilang mga pintuang-daan, at sa mga dukhang nasa gitna nila. Hindi nila sisikaping makinabang sa lahat ng bagay para sa sarili nilang kabutihan lamang, kundi aalalahanin din naman nila ang mga nangangailangan, at babahaginan nila ang mga ito. At ipinangako naman ng Diyos na sila'y pagpapalain ayon sa kanilang mga gawa ng pag-ibig at kaawaan. Subali't katulad ng taong mayaman, hindi sila tumulong sa ikagiginhawa ng mga taong naghihirap sa mga pangangailangan nilang ukol sa temporal at sa espirituwal. Palibhasa'y punung-puno ng kayabangan, itinuring nila ang kanilang mga sarili na mga pinili at itinanging bayan ng Diyos; nguni't hindi naman nila pinaglingkuran ni sinamba man ang Diyos. Umasa sila sa bagay na sila'y mga anak ni Abraham. "Kami'y binhi ni Abraham,"[2] buong kayabangang sabi nila. [278]
Nang dumating na ang krisis, nahayag na sila pala'y nagsihiwalay sa Diyos, at kay Abraham sila nagtiwala, na para bagang ito ang kanilang Diyos.

Pinanabikan ni Kristong pasilangin ang liwanag sa nadirimlang kaisipan ng mga Hudyo. Sinabi Niya sa kanila, "Kung kayo'y mga anak ni Abraham, ay gagawin ninyo ang mga gawa ni Abraham. Datapwa't ngayo'y pinagsisikapan ninyong Ako'y patayin, na taong sa inyo'y nagsaysay ng katotohanan, na Aking narinig sa Diyos. Ito'y hindi ginawa ni Abraham."[1]

[1] Dan. 5:27.
[2] Juan 8:33.
[1] Juan 8:39, 40.

Hindi kinilala ni Kristo ang halaga ng pagiging buhat sa iisang angkan. Iniaral Niya na ang kaugnayang espirituwal ay nakahihigit sa lahat ng katutubo o likas na pagkakaugnay. Ipinamamarali ng mga Hudyo na sila'y buhat sa lahi o angkan ni Abraham; subali't dahil sa hindi nila paggawa ng mga gawa ni Abraham, pinatunayan niyang sila'y hindi tunay na mga anak nito. Yaon lamang mga nagpatunay na sila'y kaisa ni Abraham sa bagay na ukol sa espiritu sa pamamagitan ng pagtalima sa tinig ng Diyos, ay ibinibilang na tunay na binhi ni Abraham. Bagama't ang pulubi'y kabilang sa mga abang hinahamak ng mga tao, ay kinilala siya ni Kristo bilang isa na kakaibiganing matalik ni Abraham.

Ang taong mayaman, bagama't napaliligiran ng lahat ng mga luho sa buhay, ay napakamangmang na anupa't pinag-ukulan niya si Abraham ng pagtinging sa Diyos niya dapat iukol. Kung pinahalagahan lamang niya ang kanyang matataas na karapatan, at kung pinahintulutan niya ang Espiritu ng Diyos na hubugin ang kanyang puso at pag-iisip, nagkaroon sana siya ng ganap na kakaibang kalagayan. Gayundin naman ang bansang kanyang kinakatawanan. Kung sila lamang ay tumugon sa panawagan ng Diyos, sana'y naging lubos na kaiba ang kanilang hinaharap o kinabukasan. Sana'y ipinakita nila ang tunay nilang espirituwal na pagkaunawa. Mayroon
[279] silang salapi na sana'y pinalago ng Diyos, at sana'y sapat upang pagpalain at liwanagan ang buong sanlibutan. Datapwa't lubha na silang humiwalay sa tuntunin ng Panginoon na anupa't sumama na ang buo nilang buhay. Hindi nila ginamit ang mga kaloob sa kanila bilang mga katiwala ng Diyos, ayon sa katotohanan at katwiran. Hindi nila isinaalang-alang ang tungkol sa walang-hanggan, at ang ibinunga ng hindi nila pagtatapat ay pagkapahamak ng buong bansa.

## Sa mga Huling Araw

Ang mga nagtatapos na tanawin sa kasaysayan ng lupang ito ay inilalarawan sa katapusan ng kasaysayan ng taong mayaman. Sinabi ng taong mayaman na siya'y anak ni Abraham, nguni't siya'y nahiwalay kay Abraham dahil sa isang di-madadaanang bangin,—isang likas na mali ang pagkakatubo. Naglingkod si Abraham sa Diyos, at sinunod ang salita Nito nang may pananampalataya at pagtalima. Nguni't ang taong mayaman ay di-nagpahalaga sa Diyos, at sa mga

pangangailangan ng naghihirap na sangkatauhan. Ang malaking banging nalagay sa pagitan niya at ni Abraham ay siyang bangin ng pagsuway. Marami ngayon ang gumagawa ng ganito ring hakbang. Bagama't sila'y mga kaanib ng iglesya, hindi naman sila hikayat. Maaaring sila'y nakikibahagi sa serbisyo ng iglesya, maaaring sila'y nakikiawit din ng awit na, "Kung paanong humihingal ang usa sa pagkauhaw sa tubig ng mga batis, gayon humihingal ang aking kaluluwa sa pagkasabik sa Iyo, Oh Diyos;"[1] subali't sila'y nagpapatotoo ng kasinungalingan. Hindi sila higit na banal sa paningin ng Diyos kaysa pinakamakasalanan. Ang kaluluwang nasasabik sa kasiyahang idinudulot ng kalayawan ng sanlibutan, at ang pag-iisip na puno ng pag-ibig sa pagkatanghal, ay hindi makapaglilingkod sa Diyos. Katulad ng taong mayaman sa talinhaga, ang ganitong tao ay walang hilig na makipagbaka laban sa pita ng laman. Hangad niyang [280]
magpairog sa panlasa. Pinipili niya ang nakapaligid na impluwensiya ng kasalanan. Siya'y biglang-biglang inaagaw ng kamatayan, at siya'y lumulusong sa libingan na taglay ang likas na nahubog sa buong buhay niyang pakikisama sa mga kinakasangkapan ni Satanas. Sa libingan ay wala siyang kapangyarihan upang pumili ng anumang bagay, maging ito'y mabuti o masama; sapagka't sa araw na mamatay ang tao, ay napaparam ang kanyang mga pagiisip.[1]

Kapag ginigising na ang mga patay ng tinig ng Diyos, siya'y lalabas sa libingan na taglay din ang gayunding mga damdamin, ang gayunding magugustuhan at di-nagugustuhan, na pinakamimithi niya sa kanyang loob nang siya'y nabubuhay pa. Hindi na gagawa ang Diyos ng anumang kababalaghan upang muling-likhain ang taong ayaw nang palikhang-muli nang siya'y bigyan ng lahat ng pagkakataon at ng lahat ng pasilidad. Sa buo niyang buhay ay hindi siya nalugod sa Diyos, ni nakasumpong man ng kasayahan sa paglilingkod sa Kanya. Ang likas niya ay hindi kaayon ng Diyos, at siya'y hindi maaaring maging masaya at maligava sa sambahayan sa langit.

Ngayo'y may isang uri ng mga tao sa ating sanlibutan na mga mapag-aring-matwid sa sarili. Sila'y hindi matatakaw, hindi manginginom, hindi mga impidel; subali't ibig nilang mabuhay para sa

[1] Awit 42:1.

[1] Awit 146:4; Ec. 9:5, 6.

kanilang mga sarili, hindi para sa Diyos. Siya'y wala sa kanilang mga pagiisip; kaya nga sila'y ibinibilang na mga kauri ng mga di-sumasampalataya. Kung makakapasok lamang sila sa mga pintuan ng siyudad ng Diyos, ay hindi sila magkakaroon ng karapatan sa punungkahoy ng buhay; sapagka't nang ang mga utos ng Diyos ay ilahad sa harapan nila, na kasama ang lahat ng inaangkin ng mga ito, ay sinabi nilang, Hindi. Hindi sila nagsipaglingkod sa Diyos dito; kava nga hindi sila magsisipaglingkod sa kabilang buhay. Hindi sila
[281] mabubuhay sa harapan Niya, at ma- darama nilang higit na iibigin nila ang ibang lugar kaysa langit.

Ang mag-aral tungkol kay Kristo ay nangangahulugang pagtanggap ng Kanyang biyaya, na siya Niyang likas. Datapwa't yaong mga hindi nagpapahalaga at hindi ginagamit ang mahahalagang pagkakataon at ang mga banal na impluwensiyang ipinagkaloob sa kanila sa lupa, ay hindi karapat-dapat makibahagi sa dalisay na pag-ibig sa langit. Ang mga likas nila ay hindi nahuhugis ayon sa wangis ng Diyos. Dahil sa sarili nilang pagpapabaya ay nakagawa sila ng isang banging hindi matutulayan ng anuman. Sa pagitan nila
[282] at ng mga banal ay may nakalagay na isang malaking bangin.

## Kapitulo 22—Hindi ang Iyong Sinasabi

ISANG TAO ay may dalawang anak; at lumapit siya sa una, at sinabi, Anak, pumaroon ka at gumawa ngayon sa aking ubasan. Siya'y sumagot at nagsabi, Ayaw ko; datapwa't nagsisi siya pagkatapos, at naparoon. At siya'y lumapit sa ikalawa, at gayundin ang sinabi. At sumagot siya at sinabi, Ginoo, ako'y paroroon; at hindi naparoon. Alin baga sa dalawa ang gumanap ng kalooban ng kanyang ama? Sinabi nila sa kanya, Ang una."

Sa sermon sa bundok ay sinabi ni Kristo, "Hindi ang bawa't nagsasabi sa Akin, Panginoon, Panginoon, ay papasok sa kaharian ng langit; kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit."[1] Ang subukan ng katapatan ay hindi sa mga salita, kundi nasa mga gawa. Sa sinumang tao ay hindi sinasabi ni Kristo, Ano ang sinasabi ninyo na higit kaysa mga iba? kundi, "Ano ang ginagawa ninyo na higit kaysa mga iba?"[2] Punungpuno ng kahulugan ang sinabi Niyang, "Kung nalalaman ninyo ang mga bagay na ito, kavo ay mapapalad kung inyong mga gawin."[3] Ang mga salita ay walang halaga malibang sinasamahan ng naaangkop na mga gawa. Ito ang aral na itinuturo sa talinhaga tungkol sa dalawang anak na lalaki.

Sinalita ang talinhagang ito noong huling dumalaw si Kristo sa Jerusalem bago Siya namatay. Ipinagtabu- yan Niya ang mga [283]
bumibili at mga nagbibili sa templo. Nagsalita ang tinig Niya sa kanilang mga puso na taglay ang kapangyarihan ng Diyos. Gilalas at takot, tinalima nila ang Kanyang utos nang walang pagdadahilan o paglaban.

Nang humupa na ang pagkatakot nila, nagbalik sa templo ang mga saserdote at mga matatanda, at nasumpungan nila si Kristo na nagpapagaling ng mga maysakit at ng mga naghihingalo. Napakinggan nila ang tinig na nagsasaya at ang awit na nagpupuri. Sa templo mismo ay naroon ang mga batang pinagaling at nagsisipagwasiwas

[1] Mat. 7:21.
[2] Mat. 5:47.
[3] Juan 13.17.

ng mga sanga ng palma at nagsisiawit ng mga hosana sa Anak ni David. Ang mga tinig ng mga bata ay umuusal ng papuri sa makapangyarihang Tagapagpagaling. Nguni't sa mga saserdote at mga matatanda ay hindi naging sapat ang lahat nang ito upang mawala ang kanilang masamang pagkakilala at pagkainggit.

Kinabukasan, nang nagtuturo si Kristo sa templo, lumapit sa Kanya ang mga punong saserdote at mga matatanda sa bayan at nagwika, "Sa anong kapamahalaan ginagawa Mo ang mga bagay na ito? at sino ang sa Iyo'y nagbigay ng kapamahalaang ito?"

Nasaksihan na ng mga saserdote at mga matatanda ang di-mapagkakamaliang katunayan ng kapangyarihan ni Kristo. Noong linisin Niya ang templo ay nakita nilang kumislap at nagliwanag sa Kanyang mukha ang kapangyarihan o pamahalaan ng Langit. Hindi nila nalabanan ang kapangyarihang sa pamamagitan niyon Siya nagsalita. Sa Kanyang kamangha-manghang mga gawang pagpapagaling ay muli na namang sinagot Niya ang kanilang pagtatanong. Nagbigay na Siya ng katunayan ng Kanyang kapangyarihan na hindi mapasisinungalingan o hindi maitatatwa. Nguni't hindi katunayan ang ibig nila. Hinihintay-hintay ng mga saserdote at mga matatanda
[284] na itanyag ni Jesus ang Kanyang sarili na Mesiyas, upang mabaluktot nila ang Kanyang mga salita at maudyukan ang mga tao laban sa Kanya. Nais nilang sirain ang Kanyang impluwensiya at Siya'y maipapatay.

Batid ni Jesus na kung hindi nila makikilala ang Diyos sa Kanya, o kung hindi nila makikita sa Kanyang mga gawa ang katunayan ng Kanyang likas na pagka-Diyos, ay hindi nila" paniniwalaan ang sarili Niyang patotoo na Siya ang Kristo. Sa Kanyang sagot ay iniwasan Niya ang bagay na siya nilang inaasahang mapalabas, at sa gayo'y naibaling sa kanila ang hatol.

"Tatanungin Ko rin naman kayo ng isang bagay," sabi Niya, "na kung inyong sasabihin sa Akin, ay sasabihin Ko naman sa inyo kung sa anong kapamahalaan ginagawa Ko ang mga bagay na ito. Ang bautismo ni Juan, saan baga nagmula? sa langit, o sa mga tao?"

Nagulumihanan ang mga saserdote at mga pinuno. "Kanilang pinagkatwiranan sa kanilang sarili, na nangagsasabi, Kung sabihin natin, Sa langit, sasabihin Niya sa atin, Bakit nga hindi ninyo siya pinaniwalaan? Datapwa't kung sasabihin natin, Sa mga tao, nangatatakot tayo sa karamihan; sapagka't kinikilala ng lahat na

propeta si Juan. At sila'y nagsisagot kay Jesus, at sinabi, Hindi namin nalalaman. At Kanyang sinabi naman sa kanila, Hindi Ko rin naman sasabihin sa inyo kung sa anong kapamahalaan ginagawa Ko ang mga bagay na ito."

"Hindi namin nalalaman." Ang sagot na ito ay kasinungalingan. Nguni't nakita ng mga saserdote na nasa gipit na kalagayan sila, kaya nga sila'y nagsinungaling upang pagtakpan ang kanilang sarili. Dumating si Juan Bautista na nagpapatotoo tungkol sa Isa na ang kapangyarihan o kapamahalaan ay kanila ngayong pinag-aalinlanganan. Itinuro nito Siya, na sinasabi, "Narito ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng kasalanan ng sanlibutan."[1] Bininyagan Siya nito, at pagkabinyag, nang si Kristo'y nananalangin, ay nabuksan ang mga langit, at ang Espiritu ng Diyos na tulad sa isang kalapati ay [285]
lumapag sa Kanya, samantala'y isang tinig naman buhat sa langit ang narinig na nagsasabi, "Ito ang sinisinta Kong Anak, na Siya Kong lubos na kinalulugdan."[1]

Palibhasa'y naaalaala nila kung paano inulit-ulit ni Juan ang mga hula tungkol sa Mesiyas, at palibhasa'y natatandaan pa nila ang tagpong naganap nang binyagan si Jesus, hindi nga nakapangahas ang mga saserdote at mga pinuno na magsabing ang bautismo ni Juan ay nagmula sa langit. Kung kikilalanin nilang si Juan ay isang propeta, gaya nga ng paniniwala nila, ay paano nila maitatatwa ang patotoo niya na si Jesus na tagaNazareth ay siyang Anak ng Diyos? At hindi naman nila masabing ang bautismo ni Juan ay nagmula sa mga tao, dahil sa mga tao o sa bayan, na naniniwalang si Juan ay isa ngang propeta. Kaya nga sinabi nilang, "Hindi namin nalalaman."

Nang magkagayo'y nagbigay si Kristo ng talinhaga tungkol sa ama at sa dalawang anak. Nang paroonan ng ama ang unang anak, na sinasabi, "Pumaroon ka at gumawa ngayon sa aking ubasan," ay agad sumagot ang anak, "Ayaw ko." Tumanggi itong tumalima, at nagpakalulong sa masasamang lakad at masasamang kasama. Nguni't nang dakong huli'y nagsisi, at tinalima ang panawagan.

Ang ama ay pumaroon sa ikalawang anak na may gayunding utos, "Pumaroon ka at gumawa ngayon sa aking ubasan." Sumagot ang anak na ito, "Ako'y paroroon," nguni't hindi ito nagpunta.

---

[1] Juan 1:29.
[1] Mat. 3:17.

Sa talinhagang ito ay kinakatawan ng ama ang Diyos, ang ubasan ay ang iglesya. Ang kinakatawanan naman ng dalawang anak ay dalawang uri ng mga tao. Ang anak na tumangging sumunod sa utos, na nagsasabing, "Ayaw ko," ay kumakatawan sa mga taong hayagang namumuhay sa gawang pagsalansang, na hindi gumagawa
[286] ng anumang pagpapanggap ng kabanalan, at hayagang tu- matangging pailalim sa pamatok ng pagsansala at pagtalima na ipinapataw ng kautusan ng Diyos. Datapwa't marami sa mga ito ang nang dakong huli ay nagsipagsisi, at tumalima sa tawag ng Diyos. Nang dumating sa kanila ang pabalita ni Juan Bautista na, "Mangagsisi kayo; sapagka't malapit na ang kaharian ng langit,"[1] ay nagsipagsisi sila, at nagsipagpahayag ng kanilang mga kasalanan.

Sa anak na nagsabing, "Ako'y paroroon," at hindi naman nagpunta, ay inihayag ang likas ng mga Pariseo. Tulad ng anak na ito, ang mga pinunong Hudyo ay hindi nagsisisi at mga palalo. Ang kabuhayang relihiyoso ng bansang Hudyo ay naging isang pagkukunwari. Nang ang kautusan ay itanyag sa Bundok ng Sinai ng tinig ng Diyos, lahat ng mga tao ay nangakong magsisitalima. Sinabi nila, "Ako'y paroroon," nguni't hindi naman sila nagpunta. Nang dumating si Kristo at ilahad sa harap nila ang mga simulain ng kautusan, ay itinakwil nila Siya. Binigyan ni Kristo ang mga pinunong Hudyo ng saganang katibayan ng Kanyang kapamahalaan at banal na kapangyarihan, nguni't kahit na sila'y kumbinsido na, ay ayaw pa rin nilang tanggapin ang katibayan. Ipinakilala sa kanila ni Kristo na patuloy sila sa di-paniniwala dahil sa wala sa kanila ang espiritung aakay sa kanila sa pagtalima. Sinabi Niya sa kanila, "Niwalan ninyong kabuluhan ang utos ng Diyos dahil sa inyong sali't saling sabi. . . . Walang kabuluhan ang pagsamba nila sa Akin, na nagtuturo ng kanilang pinakaaral ang mga utos ng mga tao."[2]

Kasama sa pulutong na nasa harapan ni Kristo ay ang mga eskriba at mga Pariseo, mga saserdote at mga pinuno, at pagkatapos Niyang maibigay ang talinhaga tungkol sa dalawang anak, ay tinanong ni Kristo ang mga nakikinig sa Kanya, "Alin baga sa dalawa ang gumanap ng kalooban ng kanyang ama?" Sa pagkalibang
[287] ng kanilang mga sarili, ay nagsisagot ang mga Pariseo, "Ang una."

[1] Mat. 3:2.
[2] Mat. 15:6, 9.

Sinabi nila ito nang hindi namamalayang naggagawad sila ng hatol sa kanila na ring mga sarili. Nang magkagayo'y namutawi sa mga labi ni Kristo ang tuligsa, "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Na ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay nangauuna sa inyo ng pagpasok sa kaharian ng Diyos. Sapagka't naparito si Juan sa inyo sa daan ng katwiran, at hindi ninyo siya pinaniwalaan; datapwa't pinaniwalaan siya ng mga maniningil ng buwis at ng mga patutot: at kayo, sa pagkakita ninyo nito, ay hindi man kayo nangagsisi pagkatapos, upang kayo'y magsipaniwala sa kanya."

Dumating si Juan Bautista na nangangaral ng katotohanan, at sa pamamagitan ng kanyang pangangaral ay nangasumbatan at nangahikayat ang mga makasalanan. Ang mga ito ay mangauuna sa kaharian ng langit kaysa mga taong dahil sa pagbabanal-banalan ay nilabanan ang banal na babala. Ang mga maniningil ng buwis at ang mga patutot ay mga mangmang, subali't ang mga nagsipag-aral at marurunong na mga taong ito ay nakaaalam ng daan ng katotohanan. Gayunma'y tumanggi silang magsilakad sa landas na maghahantong sa kanila sa Paraiso ng Diyos. Ang katotohanan na dapat sanang sa kanila'y naging isang samyo ng buhay sa ikabubuhay ay naging samyo ng kamatayan sa ikamamatay. Ang mga hayag na gumagawa ng kasalanan na nasuklam sa kanilang mga sarili ay tumanggap ng bautismo sa mga kamay ni Juan; nguni't ang mga gurong ito naman ay pawang mga mapagpaimbabaw. Ang katigasan ng kanilang sariling mga puso ang nakasasagabal sa pagtanggap nila ng katotohanan. Nilabanan nila ang sumbat ng Espiritu ng Diyos. Tumanggi silang magsitalima sa mga utos ng Diyos.

Hindi sinabi ni Kristo sa kanila, Hindi kayo mangakapapasok sa kaharian ng langit; kundi ipinakilala Niya na ang sagabal na nakahahadlang sa kanila upang makapasok doon ay sila na rin ang may kagagawan. Na- kabukas pa rin ang pintuan para sa mga [288]
pinunong Hudyong ito; patuloy pa ring ibinibigay sa kanila ang paanyaya. Ang hangad ni Kristo'y makita sana silang nasumbatan at nahikayat.

Sinabi ni Kristong si Juan Bautista ay isa sa mga pinakadakilang propeta, at ipinakilala Niya sa mga nakikinig sa Kanya na nagkaroon na sila ng sapat na katibayan na si Juan ay isang tagapagbalitang buhat sa Diyos. Ang mga pagsasalita ng mangangaral sa ilang ay may taglay na kapangyarihan. Buo ang loob na dinala niya ang

kanyang pabalita, na sinusuwatan ang mga pagkakasala ng mga saserdote at mga pinuno, at ipinagagawa sa kanila ang mga gawain sa kaharian ng langit. Dinaliri niya sa kanila ang makasalanan niyang pagpapawalang-halaga sa kapangyarihan ng kanilang Ama, sa pagtangging ganapin ang gawaing itinakda sa kanila. Hindi siya gumawa ng anumang pakikipagkasundo sa kasalanan, at marami ang napatalikod niya sa kanilang kalikuan.

Kung naging tunay lamang ang pagpapanggap ng mga pinunong Hudyo, sana'y tinanggap nila ang patotoo ni Juan, at tinanggap din sana nila si Jesus bilang Mesiyas. Nguni't hindi nakita sa kanila ang mga bunga ng pagsisisi at katwiran. Ang mga hinahamak nila ay siyang nangauuna sa kanila sa pagpasok sa kaharian ng Diyos.

Sa talinhaga ang anak na nagsabing, "Ako'y paroroon," ay inilarawan ang kanyang sarili na tapat at masunurin; nguni't pinatunayan ng panahon na hindi totoo ang kanyang pagpapanggap. Hindi tunay ang pagibig niya sa kanyang ama. Ganyan ipinagyabang ng mga Pariseo ang kanilang kabanalan, subali't nang subukin, nasumpungan itong kulang. Kapag sa ikabubuti nila ang paggawa nang gayon, napakahigpit nila sa pagpapatupad ng mga hinihingi ng kautusan; subali't kapag sila na ang hinihinging sumunod o tu-
[289] malima, sa pamamagitan ng tusong pangangatwiran ay iniiwasan nila ang kapangyarihan ng mga utos ng Diyos. Tungkol sa kanila ay ganito ang sinabi ni Kristo, "Huwag kayong magsigawa nang alinsunod sa kanilang mga gawa; sapagka't kanilang sinasabi at hindi naman ginagawa."[1] Wala silang tunay na pag-ibig sa Diyos o sa tao. Tinawag sila ng Diyos upang maging kamanggagawa Niya sa pagpapala sa sanlibutan; nguni't bagaman nagpapanggap na tinanggap nila ang panawagan, hindi naman nakikita sa kanilang gawa ang pagtalima. Nagtiwala sila sa kanilang sarili, at ipinaghambog nila ang kanilang kabutihan; nguni't nilalabanan naman nila ang mga utos ng Diyos. Tumanggi silang ganapin ang gawaing itinakda sa kanila ng Diyos, at dahil sa kanilang pagsalansang ay malapit nang makipaghiwalay ang Panginoon sa bansang masuwayin.

Ang pag-aaring-matwid sa sarili ay hindi tunay na katwiran, at ang mga nanghahawak dito ay tatanggap ng mga ibubunga ng panghahawak sa nakamamatay na pagkadaya. Marami ngayon ang nag-

[1] Mat. 23:3.

papanggap na tumatalima sa mga utos ng Diyos, nguni't wala naman ang pag-ibig ng Diyos sa kanilang mga puso upang makadaloy sa iba. Tinatawagan sila ni Kristo na makipagkaisa sa Kanya sa gawain ng pagliligtas sa sanlibutan, nguni't nasisiyahan na lamang sila sa pagsasabing, "Ako'y paroroon." Nguni't hindi naman naparoroon. Hindi sila nakikipagtulungan sa mga gumagawa ng paglilingkod sa Diyos. Sila'y mga tamad. Tulad ng di-tapat na anak, gumagawa sila ng mga bulaang pangangako sa Diyos. Sa pagtanggap nila ng solemneng tipan o pangako ng iglesya ay nangangako naman sila na tatanggapin at tatalimahin ang salita ng Diyos, na ibibigay ang kanilang mga sarili sa paglilingkod sa Diyos, subali't hindi naman nila ito ginagawa. Sa kanilang pagpapanggap ay sinasabi nilang sila'y mga anak ng Diyos, subali't sa buhay at likas nila ay kanilang itinatatwa o itinatanggi ang pagkakaugnay nilang ito sa Diyos. Hindi [290]
nila ipinasasakop ang kanilang kalooban sa Diyos. Nabubuhay sila sa kasinungalingan.

Ang pangakong pagtalima ay waring handa nilang tuparin kapag walang nasasangkot na anumang pagsasakripisyo; subali't kapag sila'y hinihilingang magkait at magpakasakit sa sarili, kapag nakikita nila ang krus na dapat itaas, ay sila'y nagsisiurong. Sa ganitong paraan nawawala ang sumbat ng tungkulin at nagiging ugali na ang hayag na pagsalansang sa mga utos ng Diyos. Maaaring naririnig ng tainga ang salita ng Diyos, subali't nawala na ang mga kapangyarihan sa espirituwal na pag-unawa. Tumitigas ang puso, at nagiging manhid ang budhi.

Huwag ninyong akalain na sapagka't hindi kayo nagpapakita ng tiyak na paglaban kay Kristo ay napaglilingkuran ninyo Siya. Sa ganitong paraan dinadaya natin ang ating sariling mga kaluluwa. Sa pagkakait natin niyaong bagay na ipinagkaloob sa atin ng Diyos upang gamitin natin sa paglilingkod sa Kanya, maging ito'y panahon o salapi o anumang ibang mga kaloob na ipinagkatiwala Niya sa atin, ay gumagawa tayo laban sa Kanya.

Ginagamit ni Satanas ang nakakaunsiyami at nakakaantok na katamaran ng mga nagpapanggap na Kristiyano upang mapalakas ang kanyang mga puwersa at makakuha ng mga kaluluwa sa kanyang panig. Ang kaaway ay nabibigyan ng daang una nang makakuha ng lugar at makalamang, ng maraming nag-aakalang kahit na wala silang ginagawang aktuwal na gawain para kay Kristo, ay sila'y nasa

panig pa rin Niya. Dahil sa hindi sila nagiging masisikap na manggagawa ng Panginoon, at dahil sa iniiwan nilang di-nagagampanan ang kanilang mga tungkulin at di-nasasabi ang mga salitang dapat sabihin, ay napahintulutan nila si Satanas na magkaroon ng kontrol sa mga kaluluwang dapat sana'y nahikayat kay Kristo.

[291] Hindi tayo kailanman maliligtas sa pagtatamad-ta- maran at sa di-paggawa. Walang taong tunay na nahikayat na namumuhay ng isang kabuhayang walang-kaya at walang-saysay. Hindi mangyayaring tayo'y magpaanod na patungo sa langit. Walang tamad na papasok doon. Kung hindi tayo magsisikap na makapasok sa kaharian, kung hindi natin pagsusumigasigang maalaman kung ano ang bumubuo sa mga kautusan nito, ay hindi tayo karapat-dapat makabahagi niyon. Ang mga tumatangging makipagtulungan sa Diyos dito sa lupa, ay hindi rin makikipagtulungan sa Kanya doon sa langit. Hindi magiging ligtas na sila'y isama sa langit.

Higit pang may pag-asa ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan kaysa sa mga nakakaalam ng salita ng Diyos nguni't hindi naman ito tinatalima. Ang taong nakakakitang siya'y isang makasalanan, na walang ipantakip sa kanyang kasalanan, na nakababatid na kanyang pinasasama ang kanyang kaluluwa, katawan, at espiritu sa harap ng Diyos ay nababahala baka lubusan na siyang mahiwalay sa kaharian ng langit. Natatanto niya ang kalagayan niyang may sakit, at hinihingi niyang siya'y pagalingin ng dakilang Manggagamot na nagsabing, "Ang lumalapit sa Akin, sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy."[1] Ang mga kaluluwang ito ay magagamit ng Panginoon bilang mga manggagawa sa Kanyang ubasan.

Ang anak na tumangging tumalima sa utos ng kanyang ama sa loob ng isang panahon ay hindi hinatulan ni Kristo; ni hindi rin naman siya pinuri. Ang uri ng taong gumaganap ng bahagi ng unang anak na tumatangging sumunod ay hindi karapat-dapat papurihan sa panghahawak sa ganitong katayuan. Ang pagiging-matapat nila ay hindi dapat ituring na kabutihan. Kapag pinabanal ng katotohanan at kabanalan, gagawin nitong matatapang na mga saksi ni Kristo ang mga tao; subali't kapag ginamit ito ng makasalanan, ito'y dumuduhagi at lumalaban, at namiminto sa pamumusong. Ang
[292] pagiging hindi mapagpaimbabaw ng isang tao ay hindi si- ya gi-

[1] Juan 6:37.

nagawang hindi gasinong tunay na makasalanan. Kapag ang mga pakikiusap ng Banal na Espiritu ay dumarating sa puso, ang tangi nating kaligtasan o katiwasayan ay nakasalalay sa pagtugon dito karaka-raka. Kapag dumating ang panawagang, "Pumaroon ka at gumawa ngayon sa Aking ubasan," ay huwag ninyong tatanggihan ang paanyaya. "Ngayon kung marinig ninyo ang Kanyang tinig, huwag ninyong papagmatigasin ang inyong mga puso."[1] Mapanganib na patagal-tagalin ang pagsunod o pagtalima. Maaaring hindi na ninyo marinig kailanman ang anyaya.

At huwag sanang akalain ng kahit sino na ang mga kasalanang kinimkim-kimkim sa loob ng isang panahon ay karaka-raka nilang maiwawaksi balang araw. Hindi ito mangyayari. Bawa't kasalanang kinikimkim ay nagpapahina sa likas at pinagtitibay ang ugaling pagkakasala; at ang ibinubunga ay kasamaang ukol sa pangangatawan, sa kaisipan, at sa moral. Maaaring kayo'y magsisi sa kamaliang inyong ginawa, at itinalunton ninyo ang inyong mga paa sa matutuwid na landas; subali't ang hugis ng inyong pag-iisip at ang pagkabihasa ninyo sa kasamaan ay magpapahirap sa inyo na makilala ang tama at ang mali. Dahil sa mga maling kaugaliang nahugis, muli at muli kayong sasalakayin ni Satanas.

Sa utos na, "Pumaroon ka at gumawa ngayon sa Aking ubasan," ay inihahatid sa bawa't kaluluwa ang pansubok sa katapatan. Magkakaroon ba ng mga gawa at ng mga salita? Ang isa kayang matatawagan ay gagamit ng lahat niyang kaalaman o karunungan, at gagawang buong tapat, nang walang sariling pagmamalasakit, para sa May-ari ng ubasan?

Tinatagubilinan tayo ni Apostol Pedro tungkol sa panukalang kinasasaligan ng dapat nating gawin. "Biyaya at kapayapaan ang sa inyo'y dumami," wika niya, "sa pagkakilala sa Diyos, at kay Jesus na Panginoon natin, yamang pinagkaloob sa atin ng Kanyang banal [293]
na kapangyarihan ang lahat ng mga bagay na nauukol sa kabuhayan at sa kabanalan, sa pamamagitan ng pagkakilala sa Kanya na tumawag sa atin sa pamamagitan ng Kanyang sariling kaluwalhatian at kagalingan: na dahil dito ay ipinagkaloob Niya sa atin ng Kanyang mahahalaga at napakadakilang pangako; upang sa pamamagitan ng

[1] Heb. 4:7.

mga ito ay makabahagi kayo sa kabanalang mula sa Diyos, yamang nakatanan sa kabulukang nasa sanlibutan dahil sa masamang pita.

"At bukod dito, sa pagkaragdag sa ganang inyo ng buong sikap, ay ipamahagi ninyo sa inyong pananampalataya ang kagalingan; at sa kagalingan ay ang kaalaman; at sa kaalaman ay ang pagpipigil; at sa pagpipigil ay ang pagtitiis; at sa pagtitiis ay ang kabanalan; at sa kabanalan ay ang mabuting kalooban sa kapatid; at sa mabuting kalooban sa kapatid ay ang pag-ibig"[1]

Kung buong katapatan ninyong nililinang ang ubasan ng inyong kaluluwa, ginagawa kayo ng Diyos na isang manggagawang kasama Niya. At magkakaroon kayo ng gawaing gagawin ninyo hindi lamang para sa inyong sarili, kundi para sa iba rin naman. Sa paglalarawan sa iglesya bilang siyang ubasan, ay hindi itinuturo ni Kristo na sa sarili lamang nating bilang tayo makikiramay at magpapagal. Ang ubasan ng Panginoon ay kailangang palawakin. Nais Niyang ito ay mapaabot hanggang sa lahat ng mga dako ng lupa. Habang tayo'y tumatanggap ng turo at biyaya ng Diyos, dapat naman tayong magbahagi sa iba ng kaalaman kung paano aalagaan ang mahahalagang pananim. Sa ganitong paraan maaari nating mapalawak ang ubasan ng Panginoon. Nag-aabang ang Diyos ng katunayan ng ating pananampalataya, pag-ibig, at pagtitiis. Tinitingnan Niya kung ginagamit natin ang bawa't kalamangang espirituwal upang maging mga sanay na manggagawa tayo sa Kanyang ubasan sa lupa, upang
[294] tayo'y makapasok sa Para- iso ng Diyos, sa Edeng tahanang yaon na mula roon ay pinalayas sina Adan at Eba dahil sa pagsalansang.

Ang Diyos ay tumatayong isang ama sa Kanyang bayan, at bilang ama ay hinihingi Niya ang ating tapat na paglilingkod. Ating isaalang-alang ang buhay ni Kristo. Sa Kanyang pagkakatayo bilang pangulo ng sangkatauhan, na naglilingkod sa Kanyang Ama, Siya ay isang halimbawa ng kung dapat maging ano ang bawa't anak. Ang pagtalimang ipinakita ni Kristo ay siyang hinihingi ng Diyos sa mga taong kinapal ngayon. Pinaglingkuran Niya ang Kanyang Ama nang may pag-ibig, bukal sa loob at malaya. "Aking kinalulugurang sundin ang Iyong kalooban, Oh Diyos Ko," wika Niya, "oo, ang Iyong kautusan ay nasa loob ng Aking puso."[1] Si Kristo'y walang

[1] 2 Ped. 1:2-7.

[1] Awit 40:8.

itinuring na sakripisyong totoong malaki, walang pagpapagal na totoong mahirap, upang magampanan lamang ang gawaing pinarituhan Niya upang gawin. Sa gulang na labindalawa ay sinabi Niya, "Di baga talastas ninyo na dapat Akong maglumagak sa gawain ng Aking Ama?"[2] Narinig Niya ang panawagan, at isinabalikat Niya ang gawain. "Ang pagkain Ko," sabi Niya, "ay ang Aking gawin ang kalooban ng sa Akin ay nagsugo, at tapusin ang Kanyang gawain."[3]

Sa ganyan ding paraan dapat nating paglingkuran ang Diyos. Ang naglilingkod lamang ay ang gumagawa hanggang sa pinakamataas na pamantayan ng pagtalima. Lahat ng mga nagnanais na maging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos ay kailangang patunayan nila na sila'y mga kamanggagawa ng Diyos at ni Kristo at ng mga anghel sa langit. Ito ang subukan sa bawa't kaluluwa. Sa mga tapat na naglilingkod sa Kanya ay ganito ang sinasabi ng Panginoon, "Sila'y magiging Akin . . . sa araw na Aking gawin, samakatwid baga'y isang tanging kayamanan; at Akin silang kaaawaan, na gaya ng isang tao na naaawa sa kanyang anak na naglilingkod sa kanya."[4] [295]

Ang dakilang layunin ng Diyos sa ikagaganap ng Kanyang mga pamamatnubay ay upang subukin ang mga tao, upang bigyan sila ng pagkakataong makapagpabuti ng likas. Sa gayo'y napapatunayan Niya kung sila'y masunurin o masuwayin sa Kanyang mga utos. Hindi nabibili ng mabubuting gawa ang pag-ibig ng Diyos, nguni't inihahayag naman nito na tayo'y nag-aangkin ng pag-ibig na yaon. Kung ipinasasakop natin sa Diyos ang ating kalooban, ay hindi tayo gagawa upang makamtan ang pag-ibig ng Diyos. Ang pag-ibig Niya bilang isang walang-bayad na kaloob ay tatanggapin sa kaluluwa, at dahil sa pag-ibig natin sa Kanya ay ikalulugod nating sundin o talimahin ang Kanyang mga utos.

May dalawang uri lamang ng mga tao sa sanlibutan ngayon, at dalawang uri lamang ang kikilalanin sa Paghuhukom,—yaong mga nagsisilabag sa kautusan ng Diyos, at yaong mga nagsisitalima roon. Ibinibigay ni Kristo ang subukang sa pamamagitan niyaon mapatutunayan ang ating pagtatapat o di-pagtatapat. "Kung Ako'y inyong iniibig," wika Niya, "ay tutuparin ninyo ang Aking mga utos.

[2] Lu. 2:49.
[3] Juan 4:34.
[4] Mal. 3:17.

. . . Ang mayroon ng Aking mga utos, at tinutupad ang mga yaon, ay siyang umiibig sa Akin. At ang umiibig sa Akin ay iibigin ng Aking Ama, at siya'y iibigin Ko, at Ako'y magpapakahayag sa kanya. . . . Ang hindi umiibig sa Akin ay hindi tumutupad ng Aking mga salita: at ang salitang inyong naririnig ay hindi Akin, kundi sa Amang nagsugo sa Akin." "Kung tinutupad ninyo ang Aking mga utos, ay magsisipanahan kayo sa Aking pag-ibig; gaya ng Aking pagtupad sa
[296] mga utos ng Aking Ama, at Ako'y nananatili sa Kanyang pag-ibig."[1]

[1] Juan 14:15-24; 15:10.

# Kapitulo 23—Ang mga Kasama y Nagkaroon ng Pagkakataon

## Ang Bansang Hudyo

ANG talinhaga tungkol sa dalawang anak na lalaki ay sinundan ng talinhaga tungkol sa ubasan. Sa una, ipinakilala ni Kristo sa harap ng mga gurong Hudyo ang kahalagahan ng pagsunod o pagtalima. Sa ikalawa, Kanyang itinuro ang mayamang mga pagpapalang ipinagkaloob sa Israel, at sa mga ito'y ipinakilala ng Diyos ang hinihingi Niyang pagtalima nila. Iniharap Niya sa kanila ang kaluwalhatian ng panukala ng Diyos, na sa pamamagitan ng pagtalima'y dapat sanang nagampanan nila. Nang hawiin Niya ang tabing na tumatakip sa hinaharap, ay ipinakita Niya kung paanong dahil sa di nila pagtupad ng Kanyang panukala, ay nawawalan ang buong bansa ng Kanyang pagpapala, at inihahatid ang sarili sa pagkapahamak.

"May isang tao na puno ng sambahayan," sabi ni Kristo, "na nagtanim ng isang ubasan, at binakuran niya ng mga buhay na punungkahoy sa palibot, at humukay roon ng isang pisaan ng ubas, at nagtayo ng isang bantayan, at ipinagkatiwala yaon sa mga magsasaka, at napasa ibang lupain."

Ang larawan ng ubasang ito ay ibinibigay ng propeta Isaias: "Ngayo'y aawit ako sa aking pinakamamahal ng awit ng aking [297] minamahal tungkol sa kanyang ubasan. Ang aking pinakamamahal ay may ubasan sa isang mainam na burol; at kanyang binambangan ang palibot, at inalis ang mga bato, at tinamnan ng piling puno ng ubas, at nagtayo ng isang moog sa gitna niyaon, at tinabasan din naman ng isang pisaan ng ubas; at kanyang hinintay na magbunga ng ubas."[1]

Pumipili ang magsasaka ng isang piraso ng lupa sa ilang; ito'y kanyang binabakuran, hinahawan at binubungkal, at ito'y tinatamnan niya ng mga piling puno ng ubas, at siya'y umaasa ng isang

[1] Is. 5:1, 2.

masaganang ani. Sapagka't ang lagay na lupang ito ay nakahihigit sa di-nalilinang na ilang, inaasahan niyang pararangalan siya nito sa pamamagitan ng ipakikitang mga bunga ng kanyang pagaalaga at pagpapagal sa paglilinang. Ganyan din pumili ang Diyos ng isang bayan mula sa sanlibutan upang sanayin at turuan ni Kristo. Sinasabi ng propeta, "Ang ubasan ng Panginoon ng mga hukbo ay ang sambahayan ng Israel, at ang mga tao sa Juda ay ang Kanyang maligayang pananim."[2] Nagkaloob ang Diyos sa bayang ito ng malalaking karapatan, at sila'y masaganang pinagpapala ng mayaman Niyang kabutihan. Hinintay Niyang Siya'y parangalan nila sa pamamagitan ng pagbubunga. Dapat nilang ihayag ang mga simulain ng Kanyang kaharian. Sa gitna ng nagkasala't masamang sanlibutan ay dapat nilang ipakita ang likas ng Diyos.

Bilang ubasan ng Panginoon ay dapat silang magbigay ng bungang ganap na kaiba sa bunga ng mga bansang pagano. Ang mga taong itong mapagsamba sa mga diyos-diyusan ay nagpakalulong na sa gawang kasamaan. Nagpakalayaw sila nang walang pagpipigil sa paggawa ng karahasan at krimen, sa katakawan, paniniil, at sa pinakamasasamang gawain. Katampalasanan, pagiging-hamak, at kahirapan ang mga ibinubunga ng masamang punungkahoy. Ibang-iba naman ang dapat maging bunga ng puno ng ubas na tanim ng
[298] Diyos.

Naging karapatan ng bansang Hudyo na ipakita ang likas ng Diyos gaya ng pagkakapagpakita nito kay Moises. Bilang tugon sa panalangin ni Moises na, "Ipakita Mo sa akin ang Iyong kaluwalhatian," ay nangako ang Panginoon, "Aking papangyayarihin ang Aking buong kabutihan sa harap mo." "At ang Panginoo'y nagdaan sa harap niya, at itinanyag, Ang Panginoon, ang Panginoong Diyos, na puspos ng kahabagan at mapagkaloob, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kabutihan at katotohanan, na gumagamit ng kaawaan sa libu-libo, na nagpapatawad ng kasamaan at ng pagsalansang at ng kasalanan."[1] Ito ang bungang ninanais ng Diyos sa Kanyang bayan. Sa pamamagitan ng kalinisan ng kanilang likas, sa kabanalan ng kanilang mga kabuhayan, sa kanilang kaawaan at kagandahang-

[2] Is. 5.7.

[1] Ex. 33.18, 19; 34:6, 7.

loob at pakikiramay, ay dapat nilang ipakilala na "ang kautusan ng Panginoon ay sakdal, na nagsasauli ng kaluluwa."[2]

Panukala ng Diyos na sa pamamagitan ng bansang Hudyo ay maibigay Niya sa lahat ng mga tao ang masaganang mga pagpapala. Ang daan ay dapat mahanda para sa ikalalaganap ng Kanyang liwanag sa buong sanlibutan sa pamamagitan ng Israel. Ang mga bansa sa sanlibutan ay nawalan na ng pagkakilala sa Diyos dahil sa pagsunod sa masasamang gawain. Gayunpaman sa kahabagan ng Diyos ay hindi Niya sila nilipol. Pinanukala Niyang bigyan sila ng pagkakataong makilala Siya sa pamamagitan ng Kanyang iglesya. Pinanukala Niya na ang mga simulaing nahayag sa pamamagitan ng Kanyang bayan ay maging daan upang ang larawan ng Diyos ay maibalik sa tao.

Sa ikatutupad ng panukala o layuning ito kaya tinawag ng Diyos si Abraham na lumabas o umalis sa kamag-anakan niyang mapagsamba sa mga diyus-diyusan, at inatasan siyang tumahan sa lupain ng Canaan. "Gagawin kitang isang malaking bansa," sinabi ng Diyos, "at ikaw ay Aking pagpapalain, at padadakilain Ko ang [299]
iyong pangalan; at ikaw ay magiging isang pagpapala."[1]

Ang mga anak ni Abraham, si Jacob at ang kanyang mga supling, ay pawang ilinusong sa Ehipto, upang sa gitna ng malaki at masamang bansang yaon ay maihayag nila ang mga simulain ng kaharian ng Diyos. Ang integridad o kalinisang-budhi ni Jose at ang kahangahanga niyang gawain ng pag-iingat sa kabuhayan ng buong bansang Ehipto, ay isang larawan ng buhay ni Kristo. Si Moises at ang marami pang iba ay naging mga saksi ng Diyos.

Sa paghango at paglalabas sa Israel mula sa Ehipto, ay ipinakita uli ng Panginoon ang Kanyang kapangyarihan at kaawaan. Ang mga kagila-gilalas na gawa Niya sa pagkakahango sa kanila mula sa pagkaalipin at ang mga ipinakitungo Niya sa kanila sa kanilang paglalakbay sa ilang, ay hindi para sa ikabubuti lamang nila. Ang mga ito ay dapat maging isang nagtuturong aral sa mga bansang nakapalibot. Inihayag ng Panginoon ang Kanyang sarili na isang Diyos na nakahihigit sa lahat ng kapangyarihan at kadakilaan ng tao. Ang mga tanda at mga kababalaghang ginawa Niya alang-alang

[2] Aeit 19:7.

[1] Gen. 12:2.

sa Kanyang bayan ay nagpakilalang ang Kanyang kapangyarihan ay nakahihigit sa katalagahan at sa pinakadakila sa lahat ng mga sumasamba sa katalagahan. Nagsagawa ang Diyos ng lubos na pagsasaalang-alang at pagsusulit sa palalong lupain ng Ehipto gaya ng gawain Niyang lubos na pagsasaalang-alang at pagsusulit sa lupa sa mga huling araw. Sa pamamagitan ng apoy at unos, ng lindol at kamatayan, ay tinubos ng dakilang AKO NGA ang Kanyang bayan. Inilabas Niya sila mula sa lupain ng pagkaalipin. Pinatnubayan Niya sila sa "malaki at kakila-kilabot na ilang, na tinatahanan ng mga makamandag na ahas, at mga alakdan, at uhaw na lupa na walang tubig." Naglabas Siya sa kanila ng tubig mula sa "batong pingkian," at pinakain Niya sila "ng trigo ng langit."[2] "Sapagka't," wika ni
[300] Moises, "ang bahagi ng Panginoon ay ang Kanyang bayan; si Jacob ang bahaging mana Niya. Kanyang nasumpungan siya sa isang ilang na lupain, at sa kapanglawan ng isang umuungal na ilang; Kanyang kinanlungan siya sa palibot, Kanyang nilingap (tinuruan), Kanyang iningatang parang salamin ng Kanyang mata. Parang agila na kumikilos ng kanyang pugad, na yumuyungyong sa kanyang mga inakay, kanyang ibinubuka ang kanyang mga pakpak, kanyang kinukuha sila, kanyang dinadala sila sa ibabaw ng kanyang mga pakpak: ang Panginoon na mag-isa ang pumatnubay sa kanya, at walang ibang diyos na kasama siya."[1] Sa ganitong paraan dinala Niya sila sa Kanyang sarili, upang sila'y makatahan sana na parang nasa ilalim ng lilim ng Kataastaasan.

Si Kristo ang nanguna sa mga anak ni Israel sa kanilang paglalakbay sa ilang. Nalililiman ng haliging ulap kung araw at ng haliging apoy kung gabi, Kanyang inakay at pinatnubayan sila. Kanyang iningatan sila sa mga panganib sa ilang, Kanyang dinala sila sa loob ng lupang pangako, at sa paningin ng lahat ng mga bansang hindi nakakakilala sa Diyos ay Kanyang itinatag ang Israel bilang sarili Niyang piniling pag-aari, na ubasan ng Panginoon.

Sa bayang ito ipinagkatiwala ang mga orakulo ng Diyos. Sila'y binakuran sa palibot ng mga utos ng Kanyang kautusan, ng walang-hanggang mga simulain ng katotohanan, katarungan, at kalinisan. Ang pagtalima sa mga simulaing ito ay siya nilang magiging sang-

[2] Deut. 8:15; Awit 78:24.

[1] Deut. 32:9-12.

galang, sapagka't ito ang magliligtas sa kanila sa pagwasak nila sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng mga makasalanang gawain. At bilang pinaka-moog sa ubasan. ay inilagay ng Diyos sa gitna ng lupain ang Kanyang banal na templo.

Si Kristo ang naging guro nila. Kung paanong Siya'y nakasama nila sa ilang, gayon mananatili pa rin Siyang kanilang guro at pat-
nubay. Sa tabernakulo at sa templo ang kaluwalhatian Niya ay [301]
tumahan sa banal na kinaroroonan ng Diyos na nasa ibabaw ng luklukan ng awa. Alang-alang sa kanila ay patuloy Niyang ipinakita ang mga kayamanan ng Kanyang pag-ibig at pagtitiis.

Ninais ng Diyos na ang Kanyang bayang Israel ay gawing isang kapurihan at isang kaluwalhatian. Bawa't kalamangang espirituwal ay ibinigay sa kanila. Walang ipinagkait ang Diyos sa kanila na anumang bagay na makatutulong upang mahugis ang kanilang likas sa pagiging mga kinatawan Niya.

Ang pagtalima nila sa kautusan ng Diyos ay gagawin silang mga kagilalasan sa kasaganaan sa harap ng mga bansa ng sanlibutan. Siya na makapagbibigay sa kanila ng karunungan at kasanayan sa lahat ng gawang kadalubhasaan ay patuloy na magiging guro nila, at sila'y padadakilain at itataas sa pamamagitan ng pagtalima sa Kanyang mga kautusan. Kung sila'y magiging masunurin, maiingatan sila sa mga sakit na nagpapahirap sa ibang mga bansa, at sila'y pagpapalain sa pagkakaroon ng lakas at lusog ng kaisipan. Ang kaluwalhatian ng Diyos, ang Kanyang kamaharlikaan at kapangyarihan, ay dapat makita sa lahat nilang kasaganaan. Dapat silang maging isang kaharian ng mga saserdote at mga prinsipe. Pinagkalooban sila ng Diyos ng lahat ng pasilidad upang maging pinakadakilang bansa sa ibabaw ng lupa.

Sa tiyak na tiyak na paraan ay iniharap sa kanila ang panukala ng Diyos sa pamamagitan ni Moises, at pinakaliwanag ang mga itinatadhana o mga kondisyon ng kanilang ikasasagana. "Ikaw ay isang banal na bayan sa Panginoon mong Diyos," sabi Niya, "pinili ka ng Panginoon mong Diyos upang maging isang tanging bayan sa Kanyang sariling pag-aari, na higit sa lahat ng mga bayan na nasa ibabaw ng balat ng lupa. . . . Talastasin mo nga na ang Panginoon ninyong Diyos, ay siyang Diyos, ang tapat na Diyos, na
nag-iingat ng tipan at nag- gagawad ng kagandahang-loob sa mga [302]
umiibig sa Kanya at tumutupad ng Kanyang mga utos hanggang

sa isang libong salin ng lahi. . . . Iyo ngang iingatan ang mga utos, at ang mga palatuntunan, at ang mga kahatulan, na Aking iniutos sa iyo sa araw na ito, na iyong ganapin. At mangyayari, na sapagka't iyong dininig ang mga kahatulang ito, at iyong tinutupad, at iyong ginaganap, ay tutuparin sa iyo ng Panginoon mong Diyos ang tipan at igagawad ang kagandahang-loob na Kanyang isinumpa sa iyong mga magulang; at Kanyang iibigin ka, at pagpapalain ka, at pararamihin ka: Kanya rin namang pagpapalain ang bunga ng iyong katawan, at ang bunga ng iyong lupa, ang iyong trigo, at ang iyong alak, at ang iyong langis, ang karagdagan ng iyong bakahan, at ang mga guya ng iyong kawan, sa lupain na Kanyang isinumpa sa iyong mga magulang upang ibigay sa iyo. Magiging mapalad ka kaysa lahat ng mga bayan. . . . At ilalayo sa iyo ng Panginoon ang lahat ng sakit, at wala Siyang ihuhulog sa inyo sa masasamang sakit sa Ehipto, na iyong nalalaman."[1]

Kung tutuparin nila ang Kanyang mga utos, ipinangako ng Diyos na ibibigay sa kanila ang pinakamaiinam na trigo, at bibigyan sila ng pulutpukyutan mula sa bato. Bibigyan Niya sila ng mahabang buhay, at ipakikilala sa kanila ang Kanyang pagliligtas.

Dahil sa pagsuway sa Diyos, nawala kina Adan at Eba ang Eden, at dahil sa kasalanan ay sinumpa ang lupa. Nguni't kung sinunod ng bayan ng Diyos ang Kanyang tagubilin, naibalik sana ang katabaan at kagandahan sa kanilang lupain. Diyos na rin ang nagbigay sa kanila ng mga tagubilin tungkol sa ikalilinang ng lupa, at dapat silang makipagtulungan sa Kanya sa ikapanunumbalik ng katabaan at kagandahan nito. Sa gayon ang buong lupain, sa ilalim ng pangangasiwa ng Diyos, ay magiging isang nagtuturong aral tungkol sa espirituwal na katotohanan. Kung paanong sa pagtalima
[303] sa Kanyang mga katutubong kautusan ay magbibigay ang lupa ng mga kayamanan nito, gayundin naman sa pagtalima ng mga tao sa Kanyang kautusang moral ay maiaaninag ng kanilang mga puso ang mga katangian ng Kanyang likas. Maging mga pagano o mga hentil ay kikilala sa kahigitan o kalamangan ng mga nagsisipaglingkod at nagsisisamba sa buhay na Diyos.

"Narito," wika ni Moises, "aking tinuruan kayo ng mga palatuntunan at ng mga kahatulan, na gaya ng iniutos sa akin ng Panginoon

[1] Deut. 7:6, 9, 11-15.

kong Diyos, upang inyong gawing gayon sa gitna ng lupain na inyong paroroonan upang ariin. Ingatan nga ninyo at inyong isagawa; sapagka't ito ang inyong karunungan at ang inyong kaalaman sa paningin ng mga bansa, na makakarinig ng mga palatuntunang ito, at magsasabi, Tunay na ang dakilang bansang ito ay isang pantas at maalam na bayan. Sapagka't anong dakilang bansa nga ang may Diyos na napakalapit sa kanila, na gaya ng Panginoon nating Diyos kailanman tayo'y tumawag sa Kanya? At anong dakilang bansa nga, ang may mga palatuntunan at mga kahatulang napakatutuwid na gaya ng buong kautusang ito, na aking inilalagda sa harap ninyo sa araw na to?"[1]

Dapat akupahan o ariin ng mga anak ni Israel ang lahat ng teritoryong itinakda ng Diyos sa kanila. Ang mga bansang nagsitangging sumamba at maglingkod sa tunay na Diyos, ay dapat alisan ng lupain. Subali't panukala ng Diyos na sa pamamagitan ng pagpapakita ng Israel ng Kanyang likas ay mailapit sa Kanya ang mga tao. Dapat ibigay sa buong sanlibutan ang pabalita ng ebanghelyo. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng paglilingkod ukol sa pagsasakripisyo, ay dapat maitaas si Kristo sa harap ng mga bansa, at ang lahat ng titingin sa Kanya ay mabubuhay. Ang lahat na, tulad ni Rahab na Cananea, at ni Ruth na Moabita, na nagsitalikod sa pagsamba sa mga diyus-diyusan at nagsibaling sa pagsamba sa tunay na Diyos, ay dapat makipagkaisa sa Kan- yang bayang hinirang. At sa pag- [304]
dami ng bilang ng Israel, ay dapat nilang palawakin ang kanilang mga hangganan, hanggang sa masaklaw ng kanilang kaharian ang sanlibutan.

Hinangad ng Diyos na maipailalim sa Kanyang mahabaging pagpupuno ang lahat ng mga tao. Hinangad Niyang ang lupa'y malipos ng kagalakan at kapayapaan. Nilikha Niya ang tao upang lumigaya, at pinananabikan Niyang punuin ang puso ng mga tao ng kapayapaan ng langit. Ang nais Niya'y maging isang sagisag ng dakilang sambahayan sa langit ang mga sambahayang nasa lupa.

Nguni't hindi tinupad ng Israel ang panukala ng Diyos. Sinabi ng Panginoon, "Tinamnan kita ng mahal na puno ng ubas, na pawang mabuting binhi: bakit ka nga naging bansot na ibang puno ng ubas sa Akin?" "Ang Israel ay isang walang-saysay na puno ng

[1] Deut. 4:5-8.

ubas, nagbubunga siya para sa kanyang sarili."[1] "At ngayon, Oh mga nananahan sa Jerusalem, at mga tao sa Juda, hatulan ninyo, isinasamo Ko sa inyo, Ako at ang Aking ubasan. Ano pa ang magagawa Ko sa Aking ubasan na hindi Ko nagawa? Ano't nang Aking hinihintay na magbubunga ng mga ubas, ay nagbunga ng ubas gubat? At ngayo'y Aking sasaysayin sa inyo ang gagawin Ko sa Aking ubasan: Aking aalisin ang bakod na siit niyaon, at sasalantain; Aking ibabagsak ang bakod niyaon, at mayayapakan: at Aking pababayaang sira; hindi kakapunin o bubukirin man; kundi magsisitubo ay mga dawag at mga tinik: Akin ding iuutos sa mga alapaap na huwag nilang ulanan. Sapagka't . . . Siya'y naghintay ng kahatulan, nguni't narito, kapighatian; ng katwiran, nguni't narito, daing."[2]

Sa pamamagitan ni Moises ay iniharap ng Panginoon sa Kanyang bayan ang bunga ng di-pagtatapat. Sa pagtanggi nilang tumupad ng Kanyang tipan, ay inihihiwalay nila ang kanilang mga sarili sa
[305] buhay ng Diyos, at hindi makasasapit sa kanila ang Kanyang pagpapala. "Mag-ingat ka," sabi ni Moises, "na baka iyong malimutan ang Panginoon mong Diyos, sa hindi mo pagtupad ng Kanyang mga utos, at ng Kanyang mga kahatulan, at ng Kanyang mga palatuntunan, na Aking iniuutos sa iyo sa araw na ito: baka pagka ikaw ay nakakain at nabusog, at nakapagtayo ng mabubuting bahay, at iyong natahanan; at pagka ang iyong mga bakahan at ang iyong mga kawan ay dumami, at ang iyong pilak at ang iyong ginto ay dumami, at ang lahat ng tinatangkilik mo ay dumami; ay magmataas ang iyong puso, at iyong malimutan ang Panginoon mong Diyos. . . . At baka iyong sabihin sa iyong puso, Ang aking kapangyarihan at ang lakas ng aking kamay ang siyang nagbigay sa akin ng kayamanang ito. . . . At mangyayari, na kung iyong kalilimutan ang Panginoon mong Diyos, at ikaw ay susunod sa ibang mga diyos, at iyong paglilingkuran sila, at iyong sasambahin sila, ay Aking pinatototohanan laban sa inyo sa araw na ito na kayo'y tunay na malilipol. Kung paano ang bansang nilipol ng Panginoon sa harap ninyo, ay gayon kayo malilipol; sapagka't hindi ninyo dininig (tinalima) ang tinig ng Panginoon ninyong Diyos."[1]

[1] Jer. 2:21; Os. 10:1.
[2] Is. 5:3-7.
[1] Deut. 8:11-14, 17, 19, 20.

Ang babala ay hindi pinansin ng bansang Hudyo. Kinalimutan nila ang Diyos, at nawaglit na sa kanilang isip ang tungkol sa dakila nilang karapatan bilang mga kinatawan Niya. Ang mga pagpapalang kanilang natanggap ay hindi naghatid ng pagpapala sa sanlibutan. Lahat nilang mga kalamangan ay ginamit nila para sa sarili nilang ikaluluwalhati. Ninakawan nila ang Diyos ng paglilingkod na hiningi Niya sa kanila, at ninakawan din nila ang kanilang mga kapwa-tao ng patnubay na ukol sa relihiyon at ng isang banal na halimbawa. Katulad ng mga nananahan sa lupa noong bago magkaroon ng delubyong pansanlibutan, ay sinunod nila ang bawa't haka ng kanilang masasamang puso. Sa ganitong paraan ginawa nilang walang-kabuluhan at isang katuyaan ang mga bagay na banal, na [306] sinasabi, "Ang templo ng Panginoon, ang templo ng Panginoon, ay ang mga ito,"[1] samantalang kaalinsabay nito ay binibigyan nila ng di-mabuting paglalarawan ang likas ng Diyos, na nilalapastangan ang Kanyang pangalan, at dinudungisan ang Kanyang santuwaryo.

Ang mga magsasakang pinagkatiwalaan ng ubasan ng Panginoon ay hindi naging mga tapat sa ipinagkatiwala sa kanila. Ang mga saserdote at mga guro ay hindi naging mga tapat na tagapagturo sa mga tao. Hindi nila iniharap sa kanila nang palagian ang kabutihan at kahabagan ng Diyos at ang pag-angkin Niya sa kanilang pag-ibig at paglilingkod. Hinanap ng mga magsasakang ito ang sarili nilang ikaluluwalhati. Hinangad nilang gamitin ang mga bunga ng ubasan. Ang pinag-aaralan nila ay kung paano sila makaaakit ng pansin at ng pagpipitagan ng mga tao.

Ang pagkakasala ng mga pinunong ito ng Israel ay hindi katulad ng pagkakasala ng karaniwang makasalanan. Tumayo ang mga taong ito sa ilalim ng pinakasolemneng kapanagutan sa Diyos. Nangako silang magtuturo ng "Ganito ang sabi ng Panginoon," at gagawa ng mahigpit na pagtalima sa kanilang praktikal na kabuhayan. Sa halip na gawin ito ay mali ang ginagawa nilang pagpapaliwanag ng mga Kasulatan. Pinabigat nila ang mga pasan ng mga tao, na nagpapatupad ng mga seremonyang nakaabot hanggang sa bawa't baytang ng buhay. Nabuhay ang mga tao na laging di-panatag; sapagka't hindi nila matupad ang mga hinihingi ng mga rabi. Nang

[1] Jer. 7:4.

makita nilang hindi nila matutupad ang mga utos na gawa ng tao, ay naging pabaya na sila sa pagpapahalaga sa mga utos ng Diyos.

Itinuro ng Panginoon sa Kanyang bayan na siya ang may-ari ng ubasan, at lahat nilang pag-aari o mga tinatangkilik ay ipinagkatiwala lamang sa kanila upang gamitin para sa Kanya. Nguni't hindi
[307] ginampanan ng mag saserdote at ng guro ang banal nilang tungkulin na para bagang hawak nila ang pag-aari ng Diyos. Buong kaayusang ninanakawan nila Siya ng salapi at mga pasilidad na ipinagkatiwala sa kanila para sa pagpapasulong ng Kanyang gawain. Ang pag-iimbot at katakawan nila ay naging daan upang sila'y hamakin maging ng mga pagano o mga Hentil. Sa ganitong paraan nabigyan ng maling-pagkakilala tungkol sa likas ng Diyos at sa mga kautusan ng Kanyang kaharian ang sanlibutang Hentil.

Taglay ang puso ng isang ama, pinagtiisan ng Diyos ang Kanyang bayan. Pinakiusapan Niya sila sa pamamagitan ng mga kahabagang ibinigay at mga kahabagang binawi. Buong pagtitiis at pagtitiyagang iniharap Niya sa kanila ang mga pagkakasala nila, at may pagpapahinuhod na hinintay Niyang aminin nila ito. Isinugo Niya ang mga propeta at mga tagapagbalita upang sabihin ang hinihingi ng Diyos sa mga magsasaka; nguni't sa halip na tanggapin ang mga ito, sila'y pinakitunguhang gaya ng mga kaaway. Inusig at pinatay sila ng mga magsasaka. Nguni't patuloy pa ring nagsugo ang Diyos ng mga lingkod Niya, subali't tumanggap din ang mga ito ng pakikitungong gaya ng ginawa sa mga nauna, lamang ay lalo pang nagpakita ng tiyak na pagkapoot ang mga magsasaka.

Bilang pinakahuling paraan, isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak, na sinasabi, "Igagalang nila ang Aking Anak." Datapwa't pinasama na silang lubha ng kanilang paglaban, at kaya nga nangagusapan sila, "Ito ang tagapagmana; halikayo, Siya'y ating patayin, at kunin ang Kanyang mana." Kung magkagayo'y pababayaan na tayong magtamasa sa ubasan, at pababayaan na tayong gumawa ng ibig nating gawin sa bunga.

Hindi iniibig ng mga pinunong Hudyo ang Diyos; kaya nagsihiwalay sila sa Kanya, at nagsitanggi sa lahat Niyang mga pagkukusa
[308] ukol sa makatwirang pag- kakasundo. Si Kristo, na Minamahal ng Diyos, ay naparito upang sabihin ang mga hinihingi ng May-ari ng ubasan; nguni't pinakitunguhan Siya ng mga magsasaka nang may kapansin-pansing paghamak, na sinasabi, Ayaw naming maghari

sa amin ang taong ito. Kinainggitan nila ang kagandahan ng likas ni Kristo. Ang paraan ng Kanyang pagtuturo ay nakahihigit sa kanila, at pinangangambahan nila ang Kanyang pagtatagumpay. Sinalansang Niya sila, na ibinubunyag ang kanilang pagpapaimbabaw, at ipinakikita sa kanila ang tiyak na mga ibubunga ng hakbang na ginagawa nila. Ikinagalit nila ito. Nasaktan sila sa mga suwat na hindi nila mapatahimik. Kinapootan nila ang mataas na pamantayan ng katwirang laging inihaharap ni Kristo. Nakita nilang inilalantad ng Kanyang mga aral ang kanilang kasakiman o pagkamakasarili, at kaya nga ipinasiya nilang Siya'y patayin. Kinapootan nila ang Kanyang halimbawa ng kabanalan at pagiging-matapat at ang mataas na espirituwalidad na nahayag sa lahat Niyang ginawa. Ang buo Niyang buhay ay naging isang sumbat sa kanilang pagkamakasarili, at nang dumating na ang huling pagsubok, ang pagsubok na nangahulugan ng pagtalima sa walang-hanggang ikabubuhay o pagsuway sa walanghanggang ikamamatay, ay itinakwil nila ang Banal ng Israel. Nang sila'y pamiliin kay Kristo at kay Barabas, ay sumigaw sila, "Pawalan mo sa amin si Barabas!" At nang itanong ni Pilato, "Ano nga ang gagawin ko kay Jesus?" ay mabangis silang nagsigawan, "Mapako Siya sa krus." "Ipapako ko baga sa krus ang inyong hari?" tanong ni Pilato. At nagsisagot ang mga saserdote at mga pinuno, "Wala kaming hari kundi si Cesar." Nang maghugas na si Pilato ng kanyang mga kamay, na nagsasabi, "Wala akong kasalanan sa dugo nitong matwid na tao," ay nakisama ang mga saserdote sa mga mangmang na pulutong ng magugulong mga tao sa madamdaming pagsasabi, "Mapasaamin ang Kanyang dugo, at sa aming mga anak."[1] [309]

Sa ganyang paraan gumawa ng pagpili ang mga pinunong Hudyo. Ang kanilang kapasiyahan ay nakatala sa aklat na nakita ni Juan na nasa kamay Niyaong nakaupo sa trono, ang aklat na hindi mabubuksan ng sinumang tao. Sa buong paghihiganti nito ay mapapaharap sa kanila ang kapasiyahang ito sa araw na ang aklat na ito ay buksan na ng Liyon sa angkan ni Juda.

Kinimkim-kimkim ng mga Hudyo ang akala na sila'y itinatangi ng langit, at sila'y laging dapat na itaas bilang iglesya ng Diyos. Sila'y mga anak ni Abraham, sabi nila, at ang pakiwari nila'y

[1] Lu. 23:18; Mat. 27:22; Juan 19:15; Mat. 27:24, 25.

lubhang napakatibay ng pagkakatatag ng kanilang kasaganaan na anupa't hinamon nila ang langit at lupa na alisan sila ng kanilang mga karapatan. Nguni't dahil sa hindi nila pagtatapat ay nangahahanda sila sa hatol ng langit at sa pagkakahiwalay sa Diyos.

Sa talinhaga tungkol sa ubasan, pagkatapos na mailarawan ni Kristo ang kanilang pamutong na gawang katampalasanan, ay tinanong Niya sila, "Pagdating nga ng Panginoon ng ubasan, ano kaya ang Kanyang gagawin sa mga magsasakang yaon?" Taimtim na taimtim ang pakikinig ng mga saserdote sa isinasalaysay na talinhaga, at kaya nga hindi na nila naisip ang maaaring kaugnayan nito sa kanila nang sila'y makisabay sa mga tao sa pagsagot, "Kanyang pupuksaing walang-awa ang mga tampalasang yaon, at ibibigay ang kanyang ubasan sa ibang mga magsasaka, na sa kanya'y magbibigay ng mga bunga sa kaniiang kapanahunan."

Wala silang kamalay-malay na nakapaggawad sila ng parusa sa sarili nila. Minasdan sila ni Jesus, at sa ilalim ng nananaliksik Niyang titig ay batid nilang nababasa Niya ang mga lihim ng kanilang mga puso. Nagliwanag sa harap nila na taglay ang di-mapagkakamaliang kapangyarihan ng Kanyang pagka-Diyos. Nakita
[310] nila sa mga magsasaka ang larawan ng kanilang mga sa- rili, at di-kinukusang sila'y nangapabulalas, "Huwag nawang itulot ng Diyos!"

Buong kasolemnihan at panghihinayang na nagtanong si Kristo, "Kailanman baga'y hindi ninyo nabasa sa mga Kasulatan, Ang batong itinakwil ng nangagtatayo ng gusali, ang siya ring ginawang pangulo sa panulok; ito'y mula sa Panginoon, at ito'y kagila-gilalas sa harap ng ating mga mata? Kaya nga sinasabi Ko sa inyo, Aalisin sa inyo ang kaharian ng Diyos, at ibibigay sa isang bansang nagkakabunga. At ang mahulog sa ibabaw ng batong ito ay madudurog; datapwa't sinumang kanyang malagpakan ay pangangalating gaya ng alabok."

Nahadlangan sana ni Kristo ang parusa sa bansang Hudyo kung tinanggap lamang Siya ng mga tao. Nguni't hindi sila napatahimik ng pangingimbulo at pagkainggit. Ipinasiya nilang huwag tanggaping Mesiyas si Jesus na taga-Nazareth. Itinakwil nila ang Ilaw ng sanlibutan, at kaya nga mula noo'y nalukuban na ng kadiliman na kasindilim ng hatinggabi ang kanilang mga kabuhayan. Ang parusang pauna nang sinabi ay dumating sa bansang Hudyo. Ang mababangis na silakbo ng kanilang galit, na di-nasupil, ay gumawa

ng kanilang kapahamakan. Sa bulag nilang pagkagalit ay nagpuksaan sila sa isa't isa. Dahil sa kanilang mapaghimagsik at matigas na pagpapalalo ay bumagsak sa kanila ang galit ng mga Romanong lumupig sa kanila. Winasak ang Jerusalem, iniwang guho ang templo, at ang lugar nito ay inararong tulad ng bukid. Ang mga anak ni Juda ay nangamatay sa pamamagitan ng lalong nakapanghihilakbot na mga uri ng kamatayan. Angaw-angaw ang mga ipinagbili, upang magsipaglingkod na parang mga alipin sa mga lupaing pagano.

Bilang isang bayan ay hindi nakatupad ang mga Hudyo sa panukala ng Diyos, at kaya nga inalis sa kanila ang ubasan. Ang mga pribilehiyong pinagmalabisan nila, at ang gawaing hindi nila pinahalagahan, ay ipinagkatiwala sa iba. [311]

## Ang Iglesya sa Ngayon

Ang talinhaga tungkol sa ubasan ay hindi lamang sa bansang Hudyo maikakapit. Ito'y may ibinibigay na aral sa atin. Ang iglesya sa panahong ito ay binigyan ng Diyos ng malalaking mga karapatan at mga pagpapala, kaya umaasa naman Siya ng mga katumbas na ganti.

Tinubos tayo nang napakamahal. Sa pamamagitan lamang ng kalakhan ng itinubos na ito makukuro natin ang mga bunga nito. Sa mundong ito, na ang lupa ay dinilig ng mga luha at ng dugo ng Anak ng Diyos, ay dapat makitang lumalabas ang mahahalagang bunga ng Paraiso. Sa mga kabuhayan ng bayan ng Diyos ay dapat mahayag ang kaluwalhatian at kagalingan ng mga katotohanan ng Kanyang salita. Sa pamamagitan ng Kanyang bayan ay maipakikita ni Kristo ang Kanyang likas at ang mga simulain ng Kanyang kaharian.

Pinagsisikapan ni Satanas na labanan ang gawain ng Diyos, at lagi niyang inuudyukan ang mga tao na tanggapin ang kanyang mga simulain. Ang bayang hinirang ng Diyos ay inilalarawan niyang isang nadayang bayan. Siya'y tagapagsumbong o tagapagparatang sa mga kapatid, at ang kapangyarihan niya sa pagsusumbong o pagpaparatang ay ginagamit niya laban sa mga nagsisigawa ng katwiran. Sa pamamagitan ng Kanyang bayan ay hangad ng Panginoong sagutin ang mga paratang ni Satanas sa pamamagitan ng pagpapakita ng mga bunga ng pagtalima sa matwid na mga simulain.

Ang mga simulaing ito ay dapat makita sa bawa't isang Kristiyano, sa pamilya, sa iglesya, at sa bawa't institusyong itinatag upang paglingkuran ang Diyos. Lahat ay dapat maging mga sagisag ng kung ano ang maaaring magawa para sa sanlibutan. Sila'y dapat maging mga sagisag ng nagliligtas na kapangyarihan ng mga kato-
[312] tohanan ng ebanghelyo. Lahat ay mga kasangkapan sa ikatutupad ng dakilang panukala ng Diyos para sa sangkatauhan.

May pagmamalaking tiningnan ng mga pinunong Hudyo ang kanilang marilag na templo, at ang nakapagkikintal na mga rito o seremonya sa kanilang serbisyong relihiyoso; subali't kulang iyon sa katarungan, kahabagan, at sa pag-ibig ng Diyos. Ang kaluwalhatian ng templo, at ang karilagan ng kanilang serbisyo ay hindi makapagrekomenda sa kanila sa Diyos; sapagka't yaon lamang may halaga sa Kanyang paningin ay hindi nila inihandog. Hindi nila dinalhan Siya ng haing isang mapagpakumbaba at nagsisising diwa. Sa panahong nawawala ang mahahalagang simulain ng kaharian ng Diyos ay doon nagiging maraming tao at malabis ang mga seremonya. Sa panahong nakakaligtaan ang pagtatayo ng likas, sa panahong nagkukulang ang kagayakan ng kaluluwa, sa panahong nawawala na ang kapayakan ng kabanalan, ay doon naman humihingi ang kapalaluan at ang pag-ibig sa pagkatanghal ng maririlag na gusali ng iglesya, ng maririkit na kagayakan, at ng nakapagkikintal na mga seremonya. Sa lahat nang ito ay hindi napararangalan ang Diyos. Ang relihiyong maka-moda na binubuo ng mga seremonya, ng pagkukunwari, at ng pagtatanghal, ay hindi Niya tinatanggap. Ang mga serbisyo nito ay hindi sinasagot ng mga sugong buhat sa langit.

Ang iglesya ay napakahalaga sa paningin ng Diyos. Pinahahalagahan Niya ito, hindi dahil sa panlabas na mga kalamangan nito, kundi dahil sa tapat na kabanalang ikinaiiba o ikinabubukod nito sa sanlibutan. Pinahahalagahan Niya ito ayon sa paglago ng mga kaanib sa pagkakilala kay Kristo, at ayon sa pagsulong nila sa karanasang espirituwal.

Kinasasabikan ni Kristong makatanggap mula sa Kanyang ubasan ng bunga ng kabanalan at di-kasakiman. Naghihintay Siya ng
[313] mga simulain ng pag-ibig at kabutihan. Hindi lahat ng ganda ng sining ay maihahambing sa ganda ng kahinahunan at ng likas na dapat mahayag sa mga kinatawan ni Kristo. Simoy ng biyayang puma-

paligid sa kaluluwa ng sumasampalataya, at ang Banal na Espiritung gumagawa sa kanyang diwa at puso, ang gumagawa sa kanya na maging isang samyo ng buhay sa ikabubuhay, at ikinapagpapala ng Diyos sa kanyang gawain.

Ang isang kapulungan ay maaaring siya nang pinakadukha sa lupa. Maaaring ito'y walang anumang panlabas na pang-akit; subali't kung ang mga kaanib naman ay nagsisipagtaglay ng mga simulain ng likas ni Kristo, ay mapapasakanilang mga kaluluwa ang Kanyang kagalakan. Makikiisa ang mga anghel sa kanilang pagsamba. Ang pagpupuri at pagpapasalamat ng mga pusong kumikilala ng utang na loob ay paiilanlang sa Diyos na isang matamis na alay.

Nais ng Panginoong banggitin natin ang Kanyang kabutihan at sabihin ang tungkol sa Kanyang kapangyarihan. Siya ay napararangalan sa pamamagitan ng pagpapahayag ng papuri at pasasalamat. Sinasabi Niya, "Ang naghahandog ng haing pasasalamat ay lumuluwalhati sa Akin."[1] Ang bayang Israel, nang sila'y naglalakbay sa ilang, ay nagsipuri sa Diyos sa pamamagitan ng banal na awit. Ang mga utos at mga pangako ng Panginoon ay nilagyan ng tugtugin, at sa buong panahon ng paglalakbay nila ay inawit ang mga ito ng mga nagsisipaglakbay. At sa Canaan nang sila'y magkatipon sa kanilang mga banal na kapistahan, ay inilahad na muli ang mga kahanga-hangang gawa ng Diyos, at inialay sa Kanyang pangalan ang pasasalamat. Nais ng Diyos na ang buong buhay ng Kanyang bayan ay maging isang buhay ng pagpupuri. Sa gayong paraan ang Kanyang daan ay "maipaaalam sa ibabaw ng lupa," at ang Kanyang "panligtas na kagalingan sa lahat ng mga bansa."[2]

Ganyan din ang dapat mangyari ngayon. Sumasam- ba sa mga di- [314]
tunay na diyos ang mga tao ng sanlibutan. Dapat silang mapatalikod sa kanilang maling pagsamba, hindi sa pamamagitan ng pagtuligsa sa kanilang mga diyus-diyusan, kundi sa pamamagitan ng pagtingin sa bagay na lalong mabuti. Dapat maipaalam ang kabutihan ng Diyos. "Kayo ang Aking mga saksi, sabi ng Panginoon, na Ako ang Diyos."[1]

---

[1] Awit 50:23.

[2] Awit 67:2.

[1] Is. 43:12.

Nais ng Panginoon na pahalagahan natin ang dakilang panukala ng pagtubos, na ating damahin ang mataas nating karapatan bilang mga anak ng Diyos, at tayo'y magsilakad sa harap Niya na may pagtalima, at may pagpapasalamat. Nais Niyang paglingkuran natin Siya sa kabaguhan ng buhay, na may kagalakan araw-araw. Pinananabikan Niyang makita na nag-uumapaw sa ating mga puso ang pagkilala ng utang na loob dahil sa ang mga pangalan natin ay nangakasulat sa aklat ng buhay ng Kordero, at dahil sa mailalagak natin ang lahat nating kabalisahan sa Kanya na nagmamalasakit sa atin. Inaatasan Niya tayong mangatuwa dahil sa tayo'y mana ng Panginoon, dahil sa ang katwiran ni Kristo ay ang maputing damit ng Kanyang mga banal, at dahil sa mayroon tayong mapalad na pag-asa ng malapit nang pagdating ng ating Tagapagligtas.

Ang pumuri sa Diyos sa kapuspusan at katapatan ng puso ay tungkulin ding gaya ng pananalangin. Dapat nating ipakita sa sanlibutan at sa lahat ng mga anghel sa langit na pinahahalagahan natin ang kahanga-hangang pag-ibig ng Diyos sa nagkasalang sangkatauhan, at tayo'y nagsisiasang tatanggap ng lalong malaki at lalo pang malaking mga pagpapala mula sa Kanyang walang-hanggang kapuspusan. Higit pa kaysa ginagawa natin, kailangan nating magsalita ng tungkol sa mahahalagang kabanata sa ating karanasan. Pagkatapos ng pagbubuhos ng Espiritu Santo, ang ating kagalakan sa Panginoon at ang ating kahusayan sa paglilingkod sa
[315] Kanya ay lubhang mararagdagan sa pamamagitan ng pagbilang ng Kanyang kabutihan at ng Kanyang mga kagila-gilalas na mga gawa alang-alang sa Kanyang mga anak.

Ang mga palatuntunang ito ay nagtataboy sa kapangyarihan ni Satanas. Inaalis nito ang diwa ng pagbubulung-bulong at pagrereklamo, at nawawalan na ng pagkakataon ang manunukso. Pinayayabong nito ang mga katangiang yaon ng likas na magpapagindapat sa mga tumatahan sa lupa para sa mga tahanan sa langit.

Ang ganitong patotoo ay makakaimpluwensiya sa mga iba. Wala nang higit na mabisang paraang magagamit para makahikayat ng mga kaluluwa kay Kristo.

Dapat nating purihin ang Diyos sa pamamagitan ng nadaramang paglilingkod, sa pamamagitan ng paggawa ng buo nating makakaya upang mapasulong ang kaluwalhatian ng Kanyang pangalan. Nagbibigay ang Diyos sa atin ng Kanyang mga kaloob

upang tayo'y makapagbigay rin naman, at sa gayo'y maipaalam natin ang Kanyang likas sa sanlibutan. Sa ilalim ng kapamuhayang Hudyo, ang mga kaloob at mga handog ay isang mahalagang bahagi ng pagsamba sa Diyos. Tinuruan ang mga Israelita na italaga sa paglilingkod sa santuwaryo ang ikasampung-bahagi ng lahat nilang kita. Bukod dito'y dapat din silang magdala ng mga handog sa pagkakasala, ng mga kusangloob na mga kaloob, at ng mga handog ng pagpapasalamat. Ito ang paraan upang maitaguyod ang ministeryo ng ebanghelyo sa panahong yaon. Umaasa ang Diyos sa atin nang walang kulang kaysa inasahan Niya sa Kanyang bayan nang una. Dapat maipagpatuloy ang dakilang gawain ng pagliligtas ng mga kaluluwa. Pinaglaanan Niya ang gawaing ito sa pamamagitan ng ikasampung-bahagi, na kasama ng mga kaloob at mga handog. Sa ganitong paraan panukala Niyang itaguyod ang ministeryo ng ebanghelyo. Sinasabi Niyang Kanya ang ikasampung-bahagi, at ito'y dapat laging ituring na isang banal na panlaan, na dapat ilagay sa Kanyang ingatangyaman para sa kapakinabangan ng Kanyang [316]
gawain. Hinihingi rin Niya ang ating mga kusangloob na mga kaloob at mga handog ng pasasalamat. Labat ay dapat italaga sa pagpapadala ng ebanghelyo hanggang sa kadulu-duluhang mga bahagi ng lupa.

Kasama sa paglilingkod sa Diyos ang personal na paglilingkod. Sa pamamagitan ng personal na paggawa ay dapat tayong makipagtulungan sa Kanya sa ikaliligtas ng sanlibutan. Ang tagubilin ni Kristong, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal,"[1] ay sinasalita Niya sa bawa't isa Niyang mga tagasunod. Ang lahat ng mga itinatalaga sa buhay ni Kristo ay pawang itinatalaga sa gawain ng pagliligtas ng kanilang mga kapwa-tao. Ang mga puso nila'y titibok na kasabay ng puso ni Kristo. Ang pananabik ding yaon sa mga kaluluwa na Kanyang nadama ay makikita sa kanila. Hindi lahat ay mailalagay sa iisang lugar sa gawain, nguni't may isang lugar at may isang gawain para sa lahat.

Noong unang panahon, sina Abraham, Isaac, Jacob, Moises na may taglay na kaamuan at karunungan, at si Josue na may iba't ibang mga kakayahan, ay nangapatalang lahat sa gawain ng Diyos.

[1] Mar. 16:15.

Ang tugtugin ni Miriam, ang katapangan at kabanalan ni Deborah, ang pagibig ni Ruth sa kanyang biyenang-babae, ang pagtalima at katapatan ni Samuel, ang mahigpit na pagtatapat ni Elias, ang nagpapalambot at sumusupil na impluwensiya ni Eliseo,—lahat ay kinailangan. Kaya ngayon ang lahat ng pinagkalooban ng pagpapala ng Diyos ay dapat magsitugon sa pamamagitan ng aktuwal na paglilingkod; bawa't kaloob ay kailangang gamitin sa ikauunlad ng Kanyang kaharian at sa ikaluluwalhati ng Kanyang pangalan.

Lahat ng tumatanggap kay Kristo bilang sarili nilang Tagapagligtas ay dapat magpakita sa kanilang kabuhayan ng katotohanan ng ebanghelyo at ng nagliligtas nitong kapangyarihan. Hindi humihingi
[317] ang Diyos nang hindi gumagawa ng paglalaan para sa ikatutupad nito. Sa pamamagitan ng biyaya ni Kristo ay maaari nating magampanan ang lahat ng bagay na hinihingi ng Diyos. Ang buong kayamanan ng langit ay dapat mahayag sa pamamagitan ng bayan ng Diyos. "Sa ganito'y lumuluwalhati ang Aking Ama," wika ni Kristo, "na kayo'y magsipagbunga nang marami; sa gayon kayo'y magiging Aking mga alagad."[1]

Inaangkin ng Diyos ang buong lupa bilang Kanyang ubasan. Bagama't ito'y nasa mga kamay na ng mangaagaw, ito'y sa Diyos pa rin. Ito'y sa Kanya dahil sa Kanyang pagtubos at paglikha nito. Dahil sa sanlibutan, nagsakripisyo si Kristo. "Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak."[2] Dahil sa isang kaloob na yaon kaya ang bawa't iba ay ibinibigay sa mga tao. Araw-araw ay tumatanggap ang sanlibutan ng pagpapala mula sa Diyos. Bawa't patak ng ulan, bawa't sinag ng liwanag na isinasabog sa ating lahing walang-utang-na-loob, bawa't dahon at bulaklak at bunga, ay nagpapatotoo sa maluwat nang pagtitiis ng Diyos at sa Kanyang dakilang pag-ibig.

At ano ang mga iginaganti sa dakilang Tagapagbigay? Paano pinakikitunguhan ng mga tao ang mga inaangkin ng Diyos? Kanino ipinaglilingkod ng napakarami sa mga tao ang kanilang mga buhay? Sila'y nagsisipaglingkod sa kayamanan. Kayamanan, katungkulan, at kalayawan sa sanlibutan, ang hangarin nila. Natatamo ang kayamanan sa pagnanakaw, hindi sa tao lamang, kundi sa Diyos din

[1] Juan 15:8.
[2] Juan 3:16.

naman. Ginagamit ng mga tao ang mga kaloob Niya sa pagbibigay-kasiyahan sa kanilang kasakiman. Bawa't bagay na nahahawakan nila ay ipinaglilingkod sa kanilang katakawan at sa kanilang pag-ibig sa makasariling kalayawan.

Ang kasalanan ng sanlibutan ngayon ay ang kasalanang siyang naghatid ng kapahamakan sa Israel. Kawalan ng utang na loob sa Diyos, ang pagpapabaya sa mga pagkakataon at mga pagpapala, ng [318]
makasariling paggamit ng mga kaloob ng Diyos,—ang mga ito ay [319]
nabubuo sa kasalanang siyang nagpasapit ng galit sa Israel. Ang mga ito ay naghahatid ng kagibaan sa sanlibutan ngayon.

Ang mga luhang dumaloy kay Kristo doon sa Bundok ng Olibo nang Siya'y nakatayong pinanununghan ang siyudad na hinirang, ay hindi para sa Jerusalem lamang. Sa kapalarang sasapit sa Jerusalem ay nakita Niya ang pagkawasak ng sanlibutan.

"Kung sa araw na ito ay nakilala mo sana, sa iyong I sarili, ang mga bagay na nauukol sa iyong kapayapaan! datapwa't ngayo'y pawang nangatatago sa iyong mga mata."[1]

"Sa araw na ito." Ang araw ay malapit nang matapos. Ang panahon ng kaawaan at karapatan ay halos tapos na. Nag-iipun-ipon ang mga alapaap ng paghihiganti. Ang mga nagsitanggi sa biyaya ng Diyos ay malapit nang masangkot sa mabilis at di-mababawing kagibaan.

Gayunma'y nahihimbing pa rin ang sanlibutan. Hindi nalalaman ng mga tao ang panahon ng pagdalaw sa kanila.

Sa krisis na ito, saan matatagpuan ang iglesya? Nakatutugon ba ang mga kaanib nito sa mga hinihingi ng Diyos? Tinutupad ba nila ang Kanyang utos, at inilalarawan ba nila sa sanlibutan ang Kanyang likas? Tinatawag ba nila ang pansin ng kanilang mga kapwa-tao sa huling mahabaging pabalita ng pagbababala?

Nanganganib ang mga tao. Napakarami ang nangapapahamak. Nguni't kakaunti sa mga nagsisipagpanggap na mga sumusunod kay Kristo ang nagmamalasakit sa mga kaluluwang ito. Ang kapalaran ng isang sanlibutan ay nakabitin sa timbangan; subali't bahagya nang maantig yaong mga nagsisipag-angking sumasampalataya sa lalong malawak-ang-saklaw na katotohanang kailanma'y naibigay sa mga tao. Nawawala ang pag-ibig na yaong umakay kay Kristo na

[1] Lu. 19:42.

[320] iwan ang tahanan Niya sa langit at nagbihis ng likas ng tao, upang mahipo ng tao ang mga tao, at mailapit sa Diyos ang sangkatauhan. Nahihimbing at manhid ang bayan ng Diyos, kaya nga hindi nila mapag-unawa ang tungkulin sa panahong ito.

Nang pasukin ng Israel ang Canaan, hindi nila tinupad ang panukala ng Diyos na ariin nila ang buong lupain. Pagkasakop nila ng isang bahagi, ay nanahanan na sila roon upang tamasahin ang bunga ng kanilang mga pagtatagumpay. Sa kanilang di-paniniwala at pagibig sa kaalwanan, nagpisan-pisan sila nang sama-sama sa mga dakong nasakop na, sa halip na magpatuloy sa pagsakop ng iba pang teritoryo. Sa ganitong paraan nagpasimula silang humiwalay sa Diyos. Dahil sa hindi nila pagsasakatuparan ng Kanyang panukala, ay hindi Niya natupad sa kanila ang Kanyang pangakong pagpapala. Hindi ba ganito rin ang ginagawa ng iglesya sa ngayon? Samantalang ang buong sanlibutan ay nasa harapan nila na nangangailangan ng ebanghelyo, ay nagpipisan-pisan namang magkakasama ang mga nagpapanggap na Kristiyano sa dakong doo'y makapagtatamasa sila ng mga pribilehiyo ng ebanghelyo. Hindi nila nadarama ang pangangailangan ng pag-okupa ng mga bagong teritoryo, at ang paghahatid ng pabalita ng kaligtasan sa mga purok na nasa dako roon. Ayaw nilang tuparin ang utos o tagubilin ni Kristong, "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal."[1] Hindi ba sila gasinong nagkukulang kaysa iglesya ng mga Hudyo?

Ang mga nagpapanggap na tagasunod ni Kristo ay nililitis o sinusulit sa harap ng sangkalangitan; nguni't ang lamig ng kanilang kasiglahan at ang hina ng kanilang mga pagsisikap o paggawa sa paglilingkod sa Diyos, ay nagpapakilalang sila'y mga di-tapat. Kung ang kanilang ginagawa ay siya nang pinakamabuting abot ng kanilang kakayahan, ay hindi nga sila mahahatulan; subali't kung
[321] ang mga puso lamang nila ay nasa gawain, makagagawa pa sila nang malaki. Alam nila, at alam din ng sanlibutan, na nawala na sa kanila ang malaking antas ng diwa ng pagkakait sa sarili at ng pagpapasan ng krus. Sa tapat ng mga pangalan ng maraming naroroon ay masusumpungang nakasulat sa mga aklat sa langit ang ganito, hindi mga tagagawa, kundi mga tagaubos. Sa maraming nagtataglay ng

[1] Mar. 16:15.

pangalan ni Kristo, ay malabo ang Kanyang kaluwalhatian, nalalambungan ang Kanyang kagandahan, at napagkakaitan ang Kanyang karangalan.

Maraming pangalan ang nasa mga aklat ng iglesya, nguni't wala naman sa ilalim ng paghahari ni Kristo. Hindi nila pinapansin ang Kanyang turo ni ginagawa man ang Kanyang gawain. Kaya nga sila'y nasa ilalim ng kontrol ng kaaway. Wala silang ginagawang tiyak na mabuti, kaya nga gumagawa sila ng di-matatayang kapinsalaan. Sapagka't ang impluwensiya nila ay hindi isang samyo ng buhay sa ikabubuhay, ito nga'y isang samyo ng kamatayan sa ikamamatay.

Sinasabi ng Panginoon, "Hindi baga dadalaw Ako dahil sa mga bagay na ito?"[1] Dahil sa hindi nila tinupad ang panukala ng Diyos, ang mga anak ni Israel ay isinaisantabi, at ang panawagan ng Diyos ay ipinaabot sa ibang mga tao. Kung ang mga ito man ay hindi magiging mga tapat, hindi ba sila itatakwil din naman sa ganito ring paraan?

Sa talinhaga tungkol sa ubasan ay ang mga magsasaka ang hinatulan ni Kristo na mga maysala. Sila ang ayaw magbalik sa kanilang panginoon ng bunga ng kanyang lupa. Sa bansang Hudyo, ang mga saserdote at mga guro ang siyang sa pamamagitan ng pagsisinsay sa mga tao, ay ninakawan ang Diyos ng paglilingkod na Kanyang hinihingi. Sila ang nagpahiwalay sa bansa kay Kristo.

Ang kautusan ng Diyos, na walang-halong sali't saling sabi ng mga tao, ay iniharap ni Kristo bilang siyang dakilang pamantayan ng pagtalima. Ito ang ikinagalit ng mga rabi. Inilagay na nila sa [322]
ibabaw ng salita ng Diyos ang turo ng mga tao, at pinahiwalay na nila ang bayan sa Kanyang mga utos. Hindi nila maitatakwil ang mga utos nilang gawa ng mga tao upang talimahin lamang ang mga hinihingi ng salita ng Diyos. Hindi nila maisasakripisyo, alang-alang sa katotohanan, ang yabang ng pangangatwiran at ang kapurihan ng mga tao. Nang dumating si Kristo, na ipinakikilala sa bansa ang mga inaangkin o mga hinihingi ng Diyos, ay pinagkaitan Siya ng mga saserdote at mga matatanda ng karapatan Niyang mamagitan sa kanila at sa bayan. Hindi nila matanggap ang Kanyang mga suwat at

[1] Jer. 5:9.

mga babala, at ipinasiya nilang udyukan ang bayan laban sa Kanya at pagsabuwatanan ang Kanyang ikapapahamak.

Sila ang mananagot sa pagkakapagtakwil kay Kristo, at sa mga bungang sumunod. Ang pagkakasala ng isang bansa at ang pagkapahamak ng isang bansa ay dapat isisi sa mga lider ng relihiyon.

Hindi ba ganito ring mga impluwensiya ang gumagawa sa ating kapanahunan? Tungkol sa mga magsasaka sa ubasan ng Panginoon, hindi ba marami ang sumusunod sa mga hakbang ng mga pinunong Hudyo? Hindi ba pinahihiwalay ng mga guro ng relihiyon ang mga tao sa maliliwanag na hinihingi ng salita ng Diyos? Sa halip na turuan sila ng pagtalima sa kautusan ng Diyos, hindi ba tinuturuan nila sila ng pagsalansang? Buhat sa maraming pulpito ng mga iglesya ay tinuturuan ang mga tao na hindi na nila tungkuling sundin ang kautusan ng Diyos. Ang itnataas ay ang mga sali't saling sabi, mga palatuntunan, at mga kaugalian ng mga tao. Pinayayabong ang kapalaluan at ang kasiyahan-sa-sarili dahil sa mga kaloob ng Diyos, samantalang ang mga hinihingi ng Diyos ay di-pinapansin.

Sa pagsasaisantabi sa kautusan ng Diyos, ay hindi nalalaman ng mga tao ang kanilang ginagawa. Ang kautusan ng Diyos ay
[323] siyang salin ng Kanyang likas. Na- bubuo rito ang mga simulain ng Kanyang kaharian. Ang ayaw tumanggap sa mga simulaing ito ay inilalagay ang kanyang sarili sa labas ng daluyang doo'y dumadaloy ang mga pagpapala ng Diyos.

Ang maluwalhating mga posibilidad na inilagay sa harapan ng Israel ay magkakatotoo lamang sa pamamagitan ng pagtalima sa mga utos ng Diyos. Iyon ding tayog ng likas, iyon ding puspos na pagpapala,—pagpapala sa isip at sa kaluluwa at sa katawan, pagpapala sa bahay at sa bukid, pagpapala sa buhay na ito at sa buhay na darating,—ay maaaring mangyari sa atin sa pamamagitan lamang ng pagtalima.

Sa sanlibutang espirituwal at sa sanlibutang pangkalikasan, ang pagtalima sa mga kautusan ng Diyos ay siyang kondisyon ng pagbubunga. At kapag tinuturuan ng mga tao ang mga tao na huwag pahalagahan ang mga utos ng Diyos, ay kanilang hinahadlangan sila sa pagbubunga para sa Kanyang kaluwalhatian. Nagkakasala sila ng pagkakait sa Panginoon ng mga bunga ng Kanyang ubasan.

Sa atas ng Panginoon ay lumalapit sa atin ang mga tagapagbalita ng Diyos. Sa kanilang paglapit ay sinasabi nila, gaya ng ginawa

ni Kristo, na ating talimahin ang salita ng Diyos. Inihaharap nila ang Kanyang pagangkin sa mga bunga ng ubasan, ang mga bunga ng pag-ibig, at pagpapakumbaba, at paglilingkod sa sakripisyo ng sarili. Katulad ng mga pinunong Hudyo, hindi baga marami sa mga magsasaka sa ubasan ang nangagalit? Kapag ang inaangkin ng kautusan ng Diyos ay inihaharap sa mga tao, hindi baga ginagamit ng mga gurong ito ang kanilang impluwensiya upang maakay ang mga tao na ito'y tanggihan? Ang mga ganitong guro ay tinatawag ng Diyos na mga di-tapat na alipin,

Ang mga sinalita ng Diyos sa unang Israel ay may solemneng babala sa iglesya at sa mga lider nito ngayon. Tungkol sa Israel ay
sinabi ng Panginoon, "Sinulat Ko para sa kanya ang mga dakilang [324]
bagay ng Aking kautusan; nguni't kanilang inaring parang kakatwang bagay."[1] At sa mga saserdote at mga guro ay sinabi Niya, "Ang Aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman; sapagka't ikaw ang nagtakwil ng kaalaman, Akin namang kalilimutan ang iyong mga anak."[2]

Palalampasin ba ang mga babalang buhat sa Diyos nang di-papansinin? Ang mga pagkakataon ba para sa paglilingkod ay di-pagbubutihin? Ang paglibak ba ng sanlibutan, ang kapalaluan ng katwiran, ang pakikiayon sa mga kaugalian at mga sali't saling sabi ng mga tao ay makapipigil sa mga nagpapanggap na tagasunod ni Kristo sa paglilingkod sa Kanya? Itatakwil ba nila ang salita ng Diyos na gaya ng pagkakapagtakwil ng mga pinunong Hudyo kay Kristo? Ang bunga ng pagkakasala ng Israel ay nasa harapan natin. Tatanggapin ba ng iglesya sa panahong ito ang babala?

"Kung ang ilang mga sanga'y nangabali, at ikaw, na isang olibong ligaw, ay isinanib ka sa kanila, at ikaw ay naging kabahagi nila sa ugat ng katabaan ng punong olibo; huwag kang magpalalo. . . . Sa kawalan nila ng pananampalataya ay nangabali sila, at sa iyong pananampalataya'y nakatayo ka. Huwag kang magpalalo, kundi matakot ka; sapagka't kung hindi nga pinatawad ng Diyos ang mga
talagang sanga, ikaw man ay hindi patatawarin."[3] [325]

[1] Os. 8:12.
[2] Os. 4:6.
[3] Rom. 11:17-21.

## Kapitulo 24—Angkop sa Kasalan

ANG talinhaga tungkol sa damit kasalan ay naghahayag sa harap natin ng isang aral na may pinakamataas na kahalagahan. Inilalarawan ng kasalan ang pagsasama o pagkakaisa ng tao at ng Diyos; ang damit kasalan ay kumakatawan sa likas na dapat taglayin ng lahat na maibibilang na karapat-dapat na mga panauhin sa kasalan.

Sa talinhagang ito, gaya rin naman ng sa malaking hapunan, ay inilalarawan ang paanyaya ng ebanghelyo, ang pagtanggi rito ng bayang Hudyo, at ang tawag ng kaawaan sa mga Hentil. Datapwa't sa mga nagsisitanggi sa paanyaya, ay ipinakikita ng talinhagang ito ang isang lalong malalim na paghamak at ang isang lalong nakatatakot na kaparusahan. Ang panawagang dumalo sa piging ay anyaya ng isang hari. Buhat ito sa isang may kapangyarihang makapag-utos. Nagbibigay ito ng malaking karangalan. Subali't ang karangalan ay di-pinahahalagahan. Ang kapangyarihan ng hari ay hinamak. Samantalang ang anyaya ng puno ng sambahayan ay ipinagwalang-bahala, ang sa hari naman ay tinugon ng paghamak at pagpatay. Pinakitunguhan nila ang kanyang alipin nang may paglibak, at nilait sila at pinagpapatay sila.

[326] Nang makita ng puno ng sambahayan na di-pinansin ang kanyang anyaya ay sinabi niyang sinuman sa mga taong pinagsabihan ay hindi dapat makatikim ng kanyang hapunan. Nguni't sa mga gumawa ng paglait sa hari, ay higit pa sa pagpapalayas sa harap niya at dipagpapadulog sa hapag niya ang ipinag-utos. "Sinugo niya ang kanyang mga hukbo, at pinuksa ang mga mamamatay-taong yaon, at sinunog ang kanilang bayan."

Sa dalawang talinhaga ang piging ay ipinag-anyaya ng mga panauhin, subali't ipinakikilala ng ikalawang talinhaga na may paghahandang dapat gawin ang lahat ng mga dadalo sa piging. Ang mga kumakaligta o nagpapabaya sa paghahandang ito ay itinatapon sa labas. "Pumasok ang hari upang tingnan ang mga panauhin," at "doo'y nakita niya ang isang tao na hindi nararamtan ng damit-kasalan; at sinabi niya sa kanya, Kaibigan, ano't pumasok ka rito

na walang damit-kasalan? At siya'y naumid. Nang magkagayo'y sinabi ng hari sa mga naglilingkod, Gapusin ninyo ang mga paa at mga kamay niya, at dalhin ninyo siya, at itapon ninyo siya sa kadiliman sa labas; diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin."

Ang panawagan o paanyaya sa piging ay ibinigay ng mga alagad ni Kristo. Isinugo ng ating Panginoon ang labindalawa at pagkatapos ay ang pitumpu, na itinatanyag na ang kaharian ng Diyos ay malapit na, at tinatawagan ang mga tao na magsipagsisi at magsisampalataya sa ebanghelyo. Nguni't ang panawagan ay hindi pinansin. Ang mga inanyayahan sa piging ay hindi nagsidalo. Nang dakong huli'y isinugo ang mga alipin na ipinasasabing, "Narito, inihanda ko na ang aking hapunan; pinatay ko ang aking mga baka at mga hayup na pinataba, at ang lahat ng mga bagay ay nahahanda na: magsiparito kayo sa piging ng kasalan." Ito ang pabalitang inihatid sa bansa ng Hudyo pagkatapos na si Kristo ay ipako sa krus; datapwa't ang bansang nagsasabing sila ang tanging bayan ng Diyos ay tumanggi sa ebanghel- yong dinala sa kanila na nasa kapangyarihan ng Banal [327] na Espiritu. Marami ang nagsigawa nito sa paraang lubhang kalibak-libak. Ang iba naman ay lubhang nagalit sa iniaalok na kaligtasan, at sa iniaalok na kapatawaran sa pagkakapagtakwil sa Panginoon ng kaluwalhatian, na anupa't dinaluhong nila ang mga nagdadala ng pabalita. Nagkaroon ng "isang malaking pag-uusig."[1] Maraming mga lalaki at mga babaeng pinagpipiit sa bilangguan, at ang ilan sa mga tagapagbalita ng Panginoon, gaya ni Esteban at ni Santiago, ay pinagpapatay.

Sa ganitong paraan tinatakan ng bansang Hudyo ang pagtatakwil nila sa kaawaan ng Diyos. Ang bunga ay pauna nang sinabi sa talinhaga. "Sinugo" ng hari "ang kanyang mga hukbo, at pinuksa ang mga mamamatay-taong yaon, at sinunog ang kanilang bayan." Ang hatol na iginawad ay dumating sa mga Hudyo sa pagkakawasak sa Jerusalem at sa pagkakapangalat sa bansa.

Ang ikatlong panawagan o paanyaya sa piging ay kumakatawan sa pagbibigay ng ebanghelyo sa mga Hentil. Sinabi ng hari, "Nahahanda ang kasalan, nguni't hindi karapat-dapat ang mga inanyaya-

[1] Gawa 8:1.

han. Magsiparoon nga kayo sa mga likuang lansangan, at anyayahan ninyo sa piging ng kasalan ang lahat ninyong mangasumpungan."

Ang mga alipin ng haring nagsitungo sa mga likuang lansangan ay "tinipon ang lahat nilang nangasumpungan, masasama at mabubuti." Iyon ay isang halu-halong pulutong. Ang ilan sa kanila ay walang higit na pagpapahalaga sa nagpipiging kaysa mga nagsitanggi sa paanyaya. Ang uri ng unang inanyayahan, naisip nila, ay hindi makagawa ng pagsasakripisyo sa anumang kapakinabangang pansanlibutan alang-alang sa pagdalo sa bangkete ng hari. At sa mga nagsitanggap naman sa anyaya, ay may ilan doon na ang isip lamang ay ang pakikinabangin ng kanilang mga sarili. Nagsidalo sila upang makabahagi sa mga inihanda sa piging, subali't wala
[328] silang hangaring parangalan ang hari.

Nang pumasok ang hari upang tingnan ang mga panauhin, ay nahayag ang tunay na likas ng lahat. Sapagka't ang bawa't panauhin sa piging ay pinaglaanan ng isang damit-kasalan. Ang damit-kasalang ito ay kaloob ng hari. Sa pagsusuot nila nito ay ipinakikilala nila ang kanilang paggalang sa nagpiging. Datapwa't isang tao ang nakadamit ng karaniwang damit ng mamamayan. Tinanggihan niya ang paggawa ng paghahandang hiningi ng hari. Ang damit-kasalang inilaan at inihanda sa kanya na may malaking halaga ay hindi niya isinuot. Sa gayo'y hinamak niya ang kanyang panginoon. Sa tanong ng hari na, "Ano't pumasok ka rito na walang damitkasalan?" ay wala siyang maisagot na anuman. Siya na ang humatol sa kanyang sarili. Nang magkagayo'y sinabi ng hari, "Gapusin ninyo ang mga paa at kamay niya, at dalhin ninyo siya, at itapon ninyo siya sa kadiliman sa labas."

Ang pagsisiyasat ng hari sa mga panauhing nasa piging ay kumakatawan sa gawain ng paghuhukom. Ang mga panauhin sa piging na pang-ebanghelyo ay ang mga nagsisipagpanggap na naglilingkod sa Diyos, na ang mga pangalan ay nangasusulat sa aklat ng buhay. Subali't hindi lahat ng mga nagpapanggap na mga Kristiyano ay mga tunay na alagad. Bago ibigay ang panghuling gantimpala, dapat munang pasiyahan kung sino ang mga karapat-dapat makabahagi sa mana ng mga matwid. Ang kapasiyahang ito ay dapat gawin nang una sa ikalawang pagdating ni Kristo sa mga alapaap ng langit; sapagka't sa pagdating Niya, ay taglay na Niya ang Kanyang gantimpala, "upang bigyan ng kagantihan ang bawa't isa ayon sa

kanyang gawa."[1] Samakatwid, bago Siya dumating, ang likas o uri ng gawain ng bawa't tao ay napagpasiyahan na, at sa bawa't isa sa mga tagasunod ni Kristo ay may naitakda nang gantimpala ayon sa kanyang mga gawa.

Samantalang naninirahan pa sa lupa ang mga tao ay sa panahong [329] yaon ginaganap ang masiyasat na paghuhukom sa mga korte sa langit. Ang mga kabuhayan ng lahat Niyang nagpapanggap na mga tagasunod ay sinusuri sa harap ng Diyos. Lahat ay sinisiyasat alinsunod sa nakatala sa mga aklat sa langit, at ayon sa kanyang mga gawa ay magpakailanman nang pinapasiyahan ang kapalaran o kahihinatnan ng bawa't isa.

Kinakatawanan ng damit-kasalan sa talinhaga ang malinis, walang-dungis na likas na tataglayin ng mga tunay na tagasunod ni Kristo. Sa iglesya'y ipinagkaloob "na damtan ang kanyang sarili ng mahalagang lino, malinis at maputi," "na walang-dungis, o kulubot, o anumang gayong bagay." Ang mahalagang lino, sinasabi ng Kasulatan, "ay ang katwiran ng mga banal."[1] Ito ang katwiran ni Kristo, ang Kanyang sariling walang-dungis na likas, na sa pamamagitan ng pananampalataya ay ibinibigay sa lahat ng mga tumatanggap sa Kanya bilang sarili nilang Tagapagligtas.

Ang maputing damit ng kawalang-sala ay isinuot ng ating unang mga magulang nang sila'y ilagay ng Diyos sa banal na Eden. Namuhay sila na lubos na nakikiayon sa kalooban ng Diyos. Ang buong lakas ng kanilang pagibig ay iniukol nila sa kanilang Amang nasa langit. Isang marikit at malambot na liwanag, ang liwanag ng Diyos, ang nakalukob sa banal na mag-asawa. Ang nakabalabal na liwanag na ito ay sagisang ng kanilang mga espirituwal na damit ng kawalang-salang makalangit. Kung nanatili lamang silang tapat sa Diyos, disin sana'y namalagi iyong nakalukob sa kanila. Nguni't nang makapasok na ang kasalanan, naalis ang pagkakaugnay nila sa Diyos, at ang liwanag na nakabalot sa kanila ay nawala. Hubad at nahihiya, pinagsikapan nilang palitan ang mga damit ng langit sa pamamagitan ng pagtahi ng mga dahon ng igos upang kanilang maipanakip sa kanilang kahubaran.

Ito ang ginawa ng mga mananalansang ng kautusan ng Diyos [330]

[1] Apoc. 22:12.

[1] Apoc. 19:8; Ef. 5:27.

sapul nang araw na sumuway sina Adan at Eba. Tumahi sila ng sama-samang mga dahon ng igos upang takpan ang kahubarang likha ng pagsalangsang. Nagsuot sila ng mga damit na sarili nilang gawa, at sa pamamagitan ng sarili nilang mga gawa ay pinagsikapan nilang mapagtakpan ang kanilang mga kasalanan, at mapagindapat ang kanilang mga sarili sa Diyos.

Subali't ito'y hindi nila kailanman magagawa. Walang anumang magagawa ang tao upang mapalitan ang nawala niyang damit ng kawalang-sala. Walang kasuutang dahon ng igos, ni damit man ng mamamayan ng sanlibutan, ang maaaring isuot ng mga nauupong kasama ni Kristo at ng mga anghel sa hapunan ng kasalan ng Kordero.

Tanging ang damit na si Kristo na rin ang naghanda, ang makatutugon upang tayo'y makatayo sa harapan ng Diyos. Ang damit na ito, ang balabal ng Kanyang sariling katwiran, ang ibibihis ni Kristo sa bawa't nagsisisi at sumasampalatayang kaluluwa. "Ipinapayo Ko sa iyo," wika Niya, "na ikaw ay bumili sa Akin . . . ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiya-hiyang kahubaran."[1]

Ang damit na ito, na hinabi sa habihan ng langit, ay walang isa mang sinulid na gawa ng tao. Gumawa si Kristo ng isang sakdal na likas nang Siya'y magkatawang-tao, at ang likas na ito ay iniaalok Niya upang ibigay sa atin. "Lahat nating katwiran ay parang basahang marumi."[2] Lahat ng bagay na magagawa ng ating sarili ay dinudungisan ng kasalanan. Nguni't ang Anak ng Diyos ay "nahayag upang mag-alis ng mga kasalanan; at sa Kanya'y walang kasalanan." Ang kasalanan ay sinasabing "ang pagsalansang sa kautusan."[3] Datapwa't si Kristo ay naging masunurin sa bawa't hinihingi ng kautusan. Tungkol sa Kanya ay sinabi Niya, "Aking kinalulugurang sundin ang Iyong kalooban, Oh Diyos Ko; oo, ang Iyong kautusan
[331] ay nasa loob ng Aking puso."[4] Nang Siya'y nasa lupa pa ay sinabi Niya sa Kanyang mga alagad, "Tinupad Ko ang mga utos ng Aking Ama."[1] Dahil sa Kanyang sakdal na pagtalima ay ginawa Niyang

[1] Apoc. 3:18.
[2] Is. 64:6.
[3] 1 Juan 3:5, 4.
[4] Awit 40:8.
[1] Juan 15:10.

maaari para sa bawa't tao na matalima ang mga utos ng Diyos. Kapag ipinasasakop natin ang ating mga sarili kay Kristo, ang puso natin ay napapakatnig sa Kanyang puso, ang kalooban natin ay napapalakip sa Kanyang kalooban, ang isip natin ay nagiging kaisa ng Kanyang pag-iisip, ang mga iniisip natin ay naipabibihag sa Kanya; at tayo'y namumuhay ng Kanyang kabuhayan. Ito ang ibig sabihin ng nararamtan ng damit ng Kanyang katwiran. Kung magkagayon sa pagtingin sa atin ng Panginoon, ang nakikita Niya, ay hindi ang damit na dahon ng igos, hindi ang kahubaran at kapangitan ng kasalanan, kundi ang sarili Niyang damit ng katwiran, na ito ay ang sakdal na pagtalima sa kautusan ni Jehoba.

Ang mga panauhin sa piging ng kasalan ay siniyasat ng hari. Ang mga tinanggap lamang ay yaong nagsitalima sa kanyang mga hinihingi at nagsipagsuot ng damit-kasalan. Ganyan din naman sa mga panauhin sa piging na pang-ebanghelyo. Lahat ay dapat makalampas o makapasa sa pagsisiyasat ng dakilang Hari, at ang mga tinatanggap lamang ay ang mga nagsipagsuot ng damit ng katwiran ni Kristo.

Ang katwiran ay paggawa ng matwid, at ang lahat ay hahatulan sa pamamagitan ng kanilang mga gawa. Inihahayag ng ating mga ginagawa ang ating mga likas. Ipinakikilala ng mga gawa kung tunay ang pananampalataya.

Hindi sapat na sampalatayanan nating si Jesus ay hindi isang impostor, at ang relihiyong sinasabi ng Biblia ay hindi buong katusuhang kinatha. Maaaring sumasampalataya tayo na ang pangalan ni Jesus ay siya lamang pangalan sa silong ng langit na sa pamamagitan nito'y maliligtas ang tao, at gayunpaman sa pamamagitan ng pananampalataya ay hindi natin Siya ginagawang ating personal na [332]
Tagapagligtas. Hindi sapat na sampalatayanan lamang ang teoriya ng katotohanan. Hindi sapat na gumawa lamang ng pagpapanggap ng pagsampalataya kay Kristo at mapatala ang ating mga pangalan sa aklat ng iglesya. "Ang tumutupad ng Kanyang mga utos ay nananahan sa Kanya, at Siya ay sa kanya. At dito'y nakikilala natin na Siya'y nananahan sa atin, sa pamamagitan ng Espiritu na Kanyang ibinigay sa atin." "Sa ganito'y nalalaman natin na Siya'y ating nakikilala, kung tinutupad natin ang Kanyang mga utos."[1] Ito

[1] 1 Juan 3:24; 2:3.

ang tunay na katibayan ng pagkahikayat. Anuman ang ginagawa nating pagpapanggap, ay wala itong kabuluhan malibang si Kristo ay nahahayag sa ating mga gawa ng katwiran.

Ang katotohanan ay dapat itanim sa puso. Dapat nitong supilin ang isip at isaayos ang mga nararamdaman ng damdamin. Ang buong likas ay dapat matatakan ng mga salita ng Diyos. Ang bawa't tuldok at kudlit ng salita ng Diyos ay dapat isakabuhayan araw-araw.

Ang taong nagiging kabahagi ng likas ng Diyos ay magiging kaayon ng dakilang pamantayan ng katwiran ng Diyos, ang Kanyang banal na kautusan. Ito ang tuntuning sa pamamagitan nito sinusukat ng Diyos ang mga gawa ng mga tao. Ito ang magiging subukan ng likas sa Paghuhukom.

Marami ang nagsasabi na sa pagkamatay ni Kristo ay pinawi na ang kautusan; nguni't dito'y sinasalansang nila ang sariling pangungusap ni Kristo na, "Huwag ninyong isiping Ako'y naparito upang sirain ang kautusan, o ang mga propeta. . . . Hanggang sa mangawala ang langit at ang lupa, ang isang tuldok o isang kudlit sa anumang paraan ay hindi mawawala sa kautusan."[2] Kaya nag-alay si Kristo ng Kanyang buhay ay upang tubusin ang pagkakasalansang ng tao sa kautusan. Kung binago na ang kautusan o kaya'y isinaisantabi,
[333] kung gayo'y hindi na sana kinailangan ni Kristo na mamatay. Sa pamamagitan ng Kanyang buhay sa lupa ay pinarangalan Niya ang kautusan ng Diyos. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan ay itinatag Niya ito. Ibinigay Niya ang Kanyang buhay na isang hain o sakripisyo; hindi upang sirain ang kautusan ng Diyos, hindi upang lumikha ng isang mababa-babang pamantayan, kundi upang mapamalagi ang katarungan, upang ang kautusan ay maipakilalang di-mababago, at upang ito'y makatayong matibay magpakailanman.

Sinabi ni Satanas na di-maaaring matalima ng tao ang mga utos ng Diyos; at sa sarili nating lakas ay tunay ngang hindi natin matatalima ang mga ito. Subali't naparito si Kristo sa kaanyuan ng tao, at sa pamamagitan ng lubos Niyang pagtalima ay pinatunayan Niyang kung magkasama ang tao at ang Diyos ay matatalima nito ang bawa't isa sa mga utos ng Diyos.

"Ang lahat ng sa Kanya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang (kapangyarihang) maging mga anak ng Diyos,

[2]Mat. 5:17, 18.

samakatwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa Kanyang pangalan."[1] Ang karapatan o kapangyarihang ito ay wala sa tao. Ito ay ang kapangyarihan ng Diyos. Kapag tinatanggap ng isang tao si Kristo, tumatanggap din siya ng kapangyarihan upang maipamuhay ang kabuhayan ni Kristo.

Hinihingi ng Diyos ang pagpapakasakdal ng Kanyang mga anak. Ang Kanyang kautusan ay isang salin ng sarili Niyang likas, at ito ang pamantayan ng lahat nang likas. Ang walang-hanggang pamantayang ito ay ipinakikilala sa lahat upang walang magkamali tungkol sa uri ng mga taong ibig ng Diyos na bumuo ng Kanyang kaharian. Ang buhay ni Kristo sa lupa ay naging isang sakdal na pagpapahayag ng kautusan ng Diyos, at kapag ang mga nagsasabing sila'y mga anak ng Diyos ay nagiging katulad na ni Kristo sa likas, ay magiging masunurin sila sa mga utos ng Diyos. Kung magkagayo'y mapagtitiwalaan na sila ng Panginoon upang maka- bilang sa mga [334]
bubuo ng sambahayan sa langit. Nararamtan ng maluwalhating damit ng katwiran ni Kristo, sila'y mayroong lugar sa piging ng Hari. May karapatan silang makisama sa karamihang hinugasan ng dugo.

Ang taong dumalo sa piging nang walang suot na damit-kasalan ay kumakatawan sa kalagayan ng maraming nasa ating sanlibutan ngayon. Nagpapanggap silang mga Kristiyano, at sinasabi nilang sila'y karapatdapat sa mga pagpapala at mga karapatan ng ebanghelyo; subali't hindi naman sila nakakaramdam ng pangangailangan ng pagbabago ng likas. Hindi sila kailanman nakaramdam ng tunay na pagsisisi dahil sa kasalanan. Hindi nila nararamdamang kailangan nila si Kristo o sumasampalataya man sila sa Kanya. Hindi nila napananagumpayan ang kanilang namana o nalinang na mga hilig sa paggawa ng kamalian. At gayunpama'y iniisip nilang sila'y mabubuti na, at sumasandig sila sa sarili nilang mga kagalingan o mga kabutihan sa halip na magtiwala kay Kristo. Palibhasa'y mga nakikinig ng salita, sila'y dumadalo sa bangkete, subali't wala naman silang suot na damit ng katwiran ni Kristo.

Ang marami na ang tawag sa kanilang mga sarili ay mga Kristiyano ay mga taong moralista lamang. Tinatanggihan nila ang kaloob na siya lamang makapagbibigay-kaya sa kanila upang ma-

[1] Juan 1:12.

parangalan nila si Kristo sa pamamagitan ng pagiging kinatawan Niya sa sanlibutan. Ang gawain ng Espiritu Santo ay isang kakatwang gawain sa ganang kanila. Hindi sila mga tagatupad ng salita. Ang mga simulain ng langit na siyang ikinaiiba o ikinabubukod ng mga nakikiisa kay Kristo sa mga nakikiisa sa sanlibutan ay halos hindi na makilala. Ang mga nagpapanggap na sumusunod kay Kristo ay hindi na isang nakahiwalay at natatanging bayan. Ang guhit ng pagkakahiwalay ay malabo na. Ang mga tao'y sumusunod na sa sanlibutan, sa mga ginagawa nito, sa mga kaugalian nito, at sa
[335] pagkamakasarili nito. Ang ig- lesya'y sumasama na sa sanlibutan sa pagsalansang sa kautusan, gayong ang sanlibutan sana ang dapat na sumama sa iglesya sa pagtalima sa kautusan. Araw-araw ay nahihikayat sa sanlibutan ang iglesya.

Lahat ng mga ito ay nagsisiasang sila'y ililigtas ng kamatayan ni Kristo, kahit na ayaw nilang mamuhay ng Kanyang kabuhayang mapagsakripisyo sa sarili. Lubha nilang niluluwalhati ang kasaganaan ng walang-bayad na biyaya, at pinagsisikapan nilang mapalitaw ang kanilang mga sarili na may anyo ng kabanalan, sa pagasang matatakpan nila ang mga kapintasan ng kanilang likas; subali't mawawalan ng kabuluhan ang mga pagsisikap nila sa araw ng Diyos.

Hindi tatakpan ng katwiran ni Kristo ang kahit isang minamahal-mahal na kasalanan. Maaaring sa puso ng isang tao ay siya'y isang manlalabag ng kautusan; gayunman kung hindi siya nakikitang gumagawa ng pagsalansang, maaaring siya'y ituring ng sanlibutan na nagaangkin ng dakilang integridad. Subali't ang kautusan ng Diyos ay nakatunghay sa mga lihim ng puso. Bawa't gawa ay hinahatulan sa pamamagitan ng adhikang nagudyok niyon. Yaon lamang kasang-ayon ng mga simulain ng kautusan ng Diyos ang makatatayo sa Paghuhukom.

Ang Diyos ay pag-ibig. Ipinakita Niya ang pag-ibig na yaon sa kaloob na si Kristo. Nang "ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan,"[1] ay wala Siyang ipinagkait sa binili Niyang pag-aari. Ibinigay Niya ang buong sangkalangitan, na doo'y makakukuha tayo ng lakas at kasanayan, upang tayo'y hindi maitaboy o madaig ng ating dakilang

[1] Juan 3:16.

kaaway. Subali't ang pag-ibig ng Diyos ay hindi umaakay sa Kanya na pagpaumanhinan ang kasalanan. Ito'y hindi Niya pinagpaumanhinan kay Satanas; ito'y hindi Niya pinagpaumanhinan kay Adan o kay Cain; ni pagpapaumanhinan man Niya ito sa ka- ninumang [336]
iba sa mga anak ng mga tao. Hindi Niya pagpipikitan ng mata ang ating mga kasalanan o kaya'y dipapansinin ang mga kapintasan ng ating likas. Inaasahan Niyang tayo'y mananagumpay sa Kanyang pangalan.

Ang mga nagsisitanggi sa kaloob na katwiran ni Kristo ay nagsisitanggi sa mga katangian ng likas na magtatatag sa kanila sa pagiging mga anak na lalaki at mga anak na babae ng Diyos. Tinatanggihan nila ang bagay na siya lamang magpapagindapat sa kanila para sa isang lugar sa piging ng kasalan.

Sa talinhaga, nang magtanong ang hari, "Ano't pumasok ka rito na walang damit-kasalan?" ay naumid ang tao. Magkakaganyan din sa dakilang araw ng Paghuhukom. Maaaring ngayo'y di-pinapansin ng mga tao ang mga kapintasan ng kanilang likas, subali't sa araw na yaon ay wala silang maibibigay na dahilan.

Ang mga nagpapanggap na iglesya ni Kristo sa lahing ito o sa panahong ito ay ibinubunyi sa pinakamatataas na mga karapatan. Inihayag sa atin ang Panginoon sa laging-nararagdagang liwanag. Ang mga karapatan natin ay higit na malaki kaysa mga naging karapatan ng unang bayan ng Diyos. Hindi lamang nasa atin ang malaking liwanag na ipinagkatiwala sa Israel, kundi nasa atin din naman ang naragdagang katibayan ng dakilang kaligtasang inihatid sa atin sa pamamagitan ni Kristo. Yaong bagay na sa mga Hudyo ay anino at simbolo lamang ay katotohanan na sa atin. Nasa kanila noon ang kasaysayan ng Matandang Tipan; nasa atin na iyon at gayundin ang Bagong Tipan. Nasa atin ang katiyakan tungkol sa isang Tagapagligtas na pumarito na, isang Tagapagligtas na ipinako sa krus, na nabuhay na mag-uli, at sa ibabaw ng nabuksang libingan ni Jose ay nagsabing, "Ako ang pagkabuhay na mag-uli at ang kabuhayan." Sa pagkakilala natin kay Kristo at sa Kanyang pag-ibig ay inilalagay sa gitna natin ang kaharian ng Diyos. Si Kristo'y inihahayag sa atin sa mga sermon at dinadalit sa atin sa mga awit. Masaganang- [337]
masaganang inihaharap sa atin ang espirituwal na bangkete. Ang damit-kasalan, na inihanda sa di-matingkalang halaga, ay walang-bayad na iniaalok sa bawa't kaluluwa. Sa pamamagitan ng mga taga-

pagbalita ng Diyos ay inihahandog sa atin ang katwiran ni Kristo, ang pagkaaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, ang lubhang dakila at mahahalagang pangako ng salita ng Diyos, ang malayang paglapit sa Ama sa pamamagitan ni Kristo, ang pag-aliw ng Espiritu, at ang matibay na katiyakan sa pagkakaroon ng buhay na walang-hanggan sa kaharian ng Diyos. Ano ang magagawa pa ng Diyos para sa atin na hindi pa Niya nagagawa sa paghahanda ng malaking hapunan, ng bangkete sa langit?

Sa langit ay ganito ang sinasabi ng mga nagsisipaglingkod na anghel: Ang gawaing iniatas sa aming tuparin namin ay amin nang nagampanan. Pinagpilitan naming mapaurong ang hukbo ng masasamang mga anghel Nagpadala kami ng ningning at liwanag sa mga kaluluwa ng mga tao, at binuhay ang kanilang alaala sa pag-ibig ng Diyos na nahayag kay Jesus. Inakit namin ang kanilang mga mata sa krus ni Kristo. Labis na nakilos ang mga puso nila sa pagkadama ng kasalanang nagpako sa Anak ng Diyos doon sa krus. Nasumbatan sila. Nakita nila ang mga hakbang na dapat gawin sa pagkahikayat; nadama nila ang kapangyarihan ng ebanghelyo; lumambot ang kanilang mga puso nang mamalas nila ang katamisan ng pag-ibig ng Diyos. Namasdan nila ang kagandahan ng likas ni Kristo. Nguni't sa marami ang lahat nang ito ay walang-kabuluhan. Hindi nila ibig isuko ang sarili nilang mga kaugalian at likas. Ayaw nilang hubarin ang mga damit na panlupa upang sila'y madamtan ng damit ng langit. Lulong na sa pag-iimbot ang kanilang mga puso. Higit nilang iniibig ang samahan sa sanlibutan kaysa pag-ibig nila sa kanilang Diyos.

[338] Magiging solemne ang araw ng huling pagpapasiya. Sa paningin ng hula ay inilalarawan ito ni Apostol Juan: "Nakita ko ang isang malaking luklukang maputi, at ang nakaluklok doon, na sa Kanyang harapan ang lupa at ang langit ay tumakas; at walang nasumpungang kalalagyan nila. At nakita ko ang mga patay, malalaki at maliliit, na nangakatayo sa harapan ng Diyos; at nangabuksan ang mga aklat; at nabuksan ang ibang aklat, na siyang aklat ng buhay; at ang mga patay ay hinatulan ayon sa mga bagay na nasusulat sa mga aklat, ayon sa kanilang mga gawa."[1]

[1]Apoc. 20:11, 12.

Magiging malungkot ang pagbubulay-bulay ng mga pangyayaring nakaraan sa araw na yaon kapag ang mga tao ay nakatayo na nang harap-harapan sa walanghanggan. Mahahayag ang buong buhay doon ayon sa kalagayan nito. Ang mga kalayawan, ang mga karangalang pansanlibutan ay magiging parang hindi na lubhang mahalaga sa panahong yaon. Mapag-uunawa nga ng mga tao na ang katwirang kanilang hinamak ay siya lamang mahalaga. Makikita nilang hinugis nila ang kanilang mga likas sa ilalim ng mapanlinlang na mga pang-akit ni Satanas. Ang mga damit na kanilang pinili ay siyang tatak ng kanilang pagkatig sa unang dakilang tumalikod. Kung magkagayo'y makikita nila ang mga bunga ng kanilang pinili. Malalaman nila kung ano ang ibig sabihin ng pagsalansang sa mga utos ng Diyos.

Hindi na magkakaroon ng palugit na panahon ng pagsubok upang makapaghanda para sa walang-hanggan. Sa buhay na ito dapat nating isuot ang damit ng katwiran ni Kristo. Ito ang pagkakataon lamang natin na makapaghugis ng mga likas para sa tahanang inihanda ni Kristo para sa mga nagsisitalima sa Kanyang mga utos.

Ang mga araw ng pagsubok sa atin ay mabilis nang natatapos. Malapit na ang wakas. Sa atin ay ibinibigay ang babalang, "Mangagingat kayo sa inyong sarili, baka mangalugmok ang inyong mga puso sa katakawan at sa kalasingan, at sa mga pagsusumakit ukol sa buhay [339]
na ito, at dumating na bigla sa inyo ang araw na yaon na gaya ng silo."[1] Mangag-ingat nga kayo baka kayo'y masumpungang hindi handa. Mangag-ingat nga kayo baka kayo'y masumpungang walang damit-kasalan sa piging ng Hari.

"Paririto ang Anak ng tao sa oras na hindi ninyo iniisip." "Mapalad siyang nagpupuyat, at nag-iingat ng kanyang mga damit, na baka siya'y lumakad na hubad, at makita nila ang kanyang kahihiyan."[2] [340]

[1] Lu. 21:34.

[2] Mat. 24:44; Apoc. 16:15.

# Kapitulo 25—Hangarin ang Mataas

SINALITA ni Kristo sa Kanyang mga alagad doon sa Bundok ng mga Olibo ang tungkol sa Kanyang ikalawang pagparito sa sanlibutan. Nagbigay Siya ng mga tiyak na tanda na magpapakilala kung malapit na ang Kanyang pagdating, at inatasan Niya ang Kanyang mga alagad na magsipagpuyat at magsihanda. Muli Niyang inuulit ang babala, "Mangagpuyat nga kayo; sapagka't hindi ninyo nalalaman ang araw ni ang oras na ipaparito ng Anak ng tao." Pagkatapos ay ipinakilala Niya ang ibig sabihin ng pagpupuyat para sa Kanyang pagdating. Ang panahon ay dapat gugulin, hindi sa paghihintay na walang ginagawa, kundi sa masigasig na paggawa. Ang aral na ito ay itinuro Niya sa pamamagitan ng talinhaga tungkol sa mga talento.

"Ang kaharian ng langit," sabi Niya, "ay tulad sa isang tao na naglalakbay patungo sa isang malayong lupain, na tinawag ang kanyang sariling mga alipin, at ipinamahala sa kanila ang kanyang mga pag-aari. At ang isa'y binigyan niya ng limang talento, ang isa'y dalawa, at ang isa'y isa; sa bawa't isa'y ayon sa kanya-kanyang kaya; at siya'y yumaon sa kanyang paglalakbay."

Ang taong naglalakbay patungo sa isang malayong lupain ay kumakatawan kay Kristo, na, nang sinasalita ang taljnhagang ito,
[341] ay malapit nang umalis sa lupa upang umakyat sa langit. Ang "mga alipin"[1] o mga alila, sa talinhaga, ay kumakatawan sa mga sumusunod kay Kristo. Hindi tayo sa ating sarili. Tayo'y "binili sa halaga," hindi "ng mga bagay na nasisira, na gaya ng pilak at ginto, . . . kundi ng mahalagang dugo ni Kristo;" "upang ang nangabubuhay ay huwag nang mabuhay pa sa kanilang sarili, kundi doon sa namatay sa kanila, at muling nabuhay."[2]

Lahat ng mga tao ay binili sa pamamagitan ng walang-hanggang halagang ito. Sa pamamagitan ng pagbubuhos ng buong kayamanan ng langit sa sanlibutang ito, sa pamamagitan ng pagbibigay sa atin ng buong langit na nasa kay Kristo, ay binili ng Diyos ang kalooban,

---

[1] Mat. 25:14.

[2] 1 Cor. 6:20; 1Ped. 1:18, 19; 2 Cor. 5:15.

ang mga damdamin, ang isip, ang kaluluwa, ng bawa't taong kinapal. Mga sumasampalataya man o mga di-sumasampalataya, lahat ng mga tao ay pag-aari ng Panginoon. Lahat ay tinatawagan upang gumawa ng paglilingkod sa Kanya, at sa paraan ng kanilang pagtugon sa hinihinging ito, lahat ay papagsusulitin sa dakilang araw ng Paghuhukom.

Datapwa't ang mga inaangkin o mga hinihingi ng Diyos ay hindi kinikilala ng lahat. Ang mga nagpapanggap na nagsitanggap na maglingkod kay Kristo, ay siyang kumakatawan sa mga sariling alipin Niya sa talinhaga.

Ang mga sumusunod kay Kristo ay tinubos upang maglingkod. Itinuturo ng ating Panginoon na ang tunay na layunin ng buhay ay ang maglingkod. Si Kristo na rin ay isang manggagawa, at sa lahat Niyang mga tagasunod ay ibinibigay Niya ang batas o kautusan ng paglilingkod,—paglilingkod sa Diyos at sa kanilang mga kapwa-tao. Dito'y ipinakilala ni Kristo sa sanlibutan ang isang lalong mataas na pagkaunawa sa buhay kaysa nalalaman na nila. Sa pamamagitan ng pamumuhay na naglilingkod sa iba, ay naiuugnay ang tao kay Kristo. Ang batas o kautusan ng paglilingkod ay nagiging taga- [342]
pag-ugnay na kawing na nagbibigkis sa atin sa Diyos at sa ating mga kapwa-tao.

Ipinagkakatiwala ni Kristo sa Kanyang mga alagad ang "Kanyang mga pag-aari,"—isang bagay na kailangang gamitin para sa Kanya. Kanyang ibinibigay "sa bawa't tao ang kanya-kanyang gawain." Bawa't isa ay may kanya-kanyang lugar sa walang-hanggang panukala ng langit. Bawa't isa ay dapat gumawa na nakikipagtulungan kay Kristo sa pagliligtas ng mga kaluluwa. Ang lugar na inihanda sa atin sa langit ay tiyak na katulad din ng pagkatiyak sa tanging lugar na itinakda sa lupa na doon ay dapat tayong gumawa para sa Diyos.

## Mga Kaloob ng Espiritu Santo

Ang mga talentong ipinagkakatiwala ni Kristo sa Kanyang iglesya ay kumakatawan tanging-tangi na sa mga kaloob at mga pagpapalang ibinibigay ng Banal na Espiritu. "Sa isa sa pamamagitan ng Espiritu ay ibinibigay ang salita ng karunungan; at sa iba'y ang salita ng kaalaman ayon din sa Espiritu; sa iba'y ang pananampalataya sa

gayunding Espiritu; at sa iba'y ang mga kaloob na pagpapagaling sa iisang Espiritu; at sa iba'y ang mga paggawa ng mga himala; at sa iba'y hula; at sa iba'y ang pagkilala sa mga espiritu; at sa iba'y ang iba't ibang mga wika; at sa iba'y ang pagpapaliwanag ng mga wika: datapwa't ang lahat ng ito ay ginagawa ng isa at ng gayunding Espiritu, na binabahagi sa bawa't isa ayon sa Kanyang ibig."[1] Lahat ng mga tao ay hindi tumatanggap ng magkakapareho o iisang mga kaloob, gayunman sa bawa't alipin ng Panginoon ay ipinangangako ang ilang kaloob ng Espiritu.

Bago iniwan ni Kristo ang Kanyang mga alagad, ay "sila'y hiningahan Niya, at sa kanila'y sinabi, Tanggapin ninyo ang Espiritu Santo." Muling sinabi Niya, "Narito, ipadadala Ko sa inyo ang
[343] pangako ng Aking Ama."[2] Ngu- ni't noon lamang makaakyat na si Jesus sa langit saka nila tinanggap ang kaloob sa kapuspusan nito. Noon lamang ipasakop na nang lubusan ng mga alagad ang kanilang mga sarili para sa Kanyang paggawa, sa pamamagitan ng pananampalataya at pananalangin, saka tinanggap ang pagbubuhos ng Espiritu. Noon sa isang tanging diwa ipinagkatiwala sa mga tagasunod ni Kristo ang mga pag-aari ng langit. "Nang umakyat Siya sa itaas, ay dinala Niyang bihag ang pagkabihag, at nagbigay ng mga kaloob sa mga tao." "Ang bawa't isa sa atin ay binigyan ng biyaya ayon sa sukat na kaloob ni Kristo," "na binabahagi" ng Espiritu "sa bawa't isa ayon sa Kanyang ibig."[1] Ang mga kaloob ay atin na kay Kristo, subali't ang aktuwal na pag-angkin sa mga ito ay nakabatay sa ating pagtanggap sa Espiritu ng Diyos.

Ang pangako tungkol sa Espiritu ay hindi pinahahalagahan na gaya ng dapat sanang mangyari. Ang katuparan nito ay hindi nagiging katotohanan na gaya ng maaari sanang mangyari. Ang kawalan ng Espiritu ang nagiging dahilan kung kaya ang ministeryo ng ebanghelyo ay lubhang walang-kapangyarihan. Ang pagkatuto, ang mga talento, katatasan sa pagsasalita, bawa't katutubo o natamong kaloob, ay maaaring maangkin; subali't kung wala ang pakikisama ng Espiritu ng Diyos, ay walang pusong maaantig, at walang makasalanang mahihikayat kay Kristo. Sa kabilang dako naman, kung sila'y nakaugnay kay Kristo, kung nasa kanila ang mga kaloob

[1] 1 Cor. 12:8 11

[2] Juan 20:22; Lu. 24:49.

[1] Ef. 4:8, 7; 1 Cor. 12:11.

ng Espiritu, ang pinakadukha at pinakamangmang sa Kanyang mga alagad ay magkakaroon ng kapangyarihang magkikintal sa mga puso. Ginagawa sila ng Diyos na daluyan para sa paggawa ng pinakamataas na impluwensiya sa sansinukob.

## Ibang mga Talento

Ang mga tanging kaloob ng Espiritu ay hindi siya lamang mga talentong inilalarawan sa talinhaga. Isina- sama nito ang lahat ng [344] mga kaloob, maging ito ay orihinal o natamo, likas o espirituwal. Lahat ay dapat gamitin sa paglilingkod kay Kristo. Sa pagiging mga alagad Niya, ay isinusuko natin sa Kanya ang ating mga sarili na kasama ang lahat nang nasa atin. Ang mga kaloob na ito ay ibinabalik Niya sa atin na dinalisay at pinataas ang uri, upang magamit sa Kanyang ikaluluwalhati sa pamamagitan ng pagpapala sa ating mga kapwa-tao.

Nagkaloob ang Diyos sa bawa't tao "ayon sa kanyakanyang kaya." Ang mga talento ay hindi binabaha-bahagi nang ayon sa kapritso. Ang may kakayahang gumamit ng limang talento ay tumatanggap ng lima. Ang makagagamit ng dadalawa lamang, ay tumatanggap ng dalawa. Ang may buong katalinuhang makagagamit ng isa lamang, ay isa ang tinatanggap. Hindi dapat malungkot ang sinuman kung hindi sila tumatanggap ng malakilaking mga kaloob; sapagka't Siya na nagbabaha-bahagi sa bawa't tao, ay napararangalan din sa pamamagitan ng paggamit sa bawa't isang ipinagkatiwala, maging ito'y malaki o maliit. Ang isa na pinagkatiwalaan ng limang talento ay magsusulit sa pagkakagamit ng lima; at ang tumanggap lamang ng isa, ay magsusulit sa pagkakagamit ng isa. Umaasa ang Diyos na Siya'y tatanggap ng mga pakinabang "ayon sa tinataglay ng tao, at hindi ayon sa hindi niya tinataglay."[1]

## Paggamit ng mga Talento

Sa talinhaga siya na "tumanggap ng limang talento ay pagdaka'y yumaon at ipinangalakal niya ang mga yaon, at siya'y nakinabang ng lima pang talento; at sa gayunding paraan ang tumanggap ng dalawa, ay nakinabang ng ibang dalawa pa."

[1] 2 Cor. 8:12.

Ang mga talento, kahit na kakaunti o iilan, ay dapat gamitin.
[345] Ang katanungang napakahalaga sa atin ay hindi, Ilan ang aking tinanggap? kundi, Anong ginagawa ko sa nasa akin? Ang pagpapabuti o pagpapaunlad sa lahat nating mga kakayahan ay siyang unang tungkuling utang natin sa Diyos at sa ating mga kapwa-tao. Ang isang hindi umuunlad araw-araw sa kanyang kakayahan at mapaggagamitan ay hindi tumutupad sa layunin ng buhay. Sa ating pagpapanggap ng pananampalataya kay Kristo ay nangangako tayong magiging mga manggagawa ng Panginoon, at dapat nating linangin at payabungin ang bawa't kakayahan hanggang sa pinakamataas na antas ng kasakdalan, upang makagawa tayo ng pinakamalaking bilang ng kabutihan na kaya natin.

May malaking gawain ang Panginoon na dapat magampanan, at ibibigay Niya ang pinakamarami nito sa darating na panahon sa mga pinakamatatapat at bukal-saloob na gumagawa ng paglilingkod sa kasalukuyang buhay na ito. Pumipili ang Panginoon ng sarili Niyang mga kinakasangkapan, at araw-araw sa ilalim ng iba't ibang mga pangyayari ay binibigyan Niya sila ng pagsubok sa Kanyang panukala ng paggawa. Sa bawa't tapat-sa-pusong pagsisikap na paggawa ng Kanyang panukala, ay pumipili Siya ng mga katulong Niya, hindi dahil sa sila'y sakdal, kundi sapagka't, sa pamamagitan ng pagkakaugnay sa Kanya, ay maaari silang makapagtamo ng kasakdalan.

Tinatanggap lamang ng Diyos yaong mga nagsisipagpasiyang makakuha ng mataas. Isinasailalim Niya ang bawa't taong kinakasangkapan sa tungkuling gumawa ng buo niyang makakaya. Kasakdalang moral ang hinihingi sa lahat. Kailanma'y hindi natin dapat ibaba ang pamantayan ng katwiran upang mapagbigyan lamang ang namana o napayabong na mga hilig sa paggawa ng masama. Kailangan nating maintindihan na ang dungis sa likas ay kasalanan. Lahat ng matwid na mga katangian ng likas ay nananahan sa Diyos bilang isang sakdal, nagkakatugmang kabuuan, at ang
[346] bawa't isang tu- matanggap kay Kristo bilang sarili niyang Tagapagligtas ay binibigyan ng karapatang magkaroon ng mga katangiang ito.

At ang mga nagnanais na maging mga manggagawang kasama ng Diyos ay kailangang magpunyagi sa ikasasakdal ng bawa't sangkap ng katawan at sa ikagagaling ng pag-iisip. Ang tu-

nay na edukasyon ay ang paghahanda ng mga kapangyarihang pangkatawan, pangkaisipan, at pangmoral upang magampanan ang bawa't tungkulin; ito ay pagsasanay ng katawan, isip, at kaluluwa para sa paglilingkod sa Diyos. Ito ang edukasyon o karunungang tatagal hanggang sa buhay na walanghanggan.

Hinihingi ng Panginoon sa bawa't Kristiyano ang pag-unlad niya sa kahusayan at kakayahan sa bawa't hanay. Si Kristo ang nagbayad ng sahod natin, samakatwid baga'y ng sarili Niyang dugo at paghihirap, upang makamtan ang bukal-sa-loob nating paglilingkod. Naparito Siya sa ating sanlibutan upang bigyan tayo ng isang halimbawa kung paano tayo dapat gumawa, at kung anong diwa ang dapat nating taglayin sa ating paggawa. Nais Niyang pag-aralan natin kung paano natin lubos na mapauunlad ang Kanyang gawain at maluluwalhati ang Kanyang pangalan sa sanlibutan, at mapuputungan ng karangalan, nang may pinakadakilang pag-ibig at pagtatapat, ang Ama na "gayon na lamang ang pagsinta sa sanlibutan, na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang-hanggan."[1]

Nguni't sa atin ay walang ibinibigay na kasiguruhan si Kristo na ang pagtatamo ng sakdal na likas ay isang bagay na magaan o madali. Ang isang dakila, ganap na likas ay hindi namamana. Hindi ito napapasaatin sa pamamagitan ng aksidente. Ang isang mahal na likas ay natatamo ng isang tao sa sariling pagsisikap sa pama- magi- [347]
tan ng mga kagalingan at biyaya ni Kristo. Diyos ang nagbibigay ng mga talento, ng mga kapangyarihan ng pag-iisip; tayo naman ang humuhugis sa likas. Ito'y nahuhugis sa pamamagitan ng puspusan at mahigpit na pakikibaka sa sarili. Sunod-sunod na pakikibaka ang dapat gawin laban sa namamanang mga hilig. Kailangang mahigpit nating pupunahin ang ating mga sarili, at huwag pahintulutang nananatiling di-naiwawasto ang kahit isang di-kanaisnais na likas.

Hindi dapat sabihin ng isang tao, Hindi ko malulunasan ang mga kapintasan ng aking likas. Kapag ganito ang pasiya ninyo, tiyak na hindi kayo magtatamo ng buhay na walang-hanggan. Ang di-ikapangyayari ay nakabatay sa inyong sariling kalooban. Kung ayaw ninyo, hindi kayo makapananagumpay. Ang tunay na nakasasagabal

[1] Juan 3:16.

ay nagmumula sa kasamaan ng di-napabanal na puso, at sa di-pagiging-handa ng tao na pailalim sa pagsupil ng Diyos.

Ang maraming pinagindapat ng Diyos na gumawa ng magaling na gawa ay napakaliit ang nagagampanan, sapagka't maliit ang kanilang pagsisikap. Libu-libo ang dumaraan sa buhay na para bagang sila'y walang tiyak na layuning dapat ipamuhay, at walang pamantayang dapat na abutin. Ang mga ganito ay tatanggap ng gantimpalang kasukat ng kanilang mga gawa.

Alalahanin ninyo na hindi kayo kailanman makaaabot sa isang pamantayang higit na mataas kaysa itinakda ng sarili ninyo. Kaya nga magtakda kayo ng mataas na mithiin, at baytang-baytang na umakyat kayo sa hinaba-haba ng hagdang patungo sa pagsulong, kahit na ito'y sa pamamagitan ng mahirap na pagsisikap, ng pagkakait sa sarili at ng pagpapakasakit. Huwag ninyong pabayaang may makahadlang sa inyo. Hindi inihabi ng Tadhana sa sinumang tao nang napakahigpit o napakatibay ang mga sinulid nito na anupa't mananatili na siyang walang-magawa at nasa kalagayang walang-
[348] katiyakan. Ang mga sumasalungat na pangyayari ay dapat makalikha ng isang matibay na pagpapasiyang daigin ang mga ito. Kapag naigugupo ang isang hadlang ay nagbibigay ito ng lalong malaking kakayahan at lakas ng loob upang makapagpatuloy. Magpatuloy na may pagpapasiya sa tumpak na tinutungo, at ang mga pangyayari ay magiging mga katulong ninyo, hindi mga hadlang sa inyo.

Maging hangarin ninyo na maglinang o magpayabong ng bawa't kagandahan ng likas. Sa bawa't hanay ng inyong pagpapabuti ng likas ay dapat ninyong bigyang-kaluguran ang Diyos. Maaari ninyong gawin ito; sapagka't Siya'y binigyang kaluguran ni Enoc, bagama't ito'y nabubuhay noon sa isang panahong masama. At may mga Enoc sa ating kapanahunang ito.

Manindigan kayong tulad ni Daniel, na tapat na estadista, isang lalaking hindi nakuhang pasamain ng tukso. Huwag ninyong bibiguin Siya na gayon na lamang ang pag-ibig sa inyo na ibinigay ang Kanyang sariling buhay upang pawiin ang inyong mga kasalanan. Sinasabi Niyang, "Kung kayo'y hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa."[1] Tandaan ninyo ito. Kung kayo'y nakagawa ng mga pagkakamali, tiyak na makapananagumpay kayo kung nakikita

[1] Juan 15:5.

ninyo ang mga pagkakamaling ito, at kung itinuturing ninyo ang mga ito na mga sinyal na nagbababala. Sa ganitong paraan ang pagkagapi ninyo'y nagiging tagumpay, na binibigo ang kaaway, at pinararangalan ang inyong Manunubos.

Ang likas na hinugis ayon sa wangis ng Diyos ay siya lamang kayamanang madadala natin mula sa sanlibutang ito hanggang sa darating na sanlibutan. Madadala sa mga tahanan sa langit ng mga tinuturuan ni Kristo sa sanlibutang ito ang bawa't banal na naabot. At sa langit ay patuloy pa rin tayong pabubutihin. Mahalaga, kung gayon, na pabutihin ang likas sa buhay na ito.

Ang mga anghel sa langit ay gagawang kasama ng taong buong pananampalatayang nagsisikap magkaroon ng kasakdalan ng likas [349] na hahantong sa sakdal na paggawa. Sa bawa't isang gumagawa ng gawaing ito ay ganito ang sinasabi ni Kristo, Ako'y nasa inyong kanan upang tulungan kayo.

Kapag ang kalooban ng tao ay nakikipagtulungan sa kalooban ng Diyos, ito'y nagiging makapangyarihan. Anumang dapat gawin sa iniuutos Niya, ay maisasagawa sa Kanyang kalakasan. Lahat ng Kanyang mga inaatas ay pawang maisasagawa.

### Mga Kakayahan ng Pag-iisip

Iniaatas ng Diyos ang pagsasanay sa mga kakayahan ng pag-iisip. Panukala Niyang papagtaglayin ang Kanyang mga lingkod ng higit na katalinuhan at higit na pagkaunawa kaysa taga-sanlibutan, at hindi Niya kinaluluguran ang mga taong lubhang pabaya o lubhang tamad sa pagsisikap na maging sanay at may-nalalamang mga manggagawa. Nakikiusap sa atin ang Panginoon na Siya'y ibigin natin nang buong puso, at nang buong kaluluwa, at nang buong lakas, at nang buong pag-iisip. Nag-aatang ito sa atin ng tungkuling payabungin o paunlarin ang isip hanggang sa lubos na kaya nito, upang sa pamamagitan ng buong pag-iisip ay ating makilala at ating ibigin ang ating Manlalalang.

Kapag ipinaiilalim sa pagsupil ng Kanyang Espiritu, lalong lubos na linangin ang isipan, lalo namang mabisang magagamit ito sa paglilingkod sa Diyos. Ang taong di-nag-aral na nakatalaga sa Diyos at naghahangad na magpala sa mga iba ay maaaring magamit, at siya'y ginagamit, ng Panginoon sa Kanyang gawain. Subali't yaon

namang lubos na nakapag-aral, na may gayunding diwa ng pagtatalaga, ay makagagawa ng higit na malaki at malawak na gawain para
[350] kay Kristo. Sila'y nasa kalagayang nakahihigit o nakalalamang.

Nais ng Panginoong matamo natin ang lahat ng karunungang maaari nating tamuhin, taglay ang layuning ibahagi ang ating nalalaman sa mga iba. Walang sinumang nakakaalam kung saan at kung paano sila tatawagin upang gumawa o kaya'y magsalita para sa Diyos. Ang ating Ama lamang sa Langit ang nakatatanto kung ano ang magagawa Niya sa mga tao. Nasa harapan natin ang mga maaaring mangyari na hindi nakikita ng ating mahinang pananampalataya. Ang ating mga pag-iisip ay dapat sanayin nang gayon na lamang upang kung kinakailangan ay maipakilala natin ang mga katotohanan ng Kanyang salita sa harap ng pinakamataas na may kapangyarihan sa lupa sa isang paraang makaluluwalhati sa Kanyang pangalan. Hindi natin dapat pabayaang makahulagpos ang kahit isang pagkakataon na sa nalalaman ay mapagindapat natin ang ating mga sarili na gumawa para sa Diyos.

Bayaang ang kabataang nangangailangan ng edukasyon o karunungan ay maghandang gumawa taglay ang kapasiyahang iyon ay matamo. Huwag ninyong hintayin magkaroon ng isang pagkakataon; gumawa kayo ng isang pagkakataon para sa inyong sarili. Hawakan ninyo ang anumang maliit na paraang naghahandog na kusa. Magtipid kayo. Huwag ninyong gugulin ang inyong salapi sa pagbibigay-kasiyahan sa inyong panlasa, o sa paghanap ng kalayaw'an. Pasiyahan ninyong maging kapaki-pakinabang at mabisa ayon sa itatawag sa inyo ng Diyos. Maging ganap at tapat sa anumang inyong gagampanan. Kunin ninyo ang bawa't kalamangang makukuha ninyo upang mapalakas ang pag-iisip. Ang pag-aaral ng mga aklat ay samahan ng kapaki-pakinabang na paggawa o pagtatrabaho, at sa pamamagitan ng matapat na pagsisikap, pagpupuyat, at pananalangin, ay sikaping makapagtamo ng karunungang nanggagaling sa itaas. Ito ang magbibigay sa inyo ng ganap na karunungan. Sa
[351] ganitong paraan ay maaari kayong tumaas sa likas, at mag- karoon ng impluwensiya sa mga pag-iisip ng iba, na magbibigay sa inyo ng kakayahang maakay sila sa landas ng katwiran at kabanalan.

Higit na marami ang magagampanan sa gawain ng pagtuturo sa sarili kung tayo lamang ay gising sa sarili nating mga pagkakataon at mga pribilehiyo. Ang tunay na karunungan ay nangangahulugang

higit pa kaysa maibibigay ng mga kolehiyo. Bagama't ang pag-aaral ng mga agham o siyensiya ay hindi dapat kaligtaan, mayroon namang higit na mataas na karunungang matatamo sa pamamagitan ng kailangang pagkakaugnay sa Diyos. Bayaang hawakan ng bawa't nag-aaral ang kanyang Biblia, at makipag-usap siya sa dakilang Guro. Bayaang masanay at madisiplina ang pag-iisip sa pakikipagpunyagi sa mahihirap na mga suliranin sa paghahanap ng katotohanan ng Diyos.

Ang mga nangagugutom sa kaalaman o karunungan upang kanilang mapagpala ang kanilang mga kapwa-tao ay tatanggap din naman ng pagpapala mula sa Diyos. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang salita ay mapupukaw sa masikhay na paggawa ang mga kapangyarihan ng kanilang pag-iisip. Magkakaroon ng paglawak at paglaki ang mga kakayahan, at ang pag-iisip ay magkakaroon ng kapangyarihan at mabungang paggawa.

Dapat gumawa ng pagdisiplina sa sarili ang bawa't isang nagnanais na maging manggagawa ng Diyos. Higit na malaki ang magagawa nito kaysa katatasan o kagalingan sa pagsasalita o sa kahanga-hangang mga talento. Ang karaniwang pag-iisip, na nadisiplinang mabuti, ay makagagawa ng gawaing higit na malaki at higit na mataas kaysa magagawa ng napakarurunong na diwa at ng napakadakilang mga talento na wala namang pagpipigil sa sarili. [352]

### Pagsasalita

Ang kakayahan sa pagsasalita ay isang talentong dapat linangin nang buong sikap. Sa lahat ng mga kaloob na tinanggap natin mula sa Diyos, ay wala nang hihigit pang malaking pagpapala kaysa rito. Sa pamamagitan ng tinig ay kumukumbinsi tayo at humihikayat; sa pamamagitan din nito ay nagpapailanlang tayo ng panalangin at papuri sa Diyos, at sa pamamagitan pa rin nito ay sinasabi natin sa iba ang tungkol sa pag-ibig ng Manunubos. Napakahalaga, kung gayon, na ito'y sanayin nang gayon na lamang upang maging napakabisa para sa kabutihan.

Ang paglinang at tumpak na paggamit sa tinig ay lubhang napapabayaan, maging ng mga taong matatalino at gumagawa ng gawaing Kristiyano. Marami ang bumabasa o nagsasalita sa paraang napakababa ang tono o kaya'y napakabilis na anupa't hindi sila kaa-

gad maunawaan. Ang ilan ay may nangangapal at di-mawawaang pagbigkas, ang iba naman ay nagsasalita sa mataas, matinis, at tumitiling tono, na nakasasakit sa tainga ng mga nakikinig. Ang mga teksto, mga imno, at mga ulat at iba pang mga babasahing iniharap sa mga kapulungang pambayan ay sa ganitong paraan binabasa kung magkaminsan na anupa't ang mga ito ay hindi maunawaan, at madalas na nasisira ang puwersa at ang pagiging-nakapagkikintal ng mga ito.

Ito ay isang kasamaang maaaring iwasto at dapat iwasto. Ukol sa bagay na ito ay may ibinibigay na tagubilin ang Biblia. Tungkol sa mga Levita na bumabasa ng mga Kasulatan sa bayan noong mga kaarawan ni Ezra, ay ganito ang sinasabi, "Sila'y nagsibasa sa aklat sa kautusan ng Diyos nang maliwanag, at kanilang ibinigay ang kahulugan, na anupa't kanilang nabatid (naunawaan) ang binasa.'[1]

[353] Sa pamamagitan ng masigasig na pagsisikap ay ma- aaring magkaroon ang lahat ng kakayahang makabasa nang maliwanag, at makapagsalita sa tinig na buo at malinaw, at sa paraang namumukod at nakapagkikintal. Sa pamamagitan ng paggawa nito ay maaari nating mapaunlad nang malaki ang ating mabisang paggawa bilang mga manggagawa ni Kristo.

Ang bawa't Kristiyano ay tinatawagan upang kanyang ipaalam sa mga iba ang di-malirip na mga kayamanan ni Kristo; dahil dito'y dapat siyang magsumikap na magkaroon ng kasakdalan sa pagsasalita. Dapat niyang ipakilala ang salita ng Diyos sa isang paraang pagtitiwalaan ito ng mga nakikinig. Hindi panukala ng Diyos na ang mga taong kinakasangkapan Niya ay maging asiwa at di linang sa anyo, sa paraan at sa asal. Hindi Niya ibig na mamaliitin o hahamakin ng tao ang agos ng langit na dumadaloy sa sanlibutan sa pamamagitan niya.

Dapat tayong tumingin kay Jesus, na siyang sakdal na tularan; dapat nating hingin sa dalangin ang tulong ng Espiritu Santo, at sa pamamagitan ng Kanyang kalakasan ay dapat nating pagsikapang sanayin ang bawa't sangkap natin para sa sakdal na paggawa.

Tanging totoo ito sa mga tinatawagang maglingkod sa publiko o sa bayan. Dapat isaisip ng bawa't ministro at ng bawa't guro na siya'y nagbibigay sa mga tao ng isang pabalitang may kinalaman sa

[1] Neh. 8:8.

mga walang-hanggang kapakinabangan. Ang katotohanang sinalita ay hahatol sa kanila sa dakilang araw ng huling pagsusulit. At sa ilang kaluluwa ang paraan ng paghahatid ng pabalita ng isa ay siyang magpapasiya kung ito'y tatanggapin o tatanggihan. Bigkasin nga nang gayon ang salita upang ito'y makaakit sa pang-unawa at makaantig sa puso. Dapat itong bigkasin nang marahan, malinaw, at solemne, gayunma'y nang may buong kaalaban na siyang hinihingi ng kahalagahan nito.

Ang wastong paglinang at paggamit sa kapangyari- han o kakayahan sa pagsalita ay kailangang gawin sa bawa't hanay ng gawaing Kristiyano; nakapapasok ito sa kabuhayang pantahanan, at sa lahat ng ating pakikipag-ugnayan sa isa't isa. Dapat nating bihasahin ang ating mga sarili sa pagsasalita sa kaiga-igayang himig, sa paggamit ng malinis at tumpak na salita, at mga salitang banayad at magalang. Ang matatamis at mababait na salita ay gaya ng hamog at ng banayad na ambon sa kaluluwa. Tungkol kay Kristo ay sinasabi ng Kasulatan na ibinuhos ang biyaya sa Kanyang mga labi, upang Kanyang "maalaman kung paanong aaliwin ng mga salita siyang nanlulupaypay."[1] At tayo'y inaatasan ng Panginoon na, "Ang inyong pananalita nawa'y laging may biyaya," "upang makinabang ng biyaya ang mga nagsisipakinig."[2] [354]

Sa ating pagsisikap na iwasto o baguhin ang mga iba ay dapat tayong maging maingat sa ating mga pananalita. Ang mga ito ay magiging isang samyo ng buhay sa ikabubuhay o samyo ng kamatayan sa ikamamatay. Sa pagbibigay ng saway o payo, ay marami ang matatalim at masasakit magsalita, mga salitang hindi naaangkop upang makapagpagaling sa nasugatang kaluluwa. Dahil sa di-mainam na mga salitang ito ay nasasaktan ang espiritu, at kadalasa'y nakikilos na maghimagsik ang mga nagkakasala. Lahat ng nagnanais magtaguyod ng mga simulain ng katotohanan ay kailangang makatanggap ng langis ng pag-ibig na buhat sa langit. Sa ilalim ng lahat ng mga pangyayari ay dapat sabihin ang saway o pagsansala nang may pag-ibig. Kung magkakagayon ay makababago ang ating mga salita, at hindi makayayamot o makagagalit. Si Kristo ang

[1] Awit 45:2; Is. 50:4.

[2] Col. 4:6; Ef. 4:29.

magbibigay ng lakas at kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Banal na Espiritu. Ito ang Kanyang gawain.

Hindi dapat bumigkas ng isa mang salita nang pabigla-bigla. Hindi mamumutawi sa isang sumusunod kay Kristo ang anumang
[355] pagsasalita ng masama, ang anu- mang walang-kapararakang pangungusap, ang anumang nakayayamot na kawalang-kasiyahan o mungkahing marumi. Sa pagkasi ng Espiritu Santo ay sumulat si Apostol Pablo, na sinasabi, "Anumang salitang mahalay ay huwag lumabas sa inyong bibig."[1] Hindi ang ibig sabihin ng salitang mahalay ay yaong mga salitang hamak. Ito'y nangangahulugang anumang pangungusap na salungat sa mga banal na simulain at sa malinis at dalisay na relihiyon. Kasama rito ang maruruming mga pahiwatig at mga lihim na pamamarali ng kasamaan. Kung hindi ito lalabanan kaagad, hahantong ang mga ito sa malaking pagkakasala.

Iniaatang sa bawa't sambahayan at sa bawa't isang Kristiyano ang tungkuling hadlangan ang daan laban sa masama at mahalay na pagsasalita. Kapag tayo'y kasama ng mga nagsasalita ng kamangmangan, ay tungkulin nating baguhin ang paksa ng salitaan hangga't maaari. Sa tulong ng biyaya ng Diyos ay mahinahon tayong magsalita ng isang paksang babago sa salitaan at gagawin itong isang kapaki-pakinabang na usapan.

Tungkulin ng mga magulang na turuan at sanayin ang kanilang mga anak sa mga nararapat na kaugalian ng pagsasalita. Ang napakagaling na paaralan para sa paglinang na ito ay ang buhay sa tahanan. Buhat sa pinakamaagang mga taon ng mga bata ay dapat silang turuang magsalita nang magalang at nang may pagmamahal sa kanilang mga magulang at sa isa't isa. Kailangang ituro sa kanila na ang mga salita lamang na dapat mamulas sa kanilang mga labi ay yaong mga salitang mabanayad, totoo, at malinis. Ang mga magulang na rin ay kailangang mag-aral araw-araw sa paaralan ni Kristo. Kung magkagayon sa pamamagitan ng utos at halimbawa ay maituturo na nila sa mga anak nila ang paggamit ng "pangungusap na magaling, na di mahahatulan."[2] Ito ay isa sa mga pinakadakila at
[356] pinakasasagutin nila sa mga tungkulin nila.

[1] Ef. 4:29.

[2] Tit. 2:8.

Bilang mga tagasunod ni Kristo ay kailangang ang ating mga salita ay makatulong at makapagpasigla sa isa't isa sa kabuhayang Kristiyano. Higit pa kaysa ating ginagawa, kailangan nating salitain ang mahahalagang kabanata sa ating karanasan. Dapat nating salitain ang tungkol sa kaawaan at kagandahang-loob ng Diyos, ang tungkol sa walang-kapantay na lalim ng pag-ibig ng Tagapagligtas. Ang ating mga salita ay dapat maging mga salita ng pagpupuri at pagpapasalamat. Kung ang puso at pag-iisip natin ay puno ng pag-ibig ng Diyos, ito'y mahahayag sa pag-uusap natin. Hindi mahirap na ibigay ang bagay na pumapasok sa ating kabuhayang espirituwal. Mga dakilang isipan, mararangal na hangarin, malinaw na pagkaunawa ng katotohanan, di-makasariling mga panukala, pagkasabik sa pagbabanal at sa kabanalan, ay magbubunga ng mga salita na maghahayag ng likas ng yaman-ng-puso. Kapag nahahayag nang ganito si Kristo sa ating pananalita, ay magkakaroon ito ng kapangyarihang makahikayat ng mga kaluluwa sa Kanya.

Dapat nating salitain ang tungkol kay Kristo sa mga hindi pa nakakakilala sa Kanya. Dapat nating gawin ang gaya ng ginawa ni Kristo. Saanman Siya naroon noon, sa sinagoga, sa tabi ng daan, sa daong na inilayo nang bahagya sa lupa, sa piging ng Pariseo o sa hapag man ng maniningil ng buwis, ay nagsalita Siya sa mga tao tungkol sa mga bagay na nauukol sa lalong matayog na kabuhayan. Ang mga bagay ng katalagahan, ang mga pangyayari sa pang-araw-araw na kabuhayan, ay pinaglakip-lakip Niya sa mga salita ng katotohanan. Naakit sa Kanya ang mga puso ng mga nakikinig sa Kanya; sapagka't pinagaling Niya ang kanilang mga maysakit, inaliw ang nalulumbay sa kanila, at kinalong Niya ang kanilang mga anak at pinagpala ang mga ito. Nang bukhin Niya ang Kanyang mga labi sa pagsasalita, ay napabaling at napatuon sa Kanya ang kanilang pansin, at sa ilang kaluluwa ang bawa't salita Niya ay naging samyo [357]
ng buhay sa ikabubuhay.

Ganyan din naman ang dapat nating gawin. Saanman tayo naroroon, ay dapat tayong mag-abang ng mga pagkakataon na masalita sa mga iba ang tungkol sa Tagapagligtas. Kung susundan natin ang halimbawa ni Kristo sa paggawa ng mabuti, ay bubuksan ng mga tao ang mga puso nila sa atin gaya ng ginawa nila sa Kanya. Hindi pabigla-bigla, kundi may katalinuhang supling ng pagibig ng Diyos, na masasabi natin sa kanila ang tungkol sa Kanya na siyang "Pinaka-

mainam sa sampung libo," at Isa na "totoong kaibig-ibig."[1] Ito ang pinakamataas na gawaing dito'y magagamit natin ang talento sa pagsasalita. Ito'y ibinigay sa atin upang maipakilala natin si Kristo na siyang Tagapagligtas na nagpapatawad ng kasalanan.

## Impluwensiya

Ang buhay ni Kristo ay isang laging malawak na impluwensiya, na nagbigkis sa Kanya sa Diyos at sa buong sangkatauhan. Sa pamamagitan ni Kristo ay binigyan ng Diyos ang tao ng isang impluwensiya na nagpapahirap sa kanya na mabuhay nang sa ganang kanyang sarili lamang. Bawa't isa sa atin ay nakaugnay sa ating mga kapwa-tao, na isang bahagi ng malaking kabuuan ng Diyos, at tayo'y may tungkulin sa isa't isa. Walang taong makapagsasarili at makahihiwalay sa kanyang mga kapwa-tao; sapagka't ang ikabubuti ng bawa't isa ay may nagagawa sa iba. Panukala ng Diyos na madama ng bawa't isa na siya'y kailangan sa ikabubuti ng iba, at dapat siyang magsikap sa ikatataguyod ng kanilang kaligay ahan.

Bawa't tao ay napaliligiran ng isang impluwensiyang sarili nito,—ito'y maaaring isang impluwensiyang may nagbibigay-buhay
[358] na kapangyarihan ng pananampalata- ya, lakas-ng-loob, at pag-asa, at mabango sa taglay na halimuyak ng pag-ibig. O ito'y maaari namang namimigat at malamig sa taglay na lagim ng kawalang-kasiyahan at kasakiman, o kaya'y nakalalason sa nakamamatay na dungis ng kinikimkim-kimkim na kasalanan. Dahil sa impluwensiyang nakapaligid sa atin, ang bawa't taong nakakatagpo o nakakaugnay natin ay naaapektuhan nang alam nila o di nila alam.

Ito'y isang kapanagutan o tungkuling hindi natin matatakasan. Ang ating mga salita, mga gawa, pagdadamit, pag-uugali, maging ang ibinabadha ng ating pagmumukha, ay may impluwensiya. Sa ganitong nagagawang impresyon ay may nakabiting mga bungang ikabubuti o ikasasama na hindi masusukat ng tao. Ang bawa't impluwensiyang naibibigay nang ganito ay isang binhing naihahasik na magbibigay ng bungang aanihin. Ito ay isang kawing sa mahabang tanikala ng mga pangyayari sa tao, na hindi natin alam kung hanggang saan humahangga. Kung sa pamamagitan ng ating halimbawa ay natutulungan natin ang mga iba sa ikapagkakaroon nila

[1] A. ng mga A. 5:10, 16.

ng mabubuting simulain, ay nabibigyan natin sila ng kapangyarihang makagawa ng mabuti. Sila naman ay nagbibigay ng gayunding impluwensiya sa mga iba, at ang mga iba namang ito ay nakakaimpluwensiya rin nang gayon sa mga iba pa. Kaya nga sa pamamagitan ng di natin nalalamang impluwensiyang naibibigay natin ay libu-libo ang maaaring napagpapala.

Maghagis kayo ng isang bato sa lawa, at lilikha ito ng isang pabilog na alon na susundan ng marami pang ganitong mga alon; at habang dumarami ang mga along ito, ay lumalaki naman at lumalawak ang bilog nito, hanggang sa ito'y makaabot na sa pampang. Ganyan din ang ating impluwensiya. Ito'y nagdudulot sa mga iba ng pagpapala o ng sumpa nang hindi natin nalalaman ni masusupil man.

Ang karakter o likas ay kapangyarihan. Ang piping patotoo [359] ng isang tapat, di-makasarili at banal na kabuhayan ay nagtataglay ng halos di-mapaglalabanang impluwensiya. Sa pamamagitan ng pagpapakita ng likas o karakter ni Kristo sa ating kabuhayan ay nakikipagtulungan tayo sa Kanya sa gawain ng pagliligtas ng mga kaluluwa. Sa pamamagitan lamang ng pagpapakita ng likas ni Kristo sa buhay natin magagawa nating makipagtulungan sa Kanya. At kapag lalong malawak ang saklaw ng ating impluwensiya, ay lalo namang maraming kabutihan ang magagawa natin. Kapag sinusunod ng mga nagpapanggap na naglilingkod sa Diyos ang halimbawa ni Kristo, na isinasakabuhayan ang mga simulain ng kautusan sa pang-araw-araw nilang kabuhayan; kapag ang bawa't kilos o gawa ay nagpapatotoo na iniibig nila nang higit ang Diyos at ang kanilang kapwa na gaya ng kanilang mga sarili, ay magkakaroon nga ng kapangyarihan ang iglesya na makilos ang sanlibutan.

Subali't hindi rin dapat kalimutan kailanman na ang impluwensiya ay isang kapangyarihan sa masama. Isang kalagim-lagim na bagay kung ang sariling kaluluwa ng isang tao ay mawaglit; nguni't lalo pang kalagim-lagim kung tayo ang maging dahilan ng pagkawaglit ng iba pang mga kaluluwa. Nakapangingilabot isipin kung ang impluwensiya natin ay magiging isang samyo ng kamatayan sa ikamamatay; nguni't ito'y maaaring mangyari. Ang maraming nagpapanggap na nagtitipong kasama ni Kristo ay nagsasambulat mula sa Kanya. Ito ang dahilan kung bakit napakahina ang iglesya. Marami ang malayang gumagawa ng pamumuna at pagpaparatang. Sa pamamagitan ng paghihinala,

panininibugho, at di-kasiyahan, ay napakakasangkapan sila kay Satanas. Bago nila mamalayan ang kanilang ginagawa, ay nagampanan na ng kaaway ang nilalayon nito sa pamamagitan nila. Ang pagkikintal ng masama ay nagawa na, ang lambong ay nailadlad na rin, at napatama na ni Satanas sa nais nitong patamaan ang
[360] kanyang mga palaso. Kawalang-pag- titiwala, kawalang-pananalig, at ganap na kawalang-pagtatapat ang nagtumiim na sa mga taong sa ibang paraa'y nangagsitanggap sana kay Kristo. Samantala'y buong kasiyahang minamasdan ng mga manggagawa ni Satanas yaong mga naitaboy nila sa di-paniniwala, at ngayo'y matigas nang lumalaban sa saway at pamanhik. Pinapaniniwala nila ang kanilang mga sarili na kung sila'y ihahambing sa mga taong ito ay sila'y mabubuti at matwid. Hindi nila nadaramang ang malungkot na pagkawasak ng likas ng mga ito ay likha ng di-mapigilan nilang mga dila at ng mapaghimagsik nilang mga puso. Dahil sa kanilang impluwensiya kung kaya natuksong mahulog sa pagkakasala ang mga ito.

Kaya ang kawalang-pagpapahalaga, ang makasariling pagpapakalayaw, at ang pagwawalang-bahala ng mga nagpapanggap na Kristiyano ay nagpapahiwalay sa maraming kaluluwa sa landas ng buhay. Marami ang mangasisindak kapag nakatagpo na nila sa hukuman ng Diyos ang mga bunga ng kanilang impluwensiya.

Sa pamamagitan lamang ng biyaya ng Diyos makagagawa tayo ng matwid na paggamit sa kaloob na ito. Sa ganang ating sarili ay wala tayong anumang bagay na sa pamamagitan nito'y makapagbibigay tayo ng impluwensiyang makabubuti sa mga iba. Kung napagtatanto natin ang ating kawalang-magagawa at ang pangangailangan natin ng kapangyarihang mula sa Diyos, ay hindi nga tayo magtitiwala sa ating mga sarili. Hindi natin nalalaman kung ano ang mga ibubunga ng isang araw o isang maghapon, ng isang oras, o kaya'y ng isang sandali, kaya nga hindi natin kailanman dapat pasimulan ang isang maghapon nang hindi ipinagkakatiwala sa ating Amang nasa Langit ang ating mga lakad. Itinatalaga Niya ang Kanyang mga anghel upang magbantay sa atin, at kung inilalagay natin ang ating mga sarili sa ilalim ng kanilang pag-iingat, sila nga'y sasaat-
[361] ing kanan sa bawa't oras ng panganib. Kapag wala tayong malay na nakapagbibigay pala tayo ng mali o masamang impluwensiya, ay sasapiling natin ang mga anghel, at tayo'y uudyukang gumawa ng lalong mabuting hakbang, at sila rin ang pipili ng mga salitang

ating bibigkasin, at kanilang iimpluwensiyahan ang ating mga kilos o mga gawa. Sa ganitong paraan ang impluwensiya natin ay magiging isang matahimik at di-namamalayang kapangyarihan na makahihikayat ng mga iba patungo kay Kristo at sa sangkalangitan.

## Panahon

Ang panahon natin ay sa Diyos. Bawa't sandali ay sa Kanya, at tayo'y nasa ilalim ng pinakasolemneng tungkulin na ito'y pabutihin o paunlarin para sa Kanyang ikaluluwalhati. Sa lahat ng mga talentong ibinigay Niya sa atin ay sa talentong ukol sa panahon natin gagawa Siya nang higit na mahigpit na pagsusulit.

Ang halaga ng panahon ay hindi matataya. Bawa't sandali ay itinuturing ni Kristo na mahalaga, at ganito rin ang dapat nating gawing pagtuturing dito. Ang buhay ay napakaikli upang aksayahin. Mayroon lamang tayong ilang araw na palugit na ipaghahanda para sa walanghanggan. Walang panahong dapat nating ilaan sa sariling kalayawan, walang panahong dapat nating iukol sa pagpapairog sa kasalanan. Ngayon tayo dapat maghugis ng mga likas para sa hinaharap na buhay na walangkamatayan. Ngayon tayo dapat maghanda para sa nananaliksik na Paghuhukom.

Ang sambahayan ng mga tao ay bahagya pa lamang halos nagpapasimulang mabuhay ay nagpapasimula na rin silang mamatay, at ang walang-tigil na paggawa ng sanlibutan ay nagwawakas sa kawalan malibang may natatamong tunay na pagkakilala tungkol sa walanghanggang buhay. Ang taong nagpapahalaga sa panahon
bilang siya niyang araw ng paggawa ay magpapaginda- pat sa kanya [362]
para sa isang mansiyon at para sa isang buhay na walang-kamatayan. [363]
Mabuti ngang siya'y ipinanganak.

Tayo'y pinapayuhang tumubos ng panahon. Subali't ang panahong sinayang ay hinding-hindi na mababawi pa. Hindi natin maibabalik kahit ang isang sandali. Ang tanging paraan upang matubos natin ang ating panahon ay gumawa tayo ng pinakamarami sa panahong nalalabi, at tayo'y maging mga kamanggagawa ng Diyos sa Kanyang dakilang panukala ng pagtubos.

Sa kanya na gumagawa nito, ay nagaganap ang isang pagbabago ng likas. Siya'y nagiging isang anak ng Diyos, isang kaanib ng

sambahayan ng hari, isang anak ng Hari sa langit. Siya'y karapat-dapat na maging kasama ng mga anghel.

Ngayon ang ating panahon upang gumawa sa ikaliligtas ng ating mga kapwa-tao. May ilang nag-aakala na kung sila'y nagbibigay ng salapi sa gawain ni Kristo, ay iyon na lamang ang dapat nilang gawin; ang mahalagang panahong dapat sana'y gugulin nila sa personal na paglilingkod sa Kanya ay lumilipas nang di-napauunlad. Nguni't karapatan at tungkulin ng lahat na may kalusugan at kalakasan ng pangangatawan na magbigay ng masiglang paglilingkod sa Diyos. Lahat ay dapat gumawa sa paghikayat ng mga kaluluwa kay Kristo. Ang mga pagbibigay ng salapi ay hindi maipapalit dito.

Bawa't sandali ay puno ng walang-hanggang mga kahalagahan. Dapat tayong tumayong gaya ng mga taong makatutugon agad, na handang maglingkod sa sandaling patalastasan. Ang pagkakataon natin ngayong magsalita sa ilang nangangailangang kaluluwa ng salita ng buhay ay maaaring hindi na kailanman mapasaating muli. Maaaring sabihin ng Diyos sa isang yaon, "Hihingin sa iyo sa gabing ito ang iyong kaluluwa,"[1] at dahil sa ating kapabayaan ay maaaring
[364] hindi siya handa. Sa da- kilang araw ng Paghuhukom ay paano tayo magbibigaysulit sa Diyos?

Ang buhay ay napakasolemne upang lubos na ibuhos sa mga bagay na lumilipas at panlupa, at sa nakapapagod na pag-aalaala at pagkabalisa sa mga bagay-bagay na kakatiting lamang kung ihahambing sa mga bagay na may walang-hanggang kapakinabangan. Gayunma'y tinatawagan tayo ng Diyos upang maglingkod sa Kanya sa mga lumilipas na bagay ng buhay na ito. Ang pagsisikap sa gawaing ito ay isa ring malaking bahagi ng tunay na relihiyon na gaya ng debosyon o katapatan. Hindi sinasang-ayunan ng Biblia ang katamaran. Ito ang pinakamalaking sumpa na nagpapahirap sa ating sanlibutan. Bawa't lalaki at babaing tunay na nahikayat ay magiging isang masikap na manggagawa.

Nakabatay sa tamang paggamit at pagpapaunlad ng ating panahon ang ikapagtatagumpay natin sa pagtatamo ng kaalaman at kalinangang pangkaisipan. Ang paglinang sa isip ay hindi dapat mahadlangan ng karukhaan, ng abang pinagmulan, o ng di-kanais-nais na mga kapaligiran. Kailangan lamang pagyamanin ang mga sandali.

[1] Lu. 12:20.

Ang ilang sandali rito at ilang sandali roon, na maaaring naaksaya sa walang-kabuluhang pagsasalita; ang mga oras sa umaga na kaydalas masayang sa higaan; ang panahong ginugol sa pagkakasakay sa mga trambiya o tren, o sa paghihintay sa istasyon; ang mga sandali ng paghihintay sa hapag ng pagkain, paghihintay sa mga nahuli ng dating sa oras ng tipanan,—kung may iniingatan lamang na isang aklat, at ang mga hiwa-hiwalay ng oras na ito ay ginamit sa pag-aaral, sa pagbabasa, o sa maingat na pagbubulay-bulay, anong hindi maisasagawa. Kung ang mga tao lamang ay may matibay na layunin, may masigasig na kasipagan, at maingat sa pagtitipid ng panahon, ay makapagtatamo sila ng kaalaman at ng disiplina ng pag-iisip na magpapagindapat sa kanila sa halos anumang tungkuling may [365]
impluwensiya at kapaki-pakinabang.

Tungkulin ng bawa't Kristiyano na pagsikapan niyang siya'y makapagtamo ng mga ugali ng kaayusan, kaganapan, at kaagapan. Walang dapat idahilan sa raabagal na uri ng paggawa o pagtatrabaho. Kung ang isang tao ay laging gumagawa, at hindi kailanman natatapos ang kanyang ginagawa, ay ito'y dahil sa hindi niya isinasaisip at hindi isinasapuso ang kanyang paggawa. Ang isang mabagal sa paggawa, at nalalamangan sa kanyang paggawa, ay dapat makadama na ito'y mga kamaliang dapat maiwasto. Kailangang sanayin niya ang kanyang isip sa pagpapanukala kung paano gagamitin ang panahon na makapagtatamo ng pinakamabuting bunga. Sa pamamagitan ng katalinuhan at pamamaraan, ay makatatapos ang ilan ng maraming gawain sa loob ng limang oras na ito'y matatapos naman ng iba sa loob ng sampung oras. May mga gumagawa ng gawaing bahay na halos wala nang pahinga sa kagagawa, hindi dahil sa sila'y napakaraming dapat gawin, kundi dahil sa hindi sila nagpapanukala kung paano makapagtitipid ng panahon. Dahil sa kanilang mabagal na paraan ng paggawa ay pinalalaki nila ang maliit na gawain. Nguni't lahat ng may nais, ay maaaring makapanagumpay sa makupad at mabusising ugaling ito ng paggawa. Sa paggawa nila ay bayaang magkaroon sila ng isang tiyak na layunin. Tayahin kung ilang oras ang magugugol sa isang ibinigay na gawain, at pagkatapos ay gawin ang buong pagsisikap na matapus ang gawaing ito sa itinakdang panahon. Ang paggamit at pagsasanay sa kapangyarihan ng kalooban ay magpapabilis at magpapahusay sa mga kamay.

Dahil sa kakulangan ng determinasyong maghanda sa sarili at magbago, ang mga tao ay nawawalan ng orihinalidad o ng kakanyahan sa maling paraan ng paggawa; o kaya'y sa pamamagitan ng
[366] paglinang sa kanilang mga kapangyarihan ay maaari silang maka-
[367] pagtamo ng kakayahang makagawa ng pinakamabuting paglilingkod. Kung magkagayo'y masusumpungan nilang sila'y kailangan saanmang lugar at sa lahat ng lugar. Sila'y pahahalagahan sa buong kahalagahan nila.

Inaaksaya ng maraming mga bata at mga kabataan ang panahong dapat sana'y gugulin sa pagsasakatuparan ng mga gawain sa tahanan, at sa gayo'y naipakikita sana ang maibiging pagtingin at pagmamalasakit sa kanilang ama at ina. Maisasabalikat ng mga malalakas na kabataan ang maraming tungkuling dapat gampanan ng isang tao.

Buhat pa sa mga unang taon ng buhay ni Kristo ay naging masigasig na Siya sa paggawa. Hindi Siya nabuhay na nagbigay-lugod sa sarili. Siya ay Anak ng walang-hanggang Diyos, gayunma'y gumawa Siya sa gawaing pag-aaluwagi na kasama ng Kanyang amang si Jose. Ang gawain Niya ay makahulugan. Naparito Siya sa sanlibutan bilang tagapagtayo ng likas, at bilang gayon ay naging sakdal ang lahat Niyang gawa. Sa lahat ng Kanyang gawaing seglar ay naghatid Siya ng kasakdalang gaya ng mga likas na hinuhugis Niya sa pamamagitan ng Kanyang banal na kapangyarihan. Siya ang ating huwaran.

Dapat ituro ng mga magulang sa kanilang mga anak ang halaga ng wastong paggamit ng panahon. Ituro ninyo sa kanila na ang paggawa ng isang bagay na magpaparangal sa Diyos at magpapala sa sangkatauhan ay mahalagang pagsumikapan. Maging sa panahon ng kanilang kabataan ay maaari silang maging mga misyonero ng Diyos.

Wala nang higit na malaking kasalanang magagawa ang mga magulang kundi ang pabayaang ang kanilang mga anak ay walang anumang ginagawa. Dahil dito'y agad natututuhang maibigan ng mga bata ang katamaran, at sila'y nagsisilalaking kulang sa pa-
[368] mamaraan at mga walang-kabuluhang mga lalaki at mga babae. Kapag sapat na ang kanilang gulang upang humanap ng kanilang ikabubuhay, at kapag nakasumpong na ng hanapbuhay, sila'y nagtatrabaho sa isang tamad at mapagwalang-bahalang paraan, nguni't

umaasa sila ng bayad o upa na kasinlaki ng ibinabayad sa mga tapat magtrabaho. Kasinlaki ng sanlibutan ang pagkakaiba ng uring ito ng mga manggagawa at ng mga taong nakadarama na kailangan nilang sila'y maging mga tapat na katiwala.

Ang mga ugaling katamaran at kawalang-ingat na ginagawa sa gawaing seglar, ay makikita sa kabuhayang ukol sa relihiyon, at hindi magpapagindapat sa isang tao na makagawa ng anumang mabisa at mabungang paglilingkod sa Diyos. Marami ang kung naging masikap lamang sa paggawa ay naging pagpapala sana sa sanlibutan, nguni't sila'y nangaghirap dahil sa katamaran. Ang kakulangan ng ginagawa at ng matibay na hangarin ay nagbubukas ng pinto sa sanlibong mga tukso. Dahil sa masasamang kasama at mga hamak na pag-uugali ay nagiging banday ang isip at kaluluwa, at ang ibinubunga ay kapahamakan sa buhay na ito at sa buhay na darating.

Anuman ang gawaing ating ginagawa, ang itinuturo sa atin ng salita ng Diyos ay tayo'y "huwag mga tamad sa pagsusumikap; maningas sa espiritu; mapaglingkod sa Panginoon." "Anumang masusumpungang gawain ng iyong kamay, gawin mo ng iyong kapangyarihan," "yamang inyong nalalaman na sa Panginoon ay tatanggapin ninyo ang ganting mana; sapagka't naglilingkod kayo sa Panginoong Jesukristo."[1]

## Kalusugan

Ang kalusugan ay isang pagpapala na iilan o kakaunti lamang ang nagpapahalaga; gayunma'y nakabatay dito nang malaki ang ikapagiging-mabisa at mabunga ng ating kapangyarihan ng isip at katawan. Ang mga silakbo ng damdaming nanunulay sa ating mga nerbiyos at mga kalamnan at ang mga nakapangyayaring damdamin [369]
ay may bahagi sa katawan, at ito'y kailangang maingatang nasa pinakamabuting kalagayang pisikal, at nasa ilalim ng pinakaespirituwal na mga impluwensiya, upang ang mga talento natin ay lubos na magamit o pakinabangan.

Anumang bagay na nagpapahina sa lakas ng katawan ay nagpapahina sa isip, at dahil dito'y hindi nito gasinong mapag-unawa ang pagkakaiba ng matwid at ng mali. Nagkukulang tayo sa kakayahang

[1] Rom. 12:11; Ec. 9:10; Col. 3:24.

makapamili ng mabuti, at nababawasan ang lakas ng ating kalooban na gawin ang bagay na alam nating siyang tama.

Ang maling paggamit ng lakas ng ating pangangatawan ay nagpapaigsi sa panahong magagamit natin ang ating mga buhay sa ikaluluwalhati ng Diyos. At ito'y hindi nagpapaangkop sa atin upang magampanan ang gawaing ibinigay sa atin ng Diyos. Kung pinahihintulutan natin ang ating mga sarili na magkaroon ng mga maling kaugalian, kung lagi tayong nagpupuyat, at kung sinusunod natin ang hilig o kagustuhan ng ating panlasa sa ikapipinsala naman ng ating kalusugan ay naglalagay tayo ng saligang ikapanghihina natin. Kung kinaliligtaan natin ang pag-ehersisyo, kung labis nating pinapagod ang ating isip o katawan, ay sinisira natin ang sistema ng ating nerbiyos. Yaong mga sa ganitong paraan ay nagpapaikli ng kanilang buhay at hindi iniaangkop ang kanilang mga sarili para makapaglingkod dahil sa di nila pagpapahalaga sa mga batas ng kalikasan, ay nagkakasala ng pagnanakaw sa Diyos. At ninanakawan din nila ang kanilang mga kapwa-tao. Ang pagkakataon na mapagpala ang mga iba, at ang gawaing dahil doon kaya sila isinugo ng Diyos sa sanlibutan, ay naging maikli lamang dahil sa sarili nilang hakbangin. At hindi rin nila pinagindapat ang kanilang mga sarili na magampanan yaong gawaing sana'y matatapos nila sa lalong maigsing panahon. Itinuturing ng Panginoon na tayo'y maysala
[370] kapag hindi natin nagagawan ng mabuti ang sanlibutan dahil sa ating mga nakapipinsalang kaugalian.

Ang pagsalansang sa kautusang ukol sa pangangatawan ay pagsalansang din sa kautusang ukol sa moral; sapagka't kung paanong ang Diyos ay siyang tunay na maygawa ng mga kautusang ukol sa pangangatawan ay Siya rin naman ang maygawa sa kautusang ukol sa moral. Ang Kanyang kautusan ay isinusulat ng sarili Niyang daliii sa bawa't nerbiyos, sa bawa't kalamnan, at sa bawa't kakayahan na ipinagkatiwala sa tao. At ang bawa't maling paggamit sa alinmang bahagi ng ating organismo ay isang paglabag sa kautusang yaon.

Ang lahat ay dapat magkaroon ng matalinong pagkaunawa sa katawan ng tao, upang maingatan nila ang kanilang mga katawan sa kalagayang makagagawa ng gawain ng Panginoon. Ang buhay ng pangangatawan ay dapat maingat na pagyamanin at palusugin, upang maihayag sa pamamagitan ng tao ang kapuspusan ng likas ng

Diyos. Ang pagkakaugnay ng sangkap ng katawan sa kabuhayang espirituwal ay isa sa mga pinakamahalagang sangay ng pag-aaral. Ito'y kailangang maingat na pag-ukulan ng pansin sa tahanan at sa paaralan. Kailangang maalaman ng lahat ang kayarian ng kanilang pangangatawan at ang mga batas o mga kautusang kumukuntrol sa likas ng buhay. Ang taong nananatiling walang-nalalaman tungkol sa mga kautusan ng kanyang pangangatawan, at nilalabag ito dahil sa kawalang-nalalaman, ay nagkakasala laban sa Diyos. Dapat pumailalim ang lahat sa maaaring pinakamabuting pakikipagugnay sa buhay at kalusugan. Dapat ipasupil sa isip na sumasailalim din sa pagsupil ng Diyos ang ating mga kaugalian.

"Hindi baga ninyo nalalaman," wika ni Apostol Pablo, "na ang inyong katawan ay ternplo ng Espiritu Santo na nasa inyo, na tinanggap ninyo sa Diyos, at hindi kayo sa inyong sarili? Sapagka't kayo'y binili sa halaga; luwalhatiin nga ninyo ang Diyos sa inyong katawan, at sa inyong espiritu, na ito'y pawang sa Diyos."[1] [371]

## Lakas

Dapat nating ibigin ang Diyos, hindi lamang nang buong puso, nang buong pag-iisip, at buong kaluluwa, kundi nang buong lakas din naman. Sinasaklaw nito ang lubos at matalinong paggamit ng lakas ng pangangatawan.

Si Kristo ay isang tunay na manggagawa sa mga bagay na ukol sa lupang ito at sa mga bagay din namang ukol sa espiritu, at sa lahat Niyang paggawa ay ipinasiya Niyang gawin ang kalooban ng Kanyang Ama. Ang mga bagay ng langit at lupa ay lalong malapit na magkaugnay, at lalong tuwirang sumasailalim ng pangangasiwa ni Kristo, kaysa napagtatanto ng marami. Si Kristo ang nagpanukala tungkol sa ayos ng unang tabernakulo sa lupa. Siya ang nagbigay ng lahat ng bagay na dapat malaman tungkol sa pagtatayo ng templo ni Salomon. Siya na nang Siya'y nasa lupa ay gumawa bilang isang anluwagi sa nayon ng Nazareth ay siyang arkitekto ng langit na gumuhit ng piano ng banal na gusaling doo'y pinarangalan ang Kanyang pangalan.

Si Kristo ang nagbigay sa mga tagapagtayo ng tabernakulo ng karunungang makagawa ng pinakadalubhasa at pinakamagandang

[1] 1 Cor. 6:19, 20.

gawa. Sinabi Niya, "Tingnan mo, Aking tinawag sa pangalan si Bezaleel na anak ni Uri, na anak ni Hur, sa lipi ni Juda; at Aking pinuspos siya ng Espiritu ng Diyos, sa karunungan, at sa pagkakilala, at sa kaalaman, at sa lahat ng sari-saring gawain. . . . At ako, narito, Aking inihalal na kasama niya si Aholiab, na anak ni Ahisamach, sa lipi ni Dan; at sa puso ng lahat na maalam na puso ay Aking isinilid ang karunungan, upang magawa nila ang lahat ng Aking iniutos sa iyo."[1]

Ang nais ng Diyos ay tingnan Siya ng mga manggagawa Niya sa lahat ng hanay ng gawain bilang siyang Nagbibigay ng lahat nilang
[372] tinataglay. Lahat ng mga tamang bunga ng isip at mga kaunlaran ay nagbubuhat sa Kanya na kahanga-hangang pumayo at napakagaling gumawa. Ang dalubhasang hipo ng kamay ng manggagamot, ang kapangyarihan nito sa nerbiyos at kalamnan, at ang kaalaman nito sa maselang sangkap ng katawan ng tao, ay siyang karunungan at kapangyarihan ng Diyos, na dapat gamitin sa kapakinabangan ng mga nahihirapan. Ang kasanayan ng anluwagi sa paggamit ng martilyo, ang lakas na sa pamamagitan niyon pinatataginting ng panday ang kanyang pandayan, ay mula sa Diyos. Pinagkatiwalaan Niya ng mga talento ang mga tao, at inaasahan Niya sila na sa Kanya hihingi ng payo. Anuman ang ating ginagawa, saanmang departamento ng gawain tayo inilalagay, ay nais Niyang mapangasiwaan ang ating mga pag-iisip, upang makagawa tayo ng sakdal na gawain.

Ang relihiyon at hanapbuhay ay hindi dalawang magkahiwalay na bagay; iisa ito. Ang relihiyong sinasabi ng Biblia ay dapat mapahabi sa lahat ng ating ginagawa at sinasabi. Ang Diyos at ang mga taong Kanyang ginagamit ay dapat magkasama sa mga gawaing temporal at espirituwal. Dapat silang magkaisa sa lahat ng mga gawain ng tao, sa mga gawaing ukol sa makina at sa pagsasaka, sa mga gawaing ukol sa pangangalakal at sa siyensiya. Dapat magkaroon ng pagtutulungan sa lahat ng bagay na nasasaklaw ng gawain ng Kristiyano.

Ipinahayag na ng Diyos ang mga simulaing sa pamamagitan nito lamang maaaring mangyari ang pagtutulungang ito. Ang ikaluluwalhati Niya ang dapat maging adhikain ng lahat ng mga nagsisigawang

[1] Ex. 31:2-6.

kasama Niya. Lahat ng gawain natin ay dapat gawin nang dahil sa pag-ibig sa Diyos, at nang naaayon sa Kanyang kalooban.

Ang pagganap ng kalooban ng Diyos kapag nagtatayo ng isang gusali ay kailangan din kapag nakikibahagi sa gawaing ukol sa relihiyon. At kung sa paghugis ng sariling likas ay tinaglay-taglay [373]
ng mga manggagawa ang mga matwid na simulain, sa pagtatayo nga ng bawa't gusali ay sila'y lalago sa biyaya at sa pagkakilala.

Subali't hindi tatanggapin ng Diyos ang pinakadakilang mga talento o ang pinakamaningning na paglilingkod malibang ang sarili ay nailalagay sa dambana bilang isang buhay na haing susunugin. Ang ugat ay dapat maging banal, kung hindi ay hindi magkakaroon ng anumang bungang tatanggapin ng Diyos.

Ginawa ng Panginoong matatalinong mga tagapamahala sina Daniel at Jose. Nakagawa Siya sa pamamagitan nila sapagka't namuhay sila na hindi nagbigay-lugod sa sarili nilang hilig, kundi upang ang Diyos ang mabigyang-kaluguran.

Ang mga pangyayari tungkol kay Daniel ay nagbibigay sa atin ng isang aral. Inihahayag nito ang katotohanan na ang isang taong tumutupad ng tungkulin ay hindi kailangang maging isang lalaking napakatalino sa pangangasiwa. Matuturuan siya ng Diyos sa bawa't hakbangin. Nang si Daniel ay unang ministro sa kaharian ng Babilonia, ay siya'y naging propeta rin naman ng Diyos, na tumanggap ng liwanag ng pagkasi ng langit. Ang mga ambisyosong estadista ng sanlibutan ay inilalarawan sa salita ng Diyos na parang tumutubo, at parang bulaklak ng damo na nalalanta. Gayunma'y hinahangad ng Panginoon na magkaroon ng matatalinong mga lalaki, mga lalaking karapat-dapat sa iba't ibang mga hanay ng gawain na maglilingkod sa Kanya. Nangangailangan ng mga lalaki ng hanapbuhay na sa lahat nilang mga gawain o transaksiyon ay kanilang ihahabi ang mga dakilang simulain ng katotohanan. At dapat mapasakdal ang mga talento nila sa pamamagitan ng lubos na pag-aaral at pagsasanay. Kung may mga taong nasa alinmang hanay ng gawain na nangangailangang pagbutihin ang mga pagkakataon nila upang sila'y maging matalino at mabunga, ito ay ang mga taong guma- gamit ng kanilang [374]
kakayahan sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos sa ating sanlibutan. Tungkol kay Daniel ay napag-aralan natin na sa lahat niyang mga gawain, nang siya'y masusing siyasatin, ay wala isa mang kasalanan o kamaliang nasumpungan sa kanya. Siya'y dapat maging halim-

bawa ng bawa't taong tumutupad ng tungkulin o ng bawa't taong mangangalakal. Ipinakikilala ng kanyang kasaysayan kung ano ang maaaring magampanan ng isang nagtatalaga ng lakas ng kanyang utak, buto at kalamnan, ng kanyang puso at buhay, sa paglilingkod sa Diyos.

## Salapi

Pinagkakatiwalaan din ng Diyos ang mga tao ng salapi. Binibigyan Niya sila ng kapangyarihan upang makapagtamo ng kayamanan. Dinidilig Niya ang lupa sa pamamagitan ng mga hamog ng langit, at sa pamamagitan ng mga ambon ng nagpapasariwang ulan. Nagbibigay Siya ng sikat ng araw, na nagpapainit sa lupa, bumubuhay sa mga bagay ng katalagahan, at nagpapayabong at nagpapabunga sa mga ito. At humihingi Siya ng ganti sa sariling Kanya.

Hindi ibinibigay sa atin ang ating salapi upang ating parangalan at luwalhatiin ang mga sarili natin. Bilang mga tapat na katiwala ay dapat natin itong gamitin para sa ikararangal at ikaluluwalhati ng Diyos. Ang akala ng iba ay isang bahagi lamang ng kanilang salapi ang sa Panginoon. Kapag nakapaglaan na sila ng isang bahagi para sa mga layuning panrelihiyon at pangkawanggawa, ay itinuturing nilang sa kanila na ang nalalabi, at iyon ay dapat gamitin ayon sa ibig nila. Subali't dito'y nagkakamali sila. Lahat nating tinatangkilik ay sa Panginoon, at ipagsusulit natin sa Kanya ang pagkakagamit
[375] natin nito. Sa paggamit ng bawa't sentimo ay makikita kung iniibig natin nang higit ang Diyos at ang ating kapwa na gaya ng ating mga sarili.

Ang salapi ay may malaking kahalagahan, sapagka't ito'y makagagawa ng malaking kabutihan. Sa mga kamay ng mga anak ng Diyos ay ito'y pagkain sa mga nagugutom, inumin sa mga nauuhaw, at damit sa mga walang maisuot. Ito'y pananggol sa mga naaapi, at pantulong sa mga maysakit. Nguni't ang salapi ay hindi higit na mahalaga kaysa buhangin, nakahihigit lamang ito kung ginagamit sa paglalaan o paghahanda ng mga kailangan sa buhay, sa pagpapala sa mga iba, at sa pagpapasulong sa gawain ni Kristo.

Ang kayamanang itinatago ay hindi lamang walangkabuluhan, ito'y isa rin namang sumpa. Sa buhay na ito ay ito'y isang silo sa

kaluluwa, na naghihiwalay sa pag-ibig sa kayamanan ng langit. Sa dakilang araw ng Diyos ang pagpapatotoo nito sa mga talentong di-ginamit at sa mga pagkakataong pinabayaan ay hahatol sa nagtataglay nito. Sinasabi ng Kasulatan, "Magsiparito ngayon, kayong mayayaman, kayo'y magsitangis at magsihagulhol dahil sa mga karalitaan ninyong sa inyo'y darating. Ang inyong mga kayamanan ay mga bulok, at ang inyong mga damit ay nginangatngat ng tanga. Ang inyong ginto at ang inyong pilak ay kinakalawang na; at ang mga kalawang na ito ay siyang magiging patotoo laban sa inyo, at gaya ng apoy na lalamunin ang inyong laman, Kayo'y nagtipon ng inyong mga kayamanan sa mga huling araw. Narito, ang kaupahan ng mga manggagawa na nagsiani sa inyong mga bukid, na iniring ninyo sa pamamagitan ng daya, ay humihibik; at ang mga hibik ng mga nagsiani ay nagsipasok sa mga pakinig ng Panginoon ng mga hukbo."[1]

Subali't hindi naman sinasang-ayunan ni Kristo ang sobra o ang walang-ingat na paggasta ng salapi. Ang ibinibigay Niyang aral sa pagtitipid na, "Pulutin ninyo ang mga pinagputul-putol na lumabis, upang walang anu- mang masayang,"[1] ay para sa lahat Niyang mga [376]
tagasunod. Ang taong nakadarama na ang salapi niya ay isang talentong buhat sa Diyos ay gagamitin ito nang buong katipiran, at mararamdaman niyang tungkulin niya na mag-impok, upang siya'y makapagbigay.

Kapag lalong marami ang ginagasta natin sa pagpaparangya at pagpapalayaw sa sarili, ay lalo namang umuunti ang napapasaatin na maitutulong sa pagpapakain sa mga nagugutom at sa pagpaparamit sa mga walang maisuot. Ang bawa't di-kailangang paggugol ng bawa't sentimo ay nag-aalis sa gumugugol ng isang mahalagang pagkakataon na makagawa ng mabuti. Ninanakawan nito ang Diyos ng karangalan at kaluwalhatiang dapat sanang mapabalik sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapalago sa mga ipinagkatiwala Niyang mga talento.

[1] Sant. 5:1-4.
[1] Juan 6:12.

## Mga Damdamin ng Kagandahang-loob at Pag-ibig

Ang mga damdamin ng kagandahan at pagkamapagbigay, at ang mabilis na pagkaunawa ng mga bagay na ukol sa espiritu, ay pawang mahahalagang talento, at ang nagtataglay ng mga talentong ito ay inaatangan ng mabigat na tungkulin o kapanagutan. Lahat nang ito ay dapat gamitin sa paglilingkod sa Diyos. Nguni't dito maraming nagkakamali. Palibhasa'y nasisiyahan na sa pagkakaroon ng mga katangiang ito, hindi nila ito masiglang ginagamit sa paglilingkod sa mga iba. Dinadaya nila ang kanilang sarili sa pagsasabing kung magkakaroon sila ng pagkakataon, at kung ipahihintulot ng mga pangyayari, ay makagagawa rin sila ng isang malaki at mabuting gawain. Nguni't ang inaantabayanan nila ay ang pagkakataon. Hinahamak nila ang karamutan ng abang kuripot na sumasama pa ang loob kapag may isang maliit na halagang naibibigay sa nangangailangan. Nakikita nilang ito'y nabubuhay nang makasarili,
[377] at ito'y mana- nagot sa hindi paggamit ng kanyang mga talento. Taglay ang labis na kasiyahan sa sarili na sinasabi nilang sila'y iba kaysa makikitid-ang-isip na mga ito, at ang pakiramdam nila'y higit na mabuti ang kanilang kalagayan kaysa mga kapwa nilang may masasamang ugali. Subali't dinadaya nila ang kanilang mga sarili. Ang pagkakaroon nila ng mga katangiang di-ginagamit ay nagpaparami lamang ng kanilang kapanagutan. Ang mga nagtataglay ng malaking pag-ibig ay may tungkulin sa Diyos na ito'y ipagkaloob, hindi lamang sa kanilang mga kaibigan, kundi sa lahat din naman ng nangangailangan ng kanilang tulong. Ang mga kalamangang panlipunan ay mga talento, at ito'y dapat nating gamitin para sa kapakinabangan ng lahat na nasasaklaw ng ating impluwensiya. Ang pag-ibig na nagmamagandang-loob lamang sa iilan ay hindi pag-ibig, kundi kasakiman o pagkamakasarili. Sa anumang paraan ay hindi ito makagagawa ng kabutihan sa mga tao ni makaluluwalhati man ito sa Diyos. Yaong mga hindi gumagamit ng mga talentong kaloob sa kanila ng kanilang Panginoon, ay higit pang nagkakasala kaysa mga taong hinahamak nila. Sa kanila ay ganito ang sasabihin, Nakilala ninyo ang kalooban ng inyong Panginoon, nguni't hindi ninyo ito ginawa.

## Dumarami ang mga Talento Kung Ginagamit

Ang mga talentong ginagamit ay dumarami. Ang tagumpay ay hindi bunga ng pagkakataon o ng kapalaran; ito ay bunga ng sariling pamamatnubay ng Diyos, siyang gantimpala ng pananampalataya at ng kakayahang gumawa ng mapananagutang mga kapasiyahan, ng kalinisang-puri at ng matiyagang pagsisikap. Nais ng Panginoong gamitin natin ang bawa't kaloob na nasa atin; at kung gagawin natin ito, ay magkakaroon tayo ng lalong malalaking mga kaloob na magagamit. Hindi Niya tayo basta binibigyan ng mga katangiang wala sa atin; kundi habang ginagamit natin ang nasa [378] atin, ay gagawa Siyang kasama natin upang dagdagan at palakasin ang bawa't kakayahan. Mararagdagan ang ating mga kakayahan sa pamamagitan ng buong-puso at matapat na pagsasakripisyo sa paglilingkod sa Panginoon. Habang ipinasasakop natin ang ating mga sarili bilang mga kasangkapan sa paggawa ng Espiritu Santo, ay gumagawa naman sa atin ang biyaya ng Diyos upang tanggihan natin ang ating mga dating kinahihiligan, upang mapanagumpayan natin ang mga hilig na nakapangyayari sa atin, at upang makapaghubog ng mga bagong kaugalian. Habang ating laging isinasaisip at tinatalima ang mga iniuudyok ng Espiritu, ay lumalaki naman ang mga puso natin upang makatanggap ng higit at higit pang kapangyarihan Niya, at upang makagawa ng marami at higit pang mabuting gawain. Ang mga natutulog na lakas ay napupukaw, at ang di-nakikilos na mga kakayahan ay tumatanggap ng panibagong buhay.

Ang mapagpakumbabang manggagawa na buong pagtalimang tumutugon sa tawag ng Diyos ay tiyak na tatanggap ng Kanyang tulong. Ang pagtanggap ng gayon kalaki at gayon kabanal na kapanagutan ay nakapagtataas mismo sa likas. Pinakikilos nito ang pinakamatataas na kapangyarihang pangkaisipan at pang-espiritu, at pinalalakas at dinadalisay ang isip at puso. Sa pamamagitan ng pagsampalataya sa kapangyarihan ng Diyos, ay kahanga-hanga kung paano napalalakas ang isang taong mahina, kung paano nagiging lubos at tiyak ang kanyang mga pagsisikap, at kung gaano sumasagana sa malalaking bunga. Masusumpungan ng taong nagsisimula sa kakaunting nalalaman, sa mapagpakumbabang paraan, at sinasabi kung ano ang kanyang nalalaman, habang nagsisikap magkaroon ng higit pang kaalaman, na ang buong kayamanan sa larigit ay naghi-

hintay na siya ay humingi. Lalo siyang magsikap sa pagbibigay ng
[379] liwanag, ay lalo naman siyang tatanggap ng higit na li- wanag. Kapag lalong nagsisikap ang isang tao na ipaliwanag sa iba ang salita ng Diyos, na taglay ang pagibig sa mga kaluluwa, ay lalo naman itong nagiging maliwanag sa kanya. Kapag lalo nating ginagamit ang ating kaalaman at ang ating mga kapangyarihan, ay lalo naman tayong magkakaroon ng kaalaman at ng kapangyarihan.

Ang bawa't pagsisikap na ginagawa natin para kay Kristo ay magbibigay ng ganting pagpapala sa ating mga sarili. Kung ginagamit natin ang ating salapi para sa Kanyang ikaluluwalhati, ay bibigyan pa Niya tayo. Kapag nagsisikap tayong humikayat ng mga iba kay Kristo, at dinadala ang pasanin sa mga kaluluwa sa ating mga panalangin, ay titibok ang sarili nating mga puso sa pamamagitan ng bumubuhay na impluwensiya ng biyaya ng Diyos; ang ating sariling pag-ibig ay magaalab sa lalong banal na pag-ibig; ang buo nating kabuhayang Kristiyano ay magiging higit na katotohanan, higit na masigasig, at higit na mapanalanginin.

Sa langit ay hinahalagahan ang tao ayon sa kakayahan ng puso nito na makakilala sa Diyos. Ang pagkakilalang ito ay siyang bukal na doon nanggagaling ang lahat ng kapangyarihan. Nilikha ng Diyos ang tao, upang ang bawa't kakayahan ay maging kakayahan ng banal na pag-iisip; at lagi Niyang pinagsisikapang mapagsama ang pag-iisip ng tao at ng Diyos. Inihahandog Niya sa atin ang karapatang makipagtulungan kay Kristo sa pagpapakita ng Kanyang biyaya sa sanlibutan, upang tayo'y tumanggap ng karagdagang pagkakilala tungkol sa mga bagay ng langit. Sa ating pagtingin kay Jesus ay tayo'y nagkakaroon ng higit na maliwanag at higit na namumukod na pagkakilala tungkol sa Diyos, at sa pamamagitan ng pagtingin ay tayo'y nababago. Ang kabutihan at ang pag-ibig sa ating mga kapwa-
[380] tao, ay nagiging katutubo nating asal. Nagkakaroon tayo ng likas na katumbas o kapareho ng likas ng Diyos. Kapag lumalaki tayong kawangis Niya, ay lumalaki ang kakayahan nating makilala ang Diyos. Kapag lalo at lalo tayong pumapaloob sa pakikisama sa mga tagalangit, ay patuloy namang nagkakaroon tayo ng nararagdagang kapangyarihan na makatanggap ng mga kayamanan ng kaalaman at karunungan ng walang-hanggan.

## Ang Isang Talento

Ang lalaking tumanggap ng isang talento "ay yumaon at humukay sa lupa, at itinago ang salapi ng kanyang panginoon."

Yaong isang may pinakamaliit na kaloob ang hindi gumamit ng kanyang talento. Dito'y ibinibigay ang isang babala sa lahat na nakadaramang ang kaliitan ng tinanggap nilang mga kaloob ay nagbibigay sa kanila ng dahilan upang huwag maglingkod kay Kristo. Kung malaking bagay ang magagawa nila, ay ikagagalak nilang iyon ay gawin; subali't palibhasa'y sa maliliit na bagaylamang sila makapaglilingkod, ay ipinalalagay nilang may katwiran silang huwag gumawa ng anuman. Dito'y nagkakamali sila. Sa pagbibigay ng Panginoon ng mga kaloob ay sinusubok Niya ang likas. Pinatunayan ng taong hindi gumamit ng kanyang talento na siya'y isang di-tapat na alipin. Kung tumanggap siya ng limang talento, ay ibabaon din niya ang mga iyon sa lupa na gaya ng isang talento. Ang maling paggamit niya ng isang talento ay nagpakilalang hinahamak niya ang mga kaloob ng langit.

"Ang mapagtapat sa kakaunti ay mapagtapat din naman sa marami."[1] Ang kahalagahan ng maliliit na bagay ay madalas na hindi gasinong pinahahalagahan dahil sa ito'y maliit; nguni't malaki ang ibinibigay nito sa aktuwal na pagdisiplina sa buhay. Tunay na walang di-mahahalaga sa kabuhayang Kristiyano. Malilipos ng [381] panganib ang pagtatayo natin ng likas habang minamaliit natin ang kahalagahan ng maliliit na bagay.

"Ang di-matwid sa kakaunti ay di rin naman matwid sa marami." Sa pamamagitan ng di-pagtatapat ng tao sa kahit pinakamaliliit na tungkulin, ay ninanakawan niya ang Gumawa sa kanya ng paglilingkod na nauukol sa Kanya. May ganting ibinibigay sa kanya ang dipagtatapat na ito. Hindi siya tumatanggap ng biyaya, ng kapangyarihan, at ng lakas ng likas na matatanggap lamang sa pamamagitan ng lubos na pagpapasakop sa Diyos. Ang pamumuhay nang hiwalay kay Kristo ay nagiging daan upang siya'y sumailalim ng mga pagtukso ni Satanas, at siya ay nakagagawa ng mga pagkakamali sa kanyang paggawa para sa Panginoon. Dahil sa siya'y hindi napapatnubayan ng mga tamang simulain sa maliliit na bagay, ay hindi niya natatalima ang Diyos sa malalaking bagay na siyang itinuturing

[1] Lu. 16:10.

niyang tangi niyang gawain. Ang mga depektong kinimkim-kimkim sa isip sa pakikitungo sa mga maliliit na bagay ng buhay ay nauuwi sa lalong mahahalagang bagay. At siya'y kumikilos batay sa mga simulaing nakamihasnan niya. Kaya ang ganitong paulit-ulit na gawa ang humuhubog ng mga kaugalian, ang mga kaugalian ang humuhubog ng likas, at sa pamamagitan ng likas natin natitiyak ang magiging kapalaran natin sa panahong darating at sa walang-hanggan.

Sa pamamagitan lamang ng katapatan sa maliliit na bagay masasanay ang kaluluwa na gumawang may pagtatapat sa ilalim ng lalong malalaking mga kapanagutan. Iniugnay ng Diyos si Daniel at ang mga kasama nito sa mga dakilang tao ng Babilonia, upang makilalang lubos ng mga taong itong hindi kumikilala sa tunay na Diyos ang mga simulain ng tunay na relihiyon. Sa gitna ng isang bansang sumasamba sa mga diyus-diyusan, ay dapat ipakita ni Daniel ang likas ng Diyos. Paano siya naging karapat-dapat o
[382] naaangkop sa isang tungkuling may gayon kalaking karangalan at pagtitiwala. Pagtatapat sa maliliit na bagay ang nagbigay ng kulay sa kanyang buong buhay. Pinarangalan niya ang Diyos sa pinakamaliliit na tungkulin, at nakipagtulungan sa kanya ang Panginoon. Pinagkalooban ng Diyos si Daniel at ang kanyang mga kasama ng "kaalaman at katalinuhan sa lahat ng turo at karunungan; at si Daniel ay may pagkaunawa sa lahat na pangitain at mga panaginip."[1]

Kung paanong tinawag ng Diyos si Daniel upang maging saksi Niya sa Babilonia, ay gayundin tinatawagan Niya tayo upang maging mga saksi Niya sa sanlibutan ngayon. Sa maliliit at sa malalaking bagay ng buhay ay nais Niyang ipakita natin sa mga tao ang mga simulain ng Kanyang kaharian.

Sa buhay ni Kristo sa lupa ay itinuro Niya ang aral tungkol sa maingat na pag-aasikaso sa maliliit na bagay. Naging matimbang na lagi sa Kanyang kaluluwa ang dakilang gawain ng pagtubos. Sa Kanyang pagtuturo at pagpapagaling, ay lubos na napahirapan ang Kanyang isip at katawan; gayunma'y napansin pa rin Niya ang pinakasimpleng mga bagay na nakikita sa buhay at sa katalagahan. Ang lalong nakapagtuturong mga aral Niya ay yaong mga aral na sa pamamagitan ng mga simpleng bagay ng katalagahan

[1] Dan. 1:17.

ay inilarawan Niya ang mga dakilang katotohanan ng kaharian ng Diyos. Hindi Niya kinaligtaan o kinalimutan ang mga kailangan ng pinakamababa sa Kanyang mga lingkod. Pinakinggan Niya ang bawa't daing ng nangangailangan. Naramdarnan Niya ang hipo ng may-karamdamang babae na nasa gitna ng karamihan; ang bahagyang-bahagyang dampi o hipo ng pananampalataya ay Kanyang tinutugon. Nang buhayin Niya mula sa mga patay ang anak na babae ni Jairo, ay ipinaalaala Niya sa mga magulang nito na ito'y dapat bigyan ng makakain. Nang Siya sa pamamagitan ng sarili Niyang kapangyarihan ay magbangon mula sa libingan, ay hindi Niya hi- [383]
namak ang magtiklop ng mga damit na ginamit sa pagbuburol sa Kanya at ito'y maingat na iniJagay sa marapat na kalagyan.

Ang gawaing itinatawag sa atin bilang mga Kristiyano ay ang makipagtulungan kay Kristo sa pagliligtas ng mga kaluluwa. Ito ang gawaing ipinangako natin sa Kanya na ating gagawin. Ang pagpapabaya sa gawaing ito ay magpapatunay na tayo'y di-dapat kay Kristo. Subali't upang matupad natin ang gawaing ito, ay kailangan nating sumunod sa Kanyang halimbawa ng tapat na pag-uukol ng pansin sa maliliit na bagay. Ito ang lihim ng tagumpay sa bawa't hanay ng paggawa at impluwensiya ng Kristiyano.

Hangad ng Panginoong maabot ng Kanyang bayan ang pinakamataas na baitang ng hagdan, upang maluwalhati nila Siya sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kakayahang handa Niyang ipagkaloob. Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ay ginawa na para sa atin ang bawa't paghahanda upang ipakita na gumagawa tayo batay sa higit na mabubuting panukala kaysa pinagbabatayan ng paggawa ng sanlibutan. Dapat nating ipakilalang tayo'y nakahihigit sa katalinuhan, sa pagkaunawa, sa kasanayan at sa kaalaman o karunungan, sapagka't tayo'y nananampalataya sa Diyos at sa Kanyang kapangyarihan na makagagawa sa puso ng mga tao.

Datapwa't hindi naman dapat manlupaypay ang mga walang malalaking kaloob. Bayaang gamitin nila ang nasa sa kanila, na buong katapatang iniingatan ang bawa't mahinang bahagi sa kanilang mga likas, at pinagsisikapang iyon ay mapalakas o mapatibay sa tulong ng biyaya ng Diyos. Sa bawa't gawain sa buhay ay dapat nating ihabi ang pagtatapat, na pinayayabong ang mga katangiang magbibigay sa atin ng kakayahang magampanan ang gawain.

Ang mga kaugalian ng pagpapabaya ay dapat buong tibay na ma-
[384] panagumpayan. Marami ang nag-aakalang sapat nang dahilanin sa nagagawang mabibigat na kamalian ang kanilang pagka-malilimutin. Subali't hindi ba sila nagtataglay ng katalinuhan ng pag-iisip na tulad ng mga iba? Kung gayo'y dapat nilang disiplinahin ang kanilang mga isip upang maging matandain. Kasalanan ang makalimot at kasalanan ang maging mapagpabaya. Kung nagkakaroon kayo ng ugaling mapagpabaya o mapagkaligta, maaaring makaligtaan ninyo ang sariling kaligtasan ng inyong kaluluwa, at sa wakas ay masumpungan ninyong hindi pa pala kayo handa para sa kaharian ng Diyos.

Ang mga dakilang katotohanan ay dapat isama sa maliliit na bagay. Ang pagsasakabuhayan ng relihiyon ay dapat taglayin sa mga abang gawain ng buhay sa arawaraw. Ang pinakadakilang katangian para sa sinumang tao ay ang lubos na pagtalima sa salita ng Panginoon.

Dahil sa sila'y hindi nakaugnay sa ilang tuwirang gawaing ukol sa relihiyon, nadarama ng marami ang buhay nila ay walang-saysay; na wala silang anumang nagagawa sa ikasusulong ng kaharian ng Diyos. Nguni't ito ay isang pagkakamali. Kung ang gawain nila ay yaong dapat gawin ng ibang tao, ay hindi nila dapat paratangan ang kanilang mga sarili na mga walang-saysay sa malaking sambahayan ng Diyos. Ang pinakaabang mga gawain o tungkulin ay hindi dapat waling-halaga. Anumang gawaing marangal ay isang pagpapala, at ang pagtatapat sa gawaing ito ay mapatutunayang isang pagsasanay para sa lalong matataas na tiwala.

Gaanuman kaaba, ang anumang gawaing ginagawa para sa Diyos na may kasamang lubos na pagpapasakop ng sarili, ay tinatanggap din Niyang gaya ng pagtanggap Niya sa pinakamataas na paglilingkod. Walang handog na maliit kung iyon ay ipinagkakaloob nang tapat sa puso at nang may kagalakan ng kaluluwa.

Saanman tayo naroon, inaatasan tayo ni Kristo na gawin natin
[385] ang tungkuling kusang humaharap sa atin. Kung ito ay nasa tahanan, gawin ito nang nalulugod ang kalooban at nang may kasigasigan upang ang tahanan ay maging isang dakong kalugud-lugod. Kung kayo ay isang ina, turuan ninyo ang inyong mga anak para kay Kristo. Ito sa katotohanan ay isang gawain para sa Diyos na gaya ng gawain ng ministro sa pulpito. Kung ang gawain ninyo ay sa kusina,

sikapin ninyong maging isang sakdal na tagapagluto. Maghanda kayo ng pagkaing makapagpapalusog, masustansiya, at nakapagpapagana. At sa paggamit ninyo ng pinakamabubuting sangkap sa paghahanda ng pagkain, ay tandaan ninyo na dapat ninyong bigyan ng pinakamabubuting isipan ang inyong pag-iisip. Kung ang gawain naman ninyo ay ang pagbubungkal ng lupa, o kaya'y gumagawa kayo sa anumang ibang gawain o hanapbuhay, ay gawin ninyong isang tagumpay ang kasalukuyang hawak ninyong tungkulin. Isaisip ninyo ang inyong ginagawa. Sa lahat ninyong paggawa ay ipakita ninyo si Kristo. Gawin ninyo ang gawain Niya kung Siya ang nasa inyong lugar.

Gaanuman kaliit ang inyong talento, may inilalaang lugar ang Diyos para sa talentong iyan. Ang kaisa-isang talentong iyan, kung buong katalinuhang gagamitin, ay makatutupad sa itinakdang gawain sa kanya. Dapat tayong gumawa sa panukala ng pagdaragdag sa pamamagitan ng pagtatapat sa maliliit na tungkulin, at gagawa naman ang Diyos para sa atin sa panukala ng pagpaparami. Ang maliliit na ito ay magiging siyang pinakamahahalagang impluwensiya sa Kanyang gawain.

Bayaang ang isang buhay na pananampalataya ay mabakas na tulad ng mga sinulid na ginto sa buong pagganap ng kahit na pinakamaliliit na mga tungkulin. Kung magkagayon ang lahat ng pang-araw-araw na gawain ay magpapayabong ng paglagong Kristiyano. Magkakaroon ng patuloy na pagtingin kay Jesus. Ang pag-ibig sa Kanya ay magbibigay ng buhay na puwersa sa lahat ng bagay na isinasagawa. Kaya sa pamamagitan ng wastong paggamit ng ating [386]
mga talento, ay maikakawing natin ang ating mga sarili sa lalong mataas na sanlibutan sa pamamagitan ng isang ginintuang tanikala. Ito ay tunay na pagpapakabanal; sapagka't ang pagpapakabanal ay binubuo ng masayang pagtupad ng mga gawain sa arawaraw sa sakdal na pagtalima sa kalooban ng Diyos.

Datapwa't naghihintay ang maraming Kristiyano na dalhin sa kanila ang malaking gawain. At dahil sa hindi sila makasumpong ng isang lugar na sapat ang laki upang masiyahan ang kanilang ambisyon o hangarin, ay hindi nila tapat na nagagampanan ang mga karaniwang gawain sa buhay. Sa ganang kanila ay waring hindi nakawiwili ang mga ito. Araw-araw ay pinababayaan nilang makahagpos ang mga pagkakataon na maipakita nila ang katapatan

nila sa Diyos. Habang naghihintay sila na magkaroon ng ilang malaking gawain, lumilipas naman ang buhay, at ang mga panukala nito ay di-natutupad, at ang gawain nito ay di-nagagampanan.

## Ibinalik ang mga Talento

"Pagkatapos nga ng mahabang panahon ay dumating ang panginoon ng mga aliping yaon, at nakipaghusay sa kanila." Sa panahong hinihingi na ng Panginoon na magsipagsulit ang Kanyang mga alipin, ay sisiyasatin o susuriin ang pinakinabang ng bawa't talento. Ang gawaing ginawa ay naghahayag ng likas ng manggagawa.

Ang mga nagsitanggap ng lima at dalawang talento ay nagsauli sa Panginoon ng mga ipinagkatiwalang kaloob na kasama ang pinakinabang ng mga ito. Sa paggawa nito ay hindi sila humingi ng gantimpala para sa kanilang sarili. Ang mga talento nila ay yaong mga ibinigay sa kanila; nakinabang sila ng iba pang mga talento, subali't wala naman silang pakikinabangin kung walang ibinigay sa kanila. Nauunawaan nila na ginawa lamang nila ang kanilang tungkulin.
[387] Ang puhunan ay sa Panginoon; ang naparagdag ay sa Kanya rin. Kung hindi sila pinagkalooban ng Tagapagligtas ng Kanyang pag-ibig at biyaya, sana'y magpasawalang-hanggan na silang hikahos o salat.

Nguni't pagka tinatanggap na ng Panginoon ang mga talento, ay minamabuti at ginagantimpalaan Niya ang mga manggagawa na para bagang ang gantimpala ay talagang sa kanila. Nalilipos ng katuwaan at kasiyahan ang Kanyang mukha. Ikinalulugod Niya na Siya'y nakapagdudulot ng mga pagpapala sa kanila. Sa bawa't paglilingkod at bawa't pagpapakasakit nila ay Kanyang binabayaran sila, hindi dahil sa iyon ay utang Niya sa kanila, kundi dahil sa nag-uumapaw ang Kanyang puso sa taglay na pag-ibig at pagmamahal.

"Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin," sinasabi Niya; "nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong Panginoon."

Ang pagtatapat at maibiging paglilingkod sa Diyos, ay siyang sinasang-ayunan Niya. Ang bawa't udyok ng Banal na Espiritu na umaakay sa mga tao patungo sa kabutihan at sa Diyos, ay itinatala sa mga aklat sa langit, at sa araw ng Diyos ay Kanyang pupurihin ang mga manggagawang sa pamamagitan nila Siya ay gumawa.

Sila'y magsisipasok sa kagalakan ng Panginoon sapagka't nakikita nila sa Kanyang kaharian ang mga nangatubos sa pamamagitan ng pagkakagamit sa kanila. At sila'y may karapatang makibahagi sa Kanyang gawain doon, sapagka't natamo nila ang pagigingkarapat-dapat para doon sa pamamagitan ng pakikibahagi sa gawain Niya rito. Kung magiging ano tayo sa langit ay siyang maaaninag sa kung ano tayo ngayon sa taglay na likas at sa banal na paglilingkod. Tungkol sa Kanyang sarili ay ganito ang sinabi ni Kristo, "Ang Anak ng tao ay hindi naparito upang paglingkuran, kundi upang maglingkod."[1] Ito, na gawain Niya sa lupa, ay Kanyang ga- wain sa [388]
langit. At ang gantimpala natin sa paggawang kasama ni Kristo sa sanlibutang ito ay ang pagkakaroon ng lalong malaking kapangyarihan at lalong malawak na karapatan na gumawang kasama Niya sa sanlibutang darating.

"Nang magkagayo'y lumapit naman ang tumanggap ng isang talento at sinabi, Panginoon, nakikilala kita na ikaw ay taong mapagmatigas, na gumagapas ka doon sa hindi mo hinasikan, at nag-aani ka doon sa hindi mo sinabugan; at ako'y natakot, at ako'y yumaon at aking itinago sa lupa ang talento mo; narito, nasa iyo ang iyong sarili."

Sa ganyang paraan nagdadahilan ang mga tao sa pagpapabaya nila sa mga kaloob ng Diyos. Ang tingin nila sa Diyos ay mabagsik at malupit, na nagmamatyag upang tiktikan ang kanilang mga pagkakamali at upang pasapitan sila ng mga kahatulan. Kanilang pinararatangan Siya na humihingi ng hindi Niya kailanman ibinigay, at nag-aani sa hindi Niya hinasikan.

Sa puso ng marami ay pinararatangan nila ang Diyos na isang mapagmatigas na panginoon dahil sa inaangkin Niya ang kanilang mga tinatangkilik at ang kanilang paglilingkod. Nguni't wala tayong madadala sa Diyos na hindi pa Kanya. "Ang lahat ng mga bagay ay nangagmumula sa Iyo," wika ng Haring David; "at ang Iyong sarili ay aming ibinigay sa Iyo."[1] Lahat ng mga bagay ay sa Diyos, hindi lamang dahil sa Kanyang pagkakalalang sa mga ito, kundi dahil din naman sa Kanyang pagkakatubos. Lahat ng mga pagpapala sa buhay na ito at sa buhay na darating ay idinudulot sa atin na natatatakan ng

[1] Mat. 20:28.
[1] 1 Cron. 29:14.

krus ng Kalbaryo. Dahil dito, ang paratang na ang Diyos ay isang mapagmatigas at mahigpit na panginoon, na nag-aani sa hindi Niya hinasikan, ay hindi totoo.

Hindi itinatatwa ng panginoon ang paratang ng masamang alipin, kahit na iyon ay di-makatwiran; inamin nito ang kanyang sinabi
[389] subali't ipinakilala din nito na ang inasal niya ay hindi mapagpapaumanhinan. Ang mga paraan at mga sistema ay inihanda na upang sa pamamagitan niyon ay maragdagan ang talento at makinabang naman ang may-ari. "Ibinigay mo sana," sabi nito, "ang aking salapi sa nagsisipangalakal ng salapi, at nang sa aking pagdating ay tinanggap ko sana ang ganang akin pati ng pakinabang."

Humihingi ang ating Amang nasa Langit nang walang labis ni walang kulang sa Kanyang ipinagkaloob sa ating kakayahan sa paggawa. Hindi Niya inaatangan ang Kanyang mga alipin ng mga pasaning hindi nila kayang dalhin. "Nalalaman Niya ang ating anyo; Kanyang inaalaala na tayo'y alabok."[1] Lahat ng hinihingi Niya sa atin ay maibibigay natin sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos.

"Sa sinumang binigyan ng marami, ay marami ang hihingin sa kanya."[2] Isa-isa tayong mananagot sa pag-gawa nang kulang kaysa kaya nating gawin. Hustong sinusukat ng Panginoon ang bawa't maaaring magawang paglilingkod. Ang mga di-ginamit na mga kakayahan ay ipagsusulit ding gaya niyaong mga ginamit. Pinapanagot tayo ng Diyos sa lahat ng dapat sanang magawa sa atin sa pamamagitan ng wastong paggamit ng ating mga talento. Hahatulan tayo ayon sa dapat sana'y nagawa natin, nguni't hindi natin nagawa dahil sa hindi natin ginamit ang ating mga kakayahan upang maluwalhati ang Diyos. Kahit na hindi mawaglit ang ating mga kaluluwa, ay madarama natin sa walang-hanggan ang bunga ng ating di-ginamit na mga talento. Sa lahat ng karunungan at kakayahang dapat sana'y natamo natin nguni't hindi natin natamo, ay magkakaroon ng walang-hanggang kalugihan o kawalan.

Nguni't kapag ibinibigay natin nang lubusan sa Diyos ang ating mga sarili, at sa ating paggawa ay sinusunod natin ang Kanyang mga tagubilin, ay inaako Niya ang kapanagutan sa ikatatapos nito.
[390] Hindi Niya ibig na maghahaka tayo tungkol sa ikapagtatagumpay

[1] Awit 103:14.
[2] Lu.12:48.

ng ating tapat na mga pagsisikap at paggawa. Kahit na nga minsan ay hindi natin dapat isipin ang tungkol sa pagkabigo. Dapat tayong makipagtulungan sa Isa na walang nakikilalang kabiguan.

Hindi natin dapat pagusapan ang tungkol sa ating sariling kahinaan at kawalang-kakayahan. Ito'y pagpapamalas ng kawalang-pagtitiwala sa Diyos, isang pagtanggi sa Kanyang salita. Kapag bubulung-bulong tayo dahil sa mga pasanin natin, o kapag tayo'y tumatanggi sa mga kapanagutang ipinapapasan Niya sa atin, ay para na ring sinasabi nating Siya ay isang mahigpit na panginoon, na humihingi Siya ng bagay na hindi Niya ibinibigay sa atin na kakayahan sa paggawa.

Ang diwa ng tamad na alipin ay madalas na nakakahiligan nating tawagin na kapakumbabaan. Nguni't napakalaki ang pagkakaiba ng tunay na kapakumbabaan. Ang maging mapagpakumbaba ay hindi nangangahulugang dapat tayong maging mga kapos sa katalinuhan, salat sa hangarin, at duwag sa ating mga kabuhayan, na iniiwasan ang mga pasanin baka hindi natin maipagtagumpay ang mga ito. Ang tunay na kapakumbabaan ay tumutupad ng mga panukala ng Diyos sa pamamagitan ng pag-asa o pagsandig sa Kanyang lakas.

Gumagawa ang Diyos sa pamamagitan niyong ibig Niya. Kung minsa'y pinipili Niya ang pinakaabang kasangkapan upang siyang gumawa ng pinakamalaking gawain; sapagka't nahahayag ang Kanyang kapangyarihan sa pamamagitan ng kahinaan ng mga tao. Mayroon tayong pamantayan, at sa pamamagitan niyon ay sinasabi nating malaki ang isang bagay at maliit ang ikalawa; subali't ang Diyos ay hindi naghahalaga nang ayon sa ating sukatan. Hindi natin dapat isipin na ang malaki sa atin ay dapat ding maging malaki sa Diyos, o kaya'y ang maliit sa atin ay dapat ding maging maliit sa Kanya. Hindi tayo ang dapat humatol tungkol sa ating mga talento [391]
o pumili ng ating gawain. Dapat nating gampanan ang gawaing itinatakda ng Diyos, na pinapasan ang mga ito alang-alang sa Kanya, at laging lumalapit sa Kanya upang magpahinga. Anuman ang ating gawain, ay napararangalan ang Diyos kung ginagawa natin ang paglilingkod nang buong-puso at nang masaya. Siya'y nalulugod kapag ginagampanan natin ang ating mga tungkulin nang may pagpapasalamat, at nagagalak na tayo'y naging karapat-dapat na maging mga kamanggagawa Niya.

## Inalis ang Talento

Ang hatol na iginawad sa tamad na alipin ay, "Alisin nga ninyo sa kanya ang talento, at ibigay ninyo sa may sampung talento." Dito, gaya ng gantimpala sa tapat na manggagawa, ay ipinahihiwatig, hindi lamang ang ganti sa huling Paghuhukom, kundi ang hakbanghakbang na paraan ng pagbibigay ng kagantihan sa buhay na ito. Kung paano sa natural na sanlibutan, ay gayundin sa espirituwal na sanlibutan: bawa't kakayahang di-ginamit ay hihina at mabubulok o masisira. Paggawa ang siyang batas ng buhay; ang katamaran ay kamatayan. "Sa bawa't tao ay ibinibigay ang paghahayag ng Espiritu upang pakinabangan naman."[1] Kapag ang mga kaloob sa kanya ay ginagamit sa pagpapala sa mga iba, ay dumarami ito. Kapag ito'y ginamit lamang para sa sarili, ay ito'y nawawala, at sa wakas ay binabawi. Ang tumatangging magbigay ng bagay na kanyang tinanggap, sa huli ay walang maibibigay na anuman. Siya'y sumasang-ayon sa paraang tiyak na nagpapahina at sa wakas ay sumisira ng mga kakayahan ng kaluluwa.

Huwag akalain ninuman na sila'y makapamumuhay ng isang kabuhayang makasarili, at pagkatapos, pagkapaglingkod nila para sa kanilang sariling mga kapakinabangan, ay sila'y makapapasok sa
[392] kagalakan ng kanilang Panginoon. Sa kagalakan ng di-makasariling pag-ibig ay hindi sila maaaring makibahagi. Hindi sila magiging karapat-dapat sa mga korte sa langit. Hindi nila mapahahalagahan ang dalisay na simoy ng pag-ibig na namamayani sa langit. Hindi makasisiya sa kanila ang mga tinig ng mga anghel at ang tugtugin ng kanilang mga alpa. Sa kanilang mga isip ay magiging parang isang palaisipan o isang hiwaga ang siyensiya ng langit.

Sa dakilang araw ng Paghuhukom ang mga hindi gumawa para kay Kristo, yaong mga sumunod nang walang ginawang pagsisikap o paggawa, na ang iniisip at binibigyang-kasiyahan ay ang kanilang mga sarili, ay isasama ng Hukom ng buong lupa sa mga nagsigawa ng kasamaan. Tatanggap sila ng iisang hatol.

Kinaliligtaan ng maraming nagpapanggap na Kristiyano ang mga hinihingi ng Diyos, at gayunpama'y wala silang nararamdamang anumang kamalian sa ginagawa nilang ito. Batid nilang ang mamumusong, ang mamamatay-tao, at ang mangangalunya, ay nararapat

[1] 1 Cor. 12:7

sa kaparusahan; nguni't sa ganang kanila, kinasisiyahan nila ang mga serbisyo ng relihiyon. Ibig nilang mapakinggang ipinangangaral ang ebanghelyo, at dahil dito ang akala nila'y mga Kristiyano sila. Bagama't ginugol nila ang kanilang buhay sa pag-aasikaso sa kanilang mga sarili, ay magugulat din silang gaya ng di-tapat na alipin sa talinhaga kapag napakinggan nila ang hatol na, "Alisin ninyo sa kanya ang talento." Katulad ng mga Hudyo, ang pagtatamasa nila ng mga pagpapala ay ipinagkakamali nila sa dapat nilang gawing paggamit sa mga ito.

Ang dinadahilan ng marami sa di nila paggawang Kristiyano ay ang kawalan nila ng kakayahang gumawa. Subali't ginawa ba kaya sila ng Diyos nang gayon na anupa't hindi sila makagagawa? Hindi, kailanma'y hindi. Itong kawalan nila ng kakayahan ay bunga ng hindi nila paggawa, at namalagi nang gayon dahil sa iyon ang talagang pinili nilang gawin. Sa kanilang mga likas ay [393]
nadarama na nila ang bunga ng hatol na, "Alisin ninyo sa kanya ang talento." Ang patuloy nilang di-paggamit ng kanilang mga talento ay papatay para sa kanila sa Banal na Espiritu, na siyang tanging ilaw o liwanag. Ang hatol na, "Ang aliping walang-kabuluhan ay inyong itapon sa kadiliman sa labas," ay naglalagay ng tatak ng Langit sa pagpiling sila na rin ang gumawa para sa walang-hanggan. [394]

## Kapitulo 26—Hindi Talagang Iyo

DUMATING si Kristo noon sa panahong ang mga tao ay labis na makasanlibutan. Ipinaiilalim ng mga tao sa mga bagay na panlupa at lumilipas ang mga bagay na walang-hanggan, at sa mga bagay na pangkasalukuyan ang mga hinihingi tungkol sa hinaharap. Ipinagkakamali nila sa mga guniguni ang mga katotohanan, at ang mga katotohanan sa mga guniguni. Hindi nila nakita sa pamamagitan ng pananampalataya ang di-nakikitang sanlibutan. Iniharap ni Satanas sa kanila ang mga bagay sa buhay na ito bilang siyang kaakit-akit sa lahat at siyang dapat pagbuhusang lahat ng pag-iisip, at napadaig sila sa kanyang mga tukso.

Naparito si Kristo upang baguhin ang ayos na ito ng mga bagay-bagay. Sinikap Niyang masira ang engkantong kinahalingan at kinasiluan ng mga tao. Sa Kanyang pangangaral o pagtuturo ay pinagsakitan Niyang isaayos ang mga hinihingi ng langit at ng lupa, na alisin sa isipan ng mga tao ang mga bagay na ukol sa kasalukuyan at ibaling sa mga bagay na ukol sa hinaharap. Sa pagsisikap nilang makapagtamo ng mga bagay na pangkasalukuyan, ay tinawagan Niya sila na maglaan naman ng ukol sa walang-hanggan.

"May isang taong mayaman," sabi Niya, "na may isang katiwala;
[395] at ito'y isinumbong sa kanya na siya'y nagsisira ng kanyang mga pag-aari." Ipinaubaya ng taong mayaman sa mga kamay ng aliping ito ang lahat niyang mga pag-aari o mga tinatangkilik; nguni't ang alipin ay hindi tapat, at naniwala ang panginoon na siya'y ninanakawan nito sa paraang hindi mahahalata. Ipinasiya niyang huwag na itong papaglingkurin sa kanya, kaya nga gumawa siya ng pagsisiyasat at pinapagsulit niya ito. "Ano itong nababalitaan ko tungkol sa iyo?" wika niya. "Magbigay sulit ka ng pagiging-katiwala mo; sapagka't hindi kana maaaring maging katiwala pa."

Sa napipintong pagpapaalis sa kanya sa gawain, ay tatlong landas ang nakita ng katiwala na kanyang mapagpipiliang gawin. Kailangang siya'y magtrabaho, magpalimos, o kaya'y magpakagutom. At sa kanyang sarili'y nasabi niya, "Anong gagawin ko? yamang inaalis

sa akin ng panginoon ko ang pagiging-katiwala: magdukal ng lupa'y wala akong kaya; magpalimos ay nahihiya ako. Nalalaman ko na ang gagawin ko, upang, kung mapaalis ako sa pagiging-katiwala, ako ay matanggap nila sa kanilang mga bahay. Kaya nga tinawag niya ang bawa't isa sa mga may utang sa kanyang panginoon, at sinabi niya sa una. Gaano ang utang mo sa aking panginoon? At sinabi nito, Isang daang takal na langis, At sinabi niya rito, Abutin mo ang iyong kasulatan, at maupo kang madali, at isulat mong limampu. Pagkatapos ay sinabi niya sa iba, At ikaw, gaano ang utang mo? At sinabi nito, Isang daang takal na trigo. At sinabi niya rito, Abutin mo ang iyong kasulatan, at isulat mong walumpu."

Idinamay ng di-tapat na aliping ito ang iba sa kanyang di-pagtatapat. Dinaya niya ang kanyang panginoon sa ikabubuti naman ng mga ibang ito, at sa pagtanggap naman nila ng kabutihang ito ay inilagay nila ang kanilang mga sarili sa ilalim ng tungkuling siya ay tanggapin sa kanilang mga tahanan bilang isang kaibigan.

"At pinuri ng kanyang panginoon ang lilong katiwala, sapagka't siya'y gumawang may katalinuhan." Pinu- ri ng taong makasanlibu- [396]
tan ang katalinuhan ng taong dumaya sa kanya. Subali't papuri ng taong mayaman ay hindi papuri ng Diyos.

Hindi pinuri ni Kristo ang lilong katiwala, kundi binanggit Niya ang natanyag na pangyayari noon upang Kanyang mailarawan ang aral na nais Niyang maituro. "Makipagkaibigan kayo sa pamamagitan ng kayamanan ng kasamaan," sabi Niya, "upang kung kayo'y magkulang, ay kanilang tanggapin kayo sa mga walang-hanggang tabernakulo."[1]

Pinuna ng mga Pariseo ang Tagapagligtas sa Kanyang pakikisalamuha o pakikisama sa mga maniningil ng buwis at sa mga makasalanan; gayunma'y hindi rin nagbawa ang Kanyang pagmamalasakit sa kanila, ni nahinto man ang Kanyang mga pagsisikap para sa kanila. Batid Niyang ang uri ng kanilang gawain ay nakatukso sa kanila. Napapaligiran sila ng mga pang-akit na humihila sa paggawa ng kasamaan. Ang unang hakbang sa gawang pagkakamali ay madali, at pagkatapos ay naging mabilis na ang pagkalulong nila sa lalong malaking gawang pagdaraya at lalong malaking mga pagkakasala. Pinagsikapan ni Kristo na sa pamamag-

[1] Lu. 16:9.

itan ng lahat ng paraan ay mahikayat silang magkaroon ng lalong matatayog na hangarin at ng lalong mararangal na simulain. Ang layuning ito ang nasa isip Niya nang banggitin Niya ang salaysayin tungkol sa di-tapat na katiwala. Sa gitna ng mga maniningil ng buwis ay mayroong gayong kaso na gaya ng inilalarawan sa talinhaga, at sa ginawang paglalarawan ni Kristo ay kinilala nila ang kanilang mga ginagawa. Natawagan ang kanilang pansin, at sa larawan ng sarili nilang mga gawang pagdaraya ay marami sa kanila ang natuto ng liksiyon tungkol sa espirituwal na katotohanan.

Gayunpaman, ang talinhaga ay tuwirang sinabi sa mga alagad. Sa kanila muna ibinigay ang lebadura ng katotohanan, at sa pama-
[397] magitan nila ay makararating na- man iyon sa mga iba. Marami sa mga aral ni Kristo ang sa pasimula ay hindi agad naunawaan ng mga alagad, at madalas na wari manding halos nalilimutan na ang Kanyang mga aral. Nguni't sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay muling naalaala nang buong liwanag ang mga katotohanang ito nang dakong huli, at sa pamamagitan ng mga alagad ay buhay na buhay na ito'y naiharap sa mga bagong nahikayat na naparagdag sa iglesya.

At nagsasalita rin noon sa mga Pariseo ang Tagapagligtas. Hindi Siya nawalan ng pag-asa na mauunawaan ng mga ito ang tindi ng Kanyang mga salita. Marami ang taimtim na nasumbatan, at kung maririnig nila ang katotohanan sa tulong ng bulong ng Espiritu Santo, ay hindi iilan ang magsisisampalataya kay Kristo.

Sinikap ng mga Pariseo na hiyain si Kristo sa pamamagitan ng pagpaparatang sa Kanya na nakikisama Siya sa mga maniningil ng buwis at sa mga makasalanan. Ngayo'y ibinaling Niya sa mga nagpaparatang ang puna o suwat na ito. Ang larawang alam ng lahat na naganap sa gitna ng mga maniningil ng buwis, ay inihaharap Niya sa mga Pariseo, na naglalarawan kapwa ng hakbang na kanilang gagawin, at nagpapakilala rin naman ng tanging paraang sa pamamagitan niyon ay matutubos nila ang kanilang mga pagkakamali.

Ipinagkatiwala sa di-tapat na alipin ang mga pagaari ng kanyang panginoon upang magamit sa mga gawang kabutihan; nguni't ito'y ginamit niya para sa kanyang sarili. Ganyan din ang ginawa ng Israel. Pinili ng Diyos ang binhi ni Abraham. Sa pamamagitan ng nakataas na bisig ay hinango Niya sila mula sa pagkaalipin sa Ehipto. Ipinagkatiwala Niya sa kanila ang mga buhay na orakulo

upang maihatid naman nila sa iba ang liwanag. Subali't ginamit ng mga pinagkatiwalaan ang mga kaloob na ito sa pagpapayaman at sa pagtataas ng kanilang mga sarili. [398]

Ginamit sa maling paraan ng mga Pariseong puno ng pagpapahalaga sa sarili at pagbabanal-banalan ang mga pag-aaring ipinahiram sa kanila ng Diyos upang gamitin sana sa Kanyang ikaluluwalhati.

Hindi gumawa ng anumang paghahanda o paglalaan para sa hinaharap ang alipin sa talinhaga. Ang mga pag-aaring ipinagkatiwala sa kanya upang gamitin niya sa ikabubuti ng mga iba ay ginamit niya sa kanyang sarili; nguni't ang nasa isip lamang niya ay ang kasalukuyan. Kapag inalis na sa kanya ang pagiging-katiwala, ay wala siyang anumang matatawag na kanya. Gayunma'y nasa mga kamay pa rin niya ang mga pag-aari ng kanyang panginoon, kaya nga ipinasiya niyang gamitin ang mga ito sa ikapapanatag ng kanyang sarili sa mga pangangailangan niya sa hinaharap. Upang maisagawa niya ito ay dapat siyang gumawa ng isang bagong panukala. Sa halip na magtipon para sa kanyang sarili ay dapat siyang mamigay sa mga iba. Sa gayong paraan ay magkakaroon siya ng mga kaibigan, na, kapag pinaalis na siya sa kanyang trabaho, ay tatanggap naman at magpapatuloy sa kanya. Ganyan din sa mga Pariseo. Aalisin na sa kanila ang pagiging-katiwala, at sila'y tinawagan upang maghanda o maglaan para sa kanilang hinaharap. Sa pamamagitan lamang ng paggawa ng kabutihan sa mga iba maaari silang makinabang. Sa pamamagitan lamang ng pamamahagi o pamimigay ng mga kaloob ng Diyos sa kasalukuyan nilang buhay maaari silang makapaghanda o makapaglaan para sa walang-hanggan.

Pagkapaglahad ng talinhaga, ay sinabi ni Kristo, "Ang mga anak ng sanlibutang ito, sa kanilang sariling lahi, ay matatalino kaysa mga anak ng ilaw." Alalaong-baga'y, ang mga taong matatalino sa gawa ng sanlibutan ay nagpapakita ng higit na karunungan at kasigasigan sa paglilingkod sa kanilang sarili kaysa mga nagpapanggap na anak ng Diyos sa kanilang paglilingkod sa Kanya. Ganyan noon sa panahon ni Kristo. Ganyan din naman nga- yon. Tingnan [399]
ninyo ang buhay ng maraming nagsasabing sila'y mga Kristiyano. Pinagkalooban sila ng Panginoon ng mga kakayahan, ng kapangyarihan, at ng impluwensiya; pinagkatiwalaan Niya sila ng salapi, upang sila'y maging mga kamanggagawa Niya sa dakilang gawain ng pagtubos. Lahat ng mga kaloob Niya ay dapat gamitin sa pag-

papala sa sangkatauhan, sa pagpapaginhawa sa mga paghihirap at mga nangangailangan. Dapat nating pakanin ang mga nagugutom, paramtan ang mga hubad, arugain o asikasuhin ang babaing balo at ang ulila, at paglingkuran ang napipighati at ang niyuyurakan. Hindi kailanman inibig ng Diyos na magkaroon ng malaganap na kahirapan sa sanlibutan. Hindi Niya kailanman inibig na ang isang tao'y magkaroon ng saganang mga luho sa buhay, samantalang ang mga anak naman ng mga iba ay dumadaing sa pangangailangan ng tinapay. Ang salaping labis at higit sa tunay na mga pangangailangan sa buhay ay ipinagkakatiwala sa tao upang gamitin sa paggawa ng mabuti, at upang ipagpala sa sangkatauhan. Ang sinasabi ng Panginoon ay, "Ipagbili ninyo ang inyong mga tinatangkilik, at kayo'y mangaglimos." Kayo'y "maging handa sa pamimigay, maibigin sa pamamahagi." "Kung maghahanda ka, ay anyayahan mo ang mga dukha, ang mga pingkaw, ang mga pilay, ang mga bulag."[1] "Kalagin ang mga tali ng kasamaan," "na pagaangin ang mga pasan," "papaging layain ang napipighati," "alisin ang lahat na atang." "Magbahagi ka ng iyong tinapay sa gutom," "dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan." "Pagka nakakakita ka ng hubad, . . . iyong bihisan." "Iyong sisiyahan ng loob ang nagdadalamhating kaluluwa." "Magsiyaon kayo sa buong sanlibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo sa lahat ng kinapal."[2] Ito ang mga iniuutos ng Panginoon. Ginagawa ba ng malaking kapulungan ng mga nagpapanggap na Kristiyano ang gawaing ito?

[400] Sa kakapusang-palad, marami ang gumagamit para sa kanilang sarili ng mga kaloob ng Diyos! Marami ang nagpaparami ng bahay at lupa. Marami ang gumagasta ng kanilang salapi sa kalayawan, sa pagbibigay-kasiyahan sa panlasa, sa naggagandahang mga bahay, mga kasangkapan, at damit. Ang kanilang mga kapwa kinapal ay pinababayaan nila sa kahirapan at kasalanan, sa sakit at kamatayan. Napakarami ang nangamamatay nang hindi natatapunan man lamang ng kahit isang tanaw na nahahabag, ng kahit isang salita o gawa ng pakikiramay.

Ang mga tao ay nagkakasala ng pagnanakaw sa Diyos. Ang makasarili nilang paggamit ng salapi ay ninanakawan ang Diyos ng

[1] Lu. 12:33; 1 Tim. 6:18; Lu. 14:13.
[2] Is. 58:6, 7, 10; Mar. 16:15.

kaluwalhatiang dapat maibalik sa Kanya sa pamamagitan ng pagbibigay-ginhawa sa naghihirap na sangkatauhan at sa pagliligtas ng mga kaluluwa. Nilulustay nila ang ipinagkatiwala Niyang mga pag-aari. Ganito ang wika ng Panginoon, "Aking lalapitan kayo sa kahatulan; at Ako'y magiging maliksing saksi laban sa. . . mga nagsisipighati sa mang-aaraw sa kanyang kaupahan, sa babaing balo, at sa ulila, at sa nagliligaw sa tagaibang-lupa mula sa kanyang matuwid." "Nanakawan baga ng tao ang Diyos? Gayunma'y ninanakawan ninyo Ako. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano Ka namin ninakawan? Sa mga ikasampung-bahagi at mga handog. Kayo'y nangasumpa ng sumpa; sapagka't inyo Akong ninakawan, samakatwid baga'y nitong buong bansa." "Magsiparito ngayon, kayong mayayaman, . . . ang inyong mga kayamanan ay mga bulok, at ang inyong mga damit ay nginangatngat ng tanga. Ang inyong ginto at ang inyong pilak ay kinakalawang na, at ang mga kalawang na ito ay siyang magiging patotoo laban sa inyo. . . . Kayo'y nagtipon ng inyong mga kayamanan sa mga huling araw." "Kayo'y nangabuhay nang tamasa sa ibabaw ng lupa, at nangagalak." "Narito, ang kaupahan ng mga manggagawa na nagsiani sa inyong mga bukid, na iniring ninyo sa pamamagitan ng daya, ay humihibik: at ang mga hibik ng mga nagsiani ay nagsipasok sa mga pakinig ng Panginoon ng mga hukbo."[1] [401]

Bawa't isa ay papagsusulitin sa mga ipinagkatiwala sa kanya na mga kaloob. Sa araw ng huling Paghuhukom ay mawawalan ng halaga sa mga tao ang itinago nilang kayamanan. Wala silang matatawag na sariling kanila.

Nagpapakita ng higit na kakulangan ng karunungan at ng higit ng pag-aalaala at pag-aasikaso sa kanilang walang-hanggang ikabubuti ang mga nagsisipagtipon ng kayamanan ng sanlibutan, kaysa likong katiwala para sa kanyang ikabubuhay sa lupa. Ang mga nagpapanggap na ito ng kaliwanagan ay higit na kulang sa katalinuhan kaysa mga anak ng sanlibutang ito sa kanilang kapanahunan. Sila ang sinabi ng propeta sa kanyang pangitain tungkol sa dakilang araw ng Paghuhukom na anya'y, "Ihahagis ng isang tao ang kanyang mga diyus-diyusang pilak, at ang kanyang mga diyus-diyusang ginto; na kanilang ginawa upang sambahin, sa yungib ng mga bilig at ng mga

[1] Mal. 3:5, 8, 9; Sant. 5:1-3, 5, 4.

paniki; upang pumasok sa mga guwang ng malalaking bato, at sa mga taluktok ng mga malalaking bato, dahil sa takot sa Panginoon, at dahil sa kaluwalhatian ng Kanyang kamahalan, pagka Siya'y bumangon upang buong kakila-kilabot na yanigin ang lupa."[1]

"Makipagkaibigan kayo sa pamamagitan ng kayamanan ng kasamaan," wika ni Kristo, "upang kung kayo'y magkulang, ay kanilang tanggapin kayo sa mga walanghanggang tabernakulo."[2] Ang Diyos at si Kristo at ang mga anghel ay naglilingkod na lahat sa namimighati, naghihirap, at nagkakasala. Ibigay ninyo ang inyong sarili sa Diyos para sa gawaing ito, gamitin ninyo para sa layuning ito ang Kanyang mga kaloob, at kayo'y makisama sa mga anghel sa langit. Titibok ang inyong puso sa pagdamay sa kanila. Kayo'y magiging katulad nila sa likas. Ang mga tumatahang ito sa mga walang-hanggang tabernakulo ay hindi magiging iba sa inyo. Kapag
[402] ang mga bagay sa lupa ay nagsilipas na, ay tatanggapin kayo at papapasukin ng mga nagsisipagbantay sa mga pintuan sa langit.

At ang salaping ginamit upang ipagpala sa mga iba ay magbibigay ng mga pakinabang. Ang mga kayamanang ginagamit nang wasto ay gagawa ng malaking kabutihan. Mahihikayat kay Kristo ang mga kaluluwa. Makikita ng mga nagsisisunod sa panukala ng buhay ni Kristo doon sa mga bulwagan ng Diyos yaong kanyang mga pinagpagalan at pinagsakripisyuhan sa ibabaw ng lupa. Buong pagpapasalamat at pagkilala ng utang na loob na magugunita ng mga tinubos yaong mga naging kasangkapan sa kanilang pagkaligtas. Magiging mahalaga ang langit sa mga naging tapat sa gawain ng pagliligtas ng mga kaluluwa.

Ang aral sa talinhagang ito ay para sa lahat. Bawa't isa ay mananagot sa biyayang nabigay sa kanya sa pamamagitan ni Kristo. Napakasolemne ang buhay upang lubos na iukol sa mga bagay na lumilipas o panlupa. Ang nais ng Panginoon ay mamahagi tayo sa iba ng mga ibinabahagi sa atin ng walang-hanggan at di-nakikita.

Taun-taon ay angaw-angaw at angaw-angaw na mga kaluluwa ng tao ang nangagsisipanaw sa walang-hanggan nang hindi man lamang nababababalaan at hindi ligtas. Sa oras-oras ng ating buhay ay nakabukas sa atin ang mga pagkakataon na maabot at mailigtas ang

[1] Is. 2:20, 21.
[2] Lu. 16:9.

mga kaluluwa. Ang mga pagkakataong ito ay patuloy na dumarating at umaalis. Ang nais ng Diyos ay gawin natin ang pinakamabuti sa mga ito. Ang mga araw, mga linggo, at mga buwan ay nangagsisilipas; nakukulangan tayo ng isang araw, isang linggo, at isang buwan sa panahong dapat nating igawa. Ilang mga taon pa, ito'y siya nang pinakamatagal, at ang tinig na hindi natin matatanggihang sagutin ay ating maririnig, na nagsasabi, "Magbigay sulit ka ng pagiging-katiwala mo."

Tinatawagan ni Kristo ang bawa't isa na magbulay-bulay. Gumawa kayo ng isang tapat na pagsasaalang- alang o pagtitimbang- [403] timbang. Ilagay ninyo sa isang panimbang si Jesus, na nangangahulugang walang-hanggang kayamanan, buhay, katotohanan, langit, at ang kagalakan ni Kristo sa mga kaluluwang natubos; ilagay naman ninyo ngayon sa kabilang panimbang ang lahat ng pangakit na maibibigay ng sanlibutan. Ilagay ninyo sa isang panimbang ang pagkawaglit ng inyong sariling kaluluwa, at ang mga kaluluwa ng mga sana'y maililigtas ninyo; sa kabila naman, ay ang buhay na kasukat ng buhay ng Diyos na para sa inyo at para sa kanila. Magtimbang kayo ngayon at sa walang-hanggan. At samantalang ginagawa ninyo ito, ay nagsasalita si Kristo: "Ano ang mapapakinabang ng tao, na makamtan ang buong sanlibutan, at mapapahamak naman ang kanyang buhay?"[1]

Ang hangad ng Diyos para sa atin ay piliin natin ang ukol sa langit at huwag ang ukol sa lupa. Binubuksan Niya sa harap natin ang maaaring magawang pamumuhunan ng ukol sa langit. Pasisiglahin Niya tayo sa ating pinakamatatayog na mga hangarin, at bibigyan Niya tayo ng katiwasayan sa ating pinakapiling kayamanan. Sinasabi Niya, "Aking gagawin ang isang lalaki na maging mahalaga kaysa dalisay na ginto; ang tao na higit kaysa dalisay na ginto ng Ophir."[2] Kapag ang mga kayamanang kinakain ng tanga at sinisira ng kalawang ay naparam na, ay magagalak ang mga sumusunod kay Kristo sa kanilang kayamanan sa langit, ang mga kayamanang di-masisira.

Higit na mabuti kaysa lahat ng pakikipagkaibigan ng sanlibutan ay ang pakikipagkaibigan ng mga tinubos ni Kristo. Higit na mabuti

[1] Mar. 8:36.
[2] Is. 13:12.

kaysa karapatang makapasok sa pinakamarilag na palasyo sa ibabaw ng lupa ay ang karapatang makapasok sa mga mansiyong inihahanda ng ating Panginoon. At higit na mabuti kaysa lahat ng mga salita ng papuri sa lupa, ay ang magiging pangungusap ng Tagapagligtas na iuukol Niya sa Kanyang mga tapat na lingkod, "Magsiparito
[404] kayo, mga pinagpala ng Aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat nang itatag ang sanlibutan."[1]

Sa mga nagwaldas ng Kanyang mga pag-aari, ay nagbibigay pa rin si Kristo ng pagkakataong makapagtamo ng tumatagal na mga kayamanan. Sinasabi Niya, "Mangagbigay kayo, at kayo'y bibigyan." "Magsigawa kayo sa ganang inyo ng mga supot na hindi nangaluluma, isang kayamanan sa langit na hindi nagkukulang, na doo'y hindi lumalapit ang magnanakaw, ni naninira man ang tanga." "Ang mayayaman sa sanlibutang ito ay pagbilinan mo, . . . na sila'y magsigawa ng mabuti, na sila'y magsiyaman sa mabubuting gawa, na sila'y maging handa sa pamimigay, maibigin sa pamamahagi; na mangagtipon sa kanilang sarili ng isang mabuting kinasasaligan para sa taong darating, upang sila'y makapanangan sa buhay na walang-hanggan."[2]

Saka pabayaan ninyong magpauna na sa langit ang inyong pag-aari. Magtipon kayo ng inyong kayamanan sa tabi ng luklukan ng Diyos. Inyong tiyakin o siguruhin ang inyong karapatan sa di-matingkalang mga kayamanan ni Kristo. "Makipagkaibigan kayo sa pamamagitan ng kayamanan ng kasamaan, upang kung kayo'y magkulang, ay kanilang tanggapin kayo sa mga walang-hanggang
[405] tabernakulo."[3]

---

[1] Mat. 25:34.
[2] Lu. 6:38; 12:33; 1 Tim. 6:17-19.
[3] Lu. 16:9.

# Kapitulo 27—Sino ang Aking Kapwa?

SA MGA HUDYO ang tanong na, "Sino ang aking kapwa-tao?" ay naging sanhi ng walang-katapusang pagtatalo. Wala silang alinlangan tungkol sa mga Hentil at mga Samaritano. Sila'y mga tagaibang-lupa at mga kaaway. Subali't saan nila ibabatay ang pagiging-iba nila sa kanilang mga kababayan, at sa gitna ng iba't ibang uri ng lipunan? Sino ang ituturing ng saserdote, ng rabi, at ng matanda, na kanilang kapwa tao? Ginugol nila ang buo nilang buhay sa paulit-ulit na pagsasagawa ng mga seremonya upang sila'y maging malilinis. Ang pakikipagugnay sa mga walang-nalalaman at walang-ingat na karamihan, ayon sa turo nila, ay magiging sanhi upang sila'y maging marumi at iyon ay mangangailangan ng nakapapagod na paggawa at pagsisikap upang maalis. Ang "marumi" ba'y ituturing nilang mga kapwa-tao?

Sinagot ni Kristo ang tanong na ito sa pamamagitan ng pagsasaysay ng talinhaga tungkol sa mabuting Samaritano. Ipinakilala Niya na ang ating kapwa-tao ay hindi nangangahulugang isang kasama lamang natin sa iglesya o ating kapanampalataya. Ito'y walang tinutukoy na lahi, kulay, o uri ng tao. Ang ating kapwa-tao ay ang bawa't taong nangangailangan ng ating tulong. Ang ating kapwa-tao ay ang bawa't kaluluwang sinugatan at binugbog ng kaaway. Ang ating kapwa-tao ay ang bawa't isang pag-aari ng Diyos. [406]

Ang talinhaga tungkol sa mabuting Samaritano ay naihayag dahil sa itinanong kay Kristo ng isang dalubhasa sa kautusan. Samantalang nangangaral ang Tagapagligtas, "isang tagapagtanggol ng kautusan ay nagtindig, at Siya'y tinukso, na sinasabi, Guro, anong aking gagawin upang magmana ng walang-hanggang buhay?" Ang mga Pariseo ay siyang nagmungkahi sa manananggol na itanong ito, sa pag-asa nilang masisilo o mahuhuli nila si Kristo sa sarili Niyang pangungusap, at kaya nga buong kasabikan nilang pinakinggan ang Kanyang kasagutan. Nguni't hindi nakipagtalo ang Tagapagligtas. Ang nagtatanong na rin ang Kanyang pinasagot. "Ano ang nasusulat

sa kautusan?" tanong Niya, "ano ang nababasa mo?" Pinararatangan pa rin noon ng mga Hudyo si Jesus na Siya'y di-gasinong nagpapahalaga sa kautusang ibinigay sa Sinai, nguni't ang tanong na tumutukoy sa kaligtasan ay ibinaling Niya sa pagganap ng mga utos ng Diyos.

Sinabi ng manananggol, "Iibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso mo, at nang buong kaluluwa mo, at nang buong lakas mo, at nang buong pagiisip mo; at ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili." "Matuwid ang sagot mo," wika ni Kristo; "gawin mo ito, at mabubuhay ka."

Hindi nasisiyahan ang manananggol sa kalagayan at mga ginagawa ng mga Pariseo. Pinag-aralan niya ang mga Kasulatan taglay ang hangaring maalaman ang tunay na kahulugan nito. Malaki ang interes niya sa bagay na ito, kaya nga matapat siyang nagtanong, "Anong aking gagawin?" Sa sagot niya tungkol sa mga hinihingi ng kautusan, ay hindi niya sinabi ang tungkol sa maraming mga utos na ukol sa mga seremonya at mga rito. Sapagka't sinasabi niyang ang mga ito ay walang halaga, nguni't ang iniharap niya ay ang dalawang dakilang simulain na doon nakabatay ang buong kautusan
[407] at ang mga propeta. Ang pagkakapuri ng Tagapagligtas sa sagot na ito ay naglagay sa Kanya sa katayuang nakalalamang sa mga rabi. Hindi nila Siya mahahatulan sa pagkakapagpatibay Niya sa ipinahayag ng isang tagapagpaliwanag ng kautusan.

"Gawin mo ito, at mabubuhay ka," sabi ni Kristo. Sa pagtuturo Niya noon ay lagi Niyang iniharap ang kautusan bilang isang banal na kabuuan, at ipinakilala Niyang hindi maaaring ang isang utos ay tutuparin at ang iba naman ay sisirain o lalabagin; sapagka't iisang simulain ang bumubuo sa lahat. Matitiyak ang kapalaran ng tao sa pamamagitan ng pagtalima niya sa buong kautusan.

Batid ni Kristong walang sinumang makatatalima sa kautusan sa sarili nitong lakas. Hinangad Niyang akayin ang manananggol sa paggawa ng lalong malinaw na pagkaunawa at ng lalong masusing pagsasaliksik, upang makita nito ang katotohanan. Sa pamamagitan lamang ng pagtanggap sa kagalingan at biyaya ni Kristo matutupad o maiingatan natin ang kautusan. Ang pagsampalataya sa pampalubagloob sa kasalanan ay magbibigay sa taong nagkasala ng kakayahan na ibigin ang Diyos nang buong puso niya, at ang kanyang kapwa na gaya ng kanyang sarili.

Batid ng manananggol na hindi niya tinutupad ang alinman sa unang apat o huling anim na utos. Nasumbatan siya ng nananaliksik na pangungusap ni Kristo, subali't sa halip na ipahayag ang kasalanan, ay pinagsikapan niyang bigyan ng dahilan ang di-pagtupad niyon. Sa halip na kilalanin ang katotohanan, ay sinikap niyang ipakilalang napakahirap tuparin ang utos. Sa gayong paraan inasahan niyang kanyang maiiwasan ang siya'y masumbatan at mabigyang katwiran din naman ang kanyang sarili sa paningin ng mga tao. Ipinakilala ng mga salita ng Tagapagligtas na ang tanong niya'y
hindi na kailangan, sapagka't ito'y nasagot na rin niya. Gayun- [408]
ma'y nagtanong pa rin siya ng isa, na sinasabi, "Sino ang aking [409]
kapwa-tao?"

Muling tumanggi si Kristo na mahila sa pakikipagtalo. Sinagot Niya ang katanungan sa pamamagitan ng paglalahad ng isang pangyayari, na ang alaala niyon ay sariwa pa sa isip ng mga nakikinig sa Kanya. "Isang tao," wika Niya, "ay bumababa sa Jerico na mula sa Jerusalem, at siya'y nahulog sa kamay ng mga tulisan, na sa kanya'y sumamsam, at sa kanya'y humampas, at nagsialis na siya'y iniwang halos patay na."

Sa paglalakbay na mula sa Jerusalem patungong Jerico, ang maglalakbay ay kailangang dumaan sa isang bahagi ng ilang ng Judea. Ang daan ay lumulusong sa isang mapanglaw at mabatong bangin, na pinamumugaran ng mga tulisan, at kadalasa'y nagiging pook ng karahasan. Sa pook na ito sinalakay ang naglalakbay, at ito'y sinamsaman ng lahat ng mahahalagang dala nito, at pagkatapos ay iniwang halos patay sa tabingdaan. Habang ito'y nakahandusay nang gayon, isang saserdote ang nagdaan doon; nakita niya ang nakahandusay na lalaking sugatan at naliligo sa sarili nitong dugo; nguni't ito'y iniwan nang hindi man lamang tinulungan. Siya'y "dumaan sa kabilang tabi." Pagkatapos ay isa namang Levita ang dumating. Sa kasabikang malaman kung ano ang nangyari, siya'y huminto at tiningnan ang nakatimbuwang na sugatan. Sinabi ng budhi niya kung ano ang nararapat niyang gawin, nguni't iyon ay tungkuling hindi niya naiibigang gawin. Nahangad niyang sana'y hindi siya roon nagdaan, sa gayo'y hindi sana niya nakita ang lalaking sugatan. Pinapaniwala niya ang kanyang sarili na ang kasong iyon ay hindi niya dapat ikabalisa o ipag-alaala kaya nga siya man ay "dumaan sa kabilang tabi."

Nguni't isang Samaritano ang sa paglalakbay sa daan ding iyon ay nakakita sa dumaraing na sugatan, at ginawa niya ang
[410] gawaing ayaw gawin ng iba. Banayad at may kagandahang-loob na pinaglingkuran niya ang lalaking sugatan. "Nang siya'y makita niya, ay nagdalang-habag siya, at lumapit sa kanya, at tinalian ang kanyang mga sugat, na binuhusan ng langis at alak, at siya'y isinakay sa kanyang sariling hayop, at dinala siya sa bahay-tuluyan, at siya'y inalagaan. At nang kinabukasa'y dumukot siya ng dalawang denaryo, at ibinigay sa katiwala ng bahay-tuluyan, at sinabi, Alagaan mo siya; at ang anumang magugol mong higit, ay aking pagbabayaran sa iyo pagbabalik ko." Ang saserdote at ang Levita ay kapwa nagpapanggap ng kabanalan, nguni't ipinakilala ng Samaritano na siya'y tunay na nahikayat. Ang gawaing ayaw gawin ng saserdote at ng Levita ay hindi rin kalugudlugod sa kanya, gayunma'y sa diwa niya at sa kanyang mga ginawa ay pinatunayan niyang siya'y kaisa ng Diyos.

Sa pagbibigay ng aral na ito ay iniharap ni Kristo ang mga simulain ng kautusan sa isang tuwiran at mabisang paraan, na anupa't naipakilala Niya sa mga nakikinig sa Kanya na nakaligtaan nilang gawin ang mga simulaing ito. Napakatiyak at napakatuwiran ang Kanyang mga salita na anupa't hindi nagkaroon ng pagkakataong makatutol ang mga nagsisipakinig. Hindi nakasumpong ang manananggol ng anumang maipupuna sa aral. Ang kanyang malingpagkakilala kay Kristo ay napawi. Nguni't hindi pa rin niya napananagumpayan ang hindi niya pagkakagusto sa hindi kababayan kaya't sapat iyon upang sa pagbibigay ng kaukulang papuri sa Samaritano ay hindi niya ito binanggit sa pangalan. Nang itanong ni Kristo ang, "Sino sa tatlong ito, sa akala mo, ang nagpakilalang kapwa tao sa nahulog sa kamay ng mga tulisan?" ay siya'y sumagot, "Ang nagkawang-gawa sa kanya."

"Nang magkagayo'y sinabi ni Jesus sa kanya, Humayo ka, at gayundin ang gawin mo." Ipakita mo ang gayunding mapagmahal
[411] na kagandahang-loob sa mga nangangailangan. Sa gayong paraan ay mapatutunayan mo na tumutupad ka ng buong kautusan.

Ang malaking di-ipinagkakaunawaan ng mga Hudyo at ng mga Samaritano ay ang pagkakaiba nila sa paniniwalang ukol sa relihiyon, isang suliraning tumutukoy sa kung ano ang bumubuo sa tunay na pagsamba. Ayaw magsabi ang mga Pariseo ng anumang

mabuti tungkol sa mga Samaritano, sa halip ay gayon na lamang kapait ang mga pagsumpa nila sa mga ito. Gayon na lamang katindi ang pagkakahidwaan ng mga Hudyo at ng mga Samaritano na anupa't ipinagtaka ng babaing Samaritana ang paghingi ni Kristo sa kanya ng tubig na maiinom. "Papaano ngang Ikaw," sabi nito, "na isang Hudyo, ay humihingi ng maiinom sa akin, na ako'y babaing Samaritana?" "Sapagka't hindi nangakikipag-usap ang mga Hudyo sa mga Samaritano,"[1] dugtong pa ng ebanghelistang si Juan. At noong galit na galit ang mga Hudyo kay Kristo na anupa't nagtindigan sila sa templo upang batuhin Siya, ay wala silang nahagilap na mga pangungusap upang ipahayag ang pagkapoot nila kundi, "Hindi baga magaling ang aming pagkasabi na ikaw ay isang Samaritano, at mayroon Kang demonyo?"[2] Nguni't hindi ginawa ng saserdote at ng Levita ang gawaing ipinagagawa ng Panginoon sa kanila, sa halip ay pinabayaan nilang isang kinapopootan at hinahamak na Samaritano ang naglingkod sa isa nilang kababayan.

Tinupad ng Samaritano ang utos na, "Iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili," sa gayong paraa'y ipinakikilala niya na siya'y higit na matwid kaysa mga humahamak o sumusumpa sa kanya. Isinapanganib niya ang kanyang sariling buhay, at pinakitunguhan niya ang lalaking sugatan na parang kanyang kapatid. Kumakatawan kay Kristo ang Samaritanong ito. Ipinakita sa atin ng ating Tagapagligtas ang isang pag-ibig na dikailanman mapapantayan ng pag-ibig ng tao. Nang tayo'y nasugatan at nasa bingit ng kamatayan, ay kinaha- bagan Niya tayo. Hindi Niya tayo nilampasan [412] sa kabilang tabi, at iniwang walang-magawa at walang-pag-asa, upang mamatay. Hindi Siya nanatili sa Kanyang banal at masayang tahanan, na doo'y iniibig Siya ng buong hukbo ng kalangitan. Nakita Niya ang ating malaking pangangailangan, kinuha Niya ang ating kalagayan, at ipinakilala Niya ang Kanyang mga pagmamalasakit sa mga tao. Namatay Siya upang iligtas ang Kanyang mga kaaway. Idinalangin Niya ang mga nagsipatay sa Kanya. Itinuturo Niya ang Kanyang halimbawa, at sa mga sumusunod sa Kanya ay sinasabi Niya, "Ang mga bagay na ito ay iniuutos Ko sa inyo, upang kayo'y

[1] Juan 4:9.
[2] Juan 8:48.

mangag-ibigan sa isa't isa;" "kung paanong inibig Ko kayo, ay mangag-ibigan naman kayo sa isa't isa."[1]

Nanggaling noon ang saserdote at ang Levita sa pagsamba sa templo na ang serbisyo ay Diyos na rin ang nagtakda. Isang malaki at mataas na karapatan ang magkaroon ng bahagi sa serbisyong yaon, kaya nga nadama ng saserdote at ng Levita na sapagka't sila'y pinarangalan nang gayon, ay hindi nababagay sa kanilang kalagayan na magpakababa sa paglilingkod sa isang di-kilalang sugatan na nasa tabing-daan. Sa gayong paraan pinabayaan o kinaligtaan nila ang tanging pagkakataon na ibinigay sa kanila ng Diyos na bilang mga kinatawan Niya ay pagpalain ang isang kapwa-nilalang.

Marami ang gumagawa ng ganito ring pagkakamali sa panahong ito. Hinahati nila ang kanilang mga tungkulin sa dalawang magkaibang uri. Ang isang uri ay binubuo ng malalaking bagay, na iniaalitunton o isinasaayos ng kautusan ng Diyos; ang ikalawang uri ay binubuo ng tinatawag na maliliit na bagay na dito ang utos na, "Iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili," ay winawalang-halaga o di-pinapansin. Ang larangang ito ng gawain ay ipinauubaya sa kapritso o nais ng tao, na ang nakapangyayari ay ang hilig o udyok ng damdamin. Sa ganitong paraan nadudungisan
[413] ang likas, at ang relihiyon ni Kristo ay nabibigyan ng masamang larawan.

May mga taong nag-aakala na kung sila'y maglilingkod sa naghihirap at nagdurusang sangkatauhan ay magpapababa iyon sa kanilang dignidad o karangalan. Marami ang nagwalang-bahala at humahamak sa mga taong sumisira sa kanilang templo ng kaluluwa. Pinababayaan ng iba ang mga dukha dahil naman sa ibang adhikain. Ayon sa kanilang paniniwala, sila'y gumagawa sa gawain ni Kristo, at nagsisikap silang makapagtayo ng ilang karapat-dapat na proyekto. Ang pakiramdam nila'y gumagawa sila ng isang malaking gawain, at hindi sila maaaring tumigil upang pag-ukulan ng pansin ang nangangailangan at ang nasa kahirapan. Sa pagpapasulong ng ipinalalagay nilang malaking gawain ay maaari pa ngang apihin nila ang mga dukha. Maaaring ilagay nila ang mga ito sa mahihirap at mahihigpit na kalagayan, na inaalisan sila ng kanilang mga karapatan, o kaya'y kinaliligtaan ang kanilang mga pangangailangan. At gayunpaman

[1] Juan 15:17; 13:34.

ang pakiramdam nila'y matwid pa rin ang ginagawa nilang ito dahil sa iniisip nilang sila'y nagpapasulong ng gawain ni Kristo.

Marami ang magpapabaya sa isang kapatid o sa isang kapwa tao na ito'y makipagpunyagi sa mahihirap at di-kanais-nais na mga pangyayari nang hindi tinutulungan. Dahil sa sila'y nagpapanggap na mga Kristiyano ay maaaring akalain ng kapatid o kapwa-taong ito na kinakatawan nila si Kristo sa kanilang malamig na pakikitungo at pagkamakasarili. Dahil sa ang mga nagpapanggap na lingkod ng Panginoon ay hindi nakikipagtulungan sa Kanya, ang malaking bahagi ng pag-ibig ng Diyos na dapat dumaloy mula sa kanila, ay nasusugpo sa pagdaloy sa kanilang mga kapwa-tao. At ang malaking halaga ng papuri at pasasalamat na mula sa puso at labi ng mga tao ay hindi nakababalik sa Diyos. Nananakawan Siya ng kaluwalhatiang nauukol sa Kanyang banal na pangalan. Nananakawan Siya ng mga kaluluwang pi- nagkamatayan ni Kristo, mga kaluluwang [414]
pinananabikan Niyang madala sa Kanyang kaharian, upang doo'y tumahang kasama Niya sa buong panahong walang-katapusan.

Kakaunti ang nagiging impluwensiya sa sanlibutan ng katotohanan ng Diyos, gayong dapat sana'y magkaroon ito ng malaking impluwensiya sa pamamagitan ng ating pagsasakabuhayan. Sumasagana lamang ang pagpapanggap ng relihiyon, subali't hindi ito nagiging gasinong matimbang. Maaaring sabihin nating tayo'y mga tagasunod ni Kristo, maaaring sabihin nating sinasampalatayanan natin ang bawa't katotohanan sa salita ng Diyos; subali't walang buting magagawa ito sa ating kapwa tao malibang isinasakabuhayan natin araw-araw ang ating sinasampalatayanan. Maaaring maging kasintaas ng langit ang ating pagpapanggap, subali't hindi nito ililigtas ang ating mga sarili ni ang ating mga kapwa tao man malibang tayo ay talagang mga Kristiyano. Ang isang matwid na halimbawa ay higit na malaki ang magagawa upang makinabang ang sanlibutan kaysa lahat nating pagpapanggap.

Hindi mapaglilingkuran ang gawain ni Kristo sa pamamagitan ng sakim o makasariling mga gawain. Ang puso ng nagpapanggap Niyang mga tagasunod ay kailangan ang magiliw na pagmamahal at pakikiramay ni Kristo,—isang lalong taimtim na pag-ibig para sa mga taong pinahahalagahan Niya nang gayon na lamang na anupa't ibinigay Niya ang Kanyang buhay sa ikaliligtas nila. Mahahalaga ang mga kaluluwang ito, lubhang higit na mahalaga kaysa anumang

ibang handog na madadala natin sa Diyos. Ang pag-uubos ng buong lakas natin para sa tila mandin malaking gawain, ay isang paglilingkod na hindi Niya sasang-ayunan, kung kinaliligtaan naman natin o pinababayaan ang mga nangangailangan o kaya'y isinisinsay sa tumpak na daan ang taong di-kilala.

[415] Ang pagpapabanal sa kaluluwa sa pamamagitan ng paggawa ng Espiritu Santo ay siyang pagtatanim ng likas ni Kristo sa sangkatauhan. Ang relihiyon ng ebanghelyo ay nangangahulugang si Kristo'y nasa kabuhayan, —isang nabubuhay at gumagawang simulain. Ito ay ang biyaya ni Kristo na nahahayag sa likas at nahuhugis sa mabubuting gawa. Ang mga simulain ng ebanghelyo ay hindi dapat mahiwalay sa alinmang bahagi ng praktikal na kabuhayan. Ang bawa't hanay ng karanasan at paggawang Kristiyano ay dapat maging larawan ng kabuhayan ni Kristo.

Ang pag-ibig ay siyang batayan ng pagiging lubos na sumusunod sa kalooban ng Diyos. Anuman ang gawing pagpapanggap ng tao, ay wala siyang dalisay na pag-ibig sa Diyos malibang iniibig niya ng di-sakim na pag-ibig ang kanyang kapatid. Nguni't kailanma'y hindi mapapasaatin ang espiritu o diwang ito sa pamamagitan ng *pagpipilit o pagtatangka* na ibigin ang iba. Ang kailangan ay mapasapuso ang pag-ibig ni Kristo. Kapag ang sarili ay napapalakip o napapasama kay Kristo, ay kusang bumubukal ang pag-ibig. Ang pagiging-ganap ng likas Kristiyano ay nakakamtan kapag ang udyok ng damdamin na tulungan at pagpalain ang mga iba ay laging bumubukal sa kaibuturan ng puso,—kapag ang ligayang dulot ng langit ay pumupuno sa puso at nahahayag sa mukha.

Ang pusong tinatahanan ni Kristo ay hindi maaaring magkulang sa pag-ibig. Kung iniibig natin ang Diyos dahil sa Siya ang unang umibig sa atin, ay iibigin din naman natin ang lahat na pinagkamatayan ni Kristo. Hindi tayo maaaring mapaugnay sa Diyos nang hindi tayo nakikipag-ugnay sa mga tao; sapagka't ang pagkaDiyos at ang pagka-tao ay magkalakip sa Kanya na nakaupo sa luklukan ng sansinukob. Kapag tayo'y nakaugnay kay Kristo, ay nakaugnay rin tayo sa ating mga kapwa-tao sa pamamagitan ng mga ginintuang
[416] kawing ng tanikala ng pag-ibig. Kung magkagayon ang habag at pag-ibig ni Kristo ay makikita sa kabuhayan natin. Hindi na natin hihintaying dalhin sa atin ang mga nangangailangan at mga kulang-palad. Hindi na tayo kailangang pamanhikan pa upang ating

madama ang mga kapighatian ng iba. Magiging likas na sa atin ang maglingkod sa mga nangangailangan at mga nahihirapan na gaya ni Kristo sa Kanyang paglilibot noon na gumagawa ng mabuti.

Saanman may nakapangyayaring damdamin ng pagibig at pakikiramay, at saanman may puso ng taong nagsisikap abutin ang mga iba upang ang mga ito ay pagpalain at itaas, ay nahahayag doon ang paggawa ng Espiritu Santo ng Diyos. Sa pinakapusod ng paganismo, ay may mga tao na walang nalalaman tungkol sa nakasulat na kautusan ng Diyos, at ni hindi kailanman nakarinig sa pangalan ni Kristo, ang naging mabait sa Kanyang mga lingkod, at ipinagsasanggalang sila kahit na mapasapanganib ang sarili nilang mga buhay. Ang mga ginagawa nila ay nagpapakilala ng paggawa ng kapangyarihan ng isang Diyos. Itinatanim ng Banal na Espiritu sa puso ng mababangis na tao ang biyaya ni Kristo, na binubuhay sa puso ng mga ito ang pag-ibig at pakikiramay na salungat sa talaga nilang likas, at salungat sa kanilang natutuhan. Ang "Ilaw na lumiliwanag sa bawa't tao na pumaparito sa sanlibutan,"[1] ay nagliliwanag sa kanilang kaluluwa; at kung ang liwanag o ilaw na ito ay pahahalagahan, ay ito ang papatnubay o aakay sa kanilang mga paa patungo sa kaharian ng Diyos.

Ang ikinaluluwalhati ng langit ay ang makapagtindig sa nabubuwal at makapagbigay-aliw sa napipighati. At kapag si Kristo ay tumatahan sa puso ng mga tao, ay mahahayag Siya sa gayunding paraan. Saanman ito kumikilos, ay magpapala ang relihiyon ni Kristo. Saanman ito gumagawa, ay nagkakaroon doon ng kaliwanagan.

Hindi nagtatangi ang Diyos ng kapamayanan, lahi, o uri ng mga [417]
tao. Siya ang Lumikha sa lahat ng mga tao. Lahat ng mga tao ay buhat sa iisang pamilya dahil sa paglalang, at ang lahat ay iisa dahil sa pagkatubos. Naparito si Kristo upang igiba ang bawa't pader na humahati, upang buksan ang bawa't silid ng templo, upang ang bawa't kaluluwa ay malayang makalapit sa Diyos. Ang Kanyang pag-ibig ay napakalawak, napakalalim, at napakapuspos, na anupa't nakapaglalagos ito sa lahat ng dako. Iniaalis nito sa impluwensiya ni Satanas ang mga kahabag-habag na kaluluwang nalinlang ng kanyang mga kadayaan. Inilalagay sila nito sa malapit sa luklukan

[1] Juan 1:9.

ng Diyos, sa luklukang napaliligiran ng bahaghari ng pangako ng Diyos.

Kay Kristo ay walang Hudyo ni Griyego man, walang nagagapos ni malaya man. Lahat ay pinaglalapitlapit sa pamamagitan ng Kanyang mahalagang dugo.[1]

Nagkakaiba man sa paniniwalang ukol sa relihiyon, ang panawagan ng naghihirap na sangkatauhan ay dapat pakinggan at sagutin. Sa lugar na pinaghaharian ng kapaitan ng damdamin dahil sa di-pagkakaunawaan sa relihiyon, ay malaking kabutihan ang magagawa sa pamamagitan ng personal na paglilingkod. Igigiba ng maibiging paglilingkod ang mapapait na damdamin, at makahihikayat ng mga kaluluwa sa Diyos.

Dapat nating unang isip-isipin ang mga kalungkutan, ang mga kahirapan, at ang mga kabagabagan ng iba. Dapat tayong pumaloob sa mga kagalakan at mga kabalisahan ng matataas at mababababa, ng mayayaman at ng mga dukha. "Tinanggap ninyong walang-bayad," wika ni Kristo, "ay ibigay ninyong walang-bayad."[2] Nasa buong palibot natin ang mga kaawa-awa't sinusubok na mga kaluluwa na nangangailangan ng ating dumaramay na mga salita at mga gawang pagtulong. May mga babaing balo na kailangang damayan at tulungan. May mga ulila na siyang sinabi ni Kristo sa Kanyang mga
[418] tagasunod na dapat nilang tanggapin bilang isang ipinagkati- wala ng Diyos sa kanila. Madalas na ang mga ito ay pinaglalampasanan at pinababayaan. Maaaring sila'y gulagulanit, di-mabuti ang asal, at sa malas ay di-kaakitakit tingnan sa lahat ng paraan; gayunma'y mga pagaari sila ng Diyos. Binili sila sa halaga, at sila'y kasinghalaga natin sa Kanyang paningin. Mga kaanib sila ng malaking sambahayan ng Diyos, at ang mga Kristiyanong mga katiwala Niya ay siyang mananagot sa kanila. "Ang kanilang mga kaluluwa," sinasabi Niya, "ay Aking sisiyasatin sa iyong kamay."

Ang kasalanan ay siyang pinakamasama sa lahat ng mga kasamaan, kaya nga dapat nating kahabagan at tulungan ang nagkakasala. Subali't hindi lahat ay maaaring maabot sa iisang paraan. Marami ang ayaw maglantad ng pagkagutom ng kanilang kaluluwa. Matutulungan nang malaki ang mga ito sa pamamagi-

[1] Gal. 3:28; Ef. 2:13.

[2] Mat. 10:8.

tan ng magiliw na salita o ng alaala ng kagandahang-loob. Ang iba ay nasa napakalaking pangangailangan, nguni't hindi nila alam. Hindi nila nadarama ang napakalaking kakulangan ng kaluluwa. Napakarami ang nakalubog nang lubha sa kasalanan na anupa't hindi na nila madama ang tungkol sa mga walang-hanggang katotohanan, nawala na sa kanila ang wangis ng Diyos, at hindi na halos nila alam kung sila'y may mga kaluluwang dapat iligtas o wala. Wala silang pananampalataya sa Diyos at wala na ring pagtitiwala sa tao. Ang marami sa mga ito ay maaari lamang malapitan o maabot sa pamamagitan ng mga gawang kagandahang-loob. Ang dapat munang asikasuhin ay ang mga pangangailangan nilang ukol sa pangangatawan. Dapat silang pakanin, linisin, paramtan nang marangal. Kapag nakikita nila ang katunayan ng inyong di-makasariling pag-ibig, ay magiging madali na sa kanila na sampalatayanan ang pag-ibig ni Kristo.

Marami ang nagkakasala, at nararamdaman nila ang kanilang pagkahiya at ang kanilang kamangmangan. Lagi nilang nakikita ang kanilang mga pagkakasala at mga kalungkutan hanggang sa [419] sila'y maitaboy halos sa kawalang-pag-asa. Hindi natin dapat kaligtaan ang mga kaluluwang ito. Kapag ang isang tao ay kailangang lumangoy nang pasalunga sa agos, ay itinataboy siyang pabalik ng buong puwersa ng agos na ito. Dapat ngang iunat at iabot natin sa kanya ang isang kamay na matulungin gaya nang iabot ng ating Panganay na Kapatid ang Kanyang kamay sa lumulubog na si Pedro. Magsalita kayo sa kanya ng mga pangungusap na nagbibigay ng pag-asa, ng mga pangungusap na magtatatag ng pagtitiwala at gigising ng pag-ibig.

Kailangan kayo ng kapatid ninyong may karamdaman sa espiritu, gaya rin naman ninyo na nangailangan ng pag-ibig ng isang kapatid. Kailangan niya ang karanasan ng isa na naging kasinghina niya, ng isa na makadadamay at makatutulong sa kanya. Kung nalalaman natin ang sarili nating kahinaan ay makatutulong ito sa atin upang makatulong naman tayo sa iba na nasa mapait niyang pangangailangan. Hindi natin kailanman dapat lampasan ang isang nagdurusang kaluluwa nang hindi natin pinagsisikapang bahaginan siya ng kaaliwang siyang inialiw sa atin ng Diyos.

Nakapananagumpay ang pag-iisip, ang puso, at ang kaluluwa, laban sa hamak na likas kapag may pakikisama kay Kristo, at kapag

may personal na pagkakaugnay sa buhay na Tagapagligtas. Ibalita sa naglalagalag ang tungkol sa isang makapangyarihang kamay na hahawak at magtataguyod sa kanya, ang tungkol sa isang walang-hanggang katauhang na kay Kristo na nahahabag sa kanya. Hindi sapat sa kanya na maniwala sa kautusan at sa lakas, sa mga bagay na walang habag, at dikailanman nakakarinig ng sigaw na humihingi ng tulong. Kailangan niyang makipagdaup-palad sa isang kamay na mainit, at magtiwala sa isang pusong puno ng pagmamahal. Ingatang mapanatili ang kanyang isip sa isang Diyos na laging
[420] kasama't kapiling niya, na laging na- katunghay sa kanya na taglay ang habag at pag-ibig. Ipaisip sa kanya ang tungkol sa puso ng isang Ama na laging namimighati dahil sa kasalanan, tungkol sa kamay ng isang Ama na nananatili pa ring nakaunat, tungkol sa tinig ng isang Ama na nagsasabi, "Manghawak sana siya sa Aking lakas, upang siya'y makipagpayapaan sa Akin; oo, makipagpayapaan siya sa Akin."[1]

Sa paggawa ninyo ng gawaing ito ay may mga kasama kayong di-nakikita ng mata ng tao. Ang mga anghel sa langit ay kapiling ng Samaritanong nag-asikaso sa sugatang di-kilalang tao. Ang mga anghel buhat sa mga palasyo sa langit ay nangakatayo sa tabi ng lahat na gumagawa ng gawain ng Diyos na naglilingkod sa kanilang mga kapwa-tao. At si Kristo na rin ay katulungtulong ninyo. Siya ang Tagapagpagaling, at habang gumagawa kayo sa ilalim ng Kanyang pangangasiwa, ay makakakita kayo ng mga dakilang bunga.

Nakabatay sa katapatan ninyo sa gawaing ito, hindi lamang ang ikabubuti ng mga iba, kundi ang sarili din naman ninyong walang-hanggang kapalaran o kahihinatnan. Sinisikap ni Kristong maitaas ang lahat na maitataas upang makisama sa Kanya, upang tayo'y maging isa sa Kanya na gaya naman Niya at ng Ama na iisa. Pinahihintulutan Niya tayong makipaglapit sa mga naghihirap at nasasakuna upang alisin sa atin ang ating kasakiman o pagkamakasarili; pinagsisikapan Niyang maianyo sa atin ang mga katangian ng Kanyang likas,—pagkahabag, pagmamahal, at pag-ibig. Sa pagtanggap natin ng gawaing ito ng paglilingkod ay inilalagay natin ang ating mga sarili sa Kanyang paaralan, upang mapaangkop o maging karapat-dapat sa mga palasyo ng Diyos. Kung tinatanggihan natin ito, ay

[1] Is. 27:5.

tinatanggihan natin ang Kanyang turo, at pinipili nating mahiwalay sa Kanya nang walang-hanggan.

"Kung iyong iingatan ang Aking bilin," sinasabi ng Panginoon, "ay bibigyan kita ng kalalagyan sa gitna ng mga ito na nangaka- [421]
harap,"[1] —samakatwid baga'y sa gitna ng mga anghel na nakapaligid sa Kanyang luklukan. Sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga anghel ng langit sa kanilang gawain sa lupa, ay naghahanda tayo para sa pakikisama sa kanila sa langit. "Mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagmamana ng kaligtasan,"[2] mga anghel sa langit ang tatanggap sa mga taong sa lupa ay nabuhay "hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod."[3] Sa pinagpalang pakikisama o pagsasama-samang ito ay ating matututuhan, na walanghanggang ikagagalak natin, ang lahat ng nakabalot sa tanong na, "Sino ang aking kapwa-tao?" [422]

[1] Zac. 3:7.
[2] Heb. 1:14.
[3] Mat. 20:28.

# Kapitulo 28—Hindi Kung Ano ang sa Iyo’y Nararapat

ANG katotohanan tungkol sa walang-bayad na biyaya ng Diyos ay halos di-napag-unawa ng mga Hudyo. Ayon sa turo ng mga rabi ay matatamo ang lingap o biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng mga gawang paglilingkod. Ang gantimpala sa mga matwid ay inasahan nilang makakamtan sa pamamagitan ng sarili nilang mga gawa. Kaya nga ang pagsamba nila ay udyok ng diwang mapag-imbot at naghihintay ng kaupahan. Pati mga alagad ni Kristo ay hindi lubos na nakaligtas sa diwang ito, kaya sa bawa’t pagkakataon ay pinagsikapan ng Tagapagligtas na ipakilala sa kanila ang kanilang pagkakamali. Bago Niya binanggit ang talinhaga tungkol sa mga manggagawa, ay naganap ang isang pangyayari na siyang nagbukas ng daan sa Kanya upang Kanyang maipakilala ang mga tamang simulain.

Nang Siya’y naglalakad sa daan ay patakbong lumapit sa Kanya ang isang kabataang pinuno, at pagkaluhod, ay magalang na binati Siya. “Mabuting Guro,” wika nito, “ano ang mabuting bagay na gagawin ko upang ako’y magkaroon ng buhay na walang-hanggan?”

Kinausap ng pinuno si Kristo bilang isa lamang pinararangalang rabi o guro, at hindi Siya kinikilalang Anak ng Diyos. Sinabi ng Tagapagligtas, “Bakit tinatawag mo Akong mabuti? Walang
[423] mabuti kundi isa lamang, ang Diyos.” Ano ang pinagbabatayan mo
[424] at tinatawag mo *Akong* mabuti? Ang Diyos ay siyang mabuti. Kung kinikilala mo Akong gayon, dapat mo Akong tanggapin na Kanyang Anak at kinatawan.

“Kung ibig mong pumasok sa buhay,” dugtong Niya, “ingatan mo ang mga utos.” Ang likas ng Diyos ay inihahayag sa Kanyang kautusan; at upang kayo’y maging kaayon ng Diyos, ang mga simulain ng Kanyang kautusan ang kailangang panggalingan ng bawa’t kilos o bawa’t gawa ninyo.

Hindi binabawasan ni Kristo ang mga hinihingi ng kautusan. Sa di-mapagkakamaliang pangungusap ay ipinakilala Niyang ang pag-

talima rito ay siyang kondisyon sa buhay na walang-hanggan,—ito rin ang kondisyong hinihingi kay Adan noong bago siya nagkasala. Ang inaasahan ng Panginoon ngayon sa kaluluwa ay hindi kulang sa inasahan Niya sa taong nasa Paraiso noon, sakdal na pagtalima at walang-dungis na katwiran. Ang hinihingi sa ilalim ng tipan ng biyaya ay kasinlawak ng hiningi sa Eden,—pakikiisa o pakikiayon sa kautusan ng Diyos, na banal, matwid, at mabuti.

Sa mga salitang, "Ingatan mo ang mga utos," ay ganito ang sagot ng binatang pinuno, "Alin-alin?" Ipinalagay niyang ang ibig sabihin ni Kristo ay ilang utos na seremonyal; nguni't ang sinasalita noon ng Tagapagligtas ay ang kautusang ibinigay sa Sinai. Binanggit Niya ang ilang utos na nasa ikalawang tapyas na bato ng Dekalogo, pagkatapos ay binuo ito sa utos na, "Iibigin mo ang iyong kapwa na gaya ng iyong sarili."

Walang pag-aatubiling sumagot ang binata, "Ginanap ko na ang lahat ng mga bagay na ito buhat pa sa aking pagkabata; ano pa ang kulang sa akin?" Mababaw at panlabas ang pagkaunawa niya sa kautusan. Kung hahatulan ayon sa pamantayan ng tao, ay nakapag-ingat nga siya ng isang likas na walang-dungis. Ang kabuhayan niyang nakikita o panlabas sa isang malaking antas ay wa- lang sala; [425]
tunay na naisip niyang ang kanyang pagtalima ay walang kapingas-pingas. Subali't sa kalooban niya'y may lihim siyang pangamba na baka sa Diyos at sa kanyang kaluluwa ay hindi lahat ay matwid. Ito ang nagudyok sa kanyang magtanong ng, "Ano pa ang kulang sa akin?"

"Kung ibig mong maging sakdal," sabi ni Kristo, "humayo ka at ipagbili mo ang tinatangkilik mo, at ibigay mo sa mga dukha, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit, at pumarito ka at sumunod ka sa Akin. Datapwa't nang marinig ng binata ang ganitong pananal ta, ay yumaon siyang namamanglaw; sapagka't siya'y may maraming pag-aari."

Ang maibigin sa sarili ay sumasalansang sa kautusan. Ito'y ninais na ihayag ni Jesus sa binata, kaya binigyan Niya ito ng isang pagsubok na maglalantad sa kasakiman ng puso nito. Ipinakita Niya ang bahaging may-salot sa likas nito. Hindi na nagnasa pa ang binata ng higit na liwanag. Nag-aruga siya ng isang diyus-diyusan sa kanyang kaluluwa; ang sanlibutan ay siya niyang diyos. Nagpanggap siyang gumanap ng mga utos, subali't kulang siya sa

simulaing siyang pinakadiwa at buhay ng lahat ng mga ito. Wala siyang tunay na pag-ibig sa Diyos o sa tao. Ang kakulangang ito ay siyang kakulangan ng lahat ng bagay na magpapagindapat sa kanya upang makapasok sa kaharian ng langit. Sa pag-ibig niya sa kanyang sarili at sa kapakinabangang pansanlibutan ay hindi siya naging kaayon ng mga simulain ng langit.

Nang lumapit kay Jesus ang binatang pinunong ito, nakaakit sa puso ng Tagapagligtas ang katapatan at kasigasigan nito. Sa "pagtitig dito ni Jesus ay giniliw ito." Sa binatang ito ay nakita Niya ang isa na makapaglilingkod bilang mangangaral ng katwiran. Agad Niya sanang matatanggap ang may-talento at marangal na kabataang ito na gaya ng agad Niyang pagtanggap sa mga dukhang
[426] mangingisda na nagsisunod sa Kanya. Kung itinalaga la- mang at inilaan ng binata ang kanyang kakayahan sa gawain ng paglilitas ng mga kaluluwa, sana siya'y naging isang masikap at matagumpay na manggagawa ni Kristo.

Subali't dapat munang tanggapin nito ang mga kondisyon sa pagiging-alagad. Dapat munang ibigay nito ang kanyang sarili nang lubusan sa Diyos. Sa panawagan ng Tagapagligtas, ay "iniwan" nina Juan, Pedro, Mateo, at ng kanilang mga kasama "ang lahat, at nagtindig at sumunod sa Kanya."[1] Gayunding pagtatalaga ang kailangan ng binatang pinuno. At dito'y hindi humingi si Kristo ng higit na malaking pagpapakasakit kaysa ginawa Niya. "Siya'y mayaman, gayunma'y nagpakadukha dahil sa inyo, upang sa pamamagitan ng Kanyang karukhaan ay magsiyaman kayo."[2] Ang kailangan lamang gawin ng binata ay sumunod sa pangunguna ni Kristo sa daan.

Tinitigan ni Kristo ang binata, at kinasabikan Niya ang kaluluwa nito. Kinasabikan Niyang isugo ito bilang tagapagbalita ng pagpapala sa mga tao. At bilang kapalit ng sinabi Niyang isuko nito, ay inialok ni Kristo ang karapatan na maging kasama Niya. "Sumunod ka sa Akin," sabi Niya. Ang karapatang ito'y itinuring na kagalakan nina Pedro, Santiago, at Juan. May paghangang tumingin din ang binata kay Kristo. Nahihilang palapit sa Tagapagligtas ang kanyang puso. Nguni't hindi siya handang tanggapin ang simulain ng pagpa-

[1] Lu. 5:28.
[2] 2 Cor. 8:9.

pakasakit sa sarili na siyang simulain ng Tagapagligtas. Pinili niya muna ang kanyang mga kayamanan bago si Jesus. Ibig niya ang buhay na walang-hanggan, subali't ayaw naman niyang tanggapin sa kaluluwa ang di-sakim na pag-ibig na siya lamang buhay, at kaya nga namamanglaw na tinalikuran niya si Kristo.

Habang tumatalikod na palayo ang binata, ay sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad, "Pagkahirap-hirap na makapasok sa kaharian ng Diyos ang mga may ka-yamanan!" Ang mga salitang ito ay ipinagtaka ng mga alagad. Sila'y niluto sa aral na ang mga mayaya- [427]
man ay siyang mga itinatangi ng langit; sila na rin ay umaasang ang tatanggapin nila sa kaharian ng Mesiyas ay kapangyarihang pansanlibutan at mga kayamanan; kung ang mayayaman ay hindi makakapasok sa kaharian, ay ano pa ang maaasahan ng nalalabi sa mga tao?

"Si Jesus ay muling sumagot at nagsabi sa kanila, Mga anak, kayhirap na magsipasok sa kaharian ng Diyos ang mga nagsisiasa sa mga kayamanan! Magaan pa sa isang kamelyo ang dumaan sa butas ng isang karayom, kaysa isang mayaman ang pumasok sa kaharian ng Diyos. At sila'y nangagtakang lubha." Ngayo'y nadama nilang kasama na sila sa taimtim na binababalaan. Sa liwanag ng mga salita ng Tagapagligtas ay nahayag ang lihim nilang paghahangad ng kapangyarihan at mga kayamanan. Taglay ang pag-aagam-agam sa kanilang mga sarili na sila'y nangapabulalas, "Sino nga kaya ang makaliligtas?"

"Pagtingin ni Jesus sa kanila'y nagsabi, Hindi maaari ito sa mga tao, datapwa't hindi gayon sa Diyos; sapagka't ang lahat ng mga bagay ay may pangyayari sa Diyos."

Ang taong mayaman, sa kanyang pagiging-mayaman, ay hindi makapapasok sa langit. Hindi nagbibigay sa kanya ang Kanyang kayamanan ng anumang titulo o karapatan sa mamanahin ng mga banal sa liwanag. Sa pamamagitan lamang ng biyaya ni Kristo makapapasok sa lungsod ng Diyos ang sinumang tao.

Sa mayayaman at sa mga dukha rin naman ay ipinahahayag ang mga salita ng Espiritu Santo, "Hindi kayo sa inyong sarili; sapagka't kayo'y binili sa halaga."[1] Kapag ito'y sinasampalatayanan ng mga tao, ay ituturing nilang ang mga tinatangkilik nila ay parang

[1] 1 Cor. 6:19, 20.

ipinagkatiwala sa kanila, na dapat gamitin ayon sa itutUro ng Diyos, para sa pagliligtas ng mga nawawaglit, at sa ikagiginhawa ng mga nagdurusa at ng mga dukha. Sa tao ay hindi ito mangya-
[428] yari, sapagka't ang puso ay nangu- ngunyapit sa kayamanan nito sa lupa. Ang taong nakatali sa paglilingkod sa kayamanan ay hindi nakakarinig sa daing ng taong nangangailangan. Subali't sa Diyos ay maaaring mangyari ang lahat ng mga bagay. Sa pamamagitan ng pagtingin sa walang-kapantay na pag-ibig ni Kristo, ay maaagnas at masusupil ang sakim na puso. Ang taong mayaman, gaya ni Saulo na Pariseo, ay maaakay na magsabing, "Ang mga bagay na sa akin ay pakinabang, ay inari kong kalugihan alang-alang kay Kristo. Oo nga, at lahat ng mga bagay ay inaari kong kalugihan dahil sa dakilang kagalingan ng pagkakilala kay Kristo Jesus na Panginoon ko."[1] Kung gayon nga ay hindi nila ituturing na kanila ang anumang bagay. Ikagagalak nilang sila'y maituring na mga katiwala ng masaganang biyaya ng Diyos, at alang-alang sa Kanya ay sila'y maglilingkod sa lahat ng mga tao.

Si Pedro ang unang-unang nakagitaw sa nagawang lihim na pagkakasumbat sa kanila ng mga salita ng Tagapagligtas. May kasiyahang naisip niya ang mga bagay na iniwan niya at ng kanyang mga kapatid alang-alang kay Kristo. "Narito," wika niya, "iniwan namin ang lahat, at nagsisunod sa Iyo." At nang maalaala niya ang pangako ni Kristo sa binatang pinuno na kung ito'y susunod ay, "Magkakaroon ka ng kayamanan sa langit," ay itinanong naman niya ngayon kung ano ang tatanggapin niya at ng mga kasamahan niya na gantimpala sa kanilang mga pagpapakasakit o mga pagsasakripisyo.

Ang sagot ng Tagapagligtas ay nagpasaya sa puso ng mga mangingisdang taga-Galilea. Naglarawan iyon ng mga karangalang siyang katuparan ng pinakamatatayog nilang mga pangarap: "Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Na kayong nagsisunod sa Akin, sa pagbabagong-lahi pagka uupo na ang Anak ng tao sa luklukan ng Kanyang kaluwalhatian, kayo nama'y magsisiupo sa labindalawang luklukan, upang magsihukom sa labindalawang angkan ng Israel."
[429] At idinugtong pa Niya, "Walang taong nag- iwan ng bahay, o mga kapatid na lalaki, o mga kapatid na babae, o ama, o ina, o asawa, o mga anak, o mga lupa, dahil sa Akin, at dahil sa ebanghelyo, na

[1] Fil. 3:7, 8.

hindi siya tatanggap ng tig-sandaan ngayon sa panahong ito, ng mga bahay, at mga kapatid na lalaki, at mga kapatid na babae, at mga ina, at mga anak, at mga lupa, kalakip ng mga pag-uusig; at sa sanlibutang darating ay ng walang-hanggang buhay."

Subali't ang tanong ni Pedro na, "Ano nga baga ang kakamtin namin?" ay naghayag ng isang diwa, na kung hindi maiwawasto, ay di-magpapapagindapat sa mga alagad na maging mga tagapagbalita ni Kristo; sapagka't iyon ay siyang diwa ng isang nagpapaupa. Bagama't sila'y naakit ng pag-ibig ni Jesus, ay hindi naman lubos na nawala sa kanila ang diwa ng mga Pariseo. Gumawa pa rin sila taglay ang isipang magkakamit sila ng gantimpala bilang ganti sa kanilang pagpapagal. Nagkimkim sila ng isang diwa ng pagtataas-sa-sarili at ng pagkakaroon ng kasiyahan sa sarili, at gumawa sila ng mga paghahambing sa kani-kanilang mga sarili. Kapag nagkulang ang isa sa anumang bagay, ang palagay ng iba ay sila ang nakahihigit.

Sapagka't baka hindi mapag-unawa ng mga alagad ang mga simulain ng ebanghelyo, kaya inilahad ni Kristo sa kanila ang isang talinhagang naglalarawan ng paraan ng pakikitungo ng Diyos sa Kanyang mga lingkod, at ang diwang nais Niyang mapasakanila sa paglilingkod nila sa Kanya.

"Ang kaharian ng langit," wika Niya, "ay tulad sa isang tao na puno ng sambahayan, na lumabas pagkaumagang-umaga upang umupa ng mga manggagawa sa kanyang ubasan." Kaugalian na ng mga lalaking naghahanap ng gawain na magsitayo at maghintay sa mga pamilihan, at doon ay nagtutungo naman ang mga maypagawaing nangangailangan ng mga manggagawa. Ang tao sa talinhaga ay inilalarawang lumalabas sa iba't ibang oras at nakikipag- [430]
usap sa mga manggagawa. Ang mga nakukuhang gumawa sa mga unang-unang oras ay nakikipagkasundong magtrabaho sa isang takdang halaga; ang mga huling nakukuha naman ay ipinauubaya na sa kapasiyahan ng puno ng sambahayan ang kanilang kaupahan.

"At nang dumating ang hapon, sinabi ng panginoon ng ubasan sa kanyang katiwala, Tawagin mo ang mga manggagawa, at bayaran mo sila ng kaupahan sa kanila, na mula sa mga huli hanggang sa mga una. At paglapit ng mga inupahan nang malapit na ang ikalabingisang oras, ay tumanggap ang bawa't tao ng isang denaryo. Nguni't nang magsilapit ang mga nauna, ang isip nila'y magsisitang-

gap sila nang higit; at sila'y nagsitanggap din bawa't tao ng isang denaryo."

Ang pakikitungo ng puno ng sambahayan sa mga nagsigawa sa kanyang ubasan ay kumakatawan sa pakikitungo ng Diyos sa sambahayan ng mga tao. Iyon ay salungat sa mga kaugaliang naghahari sa gitna ng mga tao. Sa daigdig ng kalakalan, ang upa o kabayaran ay ibinibigay ayon sa natapos o nagampanang gawain. Ang manggagawa ay umaasang siya'y babayaran lamang ng kanyang dapat kitain. Subali't sa talinhaga, ay inilalarawan ni Kristo ang mga simulain ng Kanyang kaharian, —isang kahariang hindi sa sanlibutang ito. Hindi Siya nasusupil ng anumang pamantayan ng tao. Ganito ang sinasabi ng Panginoon, "Ang Aking mga pag-iisip ay hindi ninyo mga pag-iisip, o ang inyo mang mga lakad ay Aking mga lakad. . . . Sapagka't kung paanong ang langit ay lalong mataas kaysa lupa, gayon ang Aking mga lakad ay lalong mataas kaysa inyong mga lakad, at ang Aking mga pag-iisip kaysa inyong mga pag-iisip."[1]

Sa talinhaga ay sumang-ayong magtrabaho ang unang mga manggagawa sa halagang kanilang pinagkasunduan, at kaya nga tumanggap sila ng halagang nasabi, hindi na humigit pa. Ang mga
[431] inupahan naman nang dakong huli ay nanalig sa pangako ng panginoon na, "Bibigyan ko kayo ng nasa katwiran." Ipinakilala nila ang kanilang pagtitiwala sa kanya sa pamamagitan ng hindi pagtatanong ng tungkol sa kanilang magiging kaupahan. Pinagtiwalaan nila ang kanyang pagiging-makatarungan at pagiging-makatwiran. Ginantimpalaan sila, hindi ayon sa halaga ng kanilang paggawa, kundi ayon sa kalakhan o kadakilaan ng kanyang panukala.

Ganyan din hinahangad ng Diyos na magtiwala tayo sa Kanya na umaaring-ganap sa makasalanan. Ang Kanyang gantimpala ay ibinibigay, hindi ayon sa ating kabutihan o kagalingan, kundi ayon sa Kanyang sariling panukala, "na Kanyang ipinanukala kay Kristo Jesus na Panginoon natin." "Hindi dahil sa mga gawa ng katwiran na ginawa nating sarili, kundi ayon sa Kanyang kaawaan ay Kanyang iniligtas tayo."[1] At sa mga nagtitiwala sa Kanya ay gagawa Siya

[1]Is. 55:8, 9.

[1]Ef. 3:11; Tit. 3:5.

"nang lubhang sagana nang higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip."[2]

Ang mahalaga sa Diyos ay hindi ang kabuuan ng ginanap na gawain, ni ang nakikita mang mga ibinunga nito, kundi ang diwa ng pagkakaganap sa gawain. Yaong mga nagtungo sa ubasan sa ikalabing-isang oras ay nagpasalamat sa pagkakaroon ng pagkakataong makagawa. Puno ng pagkilala ng utang-na-loob ang kanilang mga puso sa tumanggap sa kanila; at nang sa katapusan ng maghapon ay bayaran sila ng puno ng sambahayan ng para sa maghapong paggawa, ay gayon na lamang ang laki ng kanilang pagkakamangha. Batid nilang hindi sila karapat-dapat tumanggap ng gayong kaupahan. At ang kagandahang-loob na nakabadha sa mukha ng nagpatrabaho sa kanila ay lumipos sa kanila ng kagalakan. Hindi nila nalimutan kailanman ang kabutihan ng puno ng sambahayan, o ang malaking halagang kanilang tinanggap na kaupahan. Ganito rin ito sa makasalanan, na nakatatalastas ng kanyang di-pagigingkarapat-dapat, ay pumasok at gumawa sa ubasan ng Panginoon sa ikala- bing-isang oras. Waring napakaikli ang panahong kanyang [432] ipinaglingkod, na anupa't nararamdaman niyang siya'y di-karapatdapat sa gantimpala; nguni't tuwang-tuwa siya sa pagkakatanggap sa kanya ng Diyos. Gumagawa siyang taglay ang diwang mapagpakumbaba at nagtitiwala, at nagpapasalamat sa karapatang maging kamanggagawa ni Kristo. Kinalulugurang parangalan ng Diyos ang diwang ito.

Ang nais ng Panginoon ay magtiwala tayo sa Kanya nang hindi nag-aalinlangan tungkol sa ating tatanggaping gantimpala. Kapag si Kristo'y siyang tumatahan sa kaluluwa, hindi napakahalaga na isipin ang tungkol sa gantimpala. Hindi ito ang adhikaing nagpapakilos sa ating paglilingkod. Totoo kung sabagay, na sa diwang napasasakop, ay dapat nating pahalagahan ang tatanggapin nating gantimpala. Talagang hangad ng Diyos na pahalagahan natin ang Kanyang ipinangakong mga pagpapala. Subali't hindi naman Niya ibig na maging masugid tayo sa mga gantimpala, o kaya'y magkaroon tayo ng damdamin na sa bawa't gawaing ating gampanan ay ibig nating tumanggap ng bayad o upa. Ang dapat nating pagsumigasigan ay ang makagawa ng matwid o tama at hindi ang makapagtamo ng

[2] Ef. 3:20.

gantimpala. Pagibig sa Diyos at sa ating mga kapwa-tao ang dapat nating maging adhikain.

Hindi pinagpapaumanhinan ng talinhagang ito ang mga nakarinig sa unang pagtawag ng mga manggagawa, at hindi pumasok sa ubasan ng Panginoon. Nang magtungo ang puno ng sambahayan sa pamilihan sa oras na ikalabing-isa, at makakita roon ng mga taong walang ginagawa, ay siya'y nagsabi, "Bakit kayo'y nangakatayo rito sa buong maghapon na walang ginagawa?" Ang naging tugon ng mga ito ay, "Sapagka't walang sinumang umupa sa amin." Ang mga tinawagan nang dakong huli ay wala roon noong umaga. Hindi nila tinanggihan ang panawagan. Ang mga nagsitanggi at pagkatapos ay
[433] nagsi- pagsisi, ay mabuti kung nagsisipagsisi; subali't mapanganib na waling-halaga ang unang panawagan ng kaawaan.

Nang ang mga gumawa sa ubasan ay tumanggap "bawa't tao ng isang denaryo," ay nangagdamdam ang mga nagsipagtrabaho nang maaga. Hindi ba nagtrabaho sila sa loob ng labindalawang oras? sabi nila, at hindi ba katwiran lamang na dapat silang tumanggap nang higit kaysa mga nagtrabaho nang isang oras lamang sa dakong hapon na malilim na ang araw? "Isang oras lamang ang ginugol nitong mga huli," sabi nila, "at sila'y ipinantay mo sa amin, na aming binata ang hirap sa maghapon at ang init na nakasusunog."

"Kaibigan," sagot ng puno ng sambahayan sa isa sa kanila, "hindi kita iniiring; hindi baga nakipagkayari ka sa akin sa isang denaryo? Kunin mo ang ganang iyo, at humayo ka sa iyong lakad; ibig kong bigyan itong huli nang gaya rin sa iyo. Hindi baga matwid na aking gawin ang ibig ko sa aking pag-aari? O masama ang mata mo, sapagka't ako'y mabuti?"

"Kaya't ang mga una'y mangahuhuli, at ang mga huli ay mangauuna; sapagka't marami ang tinawagan, nguni't kakaunti ang mga nahirang."

Ang mga manggagawa sa talinhaga ay kumakatawan sa mga nagsasabing nangauuna sila sa mga iba dahil sa kanilang mga paglilingkod. Ginagampanan nila ang kanilang gawain nang may diwang pagbibigay-kasiyahan sa sarili, at hindi nilalakipan iyon ng pagkakait sa sarili at ng pagpapakasakit sa sarili. Maaari silang nagpanggap na naglingkod sa Diyos sa buo nilang buhay; maaaring sila'y nangunguna sa pagbabata ng kahirapan, pagsasalat, at pagsubok, at dahil ditoy iniisip nilang sila'y karapat-dapat tumang-

gap ng malaking gantimpala. Higit nilang iniisip ang gantimpala at hindi ang karapatan na maging mga lingkod ni Kristo. Sa kanilang kuru-kuro ang mga pagpapagal at mga pagpapakasakit nila ay nagpapagindapat sa kanila upang sila'y tumanggap ng ka- rangalan [434]
nang higit kaysa mga iba, at sapagka't ang pagaangkin nilang ito ay hindi kinikilala, sila ay nagdaramdam. Kung tinaglay lamang nila sa kanilang paggawa ang diwang maibigin at nagtitiwala, ay nanatili sana sila na laging una; subali't ang ugali nilang laging nagrereklamo ay hindi diwa ni Kristo, at ito ang nagpapatunay na sila'y di-mapagkakatiwalaan. Naghahayag ito ng kanilang paghahangad na umunlad ang sarili, ng di nila pagtitiwala sa Diyos, at ng pagkakaroon nila ng diwang mainggitin at magagalitin sa kanilang mga kapatid. Ipinagbubulung-bulong lamang nila ang kabutihan at pagkamapagbigay ng Panginoon. Sa gayo'y ipinakikilala nila na hindi nakaugnay sa Diyos ang kanilang mga kaluluwa. Hindi nila ikinagagalak na makipagtulungan sa Punong-manggagawa.

Wala nang higit na nakasusuklam sa Diyos kundi ang maramot at makasariling diwang ito. Hindi Siya makagagawang kasama ng sinumang nagtataglay ng mga likas na ito. Hindi nila mararamdaman o mauunawaan ang paggawa ng Kanyang Espiritu.

Ang mga Hudyo ang unang mga tinawag sa ubasan ng Panginoon; at dahil dito ay sila'y mapagmataas at mapagbanal-banalan. Ang mahahabang mga taon ng kanilang paglilingkod ay itinuturing nilang nagbibigay sa kanila ng karapatan na tumanggap ng higit na malaking gantimpala kaysa mga iba. Wala nang nakapanggigipuspos at nakayayamot sa kanila kundi ang maalamang ang mga Hentil ay tatanggap din ng mga karapatang gaya ng tinatanggap nila sa mga bagay ng Diyos.

Binabalaan ni Kristo na sumunod sa Kanya ang mga alagad na unang tinawag, baka ang kasamaan ding iyon ang maaruga nila sa kanilang mga pag-iisip. Nakita Niya na ang kahinaan, ang sumpa sa iglesya, ay ang diwa o espiritu ng pagbabanal-banalan. Iisipin ng mga tao na mayroon silang magagawa upang sa pamamagitan ng gawang paglilingkod nila ay magkaroon sila ng dako sa kaharian [435]
ng langit. Iisipin nila na kapag nakagawa na sila ng pagsulong, ay saka naman papasok ang Panginoon upang sila'y tulungan. Kaya nga ang sarili ang lalaki, at liliit si Jesus. Ang maraming nakagawa ng kaunting pagsulong o pag-unlad ay magpapalalo, at iisipin nilang

nakahihigit sila sa iba. Magiging sabik sila sa papuri, at mangingimbulo kung hindi sila ang ipalalagay na higit na importante. Laban sa panganib na ito pinagsisikapan ni Kristo na mapapag-ingat ang Kanyang mga alagad.

Ang lahat ng paghahambog tungkol sa kagalingan o kabutihan ng ating mga sarili ay hindi dapat gawin. "Huwag magmapuri ang pantas sa kanyang karunungan, o magmapuri man ang makapangyarihan sa kanyang kapangyarihan, huwag magmapuri ang mayaman sa kanyang kayamanan; kundi magmapuri sa ganito ang lumuluwalhati, na kanyang nauunawa at kanyang nakikilala Ako, na Ako ang Panginoon na nagsasagawa sa lupa ng kagandahang-loob, kahatulan, at katwiran; sapagka't sa mga bagay na ito ay nalulugod Ako, sabi ng Panginoon."[1]

Ang gantimpala ay hindi sa mga gawa, baka sinumang tao ay magyabang; kundi ito'y buung-buong sa biyaya. "Ano nga ang ating sasabihin, na nasumpungan ni Abraham na ating magulang ayon sa laman? Sapagka't kung si Abraham ay inaring-ganap sa pamamagitan ng mga gawa, ay mayroon sana siyang ipagmamapuri; datapwa't hindi sa Diyos. Sapagka't ano ang sinasabi ng Kasulatan? Sumampalatava si Abraham sa Diyos, at sa kanya'y ibinilang na katwiran. Ngayon sa kanva na gumagawa'y hindi ibinibilang na biyaya ang ganti, kundi utang. Datapwa't sa kanya na hindi gumagawa, nguni't sumasampalataya sa Kanya na umaaring-ganap sa masama, ang kanyang pananampalataya ay ibibilang na katwiran."[2] Kaya nga walang dapat ipagmapuri ang isa sa iba, o kaya'y walang dapat ipagreklamo o ikagalit ang isa laban sa iba. Sinuman ay hindi
[436] nakahihigit ng kara- patan sa iba, ni hindi rin maaangkin ng sinuman ang gantimpala na bilang isang karapatan.

Ang nangauuna at ang nangahuhuli ay dapat mangakabahagi sa malaki at walang-hanggang gantimpala, at dapat tanggaping may kagalakan ng nangauuna ang nangahuhuli. Ang taong nagrereklamo sa gantimpalang tinanggap ng iba, ay nakalilimot na siya man naman ay inililigtas lamang ng biyaya. Ang talinhaga tungkol sa mga manggagawa ay sumusuwat sa lahat ng pagkainggit at paghihinala. Ang pag-ibig ay nagagalak sa katotohanan, at hindi gumagawa ng

[1] Jer. 9:23, 24.
[2] Rom. 4:1-5.

anumang may-pagkainggit na mga paghahambing. Ang pinagha-hambing lamang ng taong may pag-ibig, ay ang kagandahan ni Kristo at ang kanyang di-sakdal na likas.

Ang talinhagang ito ay isang babala sa lahat ng mga mangga-gawa, na kung wala silang pag-ibig sa mga kapatid, at kung wala silang pagpapakumbaba sa harap ng Diyos, ay wala silang kabu-luhan, gaanuman katagal silang naglingkod at gaanuman karami ang kanilang mga ginawa. Ang pagsamba at paglilingkod sa Diyos ay nawawala kapag ang sarili ay siyang itinataas o itinatanghal. Masusumpungan ng taong ang hangarin ay ang ikaluluwalhati ng sarili, na salat siya sa biyayang siya lamang makagagawa sa kanya na siya'y maging mabunga sa paglilingkod kay Kristo. Kapag ang pagmamataas at kasiyahan sa sarili ay kinakaugali, nadudungisan ang gawain.

Hindi ang haba ng panahon na ating iginagawa, kundi ang pagig-ing-handa at pagiging-tapat natin sa paggawa, ang tinatanggap ng Diyos. Sa buong paglilingkod natin ay hinihingi ang lubos na pagpa-pasakop ng sarili. Ang pinakamaliit na gawaing nagampanan nang buong katapatan at hindi nagtampok sa sarili, ay higit na nakalulu-god sa Divos kavsa pinakamalaking gawain na nadungisan naman ng pagbibigay-kasivahan sa sarili. Tinitingnan Niya kung gaanong espiritu o diwa ni Kristo ang kinikimkim natin, at kung gaanong [437]
wangis ni Kristo ang nakikita sa ating gawain. Higit Niyang pinaha-halagahan ang pag-ibig at pagtatapat natin sa paggawa kaysa dami ng ating nagagawa.

Sa panahon lamang na ang pagkamakasarili ay patay, sa pana-hong ang pag-aalitan sa pangingibabaw ay wala, sa panahong ang pasasalamat ay siyang pumupuno sa puso, at pinababango ng pag-ibig ang buhay,— ay sa panahong ito lamang tumatahan si Kristo sa kaluluwa, at tayo'y kinikilalang mga manggagawang kasama ng Diyos.

Gaanuman kahirap ng gawain nila, ay hindi ito itinuturing ng mga tunay na manggagawa na nakapapagod at nakaiinip na gawain. Handa silang gumugol at pagugol; gayunma'y isang masayang gawain iyon, na ginaganap nang masaya ang puso. Ang ka-galakan sa Diyos ay ipinahahayag sa pamamagitan ni Jesukristo. Ang kagalakan nila ay siyang kagalakang nakalagay sa harapan ni Kristo,—na "gawin ang kalooban ng sa Akin ay nagsugo, at tapusin

ang Kanyang gawain."[1] Sila'y nakikipagtulungan sa Panginoon ng kaluwalhatian. Ang isipang ito'y nagpapatamis sa lahat ng paggawa, pinalalakas ang kalooban, at pinasisigla ang diwa sa anumang maaaring sapitin. Gumagawang may buong-puso, na pinararangal ng pagiging mga kabahagi sa mga hirap ni Kristo, na nakikibahagi sa Kanyang mga pakikiramay, at nakikipagtulungan sa Kanya sa Kanyang paggawa, sila'y tumutulong ang Kanyang katuwaan, at mabigyang karangalan at kapurihan ang Kanyang mabunying pangalan.

Ito ang diwa ng lahat ng tunay na paglilingkod sa Diyos. Dahil sa kakulangan ng diwang ito, ang maraming sa malas ay mga nangauuna ay mangahuhuli, samantala'y ang mga nagtataglay naman nito, bagama't ibinibilang na nahuhuli, ay mangauuna.

Marami ang nangagkaloob ng kanilang sarili kay Kristo,
[438] gayunma'y wala silang nakikitang pagkakataon sa paggawa ng isang malaking gawain o sa paggawa ng malalaking mga pagpapakasakit sa paglilingkod sa Kanya. Maaaring nakakasumpong ang mga ito ng kaaliwan sa isipang hindi naman ang pagpapasakop na tulad ng sa isang martir ang siya lamang lubos na tinatanggap ng Diyos; na maaaring hindi naman ang misyonerong arawaraw ay napapaharap sa panganib at sa kamatayan ang tumatayong siyang pinakadakila sa mga talaan sa langit. Ang Kristiyanong ganito sa kanyang pansariling kabuhayan, sa araw-araw na pagpapasakop niya, sa katapatan ng kanyang hangarin at kadalisayan ng isipan, sa angking kaamuan kahit na pinagagalit, sa pananampalataya at pagbabanal, at sa katapatan sa pinakamaliit na bagay, ang taong sa kabuhayan sa tahanan ay naglalarawan ng likas ni Kristo,—ang ganitong tao ay maaaring sa paningin ng Diyos ay higit pang mahalaga kaysa tanyag sa daigdig na misyonero o martir.

Oh, nagkakaiba nga ang mga pamantayang ginagamit ng Diyos at ng tao sa pagsukat sa likas. Nakikita ng Diyos ang maraming tuksong nilabanan na di-kailanman nalalaman ng sanlibutan at maging ng malalapit na mga kaibigan,—mga tukso sa tahanan, at sa puso. Nakikita Niya ang pagpapakumbaba ng tao dahil sa kahinaan nito; ang tapat na pagsisisi nito sa isang masamang naisip. Nakikita Niya ang buong-pusong pagtatapat ng tao sa paglilingkod sa Kanya.

[1] Juan 4:34.

Itinatala Niya ang mga oras ng mahigpit na pakikipagbaka sa sarili,—pakikipagbakang naipagtagumpay. Lahat nang ito ay nababatid ng Diyos at ng mga anghel. Isang aklat ng alaala ang isinusulat sa harap Niya para sa kanila na natatakot sa Panginoon at umaalaala sa Kanyang pangalan.

Ang lihim ng tagumpay ay hindi natatagpuan sa ating pinagaralan, sa ating tungkulin, sa bilang o dami ng ipinagkatiwala sa ating mga talento, ni hindi rin sa kalooban ng tao. Sa pagkadama natin ng ating kawalang-kakayahan, ay dapat nating bulay-bulayin si Kristo, at sa pamamagitan Niya na siyang lakas ng lahat nang [439]
lakas, at siyang pag-iisip ng lahat nang pag-iisip, ay magkakamit ng sunud-sunod na tagumpay ang mga may-ibig at mga masunurin.

At gaanuman kaikling panahon tayo naglingkod o gaanuman kaaba ng ating gawain, kung sa payak na pananampalataya'y sinusundan natin si Kristo, ay hindi tayo mabibigo sa gantimpala. Ang bagay na hindi natamo kahit ng pinakadakila at pinakamarunong, ay maaaring makamtan ng pinakamahina at pinakaaba. Ang ginintuang pintuan ng langit ay hindi nabubuksan sa nagtataas ng sarili. Hindi ito binubuksan sa may diwang mapagmataas. Nguni't ang walang-hanggang mga pintuan ay mabubuksan nang maluwang sa nanginginig na paghipo o paghawak ng isang maliit na bata. Mapalad ang magiging gantimpalang biyaya ng mga gumawa para sa Diyos na taglay ang payak na pananampalataya at pag-ibig. [440]

## Kapitulo 29—Narito, Siya'y Dumarating

SI KRISTO at ang Kanyang mga alagad ay nangakaupo noon sa ibabaw ng Bundok ng mga Olibo. Nakatago na sa likod ng kabundukan ang kalulubog na araw, at ang buong kalawakan ng langit ay nalalambungan na ng maitim na sapot ng gabi. Tanaw na tanaw nila ang isang bahay na naiilawang mabuti, na para bagang doon ay may gaganaping piging o kasayahan. Naglalagos sa mga durungawan at pintuan nito ang liwanag, at sa palibot ay may isang pulutong na naghihintay, na nagpapahiwatig na malapit nang lumitaw ang prusisyon ng kasalan. Sa maraming dako sa Silangan, ay sa gabi idinaraos ang mga piging ng kasalan. Humahayo ang kasintahang-lalaki upang salubungin ang kanyang makakaisang-puso, at ito'y iniuuwi niya sa kanyang tahanan. Sa liwanag ng mga sulo ay umaalis ang kasintahangbabae mula sa kanilang tahanan na kasama ang kanyang mga abay at lumalakad patungo sa kanyang magiging tahanan, na doon nakahanda ang piging na inilaan sa mga panauhing inanyayahan. Sa tanawing iyon na minamasdan ni Kristo, ay isang pulutong ang naghihintay sa pagdating ng pangkat ng ikakasal upang makisama sa prusisyon.

Nag-aantabay sa malapit sa bahay ng babaing ikakasal ay sam-
[441] pung dalagang nararamtan ng puti. Bawa't isa'y may taglay na isang nasisindihang ilawan, at isang maliit na boteng sisidlan ng langis. Lahat ay sabik na naghihintay sa pagdating ng kasintahang-lalaki. Nguni't nababalam ang pagdating nito. Lumipas ang mga oras, ang mga nag-aabang at naghihintay ay nangainip, at sila'y nangakatulog. Nang dumating ang hatinggabi ay isang sigaw ang narinig, "Narito, ang kasintahang-lalaki ay dumarating; magsilabas kayo upang siya'y salubungin!" Biglang nagising ang mga nangatutulog, at sila'y nangapalukso. Nakita nilang lumalakad na ang prusisyon ng kasalan, na nagliliwanag sa mga sulo at masayang-masaya sa sumasaliw na tugtugin. Narinig nila ang tinig ng kasintahang-lalaki at ang tinig ng kasintahangbabae. Sinunggaban ng sampung dalaga ang kanilang mga ilawan at pinasimulang inayos ang mga iyon,

na nagmamadali upang makisama na rin sa prusisyon. Datapwa't nalimutan ng limang dalaga na punuin ng langis ang kanilang mga ilawan. Hindi nila inaasahang magkaroon ng gayong napakatagal na pagkabalam, at hindi sila naghanda para sa gayong emerhensiya. Sa kagulumihanan nila ay nakiusap sila sa mga kasama nilang higit na matatalino, na sinasabi, "Bigyan ninyo kami ng inyong langis; sapagka't nangamamatay ang aming mga ilawan."[1] Nguni't naisalin nang lahat ng limang naghihintay sa kanilang kasisinding mga ilawan ang laman ng kanilang mga bote ng langis. Wala na silang maibibigay pang langis, at kaya nga sumagot sila "Baka sakaling hindi magkasiya sa amin at sa inyo; magsiparoon muna kayo sa nangagbibili, at magsibili kayo ng ganang inyo."

Samantalang sila'y bumibili, nagpatuloy naman sa paglakad ang prusisyon, at sila'y naiwan. Nakisama naman sa karamihan ang limang may mga sinding ilawan, at pumasok sa bahay ng kasintahang-lalaki na kasama ng mga nagsisipangasalan, at ang pintuan ay sinarhan. Nang dumating ang limang mangmang na dalaga sa bul- [442]
wagang pinagdarausan ng piging, ay hindi sila pinatuloy. Ang panginoon ng kasalan ay nagsabi, "Hindi ko kayo nangakikilala." Sila'y naiwang nangakatayo sa labas, sa walang katau-taong lansangan, at sa kadiliman ng gabi.

Samantalang nakaupo si Kristo na minamasdan ang pulutong na naghihintay sa kasintahang-lalaki, ay isinalaysay Niya sa Kanyang mga alagad ang kasaysayan ng sampung dalaga, at sa pamamagitan ng karanasan ng mga ito ay inilarawan Niya ang magiging karanasan ng iglesya sa panahong bago Siya dumating sa ikalawa.

Ang dalawang uri ng mga nagsisipaghintay ay kumakatawan sa dalawang uri ng mga nagpapanggap na nagsisipaghintay sa kanilang Panginoon. Tinatawag silang mga birhen o mga dalaga sapagka't sinasabi nilang sila'y may dalisay na pananampalataya. Ang mga ilawan ay kumakatawan sa salita ng Diyos. Sinasabi ng mangaawit, "Ang salita Mo'y ilawan sa aking mga paa, at li-wanag sa aking landas."[1] Ang langis ay sumasagisag sa Espiritu Santo. Sa ganito inilalarawan ang Espiritu sa hula ni Zacarias. "Ang anghel na nakipag-usap sa akin ay bumalik," wika niya, "at ginising ako, na

[1] Mardyin

[1] Awit 119:105.

gaya ng tao na nagigising sa kanyang pagkakatulog, at sinabi niya sa akin, Ano ang iyong nakikita? At aking sinabi, Ako'y tumingin, at narito ang isang kandelero na taganas na ginto, na may tasa sa ibabaw niyaon, at ang pitong ilawan niyaon sa ibabaw, at may pitong tubo sa bawa't isa sa mga ilawan na nasa ibabaw niyaon; at may dalawang puno ng olibo sa siping niyaon, isa sa dakong kanan ng tasa, at ang isa'y sa dakong kaliwa niyaon. At ako'y sumagot at nagsalita sa anghel na nakipag-usap sa akin, na aking sinabi, Anong mga bagay ito, panginoon ko? . . . Nang magkagayo'y siya'y sumagot at nagsalita sa akin, na nagsasabi, Ito ang salita ng Panginoon kay Zorobabel, na sinasabi, Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan man, kundi sa pamamagitan ng
[443] Aking Espiritu, sabi ng Pa- nginoon ng mga hukbo. . . . At ako'y sumagot na ikalawa, at nagsabi sa kanya, Ano ang dalawang sangang olibong ito na nasa siping ng dalawang gintong padaluyan, na dinadaluyan ng langis na ginintuan? . . . Nang magkagayo'y sinabi niya, Ito ang dalawang anak na pinahiran ng langis, na nakatayo sa siping ng Panginoon ng buong lupa."[1]

Mula sa dalawang puno ng olibo ay dumadaloy ang ginintuang langis sa mga gintong padaluyan patungo sa tasa ng kandelero, at mula naman dito ay dumadaloy patungo sa mga ginintuang ilawan na nagbibigay ng liwanag sa santuwaryo. Kaya nga mula sa mga banal na nakatayo sa harap ng Diyos ay ibinibigay Niya ang Kanyang Espiritu sa mga taong kinakasangkapan na nangakatalagang maglingkod sa Kanya. Ang misyon ng dalawang pinahiran ng langis ay mamahagi o mamigay sa bayan ng Diyos ng biyaya ng langit na siya lamang makagagawa na ang Kanyang salita ay maging ilawan sa mga paa at liwanag sa landas. "Hindi sa pamamagitan ng kalakasan, ni ng kapangyarihan man, kundi sa pamamagitan ng Aking Espiritu, sabi ng Panginoon ng mga hukbo."[2]

Sa talinhaga ay lumabas na lahat ang sampung dalaga upang sumalubong sa kasintahang-lalaki. Lahat ay may dalang mga ilawan, at mga sisidlan ng langis. Sa sandaling yaon walang nakitang anumang pagkakaiba sa kanila. Ganyan din naman sa iglesyang nabubuhay sa panahong bago dumating ang ikalawang pagparito ni

[1] Zac. 4:1-14.
[2] Zac. 4:6.

Kristo. Lahat ay may nalalaman tungkol sa mga Kasulatan. Lahat ay nakarinig sa pabalita ng nalalapit na pagdating ni Kristo, at matiwala namang naghihintay sa Kanyang pagpapakita. Subali't kung paano sa talinhaga, ay gayundin naman ngayon. Isang panahon ng paghihintay ang namamagitan, ang pananampalataya ay sinusubok; at kapag narinig na ang sigaw na, "Narito, ang Kasintahang-lalaki ay dumarating; magsilabas kayo upang Siya'y salubungin," ay marami [444] ang di-handa. Wala silang langis sa kanilang mga sisidlan at sa kanilang mga ilawan. Salat sila sa Espiritu Santo.

Walang kabuluhan na makaalam tayo ng Kanyang salita kung walang Espiritu. Ang teorya ng katotohanan ay hindi makabubuhay ng kaluluwa ni makapagpapabanal man sa puso, kung hindi sinasamahan ng Espiritu Santo. Maaaring alam na alam ng isang tao ang mga utos at mga pangakong sinasabi ng Biblia; subali't malibang itimo sa puso ng Espiritu ng Diyos ang katotohanan, ay hindi mababago ang likas. Kung wala ang pagpapaliwanag ng Espiritu, ay hindi makikilala ng mga tao kung alin ang totoo at ang mali, at sila'y mahuhulog sa mga tukso ni Satanas.

Ang uri ng mga taong kinakatawanan ng mga mangmang na dalaga ay hindi mga mapagpaimbabaw. May pagpapahalaga sila sa katotohanan, itinataguyod nila ang katotohanan, at naaakit sila sa mga sumasampalataya sa katotohanan; subali't hindi nila isinusuko ang kanilang mga sarili sa paggawa ng Espiritu Santo. Hindi sila nahuhulog sa ibabaw ng Batong si Kristo Jesus, at hindi nila pinahihintulutang madurog at mawala ang dati niang likas. Ang uring ito ng mga tao ay kumakatawan din naman sa batuhang mga tagapakinig. Agad nilang tij natanggap ang salita, nguni't hindi nila napagliliming lubusan ang mga simulain nito. Ang impluwensiya nito ay hindi nananatili. Gumagawa ang Espiritu sa puso ng tao, at ayon sa kanyang nais at pagsang-ayon ay itinatanim sa kanya ang isang bagong likas; nguni't ang uri ng mga taong kinakatawanan ng mga mangmang na dalaga ay nasisiyahan na sa gawang nakikita sa labas na kaanyuan. Hindi nila nakikilala ang Diyos. Hindi nila pinagaralan ang Kanyang likas; hindi sila nakipag-usap sa Kanya; kaya nga hindi nila nalalaman kung paano magtitiwala, at kung paano titingin at mamumuhay. Ang paglilingkod nila sa Diyos ay sa anyo lamang. "Sila'y dumarating sa iyo na waring ang bayan ay dumarating, at sila'y nagsisiupo sa harap mo na gaya ng Aking [445]

bayan, at kanilang dinidinig ang iyong mga salita, nguni't hindi nila ginagawa; sapagka't sila'y nangagsasalita ng malaking pag-ibig ng kanilang bibig, nguni't ang kanilang puso ay nasa kanilang pakinabang."[1] Sinasabi ni Apostol Pablo na ito ang magiging tanging likas ng mga nangabubuhay sa panahong bago sumapit ang ikalawang pagdating ni Kristo. Sinasabi niya, "Sa mga huling araw ay darating ang mga panahong mapanganib; sapagka't ang mga tao'y magiging maibigin sa kanilang sarili; . . . mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Diyos; na may anyo ng kabanalan, datapwa't tinatanggihan ang kapangyarihan nito."[2]

Ito ang uri ng mga taong sa panahon ng kapanganiban ay masusumpungang sumisigaw ng, Kapayapaan at kapanatagan. Ipinaghehele nila ang kanilang mga puso sa katiwasayan, at walang napapangarap na panganib. Kapag nangagising sa kanilang pagkakatulog, ay nakikita nila ang kanilang kawalan, at nakikiusap sila sa iba na bigyan sila ng wala sa kanila; subali't sa mga bagay na ukol sa espiritu ay walang taong makapagpupuno sa kakulangan ng iba. Ang biyaya ng Diyos ay walang-bayad na inialok sa bawa't kaluluwa. Itinanyag na ang pabalita ng ebanghelyo na, "Ang nauuhaw ay pumarito. At ang may-ibig ay kumuhang walang-bayad ng tubig ng buhay."[3] Nguni't ang likas ay hindi maililipat sa iba. Walang taong makasasampalataya para sa iba. Walang taong makatatanggap ng Espiritu para sa iba. Walang taong makapagbibigay sa iba ng likas na bunga ng paggawa ng Espiritu. "Bagaman si Noe, si Daniel, at si Job ay nangandoon [sa lupa], buhay Ako, sabi ng Panginoong Diyos, hindi sila mangagliligtas ng mga anak na lalaki o babae man; ang kanila lamang ililigtas ay ang kanilang kaluluwa sa pamamagitan ng kanilang katwiran."[4]

Sa isang krisis nahahayag ang likas. Nang sa hatinggabi'y isigaw
[446] ng masiglang tinig, "Narito, ang kasinta- hang-lalaki ay dumarating; magsilabas kayo upang siya'y salubungin," at magising sa kanilang pagkakahimbing ang nangatutulog na mga dalaga, ay nakita kung sino ang nangaghanda para sa gayong pangyayari. Ang dalawang pangkat ay kapwa nangabigla; gayunma'y handa naman sa gay-

[1] Ez. 33:31.
[2] 2 Tim. 3:1-5.
[3] Apoc. 22:1.
[4] Ez. 14:20.

ong emerhensiya ang isang pangkat, at ang ikalawang pangkat ay natagpuang hindi handa. Gayundin naman ngayon, isang bigla at di-inaasahang sakuna, isang bagay na ihahatid ang kaluluwa nang harap-harapan sa kamatayan, ang magpapakilala kung mayroong sinumang may tunay na pananampalataya sa mga pangako ng Diyos. Ito ang magpapakilala kung ang kaluluwa ay itinataguyod o kinakalinga ng biyaya. Ang malaking huling pagsubok ay darating sa katapusan ng panahong palugit sa mga tao, na sa panahong yaon ay magiging napakahuli na upang mabigyan ang pangangailangan ng kaluluwa.

Ang sampung dalaga ay nangag-aantabay at nangagpupuyat sa gabi ng kasaysayan ng lupang ito. Lahat ay nagsasabing sila'y mga Kristiyano. Lahat ay may panawagan, may pangalan, may ilawan, at lahat ay nagpapanggap na gumagawa ng paglilingkod sa Diyos. Lahat ay waring naghihintay sa pagpapakita ni Kristo. Nguni't ang lima ay hindi handa. Ang lima ay magugulat at mabibigo sa labas ng bulwagang pinagdarausan ng piging.

Sa huling araw ay marami ang magsasabing sila'y karapat-dapat makapasok sa kaharian ni Kristo, na nag sasabi, "Nagsikain kami at nagsiinom sa harap Mo, at nagturo Ka sa aming mga lansangan." "Panginoon, Panginoon, hindi baga nagsipanghula kami sa Iyong pangalan? at sa pangalan Mo'y nangagpalayas kami ng mga demonyo? at sa pangalan Mo'y nagsigawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?" Subali't ang isasagot ay "Sinasabi Ko sa inyo, hindi Ko kayo nangakikilala kung kayo'y taga-saan; magsilayo kayo
sa Akin."[1] Sa buhay na ito ay hindi sila nakisama kay Kristo; ka- [447]
ya nga hindi nila nalalaman ang wika ng langit, banyaga sila sa kaligayahan doon. "Sino sa mga tao ang nakakakilala ng mga bagay ng tao, kundi ang espiritu ng tao na nasa kanya? gayundin naman ang mga bagay ng Diyos ay hindi nakikilala ng sinuman, maliban na ng Espiritu ng Diyos."[1]

Ang pinakamalungkot sa lahat ng mga salita na kailanma'y mapapakinggan ng tao ay ang mga salitang yaon na humahatol, "Hindi Ko kayo nangakikilala." Ang pakikisama ng Espiritu na winalang-halaga ninyo, ay siya lamang makagagawa sa inyo na

[1] Lu. 13:26, 27; Mat. 7:22.

[1] 1 Cor. 2:11.

kayo'y makasama sa masayang karamihan sa piging ng kasalan. Sa tagpong yaon ay hindi kayo maaaring makibahagi. Ang liwanag niyon ay tatama sa mga bulag na paningin, at ang himig ng awitan doon ay sa mga binging pakinig hahantong. Ang pag-ibig at kagalakan doon ay hindi makagigising ng katuwaan sa pusong pinamanhid ng sanlibutan. Nasarhan kayo sa labas ng langit dahil sa inyong di-pagiging-karapat-dapat na makisama doon.

Hindi tayo magiging handang sumalubong sa Panginoon sa pamamagitan ng paggising kapag narinig ang sigaw na, "Narito, ang Kasintahang-lalaki!" at pagkatapos ay kukunin natin ang walang-langis nating mga ilawan upang lagyan ang mga iyon. Hindi maaaring nakahiwalay si Kristo sa ating mga kabuhayan dito, at pagkatapos ay magiging karapat-dapat pa tayo na makisama sa Kanya sa langit.

Ang matatalinong dalaga sa talinhaga ay may taglay na langis sa kanilang mga sisidlan at sa kanilang mga ilawan. Sa buong gabi ng pagpupuyat at paghihintay nila ay nanatiling maliyab at maliwanag ang ningas ng kanilang ilawan. Nakatulong sa pagbibigay-karangalan sa kasintahang-lalaki ang pagbibigay ng ibayo pang liwanag. Sa pagliliwanag nito sa kadiliman, ay nakatulong ito upang tanglawan ang daang patungo sa tahanan ng kasintahang-lalaki, sa
[448] piging ng kasalan.

Ganyan din dapat magsabog ng liwanag sa kadiliman ng sanlibutan ang mga sumusunod kay Kristo. Sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, ang salita ng Diyos ay isang liwanag kapag ito'y nagiging isang kapangyarihang bumabago sa kabuhayan ng tumatanggap. Ang mga katangian o likas ng Diyos ay napatutubo ng Banal na Espiritu sa mga tao sa pamamagitan ng pagtatanim sa kanilang mga puso ng mga simulain ng Kanyang salita. Ang liwanag ng Kanyang kaluwalhatian—ang Kanyang likas—ay dapat makitang nagliliwanag sa Kanyang mga tagasunod. Sa ganitong paraan dapat nilang luwalhatiin ang Diyos, dapat nilang liwanagan ang landas patungo sa tahanan ng Kasintahang-lalaki, hanggang sa siyudad ng Diyos, at hanggang sa piging ng kasalan ng Kordero.

Ang pagdating ng kasintahang-lalaki ay sa hatinggabi,—ang pinakamadilim na sandali. Kaya ang pagdating din naman ni Kristo ay magaganap sa pinakamadilim na panahon sa kasaysayan ng lupang ito. Inilalarawan ng mga kaarawan ni Noe at ni Lot ang kala-

gayan ng sanlibutan bago dumating ang Anak ng tao. Sa dumarating na panahong ito ay sinasabi ng mga Kasulatan na si Satanas ay gagawa nang may buong kapangyarihan at "may buong daya ng kalikuan."[1] Ang paggawa niya ay maliwanag na inihahayag ng mabilis na lumalaking kadiliman, ng di-mabilang na mga kasalanan o kamalian, mga erehiya, at mga maling paniniwala sa mga huling araw na ito. Hindi lamang inaakay ni Satanas ang sanlibutan sa pagkakabihag, kundi nahahaluan na rin niya ng kanyang mga kadayaan ang mga nagpapanggap na iglesya ng ating Panginoong Jesukristo. Ang malaking pagtalikod ay magiging kadilimang kasingkapal ng hatinggabi, na di-mapaglalagusang gaya ng isang magaspang na kayong buhok na maitim. Sa bayan ng Diyos ay ito'y magiging isang gabi ng pagsubok, isang gabi ng pagtangis, isang gabi ng pag-uusig dahil sa katotohanan. Subali't mula sa kadilimang iyon ng gabi ay sisilang ang liwanag ng Diyos. [449]

Kanyang papagniningningin "ang ilaw sa kadiliman."[1] Nang "ang lupa ay walang anyo at walang laman, at ang kadiliman ay sumasa ibabaw ng kalaliman," "ang Espiritu ng Diyos ay sumasa ibabaw ng tubig. At sinabi ng Diyos, Magkaroon ng liwanag; at nagkaroon ng liwanag."[2] Kaya sa gabi ng kadilimang ukol sa espiritu, ay lalabas ang salita ng Diyos, "Magkaroon ng liwanag." Sa Kanyang bayan ay sinasabi Niya, "Ikaw ay bumangon, sumilang ka; sapagka't ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumikat sa iyo."[3]

"Narito," sinasabi ng Kasulatan, "tatakpan ng kadiliman ang lupa, at ng salimuot na dilim ang mga bayan; nguni't ang Panginoon ay sisikat sa iyo, at ang Kanyang kaluwalhatian ay makikita sa iyo."[4]

Kadiliman ng di-pagkakilala sa Diyos ang siyang lumulukob sa sanlibutan. Nawawalan na ng pagkakilala sa Kanyang likas ang mga tao. Ito'y hindi maunawaan at nabibigyan ng maling paliwanag. Sa panahong ito ay isang pabalita ang dapat itanyag, isang pabalitang nagliliwanag sa impluwensiya nito at nagliligtas sa taglay na kapangyarihan nito. Dapat ipakilala ang Kanyang likas. Sa kadiliman ng

[1] 2 Tes. 2:9, 10.
[1] 2 Cor. 4:6.
[2] Gen. 1:2, 3.
[3] Is. 60:1.
[4] Is. 60:2.

sanlibutan ay dapat isabog ang liwanag ng Kanyang kaluwalhatian, ang liwanag ng Kanyang kabutihan, kaawaan, at katotohanan.

Ito ang gawaing binalangkas ng propeta Isaias sa pamamagitan ng mga salitang, "Oh Jerusalem, ikaw na nagdadala ng mabubuting balita, ilakas mo ang iyong tinig na may kalakasan; ilakas mo, huwag kang matakot; sabihin mo sa mga bayan ng Huda, Narito ang inyong Diyos! Narito, ang Panginoong Diyos ay darating na gaya ng makapangvarihan, at ang Kanyang kamay ay magpupuno sa ganang Kanya; narito, ang Kanyang gantimpala ay dala Niya, at ang Kanyang gawain ay lasa harap Niya."[5]

[450] Dapat sabihin sa mga tao ng mga nagsisipaghintay sa pagdating ng Kasintahang-lalaki na, "Narito ang inyong Diyos." Ang huling mga sinag ng mahabaging liwanag, ang huling pabalita ng kaawaan na dapat ibigay sa sanlibutan, ay ang pagpapakita ng Kanyang likas na pag-ibig. Dapat ipakita ng mga anak ng Diyos ang Kanyang kaluwalhatian. Dapat nilang ipakita sa kanilang likas at kabuhayan ang nagawa sa kanila ng biyaya ng Diyos.

Ang liwanag ng Araw ng Katwiran ay dapat magningning sa mabubuting gawa,—sa mga salitang katotohanan at mga gawang kabanalan.

Si Kristo, na luningning ng kaluwalhatian ng Ama, ay naparito sa sanlibutan bilang liwanag nito. Naparito Siya upang maging kinatawan ng Ama sa mga tao, at tungkol sa Kanya ay nasusulat na Siya'y pinahiran "ng Espiritu Santo at ng kapangyarihan," at "naglibot na gumagawa ng mabuti."[1] Sa sinagoga sa Nazareth ay sinabi Niya, "Sumasa Akin ang Espiritu ng Panginoon, sapagka't Ako'y pinahiran Niya upang ipangaral ang ebanghelyo sa mga dukha; Ako'y sinugo Niya upang magpagaling ng mga bagbag na puso, upang itartyag sa mga bihag ang pagkaligtas, at sa mga bulag ang pagkakita, upang bigyan ng kalayaan ang nangaaapi, upang itanyag ang kaaya-ayang taon ng Panginoon."[2] Ito ang gawaing iniutos Niyang gawin ng Kanyang mga alagad. "Kayo ang ilaw ng sanlibutan," sabi Niya. "Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap

[5] Is. 40:9, 10.

[1] Gawa 10:38.

[2] Lu. 4:18, 19.

ng mga tao, upang mangakita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong Ama na nasa langit."[3]

Ito ang gawaing siyang inilalarawan ng propeta Isaias nang sabihin niyang, "Hindi baga ang magbahagi ng inyong tinapay sa gutom, at dalhin mo sa iyong bahay ang dukha na walang tuluyan? pagka nakakakita ka ng hubad, na iyong bihisan; at huwag kang magkubli sa iyong kapwa-tao? Kung magkagayo'y sisikat ang iyong liwanag na parang umaga, at ang. iyong kagalingan (ka- lusugan) ay [451] biglang lilitaw; at ang iyong katwiran ay mangunguna sa iyo; ang kaluwalhatian ng Panginoon ay magiging iyong bantay likod."[1]

Sa gayon dapat magliwanag sa Kanyang iglesya ang kaluwalhatian ng Diyos sa gabi ng kadilimang espirituwal sa pamamagitan ng pagtitindig sa mga nangalulugmok at pag-aliw sa mga nangagsisitangis.

Magkakaroon ng higit na bisa ang gawaing praktikal kaysa pagsesermon lamang. Dapat tayong magbigay ng pagkain sa nangagugutom, ng damit sa mga hubad, at tuluyan sa mga walang tahanan. At tayo'y tinatawagang gumawa nang higit pa sa rito. Pag-ibig lamang ni Kristo ang makapagbibigay-kasiyahan sa mga pangangailangan ng kaluluwa. Kung tumatahan si Kristo sa atin, ay malilipos ang mga puso natin ng kahabagan ng Diyos. Ang nangakapinid na bukal ng maalab na pag-ibig na tulad ng kay Kristo ay mangabubuksan.

Hinihingi ng Diyos hindi lamang ang mga kaloob natin sa mga nangangailangan, kundi ang atin din namang masayang mukha, ang ating mga salitang nagbibigay ng pag-asa, at ang ating may kagandahang-loob na pakikiramay. Nang si Kristo magpagaling ng mga maysakit, ay ipinatong din naman Niya sa kanila ang Kanyang mga kamay. Kaya dapat din tayong makipag-ugnay nang malapit sa mga pinagsisikapan nating magawan ng mabuti.

Marami ang nawawalan na ng pag-asa. Paligayahin ninyo silang muli. Marami ang pinanghinaan na ng loob. Magsalita kayo sa kanila ng mga pangungusap na nakapagpapasaya. Idalangin ninyo sila. May mga nangangailangan naman ng tinapay ng buhay. Basahin ninyo sa kanila ang salita ng Diyos. Marami ang may

[3]Mat. 5:14, 16.
[1]Is. 58:7, 8.

karamdaman sa kaluluwa na hindi madadampulayan ng anumang balsamo sa lupa ni mapagagaling man ng sinumang manggagamot. Idalangin ninyo ang mga kaluluwang ito, dalhin ninyo sila kay Jesus.
[452] Sabihin ninyo sa kanilang do- on ay may balsamo sa Gilead at doon ay mayroong Manggagamot.

Ang liwanag ay isang pagpapala, isang pagpapalang panlahat, na nagbubuhos ng kanyang mga kayamanan sa isang sanlibutang walang-pagpapasalamat, walang-kabanalan, at sumasama ang moral. Ganyan ang liwanag ng Araw ng Katwiran. Ang buong lupa na nababalot ng kadiliman ng kasalanan, kalungkutan at karamdaman, ay dapat maliwanagan ng pagkakilala sa pag-ibig ng Diyos. Ang anumang sekta, antas ng lipunan, o uri ng mga tao ay kailangang kasama sa dapat maliwanagan ng liwanag na nagbubuhat sa luklukan ng langit.

Ang pabalita ng pag-asa at kaawaan ay dapat dalhin hanggang sa mga wakas ng lupa. Ang sinumang mayibig, ay makaaabot at makapanghahawak sa lakas ng Diyos at makagagawa ng pakikipagpayapaan sa Kanya, at siya'y makikipagpayapaan. Hindi mababalot ng dilim ng hatinggabi ang mga pagano. Ang dilim ay mapaparam sa harap ng maningning na mga sinag ng Araw ng Katwiran. Napanagumpayan na ang kapangyarihan ng impiyerno.

Subali't walang taong makapagbibigay ng bagay na hindi niya tinatanggap. Sa gawain ng Diyos, ay walang maibibigay ang tao na sarili niya. Hindi magagawa ng tao sa sarili niyang pagsisikap na ang sarili niya'y gawin niyang tagadala ng liwanag ng Diyos. Ang ginintuang langis na ibinubuhos ng mga lingkod ng langit sa mga ginintuang padaluyan, na buhat sa ginintuang tasa ay pinadadaloy sa mga ilawan ng santuwaryo, ay siyang nagbibigay ng patuloy at maningning na liwanag. Sa mga puso ng lahat na nakikipagkaisa sa Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya ay malayang dumadaloy ang ginintuang langis, upang muling magliwanag sa mabubuting gawa, sa tunay, at buong-pusong paglilingkod sa Diyos.

Sa dakila at di-masukat na kaloob ng Banal na Espiritu ay nakalaman ang lahat ng mga kayamanan ng langit. Hindi dahil sa paghi-
[453] higpit ng Diyos kung kaya hindi dumadaloy patungo sa lupa sa mga tao ang mga kayamanan ng Kanyang biyaya. Kung lahat lamang ay may-ibig na tumanggap, mapupuno nga ang lahat ng Kanyang Espiritu.

Karapatan ng bawa't kaluluwa na maging isang buhay na daluyang sa pamamagitan nito maihahatid ng Diyos sa sanlibutan ang mga kayamanan ng Kanyang biyaya, ang di-malirip na mga kayamanan ni Kristo. Wala nang pinakahahangad si Kristo kundi ang mga makakasangkapan Niya na magpapakilala sa sanlibutan ng Kanyang Espiritu at likas. Ang kailangang-kailangan ng sanlibutan ay makita sa mga tao ang pag-ibig ng Tagapagligtas. Ang buong kalangitan ay naghihintay ng mga daluyang sa pamamagitan nito'y maibubuhos ang banal na langis upang maging kagalakan at pagpapala sa puso ng mga tao.

Gumawa si Kristo ng lahat na paglalaan upang ang Kanyang iglesya ay maging isang nabagong katawan o kapulungan, na naliliwanagan ng Ilaw ng sanlibutan, at nagtataglay ng kaluwalhatian ng Emmanuel. Ang hangarin Niya'y mapaligiran ang bawa't Kristiyano ng impluwensiyang ukol sa espiritu na liwanag at kapayapaan. Ang nais Niva'y ipakita natin sa ating mga kabuhayan ang Kanyang sariling kagalakan.

Ang pananahanan ng Espiritu ay maipakikita sa pamamagitan ng pagpapamalas ng pag-ibig ng langit. Ang kapuspusan ng Diyos ay dadaloy sa nakatalagang taong kinakasangkapan Niya, upang ibigay naman sa mga iba.

Ang Araw ay may "kagalingan sa Kanyang mga pakpak."[1] Kaya ang bawa't tunay na alagad ay dapat makanagpalaganap ng isang impluwensiya ng buhay, lakasng-loob, pagkamatulungin, at ng tunay na pagpapagaling.

Ang relihiyon ni Kristo ay nangangahulugan nang higit pa kaysa pagpapatawad sa kasalanan; ito'y nangangahulugang inaalis ang. ating mga kasalanan, at pinupunan ang kahungkagan sa pamamagitan ng mga biyaya ng Es- piritu Santo. Ito'y nangangahulugang pagkaunawang ukol sa espiritu, at pagkagalak sa Diyos. Ito'y nangangahulugang isang pusong inalisan ng pagkamakasarili, at pinagpala sa patuloy na pananahanan ni Kristo. Kapag si Kristo'y naghahari sa kaluluwa, ay nagkakaroon ng kalinisan at paglaya sa kasalanan. Ang kaluwalhatian, ang kapuspusan, at ang kaganapan ng panukala ng ebanghelyo ay natutupad sa buhay. Ang pagtanggap sa Tagapagligtas ay nagdudulot ng liwanag ng sakdal na kapayapaan, sakdal na [454]

[1] Mal. 4:2.

pag-ibig, at sakdal na kapanatagan. Ang kagandahan at kabanguhan ng likas ni Kristo, na nahahayag sa buhay, ay nagpapatotoo na tunay ngang isinugo ng Diyos ang Kanyang Anak sa sanlibutan upang maging Tagapagligtas nito.

Hindi inaatasan ni Kristo ang mga sumusunod sa Kanya na magsikap lumiwanag. Ang sinasabi Niya'y, *Bayaang* lumiwanag ang inyong ilaw. Kung tinanggap na ninyo ang biyaya ng Diyos, ay nasa inyo na ang ilaw. Alisin ninyo ang nakasasagabal, at mahahayag ang kaluwalhatian ng Panginoon. Magliliwanag ang ilaw, upang maglagos at magtaboy sa kadiliman. Wala kayong magagawa kundi ang magliwanag sa nasasaklawan ng inyong impluwensiya.

Ang pagkakahayag ng sariling kaluwalhatian Niya sa anyo ng tao, ay ilalapit nang gayon na lamang ang langit sa mga tao na anupa't ang kariktang nakapahiyas sa panloob na templo ay makikita sa bawa't kaluluwang tinatahanan ng Tagapagligtas. Mabibihag ang mga tao sa kaluwalhatian ng isang tumatahang Kristo. At sa mga bugso ng papuri at pagpapasalamat na nagmumula sa maraming kaluluwang nahikavat nang ganito sa Diyos. ay babalik ang kaluw'alhatian sa dakilang Tagapagbigay.

"Ikaw ay bumangon, sumilang ka; sapagka't ang iyong liwanag ay dumating, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumikat sa iyo."[1] Ibinibigay ang pabalitang ito sa mga nagsisilabas upang sumalubong
[455] sa Kasinta- hang-lalaki. Si Kristo ay darating na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. Siya'y darating na taglay ang sarili Niyang kaluwalhatian, at taglay rin ang kaluwalhatian ng Ama. Siya'y darating na kasama Niya ang lahat ng lahat ng mga banal na anghel. Samantalang ang sanlibutan ay nakabulusok sa kadiliman, ay magkakaroon naman ng liwanag sa bawa't tahanan ng mga banal. Mahahagip nila ang unang liwanag ng Kanyang ikalawang pagpapakita. Ang di-nalalambungang liwanag ay sisikat sa Kanyang ningning, at si Kristong Manunubos ay hahangaan ng lahat ng mga nagsipaglingkod sa Kanya. Samantalang nagsisitakas ang masasama sa harap Niya, mangagsasaya naman ang mga sumusunod kay Kristo. Sa pagtingin ng patriarkang si Job sa panahon ng ikalawang pagparito ni Kristo, ay sinabi niya, "Siyang makikita ko ng aking sarili, at

[1] Is. 60:1.

mamamasdan ng aking mga mata, at hindi ng iba."[1] Sa mga tapat Niyang tagasunod si Kristo ay naging isang pang-araw-araw na kasama at malapit na kaibigan. Namuhay silang laging kaugnay at laging kausap ang Diyos. Sa kanila ay sumikat ang kaluwalhatian ng Diyos. Naaninag sa kanila ang liwanag ng pagkakilala sa kaluwalhatian ng Diyos sa mukha ni Jesukristo. Ngayo'y nangagagalak sila sa maliliwanag na silahis ng kaningningan at kaluwalhatian ng Hari na nasa Kanyang kamahalan. Nahahanda na sila upang makipag-usap sa langit; sapagka't ang langit ay nasa kanilang mga puso.

Nakataas ang mga ulo, may maniningning na sinag ng Araw ng Katwiran na nagliliwanag sa kanila, at nangagagalak sapagka't nalalapit na ang pagkatubos nila, sila'y nagsisihayo upang salubungin ang Kasintahang-lalaki, na nagsisipagsabi, "Narito, ito'y ating Diyos; hinintay natin Siya, at ililigtas Niya tayo."[2]

"At narinig ko ang gaya ng isang tinig ng isang makapal na karamihan, at gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malalakas na kulog na nag- sasabi, Aleluya: sapagka't naghahari ang Panginoong ating1 Diyos na makapangyarihan sa lahat. [456]
Tayo'y manga galak at tayo'y mangagsayang mainam, at Siya'y ating luwalhatiin; sapagka't dumating ang pagkakasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay nahahanda na. . . . At sinasabi niya sa akin, Isulat mo, Mapapalad ang mga inanyayahan sa paghapon sa kasalan ng Kordero." "Siya y Panginoon ng mga panginoon, at Hari ng mga hari; at ang mga kasama Niya ay mga tinawag, at pinili, at mga tapat."[1]

* * * * *

[1] Job 19:27, Mardyin.
[2] Is. 25:9.
[1] Apoc. 19:6-9; 17:14.